# PAGKASASERDOTENG AARON

## Manwal 2

# PAGKASASERDOTENG AARON

## Manwal 2

Inilathala ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw

Salt Lake City, UtahKarapatang-sipi © 2001 ng
Intellectual Reserve, Inc.
Ang lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Pilipinas
Pagsang-ayon sa Ingles: 5/94
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 5/94
Pagsasalin ng *Aaronic Priesthood Manual 2*
Tagalog

# Mga Nilalaman


| Bilang ng Aralin at Pamagat | | Pahina |
|---|---|---|
| | Sa Tagapayo | v |
| 1 | Sino Ako? | 1 |
| 2 | Pagkilala sa Ating Ama sa Langit | 5 |
| 3 | Pananampalataya Kay Jesucristo | 9 |
| 4 | Pagsama ng Espiritu Santo | 14 |
| 5 | Kalayaan sa Pagpili | 18 |
| 6 | Mala-Cristong Paglilingkod | 21 |
| 7 | Ang Walang-hanggang Kahalagahan ng Pamilya | 27 |
| 8 | Espirituwalidad | 30 |
| 9 | Pagsisisi at Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo | 35 |
| 10 | Pag-aaral ng Mga Banal na Kasulatan | 40 |
| 11 | Si Satanas at Ang Kanyang Mga Tukso | 45 |
| 12 | Panalangin | 49 |
| 13 | Pag-aayuno | 53 |
| 14 | Pagsunod sa Diyos | 58 |
| 15 | Kadakilaan sa Pamamagitan ng Pagtupad sa Mga Tipan | 62 |
| 16 | Mga Ikapu at Handog | 67 |
| 17 | Mga Basbas Patriyarkal | 72 |
| 18 | Mga Tungkulin ng Isang Guro sa Pagkasaserdoteng Aaron | 78 |
| 19 | Isang Bagbag na Puso at Nagsisising Espiritu | 82 |
| 20 | Pangangasiwa ng Sakramento | 86 |
| 21 | Paghahanda Para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec | 89 |
| 22 | Pamumunong Patriyarkal sa Tahanan | 94 |
| 23 | Kapaki-pakinabang na Paghahanda Para sa Misyon | 100 |
| 24 | Ang Mga Pagpapala ng Paggawa | 104 |
| 25 | Pansariling Kadalisayan sa Pamamagitan ng Disiplina sa Sarili | 109 |
| 26 | Mga Karapat-dapat na Kaisipan | 115 |
| 27 | Ang Batas ng Panginoon sa Kalusugan | 121 |
| 28 | Ang Araw ng Pangilin | 125 |
| 29 | Ang Layunin ng Buhay | 129 |
| 30 | Pag-ibig sa Kapwa-tao | 134 |
| 31 | Kapatawaran | 140 |

| | | |
|---|---|---|
| 32 | Pagpapaunlad sa Mga Kaloob ng Espiritu | 144 |
| 33 | Maghangad ng Karunungan | 149 |
| 34 | Ang Kapangyarihan ng Halimbawa | 153 |
| 35 | Pagsunod, Paggalang at Pagtataguyod ng Batas | 157 |
| 36 | Sa Lahat ng Bagay ay Magbigay ng Pasasalamat | 161 |
| 37 | Pag-unawa sa Mga Ginagampanan ng Kababaihan | 165 |
| 38 | Pamumuhay Nang Matuwid sa Isang Di-matuwid na Daigdig | 169 |
| 39 | Katapangang Moral | 173 |
| 40 | Pag-iwas at Pagdaig sa Tukso | 177 |
| 41 | Ang Sakramento: Bilang Pag-alaala sa Kanya | 181 |
| 42 | Sundin ang Mga Kapatid | 185 |
| 43 | Espirituwal na Paghahanda Para sa Misyon | 190 |
| 44 | Paghahanda Ngayon Para sa Kasal sa Templo | 196 |
| 45 | Mabisang Pagtuturo sa Tahanan | 200 |
| 46 | Pag-iwas sa Mga Nakapagpapasamang Impluwensiya ng Media | 204 |
| 47 | Malinis at Wastong Pananalita | 210 |
| 48 | Pagpapanatili ng Mga Matuwid na Pamantayan | 217 |
| 49 | Katapatan at Karangalan | 223 |
| 50 | Pagpapahalaga at Paghimok sa Mga Taong May Kapansanan | 228 |
| 51 | Sa Tagapayo: Pagbubuo ng Mga Aralin Mula sa Mga Talumpati sa Mga Pangkalahatang Komperensiya | 233 |
| | Mga Larawan | |

# Sa Tagapayo

Ang mga araling ito ay naglalayong matulungan ang mga kabataang lalaki na matuto tungkol sa ebanghelyo at tulungang gawing kawili-wili at makabuluhan para sa kanila ang mga pagpupulong sa Pagkasaserdoteng Aaron. Maaari ninyong gamitin ang manwal na ito upang turuan ang bawat korum ng saserdote, guro, at diyakono; o maaari ninyong gamitin ito upang turuan ang isang grupo ng lahat ng tatlong korum. Sa pamamagitan nang may pananalanging paghahanda ng bawat aralin, matutulungan ninyo ang mga kabataang lalaki na matuto kung paano gampanang mabuti ang kanilang mga tawag sa Pagkasaserdoteng Aaron at tunay na maging mga anak ng Diyos (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 84:26–42 at Juan 1:12–13).

Ang manwal na ito ay naglalaman ng limampu't isang aralin—higit kaysa sa inyong maituturo sa loob ng taon. May pananalanging piliin ang mga aralin na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki na inyong tuturuan. Ang ilan sa mga aralin ay maaaring lalong angkop sa mga saserdote, samantalang ang iba ay maaaring lalong angkop sa mga diyakono o mga guro.

## MGA SUSI SA MATAGUMPAY NA PAGTUTURO

Upang maging lubos ang paggamit sa mga aralin sa manwal na ito, gamitin ang mga sumusunod na susi sa matagumpay na pagtuturo:

1. *Pagtuunang Pansin ang Tagapagligtas.* Tinuturuan ninyo ang mga kabataang lalaki upang maging mga disipulo ni Cristo. Hindi lamang sapat na turuan sila ng isang tungkuling pagkasaserdote o ng isang totoong alituntunin; kailangan nilang maunawaan na ito ang nais ng Panginoon na gawin nila bilang kanyang mga disipulo, dahilan sa kanilang pananampalataya at pagmamahal sa kanya.
2. *Hangaring Matamo ang Espiritu.* Hilingin ang tulong ng Ama sa Langit sa paghahanda ninyo at paglalahad ng mga araling ito. Nangako ang Panginoon na: "Ang Espiritu ay ibibigay sa inyo sa pamamagitan ng panalangin nang may pananampalataya; at kung hindi ninyo natanggap ang Espiritu kayo ay hindi magtuturo" (Doktrina at Mga Tipan 42:14). Magiging pinakamalakas ang Espiritu kapag nagpatotoo kayo kay Cristo, nagtuturo ng tungkol sa pagiging disipulo at kapag nagtuturo at nagpapatotoo mula sa inyong sariling karanasan bilang kanyang disipulo.
3. *Isali ang mga pangulo ng korum.* Ang mga pangulo ng korum ng Pagkasaserdoteng Aaron ang magtuturo sa mga kasapi ng kanilang mga korum ng mga tungkulin ng pagkasaserdote (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 107:85–87). Ang mga pangulo ng korum, sa tulong ninyo, ang kailangang tumulong magpasiya kung aling mga aralin ang kailangang ibigay at kung paano ang pagkakasunud-sunod nito. Kailangang mag-ingat ng isang talaan ang mga kalihim ng korum, marahil sa isang kalendaryo, upang maiwasang ulitin ang mga aralin.
4. *Mahalin ang mga kabataang lalaki.* Magkaroon ng tunay na pagmamahal sa bawat kabataang lalaki na tinuturuan ninyo. Ipakita ang pagmamahal ninyo sa lahat ng ginagawa ninyo maging sa loob o sa labas ng silid-aralan. Kilalanin ang bawat kabataang lalaki, ang kanyang mga hilig, at ang kanyang mga hamon.
5. *Maging handa.* Pag-aralan ang bawat aralin nang dalawa o tatlong linggo man lamang bago ilahad ito. Kung ipagpapaliban ninyo ang paghahanda ng mga aralin hanggang sa Sabado bago ibigay ang mga ito, ang klase ninyo ay di-gaanong magiging mabisa. Pansinin lalo na ang bahaging "Paghahanda" sa simula ng bawat aralin.

Kapag may mga kabilang na kuwento, basahin ang mga ito nang ilang ulit habang inihahanda ang aralin upang maunawaan at mailahad ninyong mabuti ang mga ito.

Kapag nararapat, gamitin ang polyeto at kard na *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 at 34287) upang mapaganda ang inyong mga aralin. Tulungan ang mga kabataang lalaki na malaman ang mga pamantayan sa polyeto. Himukin ang mga kabataang lalaki na basahin ito nang madalas at sundin ang mga pamantayan na ipinaliwanag dito.

---

**MGA KARAGDAGANG MUNGKAHI**

Ang mga sumusunod na mungkahi ay makatutulong na gawing lalong kawili-wili at mabisa ang bawat aralin:

1. *Gamitin ang mga banal na kasulatan.* Himukin ang mga kabataang lalaki na dalhin ang kanilang mga banal na kasulatan sa pulong ng pagkasaserdote bawat linggo. Maglaan ng mga nakahandang lapis na pangmarka na kanilang gagamitin sa bawat aralin.
2. *Humimok ng talakayan.* Anyayahan ang mga kabataang lalaki na sumagot nang malaya at magtanong. Kilalanin ang ambag ng bawat kabataang lalaki upang naisin niyang makilahok sa hinaharap.
3. *Iangkop ang mga aralin sa iyong mga kalagayan.* Gumamit ng mga paraan ng pagtuturo na kawili-wili sa mga kabataang lalaki na inyong tinuturuan. Magmasid ng mga pangyayari at mga karanasan sa buhay ng mga kabataang lalaki o sa buhay ng mga tao na kilala nila na makatutulong na gawing makabuluhan sa kanila ang inyong mga aralin. Paminsan-minsan, maaari ninyong kailanganing iangkop ang mga kuwento at mga halimbawa upang umangkop sa inyong mga kalagayang pangkalinangan.

   Upang matulungan ang mga kabataang lalaki na matutuhan ang mga salita ng mga buhay na propeta, maaari ninyong naisin na gumawa ng inyong sariling aralin na ginagamit ang isang talumpati na ibinigay sa pangkalahatang komperensiya. Ginagamit ang mga patnubay na ibinigay sa aralin 51, makagagawa kayo ng mga aralin na makatutugon sa mga pangangailangan ng mga kabataang lalaki sa inyong korum.

   Maaari ninyong matagpuan na ang ilan sa mga aralin ay naglalaman ng lubhang maraming kagamitan upang ituro sa isang panahon ng klase. Sa mga ganitong kalagayan, pumili ng mga kagamitan na kailangang-kailangan ng mga kabataang lalaki o gumamit ng higit sa isang pulong upang ilahad ang aralin.
4. *Gamitin ang mga larawang kabilang sa manwal.* Panatilihin ang mga larawan sa likod na nakadikit sa manwal. Huwag punitin ang mga ito. Gamitin ang mga ito sa angkop na mga aralin. Ang karamihan sa mga larawan sa manwal ay makukuha rin bilang bahagi ng Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo (34730). Maaari mong makuha ang pakete mula sa Sentro ng Pamamahagi sa Maynila o hiramin ang mga larawan mula sa aklatan ng bahay-pulungan. Ang aklatan ng bahay-pulungan ay maaaring naglalaman ng mga larawan na magagamit ninyo upang mapaganda ang mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan.
5. *Gamitin ang tisa at pisara.* Bago ang bawat klase, isaalang-alang kung paano ninyo magagamit nang lubos ang pisara upang mapaganda ang inyong aralin. Kapag ginagamit ang pisara, isulat lamang ang mga mahalagang salita mula sa mga lalong mahabang pangungusap.
6. *Magbigay ng mga hamon at sundan ang mga ito.* Tapusin ang bawat aralin nang may tiyak na hamon. Sundan ang mga kabataang lalaki at himukin silang tugunan ang hamon. Anyayahan silang mag-ulat ng kanilang mga tagumpay sa pagtugon sa mga hamon.
7. *Gamitin ang mga makukuhang magasin ng Simbahan.* Ang *New Era, Ensign,* at pandaigdig na magasin ay naglalaman ng maraming katangi-tanging kuwento at artikulo na maaaring makatulong magpaganda ng ilang mga aralin sa manwal na ito. Lubhang kapaki-pakinabang ang mga lathalain na naglalaman ng mga talumpati na ibinigay ng mga Pangkalahatang Awtoridad ng Simbahan sa pangkalahatang komperensiya.
8. *Gamitin ang mga bigay-sipi.* Matatagpuan sa katapusan ng ilang mga aralin ang mga bigay-sipi upang tulungan ang mga kabataang lalaki na matutuhan at maalala ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Kapag angkop, gumawa ng mga kopya ng mga bigay-sipi na gagamitin sa bawat aralin.

## MGA PAGDALAW NG PANGULUHAN NG MGA DIYAKONO SA KLASE NG PRIMARYA

Ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay may pananagutan na ihanda ang ibang mga kabataang lalaki upang tanggapin ang pagkasaserdote. Himukin ang panguluhan na gumawa ng ilang maikling pagtatanghal sa klase ng Primarya na dinadaluhan ng mga nakababatang lalaki. Ang mga pagtatanghal na ito ay kailangang may tatlong bahaging layunin:

1. Upang bigyan ng karanasan ang panguluhan ng korum ng mga diyakono na magbigay ng tagubilin sa mga nakababatang lalaki.
2. Upang tulungan ang mga nakababatang lalaki na naghahandang tumanggap ng pagkasaserdote na maunawaan ang mga tungkulin at mga biyaya ng Pagkasaserdoteng Aaron. Kailangan ding bigyang-diin ng panguluhan ng korum ang kagalakan at kasiyahan na nagmumula sa paglilingkod at ang kahalagahan ng pagiging isang mabuting halimbawa.
3. Upang tulungan ang mga nakababatang lalaki na maunawaan na sila ay malugod na tatanggapin sa korum.

Ang panguluhan ay maaaring magbigay ng mga paglalahad na katulad ng dalawang iminungkahi sa ibaba:

*Ang Diyakono ay Naglilingkod sa Iba*

Ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay maaaring maghanda ng isang dalawampung minutong pagtatanghal na nagpapaliwanag kung paano naglilingkod sa iba ang mga diyakono sa pamamagitan ng paggawa ng kanilang mga katungkulang pagkasaserdote at magbahagi ng kagalakan at kasiyahan na nagmumula sa ganitong paglilingkod. Maaaring ipaliwanag ng panguluhan ng korum kung paano pinagpapala ng pagbibigay ng sakramento at pag-iipon ng mga handog-ayuno ang buhay ng mga kasapi ng purok; maaari rin silang mag-ulat tungkol sa tiyak na mga panukalang gawaing paglilingkod.

*Maging Isang Halimbawa*

Ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay maaaring maghanda ng isang dalawampung minutong pagtatanghal tungkol sa kahalagahan ng pagiging mabuting halimbawa bilang maytaglay ng pagkasaserdote na kumakatawan kay Jesucristo. Maaaring ipaliwanag ng panguluhan ng korum ang kahalagahan ng pagbibigay ng magandang halimbawa sa pananamit at pag-uugali, lalo na kapag nagbibigay ng sakramento at nag-iipon ng mga handog-ayuno.

Kayo at ang panguluhan ng korum ng mga diyakono ay kailangang makipagpulong sa guro ng Primarya upang planuhin ang mga pagtatanghal bago ibigay ng panguluhan ng korum ng mga diyakono ang mga ito. Ang mga pagdalaw sa mga klase sa Primarya ay kailangang maitugma sa pangulo ng Primarya. Ang panguluhan ay maaaring magbigay ng mga pagtatanghal na katulad sa dalawang iminumungkahi sa ibaba.

# Sino Ako?

# 1

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na siya ay anak ng Diyos at maaaring maging katulad ng kanyang Ama sa Langit.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Isang kopya ng polyeto at kard na *Para sa Lakas ng Kabataan* (34285 at 34287) para sa bawat kabataang lalaki.

**PAALALA**

Ang isang kabataang lalaki na nakikita lamang ang kanyang sarili sa pangkasalukuyan ay higit na di-gaanong makagagawa ng mga matalinong pasiya at makapagpapaunlad ng mga wastong saloobin at ugali kaysa sa isa na nakikita ang buhay mula sa isang walang-hanggang pananaw. Ang una ay malamang na maghangad ng mga pansamantalang kaligayahan at pagpili na makapipinsala sa kanyang walang-hanggang kapakanan. Ang isa ay malamang na gagamit ng pananampalataya at pagtitiis at gagawa ng mga pagpili na makatutulong sa kanya na umunlad tungo sa buhay na walang-hanggan. Bigyang-diin na ang paraan kung paano namumuhay ang bawat kabataang lalaki ngayon ay makaaapekto sa kanyang buhay sa kawalang-hanggan. Tulungan ninyo siyang magkaroon ng isang walang-hanggang pananaw.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Bawat Kabataang Lalaki ay Maaaring Maging Katulad ng Kanyang Ama sa Langit**

Sipi

Ipaliwanag na mula noong pagpapanumbalik ng tunay na Simbahan ni Jesucristo sa mga huling araw, nalaman ng mga kasapi ng Simbahan ang kanilang pinagmulan at patutunguhan bilang mga anak ng Diyos. Isang propeta sa huling-araw, na si Lorenzo Snow, ang malinaw na nagbuod ng aral na ito nang sinabi niya na, "Kung ano ang tao ngayon, ganoon ang Diyos noon; kung ano ang Diyos ngayon, ang tao ay magiging ganoon" (sa Thomas C. Romney, *The Life of Lorenzo Snow* [Salt Lake City: Deseret News Press, 1955], p. 46).

Kuwento

Ipaliwanag na maraming tao sa labas ng ipinanumbalik na Simbahan ang hindi nakauunawa na sila ay mga anak na lalaki at babae ng Diyos. Pagkatapos ay isalaysay ang sumusunod na kuwento:

"Si [Elder] John A. Widtsoe [isang dating kasapi ng Korum ng Labindalawa] ay naglakbay sa Inglatera noong Unang Digmaang Pandaigdig, at ang Ingles na opisyal sa pandarayuhan na kumapanayam sa kanya ay nagsabing, 'Hindi, hindi ka namin pahihintulutang pumasok. Pinahihintulutan naming makapasok ang inyong mga misyonero, ngunit ayaw namin ang sinuman sa inyong mga pinuno.' Sinabi niya, 'Umalis ka na at maupo.' Kaya si [Elder] Widtsoe ay umalis at umupo.

"Matapos ang ilang minuto, muli siyang tinawag ng opisyal at sinabing, "Kung pahihintulutan kitang makapasok sa aking bansa, ano ang ituturo mo sa aking mga kababayan?"

- Kung kayo si Elder Widtsoe, ano kaya ang isinagot ninyo?

Sinabi ni [Elder] Widtsoe, 'Tuturuan ko sila kung saan sila nanggaling, bakit sila narito, at kung saan sila pupunta.' Tiningala siya ng opisyal at tinanong, 'Itinuturo ba iyan ng Simbahan ninyo?' at sinabi ni [Elder] Widtsoe, 'Oo'.

" 'Alam mo, hindi iyan itinuturo ng sa akin,' ang sabi niya, at tinatakan niya ang pasaporte, nilagdaan ito, at sinabing, 'Maaari ka nang pumasok' "(LeGrand Richards, "Patriarchal Blessings," *New Era,* Peb. 1977, p. 4).

Talakayan

Anyayahan ang ilan sa mga kabataang lalaki na maikling sagutin ang tatlong tanong na binanggit sa sipi sa itaas (Saan tayo nanggaling? Bakit tayo naririto? Saan tayo pupunta?).

Magpatotoo na Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw ang tanging simbahan sa lupa na nagtuturo ng mga tamang sagot sa tatlong tanong na iyon.

---

**Tinutulungan Tayo ng Diyos na Maging Katulad Niya**

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Abraham 3:22–25.

- Bakit tayo pumarito sa lupa? (Upang patunayan ang ating sarili.)

Ipaliwanag na pumarito tayo sa lupa upang ipakita na gagawin natin ang lahat ng bagay na ipinag-utos sa atin ng Panginoon at paglingkuran siya sa pamamagitan ng lahat ng ating kapangyarihan, pag-iisip, at lakas.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mateo 5:48.

- Anong kautusan ang ibinibigay rito?
- May iba pa bang tao bukod kay Jesus ang namuhay ng isang ganap na buhay? (Wala.)
- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Tagapagligtas noong sabihin niya sa atin na maging ganap?

Ang mga sumusunod na kuwento ay naglalarawan ng ating kakayahang maging katulad ng ating Ama sa Langit.

Kuwento 1

"Noong si propetang Enoc ay tinawag, siya ay nagtaka kung bakit at sinabing, 'Ako . . . ay isang bata lamang, at kinamumuhian ako ng lahat ng tao; sapagkat mabagal ako sa pagsasalita' (Moises 6:31). Ngunit alam ni Enoc na sa pagsunod sa Diyos, ang pagsubok ay hindi sa ating kakayahan kundi sa ating pagkakaroon ng panahon. Sinunod ni Enoc ang mga kautusan at nagtiwala sa pananaw ng Panginoon tungkol sa kanyang mga maaaring kahinatnan, at naging tagagawa ng pinakadakilang lungsod sa lahat ng panahon. Ang *tanging* panahon sa kasaysayan ng sangkatauhan na kung kailan ang pagkamatuwid ng isang pangkat ng tao ay hindi naglaho ay naganap sa Lungsod ni Enoc. At ang lahat ng ito ay nagsimula sa isang kabataang lalaki na hindi gaanong tiyak sa kanyang sarili" (Neal A. Maxwell, "I Am But a Lad," *New Era,* Mayo 1981, p. 4).

Isulat ang sumusunod na pangungusap sa pisara: *Ang Panginoon ay higit na tumitingin sa ating pagkakaroon ng panahon kaysa sa ating kakayahan sapagkat alam niya ang ating mga maaaring kahinatnan.* Talakayin ang pangungusap na ito na kasama ang mga kabataang lalaki. Hilingan silang magbahagi ng mga pansariling karanasan na kung saan ay inutusan sila na gumawa ng isang bagay na sa palagay nila ay hindi nila kayang gawin, subalit nagawa nila sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon.

- Paano ninyo magagawang higit na magkaroon ng panahon ang inyong sarili sa Panginoon? (Manalangin, magsisi, magbasa ng mga banal na kasulatan, gampanan ang mga tawag.)
- Paano tayo maaaring magkaroon ng kakayahang gumawa ng gawain ng Panginoon? (Sa pamamagitan ng paggawa ng lahat ng ating makakaya at paghahangad ng tulong ng Panginoon.)

Kuwento 2

"Noong panahon ng Digmaan sa Korea, isang kabataang lalaki, na si Rhee Ho Nam, ay pinilit na tumulong sa isang pangkat ng hukbong Amerikano . . . Noong panahon na iyon, ang pagkakabago mula sa maayos niyang pamumuhay ay tila isang trahedya. Gayunman, ginawa ni Ho Nam ang lahat ng pinakamabuti sa kabila ng mga pagsubok niya na katulad ng ginawa ni Joseph sa sinaunang Ehipto. Natutuhan niya ang Ingles bilang pangalawang wika. Masusi niyang pinagmasdan ang mga bagay ng ginawa ng mga sundalong Amerikano, lalo na ang isang BHA na tinyente na "iba" sa mga kasamahan niyang sundalo at labis na hinahangaan ni Ho Nam. Madalas silang nagtatalakayan. Isang araw, tinanong

ng tinyente si Ho Nam kung ano ang layunin ng buhay. Hindi makasagot si Rhee Ho Nam, sinasabi lamang na daan-daang taon nang sinisikap na sagutin ng mga pilosopo ang katanungang iyon subalit hindi nila masagot. Kaagad, kumuha ng isang walang sulat na piraso ng papel ang opisyal at gumuhit ng isang banghay ng plano ng kaligtasan. Noong panahon ding iyon, ang Panginoon ay nagpatotoo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng kanyang Espiritu sa puso ni Rhee Ho Nam na ang sinasabi ng Amerikano ay totoo. Si Ho Nam ay nag-aral, pagkatapos ay sumapi sa Simbahan na itinatago ang piraso ng papel na iyon sa loob ng maraming taon bilang isang mahalagang paalaala sa natatanging sandaling iyon.

"Hindi naglaon ay nagwakas ang Digmaan sa Korea, subalit ang buhay ni Ho Nam sa Simbahan ay nagsisimula pa lamang. Habang nasa kanyang mga gulang na tatlumpu, si Rhee Ho Nam ay naging kauna-unahang pangulo ng istaka sa unang istaka ng Simbahan sa pangunahing lupain ng Asya. Siya ay [naglingkod pagkaraan] nang may karangalan bilang isang pangulo ng misyon sa Pusan, Korea, bilang isang namumukod-tanging pinuno sa kanyang mga tao" (*"I Am But a Lad,"* p. 5).

- Paano tinulungan ng kahirapan si Rhee Ho Nam na matuto at umunlad?
- Ano ang alam ng Panginoon tungkol sa mga maaaring kahinatnan ni Ho Nam?

Bigyang-diin sa mga kabataang lalaki na mayroon silang mga mahalagang tawag sa hinaharap kung pananatilihin nila ang kanilang mga sarili na may nakalaang panahon upang maglingkod sa Panginoon sa lahat ng oras.

Kuwento 3

"Mga ilang taon na ang nakaraan sa Italya, ang mga BHA na misyonero ay ginugulo ng ilang kabataang Italyano. Kabilang sa pangkat sa dalawang pagkakataon ay isang kabataang lalaki na nagngangalang Felice Lotito. Siya ay hinamon ng isang matapang na elder na dumalo sa lokal na BHA na sangay upang mahusgahan niya sa kanyang sarili. Isang paghamon na tinanggap ni Felice. Siya ay dumalo. Siya ay nakinig. Siya ay nag-aral. Siya ay naniwala. Siya ay nabinyagan. Pagkatapos, siya ay ipinadala sa isang misyon sa Inglatera, kung saan ay pinalago niya ang kanyang pananampalataya at ang kanyang kakayahan sa Ingles. Siya ay marangal na naglingkod, umuwi, ikinasal sa isang kaakit-akit na Italiana sa Templo sa Swiss, at naging isa sa mga patnugot ng programang seminario at dalubhasaan sa Italya. . . .

"Noong Hulyo ng 1980, si Felice Lotito ay umalis sa gulang na 32 upang maging pangulo ng misyon sa Misyon ng Padova Italia ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw! Nakita ng Diyos ang mga maaaring kahinatnan ni Felice na hindi niya nakita sa kanyang sarili. Nang ang ebanghelyo ay ituro sa kanya, si Felice ay may karangalan ng puso at katalinuhan na paniwalaan ito, kahit na ginugulo niya ang mga misyonero, mga ilang araw bago iyon. Tinulungan ng Panginoon si Felice Lotito na [sa pagkakataong ito] ay makatutulong sa libu-libo niyang kababayan at makaaantig sa daan-daang misyonero—mga misyonero na katulad ng mga pinupulaan niya noon, mga ilang taon lamang ang nakalipas" (*"I Am But a Lad,"* p.5–6).

- Paano ninyo nakitang dumadamay ang Panginoon sa mga naligaw ng landas at tinutulungan silang makabalik sa landas ng pag-unlad?

Magbigay ng kopya ng *Para sa Lakas ng Kabataan* sa bawat kabataang lalaki. Pagbalik-aralan ang pangungusap ng Unang Panguluhan, at ipaliwanag na ang patnubay na ito ay makatutulong sa mga kabataang lalaki na mapanatili ang mga pamantayan ng Panginoon at maging katulad niya.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo sa mga katotohanang itinuro sa aralin. Muling bigyang-diin na alam ng Panginoon ang maaaring kahinatnan ng mga kabataang lalaki at tutulungan niya sila na marating ang kanilang dapat kahinatnan. Tulungan ang mga kabataang lalaki na malaman ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Panginoon, sa kabila ng kanilang sariling damdamin ng kakulangan. Ang mga bagay na ginagawa nila ngayon sa buhay ay makaaapekto sa kanila sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Paalalahanan sila na maaari silang umunlad na katulad ng kanilang Ama sa Langit.

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap ni Elder Bruce R. McConkie:

"May iisa lamang na ganap na nilalang, ang Panginoong Jesus. Kung ang mga tao ay magiging ganap at ipamumuhay ang lahat ng batas nang tumpak, buong-buo, at ganap [upang maging karapat-dapat sa buhay na walang-hanggan], may iisa lamang na tao ang maliligtas sa kawalang-hanggan. Itinuro ng propeta [Joseph Smith] na maraming bagay ang dapat na gawin, maging sa kabilang buhay, sa pagsasagawa ng ating kaligtasan.

"At kaya ang ginagawa natin sa buhay na ito ay ang gumuhit ng landas tungo sa buhay na walang-hanggan. Ang landas na iyan ay nagsisimula rito ngayon at magpapatuloy sa mga kahariang darating. Dapat nating pagpasiyahan sa ating mga puso at sa ating kaluluwa, sa pamamagitan ng lahat na kapangyarihan at kakayahan na taglay natin, na simula sa oras na ito, tayo ay magpapatuloy sa pagkamatuwid; sa pamamagitan ng paggawa nito ay makapaparoroon tayo sa kinaroroonan ng Diyos at ni Cristo. Kapag ginawa natin ang matatag na pagpapasiyang iyan, at nanatili sa landas ng ating tungkulin kapag ang buhay na ito ay nagwakas, tayo ay magpapatuloy sa landas na iyan sa kawalang-hanggan" (*"The Seven Deadly Heresies,"* sa 1980 Devotional Speeches of the Year [Provo, Utah: Brigham Young University Press, 1981], p. 78–79).

- Kapag tayo ay nasa landas ng kaganapan sa buhay na ito subalit namatay bago tayo maging ganap, ano ang sinabi ni Elder McConkie na mangyayari?

Ipaliwanag na wala ni isa man sa atin ang nakakaalam kung kailan ang wakas ng may kamatayang buhay na ito, subalit kapag tayo ay nasa tamang landas, tayo ay magpapatuloy hanggang sa tayo ay maging katulad ng ating Ama sa Langit, at tayo ay mabubuhay na kapiling niya magpakailanman sa kahariang selestiyal.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na simulan ang bawat araw sa pamamagitan ng pagpapaalala sa kanilang sarili ng kanilang banal na dapat kahinatnan at sa pamamagitan ng pagharap sa mga gawain ng araw nang may walang-hanggang pananaw. Himukin silang palagiang pagbalik-aralan ang mga pamantayan sa *Para sa Lakas ng Kabataan* upang matulungan silang marating ang kanilang maaaring kahinatnan.

# Pagkilala sa Ating Ama sa Langit

# 2

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na bilang isang anak na lalaki ng Diyos at isang maytaglay ng pagkasaserdote, siya ay may mga mahalagang pananagutan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maaari mong naisin na magtalaga ng isa sa mga kabataang lalaki na magsalita sa loob ng dalawa o tatlong minuto tungkol sa paksang “Bakit higit ang inaasahan sa isang kabataang lalaki na nagtataglay ng pagkasaserdote kaysa sa isang wala nito.”
3. Maghandang ipakita ang larawan 1, Si Joseph Smith ay Naghahanap ng Karunungan sa Bibliya (larawan 402 rin sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo [34730]).

**PAALALA**

Ang layunin ng araling ito ay upang tulungan ang bawat kabataang lalaki na madama na siya ay isang mahalagang anak na lalaki ng kanyang Ama sa Langit. Hindi lahat ng kabataang lalaki ay nakaisip na tungkol sa mapagmahal na pagkalinga ng Diyos sa kanila, at tungkulin ninyo na pukawin ang pagkaunawa na iyan at tulungan ang bawat kabataang lalaki na magampanan ang mga pananagutang pagkasaserdote na ibinigay sa kanya ng kanyang Ama.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Ama sa Langit ay May Matindi at Magiliw na Pagmamahal sa Bawa’t Isa sa Atin**

Kuwento

Sabihin sa mga kabataang lalaki ang tungkol sa sumusunod na kalagayan o isang katulad nito:

Isang ama at ang kanyang anak na lalaki ay magkasamang nagkakampo. Lumiit na ang siga sa kampo, at ang gabi ay malamig at maaliwalas habang tinitingala nila ang hindi mabilang na mga bituin. Ang ama ay nagtanong, “Ano ang iniisip mo anak?”

“Nagtataka lamang po ako. Tila hindi ko lubos na maisip. Ang mga bituin na iyon ay walang katapusan. Nagtataka lamang po ako kung bakit, na kung ang Diyos ay nakagagawa ng lahat ng mga araw at bituin at iba pang mga daigdig, ang isang tao—na katulad ko—ay magkakaroon ng halaga sa kanya.”

Ngumiti ang ama niya at sinabing, “Ganyan din ang pinagtakahan ni Haring David nang isulat niya na, ‘Ano ang tao upang iyong alalahanin siya?’ (Mga Awit 8:4). Dahil tayo ay mga anak niya.”

- Bakit sa palagay ninyo ay higit tayong mahalaga sa Ama sa Langit kaysa sa isang magandang bundok, bituin, o anumang bagay sa kalikasan? (Tayo ay mga anak niya. Maaari tayong mag-isip, makadama, magmahal, at gumawa ng mga bagay.)

Anyayahan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng alinmang mga karanasan na nagpapakita kung paano nila natutuhan ang pagmamahal ng kanilang Ama sa Langit sa kanila.

Banal na kasulatan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Moises 1:39; pagkatapos ay talakayin kung bakit gugugulin ng ating Ama sa Langit ang lahat ng kanyang pagsisikap sa paggawa ng mga bagay para sa atin. Isang mahalagang dahilan ay dahil tayo ay kanyang mga anak na lalaki. Ipaliwanag na tulad ng isang ama sa lupa na nagtatrabaho upang paglaanan ang kanyang mag-anak at gumugugol ng panahon sa piling ng kanyang mga anak upang palakihin sila nang wasto, ipinagkakaloob ng ating Ama sa Langit ang lahat ng kanyang lakas at kakayahan sa paglalaan at pag-aalaga sa kanyang dakilang mag-anak.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento sa inyong sariling mga salita:

"Hindi niya tiyak kung saan nagmula ang ideya, ngunit kahit paano ay nadama ng kabataang lalaki na kung siya ay makapag-iisa sa mga nilikhang kalikasan ng Diyos at sisikaping makipag-usap sa kanyang Ama sa Langit, ito ay makatutulong. Kaya natagpuan niya ang kanyang sarili na nakatayo sa kakahuyan noong umagang iyon, tumitingala at sinasabi ang ginawa niya . . .

"Talagang nadama niya na kailangan niya ng tulong, at hindi niya alam kung saan tutungo. Sa gayon sumagi sa kanyang isipan ang ideya ng pananalangin, at itinakda niyang gawin ito, na lalabas sa kanyang maliit na kanlurang bayan tungo sa isang malapit na kakahuyan.

"Habang siya ay nakatayo roon nang umagang iyon, ang kabataang lalaki ay tumingala at nakipag-usap sa Panginoon. Ang kanyang mensahe ay simple. . . .

" 'Tumingala lamang ako,' " ang mahina niyang ipinaliwanag, 'at sinabi sa Panginoon: "Diyos ko, handa na po ako sa inyo, kung handa na po kayo sa akin."'

"Walang nakagugulat na tugon, maging sa salita o pangitain. Wala siyang nakita o narinig na tinig. Tanging ang ganap na katahimikan ng umagang walang umiihip na hangin at ang pagtibok ng kanyang puso. Subalit umalis siya na nalalaman na siya ay narinig, na kahit paano ay may malalim na katiyakan na ang tugon ay darating.

"Nang siya ay umupo sa may likuran ng nagmamaneho ng bus sa kanyang paglalakbay patungong bayan noong umagang iyon, natanggap niya ang unang bahagi ng kanyang tugon. Sinabi sa kanya ng lalaki, 'Amang, naniniwala ako na may hinahanap kang bagay na matutulungan kitang hanapin.' Sa gayon nag-umpisa ang pag-uusap na sa huli ay humantong sa pagkakatanggap ng kabataang lalaki kay Jesucristo at sa kanyang ipinanumbalik na Simbahan, at ganap na binago nito ang kanyang buhay. . . .

"Mula noong sandaling iyon, ang buhay ay nagkaroon ng higit na kahulugan na nagpakilos sa kanya . . .  sa kabutihan at nagbigay lakas habang siya ay lumalakad at gumagawa nang may mapagpakumbabang karangalan sa piling ng kanyang mga kaibigan" (Marion D. Hanks, "I Am Ready for You," *Improvement Era,* Okt. 1968, p. 56).

Larawan, banal na kasulatan, at talakayan

Ipakita ang larawan 1, Si Joseph Smith ay Naghahanap ng Karunungan sa Bibliya.

- Sino ang isa pang kabataang lalaki na nanalangin sa Ama sa Langit sa isang kakahuyan at nakatanggap ng sagot? (Joseph Smith.)
- Paano nagpapakita ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit ang mga sagot sa panalangin?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:17.

- Paano ipinakikita ng talatang ito na kilala mismo ng Ama sa Langit si Joseph Smith? (Tinawag ng Ama sa Langit si Joseph Smith sa pangalan.)
- Gaano ka kakilala ng Ama sa Langit? (Tiyakin na nauunawaan ng mga kabataang lalaki na hindi lamang kilala ng Ama sa Langit ang bawa't isa sa kanilang pangalan, kundi alam din niya ang damdamin, kaisipan, pagnanais, at gawain ng bawa't isa. Siya mismo ay may malasakit sa bawa't isa sa kanyang mga anak.)

Tanungin ang mga kabataang lalaki kung sino sa kanila ang nais na magbahagi ng karanasan nang ang isa sa kanilang panalangin ay nasagot.

Kuwento

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento mula kay Pangulong Hugh B. Brown:

"Ang isa sa unang bagay na sa palagay ko ay kailangang gawin ng bawat kabataan ay ang sikaping makilala ang Diyos. Ang ibig kong sabihin ay sa isang napakaliteral na kahulugan. Ang ibig kong sabihin ay sa kahulugan na maaari tayong lumapit sa Kanya at kamtan ang uri ng tulong na kailangan natin . . .  Naalaala ko na sinabi sa akin ng aking ina bago ako magtungo sa aking misyon . . . : 'Anak, malalayo ka na sa akin ngayon. Naaalala mo pa ba,' ang sabi niya, 'na noong ikaw ay maliit pa, madalas kang magkaroon ng mga masamang panaginip at matakot? Ang silid-tulugan mo ay malapit lamang sa akin, at madalas ay tumatawag ka sa gabi at sinasabing, "Inay, nandiyan po ba kayo?" At ako ay sasagot, "Oo anak, nandito ako—wala kang dapat alalahanin. Bumaling ka lang at matulog ka nang muli." Ito ay palagi mong ginagawa. Ang kaalaman na nandoon ako ay nagbigay sa iyo ng tapang.

" 'Ngayon,' ang sabi niya, 'ikaw ay malalayo ng mga 6,000 milya, at kahit na tumawag ka sa akin, hindi kita masasagot.' Idinagdag niya ito: 'May isa na makaririnig, at kung tatawagan mo Siya, maririnig ka Niya kung ikaw ay tatawag. Tutugon siya sa iyong panawagan. Sabihin mo lamang, "Ama, nandiyan po ba kayo?" at mapapasaiyong puso ang kaginhawahan at kaaliwan na tulad ng nadama mo noong ikaw ay bata kapag ikaw ay sinasagot ko.'

"Nais kong sabihin sa inyo mga kabataan na maraming beses mula noon, sa marami at iba't ibang kalagayan ay tumawag ako ng, 'Ama, nandiyan po ba kayo?' Tumawag ako noong sa misyon ay halos gabi-gabi kaming dinudumog, ipinagtatabuyan mula sa isang lugar tungo sa ibang lugar. Kami ay binugbog, pinalayas sa mga lungsod, ang aming buhay ay nalagay sa panganib. Sa tuwing ako ay magtutungo sa mga pagpupulong na iyon palagi kong sinasabi, 'Ama, nandiyan po ba kayo?' At kahit na wala akong narinig na tinig at hindi ko nakita ang Kanyang katauhan, nais kong sabihin sa inyo mga kabataan na tinugon Niya ako nang may kaginhawahan at katiyakan at patotoo ng Kanyang pagdalo" ("Father, Are You There?" [talumpating ibinigay sa Brigham Young University, 8 Okt. 1967], p. 5–6).

Talakayan

- Bakit nakatitiyak ang ina ni Hugh B. Brown na siya ay makatatanggap ng sagot kapag siya ay tumawag sa kanyang Ama sa Langit? (Alam niya na mahal tayo ng Ama sa Langit at sinasagot ang bawat taos-pusong panalangin. Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 6:14–15.)
- Kailan tayo maaaring tumawag ng, "Ama, nandiyan po ba kayo?" (Kapag tayo ay nalulungkot, natatakot, o natutukso, o anumang oras na kailangan natin ang kanyang pag-alo at katiyakan.)
- Ano ang maaari nating gawin upang magkaroon ng magandang pakikipag-usap sa ating Ama sa Langit?
- Maliban sa pagsagot sa ating mga panalangin, paano pa ipinakikita ng Ama sa Langit na mahal niya tayo? (Isulat ang mga tugon ng mga kabataang lalaki sa pisara at talakayin ang bawat isa.)

---

### Ang Pagtataglay ng Pagkasaserdote ay Nagdaragdag sa Pananagutan ng Isang Kabataang Lalaki sa Kanyang Ama sa Langit

Talakayan

Isang paraan na ipinakita ng Ama sa Langit na mahal niya tayo ay sa pamamagitan ng pagkakaloob niya sa atin ng pagkasaserdote upang paglingkuran at pagpalain ang ibang tao.

- Bakit higit ang inaasahan sa isang kabataang lalaki na nagtataglay ng pagkasaserdote kaysa sa isang kabataang lalaki na hindi taglay ang pagkasaserdote?

Matapos na maikling talakayin ang tanong na ito, anyayahan ang kabataang lalaki na itinalaga noong una na magsalita tungkol dito sa loob ng dalawa o tatlong minuto.

Sipi

Ang sumusunod na pangungusap ay tumutulong sa atin na maunawaan ang mga pananagutan ng pagtataglay ng pagkasaserdote ng Diyos:

"Ang saligan na pinagsisimulan ng bawat batang lalaki ay ang pagkakilala na siya ay tunay na anak na lalaki ng Diyos, na may bagay na banal sa kanyang kaluluwa. Ang lahat ng tao ay anak ng Diyos, subalit may bagay na taglay kayo na wala ang iba. May karapatan kayo na gumawa sa kanyang pangalan. Ito ang nagbubukod sa inyo sa mga nakararami sa mundo. Hindi nito kaagad na ginagawang higit na mabuti kayo kaysa sa iba, ngunit binibigyan kayo nito ng pananagutan na mamuhay nang higit na mabuting buhay kaysa sa iba.

"Dahil alam ninyo na kayo ay anak ng Diyos at taglay ang kanyang pagkasaserdote, higit ang inaasahan sa inyo kaysa sa mga hindi nagtataglay ng dakilang pagpapalang ito" (Victor L. Brown sa Conference Report, Abr. 1972, p. 101; o *Ensign,* Hulyo 1972, p. 90).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa, pamarkahan, at ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 82:3.

- Ano ang ilan sa mga bagay na natanggap natin bilang mga maytaglay ng pagkasaserdote na hindi natanggap ng mga hindi kasapi sa simbahan? (Ang pangako ng Espiritu Santo, karagdagang banal na kasulatan, higit na kaalaman, patnubay mula sa isang buhay na propeta at mga pinunong pagkasaserdote, ang kapangyarihan at karapatan na gumawa sa pangalan ng Diyos.)

- Sa anong paraan dapat kumilos ang isang maytaglay ng pagkasaserdote sa paaralan? sa tahanan? sa mga paligsahang pampalakasan?
- Anong mga pagpapala ang dumating na sa inyong buhay dahil taglay ninyo ang pagkasaserdote? (Tiyakin na hindi lamang ang mga malinaw na bagay na tulad ng paghahanda ng sakramento o pagtuturo sa tahanan ang babanggitin ng mga kabataang lalaki, kundi pati na rin ang mga bagay na tulad ng dumaming pagpapalang espirituwal at mga higit na pagkakataong paglingkuran ang iba.)

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na gumawa ng isang bagay sa darating na linggo upang palakasin ang kanilang pakikipag-ugnayan sa kanilang Ama sa Langit at upang higit na magampanan nila ang kanilang pananagutan sa kanya bilang isang maytaglay ng pagkasaserdote. Ibigay ang mga sumusunod na mungkahi:

1. Magsaulo ng mga salita ng isang himno tungkol sa ating kaugnayan sa ating Ama sa Langit, tulad ng "Ako'y Anak ng Diyos" *(Mga Himno at Awit Pambata),* "Father in Heaven" *(Hymns, no. 133),* o "O, Aking Ama" *(Mga Himno at Awit Pambata)*.
2. Gawing higit na makabuluhan ang inyong mga panalangin. Tunay na makipag-usap sa Ama sa Langit, at makinig nang mabuti sa mga bulong ng Espiritu Santo bilang tugon.
3. Isulat ang inyong patotoo sa inyong talaarawan.
4. Magpatotoo sa pulong ayuno at patotoo o sa isang kasapi ng mag-anak.
5. Magsagawa ng isang gawain ng paglilingkod.
6. Anyayahan ang isang hindi kasapi ng simbahan sa isang pagpupulong o pagtitipon ng Simbahan.

# Pananampalataya Kay Jesucristo

# 3

**LAYUNIN**

Ang pananampalataya ng bawat kabataang lalaki sa Panginoong Jesucristo ay mapalalakas habang higit niyang nauunawaan ang Pagbabayad-sala.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Ipakita ang larawan 2, Ang Pag-akyat ni Jesus (larawan 236 din sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo [34730]).
3. Kung ang *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277) ay makukuha sa inyong pook, ipalabas ang bahagi 8, *"What Think Ye of Christ?"*

**PAALALA**

Ang araling ito ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na tulungan ang bawat kabataang lalaki na maunawaan ang buhay at misyon ng Tagapagligtas. May mga kabataang lalaki na pumapasok sa misyon na hindi nauunawaan ang pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang mga paraan na pinagpapala nito ang kanilang buhay at ang buhay ng iba.

Maaari ninyong kailanganin ang higit sa isang pulong pagkasaserdote upang lubos na maituro ang mga kaalaman sa araling. Gawin ang lahat ng magagawa upang matiyak na ang mga kabataang lalaki ay magkaroon ng higit na pagmamahal sa Panginoong Jesucristo at higit na pagpapahalaga sa kanyang buhay at pagbabayad-salang sakripisyo.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Tanungin ang mga kabataang lalaki kung paano na ang mga sumusunod na kalagayan ay halimbawa ng pananampalataya.

1. Isang lalaki ang nagtatanim ng buto ng mais sa lupa at pagkatapos ay dinidiligan at dinadamuhan ang lupa. (Naniniwala siya na ang buto ay lalaki, kaya itinatanim niya ito at inaalagaan. Ang pananampalataya ay paniniwala at paggawa.)
2. Isang batang lalaki ang nagsasanay ng *gymnastics* sa loob ng tatlong oras araw-araw dahil gusto niyang subukang mapabilang sa *Olympics*. (Naniniwala siya na kaya niyang makipagpaligsahan sa *Olympics,* kaya siya gumugugol ng panahon sa pagpapaunlad ng kanyang mga kakayahan. Ang pananampalataya ay paniniwala at paggawa.)
3. Isang batang lalaki ang nag-iipon ng pera bawat buwan para sa kanyang misyon. (Naniniwala siya na dapat siyang magmisyon. Nag-iipon siya ng pera upang siya ay makapunta. Ang pananampalataya ay paniniwala at paggawa.)

Ipaliwanag na ang pananampalataya ay isang malakas na paniniwala na nag-uudyok sa atin na gumawa ng isang bagay at upang maging mahalaga.


**Dapat Tayong Magkaroon ng Pananampalataya Kay Jesucristo**

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Ipabasa nang sabay-sabay sa mga kabataang lalaki ang ikaapat na saligan ng pananampalataya, na matatagpuan sa hulihan ng Mahalagang Perlas.

- Hindi lamang tayo dapat magkaroon ng pananampalataya sa kabuuan, subalit dapat na magkaroon ng tiyak na pananampalataya kanino? (Sa Panginoong Jesucristo.)

Ilagay ang sumusunod na larawang-guhit sa pisara, na hindi isinasama ang mga salitang *Pagbabayad-sala ni Jesucristo*.




Ipaliwanag na inilalarawan ng banghay kung paano matamo ang buhay na walang-hanggan.

• Ano ang kailangan nating daigin upang matamo ang buhay na walang-hanggan? (Kamatayang pisikal at espirituwal.)

• Ano ang kamatayang pisikal? (Ang paghihiwalay ng katawan at espiritu.)

• Ano ang kamatayang espirituwal? (Pagkahiwalay mula sa Diyos.)

• Ano ang maaari nating gawin upang daigin ang dalawang uri ng kamatayang ito? (Kailangan tayong magkaroon ng pananampalataya sa pagbabayad-sala ni Jesucristo at gawin ang kanyang kalooban.)

Pangalanan ang tulay na *Pagbabayad-sala ni Jesucristo*. Ipaliwanag na ang pagbabayad-sala ni Cristo ang nagbibigay-tulay sa ating pagbabalik sa kinaroroonan ng Diyos. Hindi natin matatamo ang buhay na walang-hanggan sa pamamagitan lamang ng ating mga pagsisikap subalit kinakailangang maniwala sa Pagbabayad-sala at sundin ang mga kautusan ng Diyos.

• Ano ang ibig sabihin ng sundin ang lahat ng kautusan ng Diyos? (Maari mong tukuying muli ang ikaapat na saligan ng pananampalataya, binibigyang-diin na kailangan nating sundin ang mga kautusan ng Diyos, tanggapin ang kanyang mga ordenansa, at magtiis hanggang sa wakas.)

• Ano ang pagbabayad-sala ni Jesucristo? (Si Jesus ay nagpakasakit para sa ating mga kasalanan , namatay, at nabuhay na mag-uli, na ginagawang maaari para sa atin na makapagsisi sa ating mga kasalanan at mabuhay na mag-uli.)

Akayin ang talakayan sa pasiya na kailangan tayong magkaroon ng pananampalataya sa pagbabayad-sala ni Cristo, na nagpapahintulot upang mapangyari ang pagsisisi. Ang pananampalatayang ito ay aakay sa atin na magsisi at pahihintulutan tayong daigin ang kamatayang espirituwal. Sa pamamagitan ng pagkabuhay na mag-uli ay maaari nating daigin ang kamatayang pisikal.

Kuwento

Hilingin sa mga kabataang lalaki na ilarawan sa isip kung ano ang nadama ng Tagapagligtas nang pasanin niya ang mga kasalanan natin sa kanyang sarili. Basahin ang sumusunod na pagsasalarawan ni Elder Orson F. Whitney:

“Noong panahon na iyon ay dumating ang isang kamangha-manghang pagpapakita, isang paunawa mula sa isang nakatataas na Pinagmulan, isang di-maaaring ipagwalang-bahala. Iyon ay isang panaginip, o isang pangitain sa isang panaginip, habang ako ay

nakahiga sa aking higaan sa maliit na bayan ng Columbia, Lancaster County, Pennsylvania. Ako ay tila nasa Halamanan ng Getsemani, na isang saksi sa matinding paghihirap ng Tagapagligtas. Nakita ko siya nang malinaw na tulad ng pagkakakita ko sa iba. Nakatayo sa likuran ng isang puno sa aking harapan, nakita ko si Jesus, kasama sina Pedro, Santiago at Juan, habang sila ay papalapit sa isang maliit na tarangkahan sa aking gawing kanan. Iniwan ang tatlong Apostol doon, matapos niyang sabihin sa kanila na lumuhod at manalangin, ang Anak ng Diyos ay pumunta sa kabila kung saan ay lumuhod din siya at nanalangin. Iyon ay katulad ng panalangin na alam ng lahat ng nagbabasa ng Bibliya: 'Ama ko, kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito; gayon ma'y huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ayon sa ibig mo.'

"Habang Siya ay nananalangin, ang mga luha ay dumaloy sa kanyang mukha, na nakaharap sa akin. Labis akong naantig sa aking nakita at ako man ay umiyak, dahil sa tunay na pagkahabag. Ang buong puso ko ay nakiramay sa kanya; minahal ko siya nang buong kaluluwa, at ninais na makapiling Siya nang higit sa anupaman.

"Maya-maya ay tumayo Siya at naglakad tungo sa dako na kung saan nakaluhod ang mga Apostol—natutulog! Marahan niyang niyugyog sila, ginising, at sa malumanay na tinig ng paninisi, na walang ni katiting na bahid ng pagpapakita ng galit o pagka-inis, ay tinanong niya sila nang malumbay kung hindi sila makapagpupuyat na kasama Niya ng isang oras. Naroon Siya, pasan ang katakut-takot na bigat ng kasalanan ng sanlibutan sa Kanyang mga balikat, na ang mga bigla at matinding kirot ng bawat lalaki, babae at bata ay tumatama sa kanyang madaling makadamang kaluluwa—at hindi sila makapagpuyat na kasama Niya kahit man lamang sa isang oras!" (*Through Memory's Halls* [Independence, Mo.: Zion's Printing and Publishing Co., 1930], p. 82).

Mga banal na kasulatan at talakayan

- Paano natin maaalala at mapahahalagahan ang pagpapakasakit ni Cristo para sa ating mga kasalanan?
- Ano ang kailangan nating gawin upang gawing mabisa ang Pagbabayad-sala sa ating buhay?

Isulat sa pisara ang *Helaman 14:13,* at hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin nang malakas ang talatang ito.

- Kung tayo ay tunay na naniniwala kay Jesucristo, ano ang gagawin natin?

Isulat sa pisara ang *Doktrina at Mga Tipan 58:43,* at hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin nang malakas ang talatang ito.

- Ayon sa banal na kasulatang ito, ano ang gagawin ng isang tunay na nagsisising tao?

Isulat sa pisara ang *Doktrina at Mga Tipan 19:16–19*. Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang talatang ito.

- Ano ang damdaming naidudulot sa inyo ng pagkaalam na si Jesucristo ay nagdusa para sa inyong mga kasalanan upang kapag kayo ay magsisisi, hindi kayo magdurusa para sa mga ito?

---

**Ang Pananampalataya Kay Jesucristo ay Makapag-uudyok sa Atin na Higit na Gampanan Nang Mabuti ang Ating Mga Pananagutan**

Banal na kasulatan at talakayan

- Paano natin maipakikita sa Panginoon na mayroon tayong pananampalataya sa kanya? (Sa pamamagitan ng ating mga mabuting gawa.)

Sama-samang basahin ang Santiago 2:17–18. Pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang kabanatang ito.

- Paano naiiba ang magiging asal ng isang kabataang lalaki na may pananampalataya kay Jesucristo sa isang wala nito?
- Anong kaibhan ang naidulot ng pananampalataya ninyo sa inyong buhay?

Bigyang-diin na higit kaysa sa paniniwala lamang ang inaasahan ng Ama sa Langit sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron.

- Bakit gagawa nang husto ang isang kabataang lalaki na may pananampalataya kay Jesucristo upang gampanan ang kanyang mga pananagutan sa Pagkasaserdoteng Aaron? (Magkakaroon siya ng pagnanais na tulungan ang iba sa kanyang gawaing pagkasaserdote. Maigagalang niya ang kanyang pagkasaserdote, maisasagawa ang mga gawain, maibabahagi ang ebanghelyo sa iba, at magiging handang tumanggap ng mga gawain.)

Mga kalagayang pinag-aaralan

Upang higit na malinaw na maipakita kung paano maipakikita ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang kanyang pananampalataya kay Jesucristo sa pamamagitan ng pagganap nang mabuti sa kanyang tawag sa pagkasaserdote, ipasaalang-alang sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na kalagayang pinag-aaralan.

1. Mula noong si Robert ay lumipat sa purok, siya ay hindi na gaanong dumadalo. Siya ay paliban-liban sa mga pulong pagkasaserdote sa mga naunang ilang buwan. Subalit ngayon ay padalang nang padalang na siyang nakikipag-usap sa mga kasapi ng korum at tila iniiwasan pa sila sa paaralan.

- Kung kayo ay kasapi sa korum ni Robert, paano kayo maaaring tumugon upang maipakita ang inyong pananampalataya kay Jesucristo?

Kung mayroon man kayong mga hindi gaanong aktibo na kabataang lalaki, ito marahil ang pinakamainam na panahon upang planuhin ang mga paraan upang makipagkapatiran ang mga aktibong kabataang lalaki at tulungan silang maging aktibo.

2. Sina Kapatid na Santos ay naging aktibo sa Simbahan sa loob ng higit na apatnapung taon. Silang dalawa na lamang ang naninirahan ngayon sa kanilang tahanan. Ang lahat ng kanilang anak ay nagsilaki na at naninirahan sa malalayong lungsod. Sina Kapatid na Santos ay may malaking bakuran at halamanan, na mainam na inaalagaan ni Kapatid na Santos hanggang sa siya ay ma-istroke noong nakaraang tag-ulan.

- Halimbawa ay isa kayo sa kanilang mga tagapagturo ng tahanan. Paano kayo kikilos kung nais ninyong ipakita ang inyong pananampalataya kay Jesucristo?
- Ano ang maaari ninyong gawin upang mapalakas ang pananampalataya ng mga Santos kay Jesucristo?

3. Isang tagapayo sa pangulo ng korum ng mga elder ang dumalo sa pagpupulong ng korum at sinabing, “Kailangan ko ng tatlong kapatid na Pagkasaserdoteng Aaron upang gumawa nang apat na oras sa Sabado ng umaga sa sakahang pangkapakanan. Sino ang sasama sa gawaing ito?”

- Paano tutugon ang isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na may pananampalataya kay Jesucristo sa ganitong paghingi ng tulong?
- Bakit isang paraan ng pagpapakita ng pananampalataya kay Jesucristo ang pagkukusang-loob sa gawaing ito?
- Ano ang maaaring gawin ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron upang mapaunlad o mapalakas ang kanyang pananampalataya? (Manalangin para sa pananampalataya; pag-aralan at unawain ang buhay at misyon ni Jesucristo; maglingkod sa ibang tao na inaalala na si Jesus ay naging isang dakilang tagapaglingkod; sundin ang isang kautusan na itinuro ni Jesus at tanungin ang Diyos tungkol sa katotohanan nito; pagbibigay ng karagdagang pagsisikap sa pagganap nang mabuti sa mga tungkuling pagkasaserdote.)

---

## Katapusan

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag sa mga kabataang lalaki na kung mayroon silang pananampalataya na si Jesus ay ang Tagapagligtas, sila ay magsisisi at mamumuhay nang karapat-dapat sa pagtanggap ng mga pagpapala ng pagbabayad-sala ng Tagapagligtas. Kung sila ay mayroong pananampalataya na si Jesus ay may kapangyarihang pagpalain ang buhay ng iba, igagalang nila ang kanilang pagkasaserdote at hahangaring gamitin ang kapangyarihan ng pagkasaserdote na ibinigay niya sa kanila upang pagpalain ang buhay

ng iba. Sila ay maaaring maging mabisang kinatawan ng Tagapagligtas sa pamamagitan ng pagpapakita ng kanilang pananampalataya sa kanya, sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan, sa pamamagitan ng pagtuturo sa iba na magkaroon ng pananampalataya sa kanya, at sa pamamagitan ng paggamit ng mga ordenansa ng pagkasaserdote upang pagpalain ang iba.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na paunlarin ang kanilang pananampalataya kay Jesucristo. Maaari ninyo silang hilingan na gawin ang mga sumusunod na bagay:

1. Sa susunod na ihahanda ninyo ang sakramento, tanungin ang inyong sarili kung ito ay ginagawa ninyo sa paraan na nagpapakita ng pananampalataya sa Tagapagligtas.
2. Suriin ang inyong pananampalataya. Kilalanin ang isang bagay na inyong ginagawa na hindi naaalinsunod sa pananampalataya na mayroon kayo sa pagbabayad-sala ni Jesucristo. Mangakong magpakabuti, at manalangin para sa higit na pananampalataya; pagkatapos ay isagawa ang inyong pangako.

# 4 Pagsama ng Espiritu Santo

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na siya ay maaaring tumanggap ng pang-araw-araw na tulong mula sa Espiritu Santo.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.

**PAALALA**

Maraming kabataang lalaki sa Simbahan ang hindi gumagamit ng kaloob ng Espiritu Santo nang madalas. Ang kaloob ay naroroon upang pagpalain at patnubayan sila araw-araw, subalit ang paggamit nito ay nangangailangan ng pagsisikap. Ang araling ito ay dapat humimok sa mga kabataang lalaki na gamitin nang higit na madalas ang kaloob ng Espiritu Santo at pumukaw sa kanila sa pamamagitan ng malakas na paniniwala na maaari nilang gawin ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Kaloob ng Espiritu Santo ay Isang Mahalagang Kaloob Mula sa Diyos**

Talakayan

- Halimbawa na pagkatapos ng mga oras ng pag-iisip at paghahanap ay nakapagpasiya kayo sa wakas tungkol sa isang regalo sa kaarawan ng isang kasapi ng inyong mag-anak. Natitiyak ninyo na gagamitin niya ito at masisiyahan dito. Nang ito ay ibigay ninyo sa kanya, sinabi niyang, "Salamat," at pagkatapos ay inilagay sa isang tabi. Pagkalipas ng ilang Linggo, napansin ninyo na hindi pa niya ginamit ito ni minsan. Ano ang inyong madarama? Bakit?
- Ano ang ipinagkaloob sa inyo ng Ama sa Langit noong kayo ay binyagan? (Ang kaloob ng Espiritu Santo.)
- Paano ninyo ginagamit ang mahalagang kaloob na ito?
- Ano sa palagay ninyo ang madarama ng Ama sa Langit kung hindi ninyo gagamitin ang kaloob na ito?

Ipaliwanag na tinatanggap natin ang karapatang mapasaatin ang Espiritu Santo bilang palagiang kasama kapag tayo ay pinagtibay na mga kasapi ng Simbahan. Ang kaloob ng Espiritu Santo ay mahalaga sa pagtulong sa atin na makabalik sa kinaroroonan ng ating Ama sa Langit. Upang matalinong magamit ang kaloob na ito, dapat nating malaman ang lahat ng dapat nating malaman tungkol dito at kung paano ito gumagana.

Banal na kasulatan at talakayan

- Sino ang Espiritu Santo? (Ang ikatlong kasapi ng Panguluhang Diyos.)
- Kung inilalarawan ninyo ang Espiritu Santo sa isang tao na hindi nakaaalam tungkol sa kanya, ano ang sasabihin ninyo?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 130:22. Tiyakin na nauunawaan nila na ang Espiritu Santo ay isang personaheng espiritu sa hugis ng isang tao.

Sipi at talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig kung ano ang matututuhan nila tungkol sa Espiritu Santo sa sumusunod na pangungusap mula kay Pangulong Lorenzo Snow:

"Magmula noong tanggapin natin ang Ebanghelyo, lumubog sa mga tubig ng pagbibinyag at ipinatong ang mga kamay sa atin pagkaraan para sa kaloob ng Espiritu Santo, mayroon na tayong kaibigan, kung hindi natin siya paaalisin mula sa atin sa pamamagitan ng paggawa ng masama. Ang kaibigan na iyon ay ang Banal na Espiritu, ang Espiritu Santo, na tumatanggap sa mga bagay ng Diyos at ipinakikita ang mga ito sa atin" (sa Conference Report, Abr. 1899, p. 52).

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa Espiritu Santo mula sa pangungusap na ito?

Bigyang-diin na siya ay kaibigan natin at kailangan nating mamuhay nang matuwid upang matamo ang pagsama niya.

- Ano ang ibig sabihin ng mamuhay nang matuwid?

Ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang tanong na ito. Maaari mong naising isulat ang mga sagot nila sa pisara.

Ipaliwanag na ang pamumuhay nang matuwid ay kinabibilangan ng mga bagay na tulad ng pagsamba, pananalangin, pagpapanatili sa ating mga katawan na malinis at malaya mula sa mga kalaswaan, at pag-iwas sa kahalayan. Kapag tayo ay nagtutungo sa mga hindi angkop na lugar o pinahihintulutan ang mga sarili natin na matangay sa mga hindi matuwid na kalagayan, kapag nagkagayon ay hihina ang pagtanggap natin sa mensahe ng Espiritu Santo, o hindi tayo makatatanggap ng anumang mensahe.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Nefias 16:10.

- Ano ang pangalan ng aguhon o bolang ito? (Liahona.)

Ipabasa sa kanila ang 1 Nefias 16:28.

- Ano ang nagpagana nang wasto sa Liahona? (Pananampalataya, pagsisikap, at paglilimi.)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Nefias 18:11–12.

- Nang itinali nina Laman at Lemuel si Nefias, ano ang nangyari sa Liahona? (Ito ay tumigil sa paggana dahil sa kasamaan nila.)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Nefias 18:21.

- Kailan nagsimulang gumanang muli ang Liahona?
- Saan inakay ng Liahona sa dakong huli si Nefias at ang kanyang mag-anak? (Sa lupang pangako.)
- Paanong ang Espiritu Santo ay katulad ng ating pansariling Liahona? (Siya rin ay gumagana ayon sa pananampalataya at pagkamatuwid natin. Kung sinusunod natin ang mga udyok niya, tayo ay aakayin sa isang lupang pangako—ang kahariang selestiyal.)

---

**Kailangan Nating Matutuhang Kilalanin ang Impluwensiya ng Espiritu Santo**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang pakikinig at pang-uunawa sa mga udyok ng Espiritu Santo ay nangangailangan ng pagsasanay at pagsisikap. Hindi tayo kadalasang tumatanggap ng tulong mula sa Espiritu Santo sa isang tinig o biglaang pagpapakita. Ang bulong ng Espiritu Santo ay kadalasang dumarating sa pamamagitan ng konsensiya natin. Dahil siya ay maaaring makilala sa pamamagitan ng mapayapang damdaming kasama ng patnubay niya, ang Espiritu Santo ay tinutukoy kung minsan bilang ang “payapa at maliit na tinig.” Iniimpluwensiyahan niya ang mga isipan at puso natin (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 8:2–3; 85:6).

Sipi

Si Elder Boyd K. Packer ay nagpatotoo nang katulad sa sumusunod sa mga kabataan ng Simbahan:

“Kung kayo ay makikinig sa payo ng inyong mga magulang at inyong mga guro at inyong mga pinuno habang kayo ay bata, matututuhan ninyong sundin ang pinakamainam na gabay sa lahat—ang mga bulong ng Espiritu Santo. Iyan ay isang pansariling paghahayag. May paraan upang tayo ay mabigyang babala sa mga panganib na espirituwal . . .

“Kung masasanay namin kayo na makinig sa mga espirituwal na pagbibigay-alam na ito, kayo ay mapapangalagaan. . . .  Matututuhan ninyo kung ano ang pakiramdam ng pinapatnubayan mula sa itaas. Ang inspirasyon na ito ay maaaring mapasainyo ngayon, sa lahat ng inyong gawain, sa paaralan, at pakikipagtipanan—hindi lamang sa inyong mga tungkulin sa Simbahan.

"Matuto nang manalangin ngayon at kung paano tumanggap ng mga sagot sa inyong mga panalangin. Kung kayo ay nananalangin tungkol sa ilang mga bagay, kailangan kayong buong tiyagang maghintay nang matagal-tagal bago kayo makatanggap ng sagot. May mga panalanging para sa inyong kaligtasan ay kinakailangang sagutin kaagad, at may mga pag-uudyok na darating kahit na hindi mo ipinanalangin. . . .

"Ang pangunahing pagsasanay na kailangan ninyong isagawa sa inyong kabataan upang maging malakas sa espirituwal at upang maging malaya ay nakasalalay sa inyong pagsunod sa inyong mga gabay. Kapag susundin ninyo sila at gagawin ito nang maluwag sa kalooban, matututuhan ninyong pagtiwalaan ang mga mahina, madaling madama, na mga espirituwal na pag-uudyok. Matututuhan ninyo na palagi, walang-sala, nila kayong aakayin na gumawa ng bagay na iyon na matuwid" (sa Conference Report, Abr. 1976, p. 46–47; o *Ensign,* Mayo 1976, p. 31–32).

- Paano natin matututuhang sundin ang mga bulong ng Banal na Espiritu? (Sa pamamagitan ng pagsunod sa mga payo ng mga magulang at mga pinuno habang tayo ay bata.)
- Sa anong mga uri ng gawain kayo tinulungan ng inspirasyon ng Espiritu Santo?
- Kailan ninyo nadama ang inspirasyon ng Espiritu Santo?

---

**Ang Espiritu Santo ay Mangangalaga, Aalo, at Magbibigay-Sigla**

Paglalahad ng tagapayo

Magbahagi ng mga karanasan mula sa inyong buhay nang ikaw ay pinangalagaan, inalo, o binigyang sigla ng Espiritu Santo, at anyayahan ang mga kabataang lalaki na gawin ang gayon din. Batay sa oras na nalalabi at sa tagumpay ng inyong talakayan, maaari mong naising gamitin ang mga sumusunod na ulat.

Kuwento

Si Bill ay kumukuha ng klase sa pagtatalumpati sa paaralan at inatasan na magbigay ng talumpati tungkol sa isang pinagtatalunang paksa. Ang talumpati ay magiging katumbas ng kalahati ng kanyang grado. Hindi makapagpasiya tungkol sa isang paksa, si Bill ay nanalangin para humingi ng tulong. Ang palagay na, "kung ikaw ay naghahanap ng isang pinagtatalunang paksa, piliin mo ang Aklat ni Mormon" ang napasakanya.

Umaasang hindi makasasakit ng damdamin ninuman, si Bill ay nagsimula ng kanyang paglalahad na ipinaliliwanag ang kasaysayan at nilalaman ng aklat. Subalit muli napasakanya ang Espiritu. Inisip niya sa kanyang sarili: "Wala akong pakialam kung ano ang mangyayari sa akin, o sa aking grado. Ang Aklat ni Mormon ay totoo, at kailangang malaman nilang lahat ito." Kaya siya ay nagsimulang magturo na tila siya ay nagtatalumpati sa mga tinuturuang hindi pa kasapi, na pinatototohanan ang Aklat ni Mormon.

Nang siya ay matapos, hinintay niya na pagtawanan siya ng ibang mag-aaral. Sa halip ay sumulat sila ng mga positibong tugon. Ang ilan ay sumulat ng, "Halos naniniwala ako sa katotohanan ng sinabi mo." Ang isa pang mag-aaral ay sumulat ng, "Nais ko talagang higit pang malaman ang tungkol sa inyong simbahan" (iniangkop mula kay Gene R. Cook, "Trust in the Lord," *Ensign,* Mar. 1986, p. 79).

Kuwento

Isinubsob ni Robert ang mukha niya sa kanyang unan. Ang lalamunan niya ay nanunuyo, at masakit ito. Tila nais niyang umiyak. Ganoon ang naramdaman niya sa buong magdamag, mula nang matapos ang paglilibing. Tila hindi naging makatarungan.

Ang tatay niya ay lubhang hindi pa naman gaanong katandaan upang mamatay, at iyon ay nakabigla sa lahat. Muli ay labis niyang dinamdam ang pagkawala at naramdaman na nangingilid ang mga luha. Pagkatapos ay naalala niya na hindi pa siya nanalangin, dumausdos siyang pababa sa kama at lumuhod, at tulad ng nakagawian, siya ay nagsimulang manalangin. Bigla ay tunay na nakikipag-usap sa Panginoon, na sinasabi sa kanya ang kanyang matinding lungkot at kakulangang pang-unawa. Paulit-ulit ay tinanong niya, "Bakit? Bakit kailangang mangyari iyon?"

Walang tinig, walang liwanag, at walang nakikitang sagot, ngunit bigla ay nakadama si Robert ng panatag at mapayapang katiyakan. Nalaman niya na ang tatay niya ay nasa mabuting kalagayan at sa kabila ng mga mahirap na panahon ng kalungkutan at pagkawala na magaganap, alam ng Ama sa Langit ang kanyang kalagayan at sa pamamagitan ng Espiritu Santo ay ibinigay sa kanya ang katiyakan na walang dapat ipag-alala.

- Paano aaluin ng Espiritu Santo ang mga nangangailangan?

---

**Katapusan**

Patotoo at hamon

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na mamuhay nang matuwid upang tumanggap ng mga pag-uudyok ng Espiritu Santo at makinig sa payapa at maliit na tinig habang pinapatnubayan nito ang mga gawain nila. Magpatotoo na kapag ginawa nila ito, maiiwasan ng mga kabataang lalaki ang maraming suliranin at makatatagpo ng higit na kagalakan at kaligayahan sa buhay.

Hamunin ang mga kabataang lalaki na makinig nang mabuti sa pamamatnubay ng Espiritu Santo at itala ang mga ganoong pagkakataon sa kanilang mga pansariling talaarawan.

# 5 Kalayaan sa Pagpili

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay matututo na sa pamamagitan ng paggamit ng kanyang kalayaan sa pagpili na pumili ng tama ay mapalalawak niya ang pansarili niyang kalayaan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Sa pisara, isulat ang nakahilig na titik na bahagi ng pangungusap ni Pangulong David O. McKay.
3. Kung ang *Family Home Video Supplement* (53276) ay makukuha sa pook ninyo, maari mong ipalabas ang bahagi 6, *"The Consequences of our Choices (The Pump)."* Maari mo ring ipalabas ang mga piniling bahagi ng *New Media Bible videocassette* na *Joseph and His Brothers* (53152).

**PAALALA**


Buong pananalanging basahin ang kuwento ni Jose na ipinagbili sa Ehipto (tingnan sa Genesis 37; 39–45). Ang buhay niya ay nagtuturo sa atin ng marami tungkol sa kalayaan sa pagpili at kalayaan. Kahit na noong hindi siya malaya sa pisikal, pinanatili niya ang kanyang kalayaang espirituwal at tunay na naging matapat. Ang halimbawa niya ay ang dapat na tularan ng bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pisara at talakayan

Iguhit sa pisara ang sumusunod na babala:




Hilingan ang mga kabataang lalaki na ilarawan sa kanilang isip na nakita ang ganitong babala habang naghahanap sila ng lugar na malalanguyan.

- Ang ganito bang babala ay makahahadlang sa kalayaan natin?
- Anong mga pagpili ang maaring mayroon tayo sa ganitong kalagayan? (Malaya tayong lumangoy sa ibang lugar; malaya tayong umuwi; malaya tayong huwag pansinin ang babala at lumangoy sa mapanganib na lugar.)
- Anong mga pagpili ang maaaring mayroon tayo sa sandaling pinaikutan tayo ng uli-uli at hinigop pababa?

- Kahit na malaya tayong pumili ng gagawin natin, hindi tayo palaging malaya na pumili ng kahihinatnan, o bunga, ng mga ginawa natin. Bakit ganito? (Ang mga kahihinatnan ay kasunod bilang mga likas na bunga.)

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Pangulong David O. McKay:

"Kasunod sa pagbibigay mismo ng buhay, ang karapatan upang pamahalaan ang buhay ang pinakadakilang kaloob ng Diyos sa tao. . . . *Ang kalayaang pumili ay higit na dapat pahalagahan kaysa sa anumang pag-aari na maipagkakaloob ng daigdig*" (sa Conference Report, Abr. 1950, p. 32; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

- Paano natin higit na mapahahalagahan ang kalayaan nating pumili?

Pagbasa at pagmarka ng mga banal na kasulatan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Helaman 14:30. Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang mga salitang "kayo ay malaya," "kayo ay pinahihintulutang magpasiya para sa inyong mga sarili," "binigyan kayo ng Diyos ng kaalaman," at "ginawa niya kayong malaya."

- Ano ang kahulugan ng talatang ito sa inyo?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang bawat tao ay may kalayaan sa pagpili. Tayong lahat ay makakapamili sa pagitan ng mabuti at masama, ngunit pagkatapos nating pumili, kailangan nating tanggapin ang mga kahihinatnan nito.

---

**Ang Wastong Paggamit ng Kalayaan sa Pagpili ay Nakapagpapalawak sa Ating Pansariling Kalayaan**

Pag-aaral ng banal na kasulatan at talakayan

Ipabuklat sa mga kabataang lalaki ang Genesis 37 at ipabasa ito nang tahimik. Ipaliwanag na susuriin nila ang mga ginawa ng isa sa mga pinakadakilang tao sa mga banal na kasulatan: Si Jose na ipinagbili sa Ehipto.

Ang mga sumusunod na katanungan ay ibinibigay upang tulungan ang tagapayo na tulungan ang mga kabataang lalaki na makita ang mga bagay sa mga banal na kasulatan na maaaring hindi nila makita. Gamitin ang mga katanungang ito o ibang mga katulad nito. Huwag basahin ang mga ito mula sa manwal.

- Sino ang lumabas na pinakamalaya, si Jose o ang mga kapatid niyang lalaki?
- Sa anong paraan hindi malaya si Jose?
- Sa anong paraan malaya si Jose?
- Sa anong paraan malaya ang mga kapatid na lalaki ni Jose?
- Sa anong paraan sila hindi malaya?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Genesis 39:1–4.

- Sa anong mga paraan naging malaya si Jose noong unang ipinagbili siya kay Potiphar?
- Sa anong mga paraan siya hindi naging malaya?
- Anong mga kalayaan ang natamo ni Jose dahil sa matuwid niyang asal?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Genesis 39:7–20.

- Sa pamamagitan ng pagtutol sa tukso ng asawa ni Potiphar, anong kalayaan ang nawala ni Jose?
- Anong kalayaan ang napanatili ni Jose?
- Sa anong mga paraan naging malaya ang asawa ni Potiphar?
- Sa anong mga paraan siya hindi naging malaya?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Genesis 39:21–22.

- Anong mga kalayaan ang natamo ni Jose habang nasa kulungan?
- Paano niya natamo ang mga kalayaan na iyon?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Genesis 40:8–15, 20–23.

- Anong kalayaan sa palagay ninyo ang inisip ni Jose na malapit na niyang matamo nang umalis sa kulungan ang katiwala ng saro?

- Anong mga kalayaan ang natamo ni Jose matapos niyang ipaliwanang ang mga panaginip ng Faraon?
- Isinasaalang-alang kapwa ang pisikal at espirituwal na kalayaan, sino ang pinakamalayang tao sa Ehipto?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Genesis 42:1–3.

- Sa anong paraan hindi naging malaya ang pamilya ni Jose? (Sila ay nasa pisikal na pagka-alipin, dahil wala silang pagkain.)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Genesis 50:15–21.

- Anong uri ng pagka-alipin ang dinanas ng mga kapatid na lalaki ni Jose sa loob ng higit na labing limang taon?
- Anong kalayaan ang maaaring nawala ni Jose kung siya ay naging mapaghiganti at sinikap na gumanti sa mga kapatid niyang lalaki?
- Bakit sa palagay ninyo ginamit ni Jose ang kalayaan niya sa pagpili na pumili na gumawa ng mga bagay na nagdala sa kanya sa pisikal na pagka-alipin?
- Anong payo sa palagay ninyo ang ibibigay ni Jose sa atin tungkol sa mga tamang pagpili at ang mga kahihinatnan nito?

---

**Katapusan**

Patotoo at hamon

Ibahagi ang iyong mga nadarama tungkol sa mga kalayaan na nagmumula sa paggamit ng kalayaan natin sa pagpili na sundin ang Panginoon. Kung maaari, magsalaysay ng sariling karanasan upang patunayan ang alituntuning ito.

Ibigay ang mga sumusunod na hamon sa mga kabataang lalaki:

1. Muling basahin ang kuwento ni Jose, at pag-isipang mabuti kung paano siya naging isang makapangyarihang kasangkapan ng kabutihan dahil matalino siyang pumili.
2. Sa buhay ninyo at sa buhay ng mga nakapaligid sa inyo, pagmasdan ang mga paraan kung paano naaapektuhan ng mga pagpili ang kalayaan.
3. Basahin at isipin ang himno na “Bawa’t Kalul’wa’y Malaya” *(Babaeng Banal sa Huling-araw, B)*.
4. Gamitin ang kalayaan ninyo sa linggong ito sa pamamagitan ng pagpili ng isang mahalagang gawain ng mabuting pakikipagkapwa o paglilingkod na nagpapakita ng maluwag sa kalooban na pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon. Isulat ang mga kinahinatnan sa inyong pansariling talaarawan.

# Mala-Cristong Paglilingkod

# 6

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magnanais na paglingkuran ang iba sa pamamagitan ng pagtupad sa kanyang mga pananagutang pagkasaserdote.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   c. Dalawa o tatlong kasangkapan o mga larawan ng kasangkapan.
2. Ipakita ang videocassette ng *Member Involvement for Meetinghouse and Grounds Care* (53657), kung may makukuha nito sa inyong lugar.

**PAALALA**

Ang araling ito ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataong isalaysay ang buhay-paglilingkod ng Tagapagligtas bilang isang halimbawa sa bawat kabataang lalaki. Itinalaga ni Jesus ang buhay niya sa paglilingkod sa iba at pagtuturo sa kanila ng ebanghelyo. Isinagawa niya ang pinakadakila niyang paglilingkod nang kusang-loob na isinakripisyo niya ang sarili niyang buhay upang iligtas tayo mula sa kasalanan (tingnan sa 1 Nefias 11:13–33; 3 Nefias 27:13–16; Doktrina at Mga Tipan 76:40–42). Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ipinakikita natin ang pananampalataya natin kay Cristo sa pamamagitan ng mga gawaing Kristiyanong paglilingkod.

**MUNGKAHING PAGBUO NG ARALIN**

**Ang Pinakadiwa ng Pananagutang Pagkasaserdote ay Paglilingkod**

Pakay-aralin at talakayan

Ipakita ang ilang kasangkapan o mga larawan ng kasangkapan.

- Ano ang nagpapagana sa mga kasangkapang ito?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na magpasiya na kahit anupaman ang layunin ng mga kasangkapang ito, maisasagawa nila ang tungkulin nila sa mga kamay lamang ng mga tao.

Sipi

Ipinaliwanag ni Elder Marion D. Hanks ang uri ng mga kasangkapang ginagamit ng Ama sa Langit:

“Sinabi ng Panginoon, na tinutukoy ang mga tagapaglingkod Niya: Ang mga bisig nila ay magiging bisig ko [Doktrina at Mga Tipan 35:14]. Naisip ninyo na ba ito? . . . Sinasabi ng Panginoon na ang kamay kong ito ay kamay Niya. Ang isipang ito, ang dilang ito, ang mga kamay na ito, ang mga paang ito, ang pitakang ito—tanging ang mga kasangkapang ito ang kanyang gagamitin kung ako ang tatanungin . . . Kung kayo ang tatanungin, ang mga bisig ninyo, ang mga pinagkukunan ninyo, ang katalinuhan ninyo, ang dila ninyo, ang lakas ninyo, ang tanging mga kagamitan na gagamitin ng Panginoon” (*Service, Brigham Young University Speeches of the Year*, [Provo, 15 Okt. 1958], p. 3).

- Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito sa inyo?

Sipi

Higit na binigyang-diin ni Pangulong Thomas S. Monson na tayo ay mga kasangkapan ng Panginoon:

“Ang bawat maytaglay ng pagkasaserdote . . . ay may tawag na maglingkod, na ibigay ang pinakamahusay niyang pagsisikap sa gawaing iniatas sa kanya. Walang gawaing maliit sa gawain ng Panginoon, sapagkat ang bawat isa ay may mga walang-hanggang kahihinatnan. Binalaan tayo ni Pangulong John Taylor: ‘Kung hindi ninyo gagampanan nang mabuti ang inyong mga tawag, pananagutin kayo ng Diyos sa mga maaaring nailigtas sana ninyo kung ginawa ninyo ang tungkulin ninyo. At sino sa atin ang makatitiis na managot sa pagkakaantala ng buhay na walang-hanggan ng isang kaluluwa ng tao’ ’ . . .

“Ang matandang kasabihan ay palaging totoo: ‘Gampanan mo ang iyong tungkulin, iyan ang pinakamainam; ipaubaya sa Panginoon ang iba.‘

“Ang karamihan sa mga paglilingkod na ipinagkakaloob ng mga maytaglay ng pagkasaserdote ay naisasagawa nang tahimik at walang maingay na pagdiriwang. Ang isang magiliw na ngiti, mainit na pakikipagkamay, tapat na patotoo tungkol sa katotohanan ay tunay na makaaalo ng buhay, makapagpapabago ng likas na pagkatao, at makapagliligtas ng mga mahalagang kaluluwa” (sa Conference Report, Abr. 1992, p. 70; o *Ensign,* Mayo 1992, p. 48).

- Anong tawag ang taglay ng bawat maytaglay ng pagkasaserdote?

---

**Ang Pagiging Handang Maglingkod ay Nagpapakita ng Ating Pagmamahal sa Iba**

Banal na Kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Mosias 2:17. Ituro ang talasanggunian ng banal na kasulatang ito sa talababa sa salitang *paglilingkod*. Imungkahi na markahan nila ang mga talasanggunian sa Mateo 25:40 at Doktrina at Mga Tipan 42:31.

- Ano ang pinakatampok na mensahe ng mga banal na kasulatang ito?
- Kanino tayo nadadaliang maglingkod?
- Kanino tayo nahihirapang maglingkod?
- Bakit sa palagay ninyo itinuro ni Jesus na kung ano ang ginagawa natin sa mga pinakamaliit niyang kapatid ay ginagawa natin sa kanya? (Binibigyang-diin ni Jesus na nagmamahal sa lahat, na dapat din nating mahalin at paglingkuran ang lahat, maging ang mga inakala nating “pinakamaliit” sa atin.)

Kuwento at talakayan

Ipabasa o ipasalaysay sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na kuwento tungkol sa isang matandang mangingisda.

“Ang bahay namin ay katapat na katapat ng pasukan ng Ospital na John Hopkins sa Baltimore. Sa ibaba kami naninirahan at pinauupahan ang mga silid sa itaas sa mga uwiang pasyente ng klinika.

“Isang gabi ng tag-araw habang ako ay naghahanda ng hapunan, may kumakatok sa pintuan. Binuksan ko ito upang makita ang isang may tunay na kakila-kilabot na anyong matandang lalaki.

“ ‘Bahagya lamang ang itinangkad niya sa walong taong gulang ko, ’ ang inisip ko habang nakatingin sa hukot, nangulubot na katawan.

“Ngunit ang nakatatakot ay ang mukha niya—tabingi dahil sa pamamaga, mapula at sariwa.

“Ngunit ang tinig niya ay kalugod-lugod habang sinasabi niyang, ‘Magandang gabi ho. Naparito ho ako upang alamin kung mayroon kayong silid kahit man lamang sa isang gabi. Naparito ako upang magpagamot kaninang umaga mula sa silangang baybayin, at wala nang bus hanggang bukas ng umaga.’

“Sinabi niya sa akin na kaninang tanghali pa siya naghahanap ng silid subalit walang makita. ‘Sa palagay ko ay dahil sa mukha ko. Alam kong nakakikilabot ang anyo ko, ngunit ang sabi ng doktor ko ay mga ilang gamutan pa . . . ’

“Sumandali akong nag-atubili ngunit ang mga sumunod niyang salita ay humikayat sa akin, ‘Maaari akong matulog sa tumba-tumbang ito sa harapan ng bahay. Maagang aalis ang sasakyan kong bus bukas.’

“Sinabi ko sa kanya na ihahanap namin siya ng mahihigaan, ngunit pansamantalang magpahinga sa harapan ng bahay. Pagkatapos ay pumasok ako at tinapos na ihanda ang hapunan. Nang handa na kami, tinanong ko ang matandang lalaki kung nais niyang saluhan kami.

“ ‘Sige, salamat na lang. Marami akong baon.’ At itinaas niya ang isang kulay-kayumangging supot.

" 'Nang mahugasan ko ang mga pinagkainan, pumunta ako sa harapan ng bahay upang makipag-usap sa kanya nang ilang minuto. Hindi nangailangan ng matagal na panahon upang makita na ang matandang lalaking ito ay may malaking puso na nasa loob ng maliit na katawang iyon.

"Sinabi niya sa akin na nangingisda siya upang tustusan ang kanyang anak na babae, ang lima nitong anak, at ang asawa nitong baldado dahil sa kapinsalahan sa likod. Hindi niya sinabi ito bilang isang hinaing; ang bawat pangungusap ay pinangungunahan ng pasasalamat sa Diyos sa pagpapala. Nagpapasalamat siya na walang kasamang kirot ang kanyang karamdaman, na tila isang uri ng kanser sa balat. Pinasalamatan niya ang Diyos sa pagbibigay sa kanya ng lakas upang magpatuloy.

"Nang oras na upang matulog, naglagay kami ng natitiklop na higaan sa silid ng mga bata para sa kanya. Nang bumangon ako kinaumagahan, ang mga kumot ay nakatiklop nang maayos at ang maliit na matandang lalaki ay nasa harapan ng bahay. Tumanggi siyang mag-almusal, ngunit bago siya lumisan upang sumakay sa bus, humihinto na tila humihingi ng malaking tulong, sinabi niya, 'Maaari ba akong bumalik at tumuloy rito sa susunod na ako ay magpapagamot? Hindi ko kayo gaanong gagambalain—nakatulog naman ako nang mahimbing sa isang upuan! Saglit siyang huminto at pagkatapos ay idinagdag, 'Tinulungan ako ng mga anak ninyo na madama na parang nasa amin ako. Ang mga matatanda ay nababahala sa mukha ko, ngunit tila di-alintana ito ng mga bata.

"Sinabi ko sa kanya na maluwag na tatanggapin siyang bumalik. At sa sumunod niyang pagpunta ay dumating siya ng mga lampas nang kaunti ng ikapito ng umaga. Bilang regalo, dinalhan niya kami ng malaking isda at ikaapat na bahagi ng isang galon ng pinakamalalaking talaba na aking nakita. Sinabi niya na nilinis niya ang mga ito nang umagang iyon bago siya umalis upang ang mga ito ay maging maganda at sariwa. Alam ko na ang bus niya ay umalis noong ikaapat ng umaga at nagtaka ako kung anong oras siya dapat gumising upang gawin ito.

"Sa mga taon na pumarito siya upang tumira nang magdamag sa amin, walang panahon kailanman na hindi niya kami dinalhan ng isda o mga talaba o mga gulay mula sa halamanan niya.

"Sa ibang pagkakataon naman ay nakatatanggap kami ng mga pakete mula sa koreo, na palaging sa pamamagitan ng sadyang paghahatid: isda at mga talaba na nakalagay sa kahon na nakabalot sa sariwang kangkong o repolyo, na ang bawat dahon ay buong ingat na hinugasan. Ang pagkaalam na kailangan niyang maglakad ng tatlong milya upang ihulog sa koreo ang mga ito, at kung gaano kakaunti ang pera niya, ang lalong nagbigay halaga sa mga regalo.

"Kapag natatanggap ko ang munting alaalang ito, madalas kong naiisip ang puna ng aming kapit-bahay pag-alis niya noong unang umagang iyon. ''Pinatuloy mo ba ang may kakila-kilabot na anyong lalaking iyon kagabi? Tinanggihan ko siya. Mawawalan ka ng mga uupa ng silid kung pahihintulutan mo ang gayong uri ng tao.'

"At maaari ngang nawalan kami, minsan o dalawang ulit. Ngunit naku! Kung nakilala lamang nila siya, marahil ay higit na naging madali sa kanila na pasanin ang kanilang karamdaman. Alam ko na ang mag-anak namin ay palaging magpapasalamat na nakilala namin siya; mula sa kanya ay natutuhan naming tanggapin ang masama nang walang hinaing at ang mabuti nang may pasasalamat sa Diyos" (Mary Bartels, *"The Old Fisherman,"* Instructor, Mayo 1968, p. 180–81)."

- Anong mga uri ng paglilingkod ang ibinigay sa kuwentong ito?
- Sino ang tagapagbigay? Sino ang tagatanggap?
- Paano kayo biniyayaan ng pagbibigay ng paglilingkod sa iba?

Kuwento at talakayan

Ipaliwanag na maraming gawain ng paglilingkod ang hindi nangangailangan ng mga pagtatalaga. Ang gawain ng Panginoon ay nangangailangan ng mga nagkukusang kamay, mapagmahal na saloobin, at pananaw sa itinuro ng Tagapagligtas. Isinalaysay ni Pangulong Thomas S. Monson ang tungkol sa sumusunod na liham na tinanggap niya mula sa isang balo sa kanyang istaka:

"Mahal na Pangulong Monson,

"Hayaan ninyong isalaysay ko sa inyo ang isang kahanga-hangang karanasan na naranasan ko. Noong mga unang araw ng Nobyembre ay tumanggap ng paanyaya ang lahat ng mga balo at nakatatanda upang dumalo sa isang kaaya-ayang hapunan. Sinabi sa amin na huwag mag-alala tungkol sa sasakyan dahil ito ay ipagkakaloob ng mga nakatatandang kabataan sa purok namin.

"Sa itinakdang oras, isang labis na kalugod-lugod na kabataang lalaki ang tumimbre at isinama ako at isa pang kapatid na babae sa sentro ng istaka. Inihinto niya ang kotse, at dalawa pang kabataang lalaki ang kasama naming naglakad papunta sa kapilya na kung saan naroroon ang mga kabataang babae na nagdala sa amin sa kung saan namin tinanggal ang aming mga balabal—pagkatapos ay sa bulwagang pangkalinangan, kung saan kami ay naupo at nagkumustahan nang mga ilang minuto. Pagkaraan ay dinala nila kami sa mga lamesa, na kung saan ay katabi namin ang isang kabataang lalaki o babae. Pagkatapos ay pinakain kami ng kaaya-ayang . . . hapunan at pagkatapos ay [nagkaroon] ng napakahusay na palatuntunan . . .

"Tunay na iyon ay naging isang maganda at kaaya-ayang gabi. Ang karamihan sa amin ay lumuha nang mga ilang beses sa pagmamahal at paggalang na ipinakita sa amin.

"Pangulong Monson, kapag nakikita ko ang mga kabataan na itinuturing ang iba sa paraan na ginawa ng mga kabataang ito, sa pakiramdam ko ay nasa mga mabuting kamay ang Simbahan" (sa Conference Report, Okt. 1989, p. 60; o *Ensign,* Nob. 1989 p. 46).

- Sa anong mga paraan nagpapakita ng pagmamahal ang ganitong uri ng paglilingkod?
- Ano ang kaugnayan ng pagmamahal at paglilingkod?
- Paano pinalago ng paglilingkod ang pagmamahal ninyo sa iba?

Kuwento at talakayan

Basahin ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Elder F. Melvin Hammond:

"Habang ako ay naglilingkod bilang isang pangulo ng misyon sa Bolivia, isang kahanga-hangang elder ang pumunta upang makipagkita sa akin. Iyon ay halos sa katapusan na ng misyon niya. Siya ay malungkot na malungkot. . . .

"Isinalaysay muli niya ang mga naunang pagsisikap na ginawa niya sa misyon na magtrabaho nang mabuti, manalangin nang madalas, sundin ang mga tuntunin—na tiyak na umaasa na mabibiyayaan siya sa daan-daang pagbibinyag. Ngunit, sa kasawiang-palad ay hindi dumating ang mga pagbibinyag. Unti-unti ay bumagal ang paggawa niya. . . .

"Sa kawalan ng pag-asa ay sinabi niya sa akin, 'Wala akong silbi! Ang ginagawa ko ay hindi makapagdudulot ng kaibahan.' Pagkatapos, tila may hinahanap ay mabilis niyang tinanong, 'Makapagdudulot po ba ng kaibahan, Pangulong Hammond." ' Kaagad ay sumagi sa isipan ko ang mga katulad na katanungan. Makapagdudulot kaya siya ng kaibahan? Ako kaya? Ang iba kaya? Mahalaga kaya kung ano ang ginawa ng isang tao?

"Pagkatapos, sa isipan ko ay nakita ko ang napakaraming tao at pangyayari na nakapagdulot ng kaibahan. Ipinaalala ko sa kanya . . . si Copernicus, na nagpabago nang lubusan sa agham ng astronomiya; at si Mohandas K. Gandhi, na sa pamamagitan ng pagtuturo ng kapayapaan at pagmamahal ay nagdulot ng kalayaan sa inang bayan niya sa India.

"Sinabi ko sa kanya kung paano nakita ni [Joseph Smith] ang buhay na Diyos at si Jesucristo. . . . Kumikilos sa pamamagitan ng mga pagpapaalala nila, isang bata, isang tao ang nagsimula sa hindi kapani-paniwalang gawain ng paghahanda ng daan upang maipangaral ang ipinanumbalik na ebanghelyo . . . sa bawat bansa, kaanak, wika at mga tao. . . .

"Pagkatapos ay dumako ako sa panghuli, ngunit hindi hamak na pinakamahalaga sa lahat. Siya ang bugtong na Anak ng Ama sa laman. . . . Isang tao! Ang anak ng Walang-hanggang Diyos, na siyang nagpailalim sa kanyang sarili sa maraming bagay upang ikaw at ako ay maaaring mabuhay muli nang may pag-asa ng Buhay na Walang-hanggan.

"Inilagay ko ang kamay ko sa kamay ng batang misyonero at tinanong siya kung handa na siyang bumalik sa pinaglilingkuran niya. Tinanong ko siya kung makapagdudulot siya ng kaibahan sa buhay ng mga natatanging anak na taga Bolivia ng ating Ama sa Langit. . . .

"Bagama't siya ay naging mahina, ako ay nakadama ng panloob na pagtitiwala sa kanya. Ako man ay nagulat sa pagtatalaga sa kanya sa isa sa pinakamahirap at liblib na pook ng Bolivia—sa isang maliit na pamayanan na tinatawag na Bermejo. Ang gawaing misyonero roon ay matagal-tagal na ring lubhang mahirap. . . .

"Sa lingguhan niyang mga ulat sinabi ng misyonero ang mga pagsisikap niya na puntahan ang mga tao at ipangaral ang ebanghelyo sa kanila. Ipinahiwatig niya na mabagal silang makinig, ngunit ipinagpapatuloy niya ang matapat niyang paglilingkod. . . .

"At pagkatapos ay nangyari ito. Sa loob ng isang gabi, isang maliit na ilog na dumadaloy malapit sa nayon na pinalala ng malalakas na pag-ulan sa kabundukan ang umapaw sa taas na hindi pa kailanman nila naranasan. Ang mga tahanan ay natangay at ang mga tao ay nalunod. Ang tanging tulay na nag-uugnay sa lungsod sa pangunahing lansangan ay nasira sa kinatatayuan at inanod pababa. May kaguluhan sa lahat ng dako.

"Dalawang batang misyonero ang naipit sa kaguluhan. At ang isa, malamang ay inaalala na "ang isang tao ay makapagbibigay-halaga; ang tumalon sa maalong tubig upang iligtas ang maraming nalulunod; hinanap niya ang mga natabunan sa ilalim ng mga gumuhong gusali; nagbigay siya ng kaginhawaan sa mga sugatan at tulong sa mga nagugutom.

"At isang himala ang nangyari. Siya ay naging isang bayani . . . Ang mga naunang tumanggi sa kanya at sa mensahe na dinala niya ang sila ngayong humahanap sa kanya. . . . Tinanggap nila ang nag-aalab niyang patotoo tungkol kay Jesucristo at sa ebanghelyo na ipinanumbalik sa pamamagitan ni Joseph Smith.

"Sa mga ilang buwan na natitira sa misyon niya, marami siyang dinalang kahanga-hangang tao sa Simbahan. Ngayon, isang magandang kapilya ang nakatayo sa Bermejo. Sa araw ng Pangilin, ito ay puno ng mga kasapi na naaalala pa rin ang isang matapat na elder na nakapagbigay-halaga" ("You Can Make a Difference," *New Era,* Mar. 1991, p. 45–47).

- Paano nakaimpluwensiya ang paglilingkod ng iba sa inyo?
- Paano kayo nabiyayaan ng paglilingkod ng isang tao?
- Paano tayo makapaglilingkod nang higit na makabuluhan sa mga katungkulan natin sa pagkasaserdote?

Sipi

Basahin at talakayin ang sumusunod na sipi na kasama ang mga kabataang lalaki.

"Tunay na napapansin tayo ng Panginoon, at pinagmamasdan niya tayo. Ngunit kadalasan ay sa pamamagitan ng ibang tao niya tinutugon ang mga pangangailangan natin" (Spencer W. Kimball, "President Kimball Speaks Out on Service to Others," *New Era,* Mar. 1981, p. 47).

---

**Katapusan**

Sipi

Ibahagi ang sumusunod na pangungusap mula kay Elder Marvin J. Ashton: "Kumuha ng lapis at papel sa simula ng bawat linggo at tunay na isulat ang mga makatotohanang paraan na maaari mong gawin at ipahayag ang pagmamahal mo . . . sa iba sa iyong buhay. Ang pagmamahal ay isang hindi tiyak na salita. Upang maani natin ang mga kapakinabangan ng pagmamahal, kailangang gumawa ng tiyak na kilos" ("Yellow Ribbons and Chartered Courses," *New Era,* Hulyo 1981, p. 17).

Pisara at talakayan

Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara:

| |
|---|
| Mga magulang<br>Mga kapatid<br>Mga kapitbahay<br>Pamayanan<br>Purok |

- Anong mga uri ng paglilingkod ang maisasagawa natin sa bawat isa sa mga bahaging ito? Isulat ang mga sagot sa tabi ng bawat salita.
- Paano nating higit na masusunod ang halimbawa ng paglilingkod ng Tagapagligtas?

Hamon

Mula sa mga nakasulat sa pisara, bilugan ang naunang dalawang bagay: Mga Magulang at Mga Kapatid. Himukin ang mga kabataang lalaki ng gumawa ng isa man lamang na bagay na tinalakay nila ngayon para sa kanilang mga magulang at pamilya at gawin itong gawi. Himukin sila na manalangin para sa lakas at patnubay sa pagsunod sa halimbawa ng paglilingkod ng Tagapagligtas.

# Ang Walang-hanggang Kahalagahan ng Pamilya

# 7

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na ang pamilya ang pinakamahalagang samahan ngayon at sa kawalang-hanggan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   c. Isang piraso ng papel o kard para sa bawat kabataang lalaki.
2. Kung ang *Family Home Evening Video Supplement* (53276) ay makukuha sa pook ninyo, ipakita ang bahagi 1, *"Fortifying Your Family."*

**PAALALA**

Hanggang sa bahaging ito sa buhay ng mga kabataang lalaki, marahil ay kakaunti pa lang ang karanasan nila sa mga samahan maliban sa sarili nilang mga pamilya. Ngunit habang higit silang nagkakaroon ng kasarinlan at kalayaan, sila ay kadalasang nailalayo mula sa mga pamilya nila tungo sa ibang mga hilig at gawain. Bigyang-diin na bagama't ang ibang mga gawain ay kapaki-pakinabang at mahalaga sa isang kabataang lalaki, ang pamilya ang may pinakatampok na ginagampanan kapwa sa panahon at sa kawalang-hanggan. Maging madaling makaramdam sa mga iba't ibang kalagayan sa pamilya ng mga kabataang lalaki na tinuturuan ninyo.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Pamilya ang Pinakamahalagang Samahan Ngayon at sa Kawalang-hanggan**

Pisara

Ipaliwanag na ang daigdig ay puno ng mga kapisanan, unyon, at iba't ibang uri ng samahan.

- Ano ang ilan sa mga samahan at kapisanan sa ating pamayanan?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Tiyakin na ang salitang *pamilya* ay nasa listahan.

Talakayan

- Aling samahan sa listahang ito ang pinakamahalaga? (Tulungan silang magpasiya, ang pamilya.)
- Bakit ang pamilya ang pinakamahalagang samahan na kailanman ay kaaaniban mo? (Sapagkat ito ay walang-hanggan; ito ay kaloob ng Diyos. Mapauunlad natin ang pinakamabuti nating pag-uugali at katangian sa tahanan.)

Sipi at talakayan

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, "Ang pamilya ang saligang yunit ng kaharian ng Diyos sa lupa" (sa Conference Report, Abr. 1978, p. 67; o *Ensign,* Mayo 1978, p. 45).

- Bakit sa palagay ninyo inilagay tayo ng Ama sa Langit sa mga pamilya?
- Paano makatutulong ang mga pamilya na itatag ang kaharian ng Diyos?
- Paano kayo nabiyayaan ng pagiging bahagi ng isang pamilya?

Gawaing pampisara

Isulat ang mga sumusunod na pamagat sa pisara:

Pamilya
Simbahan
Paaralan
Iba pang lugar

Isulat ang sumusunod na listahan ng mga asal at tanungin ang mga kabataang lalaki kung saan nila unang natutuhan ang bawat asal.

| | | |
|---|---|---|
| kumain | maging palakaibigan | maging malinis |
| lumakad | magkaroon ng pananampalataya | maging matapang |
| magsalita | maging mapagpatawad | maging magalang |
| maglaro | maging maalalahanin | maging mapitagan |
| manalangin | maging mabait | magpakita ng paggalang |
| magmahal | maging matapat | maging matulungin |
| | maging tapat | |

- Paano ninyo natutuhan ang mga bagay na ito sa inyong tahanan?
- Paano ninyo matutulungan ang tahanan ninyo na maging higit na magandang lugar?

Banal na kasulatan at talakayan

Pamarkahan at ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Juan 3:1.

- Ano ang sinasabi ng banal na kasulatang ito sa kaugnayan natin sa ating Ama sa Langit? (Tayo ay mga anak niya, at minamahal niya tayo.)

Ipabasa at pamarkahan sa bawat kabataang lalaki ang Mga Hebreo 12:9 upang higit na bigyang-diin ang kaugnayang ito.

- Sa anong paraan tayo naging magkakapatid lahat?
- Bukod dito sa lupa, saan pa magkakaroon ng mga pamilya? (Sa pinakamataas na antas ng kahariang selestiyal.)
- Bakit sa palagay ninyo mahalaga na ang mga ugnayang pampamilya ay magpatuloy matapos na mamatay tayo?

---

**Kayo ay Makagagawa ng Kaibahan sa Inyong Pamilya**

Pisara at talakayan

- Ano ang kailangan nating gawin upang tulungan ang ating pamilya na maging isang walang-hanggan, selestiyal na pamilya?

Isulat ang *Ibinuklod* at *Karapat-dapat* sa pisara.

Isalaysay ang sumusunod na kuwento tungkol sa nadama ng isang kabataang lalaki sa biyaya ng pagkakabuklod ng kanyang pamilya sa kawalang-hanggan.

Kuwento at talakayan

Isinalaysay ni Pangulong Phillip Sonntag ang kuwentong ito noong mga panahon na siya ay naglilingkod bilang isang pangulo ng misyon sa New Zealand. Isang bagong misyonero ang nagsabi sa kanya na ang pamilya niya ay tinuruan ng ebanghelyo ng mga misyonero habang naninirahan sa Scotland. Ang lahat ay sumapi sa Simbahan maliban sa tatay niya. Pagkaraan ay lumipat ang pamilya niya sa Australia, kung saan ang kabataang lalaki ay lumaki at tinawag sa misyon.

Nang ang kabataang lalaki ay itinalaga, ipinangako sa kanya ng pangulo ng istaka na kung siya ay matapat at gumawa nang mabuti habang nasa kanyang misyon, ang pamilya niya ay magsasama-sama sa ebanghelyo at sa huli ay maibubuklod sa templo. Sinabi ng batang elder na iyon ang nais niya nang higit sa anupaman sa daigdig.

Sa mga pakikipanayam niya kay Pangulong Sonntag, palaging itinatanong ng elder, “Pangulo, ako po ba ay isang mabuting misyonero?” Sa wakas, nang tatlong buwan na

lamang ang nalalabi sa misyon niya, ang elder ay nagtanong ng ibang tanong, "Pangulo, bakit hindi pa po sumasapi sa Simbahan ang tatay ko?" Tiniyak sa kanya ni Pangulong Sonntag na tutuparin ng Panginoon ang mga pangako niya. Sinabi ng elder, "Kung gayon, magiging higit na mabuti akong misyonero." May mga luhang dumadaloy sa kanyang mukha, idinagdag niya, "Gagawa ako nang hindi nag-aaksaya ng panahon upang matupad ko ang bahagi ko sa kasunduan."

Ito ay ginawa niya, at siya ay naging kasangkapan sa pagbibinyag ng maraming pamilya. Ang panahon ay mabilis na lumipas. Isang linggo bago siya umalis, ang mga elder na malapit nang umuwi ay dinala sa tahanan ng misyon para sa isang natatanging palatuntunan kasama ng pangulo ng misyon.

Pagkatapos ng pagpupulong, ang elder ay labis na kinakabahan at humiling ng isa pang pakikipagpanayam. Dinala siya ni Pangulong Sonntag sa silid-tulugan, at tinanong ng elder, "Pangulo, maaari po ba akong tumawag sa tatay ko?" Pumayag si Pangulong Sonntag.

Ang elder ay tumawag pagkaraan ng dalawang oras; at ang nanay niya ang sumagot. Matapos ang mga masasayang pagbati, itinanong ng elder, "Inay, kumusta po si Itay?" Sumagot ang nanay niya na wala siyang makitang pagbabago. Pagkaraang tumigil na sandali, sinabi ng elder, "Maaari ko po bang kausapin si Itay."

Nang ang ama ay nasa telepono na, sinabi ng elder, "Itay, gumawa ako nang mabuti hanggang sa abot ng makakaya ko at ako ay naging matagumpay, ngunit ang misyon ko ay walang kabuluhan sa akin kung ang sarili kong pamilya ay hindi sama-sama sa Simbahan. Kaya hinahamon ko kayo na magpabinyag sa susunod na Sabado pagbaba ko ng eroplano."

May mahabang paghihintay, pagkatapos ay ang mga salitang, "Sabado, Anak?"

"Opo, Itay. Sabado."

Isa pang mahabang paghihintay pagkatapos ay, "Sige, anak. Sige"

Halos hindi pa naibabalik sa lalagyan ang telepono nang may hiyaw ng kagalakan na halos tumanggal sa bubong ng tahanan ng misyon.

Nang ang elder ay dumating sa paliparan noong sumunod na Sabado, walang sumalubong sa kanya. Sa wakas, dumating ang Obispo at tiniyak sa kanya na ang lahat ay nasa mabuting kalagayan. Nagtungo sila sa sentro ng istaka, at nang itulak ng obispo ang pintuan na patungo sa pinagbibinyagan, nakatayo na suot ang mga puting damit, na nasa tubig ay ang tatay niya. Isinuot ng elder ang mga sarili niyang puting damit, at may mga luha sa mata, itinaas niya ang kamay niya sa parisukat at bininyagan ang tatay niya.

Nagbihis sila, at pinagtibay ng elder ang tatay niya. Nakatayong malapit sa kanila, sinabi ng pangulo ng istaka, "Elder, maaari ka bang pumunta sa tanggapan ko upang pawalang-bisa ang pagtatalaga sa iyo bilang isang misyonero?"

- Ano ang ginawa ng misyonero na nagpakita na tunay na nagmamalasakit siya sa pamilya niya at nais silang maging isang walang-hanggang mag-anak? (Nais niya na mabinyagan ang tatay niya.)
- Ano ang magagawa mo upang tulungan ang pamilya mo na maging isang walang-hanggang mag-anak?
- Ano ang magagawa mo upang makapagdulot ng espiritu ng pagmamahal sa tahanan ninyo?

---

### Katapusan

Hamon

Ipaliwanag na katulad sa sapat na pagmamalasakit ng misyonero na gumawa ng isang bagay upang mapagsama-sama ang pamilya niya, gayon din na ang bawat kabataang lalaki ay makapag-aambag sa sarili niyang mag-anak.

Pagpasiyahin ang bawat kabataang lalaki ng isang bagay na gagawin niya upang ipakita na pinahahalagahan niya ang pamilya niya at nais niyang magsama-sama ito. Ang panukalang gawain ay maaaring isang bagay na kinabibilangan ng buong pamilya o isang kasapi nito. Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang piraso ng papel o kard upang sulatan ng pangako niya. Hilingan siya na dalhin ito sa pulong pagkasaserdote sa susunod na linggo at maging handang sabihin kung ano ang naging epekto nito sa kanya at sa pamilya niya.

# 8 Espirituwalidad

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa kung ano ang espirituwalidad at kung paano ito pinalalago.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**PAALALA**

Ang layunin ng araling ito ay upang tulungan ang bawat kabataang lalaki na maunawaan na bahagi ng espirituwalidad ang pagpapanatili ng wastong ugnayan sa pagitan ng espiritu at katawan. Ang inyong sariling paghahanap ng espirituwalidad at ang mga nadarama ninyo tungkol sa pagmamahal ng Ama sa Langit sa mga kabataang lalaking ito at ang kanyang pagnanais na tulungan sila na umunlad sa espirituwal ay labis na magkakaroon ng bisa sa ikatatagumpay ng araling ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Maikling pagsusulit

Ipaliwanag na upang simulan ang aralin, nais ninyong bigyan ang mga kabataang lalaki ng isang maikling pagsusulit. Ito ay isang pansariling maikling pagsusulit, at sasagutin lamang nila ang mga tanong sa kanilang isipan. Ang mga tanong ay magiging pahirap ng pahirap, at sa pamamagitan ng taimtim na pagsasaalang-alang sa mga ito, ang mga kabataang lalaki ay magiging higit na handang umunawa at umunlad sa nalalabing bahagi ng aralin.

Ang maikling pagsusulit na ito ay dapat na umakay sa mga kabataang lalaki mula sa mga malinaw tungo sa higit na mapanuring pag-iisip tungkol sa kanilang pagpipigil sa sarili.

1. Mapalalakad mo ba ang katawan mo?
2. Mapasisipol o mapakakanta mo ba ang katawan mo?
3. Mapalalangoy mo ba ang katawan mo?
4. Mapatatawa o mapaiiyak mo ba anumang oras naisin mo ang katawan mo?
5. Mapag-eehersisyo mo ba nang wasto ang katawan mo?
6. Mapababangon mo ba ang katawan mo nang maaga?
7. Mapaliliban mo ba ang katawan mo na huwag kumain at uminom nang hindi bababa sa dalawang kainan?
8. Mauutusan mo ba ang katawan mo na iwanan ang mga droga?
9. Mapaluluhod mo ba upang manalangin at mapagbabasa mo ba ng mga banal na kasulatan araw-araw ang katawan mo?
10. Mapag-iingatan mo ba ang katawan mo na huwag magpatangay sa mga masamang kaisipan?
11. Mapatutugon mo ba nang wasto ang katawan mo sa galit, kasakiman, pagkamuhi, panibugho, pagkainggit at kapalaluan?
12. Mapatutugon mo ba ang katawan mo nang walang-pag-aalinlangan sa mga udyok ng Espiritu Santo?

Talakayan

- May mga natagpuan ba kayong mga tanong na higit na mahirap sagutin kaysa sa iba? Bakit? (Magpahintulot ng oras para sa mga sagot.)

### Ano ang Espirituwalidad?

Pisara, sipi, at talakayan

- Ano ang espirituwalidad?

Ipapaliwanag sa mga kabataang lalaki ang espirituwalidad. Maaari mong naisin na ibuod ang mga tugon sa pisara.

Ipinaliwanag ni Pangulong David O. McKay ang *espirituwalidad* bilang "ang pagkabatid ng tagumpay laban sa sarili, at ang pakikipag-isa sa Walang-hanggan" (*Gospel Ideals* [Salt Lake City: *Improvement Era,* 1953], p. 390).

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pangulong McKay?

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang tahimik sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 88:15.

- Ano ang dalawang bagay na bumubuo sa "kaluluwa" ng tao?
- Kung ang isang tao ay tunay na espirituwal, alin sa dalawa ang mamamahala, ang espiritu niya o katawan niya?

Basahin at talakayin ang mga Taga Galacia 5:16–25. Ituro ang mga mahalagang kuro-kuro, lalo na ang talata 16, at tumulong na ipaliwanang ang mga mahirap na salita.

- Ano ang mga gawain ng laman?
- Ano ang mga bunga ng Espiritu?

Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang mga kabanata 22 at 23.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na sila ay espirituwal at unti-unting nagkakaroon ng espirituwalidad kung ikinalulugod nila ang mga bunga ng Espiritu, ngunit hindi sila espirituwal kung sinusunod nila ang mga gawain ng laman.

Pisara

Isulat ang mga sumusunod na pakahulugan sa pisara: *Ang espirituwalidad ay ang pamamahala ng espiritu natin sa laman natin, sa ilalim ng pamamatnubay ng Espiritu Santo.*

---

### Ang Bawat Isa sa Atin ay Maaaring Makapagpalago ng Espirituwalidad

Sipi at talakayan

Basahin at ipaliwanag ang sumusunod na pangungusap ni Pangulong Brigham Young:

"Kung ang espiritu ay susuko sa katawan, ang Diyablo sa panahong iyon ay magkakaroon ng kapangyarihan na daigin ang katawan at espiritu ng taong iyon, at kapwa niya mawawala ito.

"Gunitain . . . ang bawat isa sa inyo, na kapag masama ang iminungkahi sa inyo, kapag ito ay pumasok sa mga puso ninyo, ito ay sa pamamagitan ng [katawan]. Kapag kayo ay tinukso, sinuntok, at umiwas . . . ;kapag kayo ay inabutan sa isang pagkakamali, o gumagawa ng isang lantarang gawain nang hindi iniisip; kapag kayo ay puno ng masamang pagkahumaling, at nais na sumuko rito, kung gayon ay huminto at hayaan ang espiritu, na inilagay ng Diyos sa [mga katawan] ninyo ang mamuno. Kung ginawa ninyo iyon, nangangako ako na madadaig ninyo ang lahat ng masama, at makatatamo ng buhay na walang-hanggan. Ngunit marami, napakarami, ang nagpapaubaya sa espiritu na sumuko sa katawan, at nadadaig at nasisira" (Discourses of Brigham Young, tinipon ni John A Widstoe Salt Lake City: Deseret Book Co., 1954], p. 70).

- Ano ang magagawa ninyo upang matulungan ang espiritu na magtamo ng higit na pagpipigil sa katawan ninyo?
- Bakit mahalaga na hangarin ang tulong ng Panginoon sa pagtatamo ng pagpipigil na ito?
- Paano kayo tinulungan ng Panginoon na magtamo ng higit na pagpipigil sa laman?

Hayaan silang sumagot. Talakayin hindi lamang ang mga pangkalahatang alituntunin, kundi ang mga tiyak na halimbawa na makahaharap ng bawat kabataang lalaki sa pang-araw-araw na pamumuhay.

- Paano kayo higit na magiging madaling makaramdam sa mga espirituwal na bagay?

Kuwento at talakayan

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Isang kabataang lalaki ang nahihirapang umintindi kung ano ang kahulugan ng espirituwalidad. Alam niya na kapag siya ay gumawa ng mga bagay na tama ay nakadarama siya ng maganda at nakadarama ng pagmamahal at kapayapaan sa puso niya. Alam niya rin na kapag siya ay gumawa ng mali ay hindi maganda ang nadarama niya. Alam niya ang kahulugan ng magnais na gumawa ng mali bagama't alam niya na ito ay mali, ngunit kung minsan ay ipinagpapatuloy niya at gumagawa ng mali. Pagkatapos ay nahihiya siya at higit na masama ang nadarama kaysa noong una.

Isang Linggo, ang espiritu sa mga pagpupulong niya sa Simbahan ay napakalakas at nakapagpapasigla na ipinasiya niya na tunay na nais niyang maging higit na mabuti, na gumawa ng mabuti, at palaging makadama ng mabuti na katulad sa nadama niya noong sandaling iyon.

Ang kabataang lalaki ay umuwi at ipinasyang tanungin ang lolo niya, na siyang iginagalang at hinahangaan niya kung ano ang magagawa ng isang tao na kasing edad niya upang magkaroon ng espirituwalidad. Ang matalinong lolo ay nag-isip tungkol sa apo niya; may katagalan na rin mula noong matapat na sinikap niyang tingnan ang buhay mula sa mata ng isang labing-apat na taong gulang. Ngunit habang nag-iisip siya, natagpuan niya ang sarili niya na muling iniisip at sa alaala ay muling sinasariwa ang kabataan niya.

"Naalala ko nang ang katawan ko ay nagsimulang magbago", ang sinabi ng lolo niya. "Naaalala ko ang pagkakaroon ng maraming iba't ibang damdamin at alalahanin. Kung minsan ay hindi ko gaanong makasundo ang mga magulang ko. Kalimitan ay hindi ko alam kung paano makaramdam o kumilos. Bahagyang nag-alala rin ako. Noong mga panahong iyon, ang tatay ko ay bumili ng bagong kabayo upang makatulong sa gawain sa sakahan. Ang pananagutan ng pagsasanay at pagpapakilos sa kahanga-hangang hayop na ito ay ibinigay sa akin. Dahil sa ako ang pinakamatandang anak, sinabi ni Itay na alam niya na matutuhan kong hawakan siya. Heto ako, 105 libra, at ang kabayong iyon ay halos 1,800 libra ang timbang. Pinaaalalahanan ako ng tatay ko na hangga't ako ang namamahala at alam ng kabayo ito, ang kabayo at ako ay makagagawa ng gawain na ni isa man sa amin ay hindi magagawa nang mag-isa. Kapag magkasama ay maaararo at masusuyod namin ang mga bukirin at makahihila ng mga panustos para sa pamilya.

"Naalala ko ang bawat araw na gumagawa ako na kasama ng malaking kabayong iyon. Nakilala ko siya nang mabuti. Noong una ay nilalabanan niya ang mga pagsisikap ko na pasunurin siya, at ginawa niya ang lahat ng magagawa niya upang masunod ang gusto niya, ngunit ang mga salita ni Itay ay palaging nasa isipan ko: 'Anak, huwag mong kailanman hahayaan ang kabayo na gumawa ng isang bagay na alam mo na hindi niya dapat gawin. Kailanman ay huwag mo siyang hayaang masunod ang gusto niya, maliban kung iyon ang nais mo na gawin niya. Kung naisip niya na siya ang namamahala, wala ka na.' Nalaman ko na taglay ko ang lahat ng kagamitan na kailangan ko upang mapamahalaan ang kabayong iyon: kabisada, guwarnasyon, mga panali, at upuan. Ang lahat ng ito ay nakatulong, ngunit walang gagana kung hindi ko ipinagpilitan ang pagsunod. Dapat akong mamahala, at kailangang malaman ng kabayo iyon. Habang gumagawa akong kasama niya, nalaman niya kung ano ang inaasahan sa kanya at kung ano ang maaari at hindi niya maaaring gawin. Naging mabuti kaming magkaibigan, ngunit kapwa namin alam kung sino ang namamahala."

- Ano'ng mga paghahalintulad sa palagay ninyo ang gagawin ng lolo sa pagitan ng sarili at ng kabayo, at sa espiritu niya at sa katawan niya?

"Isang araw, habang kami ay magkasamang gumagawa na inaararo ang bukid, inisip ko nang mabuti ang lahat ng nagagawa ng malaking kabayong ito at ako sa pamamagitan ng magkasamang paggawa. Sumagi sa isipan ko kung ano ang kailangan kong gawin, bilang isang batang lalaki, kung nais kong makagawa ng mga dakilang bagay kapag ako ay malaki na. Nalaman ko na ang espiritu ko ay katulad ko, na palaging sinisikap ng katawan ko, na katulad ng kabayo, na gawin ang tama at pinakamabuti. Kapag pinahihintulutan ko ang katawan ko na masunod ang gusto niya, ang mga bagay kailanman ay hindi magiging tama. Ito ay katulad ng pagpapahintulot sa kabayo na masunod ang gusto niya na hindi ko hinahawakan nang mabuti ang renda. Kapag ang katawan at espiritu ko ay gumawa nang

magkasama na ang espiritu ang namamahala, ako ay nakagagawa ng marami, at nakadarama ng mabuti. Kung minsan ay nais ng katawan ko na kumain ng mga bagay, magsalita ng mga bagay, o gumawa ng mga bagay na alam ko sa loob-loob ko na hindi tama. Tila sinasabi ng espiritu ko kung kailan, at kung gaano, at maging kung dapat o hindi ko dapat gawin ang isang bagay. Habang pinakikinggan ko at sinusunod ang espiritu, ako ay nasa mabuting kalagayan.

"Habang ako ay nagbibinata, nagkaroon ako ng maraming pagkakataon na pagmasdan ang iba. Nakakita ako ng mga kalalakihang hindi pinipigil ang isang hilig, na hindi tumitigil sa pag-inom o pagmumura o pagsasabi ng mga malalaswang kuwento. Habang iniisip ko ito, tinatanong ko ang sarili ko, bakit? Bakit hinayaan ng kalalakihang ito na pamahalaan ng katawan ang espiritu sa halip na sa kabaligtaran?

"Napansin ko rin ang ibang mga kalalakihan, mga kalalakihang nagpabuti sa aking pakiramdam kapag kasama ko sila, na nagmamalasakit sa iba, at gumugugol ng panahon sa paggawa ng mabuti sa iba, mga lalaki na alam kong gumagawa ng maraming kabutihan. Habang pinag-aaralan ko ang mga lalaking ito, nakita ko na ang bawat isa ay isang koponan—isang koponan na kinabibilangan ng dalawa. Katulad ko at ng kabayo, na bilang isang koponang magkasamang gumagawa ay higit na nakagagawa ng mga dakilang bagay, ang isang lalaki na nakinig sa espiritu niya at iginiit na magkasamang gumawa ang katawan at espiritu niya ay makagagawa ng mga dakilang bagay. Nalaman ko sa kabataan ko na ito ang uri ng tao na nais kong maging."

- Gaano kalaking pagsisikap ang kailangan upang mapasunod ang mga katawan natin sa nais ng mga espiritu natin?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kailangan nating magsikap nang mabuti upang matamo ang ganitong uri ng kapangyarihan. Para sa nagsisikap na makinig sa espiritu sa loob ng maraming taon, ito marahil ay isang ganap nang kaugalian. Para sa isa na ngayon pa lamang nagpapasiyang gawin ito, ito ay mangangailangan ng malaking pagsisikap na nagpapatuloy sa loob ng mahabang panahon. Ngunit gaano man kalakas o kahina ang nadarama ng isang tao, ang mga dakilang biyaya ay katumbas ng anumang maaaring hinihiling.

- Paano tayo makagagawa araw-araw upang sanayin ang mga katawan natin na makinig at sumunod sa utos ng mga espiritu natin? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sumusunod: manalangin sa gabi at umaga para sa lakas; matapat na talakayin sa Ama sa Langit ang mga pagnanais ninyo at mga suliranin na kinahaharap ninyo; panoorin ang mga dakilang tao at matuto mula sa kanila; gumawa ng mga mahirap na bagay; planuhin bago pa man kung paano makakayanan ang mga maaaring komprontasyon; kapag natutukso, huminto at bumilang hanggang sampu, o pagbalik-aralan ang isang sagradong himno o banal na kasulatan sa isipan ninyo; pag-aralan nang palagian ang mga banal na kasulatan; isipin ang nanay ninyo, tatay, o obispo, at kung paano sila tutugon; lumayo sa mga nakatutuksong kalagayan.)

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pagbalik-aralan ang Mga Taga Galacia 5:16–25 at itanong:

- Anong uri ng buhay ang gusto ninyo?
- Anong uri ng tahanan ang gusto ninyo kapag kayo ay nag-asawa at nagkaroon ng sariling pamilya? Anong uri ng tahanan ang gusto ninyo ngayon?
- Paano kayo tinulungan ng pagsunod sa Espiritu na gawing higit na magandang lugar ang tahanan ninyo?

---

**Katapusan**

Patotoo

Ibahagi ang mga nadarama ninyo at patotoo na ang Ama sa Langit ay nakahandang tumulong sa atin upang bumuti. Ipahayag kung paano ninyo naranasan ang lakas at malaking kagalakan mula sa pagpapasailalim ng inyong katawan sa espiritu ninyo. Payuhan ang mga kabataang lalaki na simulan kaagad na higit na sanayin ang mga katawan nila na makinig sa mga espiritu nila.

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

"[May isang] ama na kasama ng anak niyang lalaki na pumunta upang magtanggal ng mga tuod sa isang bukid. Ang anak niya ay patalun-talon sa paligid ng kabilang dulo ng bareta na sinisikap na iangat ang isang malaking tuod. Ang ama ay lumapit sa anak niya at sinabing, 'Anak, ginagamit mo ba ang lahat ng lakas mo?

"Sinabi ng batang lalaki, 'Opo, ginagamit ko po ang lahat!'

"Sinabi ng ama niya, 'Hindi, hindi mo ginagamit ang lahat.'

" 'Ginagamit ko po ang lahat, Itay!'

" 'Anak, hindi mo pa ginamit ang lahat ng lakas mo hangga't hindi mo hiniling sa ama mo na tulungan ka. Palagi akong nakahandang tumulong. Hilingan mo lamang ako. Tumawag ka lamang, at ako ay tutulong.'

"Hindi natin ginagamit ang lahat ng lakas natin hanggang sa tumawag tayo sa Panginoon" (A. Theodore Tuttle, *"Spirituality: The Challenge of Today,"* Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, 28 Mar. 1967], p. 67).

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na—

1. Suriin ang mga pelikula, aklat, at mga palatuntunan sa telebisyon na nakita nila ngayong linggo, na iniiwasan ang mga nagmumungkahi ng "mga gawa ng laman."
2. Magkaroon ng kamalayan at makinig sa mga udyok ng espiritu na matatanggap nila sa buong linggo.
3. Matutuhan kung paano sila magkakaroon ng higit na pagpipigil sa kanilang katawang pisikal at pamamaraang pangkaisipan.
4. Patuloy na hangarin ang tulong ng Panginoon sa pagpipigil sa kanilang katawang pisikal.

# Pagsisisi at Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo

# 9

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa kahulugan ng pagsisisi at ang kahalagahan ng pagsasagawa ng mahalagang kaloob na ito.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. (Kung nanaisin) Kumuha ng isang bag o maleta, at lagyan ito ng mga bagay na gamit sa paglalakbay at mga bato.
3. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa pagsisisi na nasa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**PAALALA**

Ang araling ito ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na itanim sa isipan ng mga kabataang lalaki na tayo ay nalilinis mula sa ating mga kasalanan sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Jesucristo. Isinulat ni Isaias:

"Mangaghugas kayo, mangaglinis kayo, alisin ninyo ang kasamaan ng inyong mga gawa. . . .

"Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe" (Isaias 1:16, 18).

Ang dakilang pagpapalang ito ay napangyari lamang sa pamamagitan ng pagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan at pahalagahan ang dakilang pagpapala ng pagsisisi.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Banal na kasulatan at talakayan

• Kung bigla na lamang na nakatuon sa inyo ang pansin ng lahat ng tao sa daigdig, ano ang sasabihin ninyo?

Hayaan ang mga kabataang lalaki na sumagot nang maikli. Ihambing ang mga sagot nila sa maaaring sinabi ni Alma sa pamamagitan ng pagbasa ng Alma 29:1–2.

• Bakit inaakala ni Alma na ang pagsisisi ay isang napakahalagang mensahe? (Kung ang lahat ng tao ay nagsisi sa kanilang mga kasalanan, wala nang kalungkutang mamamayani sa lupa.)

• Paano pinapawi ng pagsisisi ang kalungkutan?

Pisara at talakayan

Isulat ang *Hindi Paggawa* at *Paggawa* sa pisara.

• Ano ang kahulugan ng mga salitang ito? (Ang *hindi paggawa* ay tumutukoy sa isang bagay na pinabayaan o iniwang hindi tapos. Ang *paggawa*, sa isa sa mga kahulugan nito, ay tumutukoy sa isang bagay na ginawa.)

• Ano ang ilang mga halimbawa ng mga kasalanan ng hindi paggawa at paggawa?

Isulat ang mga sagot nang padaglat sa pisara. Ang ilang maaaring maging sagot ay nakatala sa sumusunod na tsart.

| Mga kasalanan ng Hindi Paggawa | Mga kasalanan ng Paggawa |
|---|---|
| 1. Hindi pagbabayad ng ikapu | 1. Paninigarilyo |
| 2. Pananatili sa bahay upang umiwas sa pagsisimba | 2. Pagiging sinungaling |
| 3. Pagpapabaya sa mga tungkuling pagkasaserdote | 3. Pagmumura |
| 4. Hindi pananalangin | 4. Mga kasalanang seksuwal |
| 5. Hindi pagmamahal | |
| 6. Hindi pagpapatawad | |

Mga banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang kadalasang nadarama ng mga tao kapag nakagawa sila ng isang bagay na hindi nila dapat ginawa o hindi nila ginawa ang isang bagay na alam nila na dapat nilang ginawa? (May-kasalanan)
- Paano nagiging masama ang pagkakaroon ng may-salang damdamin? Paano nakabubuti ang mga ito?

Ipaliwanag na maraming tao ngayon ang nagsasabi na ang pagkakaroon ng may-salang damdamin ay hindi mabuti. Gayunman, may sinabing napakahalagang bagay si Alma sa anak niyang si Korianton tungkol sa pagkakaroon ng mga may-salang damdamin. Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 42:29–30.

- Bakit sinabi ni Alma kay Korianton na hayaang bagabagin siya ng kanyang mga kasalanan? (Ang pagkakaroon ng may-salang damdamin ay aakay sa kanya na magsisi.)
- Kailan tayo dapat magkaroon ng mga may-salang damdamin? (Kapag nakagawa tayo ng isang bagay na mali at kailangang magsisi.)
- Anong mabuti ang dapat na magmula sa ating pagkakaroon ng mga may-salang damdamin? (Dapat nating kilalanin ang mga kasalanan natin at pagkatapos ay pagsisihan ang mga ito.)
- Bakit binalaan ni Alma si Korianton na huwang ipangatwiran ang sarili niya sa kanyang mga kasalanan?
- Paano natin maaaring hikayatin ang ating mga sarili na huwag pansinin o ipangatwiran ang ating mga kasalanan?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 25:26.

- Sino ang nagbigay-daan upang tayo ay makapagsisi? (Jesucristo.)
- Paano niya ginawa ito? (Sa pamamagitan ng pagbabayad-sala at pagpapakasakit niya.)
- Ano ang kahulugan ng salitang *pagbabayad-sala sa inyo*? Paano ninyo higit na mauunawaan ang Pagbabayad-sala?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na sa pamamagitan ng pag-aaral, pananalangin at pagsisisi ay tunay na mapahahalagahan nila, kung gaano kahalaga ang pagbabayad-sala ni Cristo sa bawat isa sa kanila.

- Paano nakatulong sa inyo ang pang-unawa tungkol sa pagbabayad-sala ng Tagapagligtas?
- Paano ninyo maipakikita ang pagpapahalaga ninyo sa pagbabayad-salang sakripisyo niya?

---

**Ang Pagsisisi ay Humahantong sa Pag-unlad at Kaligayahan**

Mga Sipi

"Ang *pagsisisi* . . . kasunod ng *pananampalataya,* ang pinaka-nakapagpapasiglang salita sa bukabularyong Kristiyano" (Jeffrey R. Holland, "For Times of Trouble," *New Era,* Okt. 1980, p. 11).

- Paano "nakapagpapasigla" ang pagsisisi?

Sa talakayan, tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pagsisisi ay isang paanyaya sa paglaki, pagpapabuti, at pag-unlad. Ang mga bunga ng tunay na pagsisisi ay kapayapaan, kabutihan, at kaligayahan.

Ipaliwanag na bagama't ang pagsisisi ay isang positibong alituntunin at ito ay nakapagpapasigla at nakabubuhay ng loob, ito ay masakit. Sa katunayan, kung minsan ay labis na masakit ang pagsisisi.

Basahin ang sumusunod na pangungusap ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ang pagsisisi ay . . . hindi dapat pagtatawa sa kasalanan. . . . Ito ay hindi ang pagbabawas sa kalalaan ng pagkakamali. . . .

"Ito ay mahalaga: tunay na hayaang mabagabag ang sarili ninyo; hayaang dumaloy ang mga luha; hayaang maparusahan ang puso ninyo. Huwag sikaping ipangatwiran ang sarili ninyo sa pinakamaliit na bahagi dahil sa kasalanan ninyo" ("What is True Repentance?" *New Era,* Mayo 1974, p. 4–5).

Banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang kahulugan ng magsisi?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 58:42–43. Imungkahi na markahan nila ang mga talatang ito.

- Ano ang kahulugan ng talikdan ang mga kasalanan ninyo at ipagtapat ang mga ito?

Maaari mong naisin na basahin at talakayin ang payo tungkol sa pagsisisi na nasa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan*.

Pakay-aralin (Kung nanaisin)

- Sa walang-hanggang pananaw, bakit higit na madali ang magsisi kaysa sa hindi magsisi?

Ipaliwanag na ang buhay ay katulad ng paglalakbay nang malayo na may dala-dalang bag o maleta. (Kung ikaw ay naghanda ng bag o maleta na tulad sa iminungkahi sa "Paghahanda," ipakita ito sa mga kabataang lalaki.) Ipaliwanag na ang bag ay mabigat dahil kailangan mong dalhin ang lahat ng mga kailangan mo rito: pagkain, damit, at mga kagamitan sa kama. Walang magnanais ng mga bato o ibang mga hindi kailangang pabigat sa bag niya. Iyon ay makapagpapasikip lamang at makagagawa ng karagdagang pasanin.

- Sa paglalakbay ng buhay, ano ang ilan sa mga karagdagang pasanin na kung minsan ay dinadala natin? (Mga kasalanan.)

- Paano nating matatanggal ang mga pasaning ito? (Sa pamamagitan ng pagsisisi. Kung tayo ay nagsisisi sa mga kasalanan natin, papasanin ni Cristo ang mga pasanin natin.)

Tanggalin ang ilang mga bato mula sa bag.

- Ano ang magagawa nito sa paglalakbay natin? (Ang paglalakbay ay maaaring mahaba pa rin at mahirap, ngunit hindi na kasinghirap noong nandoon pa ang mga bato.)

Kuwento at talakayan

Ipaliwanag na ang isang epekto ng hindi pagsisisi sa ating mga kasalanan ay ipinakikita sa sumusunod na kuwento:

"Ang unos ng yelo ay hindi naging karaniwang mapaminsala. Totoo, may mga ilang kable ang naputol, at nagkaroon ng biglang pagtaas ng bilang ng mga sakuna sa kalsada. Ang paglalakad sa labas ng bahay ay naging nakayayamot at mahirap. Iyon ay nakababagot na klima, ngunit hindi malala. Karaniwan ay madaling nakayanan sana ng malaking puno ng *walnut* ang bigat na naipon sa mga nakadipang sanga nito. Ang bakal na sinsel na nasa loob nito ang naging sanhi ng pagkasira.

"Ang kasaysayan ng bakal na sinsel ay nagsimula maraming taon na ang nakalilipas nang ang may puting buhok na magsasaka ay isang batang lalaki sa lupang ipinagkaloob ng pamahalaan sa tatay niya. Noong panahong iyon ay kaaalis pa lamang ng lagarian sa lambak, at ang mga dayuhan ay nakakatagpo pa rin ng mga kagamitan at mga tira-tirang piraso ng mga kagamitan na nakakalat. . . .

"Noong tanging araw na ito, iyon ay sinsel ng isang taong nagpuputol ng mga kahoy—malapad, makinis at mabigat, mga isang talampakan o higit ang haba at may tapyas dahil sa malalakas ng pagbayo. Ang landas mula sa pastulan sa timog ay hindi nagdaan sa kamalig ng mga panggatong; at dahil huli na siya para sa hapunan, inilapag ng batang

lalaki ang sinsel . . . sa pagitan ng mga sanga ng murang puno ng *walnut* na itinanim ng tatay niya sa harap ng tarangkahan. Dadalhin niya ang sinsel sa kamalig pagkatapos ng hapunan, o sa ibang pagkakataon kapag siya ay nagawi roon.

"Tunay na gusto niyang gawin, ngunit kailanman ay hindi niya ginawa. Iyon ay naroon sa pagitan ng mga sanga, na bahagyang masikip noong siya ay naging binata. Naroroon, ngayon ay mahigpit nang naka-ipit, noong siya ay ikinasal at pumalit na namahala sa sakahan ng tatay niya. Halos hindi na ito makita noong araw na ang pangkat ng mga tagagiik ay kumakain ng hapunan sa ilalim ng puno. . . . Hindi na makita at naghilom na, ang sinsel ay nasa loob pa rin ng puno noong taglamig na dumating ang unos ng yelo.

"Sa maginaw na katahimikan ng maniebeng gabing iyon, sa tila ambon na bumabagsak at nagyeyelo kung saan bumagsak, isa sa tatlong pangunahing sanga ang nabali sa katawan ng puno at bumagsak sa lupa. Ito ay labis na nagpatabingi sa nalalabing itaas na bahagi, kaya ito rin ay nabali at bumagsak. Nang matapos ang unos, wala ni isang maliit na sanga ng dating matayog na puno ang natira.

"Kinabukasan, ang magsasaka ay lumabas upang ipagdalamhati ang kapinsalaan niya. 'Hindi ko pahihintulutang mangyari iyon kahit na sa halagang isandaang libong dolyar,' ang sabi niya. 'Iyon pa naman ang pinakamagandang puno sa lambak.'

"Pagkatapos ay napansin niya ang isang bagay nagkapira-pirasong sanga. 'Ang sinsel,' ang naibulong niya nang may pagsisisi. 'Ang sinsel na natagpuan ko sa pastulan sa timog.' Isang sulyap ang nagsabi sa kanya kung bakit bumagsak ang puno. Lumalaking nakahalang sa katawan, pinigilan ng sinsel ang mga himaymay ng sanga na magdikit-dikit na katulad ng dapat" (Samuel T. Whitman, "Forgotten Wedges," binanggit ni Spencer W. Kimball sa Conference Report, Abr. 1966, p. 70–71; o *Improvement Era,* Hunyo 1966, p. 523–24).

- Anong uri ng "sinsel" ang maaaring nasa buhay natin? (Mga hindi pinagsisihang kasalanan.)

- Ano ang ilan sa mga puwersa sa buhay natin ang maaaring maihambing sa unos ng yelo? (Mga tukso na maging hindi matapat o kung hindi ay maging mahalay, at iba pa.)

- Ano ang madaling maaaring mangyari sa atin kung dala-dala natin ang mga hindi pinagsisihang kasalanan? (Katulad ng puno, maaari tayong humina at magpatangay sa tukso.)

- Paano makahahadlang ang mga ganoong kasalanan sa atin upang makapagpatuloy at umunlad sa paraang dapat nating kahinatnan? (Isang malalang kalalabasan ay hindi mapasasaatin ang pagsama ng Espiritu Santo upang tulungan tayong gumawa ng mga matalinong pasiya at akayin tayong gumawa ng mabuti. Sa huli ay makahahadlang sa atin na pumasok sa kahariang selestiyal.)

Kuwento sa banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na may ilang mga kahanga-hangang halimbawa mula sa mga banal na kasulatan tungkol sa mga kabataang lalaki na nakagawa ng mga malalang kamalian ngunit sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagsisisi, ay napagbago ang kanilang buhay at naging dakilang mga tagapaglingkod ng Panginoon, na nagdulot sa kanila ng malaking kagalakan at kaligayahan. Ang isa sa mga ito ay si Nakababatang Alma. Dahil sa siya ay anak na lalaki ng isang dakilang pinuno at propeta, si Alma ay may malaking impluwensiya. Sa kasamaang-palad, hindi niya ginamit ang impluwensiyang ito sa kabutihan ngunit palihim na nagpalibut-libot kasama ng mga kaibigan niya na sinisikap na wasakin ang Simbahan at sirain ang lahat ng mabuting gawa na ginawa ng tatay niya. Sa wakas sila ay naging napakalaking hadlang sa pag-unlad ng Simbahan na nangailangang mamagitan ang Panginoon at pigilin sila. Ang Panginoon ay nagpadala ng isang anghel upang sabihin sa kanila na magsisi o sila ay mawawasak.

Basahin ang Alma 36:6–21 kasama ng mga kabataang lalaki.

- Ano ang naging sanhi ng paghihirap ni Alma? (Ang takot na siya ay tatayo sa harap ng Diyos sa kasamaan niya.)

- Ano ang pinagmulan ng malaking kagalakan ni Alma? (Si Jesucristo.)

- Gaano kalaki ang naging kaligayahan niya? (Kasing tamis ng kung gaano naging kapait ang mga hapdi ng kalooban niya.)

- Sa anong paraan sa palagay ninyo nagbago ang buhay ni Alma matapos ang karanasang iyon? (Siya ay "muling isinilang" at naging isang dakilang propeta.)

---

**Katapusan**

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Elder A. Theodore Tuttle:

"Ang pagsisisi ay katulad ng sabon. Ito ang sabon ng buhay. Katulad ng sabon, hinuhugasan nito ang mga kasalanan ng buhay. Ito ay dapat na gamitin nang madalas hanggat kailangan. Gayunman ay kailangang isaisip ng isang tao na ang maling paggamit—kulang ng lubos na paglilinis at bantulot na pagsisikap—ay maaaring magbunga sa 'walang kabuluhang pagsisisi.' Gayunman, kapag ginamit nang wasto, ang sabon ng buhay ay lumilinis nang lubusan, ganap at palagian. . . .

"Isang araw tayo ay ihahatid sa hukuman ng Panginoon. Doon tayo ay tatayo alinman sa dalawa; madungis, marumi at hindi malinis o sa pamamagitan ng pagtanggap at pagsasagawa ng dakila at kamangha-manghang kaloob ng paglilinis—sa pamamagitan ng sabon ng buhay—tayo ay makatatayong malinis, pinatawad at dalisay sa harap ng Panginoon. Sa susunod na gagamit kayo ng sabon, maaari ninyo ring naisin na isipin na linisin ang espiritu ninyo sa pamamagitan ng pagpahid ng sabon ng buhay, ang pangkalahatang batas ng pagsisisi" ("Repentance", *Improvement Era,* Nob. 1968, p. 64, 67).

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na pag-aralan ang mga banal na kasulatan na nagtuturo sa pagbabayad-sala ni Cristo at manalangin para sa higit na pang-unawa tungkol sa pagsisisi. Hilingan sila na muling suriin nang taimtim ang buhay nila at kaagad na magsisi sa mga kasalanan nila.

# 10 Pag-aaral ng Mga Banal na Kasulatan

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makapagpapasiyang pag-aralan nang buong panalangin at palagian ang mga banal na kasulatan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Lapis para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maghanda ng kopya ng "Mga Paksa at Sanggunian" para sa bawat kabataang lalaki.
3. Atasan ang mga kabataang lalaki na pag-aralan ang 1 Nefias 3–5.
4. Maaari mong naisin na hilingan ang isa sa mga kabataang lalaki na isalaysay ang kuwento ng mga anak na lalaki ni Lehias na bumabalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso.
5. Mayroong mahalagang gawain sa hulihan ng araling ito. Maglaan ng hindi bababa sa dalawampu hanggang dalawampu't limang minuto ng panahon ng pag-aaral para rito.
6. Ipakita ang larawan 1. Si Joseph ay Naghahanap ng Karunungan sa Bibliya (larawan 402 rin sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo [34730]).

**PAALALA**

Ang araling ito ay nagbibigay sa inyo ng pagkakataon na bigyang-diin ang kahalagahan ng pagbabasa at pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, "Noong 1830, nang ang ilan sa mga naunang misyonero ay bumalik mula sa kanilang misyon, kinagalitan sila ng Panginoon sa hindi gaanong pagpapahalaga sa Aklat ni Mormon. Bilang bunga ng saloobing iyon, sinabi niya na ang kanilang kaisipan ay nagdilim . . . At pagkatapos ay sinabi ng Panginoon, 'At sila ay mananatili sa ilalim ng kaparusahan na ito hanggang sa sila ay magsisi at alalahanin ang bagong tipan, maging ang Aklat ni Mormon (Doktrina at Mga Tipan 84:54–57).'" (sa Conference Report, Okt. 1986, p. 3–4; o *Ensign,* Nob. 1986, p. 4).

Sa halip na mapasailalim sa pagsumpang ito, ang mga kabataang lalaki ay makatatagpo ng maraming pagpapala sa kanilang pag-aaral ng Aklat ni Mormon. Sinabi rin ni Pangulong Benson: "Mga kabataang lalaki, babaguhin ng Aklat ni Mormon ang inyong buhay. Palalakasin kayo nito laban sa mga kasamaan ng ating panahon. Ito ay magdudulot ng espirituwalidad sa inyong buhay na hindi maibibigay ng anumang aklat. Ito ang magiging pinakamahalagang aklat na inyong babasahin sa paghahanda sa misyon at sa buhay. Ang isang kabataaang lalaki na nakaaalam at nagmamahal sa Aklat ni Mormon, na nakabasa nito nang maraming ulit, na may matatag na patotoo sa katotohanan nito, at isinasagawa ang mga aral nito ay makatatayo laban sa mga panlilinlang ng diyablo at magiging makapangyarihang kagamitan sa mga kamay ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 56; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 43).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

## Ang Mga Banal na Kasulatan ay Naglalaman ng Maraming Kayamanan

Banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang isang kayamanan?
- Kung ang bahay ninyo ay nasusunog at maaari lamang kayong makapagdala ng mabibitbit ng inyong mga kamay, ano ang kukunin ninyo?

Ipaliwanag na anumang bagay na kukunin ng bawat kabataang lalaki ay isang bagay na labis niyang pinahahalagahan.

Ipaliwanag na kung minsan ay pinahahalagahan ng mga tao ang ibang mga bagay na bukod sa salapi at mga alahas. Hilingan ang itinalagang kabataang lalaki noong una na muling isalaysay ang kuwento ng mga anak na lalaki ni Lehias na bumabalik sa Jerusalem upang kunin ang mga laminang tanso.

Ang ibang mga kabataang lalaki ay maaaring tumulong kung kinakailangan sa pagsasalaysay ng kuwento.

- Ano ang pinahalagahan nina Lehias at Nefias? (Ang salita ng Panginoon.)
- Anong mga pangyayari sa kuwentong ito ang nagpapakita kung gaano pinahalagahan nina Lehias at Nefias ang salita ng Panginoon na nakatala sa mga laminang tanso? (Ang maluwag sa kalooban na pagnanais ni Nefias na maglakbay at isapanganib ang kanyang buhay; ang pagpupunyagi ni Nefias na kunin ang mga lamina kahit na nabigo ang dalawang pagsubok; ang maluwag sa kalooban nilang pagnanais na ibigay ang lahat ng kanilang ginto, pilak at mahahalagang bagay bilang kapalit ng mga lamina; ang pagpaslang ni Nefias kay Laban kahit na atubili siyang gawin ito.)

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at ipasalungguhitan sa mga kabataang lalaki ang Nefias 5:21–22 upang malaman kung ano ang nadama ni Nefias sa mga banal na kasulatan na nasa mga lamina ni Laban matapos na matamo niya ang mga ito.

- Ano ang sinabi ni Nefias tungkol sa kahalagahan ng mga laminang tanso?
- Bakit labis na mahalaga ang mga ito? (Dahil maaaring malaman ng mga tao ang mga kautusan ng Panginoon.)

Ipaliwanag na ang Aklat ni Mormon ay nagsasalaysay ng tungkol sa isa pang pangkat ng tao, ang mga Mulekita, na walang mga banal na kasulatan. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Omnias 1:15–17.

- Ano ang nangyari sa isang buong bansa dahil sa wala silang mga banal na kasulatan? (Ang kanilang wika ay naging masama, at itinakwil nila ang Diyos.)
- Bakit napakahalaga ng mga banal na kasulatan?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Pasiglahin ang kanilang pag-iisip kung kinakailangan. Ang ilan sa mga maaaring sagot ay ang sumusunod: ang mga banal na kasulatan ay nagpapatotoo na si Jesus ay ang Cristo at Tagapagligtas, sinasabi ng mga ito sa atin kung paano makabalik sa ating Ama sa Langit, sinasabi ng mga ito sa atin kung paano pakitunguhan ang iba at kung paano maging maligaya, nagtuturo ng mga pagpapala sa pagsunod at kaparusahan sa pagsuway, at sinasabi ng mga ito sa atin kung ano ang magaganap sa hinaharap upang tayo ay makapaghanda.

Patotoo

Magpatotoo na ang mga banal na kasulatan ay napakahalagang kayamanan ng kaalaman na makatutulong sa bawat kabataang lalaki sa landas tungo sa kaligtasan.

- Paano nakatulong sa inyo ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan?

---

### Maaari Nating Maunawaan ang Kayamanan sa Banal na Kasulatan sa Pamamagitan ng Mapanalangin at Palagiang Pag-aaral

Banal na Kasulatan at talakayan

- Gaano kadalas ninyo gustong kumain?

Ipabasa nang tahimik at ipasalangguhitan sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 31:20.

- Ano ang pagkakaiba ng “magpakabusog” sa “magmiryenda”?
- Ano ang magiging kaibahan ng “magpakabusog” sa mga salita ni Cristo at pagmimiryenda sa mga ito?
- Saan natin matatagpuan ang mga salita ni Cristo? (Sa mga banal na kasulatan ng Simbahan ni Jesucristo.)
- Gaano kadalas tayo dapat mag-aral ng mga banal na kasulatan?

Mga Sipi

Ipinayo ni Pangulong Harold B. Lee ang araw-araw na pagbabasa ng mga banal na kasulatan nang sabihin niya na, “Kung hindi natin binabasa araw-araw ang mga banal na kasulatan, ang ating mga patotoo ay mababawasan, ang ating espirituwalidad ay hindi lumalalim” (Seminar ng mga Kinatawan ng Rehiyon, 12 Dis. 1970).

• Paano lumago ang inyong patotoo mula sa pagbabasa ng mga banal na kasulatan?

• Ano ang maaari ninyong gawin upang mapabuti ang inyong pag-aaral ng mga banal na kasulatan?

Gamitin ang sumusunod na pangungusap upang higit na maunawaan ng mga kabataang lalaki kung paano pag-aralan ang mga banal na kasulatan?

"Natutuhan ko sa maliit na antas kung paano natutuhan ng lahat ng banal na tao ng Diyos na makilala ang Diyos at ang ebanghelyo. Ito ay hindi isang kaloob sa iilang pinili, kundi isang pagpapalang nababatay sa batas ng pagsunod, mahabang oras at pag-aaral.

"Habang binabasa ko ang mga banal na kasulatan, . . . natutuhan ko ang ilang pangunahing bagay tungkol sa pag-iisip nang mabuti at pananaliksik.

"1. Palaging manalangin bago magsimulang magbasa ng mga banal na kasulatan. Ipahinga ang iyong isipan at maging malaya sa mga alalahanin ng daigdig. Gayon din, manalangin habang kayo ay nagbabasa—habang may mga kaalaman ng ebanghelyong nagbibigay liwanag sa inyong kaluluwa o habang kayo ay may mga katanungan. Huwag mag-atubili na tumawag sa inyong Ama.

"2. Maghanda ng papel at lapis habang kayo ay nagbabasa. Ito ay isang nakapagpapasiglang gawain, at kadalasan ay may mga layunin, nakapupukaw na kaalaman, o mga orihinal na kaisipan na pumapasok sa isang wala sa kundisyon na isipan.

"3. Magmarahan! Ang pag-aaral na ito ay hindi unahan. Hindi ninyo kailangang tapusin ang isang itinakdang bilang ng mga kabanata bago matulog. Gumugol ng maraming araw sa isang kabanata o talata. Magsaulo ng [isang] banal na kasulatan at ito ay mamumulaklak ng mga nakatagong kahulugan na hindi pa ninyo kailanman nalalaman, mga kahulugan na mahalaga sa inyong buhay ngayon.

"4. Magtanong habang binabasa ninyo ang mga banal na kasulatan. . . . Magtanong at pagkatapos ay tumawag sa Panginoon. Habang ako ay nagtatanong, ang mga pintuan ng aking puso ay nabubuksan at nag-iiwan ng lugar upang ang Espiritu Santo ay manahanan sa akin.

"5. Huminto nang maraming ulit sa buong maghapon upang pag-isipan nang mabuti ang isang kaisipan na masusi mong sinaliksik. Halimbawa, isaalang-alang ang katotohanang 'mahalin mo ang iyong kapwa nang tulad sa iyong sarili.' Ulitin ang banal na kasulatan, suriin ang iyong bawat kilos, at dalhin ang kaisipan sa isang maliit na kard.

"Ang lahat ng ito ay nangangailangan lamang ng pag-uukol ng panahon; ito ay isang pang-araw-araw na pagpapanibago. Kayo ay masisiyahan habang pinasasariwa nito ang inyong pananaw. Magkakaroon ng bagong tunguhin ang inyong buhay at pati na rin ng pang-araw-araw na paghahayag . . .

"Sinabi ng ating mahal na propeta na si Joseph Fielding Smith, 'Sa buong buhay ko ay pinag-aralan at pinag-isipan ko nang mabuti ang mga alituntunin ng ebanghelyo at ninais na ipamuhay ang mga batas ng Panginoon. Bilang bunga ay napasapuso ko ang malaking pagmamahal sa kanya at sa kanyang gawain at sa lahat na naghahangad na isulong ang mga layunin niya sa lupa.' (Conference Report, Okt. 1971, p. 6.)

"Mag-ukol ng panahon na mag-isip nang mabuti. Ito ay susi sa hindi maipaliwanag na kagalakan at kaalaman sa buhay na ito.

"[Sinabi ng Tagapagligtas,] 'Iniiwan ko ang mga pananalitang ito sa inyo upang bulay-bulayin sa inyong mga puso, sa kautusang ito na aking ibinigay sa inyo, na inyo akong tatawagin habang ako ay malapit—

" 'Magsilapit sa akin at ako ay lalapit sa inyo' (Doktrina at Mga Tipan 88:62–63)" (Susan Hill, "Pondering Isn't Preposterous," *New Era,* Mayo 1976, p. 49–50).

**Patotoo**

Magpatotoo na ang pag-iisip nang mabuti tungkol sa mga banal na kasulatan ay makadaragdag sa ating kagalakan at pagkalugod sa mga banal na kasulatan at makapaglalapit sa atin sa Tagapagligtas. Ang Espiritu Santo ang nagbigay inspirasyon sa mga sumulat ng mga banal na kasulatan.

- Kapag binabasa ninyo ang mga banal na kasulatan, anong bahagi ang dapat ninyong pahintulutan na gampanan ng Espiritu Santo? (Kailangan nating pahintulutan ang Espiritu Santo na bigyan tayo ng inspirasyon at tulungan tayong unawain ang mga banal na kasulatan.)
- Paano kayo natulungan ng Espiritu Santo sa pag-aaral ninyo ng mga banal na kasulatan?

Gawain

Ipaliwanag na maraming paraan upang pag-aralan ang mga banal na kasulatan, katulad ng pagbabasa nang labing limang minuto sa isang araw o isang kabanata araw-araw. May mga tao na nagbabasa ng ilang mga talata at pagkatapos ay nag-iisip, pinag-iisipan nang mabuti, at nanalangin tungkol sa mga kabanatang iyon. Ang ilan ay nag-aaral ng mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagpili ng isang paksa at binabasa ang lahat ng banal na kasulatan tungkol sa paksa. Gayunman, anumang paraan ang ginagamit natin, mahalaga na makabasa ng kahit anong bagay man lamang mula sa mga banal na kasulatan araw-araw, kahit na ito ay isa o dalawang talata man lamang.

Hatiin ang klase sa mga pangkat ng dalawa o tatlong kabataang lalaki sa bawat pangkat. Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng kopya ng "Mga Paksa at Sanggunian," at bigyan ng paksa ang bawat pangkat mula sa talaan.

Ipasulat sa mga kabataang lalaki sa kanilang papel ang natutuhan nila mula sa bawat sanggunian. Hilingan sila na maging handa na magbigay ng pangkatang ulat tungkol sa kanilang paksa.

Mga ulat

Pag-ulatin ang bawat pangkat tungkol sa kanilang natutuhan sa paksa. Tanungin ang mga kasapi ng pangkat upang ang bawat isa ay makapag-ambag ng isang bagay sa ulat mula sa kanyang talaan.

- Ilan sa inyo ang natuto ng isa man lamang na bagong bagay sa araw na ito?
- Ano ang inyong natutuhan?

---

## Katapusan

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na pag-aralan ang ilan sa iba pang mga paksa na nasa talaan nila.

# Mga Paksa at Sanggunian

Kahariang Selestiyal: 1 Mga Taga Corinto 15:40–42; Doktrina at Mga Tipan 76:50–60, 92–96; Doktrina at Mga Tipan 78:7; Doktrina at Mga Tipan 131:1–3; Doktrina at Mga Tipan 137.

Ang Diyablo: 2 Nefias 2:17–18; Alma 30:60; Alma 34:23; 3 Nefias 18:18; Doktrina at Mga Tipan 10:20, 22–27, 33; Doktrina at Mga Tipan 63:28; Doktrina at Mga Tipan 78:10.

Ang Mga Huling Araw: Isaias 2:2–3; Isaias 24:20; Daniel 2:44; Malakias 4; 1–2; Mateo 24:29–44; Doktrina at Mga Tipan 29:14–17.

Pagkasaserdoteng Melquisedec: Genesis 14:18; Mga Hebreo 5:4–6; Mga Hebreo 7:1–2; Doktrina at Mga Tipan 107:1–6, 8, 17–18, 22.

# Si Satanas at Ang Kanyang Mga Tukso

# 11

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na ang kapangyarihan ni Satanas ay tunay subalit ang bawat isa sa atin ay may kakayahang paglabanan ang tukso.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**PAALALA**

Ang layunin ng araling ito ay upang tulungan ang bawat kabataang lalaki na makilala ang mga paraan ni Satanas nang sa gayon ay higit nilang mapaglalabanan ang kanyang mga tukso. Ang araling ito at ang sumusunod ay kailangang maituro sa magkasunod na Linggo.

Dapat na maunawaan ng mga kabataang lalaki na si Satanas ay tunay, subalit hindi ninyo siya dapat pag-usapan nang labis at magsalaysay ng mga pansariling karanasan tungkol sa kapangyarihan ng kasamaan. Iwasan ang pagtalakay tungkol sa mga di-karaniwan. Kung ang mga kabataang lalaki ay tatalakay ng mga paksang katulad ng mga bagay na ginagamit sa karunungang itim, pagsasanib, espirituwalismo, o pagsamba kay Satanas, dapat ninyong sabihin sa kanila na ang mga bagay na ito ay kasangkapan ni Satanas at tayo ay pinayuhan na ganap na iwasan ang mga ito. Pagkatapos ay muling akayin ang talakayan sa aralin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Mga Pahiwatig

Basahin ang mga sumusunod na pahiwatig. Sabihin sa mga kabataang lalaki na itaas ang kanilang mga kamay kung sa palagay nila ay kilala nila kung sino ang inyong inilalarawan. Wala ni isa man sa kanila ang dapat na bumanggit ng anuman hanggang sa matapos ninyong basahin ang lahat ng pahiwatig.

Ako ay espiritung anak ng Diyos, kaya kayo ay mga kapatid ko sa espiritu.

Ako ay naroon sa Kapulungan sa Langit.

Ako ay nag-alok na pumunta sa lupa at tubusin ang sangkatauhan.

Nais ko kayong maging katulad ko.

Buong sigasig akong gumagawa upang himukin kayong sundin ako.

- Sino ang inilalarawan ko? Pahintulutan ang mga sagot. Pagkatapos ay basahin ang huling pahiwatig.

Ako ang inyong mortal na kaaway.

- Ngayon, sino sa palagay ninyo ang inilalarawan ko? (Si Satanas, ang diyablo.)

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Moises 4:1–4.

- Ano ang ninais ni Satanas noong simula? (Sirain ang ating kalayaan sa pagpili.)
- Nagtagumpay ba siya? (Hindi.)
- Ano ang nangyari sa kanya? (Siya ay pinalayas mula sa langit at naging ang diyablo.)
- Ano ang ginagawa niya ngayon? (Sinisikap na iligaw ang mga tao.)
- Sino ang kanyang mga bihag? (Ang mga susunod sa kanya sa halip na sa Diyos.)

Ipaliwanag na sa isang dako, ang digmaan na nagsimula sa langit ay nagaganap pa rin. Patuloy na nilalabanan ni Satanas ang Diyos at sinisikap na himukin tayo na sundin siya.

- Bakit mahalaga na malaman na si Satanas at ang kanyang mga plano ay tunay? (Ang pagkaalam na si Satanas, ang kanyang mga layunin, at ang kanyang mga tukso ay tunay ay makatutulong sa atin na makilala ang kanyang mga pamamaraan at mapaglabanan ang mga ito.)

---

**Si Satanas ay Tunay**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 28:22.

- Ano ang nais ni Satanas na paniwalaan natin tungkol sa kanya? (Na siya ay hindi totoo.)

Ipaliwanag na ang unang hakbang sa paglaban kay Satanas ay ang makilala na siya ay talagang totoo. Maraming tao ngayon ang naniniwala na si Satanas ay isang kathang-isip, na siya ay kumakatawan lamang sa kasamaan ng mga tao.

- Bakit ayaw sa palagay ninyo ni Satanas na maniwala tayo tungkol sa kanya? (Kung hindi natin siya gaanong pinapansin, hindi tayo magiging handang labanan siya.)

Ihambing ang palagay na iyan tungkol kay Satanas sa karanasan ni Joseph Smith. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–16.

- Ano ang nangyari nang si Joseph ay nagsimulang manalangin? (Siya ay napangibabawan ng isang kapangyarihan ng kasamaan.)
- Sino ang kapangyarihan ng kasamaan na iyon? (Si Satanas.)
- Paano inilarawan ng Propeta ang kapangyarihan ni Satanas? (Sinabi niya na ang kapangyarihan ay tunay at iyon ay higit na malakas kaysa sa anumang kapangyarihang nadama na niya.)
- Paano nakalaya si Joseph mula sa kapangyarihan ni Satanas? (Nanalangin siya sa kanyang puso.)

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap:

"Ang isa sa mga bagay na naglalagay sa mga kabataan sa suliranin, at ito ay natutuhan ko mula sa pakikihalubilo sa mga kabataan sa karamihan ng aking buhay, . . . ay ang hindi nila gaanong pagsasaalang-alang kay Satanas. Siya ay may matinding kapangyarihan at kung sa pakiwari natin ay wala siya nito, kung sa pakiwari natin ay kaya nating pamahalaan ang ating mga kalagayan, ito ang panahon na maaari tayong malagay sa suliranin" (William H. Bennett, sa Conference Report, New Zealand Area Conference 1976, p. 14).

- Sumasang-ayon ba kayo sa pangungusap na ito? Bakit oo o bakit hindi?
- Bakit hindi gaanong isinasaalang-alang ng ilang mga tao ang mga kapangyarihan ni Satanas?

---

**Ang Gawain ni Satanas ay ang Sirain Tayo**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na si Satanas ay nabigo sa buhay bago pa ang buhay na ito na sirain ang ating kalayaan sa pagpili, ngunit alam niya na kapag mapasusunod niya tayo na gamitin ito sa hindi magandang paraan ngayon ay maaari pa ring niyang sirain ang ating mga kaluluwa.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 2:27.

- Ano ang mga bunga ng pagpili ng mabuti? (Kalayaan at buhay na walang-hanggan.)
- Ano ang mga bunga ng pagsunod kay Satanas? (Pagkabihag at kamatayan.)
- Paano ninyo nakikita ang mga tao na nagiging bihag kapag sinusunod nila si Satanas?
- Paano namamatay ang isang tao na sumusunod kay Satanas? (Namamatay siya sa espirituwal dahil inihihiwalay niya ang kanyang sarili sa Diyos.)
- Ano ang talagang layunin ni Satanas? (Ang gawing kaaba-aba ang lahat ng tao, tulad niya.)

Sipi at talakayan

Kinilala ni Elder ElRay L. Christiansen ang ilan sa mga pamamaraan ni Satanas: "Alam ni Satanas ang lahat ng panlilinlang. Alam niya kung saan tayo mahina sa mga tukso at kung paano niya tayo aakitin na gumawa ng masama. Siya at ang kanyang mga sugo ay nagmumungkahi ng masama, pinagagaan ang pagiging malala ng kasalanan, at ginagawang kaakit-akit ang kasamaan" (sa "Q and A", *New Era,* Hulyo 1975, p. 49).

- Ano ang tatlong pamamaraan na tiyak na binanggit ni Elder Christiansen? (Si Satanas ay nagmumungkahi ng masama, pinagagaan ang pagiging malala nito, at ginagawa itong kaakit-akit.)

Pisara at talakayan

Isulat ang *nagmumungkahi ng kasalanan* sa pisara.

- Ano ang ilan sa mga kasalanan na karaniwang iminumungkahi ni Satanas sa mga kabataan? Isulat ang mga sagot sa pisara. Ang ilan sa mga maaaring sagot ay ang mga sumusunod: pag-inom, paninigarilyo, pandaraya, pagsisinungaling, pagnanakaw ng maliliit na bagay sa mga tindahan, paggamit ng droga, pagmumura at pagiging hindi malinis sa puri.

- Paano hinihikayat ni Satanas ang mga kabataan ngayon?

Isulat ang *pinagagaan ang pagiging malala ng kasalanan* sa pisara.

Muling tukuyin ang talaan ng mga kasalanan. Anyayahan ang mga kabataan na magbigay ng mga halimbawa ng mga pangangatwiran na ginagamit ni Satanas upang pagaanin ang pagiging malala ng bawat kasalanan. Isulat ang sagot sa pisara sa gawing kanan ng bawat kasalanan. Ang mga maaaring sagot ay kinabibilangan ng—

"Ginagawa ito ang lahat."

"Hindi ito nakasasakit sa ibang tao, kaya ano ang masama rito?"

"Hindi makasasama ang isang beses lamang."

"Ako lamang naman ang nasasaktan."

"Hindi ito masama kung ang dalawang tao ay nagmamahalan."

- Ano ang masama sa mga pangangatwiran na ito? (Hindi nito isinasaalang-alang ang mga pangmatagalang kahihinatnan ng kasalanan, katulad ng pagkawala ng paggalang sa sarili; pagkawala ng espirituwalidad; hindi pagkakaroon ng pagkakataon na makapunta sa misyon, makasal sa templo, o makapasok sa kahariang selestiyal; at ang nasaktang damdamin ng mga magulang at iba.)

Kung may sapat pang oras, maaari ninyong naisin na suriin ang bawat pangangatwiran at ituro ang ilan sa mga bagay na hindi nito isinaalang-alang.

Isulat sa pisara ang *ginagawang kaakit-akit ang kasalanan*.

- Paano ginagawang kaakit-akit ni Satanas ang mga kasalanang ito? (Binibigyang-diin niya ang mga nakapagbibigay kasiyahang bagay nito at ginagawang tila ang mga ito ang sikat na bagay na gawin.)

- Ano ang ilan sa mga kagamitan na ginagamit niya upang sikaping gawing kaakit-akit ang kasalanan? (telebisyon, mga pelikula, aklat, magasin, pamimilit ng mga kaibigan.)

- Paano ginagawang kaakit-akit ng ilang pag-aanunsiyo ang kasalanan? (Inihahalubilo nito ang alkohol at tabako sa katanyagan, kayamanan, at kasiyahan. Ito ay nagpapakita ng mga maganda at sikat na tao na gumagamit ng mga produktong ito.)

Sipi

Ipaliwanag na kilala tayo ni Satanas at ang ating mga kahinaan. Alam niya kung anong mga kasalanan ang imumungkahi at kung kailan imumungkahi ang mga ito—karaniwan ay kapag tayo ay pagod o nawawalan ng pag-asa. Sinabi ni Pangulong David O. McKay: "Ang inyong pinakamatinding kahinaan ang lugar na kung saan ay sisikapin kayong tuksuhin, gapiin ni Satanas; at kung ginawa ninyong mahina ang inyong sarili, daragdagan niya ang kahinaang iyan" ("The Temptations of Life," *Improvement Era,* Hulyo 1968, p. 3).

Mga palaisipang tanong

- Ano ang inyong pinakamatinding kahinaan? Paano kayo tinukso sa lugar na iyon? Ano ang maaari ninyong gawin upang palakasin ang inyong sarili sa lugar na iyon? (Huwag pasagutin nang malakas ang mga kabataang lalaki.)

Talakayan

- Sa anong mga panahon tayo pinakamahina na labanan ang tukso? (Ang mga sagot ay dapat na kabilangan ng kapag tayo ay nawawalan ng pag-asa; kapag pagod ang ating katawan at isipan; kapag sa palagay natin ay kaya nating daigin ang tukso kahit na wala ang tulong ng Panginoon; kapag tayo ay nakipagtalo sa mga kaibigan, magulang, o mga pinuno ng Simbahan.)

Ipaliwanag na ang isa sa mga pinakamabisang paraan ni Satanas ay ang dahan-dahang paglalayo sa atin mula sa tama tungo sa mali. Hindi gaanong mahalaga sa kanya kung dalawang linggo o dalawang taon ang kakailanganin upang maakay tayo na gumawa ng malalang kasalanan, basta nakikita niyang tayo ay higit na pumapayag na makinig sa kanyang mga mungkahi.

Kung kayo ay tinukso ni Satanas na gumawa ng malalang kasalanan sa una, ni hindi ninyo ito isasaalang-alang. Gayunman, maaari niya kayong tuksuhin sa mga bagay na tila maliit o hindi mahalagang mga kasalanan. Pagkatapos ay unti-unti siyang magmumungkahi ng palaki nang palaking mga kasalanan hanggang sa matukso niya kayong gumawa ng isang bagay na hindi ninyo kailanman isinaalang-alang noong una.

- Nakita ninyo na bang gumawa si Satanas sa ganitong paraan sa pamamagitan ng iba't ibang tukso?

---

**Maaari Nating Labanan si Satanas**

Kuwento sa banal na kasulatan

Ang Mahalagang Perlas ay naglalaman ng isang panayam na naranasan ni Moises sa harap ng Diyos, na kung saan ay nakipag-usap si Moises sa Diyos nang harapan. Matapos na umalis ang Diyos, si Satanas ay nagpakita kay Moises at inutusan si Moises na sambahin siya. Nakita ni Moises ang kaluwalhatian ng Diyos at nakilala si Satanas bilang isang manlilinlang.

Basahin ang tugon ni Moises kay Satanas, na matatagpuan sa Moises 1:18–22.

- Paano nailigtas si Moises mula sa kapangyarihan ni Satanas? (Nagpatuloy siyang tumawag sa Diyos at inutusan si Satanas na umalis.)
- Ano ang nagawa na ninyo upang matagumpay na napaglabanan ang mga tukso ni Satanas?

Sipi

"Kapag siya ay nilalabanan, si Satanas ay nagagalit, katulad ng ginawa niya kay Moises. Nananangis siya nang may malakas na tinig, nanginig, at natigatig, at siya ay umalis sa harapan ni Moises na *walang-takot* . . . Wala na siyang magagawa. Kailangan niyang umalis kung sasabihin ninyong, 'Umalis ka sa karapan ko, Satanas.' Ang bawat kaluluwang may katawan ay higit na malakas kaysa kay Satanas, *kung ang kaluluwang iyon ay may matibay na pasiya*" (Spencer W. Kimball, "The Blessings and Responsibilites of Womanhood," *Ensign,* Mar. 1976, p. 71; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na maging matatag sa kanilang pasiya na labanan si Satanas at ang kanyang mga tukso. Muling bigyang-diin ang katotohanan na si Satanas ay walang magagawa sa atin kung lalabanan natin siya.

Himukin ang mga kabataang lalaki na taimtim na isaalang-alang kung anong kahinaan ang maaaring sinisikap salakayin ni Satanas sa kanilang sariling buhay. Pasulatin sila sa kanilang mga talaarawan ng dalawang paraan na maaari nilang madaig ang kahinaang ito.

# Panalangin

# 12

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na sa pamamagitan ng tapat, taimtim na panalangin ay maaari siyang maging higit na malapit sa kanyang Ama sa Langit.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Gumawa ng kopya ng bigaysipi na "Paanyayang Makipag-usap sa Diyos" para sa bawat kabataang lalaki.
3. Ipakita ang larawan 3, Nananalangin si Enos (larawan 305 rin sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo [347301]).

**PAALALA**

May mga kabataang lalaki na bihirang manalangin nang sarilinan o maaaring hindi pa kailanman nanalangin nang sarilinan. Maging sa mga araw-araw na nananalangin, ang uri ng kanilang panalangin ay magkakaiba. Ang ilan ay kailangan pa ring tuklasin ang mga pagpapala ng pananalangin sa kanilang Ama sa Langit. Ang iba ay maaaring nakatanggap na ng maraming kasagutan sa panalangin. Kahit na ang karanasan ng bawat maytaglay ng pagkasaserdote ay magkakaiba, ang layunin ng araling ito ay upang palakasin ang kanilang pagnanais na araw-araw na manalangin sa kanilang Ama sa Langit at upang makatanggap ng tulong at mga pagpapala sa pamamagitan ng panalangin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento at talakayan

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento:

"Hindi kailanman [malilimutan ni Ron Clark ang hapong iyon]. Nakahiga siyang naipit sa ilalim ng isang dalawang toneladang trak sa ibaba ng isang ilang na salpukan ng tubig. Sa tabi niya ay ang ilan sa mga pinakamatalik niyang kaibigan—patay. Sa paligid niya ay ang madugong malaking sakuna na naganap nang ang malaking trak ay umatras at nahulog sa isang bangin, na sakay ang mahalagang pasahero at 45 katao. Ngayon, 12 sa 45 ang patay. Dalawampung iba pa ang nasugatan. Si Ron mismo ay naipit sa malapit sa gawing unahan ng mabigat na sasakyan na kung saan naipon ang bigat. Ang panga niya ay malubhang nalinsad nang ang trak ay tumaob, at ang kanyang kaliwang paa ay naipit sa ilalim ng trak. . . .

"Si Ron ang huling nakuha mula sa labi. Hindi naglaon, pagkatapos na siya ay dalhin sa Ospital ng Panguitch [Utah], dumating ang kanyang mag-anak mula sa Provo [Utah].

" 'Mabuti na ako, Inay,' ang sinabi niya.

"Ang 16 na taong gulang na *Explorer* [Iskaut] na ito ay nagpakita ng pambihirang tapang. At pagkalipas ng ilang araw, siya ay tinawag upang magpakita nang marahil ay higit pang lakas ng loob.

"Pinauwi siya, na kung saan ay kinailangan siyang pakainin sa pamamagitan ng istro dahil hindi niya maigalaw ang kanyang labis na namamagang panga. Halos hindi siya makapagsalita. Hindi siya makakanta. Para kay Ron, iyon ay napakalala. Sa buong buhay niya ay nakapagdulot siya ng maraming kagandahan at kasiyahan sa buhay ng mga nakarinig na ng kanyang walang-katulad na tinig. . . .

"Nasa harap niya ngayon ang libing ng mga Gordon at . . . ang pinagsamang libing ng lima niyang pinakamatalik na kaibigan. Babahagya pa lamang siyang nakalalakad sa tulong ng mga saklay nang tawagin siya ng pangulo ng istaka na si Ben E. Lewis.

" 'Ronnie,' ang sinabi niya, 'nais ng mga mag-anak na uwawit ka sa paglilibing.'

"Paano niya magagawa iyon? Ang kanyang panga ay labis na namamaga upang maigalaw. . . .

" 'Magagawa mo iyon,' ang ipinangako ni Pangulong Lewis, 'kung mananalangin ka, at kung talagang nais mong gawin.'

"Talagang gusto niya. Ang sumunod na ilang araw ay napuno ng panalangin. Alam niya na tanging ang Panginoon ang makatutulong sa kanya upang magawa ang di kapani-paniwalang gawain na ito.

"Noong umaga ng libing ay hindi siya makakain; matigas ang panga, at nagsasalita na nakatiim ang mga bagang. Ang pagsasanay bago pa man ay malaking kabiguan. Dahil sa mga nakatiim na bagang, wala siyang makuhang taginting o lakas upang makapagpatuloy. Subalit siya ay nangako na.

"Ang mga taimtim niyang panalangin ay nagpatuloy hanggang sa panahon na siya ay umupo sa tabi ng kanyang kapatid na si Bob sa balkonahe ng . . . Tabernakulo ng Provo.

"Nang bigla, mga ilang minuto bago siya umawit, isang malakas na damdamin ang napasakanya, at si Ron ay bumaling sa kanyang kapatid, "Naigagalaw ko na ang aking panga,' ang ibinulong niya. 'Magaling na ang pakiramdam ko!'

"Dinampot niya ang kanyang mga saklay, papilay na lumakad tungo sa organo, at may matamlay na ngiting tumango sa organista na si Byron Jensen. Ang batang Explorer ay marangal na tumindig at tiningnan sa ibaba ang limang kabaong natatakpan ng bulaklak na naglalaman ng mga katawan ng lima sa kanyang mga kaibigan na naging mga kaibigan niya sa halos buong buhay niya. Paano siya nakakaawit?

"Pumailanlang ang kanyang tinig, maganda at dalisay. 'Nawa ay pagpalain at kalingain kayo ng mabuting Panginoon. . . . ' Pinuno ng mga matatag na himig ang tabernakulo at pumailanlang sa langit sa simoy ng hangin ng tag-araw. 'Punuin ng matatamis na bukas ang inyong mga pangarap. Huwag intindihin kung ano sana ang maaaring nangyari. . . . " ' Ang himig ay malakas hanggang sa huli, ngunit pagkatapos ay hindi na siya makapagpatuloy. Nautal siya, pagkatapos ay bumulong, ' . . . hanggang sa muling pagkikita.'

"Dumaloy ang mga luha sa mukha ng labing limang daang humihikbing tao na nagtipon sa tabernakulo—mga luha na dumaloy hindi lamang para sa limang batang lalaki, ngunit mga luha rin para sa tapang ng isang batang Explorer na may namamagang panga.

"Tungkol naman sa pangang iyon—kaagad pagkatapos ng awitin, ito ay muling tumikom, at mga linggo ang lumipas bago naibuka ni Ron ito.

"Walang makapagsasabi kay Ron na hindi nangyari ang mga himala . . . Ngunit hindi basta nangyayari ang mga himala. Ito ay nangangailangan ng pananampalataya. Sa kalagayang ito, ang lahat ay labis na ipinamalas ng isang napakalakas na kabataang lalaki" (Loye Wright, "With Trust in God," *Improvement Era*, Agosto 1967, p. 42–43).

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng kabataang lalaking ito tungkol sa panalangin? Bakit?

- Paano kayo tinulungan ng panalangin na gawin ang isang bagay na hindi ninyo naisip na magagawa ninyo?

Ipabahagi sa mga kabataang lalaki ang anumang karanasan na maaaring naranasan nila. Ang mga himala ay hindi kinakailangang maging kahanga-hanga, na katulad sa isinalaysay sa kuwentong ito, ngunit maaaring maging payak, na mga pang-araw-araw na gawain na kung saan sila ay tinulungan dahil sa kanilang mga panalangin. Maghandang magbahagi ng sarili ninyong karanasan kung kailangan upang lumikha ng talakayan.

---

**Ang Panalangin ay Pakikipag-usap sa Ating Ama sa Langit**

Talakayan

- Kailan tayo nadadaliang manalangin? Bakit?

Pahintulutan ang mga kabataang lalaki na magbigay ng mga tiyak na sagot.

- Ano ang kaibhan ng "pagsambit" lamang ng ating mga panalangin sa pananalangin nang may tunay na hangarin?

Gawain sa banal na kasulatan

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng kopya ng bigay-sipi na "Paanyayang Makipag-usap sa Diyos." Basahin at talakayin ang bawat talata na nasa bigay-sipi. Pasulatin ang bawat kabataang lalaki ng mga mahalagang salita mula sa mga banal na kasulatan.

- Paano tayo "makapananalangin palagi"?

Sipi at talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng panalangin sa inyong puso? Hindi ba tayo tinuruan na kapag tayo ay nananalangin ay dapat tayong manalangin nang malakas?

Ang sumusunod na sipi ay makatutulong sa inyo sa talakayang ito:

"Maaari kayong tiyak na makipag-usap sa Panginoon na hindi kinikilos ang inyong mga labi. Maaari kayong umupo sa isang silid-aralan at mag-isip ng panalangin, o lumakad sa paaralan at sa isipan ninyo ay makipag-usap sa Panginoon. Maaari kayong manalangin nang tahimik habang nasa kalipunan ng mga tao. Ngunit kung minsan, sa tahimik ninyong silid, lumuhod at makipag-usap nang malakas sa Panginoon. Makipag-usap sa kanya hanggang sa nais ninyo at sabihin ang mga bagay na nadarama ninyo sa kaibuturan ng inyong puso. Sabihin ninyo sa kanya ang inyong mga kabiguan, ang inyong pagnanais na umunlad, ang inyong pagnanais na maabot ang inyong mga pangarap. Hilingin sa kanya na ihayag sa inyo ang kailangan ninyong gawin upang mahanap ang inyong tadhana" (George Durrant, Someone Special, Starring YOUth [Salt Lake City: Bookcraft, 1976], p. 63).

- Paano kayo tinulungan ng paghahandog ng panalangin sa puso ninyo?

---

**Katapusan**

Sipi

Ipaliwanag na upang tulungan tayo sa mga pagsisikap natin, tinuruan tayo ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng ating mga makabagong pinuno kung paano manalangin. Basahin at talakayin ang mga sumusunod na mungkahi mula kay Obispo H. Burke Peterson:

"Habang nadarama ninyo ang pangangailangan na magtapat sa Panginoon o mapabuti ang uri ng mga pagdulog ninyo sa kanya—upang manalangin, kung mamarapatin ninyo—maaari ba akong magmungkahi ng isang paraan na susundin: pumunta kung saan kayo ay makapag-iisa, pumunta kung saan kayo ay makapag-iisip, pumunta kung saan kayo ay makaluhod, pumunta kung saan kayo ay maaaring makipag-usap nang malakas sa kanya. Ang silid-tulugan, paliguan, o munting silid ay makasasapat. Ngayon, ilarawan siya sa inyong isipan. Isipin kung sino ang kinakausap ninyo, pigilin ang inyong mga pag-iisip—huwag hayaang silang gumala-gala, tawagin siya bilang Ama at kaibigan ninyo. Ngayon ay sabihin sa kanya ang mga bagay na nadarama mong sabihin sa kanya—hindi mga karaniwang parirala na kakaunti ang kahulugan, ngunit magkaroon ng tunay, taos-pusong pakikipag-usap sa kanya. Magtapat sa kanya, humingi ng kapatawaran sa kanya, magsumamo sa kanya, ikalugod siya, pasalamatan siya, ipahayag ang pagmamahal ninyo sa kanya, at pagkatapos ay makinig sa mga sagot niya. Ang pakikinig ay mahalagang bahagi ng pananalangin. Ang mga sagot mula sa Panginoon ay dumarating nang tahimik–-kailanman ay lubhang tahimik. Sa katotohanan, kakaunti ang nakaririnig sa mga sagot niya nang malinaw sa pamamagitan ng mga tainga nila. Kailangang nakikinig tayo nang mabuti o hindi natin makikilala ang mga ito. Ang karamihan sa mga sagot mula sa Panginoon ay nadarama sa puso natin bilang isang mainit at maginhawang pagpapahiwatig, o maaari silang dumating bilang mga kaisipan sa isipan natin. Ang mga ito ay dumarating sa mga handa at matiyaga" (sa Conference Report, Okt. 1973, p. 13; o *Ensign,* Enero 1974, p. 19).

Hamon

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na maglagay ng bituin sa tabi ng dalawa sa mga banal na kasulatan na nasa paanyaya at higit na gumawa nang mabuti sa mga bahagi ng panalangin na iyon sa linggong ito.

# Paanyayang Makipag-usap sa Diyos

| | |
|---|---|
| Sino: | Moronias 7:48 |
| Bakit: | 2 Nefias 32:9 |
| | 1 Taga Tesalonica 5:18 |
| | Santiago 1:5 |
| | Mateo 7:7–8 |
| | 3 Nefias 18:15 |
| Paano: | 3 Nefias 19:6 |
| | Moronias 10:4 |
| Saan: | Mateo 6:6 |
| | Doktrina at Mga Tipan 19:28 |
| Kailan: | Alma 34:21 |
| | 1 Taga Tesalonica 5:17 |
| Pangako: | Alma 37:37 |
| | 3 Nefias 18:20 |

# Pag-aayuno

# 13

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na ang tunay na pag-aayuno ay makapagdudulot sa kanya ng malakas na kapangyarihang espirituwal at higit na mga pagpapala mula sa Panginoon.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis at pirasong papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Pag-aralang mabuti ang Isaias 58:6–10.

**PAALALA**

Ang *pag-aayuno* ay isang salita na nagdudulot ng maraming iba't ibang impresyon at damdamin sa isang nagbibinata. Sa panahon na ang gana niya ay lumalakas, maaari siyang mahirapang sundin nang wasto ang ayuno. Bigyang-diin ang mga positibong bagay ng ayuno. Dapat maunawaan ng mga kabataang lalaki ang kaugnayan ng panalangin at pag-aayuno, at dapat na maunawaan nila na mapagbubuti nila ang pagtupad sa batas ng ayuno.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Isang Wastong Ayuno**

Maikling pagsusulit

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang pirasong papel at lapis. Palagyan ng bilang sa mga kabataang lalaki ang mga papel mula isa hanggang sampu. Ipaliwanag na sila ay magkakaroon ng isang maikling "tama o mali" na pagsusulit upang makita kung gaano ang nalalaman nila tungkol sa pag-aayuno.

Tama o Mali

1. Ang pag-aayuno ay dapat na palaging sa loob ng dalawampu't apat na oras.
2. Ang pag-aayuno ay dapat na palaging sinasamahan ng panalangin.
3. Ang pag-aayuno ay maaaring magkaroon ng maraming layunin.
4. Ang pag-aayuno ay mabuti para sa espiritu ngunit masama para sa katawan.
5. Ang pag-aayuno ay isang kautusan.
6. Ang pag-aayuno ay lubos na pagliban sa pagkain lamang.
7. Ang lahat na higit sa walong taong gulang ay dapat na mag-ayuno anuman ang kalagayan ng kanyang kalusugan.
8. Higit na ginagawang makahulugan ng pag-aayuno ang panalangin.
9. Higit na ginagawang makahulugan ng panalangin ang pag-aayuno.
10. Ang pag-aayuno ay madali.

Ipawasto sa bawat kabataang lalaki ang sarili niyang papel. Gawing maikli ang mga puna. Ang mga wastong sagot ay ang mga sumusunod:

1. Mali. Kung minsan ay hindi maaaring mag-ayuno sa loob ng dalawampu't apat na oras (tingnan sa Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1939, p. 244].)
2. Tama (tingnan sa *Gospel Doctrine,* p. 238).

3. Tama (ang mga ito ay tatalakayin sa aralin).
4. Mali.
5. Tama (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 88:76).
6. Mali. Ang pag-aayuno ay pagliban sa pagkain at inumin (tingnan sa *Gospel Doctrine,* p. 243).
7. Mali (tingnan sa *Gospel Doctrine,* p. 244).
8. Tama.
9. Tama.
10. Maaaring tama o mali batay sa kung gaano kasanay ang isang tao sa pag-aayuno.

Ipaliwanag na ang wastong pagsunod sa Linggo ng pag-aayuno ay kinabibilangan ng hindi pagkain at pag-inom sa loob ng dalawang magkasunod na kainan, pagdalo sa pulong pag-aayuno at patotoo, at pagbibigay sa obispo ng bukas-palad na ambag sa handog-ayuno upang makatulong sa pagtataguyod sa mga nangangailangan. Mangyari pa, maaari rin tayong mag-ayuno sa mga panahong maliban sa Linggo ng pag-aayuno.

---

### Ang Mga Himala ay Maaaring Mangyari sa Pamamagitan ng Pag-aayuno

Kuwento sa banal na kasulatan

Minsan, isang lalaki ang nagdala ng anak niyang lalaki na sinaniban ng masamang espiritu kay Jesus. Ipinaliwanag ng lalaki na dinala niya ang kanyang anak sa mga disipulo ni Jesus ngunit hindi nila mapalabas ang masamang espiritu. Matapos na palabasin ni Jesus ito mula sa batang lalaki, ang mga disipulo ay lumapit sa kanya at nagtanong nang palihim, "Paano ito na siya'y hindi namin napalabas?" (Marcos 9:28).

- Ano ang sinabi ni Jesus sa mga disipulo niya? (Ipabasa sa isa sa mga kabataang lalaki ang Marcos 9:29 para sa sagot: "Ang ganito ay hindi mapalalabas ng anuman, maliban sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.")

Kuwento

"[Isang mayamang batang obispo sa Honolulu] ang tinawagan isang araw mula sa Pagamutang Queen upang pumunta at basbasan ang isang batang lalaki na may polyo. Isang katutubong kapatid na babae ang tumawag sa kanya. Siya ang obispo niya, at sinabi niya, 'Obispo, pumarito po kayo, ang anak ko ay dinapuan ng polyo, at nais kong pumarito kayo at mangasiwa sa kanya at basbasan siya.' Buong araw ay naghintay siya sa kanya, at ang obispo ay hindi kailanman dumating. Buong magdamag ay hindi siya kailanman dumating, kinabukasan ay hindi siya kailanman dumating, ngunit maaga nang kinahapunan ay dumating siya. Nagalit siya sa kanya. Pinaratangan niya siya ng lahat ng bagay na maisip niya. 'Kayo, na obispo ko, tinawagan ko kayo at sinabi sa inyo na ang anak ko ay naritong dinapuan ng polyo. At kayo na sarili ninyo ang amo, mayroon kayong mga kotse; mayroon kayong magandang yate; mayroon kayo ng lahat ng bagay na gusto ninyo; at sarili ninyo ang oras ninyo; at hindi kayo dumarating. Ngayon lamang kayo pumunta matapos ang isang buong araw.' Pagkatapos makapagsalita ng kapatid na babae at wala nang masabi sa kanya, ngumiti siya at sinabing, 'Alam ho ninyo, pagkatapos kong ibaba ang telepono kahapon, ako ay nagsimulang mag-ayuno, at ako ay nag-aayuno at nananalangin sa loob ng dalawampu't apat na oras. Handa na ako ngayong basbasan ang anak ninyo.' Noong ikalima nang gabing iyon, ang batang lalaki ay inilabas sa pagamutan na ganap nang magaling sa kanyang polyo. ' . . . Ang ganito ay hindi nangyayari maliban sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.'

"Ngayon labis na nag-aalinlangan ako na nangyari iyon kung pumunta siya noong araw bago ang araw na iyon. Sa palagay ko ay kinailangan ang panalangin at pag-aayunong iyon" (Matthew Cowley, *Matthew Cowley Speaks* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1954], p. 150).

Kuwento

Ipaliwanag na ang sumusunod na kuwento ay nagsasalaysay tungkol sa mga magulang na binigyang-inspirasyon na dalhin ang anak nilang lalaki sa isang Pangkalahatang Awtoridad para sa isang pagbabasbas.

"Mga higit isang taon na ang nakalilipas, isang mag-asawa ang pumunta sa tanggapan ko na may kargang isang maliit na batang lalaki. Sinabi ng ama sa akin, 'Ang misis ko at ako ay nag-aayuno sa loob na ng dalawang araw, at dinala namin ang maliit naming anak para sa isang pagbabasbas. Kayo ang iniutos sa amin na puntahan.'

"Sinabi ko, 'Ano ang nangyayari sa kanya?'

"Sinabi nila na ipinanganak siyang bulag, bingi at pipi, walang pagtutugma ang mga kalamnan niya, hindi man lamang makagapang sa gulang na limang taon. Sinabi ko sa sarili ko, ito na nga. 'Ang ganito ay hindi nangyayari maliban sa pamamagitan ng panalangin at pag-aayuno.' May lubos na pananampalataya ako sa pag-aayuno at sa mga panalangin ng mga magulang na iyon. Binasbasan ko ang batang iyon, at pagkaraan ng mga ilang linggo ay nakatanggap ako ng sulat: 'Kapatid na Cowley, sana ay makita ninyo ang maliit naming anak ngayon. Gumagapang na siya. Kapag naghahagis kami ng bola sa sahig ay hinahabol niya ito nang pagapang. Nakakakita siya. Kapag pumapalakpak kami sa ulunan niya ay tumatalon siya. Nakakarinig siya.' Isinuko ng agham pangmedisina ang suliranin. Ang Diyos ang namahala" (Matthew Cowley, *Miracles,* Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, Utah, 18 Feb. 1953], p. 7–8).

- Paano ninyo nakita ang mga himala na nangyari sa pamamagitan ng pag-aayuno?
- Paano kayo pinagpala ng pag-aayuno?

Ipaliwanag na hindi lahat ng pag-aayuno ay kinakailangang magbunga ng isang mahimalang pagpapagaling. Maraming iba pang dahilan sa pag-aayuno. Sa katunayan, karamihan sa mga tao ay nag-aayuno sa mga kadahilanang bukod sa pagpapagaling sa mga maysakit.

---

**Ang Pag-aayuno ay Higit Pa Sa Hindi Pagkain**

Pisara at talakayan

Isulat ang salitang *panalangin* sa pisara, at magpatala sa mga kabataang lalaki ng mga layunin hangga't sa makakaya nila kung bakit nananalangin ang isang tao.

- Magagamit din ba ang talaang ito kapag binura natin ang salitang *panalangin* at isinulat ang salitang *pag-aayuno*?

Ipaliwanag na ang mga unang pagsisikap sa pag-aayuno ay maaaring mahirap at nakabibigo. Ito ay tila katulad lamang ng hindi pagkain at pag-inom. Gayunman, maaaring magkaroon ng tunay na kasiyahan sa pamamagitan ng pag-aaral at pagkakaroon ng mga espirituwal na karanasan sa pag-aayuno.

Ang pinakamabuting paraan upang matutuhan ang ebanghelyo ay sa pamamagitan ng pamumuhay nito. Sa simula, karamihan sa mga bata at kabataan ay nag-aayuno dahil sa ginagawa ito ng pamilya nila o dahil sa palagay nila ay ito ang tamang bagay na gawin. Maaaring hindi man lamang nila naisip kung bakit dapat nilang pagkaitan ang mga sarili nila ng pagkain at tubig sa loob ng isang araw. Sa katunayan, may ilang tao na nagpapalipas ng araw ng Linggo ng pag-aayuno na kinaaawaan ang sarili nila at hinahangad na matapos na ang araw. Ipaliwanag na ang mga ganitong uri kaisipan at damdamin ay karaniwan. Gayunman, habang patuloy na ipinamumuhay natin ang batas ng ayuno sa paraang dapat, ito ay magiging higit na makahulugan.

- Ano ang ilan sa mga bagay na magagawa mo upang ang iyong ayuno ay maging makahulugang karanasan? Isulat ang *makahulugang ayuno* sa pisara, at itala ang mga sagot ng mga kabataang lalaki. Tiyakin na ang mga sumusunod na paksa ay isinasaalang-alang.

1. Magkaroon ng layunin sa pag-aayuno.

Ipaliwanag na maliban kung tayo ay mag-ayuno nang may layunin, ang pag-aayuno natin ay pagpapakagutom lamang. Kung ang tanging layunin ay hindi pagkain, samakatwid ay pagkain ang pinagtutuunan natin ng pansin. Sa kabilang dako, kung ang pag-aayuno natin ay may layunin, kahit na simple lamang, ang layunin ang napagtutuunan natin ng pansin.

- Ano ang kaibhan ng pag-aayuno at hindi pagkain? (Ang pag-aayuno ay kusang-loob na hindi pagkain at pag-inom upang magpakumbaba ng ating sarili at higit na mapalapit sa ating Ama sa Langit.)

Gawain sa banal na kasulatan

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isa o dalawa sa mga sumusunod na banal na kasulatan. Magbigay ng mga ilang minuto upang basahin nila ang mga ibinigay sa kanilang sanggunian. Ang bawat isa ay naglalaman ng layunin sa pag-aayuno. Ipabanggit sa bawat kabataang lalaki kung ano ang dahilang ibinibigay ng banal na kasulatan na nasa kanya para sa pag-aayuno. Maaari mong naising isulat ang bawat sanggunian at maikling pangungusap sa pisara. Gamitin ang talaang ito habang tinatalakay ninyo kung ano ang mga maaaring maging layunin ng mga kabataang lalaki sa pag-aayuno.

2 Samuel 12:15–16 (Upang makatulong sa paggaling ng maysakit.)

Isaias 58:6–7 (Upang tulungan ang mahihirap.)

Mga Gawa 13:2–3 (Upang makatulong sa pagsasagawa ng mga ordenansa.)

Mosias 27:22–24 (Upang makatulong sa pagsisisi.)

Alma 5:46 (Para sa paghahayag at patotoo.)

Alma 6:6 (Upang makatulong sa mga hindi kasapi.)

Alma 17:3 (Para sa paghahayag at makatulong na maging higit na mabuting maytaglay ng pagkasaserdote.)

Alma 17:9 (Upang makatulong na maging higit na mabuting misyonero.)

Alma 45:1 (Upang sumamba at magpahayag ng pasasalamat.)

Helaman 3:35 (Para sa higit na pagpapakumbaba at pananampalataya kay Cristo.)

Helaman 9:10 (Upang magkaroon ng lakas sa mga panahon ng kalungkutan.)

Doktrina at Mga Tipan 88:76 (Upang sundin ang isang kautusan ng Panginoon.)

- Paano kayo tinulungan ng pag-aayuno sa isa sa mga layuning ito?

2. Samahan ng panalangin ang pag-aayuno.

- Ano ang isang pinaghalong metal? (Isang pagsasama ng mga metal na gumagawa ng isang produktong higit na malakas kaysa sa isa sa mga orihinal na sangkap kapag nag-iisa.)
- Paano kayo tinulungan ng pinagsamang pag-aayuno at panalangin na maging higit na malakas?

Sipi

Ipaliwanag na ang pagsasama ng pag-aayuno sa ating panalangin ay maihahambing sa isang manlalaro na nakakuha ng ikalawang paghinga niya.

"Ang mga manlalaro ay kadalasang nagsasalita tungkol sa pagtatamo ng ikalawang hangin o pagtanggap ng karagdagang lakas matapos nilang ibigay ang lahat ng kanilang makakaya. Ang isang manlalaro ng basketbol, halimbawa, na naglalaro hanggang sa siya ay labis na mapagod ay maaaring bumagal o maipagpapatuloy niyang maglaro nang mabuti kahit na ito ay labis na mahirap sa ilang sandali. Kung pipiliin niya ang huli at magpapatuloy na maglaro nang mabuti, maaari niyang matamo ang kanyang tinatawag na ikalawang paghinga. Gayunman, ang karagdagang lakas na ito ay hindi dumarating hanggang sa ibinigay ng manlalaro ang lahat ng kanyang makakaya, at kaunti pa" (John H. Vandenberg, "Fasting," *Improvement Era,* Peb. 1969, p. 71).

3. Magbigay ng inyong patotoo.

Ito ay magagawa sa isang pulong ayuno at patotoo, sa isang kaibigan o sa pamilya ninyo, o sa isang pansariling talaarawan.

4. Gumugol ng panahon sa pagninilay-nilay sa mahahalagang bagay.

Dapat nating bilangin muli ang mga pagpapala natin, muling suriin ang mga matuwid nating layunin, at gumawa ng mga plano para sa pagpapabuti.

5. Wakasan ang ayuno sa panalangin.

**Katapusan**

Sipi at talakayan

Sinabi ni Elder Thorpe B. Isaacson: “Ang pag-aayuno ay kinabibilangan ng ganap na hindi pagkain at pag-inom. Ang pag-aayuno, na may panalangin na kasama nito, ay inilaan upang palakasin ang espirituwalidad, upang paunlarin ang diwa ng debosyon at pagmamahal sa Diyos, upang palaguin ang pananampalataya sa mga puso ng tao, sa gayon ay tumitiyak ng banal na pagsang-ayon; upang mahimok sa pagpapakumbaba at pagsisisi ng kaluluwa; upang tumulong sa pagtatamo ng pagkamatuwid; at upang turuan ang tao sa kanyang . . . pangangailangan sa Diyos; at upang mapadali sa landas ng kaligtasan ang mga wastong sumusunod sa batas na ito ng pag-aayuno” (sa Conference Report, Abr. 1962, p. 67).

Itanong sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na katanungan:

- Sa anong antas tayo hindi kakain at iinom kapag tayo ay nag-aayuno? (Ganap.)
- Ano ang kasama ng pag-aayuno? (Panalangin.)
- Paano pinalakas ng pag-aayuno ang inyong espirituwalidad at pananampalataya?
- Paano kayo tinulungan ng pag-aayuno na maging higit na mapagpakumbaba?
- Paano kayo tinulungan ng pag-aayuno na makilala ang pangangailangan ninyo sa Diyos?

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na pumili ng isang tiyak na layunin sa pag-aayuno at gawin ang panalangin na mahalagang bahagi ng karanasan nila sa susunod na sila ay mag-ayuno.

# 14 Pagsunod sa Diyos

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na sinusunod natin ang Panginoon dahil mahal natin siya at ang pagsunod ay nagdudulot sa atin ng kaligayahan at kalayaan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Maaari mong naising italaga ang apat na pinag-aaralang kalagayan sa aralin sa iba't ibang kabataang lalaki. Ipasalaysay sa bawat inatasang tao ang kanyang pinag-aaralang kalagayan niya at pamunuin sa talakayan.

**PAALALA**

Ipaliwanag na tayo ay nabubuhay sa isang daigdig na kung saan ang pagsunod sa Diyos ay kadalasang pinagtatawanan. Gayunman, nauunawaan ng mga Banal sa Huling-araw na tanging habang natututuhan natin ang mga batas ng Diyos at sinusunod ang mga ito tayo makatatagpo ng tunay na kaligayahan at kalayaan. Kahit na maaari tayong sumunod dahil sa paggalang o sa pagpapahalaga sa tungkulin, dapat nating sundin ang Panginoon dahil mahal natin siya. Habang higit nating minamahal ang ating Ama sa Langit, higit na sinusunod natin ang mga payo niya at halimbawa. Bilang tagapayo, ang tungkulin mo ay muling pagbibigay katiyakan sa mga kabataang lalaki na tanging sa pamamagitan ng pagsunod sa mga dakilang batas ng Diyos nila matatanggap ang kaligayahan na hinahangad nila.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento at talakayan

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Si Lawrence ay nakaupong nangingisda sa pampang ng ilog malapit sa sakahan ng mag-anak. Naging magandang araw iyon. Inisip niya ang tungkol sa nakaraang tatlong taon mula noong lumipat ang pamilya niya sa sakahan. Nagustuhan niya ang mapayapang kapaligiran, ang masasayang panahon sa piling ng pamilya niya, at ang mga hayop. At kadalasan ay ikinasisiya pa niya ang mahirap na gawain.

Nang hapong ito ay higit siyang tuwang-tuwa. Ang ama niya na pumunta sa lungsod nang mga ilang araw ay babalik na. Bigla ay napatayo siya. Kamuntik na niyang makalimutan—inutusan siya ng ama niya na kumpunihin ang lumang silungan para sa bagong guya na iuuwi niya. Kaagad-agad, si Lawrence ay tumakbong pauwi. Pagkaraan ng dalawang oras ay umupo siyang pagod na pagod. Natapos na niya ang iniutos sa kanya ng ama niya. Ngayon ay makapagpapahinga na siya.

- Bakit sa palagay ninyo kaagad na huminto sa pangingisda si Lawrence upang tapusin ang takdang-gawain na ibinigay sa kanya ng ama niya?
- Paanong ang mga nakaraang karanasan ni Lawrence sa ama niya ay nagtatakda sa dahilan ng pagnanais niyang matapos ang takdang-gawain?

**Dapat Nating Sundin ang Panginoon Dahil Mahal Natin Siya**

Pisara at talakayan

Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara: *Ang tungkulin ay nakapagpapakilos sa atin na gumawa ng mga bagay; ang pagmamahal ay nakapagpapakilos sa atin na gawin ang mga ito nang mabuti.*

- Bakit batay sa pagmamahal niya ang pagsunod ng isang tao?

- Kailan kayo sumunod nang dahil sa tungkulin o takot?
- Kailan kayo sumunod nang dahil sa pagmamahal?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 14:15. Talakayin ang kahulugan nito. Imungkahi na markahan ng bawat kabataang lalaki ang talatang ito.

- Gaano katapat ang mga tao na nagpapahayag na mahal nila ang Panginoon ngunit hindi gaanong nagsisikap na sundin ang mga kautusan niya?

Mga Pinag-aaralang kalagayan sa banal na kasulatan

Ipaliwanag na maraming halimbawa ng mga tao sa mga banal na kasulatan na sumunod sa Panginoon dahil mahal nila siya. Kung iniatas mo ang mga takdang gawain noon, ipalahad sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na pinag-aaralang kalagayan; kung hindi ay ikaw mismo ang maglahad ng mga ito.

Pinag-aaralang kalagayan 1

Ang buhay ni Propetang Elijah ay pinagbantaan ni Reynang Jezabel. Sinabi ng Panginoon kay Elijah na ikubli ang sarili sa tabi ng batis Cherith. Ang mga banal na kasulatan ay nagtatala ng isang simple, magandang katotohanan: "Sa gayo'y naparoon siya at ginawa ang ayon sa salita ng Panginoon" (1 Mga Hari 17:5). Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang pariralang ito sa mga banal na kasulatan nila. Isulat sa pisara ang *Elijah—naparoon at ginawa*. Ipaliwanag na si Elijah ay hindi tumutol; hindi siya nagbigay ng mga pangangatwiran; siya lamang ay "naparoon . . . at ginawa."

Pinag-aaralang kalagayan 2

Si Lehias, isang propeta at ama, ay nagbigay ng mga tagubilin na katulad ng inihayag ng Panginoon. Sina Laman at Lemuel ay nakipagtalo at tumanggi, na tumutugon na isang mahirap na bagay ang iniuutos sa kanilang gawin (tingnan sa 1 Nefias 3:5). Si Nefias, na nagnanais na makilala ang kanyang Ama sa Langit at may malaking pagmamahal kapwa sa Ama sa Langit at sa kanyang ama sa lupa, ay tumugon, "Yayaon ako at gagawin ang mga bagay na ipinag-utos ng Panginoon" (1 Nefias 3:7). Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang pariralang ito sa mga banal na kasulatan nila. Isulat sa pisara ang *Nefias—Yayaon ako at gagawin*.

Pinag-aaralang kalagayan 3

Ang batang si Joseph Smith ay magdamag na nakinig kay anghel Moronias. Kinaumagahan, naghihina dahil sa karanasan noong gabi, si Joseph ay inutusang bumalik at sabihin sa ama niya ang tungkol sa mga karanasan niya. Pakinggan ang mga salita ng batang si Joseph: "Sumunod ako; ako'y nagbalik sa aking ama sa bukid, at inulit ko sa kanya ang lahat ng bagay" (Joseph Smith––Kasaysayan 1:50). Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang banal na kasulatang ito, pagkatapos ay isulat sa pisara ang *Joseph Smith––sumunod*.

Pinag-aaralang kalagayan 4

Noong si Jesucristo ay dumanas ng matinding paghihirap sa Halamanan ng Getsemani para sa kasalanan ng buong sangkatauhan, ipinanalangin niya, "Ama ko kung baga maaari, ay lumampas sa akin ang sarong ito: gayunman ay huwag ang ayon sa ibig ko, kundi ang ayon sa ibig mo" (Mateo 26:39). Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang talatang ito, pagkatapos ay isulat sa pisara ang *Jesus—ayon sa ibig mo (Ama sa Langit)*.

Patotoo

Magpatotoo na kung mahal natin ang ating Ama sa Langit ay nanaisin nating sundin siya. Kung nahihirapan tayong sumunod, dapat nating patatagin ang pagmamahal natin sa Panginoon.

- Paano ninyo mapatatatag ang pagmamahal ninyo sa Ama sa Langit?

---

**Ang Pagsunod ay Nagdudulot ng Kalayaan at Kaligayahan**

Himno, banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang unang talata ng himnong "Bawa't Kalul'wa'y Malaya" *(Ang Babaeng Banal sa Huling-araw, Bahagi B)*.

- Ano ang kahulugan kapag sinasabi "na ang Diyos ay walang pipiliting tao sa langit"?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Juan 8:31.

- Paano kayo "makapagsisipanatili" sa salita ng Tagapagligtas?
- Ano ang magagawa mo upang maging isang disipulo?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Juan 8:32.

- Anong epekto mayroon ang katotohanan sa atin kung ipagwawalang-bahala natin ito at hindi natin isasagawa sa ating buhay?

Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara:

Ang katotohanan ay magpapalaya sa atin sa—

Ang katotohanan ay magpapalaya sa atin na—

Magpatala sa mga kabataang lalaki ng maraming bagay sa abot ng makakaya nila sa ilalim ng bawat pangungusap. Ang ilang mga halimbawa ay—


Malaya sa kasalanan.
Malaya sa may-salang damdamin.
Malaya sa pagkalito.
Malaya sa alalahanin.
Malaya sa pag-aalinlangan.
Malaya sa kamangmangan.
Malayang gumawa ng matatalinong pagpili.
Malayang maisulong sa pagkasaserdote.
Malayang magtungo sa misyon.
Malayang ikasal sa templo.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 130:20–21.

- Ano ang mga bunga ng pagsunod? (Mga pagpapala.)


Paglalarawan sa pisara

Ilagay ang sumusunod na paglalarawan sa pisara:




- Kapag tayo ay tumatanggap ng mga pagpapala at nagiging maligaya, bakit tayo nagkakaroon pagkatapos ng higit pang pagnanais na maging masunurin?
- Ano ang nangyayari habang ang pagsunod natin ay nag-iibayo? (Ang mga pagpapala natin ay nadaragdagan.)
- Ano ang nadarama natin habang tumatanggap tayo ng higit pang mga pagpapala?

Idagdag ang mga sumusunod na salita sa paglalarawan sa pisara na katulad sa mga sumusunod:




- Sa anong saloobin tayo dapat sumunod?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 58:29.

- Anong gantimpala ang ibinibigay ng Ama sa Langit sa mga sumusunod sa mga kautusan na may mga nag-aalinlangang puso?

---

## Katapusan

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap: "Ang pagsunod ang unang batas sa langit, ang batong panulok kung saan ang lahat ng katwiran at pag-unlad ay nakasalalay. Ito ay kinabibilangan ng pagganap sa mga banal na batas, na naaalinsunod sa kaisipan at kalooban ng [Diyos]" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 539).

Patotoo at hamon

Magpatotoo na ang bawat kautusan, kung sinunod, ay nagdudulot ng pangmatagalang kaligayahan. Hilingan ang bawat kabataang lalaki na tukuyin ang isang kautusan na nahihirapan siyang sundin dahil hindi niya ganap na nauunawaan ito. Hamunin ang bawat kabataang lalaki na sunding ganap ang kautusang iyon sa loob ng isang buwan habang siya ay nananalangin at nag-aaral para sa pagkakaroon ng pang-unawa at matibay na paniniwala tungkol dito.


# 15 Kadakilaan sa Pamamagitan ng Pagtupad sa Mga Tipan

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magnanais na ihanda ang sarili para sa kadakilaan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Maghanda ng dalawang paskil. Sa isang paskil isulat ang *Ang kawalang-kamatayan ay pagkabuhay na mag-uli ng katawang may laman at buto sa walang katapusang buhay. Isang walang-bayad na kaloob sa bawat tao sa lupa, ang kawalang-kamatayan ay bunga ng pagkabuhay na mag-uli ni Jesucristo. Sa isang paskil isulat ang Ang kadakilaan ay buhay na walang hanggan, ang uri ng buhay na ipinamumuhay ng Diyos. Ito ay kinabibilangan ng pagpapatuloy ng samahan ng pamilya sa kawalang-hanggan. Ang mga magkakamit nito ay magtatamo ng mana sa pinakamataas sa tatlong kalangitan sa kahariang selestiyal. Ang manang ito ay ibinibigay lamang sa mga nakatutugon sa mga tiyak na kondisyon.*
3. Bago ang pulong-pagkasaserdote ihanda ang pisara na katulad sa sumusunod:




4. Maghanda ng bigay-siping mga kopya ng mga siping ginamit sa aralin (kung nanaisin).

**PAALALA**

Ang pinakadakila sa lahat ng kaloob na maaari nating tanggapin ay ang kadakilaan, o buhay na walang hanggan. Ang katotohanan ng kadakilaan ay hindi kayang abutin ng unawa natin at imahinasyon, ngunit alam natin ang landas: ito ay paggawa at pagtupad ng mga tiyak na tipan sa Panginoon.

Ang tibay ng pagnanais mo na makamit ang kadakilaan ay magiging pinaka-susi sa pagpukaw sa mga kabataang lalaki na hangarin ang gayon ding layunin. Hayaang madama nila ang iyong pananampalataya sa katotohanan ng kadakilaan at ang matibay mong hangarin na matamo ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ang Lahat ng Taong Ipinanganganak sa Lupa ay Tumatanggap ng Kawalang-kamatayan; Tanging ang mga Masunurin ang Tumatanggap ng Kadakilaan

Paskil at talakayan

Ipaliwanag na sa loob ng mga daantaon, ang kalalakihan at kababaihan ay nagtataka tungkol sa buhay pagkatapos ng kamatayan. Ang ilang tao ay hindi naniniwala sa buhay pagkatapos ng kamatayan; ang iba ay umaasam na magkakaroon ng isang uri ng buhay.

Ipakita ang paskil na naglalaman ng kahulugan ng kawalang-kamatayan. Itanong ang mga sumusunod na katanungan (ang mga sagot ay nasa paskil):

- Ano ang kailangan mong gawin upang matamo ang kawalang-kamatayan?
- Sino ang tatanggap ng kawalang-kamatayan?
- Sino ang nagbigay-daan sa kaloob na ito?
- Paano napangyari ang kaloob na ito?

Ipaliwanag na maraming tao ang maaaring nalulugod sa paghahangad lamang ng kawalang-hanggan dahil hindi nila alam na may higit pa rito. Ipakita ang paskil na naglalaman ng kahulugan ng kadakilaan. Ang kawalang-kamatayan at kadakilaan ay kapwa kaloob mula sa ating Ama sa Langit.

- Ano ang kaibhan ng kadakilaan sa kawalang-kamatayan?
- Ano ang kailangan mong gawin upang matamo ang kadakilaan?

Ihambing ang mga hinihingi para sa kawalang-kamatayan sa mga hinihingi para sa kadakilaan.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na sinasabi sa atin ng Doktrina at Mga Tipan 14:7 ang kahalagahan ng kadakilaan o buhay na walang hanggan kung tawagin minsan. Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang banal na kasulatan. Pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang talatang ito.

- Ano ang sinasabi ng banal na kasulatang ito na kailangan nating gawin upang matamo ang kadakilaan?

Sa bahaging ito ng talakayan, bigyang-diin ang bahagi ng banal na kasulatan na nagsasabing, “Sundin ninyo ang mga kautusan ko.”

---

### Ang Kadakilaan ay Humihingi ng Mga Ordenansa at Tipan

Talakayan

Ipaliwanag na upang maunawaan kung paano tayo inaasahan ng ating Ama sa Langit na sundin ang mga kautusan, kailangan nating malaman ang kahulugan ng dalawang salita: *ordenansa* at *tipan*.

- Ano ang isang ordenansa? (Isang panlabas, pisikal na gawain, na katulad ng pagbibinyag, sumasagisag sa isang panloob na paniniwala o pangako.)
- Ano ang isang tipan? (Isang pangako sa isa’t isa sa pagitan ng Diyos at ng tao, kung saan ang tao ay nangangakong gagawa ng mga tiyak na bagay at ang Diyos ay nangangako ng mga tiyak na kahihinatnan.)

Mga sipi, pisara, at talakayan

Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball ang isang tipan na ginawa natin noon pa man. Hilingin sa mga kabataang lalaki na pakinggan kung ano ang ipinangako nila sa Ama sa Langit at kung kailan nila ginawa ang pangakong ito:

“Tayo ay gumawa ng mga panata, mga taimtim na panata, sa kalangitan bago tayo pumunta sa may-kamatayang buhay na ito. . . .

“Gumawa tayo ng mga tipan. Ginawa natin ang mga ito bago natin tinanggap ang katungkulan natin dito sa lupa. . . .

"Ipinangako natin ang sarili natin sa ating Ama sa Langit, na kung ipadadala Niya tayo sa lupa at pagkakalooban tayo ng mga katawan at ibibigay sa atin ang mga walang-kasinghalagang pagkakataon na maibibigay sa atin ng buhay sa lupa, na pananatilihin nating malinis ang buhay natin at magpapakasal sa banal na templo at bubuo ng pamilya at tuturuan sila ng pagkamatuwid. Ito ay isang taimtim na sumpa, isang taimtim na pangako" ("Be Ye Therefore Perfect," [talumpati sa debosyonal, Salt Lake Institute of Religion, 10 Enero 1975], p. 2).

- Kailan ninyo ginawa ang tipang sinasabi ni Pangulong Kimball?
- Ano ang ipinangako ninyo sa inyong Ama sa Langit?

Isulat ang mga sagot sa pisara sa ilalim ng bilog na sumasagisag sa "Buhay bago pa ang buhay na ito." (Tingnan ang halimbawang paglalarawan ng pisara sa hulihan ng bahaging ito.)

Ipinaliwanag ni Elder Howard W. Hunter ang ilan sa mga bagay na kailangan nating malaman at gawin upang matanggap natin ang kadakilaan: "Ang landas patungo sa kadakilaan ay malinaw na itinakda. Sinabi sa atin na magkaroon ng pananampalataya—pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, at magsisi sa mga bagay na hindi sang-ayon sa mga aral niya. Pagkatapos ng pagbabago sa saloobing pangkaisipang ito, at may matibay na kapasiyahan, kailangan nating ipahayag ang sarili natin sa pamamagitan ng pagtungo sa mga tubig ng pagbibinyag, na sa gayong paraan ay nakikipagtipan sa Panginoon na susundin ang kanyang mga kautusan" (sa Conference Report, Okt. 1960, p. 109).

- Ayon kay Elder Hunter, ano ang ilan sa mga bagay na kailangan nating gawin upang matamo ang kadakilaan?

Itala ang mga ito sa pisara sa ilalim ng bilog na sumasagisag sa "Buhay sa lupa." (Tingnan ang halimbawang paglalarawan ng pisara.)

Kapag ang isang kabataang lalaki ay binibinyagan siya ay nakikipagtipan na—

1. Dalhin ang mga pasanin ng iba,
2. Maging saksi ng Diyos, at
3. Sundin ang mga kautusan.

(Tingnan sa Mosias 18:8–10.)

Ipaliwanag na kung tinutupad natin ang mga tipan natin, ipinangangako ng Ama sa Langit na ipagkakaloob niya sa atin ang kanyang Espiritu.

- Paano ninyo sinasariwa ang mga tipan ninyo sa pagbibinyag? (Sa pamamagitan ng karapat-dapat na pagtanggap ng sakramento.)
- Ano ang ibinigay sa inyo ng Ama sa Langit upang tulungan kayo na tuparin ang mga tipan ninyo sa pagbibinyag? (Ang kaloob na Espiritu Santo.)
- Paano kayo tutulungan ng Espiritu Santo na maging dakila? (Uudyukan niya kayo na gumawa ng mabuti, tuturuan kayo ng lahat ng katotohanan, tutulungan kayong makilala ang Diyos at si Jesucristo, babaguhin ang inyong puso upang hindi na kayo magkaroon ng pagnanais na gumawa ng masama [tingnan sa Mosias 5:2].)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 76:56–57.

- Ano pa ang kailangang gawin ng isang kabataang lalaki upang matanggap ang kadakilaan? (Tanggapin at igalang ang Pagkasaserdoteng Melquisedec.)

Ipaliwanag na isa pang ordenansang kailangan sa kadakilaan ay ang kaloob na tinatanggap sa templo. Ang mga kaloob ay mga natatanging espirituwal na pagpapala na tumutulong na ihanda ang isang tao na umunlad sa kaharian ng Diyos. Katulad ng pagbibinyag, tayo rin ay nakikipagtipan kapag tinatanggap natin ang ating mga kaloob.

Sipi

Hayaan ang mga kabataang lalaki na makinig sa mga pangakong ginagawa natin kapag tinatanggap natin ang mga kaloob natin sa templo.

Nangangako tayo sa Panginoon na "susundin natin ang batas ng ganap na kabanalan at kalinisang puri, na magiging mapagmahal sa kapwa, mabait, mapagparaya at dalisay; na iuukol kapwa ang talino at materyal na kakayahan sa pagpapalaganap ng katotohanan; . . . na hangarin sa lahat ng paraan na mag-ambag sa malaking paghahanda upang ang mundo ay maihanda na tanggapin ang kanyang Hari, ang Panginoong Jesucristo" (James E. Talmage, *The House of the Lord,* p. 84).

- Ano ang ilan sa mga bagay na ipangangako ninyong gagawin kapag tinanggap ninyo ang kaloob ninyo?

Tingnan ang sipi sa itaas. Idagdag ang mga ito sa pisara.

- Ano ang ibig sabihin ng iukol kapwa ang talino at materyal na kakayahan sa pagpapalaganap ng katotohanan?

Banal na kasulatan at talakayan

Kahit na matanggap ng isang kabataang lalaki ang lahat ng ordenansa at gawin ang lahat ng tipan, hindi siya ginagarantiyahan ng kadakilaan. Upang makita kung ano pa ang kailangang gawin ng isang kabataang lalaki, muling basahin ang Doktrina at Mga Tipan 14:7. Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang banal na kasulatan.


- Ano ang kailangan ninyong gawin pagkatapos ninyong matanggap ang mga kinakailangang ordenansa, ginawa ang mga kinakailangang tipan, at sinimulang sundin ang mga kautusan? (Magtiis hanggang sa wakas.)

Ipaliwanag na maraming mahalagang kautusan ang kailangan nating sundin habang nagtitiis tayo hanggang sa wakas.

- Ano ang ilan sa mga kautusang ito?

Kung may puwang, maaari mong naising isulat ang mga ito sa pisara sa ilalim ng pamagat na "Buhay sa lupa." Ang ilang maaaring sagot ay kinabibilangan ng kasaysayan ng mag-anak, ikapu, Salita ng Karunungan, katapatan.

Ang binuong pisara ay dapat na magmukhang ganito:




---

**Ang Kadakilaan ay Nagmumula sa Pagsunod sa Isang Mapagmahal na Ama sa Langit**

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingin sa mga kabataang lalaki na tumingin sa bahaging talaan ng mga hinihingi para sa kadakilaan.

- Bakit karapat-dapat sa inyo na gawin ang lahat ng bagay na ito at magtiis hanggang sa wakas?

Ang ilan sa mga pagpapala ng pagsunod ay ipinaliliwanag sa Doktrina at Mga Tipan 132:20–24. Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang banal na kasulatang ito.

- Anong mga pagpapala ang naghihintay sa mga namumuhay nang karapat-dapat para sa kadakilaan? (Pagkadiyos, ang lahat ng bagay ay mapasasailalim nila, pamumuhay sa piling ng Diyos, pagkakaroon ng mga walang hanggang mag-anak.)
- Paano kayo pinagpala dahil sa pagsunod sa mga kautusan?

Ipaliwanag na katulad ni Jesus na pinangakuan ng lahat ng mayroon ang Ama, makatatanggap din tayo ng lahat ng kapangyarihan at nasasakupan, na magiging mga tagapaglikha ng ibang mga espiritu at daigdig.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 1 Mga Taga Corinto 2:9.

- Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa mga bagay na inihanda para sa mga nagmamahal sa Panginoon at sumusunod sa mga kautusan niya? (Hindi natin kayang ilarawan sa isip kung gaano kaluwalhati ito.)

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na ang kadakilaan ay isang napakalaking kaloob at pagpapala sa mga nakahandang tumanggap nito—higit kaysa sa mailalarawan sa isip ninuman.

Tiyakin sa mga kabataang lalaki na kung buong sigasig na susundin nila ang mga kautusan, tinutupad ang mga tipan nila, at minamahal ang kanilang kapwa, matatamo nila ang kadakilaan, ang pinakadakilang kaloob ng isang mapagmahal na Ama sa Langit.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na pag-aralang muli ang araling ito sa isipan nila habang nakikibahagi sila sa sakramento sa susunod na pagkakataon at pagkatapos ay itala ang mga nadarama nila sa kanilang mga pansariling talaan.

# Mga Ikapu at Handog

# 16

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa kung paano siya makapag-aambag sa paglaki ng kaharian ng Diyos at makatatanggap ng mga espirituwal at temporal na pagpapala sa pamamagitan ng pagbabayad ng mga ikapu at handog.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Isang sobre para sa ikapu at papel na sulatan ng ambag.

**PAALALA**

Ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron kung minsan ay nahaharap sa mahahalagang pagpapasiya tungkol sa kung ano ang gagawin nila sa mga salapi nila. Itanim sa kanila ang pagnanais na ibigay ang lahat ng hiniling ng Diyos sa kanila. Kung gagawin nila ito, pagpapalain sila ng Panginoon.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento at talakayan

Isinalaysay ni Elder Boyd K. Packer ang sumusunod na kuwento sa pangkalahatang komperensiya:

“Mga ilang taon na ang nakalilipas ay namuno ako sa isa sa mga misyon natin. Dalawa sa mga misyonero natin ang nagtuturo sa isang mabuting pamilya, at sila ay nagpahayag ng pagnanais na magpabinyag, at pagkatapos ay bigla silang nanlamig. Nalaman ng ama ang tungkol sa ikapu at pinawalang-bisa ang lahat ng pakikipagpulong pa sa mga misyonero.

“Dalawang malungkot na elder ang nag-ulat sa pangulo ng sangay, na isa ring bagong nagbalik-loob, na hindi mapapabilang ang mabuting pamilyang ito sa sangay niya.

“Pagkaraan ng ilang araw, hinimok ng pangulo ng sangay ang mga elder na samahan siya sa isa pang pagdalaw sa pamilya.

“ ‘Nauunawaan ko,’ ang sinabi niya sa ama, ‘na ipinasiya ninyong huwag sumapi sa Simbahan.’

“ ‘Tama,’ ang sagot niya.

“ ‘Sinasabi ng mga elder sa akin na nababahala kayo tungkol sa ikapu.’

“ ‘Oho,’ ang sabi ng ama. ‘Hindi nila sinabi sa amin ang tungkol dito; at nang malaman ko ito, sinabi ko, “Sandali muna, masyadong malaki yata ang hinihinging iyan. Ang simbahan namin ay hindi kailanman humingi ng katulad niyan.” Sa palagay namin ay masyadong malaki iyan, at hindi kami sasapi.’

“ ‘Sinabi ba nila sa inyo ang tungkol sa handog-ayuno?’ ang itinanong niya.

“ ‘Hindi,’ sabi ng lalaki. ‘Ano iyon?’

“ ‘Sa simbahan ay nag-aayuno kami nang dalawang kainan bawat buwan at ibinibigay ang katumbas na halaga ng mga pagkain para sa pagtulong sa mga mahirap.’

“ ‘Hindi nila sinabi iyan sa amin,’ ang sabi ng lalaki. . . .

“ ‘Ipinaliwanag ba nila sa inyo ang palatuntunang pangkapakanan?’

“ ‘Hindi,’ ang sabi ng ama. ‘Ano iyon?’

“ ‘Alam mo, naniniwala kami sa pagtulong sa isa’t isa. Kung may isang taong nangangailangan o maysakit o walang trabaho o nasa kagipitan, nagkakaisa kami upang tumulong, at kayo ay aasahang tumulong.

“ ‘Sinabi rin ba nila sa inyo na wala kaming mga tagapaglingkod na tumatanggap ng bayad? Lahat kami ay nag-aambag ng aming panahon, mga talino, kakayahan, at naglalakbay—lahat upang tumulong sa gawain. At hindi kami binabayaran ng salapi.’

“ ‘Hindi nila sinabi sa amin ang alinman tungkol sa mga iyan,’ ang sabi ng ama.

“ ‘Alam mo,’ ang sabi ng pangulo ng sangay, ‘kung kayo ay pinauurong ng isang maliit na bagay na katulad ng ikapu, malinaw na hindi pa kayo handa para sa Simbahang ito. Marahil ay tama ang ginawa ninyong pasiya at hindi kayo dapat sumapi.’

“Papaalis na sila nang may sumagi sa isip, pumihit siya at sinabing, ‘Naisip mo na ba kung bakit ginagawa ng mga tao ang lahat ng ito nang maluwag sa kalooban? Hindi ako kailanman nakatanggap ng bayarin sa ikapu. Kailanman ay walang nagsadya upang singilin ito. Ngunit binabayaran namin ito—at lahat ng iba pa—at ibinibilang ito na isang dakilang tanging karapatan.

“ ‘Kung matutuklasan ninyo kung bakit, magiging abot-kamay na ninyo ang mahalagang perlas, na sinabi ng Panginoon na handang ipagbili ng lalaking mangangalakal ang lahat ng mayroon siya upang matamo niya ito.

“ ‘Ngunit,’ ang sabi ng pangulo ng sangay, ‘Nasa inyo ang pagpapasiya. Umaasa lamang ako na ipananalangin ninyo ang tungkol dito.’

“Pagkaraan ng ilang araw ay nagpakita ang lalaki sa tahanan ng pangulo ng sangay. Hindi, ayaw niyang muling itakda ang pakikipagpulong sa mga misyonero. Hindi na kailangan iyon. Nais niyang itakda ang panahon ng pagbibinyag ng pamilya niya. Sila ay nanalangin, taimtim na nanalangin” (sa Conference Report, Okt. 1974, p. 126–27; o *Ensign,* Nob. 1974, p. 88).

- Ano ang nagpabago sa pasiya ng pamilyang ito na huwag sumapi sa Simbahan?
- May nagsabi na pananampalataya ang kailangan, hindi pera, upang magbayad ng ikapu. Sumasang-ayon ba kayo o hindi? Bakit?

---

**Dapat Tayong Matutong Magbayad ng mga Ikapu at Handog**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 119:3–4. Imungkahi na markahan nila ang banal na kasulatang ito.

- Ano ang ikapu? (Ikasampung bahagi ng ating “taunang kita.”)
- Ano ang mga handog? (Ang pagbibigay ng salapi nang higit at bukod sa ikapu, katulad ng mga handog-ayuno, kung kinakailangan, upang gamitin ng Simbahan.)
- Anong mga kapakinabangan ang natatamo ninyo sa pamamagitan ng pagsisimula habang bata pa na magbayad ng mga ikapu at handog? (Ang pagbabayad ng mga ikapu at handog ay nagiging isang gawi, at higit na madali ang pagsunod sa mga kautusan.)

Kuwento

Ipaliwanag na ipinakikita ng sumusunod na kuwento kung paano natutuhan ni Pangulong David O. McKay bilang isang bata ang kahalagahan ng pagbabayad ng isang tapat na ikapu. Dahil kulang sila sa salapi, ang karamihan sa mga tao noong kabataan ni Pangulong McKay ay nagbabayad ng ikapu nila “sa pamamagitan ng mga bagay,” na ang ibig sabihin ay nagbibigay sila ng mga ani o hayop sa obispo bilang ikapu nila.

“Pinasasalamatan ko ang ama ko sa lupa sa aral na ibinigay niya sa dalawang batang lalaki sa dayamihan noong panahong ang mga ikapu ay binabayaran sa pamamagitan ng mga bagay. Pumunta kami sa parang upang kunin ang pansampung hakot ng dayami, at pagkatapos ay sa bahagi ng parang na kung saan namin kinuha ang pansiyam na hakot, kung saan naroroon ang mga ‘manipis na damo’ at ‘tira-tirang damo.’ Habang sinisimulan naming ikarga ang mga dayami, sumigaw si Ama, ‘Huwag, mga bata, pumunta kayo doon sa higit na mataas na bahagi.’ May higit na magagandang uri ng dayami roon. Ngunit isa sa mga batang lalaki (at ako iyon) ang sumagot, ‘Huwag na lang po, kunin na lang po natin ang dayaming naririto!’

" 'Huwag, David, iyan ang pansampung hakot, at ang pinakamainam ay hindi sapat para sa Diyos.'

"Iyan ang pinakamabisang pangaral tungkol sa ikapu na narinig ko sa buong buhay ko" (*Cherished Experiences in the Writings of President David O. McKay,* tinipon ni Clare Middlemiss [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1955], p. 19–20).

Talakayan

Ano ang itinuro ng ama ni Pangulong David O. McKay sa kanya? (Kapag mahal natin ang ating Ama sa Langit, nais nating ibigay sa kanya ang pinakamainam natin.)

- Paano natin maipatutungkol ang alituntuning ito sa kung paano tayo nagbabayad ng ating ikapu? (Dapat nating unahing bayaran ang ikapu natin at huwag hintayin at bayaran ng kung anuman ang natira sa atin sa katapusan ng buwan.)

Gawain

Ipakita sa mga kabataang lalaki ang isang sobre at papel na sulatan ng ambag. Hilingin sa isang kabataang lalaki na ipaliwanag kung paano ang wastong pagsulat sa isang papel na sulatan ng ambag. Bigyang-diin na mahalagang sulatan nang buo at tumpak ang papel na sulatan ng ambag at isulat ang pangalan natin sa katulad na paraan sa tuwina.

Sipi

"Maaaring matutuhan ng bawat isa sa atin kung paano magbayad ng ikapu nang ganap. . . . Ang siyang natututo kung paano magbayad ng ikapu niya nang ganap ay isang maligayang tao" (Harold B. Lee, *Cram for Life's Final Examination,* Brigham Young University Speeches of the Year [Provo, 5 Enero 1954], p. 6).

---

**Ang Pagbabayad ng Isang Tapat na Ikapu ay Tumutulong na Itaguyod ang Simbahan**

Patotoo

Ipahayag ang iyong patotoo tungkol sa ikapu at ang tanging karapatan ng pagtataguyod sa paglaki at pag-unlad ng Simbahan. Ang mga ikapu at handog ay ginagamit ng Simbahan sa maraming iba't ibang layunin.

Talakayan

Hilingin sa mga kabataang lalaki na bumanggit ng ilang mga gamit ng ikapu. Ang mga maaaring sagot ay kinabibilangan ng mga sumusunod na gamit:

1. Upang makatulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa pamamagitan ng gawaing misyonero.
2. Upang makapagpatayo at makapagpanatili ng mga templo, kapilya, at iba pang mga gusali.
3. Upang patakbuhin ang mga paaralan ng Simbahan, seminaryo, at surian.
4. Upang makapagpalimbag at makapamahagi ng mga kagamitang pang-aralin.
5. Upang matustusan ang kasaysayan ng mag-anak at gawain sa templo.

Mahalagang tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang Simbahan ay may mahigpit na patakaran tungkol sa mga laang-guguling ikapu. Ang ikapu ay maingat na ginugugol matapos ang maraming panalangin, pagpaplano, at pag-iisip ng mga Pangkalahatang Awtoridad. Ginagamit ng Simbahan ang ikapu para sa pagpapalaki nito at pagpapalawak. Kailangan nating lahat ang mga pagpapala na nagmumula sa pagtulong sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa buong daigdig.

---

**Ang Pagbabayad ng mga Tapat na Ikapu at Handog ay Nagdudulot ng Mga Pagpapala**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Malakias 3:10, at imungkahi na markahan nila ang banal na kasulatang ito.

- Ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga nagbabalik ng ikasampung bahagi ng kanilang kinita sa kanya? (Bubuksan niya ang mga dungawan sa langit at ibubuhos sa kanila ang maraming pagpapala.)

Sipi

Hilingin sa mga kabataang lalaki na makinig para sa mga pagpapala na nagmumula sa pagbabayad ng mga ikapu at handog habang binabasa mo ang sumusunod na pangungusap ni Elder John A. Widtsoe:

"Ang nagbabayad ng ikapu ay nagtatatag ng pakikipag-isa sa Panginoon. Ito ang pinakamasayang gantimpala. Ang pagsunod sa batas ng ikapu, katulad ng ibang batas ay nagdudulot ng malalim, kagalakang nasa puso, kasiyahan at pang-unawa na hindi matatamo sa ibang paraan. Ang tao sa tunay na kahulugan ay nagiging katuwang, bagaman isang hamak, ng Panginoon sa napakalaki, walang hanggang palatuntunan na ibinigay para sa kaligtasan ng sangkatauhan. Ang mga alituntunin ng katotohanan ay nagiging higit na malinaw na unawain; ang pagsasabuhay ng mga ito ay higit na madaling maisagawa. Isang bagong pagkakalapit ang natatatag sa pagitan ng tao at ng kanyang Manlilikha. Ang panalangin ay nagiging higit na madali. Ang pag-aalinlangan ay umuurong; ang pananampalataya ay sumusulong; ang katiyakan at katapangan ay nagpapalutang sa kaluluwa. Ang espirituwal na pandamdam ay tumatalas; ang walang hanggang tinig ay higit na malinaw na naririnig. Ang tao ay nagiging higit na katulad ng kanyang Ama sa Langit" (sa Church Section, *Deseret News,* 16 Mayo 1936, p. 5).

Buod sa pisara

Itala sa pisara ang mga sumusunod na pagpapala na binanggit ni Elder Widtsoe:

MGA PAGPAPALA NG PAGBABAYAD NG IKAPU

Pakikipag-isa sa Panginoon
Kagalakang nasa puso
Pagiging katuwang ng Panginoon
Higit na malinaw na pang-unawa sa katotohanan
Higit na madaling panalangin
Pinalagong pananampalataya
Mga sagot sa mga panalangin
Maka-Diyos na pag-uugali

Talakayan

- Bakit sa palagay ninyo pinatitibay ng pagbabayad ng mga ikapu at handog ang ating kaugnayan sa Diyos?
- Paano pinalalago ng pagbabayad ng mga ikapu at handog ang ating pananampalataya?
- Paano kayo pinagpala sa pamamagitan ng pagbabayad ng inyong ikapu?

Sipi

Ipaliwanag na si Elder Matthew Cowley ay nagsalita tungkol sa mga dakilang pagpapala na nagmumula sa pagbabayad ng ikapu at sa pagiging katuwang ng Panginoon:

"[Ang Diyos] ay kahanga-hangang katuwang, hindi ba? Siya ay kahanga-hanga. Alam ninyo, ikalulugod kong magkaroon ng katuwang na katulad niya sa buhay. Nais kong makabakas sa negosyo ang isang taong katulad niya, na pupunta ang kabakas ko sa akin at sasabihing, 'Heto, ibibigay ko ang lahat ng puhunan upang simulan ang negosyo. Ipagkakaloob ko ang lahat ng pagpapala. Pagkatapos, ikaw ang mamamahala sa negosyo. Huwag mo akong kalilimutan. Kapag tumutubo, itabi mo ang siyamnapung porsiyento, at ibalik mo sa akin ang sampung porsiyento. Gamitin mo ang siyamnapung porsiyento mo sa anumang paraan na nais mo, at ilalagay kong muli ang sampung porsiyento ko sa negosyo.' Hindi ba't kahanga-hanga iyon? Iyan ang uri ng katuwang na mayroon tayo sa Simbahang ito. Itinatabi natin ang siyamnapung porsiyento at ginagamit ito sa anumang ibig natin, kung minsan ay tungo sa ating pagkawasak. Ibinibigay natin sa kanya ang sampung porsiyento, at narito at nakatayo ang isang templo; narito at nakatayo ang isang tabernakulo. Ibinabalik niya kaagad ang lahat sa negosyo, sa kanyang negosyo. Tutustusan ng Diyos ang Simbahang ito, mga kapatid, kung susundin ninyo ang mga alituntunin ng ebanghelyo" (*Matthew Cowley Speaks* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1954], p. 76–77).

Sipi

Hilingin sa mga kabataang lalaki na makinig sa sinabi ni Elder Heber J. Grant at pagkatapos ay maging handang ipaliwanag ito sa sarili nilang mga salita: "Ibinibigay ko ang aking patotoo—at alam ko na ang patotoo na ibinibigay ko ay totoo—na ang kalalakihan at kababaihan na naging ganap na tapat sa Diyos, na . . . nagbayad ng

ikasampung bahagi nila [ay tumanggap] ng karunungan upang magamit nila ang natitirang ikasiyam na bahagi, at ito ay higit na naging mahalaga sa kanila, at higit ang nagawa nila rito kaysa sa kung hindi sila naging matapat sa Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1912, p. 30).

Bigyan ng pagkakataon ang mga kabataang lalaki na ihayag ang kanilang mga nadarama tungkol sa pagpapahayag na ito sa sarili nilang mga salita.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magbigay ng patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagbabayad ng ikapu at tungkol sa mga pagpapala na tinanggap mo dahil sa ikapu.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magbayad ng buong ikapu at makipag-usap sa obispo o pangulo ng sangay tungkol sa pagbabayad ng iba pang mga handog.

# 17 Mga Basbas Patriyarkal

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa kahalagahan ng basbas patriyarkal at ihahanda ang sarili niya na tumanggap nito.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis at isang pirasong papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maaari mong naising atasan ang isang kabataang lalaki na tumanggap na ng kanyang basbas patriyarkal na ipaliwanag kung paano siya naghanda upang matanggap ang kanyang pagbabasbas. Kung wala pa sa mga kabataang lalaki ang nakatanggap na ng basbas patriyarkal, maging handa na isalaysay ang sariling karanasan.

**PAALALA**

Ang basbas patriyarkal ay lubhang pansarili at sagrado. Dahil minsan lamang tumatanggap ng basbas patriyarkal ang isang tao, ang banal na karanasang ito ay dapat na dumating sa panahong ninanais ito ng isang kabataang lalaki at nadaramang handa na upang mamuhay nang karapat-dapat sa mga pangako nito. Ang ilan sa mga kabataang lalaki ay maaaring nakatanggap na ng kanilang basbas patriyarkal. Bagama't ang ilan ay maaaring nasa sapat na gulang na upang tumanggap nito ngayon, ang iba ay maaaring hindi pa. Bigyang-inspirasyon ang mga kabataang lalaki na maghanda para sa basbas patriyarkal, ngunit huwag mo silang piliting tumanggap nito sa panahong ito.

Dahil sa pansariling katangian ng basbas patriyarkal, huwag mong basahin ang sariling basbas patriyarkal sa mga kabataang lalaki o talakayin ito nang isa-isa. Gayunman, ang pag-aaral ng iyong basbas patriyarkal sa sarili mo ay makatutulong sa iyo na maghanda para sa araling ito.

Sa pahintulot ng panguluhang obispo, maaari mong naising anyayahan ang patriyarka na magsalita sa mga kabataang lalaki tungkol sa mga basbas patriyarkal sa loob ng lima o sampung minuto. Maaari niyang naising magsalita tungkol sa mga basbas patriyarkal sa kabuuan o tungkol sa kung paano niya tinutupad ang kanyang tungkulin.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

- Ninais na ba ninyong bigyan kayo ng Panginoon ng mga tagubilin sa inyong mga sariling buhay?
- Paano tayo binibigyan ng Panginoon ng mga pansariling paghahayag tungkol sa ating buhay? (Sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan, panalangin, Espiritu Santo, mga magulang, pinuno ng Simbahan, at basbas patriyarkal.)

Ipaliwanag na tayo ay mga anak ng Diyos. Noong lisanin natin ang tahanan natin sa langit upang magtungo sa lupa, hindi tayo kinalimutan ng Ama sa Langit. Sa halip, nais niyang pagpalain at gabayan tayo upang makabalik sa kanya. Sa pamamagitan ng mga patriyarka na tinawag ng Diyos, binibigyan niya tayo ng mga pansariling paghahayag para sa ating patnubay at kaginhawahan sa buhay na ito. Ang paghahayag na ito ay tinatawag na basbas patriyarkal.

### Ang Basbas Patriyarkal ay Isang Pansariling Paghahayag Mula sa Ama sa Langit

Maikling pagsusulit

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang pirasong papel at lapis; pagkatapos ay ibigay ang sumusunod na maikling pagsusulit upang malaman kung ano ang nalalaman ng mga kabataang lalaki tungkol sa mga basbas patriyarkal. Palagyan ng bilang sa kanila ang mga ito mula isa hanggang labindalawa at pagkatapos ay isulat kung *tama* o *mali* habang binabasa mo ang bawat pangungusap.

1. Ang isang layunin ng basbas patriyarkal ay upang sabihin sa inyo kung ano ang inaasahan ng Panginoon sa inyo. (Tama.)
2. Kailangan ninyong tumanggap lamang ng isang basbas patriyarkal sa inyong buhay. (Tama.)
3. Ang basbas patriyarkal ay nagpapahayag ng inyong lipi. (Tama.)
4. Ang tanging kaibhan ng basbas patriyarkal sa pagbabasbas na maaaring ibigay sa inyo ng ama ninyo ay ibinibigay ito ng magkaibang tao. (Mali.)
5. Maliban kung kilala kayo nang personal ng patriyarka, hindi niya kayo mabibigyan ng lubhang detalyadong pagbabasbas. (Mali.)
6. Kailangan ninyong maging labinsiyam na taong gulang man lamang upang makatanggap ng basbas patriyarkal. (Mali, ngunit kailangan ninyong makakuha nito bago pumasok sa larangan ng misyon.)
7. Kailangan ninyong magkaroon ng rekomendasyon mula sa inyong obispo upang makatanggap ng basbas patriyarkal. (Tama.)
8. Ang pag-aayuno ay makatutulong na ihanda kayo sa pagtanggap ng basbas patriyarkal. (Tama.)
9. Ang sinuman sa inyong mga kaibigan ay maaaring bumasa ng inyong basbas patriyarkal kung gusto nila. (Mali.)
10. Ang pag-aaral nang madalas ng inyong basbas patriyarkal ay makapagbibigay-inspirasyon sa inyo na mamuhay ng higit na mabuting buhay at abutin ang mga hangarin ninyo sa buhay. (Tama.)
11. Hindi ninyo palaging masasabi kung paano matutupad ang inyong basbas patriyarkal. (Tama.)
12. Ang basbas patriyarkal ninyo ay mangyayari anuman ang gawin ninyo. (Mali.)

Talakayan

Pagkatapos ibigay ang maikling pagsusulit, basahing muli ang bawat pangungusap, at talakayin ang mga sagot ng mga kabataang lalaki. Ang sumusunod na kagamitan ay sinadya upang tulungan ka na tumugon sa bawat pangungusap. Hindi mo kailangang gamitin ang lahat ng kagamitan. Maaari mong naising ipalahad sa mga kabataang lalaki ang ilan sa mga ito.

1. Ang isang layunin ng basbas patriyarkal ay upang sabihin sa inyo kung ano ang inaasahan ng Panginoon sa inyo. (Tama.)

Sipi

Sinabi ni Elder LeGrand Richards: “Kung nauunawaan natin kung saan tayo nanggaling, kung bakit tayo naririto, at kung saan tayo pupunta, sa gayon ay higit na malamang na marating natin ang ninanais na daungan. Iyan talaga ang layunin ng basbas patriyarkal, upang maipaliwanag at maihayag sa atin, sa pamamagitan ng inspirasyon ng Pinakamakapangyarihan, kung bakit tayo naririto at kung ano ang inaasahan sa atin” (“Patriarchal Blessings,” *New Era,* Peb. 1977, p. 4.)

Ipaliwanag na hindi lamang tayo pinangangakuan ng mga pagpapala ng basbas patriyarkal, tinutukoy rin nito ang mga talino natin at kakayahan at binibigyan tayo ng payong propesiya, babala, at pamamatnubay.

2. Kailangan ninyong tumanggap lamang ng isang basbas patriyarkal sa inyong buhay. (Tama.)

Sipi

Noong 1947, ang Unang Panguluhan ay sumulat sa lahat ng pangulo ng istaka na "ang lahat ng ganitong pagbabasbas ay nakatala at karaniwan, ang isang ganitong pagbabasbas ay dapat na sapat sa buhay ng bawat tao" (sa Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 558).

3. Ang basbas patriyarkal ay nagpapahayag ng inyong lipi. (Tama.)

Sipi, banal na kasulatan at talakayan

Ang ibig sabihin ng lipi ay "pinagmulang linya mula sa isang ninuno ng lahat" (Daniel H. Ludlow, "The House of Israel," *Ensign,* Enero 1991, p. 52).

Basahin at talakayin ang Abraham 2:9–10. Ipaliwanag na bilang mga kasapi ng Simbahan mayroon tayong karapatang tanggapin ang lahat ng pagpapala ng ebanghelyo kung mamumuhay tayo nang karapat-dapat. Tanging ang mga tunay na inapo ni Abraham ang maytaglay ng karapatang ito sa pagsilang. Gayunman, ang mga ilang kasapi ng Simbahan na hindi tuwirang inapo ni Abraham ay inaampon sa isang lipi ni Israel dahil sa tinanggap nila ang tunay na ebanghelyo (tingnan sa Mga Taga Galacia 3:26–29).

4. Ang tanging kaibhan ng basbas patriyarkal sa pagbabasbas na maaaring ibigay sa inyo ng ama ninyo ay ibinibigay ito ng magkaibang tao. (Mali.)

Sipi

Isinulat ni Pangulong Joseph Fielding Smith: "Maaaring basbasan ng isang matapat na ama na nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang kanyang sariling mga anak, at iyan ay isang basbas patriyarkal (ng ama). Ang ganitong pagbabasbas ay maaaring itala sa mga talaan ng mag-anak, ngunit hindi ito iingatan sa mga taguan ng tala ng Simbahan. Ang bawat ama na tapat sa pagkasaserdoteng ito ay isang patriyarka sa sarili niyang tahanan. Bukod dito, ang mga anak ay maaaring tumanggap ng pagbabasbas mula sa isang inordenang patriyarka. Maaaring ipahayag ng isang ama na nagbabasbas sa sarili niyang anak ang lipi ng anak kung siya ay tumanggap ng inspirasyon na gawin iyon" (*Doctrines of Salvation* [Salt Lake City: Bookcraft, 1956], 3:172).

Ipaliwanag na ang isang ama ay hindi karaniwang nagpapahayag ng lipi, bagama't mayroon siya ng karapatang iyon kung siya ay binigyan ng inspirasyon na gawin iyon, samantalang ang isang inordenang patriyarka ay halos palaging nagpapahayag ng lipi. Gayon din, tanging ang pagbabasbas na ibinigay ng inordenang patriyarka ang itatala ng Simbahan. Kapag tinatanggap ng bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang basbas patriyarkal niya, tatanggap siya ng sariling nakasulat na kopya nito. Kung sakaling mawala niya ito, makakukuha siya ng isa pang kopya mula sa Kagawarang Pangkasaysayan ng Simbahan.

5. Maliban kung kayo ay kilala nang personal ng patriyarka, hindi niya kayo mabibigyan ng lubhang detalyadong pagbabasbas. (Mali.)

Kuwento

Ipaliwanag na ang mga basbas patriyarkal ay nagmumula sa Panginoon, hindi sa patriyarka. Isinalaysay ni Elder LeGrand Richards ang sumusunod na kuwento upang ilarawan ang paksang ito.

"Kamakailan lamang ay dumalaw ako sa isang patriyarka. Sinabi niya ang tungkol sa isang pagbabasbas na ibinigay niya sa isang babae na pumunta sa kanya mula sa isa sa mga misyon. Kabilang sa mga ibang bagay na sinabi niya sa kanya ay gumawa ng malaking ambag ang mga ninuno niya sa pagpapalaganap ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito. At pagkatapos na maibigay ang pagbabasbas ay sinabi niya, 'Sa palagay ko ho ay nagkamali kayo sa pagkakataong ito. Ako ay isang nagbalik-loob sa Simbahan; ako ang una sa pamilya ko na sumapi sa Simbahan.'

" 'Alam mo,' sabi ng patriyarka, 'Hindi ko alam ang tungkol dito. Ang alam ko lamang ay naudyukan ako na sabihin iyon sa iyo.' At noong sabihin niya sa akin ang kuwento ay kagagaling lamang ng kapatid na babae sa silid-talaan ng talaangkanan at nalaman niya na ang ilan sa mga kamag-anak niya—ang mga lolo at lola niya o mga lolo at lola sa tuhod–-ay gumawa ng malalaking pagpapakasakit noong mga naunang araw ng Simbahan. . . . Nalaman niya na nagmula siya sa ilan sa mga naunang tagabunsod. Hindi ito alam mismo ng patriyarka. Siya ay nagsalita sa pamamagitan ng inspirasyon ng Espiritu Santo" ("Patriarchal Blessings," p. 6).

6. Kailangan ninyong maging labinsiyam na taong gulang man lamang upang makatanggap ng basbas patriyarkal. (Mali, ngunit kailangan ninyong makakuha nito bago pumasok sa larangan ng misyon.)

Sipi

Pinayuhan ni Pangulong Ezra Taft Benson ang mga kabataang lalaki na kumuha ng mga basbas patriyarkal nila habang nasa Pagkasaserdoteng Aaron pa:

"Hinihimok ko kayo, mga kapatid sa Pagkasaserdoteng Aaron na tumanggap ng basbas patriyarkal. Pag-aralan ito nang mabuti at ituring itong banal na kasulatan sa inyo–-sapagkat iyon talaga iyan. Ang basbas patriyarkal ang binigyang-inspirasyon at naglalaman ng propesiyang pahayag tungkol sa misyon ng inyong buhay lakip ang mga pagpapala, babala, at paalala yamang ang patriyarka ay inudyukan na ibigay. Mga kabataang lalaki, tanggapin ninyo ang basbas patriyarkal ninyo sa ilalim ng impluwensiya ng pag-aayuno at panalangin, at pagkatapos ay basahin ito nang palagian nang malaman ninyo ang kalooban ng Diyos para sa inyo" (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 56; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 43–44).

7. Kailangan ninyong magkaroon ng rekomendasyon mula sa inyong obispo upang makatanggap ng basbas patriyarkal. (Tama.)

Kapag nadarama ng isang tao na handa na siyang tumanggap ng basbas patriyarkal, dapat siyang makipag-usap sa kanyang obispo o pangulo ng sangay.

8. Ang pag-aayuno ay makatutulong na ihanda kayo sa pagtanggap ng basbas patriyarkal. (Tama.)

Sipi

"Ang mga naghahangad ng mga basbas patriyarkal . . . ay dapat na hangarin ang mga ito nang may taimtim na mapanalanging pagnanais na, sa pamamagitan ng mga pagbabasbas, ay higit na maging lubos na maligaya sa kanilang buhay, at maging ganap na kapaki-pakinabang sa gawain ng Panginoon. . . . Ang marumi o suwail na tao ay dapat linisin ang kanyang sarili, at matuto ng pagsunod bago magtungo sa patriyarka" (John A. Widtsoe, *Evidences and Reconciliations,* 3 tomo [Salt Lake City: Bookcraft, 1943], 1:75).

Ulat ng kabataang lalaki

Ipasalaysay sa naunang inatasang kabataang lalaki kung paano siya naghanda upang matanggap ang kanyang basbas patriyarkal. Kung wala pa sa mga kabataang lalaki ang nakatanggap na ng basbas patriyarkal, sabihin sa mga kabataang lalaki kung paano ka naghanda para sa iyong sariling basbas patriyarkal.

Talakayan

- Ano pa ang magagawa ng bawat isa sa atin upang makapaghanda sa pagtanggap ng basbas patriyarkal? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pag-aaral ng ebanghelyo upang palakasin ang pagnanais nating makatanggap ng mga pagbabasbas ng Panginoon at upang higit na maunawaan kung ano ang kailangan nating gawin upang matanggap ang mga ito, nananalangin na kapwa tayo at ang patriyarka ay karapat-dapat sa mga udyok ng Banal na Espiritu, nagsisikap na sundin ang mga kautusan upang tayo ay maging karapat-dapat sa anumang mga pagpapalang inilalaan ng Panginoon sa atin.)

9. Ang sinuman sa inyong mga kaibigan ay maaaring bumasa ng inyong basbas patriyarkal kung gusto nila. (Mali.)

Ipaliwanag na ang mga basbas patriyarkal ay pansarili at sagrado. Dapat na itago ang mga ito sa ligtas na lugar at hindi ipinababasa o malayang tinatalakay. Ang mga ito ay sinadya para sa ating sariling kapakinabangan. Gayunman, maaari nating naising ibahagi ang mga ito sa mga kasapi ng ating mag-anak sa mga angkop na panahon, kapag tayo ay inudyukan ng Espiritu.

10. Ang pag-aaral nang madalas ng inyong basbas patriyarkal ay makapagbibigay-inspirasyon sa inyo na mamuhay ng higit na mabuting buhay at abutin ang mga hangarin ninyo sa buhay. (Tama.)

Sipi

"Ang pag-aaral nang madalas ng inyong basbas patriyarkal, lalo na sa mga panahon ng pagpapasiya o pagsubok o kalungkutan, ay mabilis na magpapaalala sa inyo at magbibigay sa inyo ng pananaw kung sino talaga kayo at ano ang kaugnayan ninyo sa Diyos, at lalo na kung ano ang kalooban niya sa inyo. Makapagbibigay aliw ito sa inyo kapag ang pakiramdam ninyo ay walang nagmamahal sa inyo at hindi karapat-dapat at may pagkukulang o nalimutan na. Ituturo kayo nito tungo sa inyong sariling natatanging layunin sa buhay" (Elaine A. Cannon, "Season of Awakening," *New Era,* Hulyo 1981, p. 10).

Sinabi ni Pangulong Kimball: "Kayo na mayroon nang mga pagbabasbas, binabasa ba ninyo nang madalas ang mga ito? Ipinananalangin ba ninyo ang tungkol sa mga ito upang makakuha ng pakahulugan, o ito ba ay nakatiklop at nakalagay sa isang baul at ligtas na lugar? Gumawa ng kopya nito, at ilagay sa inyong bulsa, at basahin ito nang madalas" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya ng Korea 1975, p. 39).

11. Hindi ninyo palaging masasabi kung paano matutupad ang inyong basbas patriyarkal. (Tama.)

Kuwento

Isinalaysay ni Pangulong Kimball kung paano niya natutuhan ang aral na ito sa sumusunod na kuwento:

"Noong ako ay labing-isang taong gulang, dinala ako ng ama ko sa patriyarka, at binigyan niya ako . . . ng ilang mga pangako na kung mapatutunayan kong matapat ako ay mangyayari. Sinabi niya, 'Ikaw ay . . . mangangaral ng ebanghelyo sa maraming tao, ngunit lalung-lalo na sa mga Lamanita. At makikita mo silang babangon at matatatag.' Labing-isang taong gulang lamang ako. Paano niya nalaman kung ano ang mangyayari sa akin? Nadama lamang niya ang Espiritu mula sa kaitaasan, at hinayaan niya ang kanyang tinig na ipahayag ang mga kaisipang inilagay ng Panginoon sa puso niya.

"Noong ako ay labinsiyam na taong gulang, . . . ako ay tinawag sa Misyon sa Switzerland at Alemanya, ngunit habang binabasa ko ang aking basbas patriyarkal, natanto ko na walang mga Indiyan sa Switzerland o sa Alemanya, at ako ay bumalik sa Estados Unidos dahil sa Unang Digmaang Pandaigdig. Maraming lugar kung saan sana ako nakapangaral ako ng ebanghelyo sa mga Indiyan. Malamang ay may mga 60,000,000 Indiyan sa Amerika. Ngunit ako ay sinugo sa Missouri. . . . Gumugol ako ng dalawa at kalahating taon sa Missouri at umuwi nang hindi nakakakita ng isang Indiyan. Bilang isang tao, nasabi ko sa sarili ko, 'Sa palagay ko ay nagkamali ang patriyarka.' At pagkatapos ay nagtrabaho ako sa amin matapos akong ikasal at nag-umpisang magkaroon ng mga anak. Walang mga Indiyan doon. . . . At pagkatapos ay tinawag ako na maging isa sa Labindalawang Apostol at lumipat sa Lungsod ng Salt Lake. At muli ay nagtaka ako. Apatnapu't walong taong gulang na ako. Hindi pa ako kailanman nakapangaral sa sinumang Indiyan.

"Ngunit kaagad matapos na ako ay dumating sa Lungsod ng Salt Lake, inanyayahan ako ng Pangulo ng Simbahan sa kanyang tanggapan at inatasan akong maglingkod sa lupon para sa mga Lamanita. At pagkaraan ng ilang panahon ay tinawag niya akong muli at sinabi, 'Nais kong maging tagapangulo ka ng palatuntunan para sa mga Indiyan.' Sa wakas ang basbas patriyarkal ko ay matutupad na.

"Hindi sinabi ng patriyarka kung gaano katagal ang aabutin, kaya kinailangan ko lamang na maghintay at gampanang mabuti ang tawag ko. . . . Marahil ay wala sa mga kapatid ang higit na dumalaw o nangaral sa maraming Indiyan nang higit sa ginawa ko sa buong Amerika. Hindi ako nagmamalaki. Sinasabi ko lamang sa inyo na ang mga pagbabasbas ng patriyarka ay matutupad kung ginagawa natin ang ating tungkulin, gaano man kahirap ang mga ito, sapagkat walang lubhang mahirap para sa Panginoon" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya ng Korea 1975, p. 39).

12. Ang basbas patriyarkal ninyo ay mangyayari anuman ang gawin ninyo. (Mali.)

Ipaliwanag na ang mga pagbabasbas na ibinibigay ng patriyarka ay may-pasubali. Dumarating ang mga ito sa atin kung sumusunod tayo sa Diyos at sa kanyang mga batas. Katulad ng karamihan sa mga pagpapala mula sa Panginoon, kailangan tayong mamuhay nang karapat-dapat upang matanggap ang mga ito.

Sipi

Ginamit ni Elder Carlos E. Asay ang sumusunod na pagkakatulad upang ilarawan ang basbas patriyarkal:

"Kapag ipinapatong ng patriyarka ng istaka ang kanyang kamay sa inyong ulo, binibigyan kayo ng pagbabasbas, at binibigyan kayo ng inspirayon sa pamamagitan ng mga binigkas na propesiya at pangako, isang nakalulugod na simula ang nagawa. Iniiwan sa inyo ang pananagutan na panatilihin ang mga propesiya at pangakong iyon na nakapako sa inyong isipan—na itinuturing ang mga ito bilang mga maaaring matamong hangarin—at magpatuloy sa matuwid na pamumuhay at matapat na paglilingkod upang matamo ninyo ang mga kaugnay na pagpapala.

"Bilang paglalarawan, ang patriyarka ay kasama ninyong nakatayo sa tarangkahan ng mga nagsisimula. Tinatanaw niya para sa inyo ang karera na naghihintay sa inyo. Sa tulong ng mga natatangi niyang kaloob, binabanghay niya ang mga tuntunin ng paligsahan, inilalarawan niya ang mga pagsubok na haharapin, at binabanggit niya ang mga gantimpalang maaaring mapanalunan. Gayunman, ikaw, ang mananakbo ay kailangang manatili sa ginuhitang landas, sumunod sa mga tuntunin, tapusin ang karera, at tumawid sa hangganan kung inaasahan ninyong matanggap ang gantimpala ng nagwagi" ("Write Your Own Blessing," *New Era,* Okt. 1981, p. 4).

---

**Katapusan**

Sipi

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "May malaki akong tiwala sa mga patriyarka at sa mga pagbabasbas nila. Kapag ang patriyarka ay isang matapat na Banal sa Huling-araw at nananatiling malapit sa Panginoon at isang mag-aaral ng mga banal na kasulatan, ang mga pangakong ginagawa niya sa ilalim ng natatangi niyang karapatan at tawag ay matutupad, *kung ang tumatanggap ng pagbabasbas ay matapat at totoo*" (sa Conference Report, Okt. 1977, p. 4; o *Ensign,* Nob. 1977, p. 4; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

Hamon

Hamunin ang bawat kabataang lalaki na gawin ang isa sa mga sumusunod na bagay:

1. Na ihanda ang sarili niya na matanggap ang basbas patriyarkal niya sa angkop na panahon, kung hindi pa niya natatanggap ito.
2. Kung natanggap na niya ang pagbabasbas niya, na umuwi at basahin ito. Dapat niyang pag-aralan ito nang madalas at sikaping mamuhay nang karapat-dapat upang matanggap ang mga ipinangakong pagpapala.

# 18 Mga Tungkulin ng Isang Guro sa Pagkasaserdoteng Aaron

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay matututuhan ang mga tungkulin ng isang guro sa Pagkasaserdoteng Aaron at higit na ganap na madarama ang kahalagahan at kabanalan ng pagtupad sa mga tungkuling iyon.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Gumawa ng kopya ng bigay-sipi na "Mga Tungkulin ng Isang Guro sa Pagkasaserdoteng Aaron" para sa bawat kabataang lalaki.
3. Hilingin sa obispo na sumulat ng isang liham ng papuri sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron, na binabanggit ang mga tungkulin na ginagawa nila nang mabuti. Ang liham na ito ay babasahin sa katapusan ng aralin.

**PAALALA**

Ang araling ito ay isang pangkalahatang pagtanaw sa mga tungkulin ng isang guro sa Pagkasaserdoteng Aaron. Ito ay maaaring sundan ng ibang mga aralin tungkol sa mga tiyak na tungkulin, katulad ng paghahanda ng sakramento at pagtuturo sa tahanan. Iwasan ang anumang mahahabang talakayan sa araling ito tungkol sa mga tiyak na bagay ng mga tungkuling ito. Ang kagamitan sa araling ito ay makatutulong sa lahat ng maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na maunawaan ang kanilang mga tawag at magampanang mabuti ang mga ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento at talakayan

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Unang araw ni Ernesto sa trabaho. Inupahan siya ni Ginoong Ramos na magtrabaho sa kanyang bukid sa buong tag-araw. Habang silang dalawa ay naglalakbay patungo sa bukid na sakay ng isang lumang trak, pinag-iisipan ni Ernesto kung ano kaya ang magiging trabaho niya. Tiyak niya na magagawa niya ang gawain sa oras na maipakita sa kanya ang mga pananagutan niya.

Nang dumating sila sa bukid, tinulungan ni Ginoong Ramos si Ernesto na ilagay ang mga gamit niya sa maliit na bahay na titirahan niya. Pagkatapos ay sinabi niya, "Siya, babalik ako sa loob ng tatlo o apat na araw upang makita kung anong uri ng trabaho ang ginagawa mo, at tiyakin mo na maayos ito. Maraming batang lalaki ang maaaring gumawa ng trabahong ito."

Pagkatapos, bago pa man makapagsalita si Ernesto, sumakay na si Ginoong Ramos sa kanyang trak at umalis. Tiningnan siya ni Ernesto na hindi makapaniwala, na pinanonood ang trak na paliit nang paliit sa kalayuan.

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ni Ernesto? Bakit?
- Nabigyan na ba kayo ng isang bagay na gagawin, ngunit walang nagpaliwanag sa inyo kung paano gagawin ito?
- Ano ang nadama ninyo?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 107:99–100.

• Ano ang dalawang bagay na sinasabi ng mga talatang ito na dapat gawin ng bawat maytaglay ng pagkasaserdote? (Matutuhan ang kanyang mga tungkulin, at gumawa sa kanyang katungkulan.)

Imungkahi na markahan ng mga kabataang lalaki ang mga talatang ito.

---

**Dapat na Maunawaan ng Lahat ng Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang Mga Tungkulin ng Isang Guro**

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

• Ano ang mga tungkulin ng isang guro?

Magbigay ng oras para sa talakayan. Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 20:53–59.

Magdagdag ng anumang mga paksa na hindi pa binabanggit sa talaan na nasa pisara.

Bigay-sipi

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng kopya ng bigay-sipi na "Mga Tungkulin ng Isang Guro sa Pagkasaserdoteng Aaron." Magbigay ng oras upang mabasa ito nang tahimik ng bawat kabataang lalaki.

Talakayan

Gamitin ang mga sumusunod na tanong upang pasiglahin ang talakayan tungkol sa mga tungkulin ng isang guro sa Pagkasaserdoteng Aaron. Tulungan ang bawat kabataang lalaki na maunawaan ang mga pangunahing pananagutang ito at kung paano magagampanang mabuti ang mga ito. Tulungan ang mga kabataang lalaki na makapagmungkahi ng mga tiyak na ideya tungkol sa kanilang kalagayan. Ang mga titik ay katulad ng nasa bigay-sipi.

a. Sundin ang payo ng mga pinuno sa pagkasaserdote.

• Ano ang ibinigay na payo ng panguluhang obispo at ibang mga pinuno sa pagkasaserdote?

• Sino ang pangulo ng Pagkasaserdoteng Aaron sa purok? (Ang obispo.)

b. Ihanda ang sakramento.

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Pangulong David O. McKay:

"Ang pakikibahagi sa Sakramento ng Hapunan ng Panginoon ay isa sa pinakabanal na ordenansa ng Simbahan ni Cristo" (*Pathways to Happiness,* p. 262).

• Bakit totoo ito?

• Gaano kahalaga, kung gayon, ang paghahanda ng sakramento?

c. Tulungan ang "lahat na lumapit kay Cristo," at tulungan ang mga kasapi na gawin ang kanilang mga tungkulin.

• Anong mga bagay ang dapat nating ibabala sa mga tao?

• Ano ang kahulugan ng *magpaliwanag*? *magpayo*?

• Ano ang dapat nating ituro sa isa't isa?

• Ano ang ibig sabihin ng anyayahan ang "lahat na lumapit kay Cristo"? Ano ang ilan sa mga paraan upang magawa natin ito?

• Bakit ang pagiging mabuting halimbawa ay isa sa pinakamainam na paraan upang tulungan ang lahat ng kasapi na gawin ang kanilang tungkulin?

• Paano ninyo matutulungan ang tagapayo ninyo na gawin ang kanyang tungkulin?

d. Pigilin ang kasamaan sa Simbahan.

• Bakit ang pagiging mabuting halimbawa ay isa sa pinakamainam na paraan upang himukin ang iba na itigil ang mga bagay na katulad ng pagsisinungaling o pagkakaroon ng sama ng loob sa ibang tao?

• Ano ang ilan sa mga pagkakataon na lubhang mahalaga ang maging isang tagapamayapa?

- Bakit nangangailangan kung minsan ng tapang upang maging isang tagapamayapa?

e. Pasiglahin at mapasigla ng mga kapwa maytaglay ng pagkasaserdote sa tagubilin.

- Ano ang kahulugan ng *pasiglahin*?
- Paano natin mapasisigla ang iba?
- Ano ang ilan sa mga paraan upang makapaghanda tayo na mapasigla ng iba?

f. Tulungan ang obispo sa mga temporal na tungkulin niya.

- Anong uri ng mga paglilingkod ang magagawa ninyo sa purok o istaka? Kumuha ng mga tiyak na sagot. Ito ay maaaring magandang pagkakataon upang simulan ang isang gawaing paglilingkod.
- Ano ang ilang mga simpleng bagay na magagawa ninyo upang tumulong pangalagaan ang gusali at bakuran?

g. Magsagawa ng gawaing pagkasaserdote.

- Ano ang ibig sabihin ng makipagmabutihan sa isang tao?
- Ano ang kailangan nating maging saloobin habang nakikipagmabutihan tayo sa mga hindi gaanong aktibo?

h. Maghatid nang mapitagan sa mga pagpupulong ng Simbahan.

- Bakit mahalaga ang pagbibihis nang malinis at angkop na damit kapag ang isa ay naghahatid?
- Ano ang ilang mga tuntunin ng paggalang na dapat sundin kapag ang isa ay naghahatid?

i. Tulungan ang panguluhang obispo sa iba pang mga paraan.

- May naiisip ba kayong iba pang mga tungkulin na ginagawa ng mga guro?

---

**Katapusan**

Liham mula sa obispo — Basahin ang liham ng papuri na isinulat ng obispo, at magpahayag ng iyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng mga pananagutan ng isang guro sa purok at sa Simbahan.

Hamon — Hamunin ang mga kabataang lalaki na isaulo ang Doktrina at Mga Tipan 107:99 at talakayin ang bigay-sipi ng mga tungkulin kasama ng kanilang mga magulang. Kung may natitira pang oras, tulungan ang mga kabataang lalaki na simulang isaulo ang Doktrina at Mga Tipan 107:99.

# Mga Tungkulin ng Isang Guro sa Pagkasaserdoteng Aaron

Ang guro ay isang tumatayong nagmiministeryo sa purok na itinalagang "pangalagaan ang Simbahan" sa purok at "makapiling at palakasin sila" (Doktrina at Mga Tipan 20:53; 84:111). Ginagawa niya ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga tiyak na tungkulin sa ilalim ng wastong pamamahalang pagkasaserdote. Taglay ng isang guro ang lahat ng tungkulin ng isang diyakono at ilang mga karagdagang tungkulin. Ang mga tungkulin ng isang guro ay kinabibilangan ng mga sumusunod na pananagutan:

a. Sundin ang payo at tagubilin ng mga pinuno sa pagkasaserdote.

b. Ihanda ang sakramento.

c. "Magbabala, magpapaliwanag, manghikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo" (Doktrina at Mga Tipan 20:59) at "tiyakin na ang simbahan ay madalas na nagtitipun-tipon ng sama-sama, at . . . lahat ng mga kasapi ay gumagawa ng kanilang tungkulin" (Doktrina at Mga Tipan 20:55) sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na katulad ng—
   1) Pagsasagawa ng pagtuturo sa tahanan.
   2) Pagbibigay-alam sa mga miyembro tungkol sa mga pagpupulong.
   3) Pagtatalumpati sa mga pagpupulong ng Simbahan.

d. Tiyakin na walang kasamaan sa simbahan, ni samaan ng loob sa bawat isa, ni pagsisinungaling, paninirang-puri, ni pagsasalita ng masama (Doktrina at Mga Tipan 20:54) sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na katulad ng—
   1) Pagiging halimbawa ng katapatang asal at pagkamakatwiran.
   2) Pagiging isang tagapamayapa at tagapagpanatag ng loob.

e. Pasiglahin at mapasigla ang mga kapwa maytaglay ng pagkasaserdote sa pamamagitan ng pagsali sa pagtuturo sa mga pagkasaserdote. (Tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 50:22.)

f. Tulungan ang obispo sa "pangangasiwa . . . sa mga temporal na bagay" (Doktrina at Mga Tipan 107:68) sa pamamagitan ng paggawa ng mga bagay na katulad ng—
   1) Pagtulong sa mahirap at nangangailangan.
   2) Pangangalaga sa bahay-pulungan at bakuran.

g. Magsagawa ng gawaing pagkasaserdote, katulad ng pagtulong sa pakikipagmabutihan at pagpapabalik sa mga kabataang lalaki na nasa gulang ng pagkasaserdote, at paglilingkod sa mga lupong pagkasaserdote.

h. Maghatid nang mapitagan sa mga pagpupulong ng istaka at pagpupulong ng purok.

i. Tulungan ang panguluhang obispo sa iba pang paraan na naaalinsunod sa karapatan ng guro.

(Mula sa *Aaronic Priesthood Leadership Handbook*, p. 2–3.)

# 19 Isang Bagbag na Puso at Nagsisising Espiritu

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa pangangailangan ng pagkakaroon ng isang bagbag na puso at nagsisising espiritu.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Buong pananalanging pag-aralan ang 1 Nefias 2:16; 2 Nefias 2:6–7; Mosias 4:2–8; Alma 36:5–20; 3 Nefias 9:19–22; Moronias 6:2; at Doktrina at Mga Tipan 59:8.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

## Pambungad

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

Isang manggagawa ng palayok ang minsang naghulma ng malambot na luad sa isang magandang estatwa. Sa kasawiang-palad, ang luad ay nagkalamat nang matuyo, na nag-iiwan ng maraming kahinaan at depekto sa estatwa. Bigong sinikap ng manggagawa ng palayok na lagyan ng bagong luad ang mga lamat at iwasto ang mga depekto sa tumigas na luad. Sa kabila ng mga pinakamahusay niyang pagsisikap, hindi niya maipanumbalik ang kagandahan at magandang tikas ng orihinal na estatwa.

Ginawa niya ang tanging bagay na magagawa lamang sa tumigas, nagkalamat, at may-depektong luad. Binasag niya ang estatwa sa pamamagitan ng martilyo, dinurog ang tumigas na luad hanggang maging alikabok, dinagdagan ng sariwang tubig, at nagsimulang humubog ng bagong estatwa.

Banal na kasulatan at talakayan

- Paano maihahambing ang ating mga puso at espiritu sa luad ng manggagawa ng palayok?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga banal na kasulatan ay madalas na bumabanggit tungkol sa mga may "matigas na puso." Ang isang kabataang lalaki na may matigas na puso ay walang pagpapahalaga sa mga bagay na espirituwal. Hinahangad niya na sundin ang sarili niyang mga pagnanais at hindi handang isuko ang kalooban niya sa kalooban ng Diyos.

- Alin sa mga anak na lalaki ni Lehias sa Aklat ni Mormon ang may matitigas na puso? (Laman at Lemuel [tingnan sa 1 Nefias 2:18; 15:3].)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Nefias 2:16.

- Ano ang ginawa ni Nefias upang maiwasan ang pagiging matigas ang puso? (Si Nefias ay nanalangin para sa kaalaman, at ang puso niya ay lumambot.)

## Isang Bagong Uri ng Hain

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na noong unang panahon, ang mga naniwala kay Jesucristo ay inutusang mag-alay ng mga haing dugo ng hayop bilang "kahalintulad ng paghahain ng Bugtong na Anak ng Ama (Moises 5:5–7). Itinuro ng propetang si Amulek sa Aklat ni Mormon na si Jesucristo mismo ang magiging "dakila at huling hain" (Alma 34:14) at pahihintulutan niya ang sarili niyang buhay at dugo na mabuhos upang pagbayaran ang mga kasalanan ng tao. Matapos ang dakila at huling paghahain, nagkaroon ng "pagtigil sa pagbubuhos ng dugo" (Alma 34:13). Si Jesus mismo ay nagpakita sa mga Nefita pagkatapos ng kamatayan at pagkabuhay niyang mag-uli at sinabi sa kanila na hindi na sila dapat mag-alay ng mga hain sa pamamagitan ng "pagbubuhos ng dugo" (3 Nefias 9:19–20).

- Anong uri ng hain ang hinihingi ng Panginoon noon sa mga naniwala sa kanya?
- Anong hain kung mayroon man, ang pumalit sa paghahain ng pagbubuhos ng dugo?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 3 Nefias 9:19–22. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang haing pumalit sa pagbubuhos ng dugo ay paghahain ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.

Bigyang-diin na ang pagbubuhos ng dugo ng mga haing hayop ay isang panlabas na ordenansa na naglalayong paalalahanan ang mga kasangkot sa magiging paghahain ng anak ng Diyos at ang pangangailangan ng naniniwala na ialay kasabay nito ang isang panloob na paghahain ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.

Ipaliwanag na ang mga tagubilin ng Panginoon sa mga taong Nefita ay inulit sa atin sa panahon natin. Basahin at talakayin ang Doktrina at Mga Tipan 59:8.

---

### Isang Bagbag na Puso at Nagsisising Espiritu

Pisara at talakayan

- Ano ang ibig sabihin ng magkaroon ng bagbag na puso? (Dumanas ng matinding kalungkutan.)
- Ano ang kahulugan ng salitang *nagsisisi*? (Nagsisisi sa kasalanan.)

Isulat ang mga kahulugang ito sa pisara.

- Bakit nais ni Cristo na magkaroon tayo ng bagbag na puso at nagsisising espiritu?

Ipaliwanag na ang "bagbag na puso" na binabanggit sa mga banal na kasulatan ay hindi ang kalungkutan na nadarama ng isang tao dahil sa nawalan siya ng isang malapit na kamag-anak o mahal sa buhay o dumanas ng ibang pansariling kabiguan sa buhay. Sa halip, ang bagbag na puso na binabanggit sa mga banal na kasulatan ang likas na kinahihinatnan ng pagkilala ng isang tao at pag-amin sa sarili niyang mga kasalanan at kamalian.

Ipaliwanag na ang kaalaman tungkol sa mga sumusunod na katotohanan ay dapat na makaakay sa isang tao na magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu:

1. Tayong lahat sa ating likas, makalupa, nahulog na kalagayan sa mundo ay nagkasala at lumabag sa mga batas ng Diyos, kung saan ay may kaparusahang nakalaan alinsunod sa batas ng katarungan.
2. Si Jesucristo ay banal at dalisay. Namuhay siya ng isang walang-kapintasang buhay at samakatuwid ang taong pinakahindi karapat-dapat sa kaparusahan para sa kasalanan.
3. Dahil sa dakila niyang pagmamahal sa atin, si Jesucristo ang nagbayad para sa lahat ng kasalanan natin. Pinagdusahan niya ang kaparusahan para sa mga kasalanan ng lahat ng tao.

Ipaliwanag na dapat na maunawaan natin na si Jesus, na walang naging kapintasan at hindi nagkasala, ay nagdusa ng katakut-takot na kaparusahan para sa ating lahat. Ang paglilimi sa katakut-takot na pagdurusa ng ating Panginoon para sa atin at sa sarili nating hindi pagiging karapat-dapat ay dapat na maging isang nakapagdadalamhating karanasan.

Banal na kasulatan at talakayan

Sabihin sa mga kabataang lalaki na inilalarawan ng sumusunod na banal na kasulatan kung ano ang kahulugan ng pagkakaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Alma 36:5–20.

- Ano ang ginagawa ni Alma bago nagpakita sa kanya ang anghel? (Sinisikap na wasakin ang Simbahan [tingnan sa talata 6].).
- Ano ang naranasan ni Alma sa loob ng tatlong araw at tatlong gabi? (Siya ay pinahirapan ng walang hanggang paghihirap ng kalooban [tingnan sa mga talata 12–13, 16].)
- Ano ang naging sanhi ng paghihirap ng kalooban ni Alma? (Naalala niya ang lahat ng kasalanan niya at nakita na siya ay naghimagsik laban sa Diyos at hindi sinunod ang mga banal na kautusan niya. Dahil sa mga kasalanan niya, siya ay natakot sa naiisip na pagparoon sa kinaroroonan ng Diyos at ginustong mawala na. [Tingnan sa mga talata 14–15].)

- Anong kaisipan ang nagbigay ng pag-asa kay Alma upang matakasan ang paghihirap ng kalooban niya? (Ang propesiya ng ama niya tungkol sa pagparito ni Jesucristo upang pagbayaran ang mga kasalanan ng sanlibutan [tingnan sa talata 17].)
- Ano ang ginawa ni Alma nang malaman niya ang sarili niyang pagiging hindi karapat-dapat at naalala ang pagbabayad-sala ni Cristo? (Nanalangin siya na isinisigaw sa kaibuturan ng puso niya, "O Jesus, na Anak ng Diyos, maawa ka sa akin" [talata 18].)
- Ano ang nangyari pagkatapos ng panalangin niya? (Hindi na siya sinaktan ng alaala ng mga kasalanan niya, at siya ay napuspos ng kagalakan at liwanag [tingnan sa mga talata 19–20].)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang Nakababatang Alma ay dumanas ng bagbag na puso at nagsisising espiritu, na naging sanhi upang siya ay magkaroon ng pananampalataya kay Cristo tungo sa pagsisisi. Ang mga kasalanan natin ay maaaring di katulad ng kay Alma, ngunit mayroon tayong katulad na pangangailangan na tingnan ang mga kasalanan natin nang matapat sa kaibhan nito sa kadalisayan ni Cristo. Sa paggawa nito, tayo rin ay maaaring magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.

Kuwento sa banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na isang katulad na karanasan ang naranasan ng bawat isa sa mga taong nagtipon upang pakinggan ang mga salita ni Haring Benjamin (tingnan sa Mosias 2:5–6). Si Haring Benjamin ay nagsalita sa mga tao tungkol sa pagbabayad-sala ni Jesucristo at ang mga matinding pagdurusa ng Panginoon para sa mga kasalanan ng mga tao niya. Si Haring Benjamin ay nagsalita rin sa mga tao tungkol sa sarili nilang mga kasalanan at paglabag.

Bunga ng paniniwala nila sa mga salita ni Haring Benjamin, ang mga tao ay "nakita ang kanilang sarili sa kanilang makalupang kalagayan, higit na mababa kaysa alabok sa lupa. At silang lahat ay sumigaw nang malakas sa iisang tinig, nagsasabing: O maawa at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran sa aming mga kasalanan, at ang mga puso namin ay maging dalisay." Bilang sagot sa mga panalangin nila "ang Espiritu ng Panginoon ay dumating sa kanila [mga tao], at sila ay napuspos ng kagalakan, sa pagkatanggap ng kapatawaran ng kanilang mga kasalanan" (Mosias 4:2–3).

Ipaliwanag na sinuring mabuti ni Haring Benjamin kung ano ang nangyari sa kanyang mga tao. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Mosias 4:4–8. Pagkatapos ay ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang kahulugan ng mga talatang ito.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang kahulugan ng magkaroon ng bagbag na puso ay makadama ng maka-Diyos na kalungkutan para sa mga kasalanan natin at kilalanin ang sarili nating nahulog na kalagayan.

Ipaliwanag na kapag sinasabi ng mga propeta na higit na mababa tayo kaysa sa alabok ng lupa, sinasabi lamang nila na ang alabok ng lupa ay ganap na sumusunod sa tinig ng Diyos at gumagalaw kapag ito ay inuutusan. Sa kaibhan, ang tao (na nilalang mula sa alabok ng lupa) ay hindi ganap na masunurin at kadalasan ay naghihimagsik o tinatanggihan ang mga kautusan at payo ng Diyos. (Tingnan sa Helaman 12:6–8.)

Bunga ng pagtanggap nila sa kanilang kawalang-halaga, ang mga naniniwala kay Cristo ay lalapit sa kanya na may nagsisising espiritu at hahangarin ang kapatawaran ng mga kasalanan nila. Ito ang kahulugan ng "nagsisising espiritu." Hindi sapat na basagin ang tumigas na puso ng paghihimagsik at paglabag. Kailangan ding taimtim na hanapin ng isang tao ang Panginoon at manalangin nang buong lakas ng kaluluwa para sa pagkakaroon ng bagong puso, para sa kapatawaran ng mga kasalanan, at para sa awa sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ni Cristo. Ang panalangin ng nagsisising espiritu ang panalangin ng mga tao ni Haring Benjamin, "O maawa at gamitin ang nagbabayad-salang dugo ni Cristo upang kami ay makatanggap ng kapatawaran sa aming mga kasalanan, at ang mga puso namin ay maging dalisay" (Mosias 4:2). Ito ang panalangin ng Nakababatang Alma, "O Jesus, na Anak ng Diyos, maawa ka sa akin, ako na nasa apdo ng kapaitan, at napalilibutan ng mga walang hanggang tanikala ng [espirituwal] na kamatayan" (Alma 36:18).

### Kailangan Nating Magkaroon ng Isang Bagbag na Puso at Nagsisising Espiritu

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Moronias 6:2.

- Kanino inilalaan ang pagbibinyag ayon sa talatang ito? (Sa mga may bagbag na puso at nagsisising espiritu.)

Ipaliwanag na ang ordenansa ng pagbibinyag ay kailangang pangunahan o sundan sa ibang pagkakataon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu.

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 2:6–7.

- Ayon sa mga talatang ito, gaano kahalaga para sa atin na magkaroon ng bagbag na puso at nagsisising espiritu? (Tanging ang mga mayroong bagbag na puso at nagsisising espiritu ang makatatanggap ng lubos na mga pagpapala ng pagbabayad-sala ng Panginoon.)

### Katapusan

Patotoo at hamon

Magbigay ng patotoo sa katotohanan ng mga alituntuning itinuro sa araling ito. Himukin ang mga kabataang lalaki na basahin ang mga banal na kasulatan na ginamit sa araling ito.

Magbigay ng patotoo na “ang Panginoon ay malapit sa kanila na may bagbag na puso; at inililigtas ang mga may nagsisising espiritu” (Mga Awit 34:18). Ang palalo, makamundong kabataang lalaki ay hindi kalugud-lugod sa Panginoon.

Hamunin ang mga kabataang lalaki na kilalanin ang kanilang malubhang pangangailangan sa Tagapagligtas at ipagpakumbaba ang mga sarili nila. Hamunin sila na alalahanin na bahagi sa pagdurusa ni Cristo ay para sa kanilang mga kasalanan.

# 20 Pangangasiwa ng Sakramento

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay higit na ganap na mapagkilala ang pagiging banal ng sakramento at pangangasiwaan ito nang mapitagan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis at papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga isang linggo man lamang bago mo ilahad ang araling ito, pakipagpulungin ang mga pinuno ng korum sa isang kasapi ng panguluhang obispo o panguluhan ng sangay upang tukuyin ang anumang mga suliranin sa paraan ng pangangasiwa ng sakramento at magpasiya kung paano itutuwid ang mga suliranin. Ang mga pinuno ng korum ay dapat na maging handa na magsagawa ng pulong-pagsasanay sa pulong pagkasaserdote upang turuan ang mga kabataang lalaki kung paano pangangasiwaan nang wasto ang sakramento.

**PAALALA**

Ang sakramento ay banal. Ito ay inordena ng Tagapagligtas. Kapag pinangangasiwaan ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang sakramento, dapat nilang itanim sa isipan na sila ay gumagawa sa pangalan niya. Dapat silang mabahala kung paano kikilos si Jesus at kung ano ang magiging saloobin niya. Ang bawat kabataang lalaki na iginagalang ang sakramento at pinangangasiwaan ito sa paraang alam niya na gagawin ng Tagapagligtas ay makatatanggap ng patotoo tungkol sa pagiging banal nito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Kuwento at talakayan

Kaoordena pa lamang kay Richard bilang guro. Inatasan siyang ihanda ang sakramento na kasama ng tatlong iba pang guro na hinangaan niya bilang mga pinuno. Gayunman, ito ay naging isang nakabibigong karanasan para sa kanya. Una, ang ibang mga guro ay huling dumating, kaya kinailangan niyang maghintay. Pagkatapos, isa sa mga guro ang nagwisik ng tubig sa iba sa halip na mapitagang punuin ang mga kopita. Isa pang guro ang naglalagay ng tinapay sa mga lalagyan ngunit nagtabi ng isang piraso upang kainin. Sinabi niya na gutom na gutom na siya dahil Linggo ng ayuno. Isa pa ang nagreklamo tungkol sa palaging pagkakatalaga na maghanda ng sakramento. Sinabi niya na sana ay makapaghatid siya nang madalas at makaupo sa mga malambot na upuan sa may daanan.

- Paano makaaapekto ang ganitong uri ng karanasan sa damdamin ni Richard tungkol sa paghahanda ng sakramento?
- Paano makaaapekto ito sa tawag niya bilang isang guro?
- Ano sa palagay ninyo ang nadarama ng Tagapagligtas tungkol sa ganitong asal?

### Ang Sakramento ay Isang Banal na Ordenansa

Sipi

Ipinaliliwanag ni Obispo John H. Vandenberg ang banal na katangian ng sakramento sa sumusunod:

"Ito ay isang napakabanal na ordenansa, napakabanal kung kaya't ito ay pinasimulan mismo ng Guro. Ito ay inihanda at binasbasan ng Tagapagligtas noong unang pulong-sakramento na iyon. . . .

“Ngayon, kasunod ng pagpapanumbalik ng ordenansang ito, binigyan ng karapatan ng Tagapagligtas ang mga maytaglay ng pagkasaserdote niya na kumilos bilang kahalili niya sa pagbabasbas ng mga banal na sagisag na ito. Sa dispensasyong ito, ang mga kabataang lalaki ay nagsasagawa ng katulad na gawain na may kaugnayan sa sakramento na katulad ng ginawa ng Tagapagligtas; ito ay isang banal na pananagutan at pagtitiwala” (“The Presiding Bishopric Speaks About the Sacrament,” *Improvement Era*, Nob. 1967, p. 15).

Mga palaisipang tanong

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ninyo kung kayo ay naroroon sa unang pulong-sakramento?
- Ano ang nadarama ninyo sa pagkakaalam na pinagkatiwalaan kayo ng kapangyarihan ng Panginoon na pangasiwaan ang sakramento niya?

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mateo 26:17–20, 26–28.

Ipaliwanag na hindi nagtagal pagkatapos nito, ang Tagapagligtas, bilang isang nabuhay na mag-uling katauhan, ay pinasimulan ang sakramento sa Kanlurang Hating-daigdig. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 3 Nefias 18:1–3, 6–8, 10–11.

- Anong karagdagang kaalaman tungkol sa sakramento ang ibinibigay ng banal na kasulatang ito?

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Elder David O. McKay:

“Walang hihigit na banal na ordenansa ang pinangangasiwaan sa Simbahan ni Cristo kaysa sa pangangasiwa ng sakramento” (sa Conference Report, Abr. 1946, p. 112).

---

**Pangangasiwa sa Sakramento Nang Mapitagan**

Sipi

Hilingin sa mga kabataang lalaki na suriin kung paano sila nangangasiwa ng sakramento habang nakikinig sila sa sumusunod na pangungusap ni Elder John H. Groberg:

“Kayong mga kabataang lalaki ay dapat na maging karapat-dapat at matanto kung gaano kalaki ang tanging karapatan ninyo na makapagpasa ng tinapay at tubig, ang mga sagisag ng pagmamahal ng Panginoon sa ating lahat. Isipin ang mga pagpapalang iniaalay ninyo—pag-asa, pagmamahal, kagalakan, kapatawaran, kalayaan, at walang katapusang buhay. Anong kaibhan sa napakaraming kabataan na ngayon ay nagpapasa ng ibang mga uri ng puting sangkap at iba’t ibang uri ng likido na nagdudulot ng kalungkutan at kabiguan, pagkabihag at kamatayan sa mapanlinlang na anyo ng kaligayahan!” (sa Conference Report, Abr. 1989, p. 51; o *Ensign*, May 1989, p. 39).

Talakayan

- Bakit mahalaga na nakabihis nang angkop upang mangasiwa sa sakramento?
- Ano ang dapat ninyong isaisip habang kayo ay nangangasiwa sa sakramento?
- Paano maaaring maapektuhan ang mga damdamin ninyo tungkol sa sakramento sa paraan ng pangangasiwa ninyo nito?
- Anong epekto mayroon ang pangangasiwa ninyo ng sakramento sa mga nagmamasid sa inyo habang ginagawa ninyo ito?
- Paano pangangasiwaan ng Tagapagligtas ang sakramento kung siya ang nasa lugar ninyo?
- Bakit nais ng Tagapagligtas na mapangasiwaan ang sakramento nang may kaayusan at pagpipitagan?

Gawain

Mamigay ng papel at lapis sa bawat kabataang lalaki. Ipasulat sa bawat isa ang kanyang mga sagot sa sumusunod na tanong: Paano ko madaragdagan ang pagpipitagan sa pangangasiwa ko sa sakramento? Matapos magsulat ng mga kabataang lalaki, itala ang mga mungkahi nila sa pisara.

Pulong-pagsasanay

Magbigay ng oras para sa panguluhan ng korum na makapagsagawa ng maikling pulong-pagsasanay tungkol sa pangangasiwa sa sakramento (tingnan ang bagay 2 sa “Paghahanda”). Tiyaking tinatalakay nila kung paano mangasiwa sa sakramento nang mapitagan at mahusay.

## Katapusan

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa pagiging banal ng sakramento. Bigyang-diing muli kung gaano kahalaga ang ginagampanan ng mga kabataang lalaki sa ordenansang ito. Ipahayag ang pagtitiwala mo sa kanila na mapabubuti nila ang pagpipitagan nila habang nangangasiwa sa sakramento.

Hamon

Papiliin ang mga kabataang lalaki ng isang mungkahi sa pagpapabuti ng pangangasiwa nila sa sakramento, at hamunin sila na gumawa ng natatanging pagsisikap na gawin ang mungkahing iyon sa loob ng susunod na buwan.

Papiliin ang bawat kabataang lalaki ng isa pang mungkahi na gagawin niya sa sarili niya sa loob ng susunod na buwan, at ipasulat ito sa kanyang talaan ng mungkahi.

# Paghahanda Para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec

# 21

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa kung paano makatutulong sa kanya ang Pagkasaserdoteng Aaron na maghanda para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Dalawang pirasong papel at dalawang lapis.
2. Isulat sa pisara o sa isang paskil ang mga talaan ng maaaring gawin ng mga maytaglay ng mga Pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec (tingnan ang aralin).
3. Maaari mong naising atasan ang isa o higit pang mga kabataang lalaki na makipag-usap sa mga ama nila o ibang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec tungkol sa kahalagahan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at ipabahagi sa kanila ang kanilang mga talakayan.

**PAALALA**

Ang pagtanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ay magiging isang dakilang pangyayari sa hinaharap para sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron. Nililinaw ng araling ito ang mga kaibhan sa pagitan ng mga pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec. Ang bawat kabataang lalaki ay kailangang maniwala sa dakilang pagkakataon na naghihintay sa kanya kapag natanggap at ginamit niya nang matuwid ang Pagkasaserdoteng Melquisedec. Buong pananalanging maghanda para sa araling ito upang makatulong sa paglikha ng isang espirituwal na kapaligiran na makapagbibigay ng kahulugan sa aralin. Ang araling ito ay maaaring hatiin at gamitin para sa dalawang pulong pagkasaserdote.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Gawain

Hatiin ang mga kabataang lalaki sa dalawang koponan, at papuntahin ang mga koponan sa magkabilang sulok ng silid. Pumili ng pinuno ng koponan at bigyan ang bawat pinuno ng koponan ng isang pirasong papel at lapis. Ipahati sa kanila ang papel sa dalawang bahagi at lagyan ang mga bahagi ng pamagat na *Kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Aaron* at *Kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec*. Sabihin sa mga kabataang lalaki na itala sa angkop na mga hanay kung ano ang magagawa ng mga maytaglay ng mga pagkasaserdoteng Aaron at Melquisedec. Magbigay ng mga apat na minuto upang matapos nila ang kanilang mga talaan. Ipakita ang sumusunod na punong-talaan sa pisara o sa isang paskil. Ipalagay sa bawat koponan ang bilang ng koponan nila sa tabi ng mga bagay na nasa mga talaan nila. Kilalanin ang koponan na nagtala ng pinakamaraming bilang ng mga bagay na nasa punong-talaan. Pag-aralang muli at talakayin ang bawat bagay.

Kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Aaron

1. Maghanda, mangasiwa, at magpasa ng sakramento.
2. Magbinyag (mga saserdote lamang).
3. Tumanggap ng pagmiministeryo ng mga anghel.
4. Magsagawa ng pagtuturo sa tahanan.
5. Tingnan ang mga pisikal na pangangailangan ng mga Banal.
6. Magtipon ng mga handog-ayuno.
7. Mag-ordena ng iba pang mga saserdote, guro, at diyakono (mga saserdote lamang).
8. Mamahala sa mga pagpupulong kapag walang mga elder.

Kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec

1. Magkaloob ng kaloob ng Espiritu Santo.
2. Magpangalan at magbasbas ng mga sanggol.
3. Mangasiwa sa mga maysakit.
4. Maglaan ng langis para sa pagpapahid.
5. Magtalaga ng mga libingan.
6. Maggawad ng mga pagkasaserdoteng Melquisedec at Aaron at mag-ordena sa mga katungkulan sa mga pagkasaserdoteng iyon.
7. Tingnan ang espirituwal na pangangailangan ng mga Banal.
8. Mamuno sa mga pulong.
9. Pumasok sa templo at tumanggap ng lahat ng ordenansa sa templo.
10. Sa pamamagitan ng angkop na mga susi, mamuno sa lahat ng ordenansa sa templo.
11. Taglayin ang lahat ng kapangyarihan at karapatan ng lahat ng katungkulan sa Simbahan (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 107:8).
12. Gawin ang lahat ng bagay na magagawa ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron.

- Ano ang mga pangunahing kaibhan sa pagitan ng mga ordenansa na maisasagawa ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron at Pagkasaserdoteng Melquisedec?

---

**Ang Pagkasaserdoteng Melquisedec ang Kapangyarihang Mangasiwa sa mga Espirituwal na Bagay**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na minsang tinukoy ni Apostol Pablo si Jesus bilang "pinangalanan ng Diyos na dakilang saserdote ayon sa pagkasaserdote ni Melquisedec" (Mga Hebreo 5:10). Si Jesus ang Dakilang Mataas na Saserdote ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Siya ang tunay na halimbawa kung ano ang kahulugan ng maytaglay at paggamit ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mateo 8:16 at Marcos 1:30–31. Talakayin kung paano nagpalayas ng mga diyablo si Jesus at nagpagaling ng mga maysakit sa pamamagitan ng kanyang salita.

- Paano ginamit ni Jesus ang kapangyarihan ng pagkasaserdote niya upang magpagaling?

Sama-samang basahin ang Lucas 6:17–19.

- Ano ang lumabas sa Tagapagligtas noong pinagaling niya ang mga tao?
- Ano ang kahulugan nito?

Ipaliwanag na ang kahulugan ng *bisa* sa pagkakataong ito ay *kapangyarihan*. Si Jesus ay may kapangyarihan sa sarili niya na mapagaling ang iba.

- Paano kayo pinagpala ng kapangyarihan ng Pagkasaserdoteng Melquisedec?

Sipi at talakayan

Ipaliwanag na kapag ang isang kabataang lalaki ay naging isang elder sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, siya ay magkakaroon ng kapangyarihang kumilos para at alang-alang kay Cristo sa mga espirituwal na bagay. Si Elder Bruce R. McConkie ay nagsalita tungkol sa mga elder sa sumusunod na paraan: "Ang *mga elder* ay mga ministro ni Cristo; sila ay tinatawag na mangasiwa sa mga espirituwal na bagay (Doktrina at Mga Tipan 107:12). . . . [Sila] ay nagsasagawa ng alinmang tungkulin na magagawa ng isang maytaglay ng nakabababang pagkasaserdote (Doktrina at Mga Tipan 20:38–67)" (*Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 215; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

Sinabi rin ni Elder McConkie na "Dapat na gawing ganap ng *mga elder* ang mga Banal, pakainin ang kawan ng Diyos, gumawa sa mga samahan ng Simbahan, akayin ang mga tao tungo sa buhay na walang hanggan sa kaharian ng Ama" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya ng Lima Peru 1977, p. 18).

Ipaliwanag na mga ilang taon na lamang, ang bawat kabataang lalaki ay magkakaroon ng pagkakataon na tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Sila ay magiging mga ministro sa mga espirituwal na bagay.

- Anong uri ng mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang tatanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec? (Ang mga handa at karapat-dapat.)

Pagsasadula

Ipalarawan sa isip ng mga kabataang lalaki na dalawampu't walong taong gulang na sila ngayon, may asawa, at may tatlong anak.

Italaga ang isang koponan na maging pangkat ng kalalakihan na dalawampu't walong taon, may asawa, may tatlong anak, at mga matapat na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Italaga ang isang koponan na maging pangkat ng kalalakihan na dalawampu't walong taon, may asawa, may tatlong anak, ngunit mga saserdote pa rin sa Pagkasaserdoteng Aaron. Pasagutin ang mga kasapi ng bawat koponan sa tanong:

- Anong uri ng mga espirituwal na bagay ang magagawa ninyo para sa pamilya ninyo ngayon at sa mga darating na taon?

Itala ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara sa ilalim ng "Pagkasaserdoteng Aaron" at "Pagkasaserdoteng Melquisedec."

Ang kapwa mga ama ay maaaring magkaroon ng mga panalangin ng mag-anak at mga gabing pantahanan, magbinyag ng mga anak nila, at turuan sila ng mga wastong alituntunin. Gayunman, ang mga amang may Pagkasaserdoteng Melquisedec ay maaaring magpangalan at magbasbas din sa sarili nilang mga anak, mangasiwa sa mga asawa nila kapag may sakit o bago magsilang ng sanggol, magkaloob ng kaloob na Espiritu Santo kapag ang mga anak nila ay pinagtitibay, mangasiwa sa mga maysakit nilang anak, maggawad ng Pagkasaserdoteng Melquisedec, dumalo sa templo kasama ng mga mag-anak nila, masaksihan ang pagbubuklod ng mga anak nila sa templo, at maibuklod ang sarili nilang mga anak sa kanila.

Kuwento at talakayan

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento:

"Dalawang misyonero na may mataas na espirituwalidad ang gumugol ng isang masigasig na araw sa pagtatatag ng isang sangay ng Simbahan sa isang malayong nayon. Noong 5:30 nang umagang iyon, tinuruan nila ang isang pamilya bago magtungo ang asawang lalaki sa bukid. Pagkatapos ay sinikap nilang tapalan ang kanilang adobeng dingding upang hindi makapasok ang mga insektong sumisipsip ng dugo. Noong linggong iyon ay naglatag sila ng maliit na sahig na semento at nagsabit ng isang limang galong lata na may dutsa upang mapanatiling malinis ito. Nagsimula sila ng isang kagamitang pangkalinisan at naglagay ng bagong graba at buhangin sa salaan nila ng tubig. Bilang bahagi ng araw ay gumawa silang kasama ng mga lalaki sa bukid upang turuan sila pagkatapos. Pagod na pagod sila at handa na para sa isang kalugud-lugod na pahinga.

"May narinig na nagmamadaling katok sa magaspang na pintuang kahoy. Isang maliit na batang babae ang umiiyak. Kagagaling niya sa pagtakbo at humihingal. Sinikap nilang pagtugma-tugmain ang mensahe niya, na ibinigay sa pagitan ng mga hikbi at bugso ng salita. Ang ama niya ay nagkaroon ng malalang pinsala sa ulo habang nakasakay sa asno niya sa dilim. Alam niya na mamamatay ang ama niya maliban kung ililigtas ng mga elder ang buhay niya. Ang mga lalaki sa nayon nang sandaling iyon ay buhat-buhat siya patungo sa mga misyonero. Nagsumamo siya para sa buhay ng ama niya, pagkatapos ay tumakbo upang tulungan siya.

"Ang kalalaan ng malubha nilang kalagayan ay nagsimulang bumalot sa kanila. Sila ay nasa nayon na walang mga doktor o kagamitang medikal. Walang mga telepono. Ang tanging paraan ng pakikipag-ugnayan ay isang baku-bakong daan sa tabi ng isang ilog, at wala silang sasakyan.

"Ang mga tao sa nayon ay nagtitiwala sa kanila. Ang mga misyonero ay walang kasanayan sa medisina. Hindi nila alam kung paano gagamutin ang isang malalang sugat sa ulo, ngunit may alam sila na nakaaalam. Lumuhod sila sa panalangin at ipinaliwanag ang suliranin nila sa isang maunawaing Ama sa Langit. Nagsumamo sila para sa pamamatnubay, kinikilala na hindi sila makapagliligtas ng buhay kung wala ang tulong Niya.

"Nadama nila na dapat linisin ang sugat, isara, at bigyan ng pagbabasbas ang lalaki. Itinanong ng isang kasama, 'Paano niya matitiis ang sakit? Paano natin malilinis ang sugat at babasbasan siya habang siya ay nasa gayong pagdurusa?'

"Lumuhod silang muli at ipinaliwanag sa Ama nila, 'Wala po kaming gamot. Wala po kaming pampamanhid. Nawa'y tulungan ninyo kami na malaman kung ano ang gagawin. Nawa'y basbasan po ninyo siya, Ama.'

"Habang sila ay tumatayo, dumating ang mga kaibigan na dala ang sugatang lalaki. Maging sa malamlam na ilaw ng kandila ay nakikita nila na siya ay lubhang nasaktan. Siya ay labis na nagdurusa. Habang sinimulan nilang linisin ang sugat, isang hindi pangkaraniwang bagay ang nangyari. Nakatulog siya. Buong ingat, buong pag-aalala, na natapos nila ang paglilinis, isinara ang sugat, at gumawa ng pansamantalang benda. Habang ipinapatong nila ang kanilang mga kamay sa ulo niya upang basbasan siya, mapayapa siyang gumising. Ang panalangin nila ay sinagot, at ang buhay niya ay naligtas. Ang pagtitiwala ng mga tao ay lumakas, at isang sangay ng Simbahan ay umunlad" (Richard G. Scott, sa Conference Report, Abr. 1989, p. 46; o *Ensign*, Mayo 1989, p. 35).

- Paano naging handa ang mga misyonerong ito sa ganitong kalagayan? (Sila ay naging mga masunurin, matapat na maytaglay ng pagkasaserdote.)
- Paano kayo pinagpala sa pagtupad ninyo sa inyong tawag sa pagkasaserdote?

Tiyak na mga kahanga-hangang pagpapala ang mangyayari kaninumang lalaki na karapat-dapat at handang gumamit ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Ang bawat maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay dapat na maghanda at umasam na maging karapat-dapat na tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec.

Ulat

Kung inatasan mo sila noong una, ipaulat sa mga kabataang lalaki na nakipag-usap sa mga ama nila o ibang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec ang mga nalaman nila.

---

**Paghahandang Tumanggap ng Pagkasaserdoteng Melquisedec**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang Doktrina at Mga Tipan 84:33–40 ay naglalaman ng kilalang sumpa at tipan ng pagkasaserdote. Basahin nang sabay-sabay ang talatang ito. Kung kinakailangan, talakayin nang magkahiwalay ang bawat talata habang binabasa ninyo. Sa talakayan bigyang-diin na—

1. Natanggap na ng mga kabataang lalaki ang isa sa dalawang pagkasaserdote at naghahanda na matanggap ang ikalawa.
2. Kailangang gampanang mabuti ng mga kabataang lalaki ang kanilang mga tawag sa pagkasaserdote.

- Ano ang ginagawa ng isang lente?
- Paano natin magagampanang mabuti ang mga tawag natin sa pagkasaserdote?

Ipaliwanag na "ang gampanang mabuti na ginamit dito ay nangangahulugang palakihin o dagdagan, o pagbutihin, . . . na gawin ang tawag na marangal at kagalang-galang sa mga mata ng lahat ng tao sa pamamagitan ng pagsasagawa sa misyon na may kaugnayan sa tawag sa isang kahanga-hanga at matagumpay na paraan" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine*, p. 481–82).

Sipi

Ang pagtupad sa mga pananagutan ng Pagkasaserdoteng Aaron ay isang mahalagang hakbang sa paghahanda na matanggap ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at gamitin ang dakilang kapangyarihan nito upang paglingkuran ang iba. Malinaw na ipinahayag ni Pangulong Kimball ang alituntuning ito nang sabihin niya na, "Ngayon, ang banal na Pagkasaserdoteng Melquisedec ay ibinibigay sa mga lalaki na pinalaki bilang mga matuwid na batang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron—sapagkat ang Pagkasaserdoteng Aaron ang naghahanda sa mga lalaki na maging mga elder at nakatataas na awtoridad sa Pagkasaserdoteng Melquisedec" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya sa Tahiti 1976, p. 21).

• Kung ang Pagkasaserdoteng Aaron ang maghahanda sa inyo para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, ano ang ginagawa ninyo bilang isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na makatutulong sa inyo na maghanda?

Talakayin kung paano makatutulong ang Pagkasaserdoteng Aaron sa mga kabataang lalaki na maghanda na matanggap ang Pagkasaserdoteng Melquisedec. Maaari mong naising talakayin ang mga sumusunod na kaalaman:

1. Natututuhan kong gamitin nang wasto ang ilan sa mga kapangyarihan ng Diyos.
2. Natututuhan kong magkaroon ng pananagutan sa kapangyarihang ibinigay sa akin.
3. Natututuhan kong paglingkuran ang iba sa Pagkasaserdoteng Aaron sa pamamagitan ng pangangasiwa sa sakramento, pagsasagawa ng pagtuturo sa tahanan, at pagsasagawa ng mga takdang-gawain na pangkapakanan.
4. Natututuhan kong manatiling karapat-dapat upang tumanggap ng mga karagdagang pag-oordena sa pagkasaserdote.

Ipaliwanag na ang pagiging isang aktibo, karapat-dapat na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay makapaghahanda sa isang kabataang lalaki na kumilos nang kagalang-galang at kapaki-pakinabang sa Pagkasaserdoteng Melquisedec.

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na makipag-usap sa mga ama nila o iba pang karapat-dapat na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec tungkol sa mga pagpapalang dumarating sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec. Hilingin sa kanila na maghanap ng mga tiyak na halimbawa sa buhay ng mga kinakausap nila na nagpapakita ng mga pagpapalang iyon.

# 22 Pamumunong Patriyarkal sa Tahanan

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa kaayusang patriyarkal sa tahanan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis at papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maghanda ng kopya ng bigay-sipi na "Ano ang Nalalaman Mo Tungkol sa Kaayusang Patriyarkal?" para sa bawat kabataang lalaki.
3. Kopyahin sa magkakahiwalay na piraso ng papel ang mga sipi at kuwento na ilalahad ng mga kabataang lalaki (kung nanaisin).

**PAALALA**

Ang mga kabataang lalaki na tinuturuan mo ay mula sa iba't ibang pinagmulan at kalagayang pangmag-anak. Ang ilan ay may mga amang matatag, mga matuwid na patriyarka sa kanilang mga pamilya. Ang iba ay maaaring may mga amang hindi gaanong aktibo o hindi mga kasapi ng Simbahan. Ang ilan ay maaaring walang mga ama. Maging madaling makaramdam sa kalagayan ng bawat kabataang lalaki. Kahit ano pa man ang kasalukuyang katayuan ng pamilya, bigyang-diin sa araling ito na ang bawat maytaglay ng pagkasaserdote ay kailangang maghanda na maging uri ng patriyarka at ama na nilalayon ng Panginoon na kahinatnan niya.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Kaayusang Patriyarkal ay Ang Plano ng Panginoon Para sa Mga Pamilya**

Maikling pagsusulit

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang lapis at isang kopya ng maikling pagsusulit na "Ano ang Nalalaman Mo Tungkol sa Kaayusang Patriyarkal?" Ituro na maaaring may higit sa isang tamang sagot sa bawat pangungusap at walang makakikita sa mga papel ng mga kabataang lalaki.

Ano ang Nalalaman Mo Tungkol sa Kaayusang Patriyarkal?

1. Ang kaayusang patriyarkal ay—
   a. Isang rekomendasyon upang kunin ang iyong basbas-patriyarkal.
   b. Isang utos upang kumuha ng mga kailangan mula sa kamalig ng obispo.
   c. Ang makalangit na panuntunan ng pamahalaan ng Panginoon.
2. Ang pinakamahalagang samahan ng Simbahan ay—
   a. Ang Korum ng Labindalawang Apostol.
   b. Ang Korum ng Unang Panguluhan.
   c. Ang pamilya.
3. Ang namumunong awtoridad sa inyong pamilya ay—
   a. Ang Pangulo ng Simbahan.
   b. Ang iyong obispo.
   c. Ang iyong ama (o ang iyong ina, kung walang ama sa tahanan).
4. Bilang namumunong patriyarka ng tahanan, ang ama ay dapat na—
   a. Mangulo at mamahala sa mga gawain ng kanyang tahanan at pamilya sa pagkamatuwid.
   b. Maglaan para sa mga pisikal at espirituwal na pangangailangan ng kanyang pamilya.
   c. Hanapin ang Panginoon para sa mga pansariling paghahayag hinggil sa kanyang pamilya.

5. Sa plano ng Panginoon—
   a. May lubos na pagkakapantay-pantay ang lalaki at babae.
   b. Ang lalaki ay higit na mahalaga sapagkat siya ang nagtataglay ng pagkasaserdote.
   c. Mahal ng Panginoon ang kanyang mga anak na babae tulad ng pagmamahal niya sa kanyang mga anak na lalaki.

6. Ang ama ang pinuno ng tahanan sapagkat—
   a. Siya ay higit na karapat-dapat at higit na may kakayahan.
   b. Ito ang kanyang walang hanggang tawag.
   c. Siya ay higit na mahigpit kaysa sa ina.

7. Bagama't ang bawat ama ang namumuno sa kanyang pamilya, upang matamasa ang mga pagpapala ng pagiging pinunong patriyarka ng isang pamilya ay kailangan niyang—
   a. Magkaroon ng pinag-aralan sa kolehiyo upang magamit niya ito sa pagtuturo sa kanyang pamilya.
   b. Magkaroon ng trabaho na may mataas na suweldo upang maitaguyod ang kanyang pamilya.
   c. Taglayin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at gamitin ito nang wasto.

Pagkatapos na matapos ng mga kabataang lalaki ang maikling pagsusulit, basahin nang malakas ang mga tanong. Pagkatapos ng bawat sagot, basahin, o ipabasa sa isang kabataang lalaki, ang kaukulang sipi. Ang bawat sipi ay naglalaman ng pahiwatig sa wastong pagsagot sa mga tanong sa maikling pagsusulit. Matapos na basahin ang bawat sipi, tukuyin ang tamang sagot o mga sagot sa kaukulang tanong.

Mga sipi at talakayan

Tanong 1 (c)

"Ang pamahalaan ng Panginoon ay patriyarkal ang katangian. Ang pamilya . . . ang pinaka-gitna" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 559). *Ang patriyarkal* ay nangangahulugang *pang ama*. Ang ama ang namumuno at nagbibigay ng mga basbas ng pagkasaserdote sa ibang mga miyembro ng pamilya.

Tanong 2 (c)

"Ang pamilya ang pinakamahalagang samahan sa panahon at sa kawalang hanggan. Ang layunin natin sa buhay ay lumikha para sa ating sarili ng mga walang hanggang yunit ng pamilya" (Joseph Fielding Smith, *Deseret News*, ika-6 ng Abr. 1971, p. 6A).

Tanong 3 (c)

"Sa tahanan, ang karapatang mangulo ay palaging ibinibigay sa ama, at sa lahat ng gawain ng tahanan at mga bagay na pangmag-anak ay walang ibang kapangyarihan na mahalaga sa lahat" (Joseph F. Smith, *Gospel Doctrine* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1939], p. 287).

Tanong 4 (a, b, c)

"Itinatag ng Diyos na ang mga ama ang mangungulo sa tahanan. Ang mga ama ang siyang magtataguyod, magmamahal, magtuturo at mamamahala" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Abr. 1984, p. 6; o *Ensign*, Mayo 1984, p. 6).

Tanong 5 (a, c)

"Sa Simbahan ay may lubos na pagkakapantay-pantay ang lalaki at babae. Ang ebanghelyo . . . ay plinano ng Panginoon para sa kapwa mga lalaki at babae. . . . Ang mga tanging karapatan at hinihingi ng ebanghelyo ay lubos na magkakatulad para sa kapwa kalalakihan at kababaihan. Mahal ng Panginoon ang Kanyang mga anak na babae tulad ng pagmamahal Niya sa Kanyang mga anak na lalaki" (John A. Widtsoe, *Evidences and Reconciliations* [Salt Lake City: Bookcraft, 1960], p. 305).

Tanong 6 (b)

"[Ang tungkulin ng isang ama] ay isang walang hanggang tawag na kung saan [siya ay] hindi kailanman makapagbibitiw. Ang mga tawag sa Simbahan, gaano man kahalaga, ay likas na para sa ilang panahon lamang, at pagkatapos ay nangyayari ang angkop na paghahalili. Ngunit ang tawag ng isang ama ay walang hanggan, hinihigitan ng kahalagahan nito ang panahon. Ito ay isang tawag kapwa para sa panahon at sa kawalang hanggan" (Ezra Taft Benson, sa Conference Report, Okt. 1987, p. 59; o *Ensign*, Nob. 1987, p. 48).

Tanong 7 (c)

"Kahit na ang bawat ama ang pinuno ng kanyang mag-anak, sa mahigpit na kahulugan ng salita, ang Banal sa Huling-araw na mag-anak ay hindi matatawag na patriyarkal maliban kung ang asawang lalaki ay nagtataglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec at ang asawang babae ay ikinasal o ibinuklod sa asawa sa templo, at ang mga anak ay isinilang sa tipan o ibinuklod sa kanilang mga magulang" (*A Light unto the World*, Melchizedek Priesthood Course of Study, 1967–68, p. 55).

Ipaliwanag na maraming tinig sa daigdig ang naghahayag kung ano ang dapat na kahinatnan at gawin ng mag-anak. Para sa mga layunin ng Panginoon, inordena niya ang kaayusang patriyarkal na ang ama ang pinuno. Kailangan nating alalahanin ang banal na payo mula sa mga tagapaglingkod ng Panginoon at itaguyod ang mga ama natin sa kanilang patriyarkal na tungkulin.

Basahin ang sumusunod na pangungusap ni Pangulong Ezra Taft Benson:

"Isang kabataang lalaki ang nagtungo sa tanggapan ko mga ilang panahon pa lamang ang nakalilipas para sa isang pagbabasbas. Siya ay may mga suliranin—naguguluhan siya; siya ay nababahala at nag-aalala. At kaya nag-usap kami ng mga ilang minuto at sinabi ko sa kanya, 'Hinilingan mo na ba ang ama mo para sa isang pagbabasbas?' 'Naku,' ang sabi niya, 'Hindi ko alam kung gagawin ni Itay ang gayong bagay. Hindi siya aktibong-aktibo.' Sinabi ko, 'Ngunit ama mo siya.' 'Opo.' 'Taglay ba niya ang pagkasaserdote?' 'Opo, siya ay isang hindi aktibong elder.' Sinabi ko, 'Mahal mo ba siya?' At sinabi niya, 'Opo, mahal ko siya. Siya ay isang mabuting tao, mabuti siya sa mag-anak, mabuti sa mga anak.' . . . Sinabi ko, 'Kung gayon, nakahanda ka bang umuwi at maghintay para sa pagkakataon, at tanungin ang ama mo kung maaari ka niyang bigyan ng pagbabasbas? At kung walang mangyayari ay bumalik ka, at ikalulugod kong tulungan ka.'

"Dahil dito ay umalis siya, at pagkaraan ng mga tatlong araw ay bumalik siya. 'Kapatid na Benson, ito ang pinakamagandang bagay na nangyari sa tahanan namin,' ang sabi niya. 'Si Inay at ang mga bata ay umupo roon, ang mga nakababata kong kapatid na lalaki at babae, kasama si Inay na pinupunasan ang mga luha mula sa kanyang mga mata. Ipinahayag ni Inay ang kanyang pasasalamat pagkatapos. Binigyan ako ni Itay ng isang kalugud-lugod na pagbabasbas.' Idinagdag niya, 'Masasabi ko na nagmula iyon sa puso niya'" (*God, Family, Country: Our Three Great Loyalties* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1974], p. 184).

---

**Ang Tungkulin Natin sa Kaayusang Patriyarkal**

Pisara at talakayan

Isulat sa pisara: *Mga Paraan upang Maitaguyod ang Aking Ama*.

- Ano ang ilan sa mga paraan upang maitaguyod ninyo ang ama ninyo bilang pinunong patriyarka ng pamilya?

Isulat ang mga ideya na ibinigay ng mga kabataang lalaki. Ang mga mungkahi nila ay maaaring kabilangan ng pagiging masunurin, pagbabahagi ng mga alalahanin at kinawiwilihan sa kanya, paggugol ng oras na magkasama, paghingi ng pagbabasbas ng ama, paghingi ng kanyang pangaral at payo at pagsunod nito, pagkilala sa kanya, pagbibigay sa kanya ng pagmamahal at pagpapahalaga, pagpapalakas sa loob niya, pagtataguyod sa kanya sa gabing pantahanan ng mag-anak, at pagiging masayahin at matulungin sa tahanan.

Pag-aralang muli ang talaan sa pisara sa pamamagitan ng paghiling sa mga kabataang lalaki na maging tiyak kung paano nila magagawa ang mga bagay na ito. Ang mga tanong ay maaaring kabilangan ng—

- Kailan kayo maaaring humingi o dapat humingi ng isang pagbabasbas ng ama?
- Paano ninyo higit na makikilala ang inyong ama?
- Anong pagtataguyod ang tunay na ikinatutuwa ng ama ninyo sa gabing pantahanan ng mag-anak?
- Paano kayo makapagsasaayos na gumugol ng panahon na makasama ang ama?

- Kailan at saan ang mga magandang pagkakataon at lugar upang magbahagi ng mga alalahanin at kinawiwilihan?

Banal na kasulatan at talakayan

Ang ilang mga batang lalaki ay maaaring makadama na hindi sila maaaring lumapit sa kanilang mga ama dahil nakikita nila ang mga kahinaan at pagkakamali ng kanilang mga ama. Ipabasa sa kanila ang 1 Nefias 16:18–27 at 30–31.

Ipaliwanag na si Lehias at ang lahat, maliban kay Nefias, ay bumulung-bulong laban sa Panginoon.

- Sa halip na bumulung-bulong, ano ang ginawa ni Nefias (tingnan sa talata 23)?
- Kahit na ang ama niya, na si Lehias, ay bumulung-bulong laban sa Panginoon, bakit humingi pa rin ng payo mula sa kanya si Nefias (tingnan sa talata 23)? (Alam na alam ni Nefias ang tungkol sa kaayusang patriyarkal. Si Lehias ay ama pa rin ni Nefias. Si Nefias ay anak pa rin ni Lehias. Alam ni Nefias na ang pagiging masunurin sa alituntunin ng paggalang sa ama niya at paghingi ng payo niya ay nagpapakita ng pananampalataya, samantalang ang pagbulung-bulong ay magpapakita lamang ng galit at pagdaramdam at mag-aanyaya kay Satanas na magkaroon ng kapangyarihan sa kanya.)
- Ano ang mga kinahinatnan ng mga ikinilos ni Nefias?
- Ano ang maaaring nangyari kung si Nefias ay kumilos na katulad sa kanyang mga kapatid na lalaki?
- Sikaping ilarawan sa isip ang daigdig labinlimang taon mula ngayon. Ano ang kailangang maging katulad ng isang huwarang ama at patriyarka?

Pisara at talakayan

Isulat sa pisara ang *Mga Paraan Upang Ihanda ang Sarili Ko na Maging Isang Matuwid na Patriyarka*.

- Ano ang ilang mga paraan upang ihanda ang sarili ninyo na maging isang matuwid na patriyarka sa inyong magiging tahanan? (Itala ang mga ideya ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga mungkahi nila ay maaaring kabilangan ng paggalang sa Pagkasaserdoteng Aaron; pagmamasid sa kanilang mga ama, mga tagapagturo ng tahanan, at ibang mga maytaglay ng pagkasaserdote upang makita kung paano nila ginagamit ang kanilang mga pagkasaserdote; pag-aaral sa mga halimbawa ng ibang kalalakihan sa mga banal na kasulatan; pag-asam sa panahon na sila ay maoordena sa Pagkasaserdoteng Melquisedec; at pag-aaral ng mga kasanayan sa pagiging isang mabuting magulang.)

Talakayin ang mga ideya ng mga kabataang lalaki. Ang mga tanong ay maaaring kabilangan ng mga sumusunod:

- Anong mga katangian mayroon sa palagay ninyo ang isang matapat na maytaglay ng Pagkasaserdoteng Melquisedec?
- Anong mga katangian mayroon sa palagay ninyo ang isang mabuting magulang?
- Sino ang kilala ninyo na may mga katangiang ito?
- Sinong mga lalaki sa banal na kasulatan ang may mga katangiang ito?

Kuwento

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na kuwento, at hilingin sa mga kabataang lalaki na isaalang-alang ang mga sumusunod na tanong habang binabasa ang kuwento:

- Paano maghahanda ang isang kabataang lalaki na maging katulad ng ama sa kuwentong ito?
- Paano kaya namumuhay ang maytaglay ng pagkasaserdoteng ito upang maging kaisa ng Espiritu?

Isinasalaysay ni Elder Bruce R. McConkie ang sumusunod na kuwento:

“Isa sa mga kauna-unahang alaala ng aking pagkabata ang pagsakay sa kabayo sa taniman ng mga mansanas. Ang kabayo ay maamo at madaling pasunurin, at maginhawa akong nakaupo sa upuan.

"Ngunit isang araw ay may tumakot sa sinasakyan ko, at siya ay kumaripas sa taniman. Ako ay natangay mula sa upuan dahil sa mga nakayungyong na sanga, at ang isang paa ko ay dumulas sa tapakan. Wala nang pag-asa akong kumapit sa isang halos patid nang tali na yari sa balat. . . . Ang bigat ko ay dapat na pumatid sa tali, ngunit kahit paano ay tumagal ito nang ilang sandali. Isa pa o dalawang daluhong ng rumaragasang kabayo ay makapapatid sa tali o makabubuhol nito sa mga kamay ko at maiwan ako upang makaladkad sa kapinsalaan o kamatayan dahil sa ang paa ko ay nakasalabid sa tapakan.

"Bigla ay huminto ang kabayo, at namalayan ko na may mahigpit na humahawak sa kabisada ng kabayo at sinisikap na payapain ang nanginginig na hayop. Halos kaagad ay sinunggaban ako ng mga bisig ng aking ama.

"Ano ang nangyari? Ano ang nagdala sa aking ama upang iligtas ako mga ilang segundo bago ako mapunta sa ilalim ng mga paa ng takot na takot kong kabayo?

"Ang aking ama ay nakaupo sa bahay na nagbabasa ng pahayagan nang ibulong sa kanya ng Espiritu, 'Tumakbo ka sa taniman!'

"Wala ni saglit na pag-aalinlangan, hindi hinihintay na malaman kung bakit o para sa anong dahilan, ang aking ama ay tumakbo. Natagpuan ang sarili niya sa taniman na hindi nalalaman kung bakit siya naroroon, nakita niya ang rumaragasang kabayo at inisip na, kailangan kong pahintuin ang kabayong ito.

"Ginawa niya iyon at natagpuan ako. At ganoon ako nailigtas mula sa malalang kapinsalaan o maaaring kamatayan" ("Hearken to the Spirit," *Friend*, Set. 1972, p. 10).

Talakayin ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa mga tanong mo bago binasa ang kuwento. Bigyang-diin na tinulungan ng Espiritu Santo ang ama ni Elder McConkie na matupad ang kanyang pananagutan na pangalagaan ang kanyang pamilya, at upang matanggap ang katulad na tulong bilang mga ama ay kailangang espirituwal na ihanda nila ang kanilang sarili.

---

**Katapusan**

Mga patotoo

Kung may oras pa, at sa ilalim ng pamamatnubay ng Espiritu, maaari mong naising ibahagi ang mga sarili mong damdamin sa iyong ama bilang patriyarka sa inyong tahanan o sa malaking pananagutan na nadarama mo bilang isang patriyarka sa iyong mag-anak, o maaari mong naising hilingin sa mga kabataang lalaki na ibahagi ang kanilang mga damdamin tungkol sa kanilang mga ama.

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na pumili ng isang paraan na maitataguyod nila ang kanilang mga ama bilang mga patriyarka ng kanilang mga tahanan at gawin iyon sa loob ng susunod na linggo. Hilingin din sa kanila na isipin kung anong uri ng patriyarka ang nais nilang maging at magsimulang maghanda para sa banal na pananagutang iyon.

# Ano ang Nalalaman Mo tungkol sa Kaayusang Patriyarkal?

1. Ang kaayusang patriyarkal ay—
   a. Isang rekomendasyon upang kunin ang iyong basbas-patriyarkal.
   b. Isang utos upang kumuha ng mga kailangan mula sa kamalig ng obispo.
   c. Ang makalangit na panuntunan ng pamahalaan ng Panginoon.
2. Ang pinakamahalagang samahan sa Simbahan ay—
   a. Ang Korum ng Labindalawang Apostol.
   b. Ang Korum ng Unang Panguluhan.
   c. Ang pamilya.
3. Ang namumunong awtoridad sa inyong pamilya ay—
   a. Ang Pangulo ng Simbahan.
   b. Ang iyong obispo.
   c. Ang iyong ama (o ang iyong ina, kung walang ama sa tahanan).
4. Bilang namumunong patriyarka ng tahanan, ang ama ay dapat na—
   a. Mangulo at mamahala sa mga gawain ng kanyang tahanan at pamilya sa pagkamatuwid.
   b. Maglaan para sa mga pisikal at espirituwal na pangangailangan ng kanyang pamilya.
   c. Hanapin ang Panginoon para sa mga pansariling paghahayag hinggil sa kanyang pamilya.
5. Sa plano ng Panginoon—
   a. May lubos na pagkakapantay-pantay ang lalaki at babae.
   b. Ang lalaki ay higit na mahalaga sapagkat siya ang nagtataglay ng pagkasaserdote.
   c. Mahal ng Panginoon ang kanyang mga anak na babae tulad ng pagmamahal niya sa kanyang mga anak na lalaki.
6. Ang ama ang pinuno ng tahanan sapagkat—
   a. Siya ay higit na karapat-dapat at higit na may kakayahan.
   b. Ito ang kanyang walang hanggang tawag.
   c. Siya ay higit na mahigpit kaysa sa ina.
7. Bagama't ang bawat ama ang namumuno sa kanyang pamilya, upang matamasa ang mga pagpapala ng pagiging pinunong patriyarka ng isang pamilya ay kailangan niyang—
   a. Magkaroon ng pinag-aralan sa kolehiyo upang magamit niya ito sa pagtuturo sa kanyang pamilya.
   b. Magkaroon ng trabaho na may mataas na suweldo upang maitaguyod ang kanyang pamilya.
   c. Taglayin ang Pagkasaserdoteng Melquisedec at gamitin ito nang wasto.

# 23 Kapaki-pakinabang na Paghahanda Para sa Misyon

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa kung paano makatutulong sa kanya ang paghahanda sa mga kapaki-pakinabang na kasanayan na maging isang higit na mabisang misyonero.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis at piraso ng papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Isulat ang sumusunod na sipi sa pisara o sa isang paskil, at ipakita ito hanggang sa katapusan ng aralin:

   "*'Ikaw ba ay magiging isang magiting at mabisang [misyonero] o isang itinalagang misyonero lamang?' Ito ay mababatay sa iyong paghahanda*" (Spencer W. Kimball, "Advice to a Young Man: Now Is the Time to Prepare," *New Era,* Hunyo 1973, p. 8).
3. Sa pahintulot ng panguluhang obispo, balakin bago pa man na maikling pag-ulatin ang isang kababalik na misyonero o isang misyonerong pambuong-panahon tungkol sa mga kapaki-pakinabang na bahagi ng gawaing misyonero. (Sabihan siya na gumugol lamang ng mga tatlo o apat na minuto. Kung ikaw ay naglingkod sa misyon, maaaring naisin mong ikaw na mismo ang mag-ulat.) Maaari mong naising ipakita sa misyonero ang talaan ng mga bahagi ng kapaki-pakinabang na paghahanda sa aralin upang magkaroon siya ng ideya tungkol sa mga paksa na dapat niyang talakayin. Maaari niyang talakayin ang mga bagay na katulad ng ilang oras siyang gumawa sa loob ng isang karaniwang araw, ano ang ginawa niya sa loob ng mga oras na iyon, ilang oras siya nag-aral, ano ang pinag-aralan niya, sino ang naghanda ng mga pagkain niya at nagsulsi ng mga damit niya, gaano kalayo ang nilakbay niya sa loob ng pook niya, at kung magkano ang gastusin ng misyon niya bawat buwan. Ang ilan sa mga bagay na ito ay nagkakaiba-iba mula sa isang misyon sa iba, ngunit mula sa ulat ay dapat na makita ng mga kabataang lalaki ang kahalagahan ng kapaki-pakinabang na paghahanda para sa pambuong-panahon na pangmisyonerong paglilingkod.

**PAALALA**

Ang isang kabataang lalaki ay makagagawa ng maraming bagay upang makapaghanda para sa isang pambuong-panahong misyon. Ang araling ito ay inilaan upang malaman ng mga kabataang lalaki ang pangangailangan sa paghahanda, at upang bigyan sila ng mga tiyak na mungkahi para sa paghahanda. Ang mga kabataang lalaki ay malamang na higit na kikilos sa mga mungkahi na sila mismo ang nakaisip. Ang aralin ay nangangailangan para sa mga maliit na pangkatang talakayan upang lumikha ng mga ideya. Batay sa dami ng mga kabataang lalaki na dumadalo, maaari mong kailanganing isali silang lahat sa talakayan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Pambuong-panahon na Misyonerong Paglilingkod ay Nangangailangan ng Paghahanda sa Maraming Bahagi**

Ulat

Maikling pag-ulatin ang isang kababalik na misyonero (o isang misyonerong pambuong-panahon sa inyong pook) tungkol sa mga pang-araw-araw niyang gawaing misyonero. Ang ulat ay hindi dapat humigit sa tatlo o apat na minuto. Ito ay dapat na nakatuon sa mga kapaki-pakinabang na bahagi ng buhay ng isang misyonero sa halip na sa mga espirituwal na karanasan.

Ipaliwanag na kapag higit na handa ang mga kabataang lalaki, higit na mabisa nilang magagamit ang kanilang oras bilang mga misyonero.

Pisara at talakayan

Mula sa mga narinig ng mga kabataang lalaki tungkol sa mga kapaki-pakinabang na kailangan sa pambuong-panahon na misyonerong paglilingkod, hilingin sa kanila na tukuyin ang mga tiyak na bahagi kung saan nila higit na maihahanda ang kanilang sarili ngayon. Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga sagot nila ay maaaring kabilangan ng pananalapi, pisikal na kalusugan, mga kasanayang panlipunan, mga kagawian sa paggawa at pag-aaral, mga kasanayang pangwika, mga kasanayang pambahay, at pag-aayos at kalinisan.

Maaari mong naisin na maikling talakayin ang kahalagahan ng bawat sagot, na ginagamit ang mga tanong na katulad nito:

- Ano ang madarama mo kung natustusan mo ang sarili mong misyon sa pamamagitan ng perang naipon mo? Higit mo bang pahahalagahan ang misyon mo kaysa sa kung may ibang nagbayad sa mga gugulin mo?
- Bakit mahalaga sa isang misyonero na maging malakas ang pangangatawan? Ituro na hindi lamang pinipinsala ng isang misyonero na mahina ang pangangatawan sa gawain ang sarili niya kundi hinahadlangan din niya ang kasama niya.
- Kung kayo ay naghahanap ng isang tao na kakatawan sa inyo sa buong daigdig, anong mga katangian ang nais mong taglayin niya? Paano mo nanaisin na makipag-ugnay siya sa ibang tao?
- May mga misyonero na sa pakiramdam nila, kapag nasa larangan na sila ng misyon, ay magkakaroon sila ng panahon upang magpaunlad ng mga mabuting kagawian sa paggawa. Ano ang panganib ng ganitong saloobin?

Sipi

- Ano ang kahalagahan ng pag-aaral ng bagong wika kung ikaw ay tinawag sa isang misyon na kung saan ay hindi ginagamit ang wikang iyon?

Ang sumusunod na sipi mula kay Pangulong Gordon B. Hinckley ay makatutulong sa pagsagot sa tanong na ito.

“Mag-aral kayo ng isang banyagang wika kung may pagkakataon kayo na gawin ito. Maaaring hindi kayo kailanman matawag sa isang lupain kung saan ginagamit ang wikang iyan, ngunit ang pag-aaral ay makapagbibigay sa inyo ng higit na pang-unawa tungkol sa inyong sariling wika o ibang wika na maaaring hilingin sa inyo na malaman” (sa Conference Report, Abr. 1982, p. 63; o *Ensign*, Mayo 1982, p. 42).

- Ano ang magiging epekto sa inyo ng kalinisan at mabuting pag-aayos bilang isang misyonero? Ano ang magiging epekto ng mga ito sa inyong pagtitiwala sa sarili, sa inyong kasama, sa kalusugan ng inyong katawan, sa halimbawa na inyong ipinakikita sa iba?

---

## Ang Mga Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay Dapat Magsimula nang Maghanda Ngayon para sa Pambuong-panahon na Misyonerong Paglilingkod

Pangkatang talakayan

Hatiin ang mga kabataang lalaki sa maliliit na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng isa o higit na mga bahagi na nakatala sa pisara. Hilingin sa kanila na talakayin ang mga paraan na maihahanda nila ang kanilang sarili sa bahaging iyon upang maging mga higit na mabisang misyonero. Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isang pirasong papel at lapis upang itala ang mga ideya ng pangkat. Humirang ng isang miyembro ng bawat pangkat na mamuno sa talakayan. Magbigay ng mga sampung minuto para sa pangkatang talakayan. Pagkatapos ay pagbigayin ng maikling ulat ang pinuno ng bawat pangkat tungkol sa mga iminungkahing gawain na tinalakay ng pangkat niya. Kung may panahon pa, ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang mga mungkahing ito. Bigyang-diin ang mga sumusunod na bahagi:

### Pananalapi

1. Magsimula ng ulat ng pag-iimpok (savings account) kung wala pa kayo nito, at panatilihin ang isang palatuntunan ng palagiang pag-iimpok. Magtabi ng kaunting pera ngayon, gaano man ito kaliit. Pagkatapos, sa tuwing kayo ay nakatatanggap ng pera, maglagay ng bahagi man lamang nito sa ulat ng pag-iimpok para sa inyong misyon.

2. Kumuha ng pansamantalang trabaho, at itabi ang karagdagang pera na kinikita ninyo.
3. Ugaliin ang disiplina sa sarili. Gawan ninyo ng laang-gugulin ang sarili ninyo, at sundin ito.

Pisikal na Kalusugan

1. Magsimula ng palagiang palatuntunan ng pagpapalakas.
2. Kumain ng mga wastong pagkain.
3. Matulog nang sapat bawat gabi. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 88:124 upang patibayin ang paksang ito.

Mga Kasanayang Panlipunan

1. Matuto ng karaniwang mga tuntunin ng kabutihang-asal.
2. Matutong kagiliwan ang maraming uri ng pagkain.
3. Maging maagap.
4. Tiyaking tandaan ang mga pangalan ng mga taong nakikilala ninyo sa unang pagkakataon.

Mga Kagawian sa Paggawa at Pag-aaral

1. Gumawa araw-araw ng isang bagay na ayaw ninyong gawin sa araw na iyon o kung maaari ay nais na ipagpaliban. Sa ganitong paraan, kayo ay unti-unting magkakaroon ng disiplina sa sarili.
2. Gawin ninyo ang inyong gawaing pampaaralan pag-uwi na pag-uwi ninyo mula sa paaralan, sa halip na ipagpaliban ito hanggang mamaya.
3. Isagawa ang mga tungkulin ninyo sa Simbahan nang matapat.
4. Pagbutihin ninyo ang pag-aaral sa seminaryo at paaralan. Magbasa nang higit sa ipinababasa.
5. Ugaliin ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan araw-araw.
6. Magsaulo ng ilang mga banal na kasulatan mula sa mga talakayang pangmisyonero.
7. Gumugol ng ilang panahon bawat linggo sa pagtatakda ng mga layunin at paggawa ng plano upang maabot ang mga layunin ninyo.

Mga Kasanayang Pangwika

1. Kumuha ng klase tungkol sa wika sa paaralan.
2. Kung kayo ay nag-aral na ng wika, pag-aralan ito nang may higit na pagsisikap.
3. Pag-aralan ang kultura ng mga tao na nagsasalita ng wikang pinag-aaralan ninyo. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 90:15.

Mga Kasanayang Pambahay

1. Matutong magluto at magplano ng putahe ng mga pagkain. Kayo ang mamili.
2. Matutong manahi, at magsulsi ng sarili ninyong mga damit.
3. Matutong maglaba at mamalantsa ng sarili ninyong mga damit.
4. Magtipon ng mga resipi para sa mga pagkaing masustansiya at madaling ihanda.

Pag-aayos at Kalinisan

1. Matutong magsagawa ng mga alituntunin ng pansariling kalinisan at mabuting pag-aayos.
2. Simulan ngayon na sumunod sa mga pamantayang misyonero hinggil sa mga bagay na tulad ng Panlinggong damit at haba ng buhok.
3. Panatilihing malinis ang inyong mga silid nang hindi sinasabihan.

Gawain

Ipatala sa mga kabataang lalaki sa likod ng mga papel nila ang mga paraan kung paano nila ginugugol ang bakante nilang oras. Pagkatapos ay pasagutan sa sarili nila ang mga sumusunod na tanong:

- Alin sa mga gawaing ito ang naghahanda sa akin para sa misyon?
- Paano ko higit na magugugol ang oras ko sa paghahanda para sa aking misyon?

Maaari mong naising tanungin ang kababalik na misyonero kung ano ang gagawin niya kung naghahanda siya ngayon para sa kanyang misyon.

- Bakit napakahalaga na magsimula na ngayong maghanda para sa inyong misyon?

Sipi

"Ang mga kabataang lalaki na nagplano sa loob ng 19 na taon upang punuan ang isang misyon ay magiging higit na kapaki-pakinabang, higit na mabisa, at higit na matagumpay kapag sila ay naglingkod at higit na maraming tao ang sasapi sa Simbahan at lilikha ng higit na sigla at magkakaroon ng magkakarugtong na reaksiyon. May iba pa bang bagay na magkakaroon ng higit na magkakarugtong na reaksiyon at higit na makaaapekto sa mga pagkawili at tao?" (Spencer W. Kimball, "President Kimball Speaks Out on Being a Missionary," *New Era*, Mayo 1981, p. 48).

Sipi

"Ang gawain ng Panginoon ay nangangailangan ng pinakamahusay na maipagkakaloob mo. Ngayon ang panahon upang maghanda para sa paglilingkod na iyan" (Gordon B. Hinckley, sa Conference Report, Abr. 1982, p. 63; o *Ensign*, Mayo 1982, p. 42).

---

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang misyon ay sumasagisag sa pinakamalaking hamon na haharapin ng maraming kabataang lalaki. Ito ay mahirap na gawain at nangangailangan ng puspusang paghahanda. Ngunit ang paghahanda para sa misyon ay mabuting paghahanda para sa natitirang bahagi ng buhay ng isang kabataang lalaki.

Sipi

"Kapag sinasabi ng ating propeta at pinuno, na si Pangulong Spencer W. Kimball na, 'Ang bawat kabataang lalaki na nasa misyon,' siya ay tumatanaw nang higit sa mga nagugol na panahon sa larangan ng misyon. Pag-uwi ninyo ay magiging higit na mabuti kayong obispo at mabuting pangulo ng istaka, at isang higit na mabuting asawa, isang higit na mabuting ama, at isang higit na mabuti anuman ang gagampanan ninyo kapwa sa buhay na ito at sa buhay na darating" (J. Thomas Fyans, sa Conference Report, Abr. 1977, p. 56; o *Ensign*, Mayo 1977, p. 40).

Hamon

Papiliin ng dalawa o tatlo ang mga kabataang lalaki mula sa talaan ng mga iminungkahing gawain na sa pakiramdam nila ay magagawa nila. Ipasulat sa kanila ang mga gawaing ito sa likod ng mga papel nila. Hamunin sila na magsimula sa linggong ito na maghanda para sa mga misyon nila sa mga paraang pinili nila. Kung ikaw ay isang bumalik na misyonero, magtapos sa pamamagitan ng sarili mong patotoo tungkol sa kahalagahan ng paghahanda ngayon para sa misyon.

---

**GAWAIN**

Maaari mong naising magplano ng isang gabi ng gawain kung saan ang mga kabataang lalaki ay makakasama ng mga kabataang babae o mga nanay nila upang matuto at magsanay ng mga kapaki-pakinabang na kasanayan na tulad ng pagluluto, pamamalantsa, at pananahi. Maaari mong naising gawin ito na isang "Olympics sa Paghahanda sa Misyon" at magkaroon ng mga paligsahan sa iba't ibang kapaki-pakinabang na bahagi.

# 24 Ang Mga Pagpapala ng Paggawa

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makapagpapahalaga sa kahalagahan ng paggawa.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Bago magklase, maaari mong naisin na atasan ang ilan sa mga kabataang lalaki na basahin ang mga sipi tungkol sa paggawa.

**PAALALA**

Walang kapaki-pakinabang na bagay kailanman ang natapos—sa pisikal, kaisipan, paglikha, o espirituwal—nang walang pagsisikap. Dapat umalis ng klase ang mga kabataang lalaki na iniisip na ang paggawa ay hindi isang mahirap na gawin na dapat iwasan kundi isang pagkakataon upang lumago, umunlad maglingkod, at sumulong.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Paglalahad ng mga kabataang lalaki

Ipapaliwanag nang maikli sa mga inatasang kabataang lalaki kung ano ang kahulugan ng mga sumusunod na sipi (mula lahat sa *Richard Evan's Quote Book* [Salt Lake City: Publishers Press. 1971]):

"Hindi ako kailanman gumawa ng trabaho sa buong buhay ko—lahat ng ito ay pagsasaya" (Thomas Edison [p. 43]).

"Ipinagbibili ng Diyos ang lahat ng bagay sa atin sa halaga ng paggawa" (Leonardo da Vinci [p. 44]).

"Ang paggawa ay isang pangangailangang espirituwal" (Neal A. Maxwell [p. 50]).

"Matatagpuan ng bawat isa na ang kaligayahan sa daigdig na ito ay batay sa trabahong ginagawa niya, at sa paraan kung paano niya ginagawa ito" (Brigham Young [p. 50]).

"Ang tanging karapatang gumawa ay isang kaloob" (David O. McKay [p. 46]).

Talakayan

- Ano ang mangyayari kung ang lahat ay tumanggi nang gumawa?

Ipatalakay ito sa mga kabataang lalaki sa loob ng ilang minuto, na nagbibigay ng mga tiyak na halimbawa kung ano ang mangyayari.

Pagbabasa ng banal na kasulatan at talakayan

Basahin at markahan ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Genesis 3:19; Doktrina at Mga Tipan 42:42; 68:30; 75:28–29.

- Ano ang nadarama ng Panginoon tungkol sa paggawa?

Sipi

"Higit tayo makapaglalakbay sa buhay nang hindi ginagamit ang paggawa ng isang tao—ng sarili natin o ng iba. Hindi tayo maaaring kumain nang hindi ginagamit ang paggawa ng isang tao. Hindi tayo makapaglalakbay nang hindi ginagamit ang paggawa ng isang tao. Hindi tayo makagagamit ng anumang sangkap o makatatanggap ng anumang paglilingkod nang hindi tinatanggap ang paggawa ng iba. Anuman ang ipinagkakaloob ng kalikasan, o kung ano ang naipagagawa ng mga tao sa mga makina, kasama pa rin kahit paano ang paggawa sa pagdadala ng yaring produkto sa mga tao" (Richard L. Evans, *The Everlasting Things* [New York: Harper, 1957] p. 71).

### Inihahanda Tayo ng Paggawa sa Higit na Malaking Pananagutan

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Nagpapasalamat ako sa mga karanasan na naranasan ko sa ilalim ng pagtuturo ng sarili kong ama na hugasan sa pamamagitan ng sabong *Castile* ang mga guwarnasiyon at langisan ang mga ito upang mapanatili ang mga ito. Natutuhan kong pinturahan ang bakod na tulos, ang tangke ng tubig, ang silungan ng karwahe, ang kamalig, ang kalesa at ang bagon, at sa huli ay ang bahay. At mula noong mga araw na may paminsan-minsang paltos sa aking mga kamay, hindi ako nagsisisi sa mga karanasang iyon" (sa Conference Report, Abr. 1976, p. 172; o *Ensign*, Mayo 1976, p. 126).

Pisara at talakayan

- Ano sa palagay ninyo ang marahil ay ilan sa mga reaksiyon ni Spencer W. Kimball sa gawain na ginawa niya bilang isang batang lalaki?
- Ano sa palagay ninyo ang natutuhan ng batang si Spencer Kimball mula sa mga karanasang ito na tumulong na maihanda siya sa dakong huli, na matupad ang kanyang mga tawag bilang isang misyonero, isang Apostol, at isang propeta? (Ang mga maaaring sagot ay kinabibilangan ng pagtanggap sa pananagutan, pagtapos sa isang trabaho, pagsunod sa mga tagubilin, pagkakaroon ng ipagkakapuri sa nagawa, paglilingkod sa iba, at pagtatamo ng mga kasanayan.)

Ibuod ang mga sagot sa pisara.

- Anong mga uri ng trabaho ang ginagawa ninyo?
- Paano kayo at ng inyong pamilya pinagpala ng paggawa?

---

### Lumalakas ang Pagkatao sa Pamamagitan ng Matapat, Masigasig na Paggawa

Kuwento at talakayan

Basahin o isalaysay sa mga sarili mong salita ang sumusunod na kuwento:

"Walang sinumang nakaalam sa bayan namin sa Utah kung saan galing ang Kondesa; ipinahiwatig ng marahan niyang tumpak na Ingles na hindi siya katutubong Amerikana. Sa laki ng bahay niya at dami ng katulong, alam namin na mayaman siya, ngunit hindi siya kailanman tumatanggap ng bisita at nilinaw niya na kapag nasa bahay siya ay lubos na hindi maaaring kausapin. . . .

"Laging may dalang tungkod ang Kondesa, hindi lamang pang-alalay kundi bilang isang pamalo sa sinumang kabataan na nangangailangan ng pagdisiplina. At kung minsan ay tila ipinakikita ng karamihan sa mga bata sa kapitbahayan namin ang pangangailangang iyon. Sa pamamagitan ng pagtakbo nang mabilis at pananatiling maliksi ay nagawa kong manatiling malayo sa abot niya. Ngunit isang araw noong ako ay 13, habang ako ay tumatawid upang mapadali sa kanyang halamanang bakod, napalapit siya nang sapat upang makawit ng kanyang tungkod ang aking ulo. 'Aray!' ang isinigaw ko, na tumatalon nang ilang talampakan.

" 'Amang nais kitang kausapin,' ang sabi niya. Inaasahan ko ang isang sermon tungkol sa mga kasamaan ng panghihimasok, ngunit habang nakatingin siya sa akin, na bahagyang nakangiti, tila nagbago ang isip niya.

" 'Hindi ba't ikaw iyong nakatira sa luntiang bahay na iyon, na may mga punong *willow* sa susunod na bloke?

" 'Opo, mam.'

" 'Ikaw ba ang nangangalaga sa inyong damuhan? Nagdidilig nito? Naggugupit nito? Nagtatabas nito?

" 'Opo, mam.'

" 'Mabuti. Wala na akong hardinero. Pumunta ka sa bahay ko ng ikapito ng umaga ng Huwebes, at huwag mong sasabihin sa akin na may iba kang gagawin; nakikita kitang pagala-gala kapag araw ng Huwebes.'

"Kapag nag-utos ang Kondesa, ito ay nasusunod. Hindi ko tinangkang huwag pumunta noong sumunod na Huwebes na iyon. Tatlong beses kong pinaraanan ng pangtabas ng damo ang buong damuhan bago siya nasiyahan, at pinagapang niya ako na naghahanap ng mga sukal na damo hanggang sa ang mga tuhod ko ay kasing luntian ng damo. Sa wakas ay tinawag niya ako sa balkonahe.

" 'Buweno, amang, magkano ang nais mo para sa nagawa mo sa maghapon?'

" 'Hindi ko po alam. Mga limampung sentimo siguro.'

" 'Iyan ba ang inaakala mong halaga mo?'

" 'Opo, Mga ganoon po.'

" 'Mabuti kung gayon. Heto ang 50 sentimo na sinabi mong halaga mo, at heto ang dagdag na isang dolyar at kalahati na kinita ko para sa iyo sa pagpilit sa iyo. Ngayon ay sasabihin ko sa iyo ang isang bagay tungkol sa kung paano tayo gagawa nang magkasama. Kasing dami ng paraan ng pagtabas ng damuhan ang pagtabas sa mga tao, at maaaring magkahalaga mula isang pera hanggang sa limang dolyar. Sabihin na natin na tatlong dolyar na trabaho lamang ang nagawa mo ngayon, maliban na gagawin mo ito na mag-isa. Ang isang apat na dolyar na trabaho ay magiging lubhang ganap ngunit magiging hangal ka na gumugol ng ganoong kahabang panahon sa damuhan. Ang isang limang dolyar na damuhan—buweno, hindi maaaring magawa iyon kaya kalimutan na natin iyon. Ngayon kung gayon, babayaran kita linggu-linggo batay sa sarili mong pagtantiya sa gawa mo.'

"Umalis akong dala ang dalawang dolyar ko, na higit na mayaman kaysa sa naaalala ko sa buong buhay ko, at matibay na hinangad na makakukuha ako ng apat na dolyar mula sa kanya sa susunod na linggo. Ngunit nabigo akong umabot maging sa markang tatlong dolyar man lamang. Nagsimulang humina ang nais ko noong pangalawang ikot sa bakuran niya.

" 'Dalawang dolyar uli, ha? Ang ganyang uri ng trabaho ay naglalagay sa iyo sa bingit ng pagkakatanggal, amang.'

" 'Opo. Ngunit pagbubutihin ko na po sa susunod na linggo.'

"At kahit paano ay nagawa ko. Pagod na pagod ako sa huling ikot ko sa damuhan, ngunit natagpuan kong maaari kong pasiglahin ang sarili ko. Sa kasiglahan ng bagong damdaming iyon, wala akong pag-aalinlangan sa paghingi sa Kondesa ng tatlong dolyar.

"Tuwing Huwebes sa mga sumunod na apat o limang linggo ay pabago-bago ako mula sa tatlo at tatlo at kalahating dolyar na trabaho. Habang lalo akong nagiging higit na sanay sa kanyang damuhan, sa mga lugar na ang lupa ay medyo mataas o medyo mababa, sa mga lugar na kailangang gupitin nang maikli o panatilihing mahaba ang mga gilid upang gumawa ng higit na nakasisiyang hubog sa halamanan, lalo kong nalaman kung ano ang bumubuo sa isang apat na dolyar sa damuhan. At linggu-linggo ay ipinapasiya ko na gawin ang ganoong uri ng trabaho. Ngunit kapag nagawa ko na ang tatlo o tatlo at kalahating dolyar na marka ko ay pagod na pagod na ako upang maalala na may pangarap ako na lampasan ang markang iyon.

" 'Mukhang mahusay kang, hindi nagbabagong tatlo at limampung tao,' ang sinasabi niya habang iniaabot niya sa akin ng pera.

" 'Sa palagay ko po,' ang sinasabi ko, na lubhang masaya upang maalala sa sandaling makita ang pera na may layunin ako para sa higit na mataas na bagay.

" 'Siya, huwag mong labis na damdamin,' ang pang-alo niya sa akin. 'Kung sabagay, kakaunti lamang ang mga tao sa mundo na makagagawa ng isang apat na dolyar na trabaho.'

"At ang mga salita niya ay nakaalo noong una. Ngunit pagkatapos, na hindi ko napapansin kung ano ang nangyayari, ang pag-alo niya ay naging pang-inis na nagpakilos sa akin upang magpasiyang gawin ang apat na dolyar na trabahong iyon, kahit na makamamatay sa akin. Sa init ng pasiya ko, nakikita ko ang sarili ko na nawawalan ng malay-tao sa kanyang damuhan, na nakahilig sa akin ang Kondesa, na ibinibigay sa akin ang apat na dolyar na may luha sa kanyang mata, na hinihingi ang kapatawaran ko sa pag-aakalang hindi ko kayang gawin iyon.

“Sa kalagitnaan ng ganitong init, isang Huwebes ng gabi nang sinisikap kong kalimutan ang pagkatalo noong araw na iyon at matulog, nang lubusan kong napagtanto ang katotohanan na napabalikwas ako, na bahagyang nabubulunan sa aking kagalakan. Ang limang dolyar na trabaho ang kailangan kong gawin, hindi ang apat na dolyar! Kailangan kong gawin ang trabaho na hindi magagawa ng iba dahil hindi maaari.

“Sanay na sanay ako sa mga kahirapan na darating. May suliranin ako, halimbawa, sa pagtanggal sa mga bunton ng uod sa damuhan. Maaaring hindi man lamang napansin ng Kondesa ang mga ito, napakaliit ng mga ito; ngunit sa mga walang sapin kong paa alam ko ang tungkol sa mga ito at kailangan kong gawan ng paraan ang mga ito. At maaari kong gupitan ang mga gilid ng halamanan sa pamamagitan ng panggupit, ngunit alam ko na kailangan ng isang limang dolyar na damuhan na pantay-pantayin ko ang bawat gilid ng tamang-tama sa pamamagitan ng pangyarda at nang tamang-tamang panggupit ng gilid. At may iba pang mga suliranin na tanging ako at ang mga walang sapin kong paa ang nakaaalam.

“Sinimulan ko ang sumunod na Huwebes sa pagpapatag sa mga bunton ng uod sa pamamagitan ng mabigat na pampatag. Pagkatapos ng dalawang oras niyon ay handa na akong sumuko para sa araw na iyon. Ikasiyam ng umaga at wala na ang pagnanais ko! Aksidente lamang na natuklasan ko kung paano bawiin ito. Nakatulog ako habang nakaupo nang mga ilang minuto matapos ang pagpapatag sa ilalim ng isang punong *walnut*. Nang magising ako pagkaraan ng ilang minuto, napakagandang tingnan sa pamamagitan ng mga sariwa kong mata ang damuhan at napakabuti ng nadama sa ilalim ng aking mga paa na sabik akong nagpatuloy sa trabaho.

“Sinunod ko ang sikretong ito sa loob ng buong araw, na umiidlip ng ilang minuto bawat oras upang mapabalik ang aking pananaw at madagdagang muli ang aking lakas. Sa pagitan ng mga idlip nagtabas ako nang apat na ulit, dalawang ulit na pahaba, dalawang ulit na papunta sa kabila, hanggang sa ang damuhan ay nagmukhang luntiang pelus na damahan. Pagkatapos ay binungkal ko ang paligid ng bawat puno, na dinudurog ang malalaking tipak na lupa at ginagawang pino ang lupa sa pamamagitan ng aking mga kamay, pagkatapos ay nagtapos sa pamamagitan ng panggupit sa gilid, na maselang pinagpapantay-pantay ang bawat hagod upang ang epekto ay maging ganap na pantay. At maingat kong ginupit ang mga damo sa pagitan ng malalaking malapad na bato ng daanan sa harap. Namaltos ang mga daliri ko sa panggupit, ngunit hindi kailanman higit na naging maganda ang daanan.

“Sa wakas, mga ikawalo nang gabing iyon . . . natapos ang lahat. Labis kong ipinagmapuri na hindi man lamang ako nakadama ng pagod nang lumapit ako sa pintuan niya.

“ ‘Siya, ano ngayon?’ ang tanong niya.

“ ‘Limang dolyar,’ ang sinabi ko, na sinisikap na maging mapayapa nang kaunti at marunong na.

“ ‘Limang dolyar? Apat na dolyar ang ibig mong sabihin, di ba? Sinabi, ko sa iyo na hindi maaaring gawin ang isang limang dolyar na damuhan.’

“ ‘Maaari pong gawin. Kagagawa ko lamang po.’

“ ‘Siya, amang, tiyak na karapat-dapat na tingnan ang unang limang dolyar na damuhan sa kasaysayan.’

“Magkasama kaming naglakad sa huling liwanag ng gabi, at maging ako ay tila nadaig ng imposibilidad ng nagawa ko.

“ ‘Amang,’ ang sabi niya, na inilalagay ang kanyang kamay sa aking balikat, ‘ano ang nag-udyok sa iyo na gumawa ng ganitong hibang, na kahanga-hangang bagay.’

“Hindi ko alam kung bakit, ngunit kahit na alam ko, maaaring hindi ko maipaliwanag ito sa kagalakan sa pagkakarinig na nagawa ko ito.

“ ‘Sa palagay ko ay alam ko,’ ipinagpatuloy niya, ‘ang nadama mo noong una mong malaman ang ideya na ito ng pagtatabas ng damuhan na sinabi ko sa iyong hindi maaaring gawin. Labis mong ikinasiya ito noong unang dumating, pagkatapos ay medyo ikinatakot. Tama ba ako?’

“Natitiyak niya na tama siya sa nagulat na anyo sa aking mukha.

" 'Alam ko ang nadama mo dahil ganyan din ang nangyayari sa halos lahat. Nadarama nila ang biglang silakbong ito ng kanilang pagnanais na gumawa ng ilang dakilang bagay. Nakadarama sila ng kahanga-hangang kaligayahan ngunit pagkaraan ay lumilipas ito dahil sinabi na nilang, "Hindi, hindi ko magagawa iyan. Hindi maaari iyan." Sa tuwing may isang bagay sa iyo na nagsasabi na "Hindi maaari iyan," alalahaning suriin ito nang mabuti. Tingnan kung hindi talaga ang Diyos ang nag-uutos sa iyo na umunlad ng isang pulgada, o isang talampakan, o isang milya upang marating mo ang higit na ganap na buhay.' . . .

"Mula noong panahong iyon, mga 25 taon na ang nakalilipas, kapag nadarama ko ang sarili ko sa isang hangganan na walang nakaharap sa akin, bigla sa pamamagitan ng paglitaw ng mga salitang "hindi maaari" nararanasan kong muli ang hindi inaasahang pampasigla, ang lukso sa loob ko, at nalaman na ang tanging maaaring daan ay nakalatag sa gitnang-gitna ng hindi maaari" (Richard Thurman, "The Countess and the Impossible," *Reader's Digest*, Hunyo 1958, p. 107–10).

- Kahit na nalulugod ang batang lalaking ito sa kuwento sa pagkakabayad sa kanya nang mabuti para sa kanyang gawain, ang pera ba ang pinakamahalagang bagay sa kanya?
- Ano ang mensahe ng kuwentong ito? (May damdaming ng malaking tagumpay at kagalakan kapag ginagawa ninyo ang lahat ng magagawa ninyo sa alinmang trabaho o takdang gawain.)

Himuking ang mga kabataang lalaki na magsalaysay ng mga karanasan nila kung saan nakadama sila ng damdamin ng tagumpay pagkatapos ng isang masigasig na paggawa. Maaari mong naising atasan ang isa o dalawang kabataang lalaki na gawin ito, kung alam mong nakaranas sila ng ganitong karanasan. Magsalaysay ng mga sarili mong karanasan.

---

**Katapusan**

Hamon

Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng paghamon sa mga kabataang lalaki na gawing karapat-dapat ang kanilang buhay, pagsasanay sa paaralan, at gawain sa Simbahan na makatanggap ng "limang dolyar" na gantimpala. Talakayin ang mga tiyak na paraan na matatapos nila ang mga gawaing iyon, at talakayin ang mga gantimpalang maaasahan nilang matanggap.

# Pansariling Kadalisayan sa Pamamagitan ng Disiplina sa Sarili

# 25

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa kung paano siya natutulungan ng disiplina sa sarili na mamuhay ng isang walang-bahid-dungis na buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Maghanda ng mga sinulatang piraso ng papel na may mga sumusunod na pangungusap:
   a. Kapag pinangangatwiranan natin ang ating pagsuway sa mga kautusan, pinahihina natin ang ating kakayahan na pigilin ang ating mga sarili.
   b. Kapag sumusuway tayo sa mga kautusan, nawawala sa atin ang Espiritu ng Panginoon.
   c. Natututo tayong disiplinahin ang sarili natin sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay sa bawat panahon.
   d. Palalakasin tayo ng Ama sa Langit kung mananalangin tayo para sa kanyang tulong.
   e. Ang disiplina sa sarili ay naghahatid sa atin sa pakikipagkaisa sa ating Ama sa Langit at sa ating mga sarili.
2. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa kadalisayang seksuwal sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**PAALALA**

Sa daigdig ng bumababang moralidad, kailangan nating pag-ukulan ng natatanging pansin ang ating mga kabataan, na nagiging higit na malubhang tinutukso ni Satanas nang higit kailanman kaysa noon. Ninanais ni Satanas na sirain ang mga kabataan ng Simbahan, at ang plano niya sa paggawa nito ay kasing totoo ng plano ng kaligtasan. Ang pagsunod sa kanyang mga tukso ay maaaring pagbayaran ng espirituwal na buhay ng mga taong kasangkot.

Bilang tagapayo ng mga kabataang lalaki, dapat mong tulungan ang mga kabataang lalaki na manindigan nang matatag laban kay Satanas. Ang araling ito ay tutulong sa iyo na turuan sila tungkol sa paglaban sa mga tukso ni Satanas na gumawa ng mga kasalanang seksuwal, na tinawag ni Pangulong Ezra Taft Benson na "ang kasalanang salot ng salinlahing ito" (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 4; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 4). Hayaang talakayin nang tapatan ng mga kabataang lalaki ang mga tuksong ito sa iyo. Ipaliwanag na ang kasalanang seksuwal ay may mga napakalalang kapinsalaan sa kanila. Sa mata ng Panginoon ay pangalawa lamang ito sa pagpaslang sa kalalaan sapagkat ito ay may kinalaman sa mga sagradong kapangyarihang mag-anak, at ito ay hindi madaling pagsisihan.

Ang mga pasiya na ginagawa ngayon ng isang kabataang lalaki tungkol sa seksuwal na kadalisayan ay makapagpapasiya kung gaano siya kahanda na maglingkod sa misyon. Ipinayo ng Pangulong Benson: "Kailangan natin ng mga kabataang lalaki na malinis ang moralidad sa larangan ng misyon. Nais naming mamuhay kayo ng malinis na buhay sa buong buhay ninyo. Nais namin na ang malinis na moralidad na buhay ang maging paraan ng inyong buhay. Oo, ang isang tao ay maaaring magsisi sa isang kasalanang moral. Ang himala ng kapatawaran ay totoo, at ang tunay na pagsisisi ay tinatanggap ng Panginoon. Ngunit hindi kalugud-lugod sa Panginoon bago ang isang misyon, o sa alinmang panahon, na magtanim ng mga ligaw na damo, na magsagawa ng alinmang uri ng kasalanang seksuwal, at pagkatapos ay umasa na ang ginawang plano ng pagtatapat at mabilis na pagsisisi ay makapagpapalugod sa Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 57; o *Ensign*, Mayo 1986, p. 44–45).

Dapat na maunawaan ng mga kabataang lalaki na ang mga bunga ng ganoong mga kasalanan ay sakit at pagdurusa. Sinabi ng Panginoon, "Inuutusan kitang magsisi—magsisi, upang hindi kita masaktan sa pamamagitan ng pamalo ng aking bibig, at ng aking poot, at ng aking galit, at ng ang iyong mga pagdurusa ay maging matindi—kung gaano katindi ay hindi mo malalaman, kung gaano kasidhi ay hindi mo malalaman, oo, kung gaano kahirap dalhin ay hindi mo malalaman" (Doktrina at Mga Tipan 19:15).

Dapat din nilang maunawaan na ang pagbabayad-sala ni Jesucristo ang nagbibigay ng tanging kaginhawahan sa kasalanan at kalungkutan; sila ay maaari at kailangang magsisi kung sila ay nakagawa ng kasalanang seksuwal. Sa pamamagitan ng pagsisisi ay maaari silang maging malinis muli. Ipinaalala sa atin ng Panginoon na ang mga hindi pinagsisihang kasalanan ay nagdudulot lamang ng higit na kalungkutan:

"Kung hindi sila magsisisi sila ay kinakailangang magdusa na katulad ko;

"Kung aling pagdurusa ay dahilan upang ang aking sarili, maging ang Diyos, ang pinakamakapangyarihan sa lahat, na manginig dahil sa sakit" (Doktrina at Mga Tipan 19:17–18).

Sa pagpapasiyang maging malinis sa moralidad, ang mga kabataang lalaki ay makatutulong tumugon sa hamon na ibinigay ni Pangulong Benson: "Kailangan natin ng marami pang misyonero. Ngunit kailangan din natin ng mga higit na handang misyonero na nagmumula sa mga purok at mga sangay at mga tahanan. . . . Kailangan natin ng mga misyonero na tutugma sa ating mensahe" (sa Conference Report, Abr. 1975, p. 96; o *Ensign*, Mayo 1975, p. 65). Isinulat ni Isaias, "Kayo'y mangagpakalinis, kayong mangagdadala ng mga sisidlan ng Panginoon" (Isaias 52:11).

---

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Matututuhan nating Disiplinahin ang Ating Mga Sarili

Talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na isipin ang sarili nila na nasa mga sumusunod na kalagayan:

1. Tinutukso kayo ng kapatid ninyong lalaki at kasasabi lamang niya ng isang bagay na nag-uudyok sa inyong sigawan o kaya ay hampasin siya. Mapipigil ba ninyo ang inyong sarili sa paggawa nito?
2. Linggo ng pag-aayuno at gutom na gutom na kayo, ngunit hindi pa oras upang tapusin ang ayuno ninyo. Mapipigilan ba ninyo ang inyong sarili sa pagkain?
3. Ang paborito ninyong palabas ay nasa telebisyon, ngunit mayroong kayong takdang-aralin na gagawin. Mapapatay ba ninyo ang telebisyon upang mag-aral?

• Ipaliwanag na ang ilang tao ay hindi naniniwala na masusupil nila ang kanilang mga kaisipan at madidisiplina ang kanilang mga sarili. Sa pakiramdam nila ay hindi kailangan ito o napakahirap o hindi katumbas ng pagsisikap.

Sipi

Basahin at ipaliwanag ang sumusunod na sipi:

"Ang ilan ay inaalipin ng mga mapamilit na gawi o sumusuko sa mga gana o hindi wastong gawain, at nangangatwiran na wala silang magawa laban sa kanilang mga gawi—na sila ay napipilitan, nahihikayat; na ang tukso ay higit na malakas kaysa sa kanilang kagustuhang tumanggi. Ngunit maaari *tayong pumili*. . . . Mapipigil natin ang masasamang gawi; *maaari* tayong matuto ng mga mabuting gawi; *mapipili* natin kung ano ang *iisipin* natin sa pamamagitan ng ganap na pagpupunyagi na gawin ito" (Richard L. Evans, "Self-Control," *Improvement Era,* Dis. 1963, p. 1113).

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na kahit na mahirap na supilin ang ating mga sarili kung minsan, ito ay isang bagay na maaari nating matutuhang gawin. Sinabihan tayo ng ating Ama sa Langit na panatilihin natin ang ating mga kaisipan, gana, at damdamin sa loob ng mga tiyak na hangganan. Bilang Ama natin, hindi niya tayo uutusan na gumawa ng isang bagay na hindi natin kayang gawin. Tayo ay mga anak niya. Mayroon tayong kakayahan na maging katulad niya.

Kuwento

Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig sa sumusunod na tunay na kasaysayan kung paano ginamit ng isang tao na kasing gulang nila ang pagsupil sa sarili. Hilingan sila na makinig sa mga bagay na makatutulong sa kanila na matuto ng disiplina sa sarili.

"Lahat ay gumagawa nito, kaya bakit hindi ko gagawin? Sinabi lamang ng mga kautusan na huwag nating gamitin ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan. Napansin ko ang sarili kong nagangatwiran sa pagsumpa, subalit hindi ito nakatutulong. Alam kong mali ang sumumpa kahit na ginagawa ito ng lahat ng kaibigan ko. Palagi akong ginagambala nito, at sa wakas ay nagpasiya akong kailangan kong lutasin ang suliranin kong ito. Kahit paano ay nakadama ako ng pagiging 'marumi' at hindi karapat-dapat na lumapit sa Panginoon sa panalangin. Ngunit alam ko na kung hindi ako magsisisi, higit lamang na makasasama ito.

"Sinimulan kong sikaping supilin ang aking sarili kahit na sa isang araw lamang. Alam kong naging ugali ko na ang sumumpa. Marami akong narinig na mga malaswang salita sa paaralan na tila ba karaniwan lamang na sumumpa rin. Nagpasiya akong palipasin ang isang araw na hindi ito gagawin.

"Sadya kong sinikap sa unang araw, at mabuti naman hanggang tanghalian. Pagkatapos ay naging magulo at maingay ang lahat at bago ko namalayan ay nakapagbitiw na ng salita ang bibig ko ayon sa aking naramdaman. Halos hindi ko napansin na sinabi ko iyon; ngunit nang muli kong maalala ang aking ugali, nakaramdam ako ng kabiguan at kalungkutan ng kalooban.

"Nang gabing iyon ay nanalangin ako nang lubhang taimtim at humiling ng kalakasan. Kinabukasan ay nagkaroon ako ng lakas na sabihin sa dalawang matalik kong kaibigan sa paaralan na hindi ko gusto ang mga pananalita namin at sinisikap kong magbago. Nagsikap akong muli nang araw na iyon.

"Hindi ko naisip na ganoon pala kahirap iyon. Kahit paano ay palagi kong inaakala na ang pamumuhay ng ebanghelyo ay palaging magiging madali. Apat na araw ang nakaraan bago ako tuluyang nakaraos sa buong isang araw na hindi sumusumpa. Tuwang-tuwa ako ngunit alam kong kailangan kong maging maingat sa bawat araw. Napakadaling magkamali at bumalik sa dati kong ugali.

"Palagi akong nanalangin para sa kalakasan sa buong panahong ito. Umunlad ako at tumigil sa pagsasalita ng masama, ngunit hindi ko nadama na ako'y pinatawad na. Pagkatapos ay nagkaroon kami ng pulong-patotoo. Humingi ako ng tawad sa mga kaibigan ko dahil sa aking pagiging masamang halimbawa. Nadama ko nang husto ang Espiritu roon na hindi ko mapigilan ang aking pagnanais na magpatotoo. Ipinahayag ko ang aking pagmamahal sa Ama sa Langit at sa kanyang Anak at sa ebanghelyo. Nang matapos ako, tila ba napakabigat na dalahin ang naalis sa aking mga balikat. Alam ko na pinatawad na ako."

Mga sinulatang piraso ng papel at talakayan

Pagkatapos talakayin ang bawat isa sa mga sumusunod na tanong, ipaskil ang sinulatang piraso ng papel na nagpapahayag ng palagay tungkol sa disiplina sa sarili na makukuha mula sa talakayan.

- Paano sinikap pangatwiranan ng tao sa kuwento ang kanyang asal?
- Bakit sinisikap natin kung minsan na pangatwiranan ang ating asal?
- Bakit dapat nating iwasan ito?

Ipaskil ang sinulatang piraso ng papel na *a*: "Kapag pinangangatwiranan natin ang ating pagsuway sa mga kautusan, pinahihina natin ang ating kakayahan na supilin ang ating mga sarili."

- Ano ang naging dahilan upang baguhin ng kabataang lalaki ang kanyang asal?
- Ano ang nadama niya?

Bakit ganito ang nadama niya?

Ipaskil ang sinulatang piraso ng papel na *b*: "Kapag sumusuway tayo sa mga kautusan, nawawala sa atin ang Espiritu ng Panginoon."

- Ano ang ilan sa mga bagay na ginawa ng kabataang lalaki upang disiplinahin ang sarili niya?

- Paano nakatutulong sa atin ang paggawa ng isang bagay sa bawat panahon na matuto ng disiplina sa sarili?

Ipaskil ang sinulatang piraso ng papel na *c*: "Natututo tayong disiplinahin ang sarili natin sa pamamagitan ng paggawa ng isang bagay sa bawat panahon."

- Ano ang pinakamalaking pinagkukunan ng lakas ng kabataang lalaki sa pagkatutong disiplinahin ang sarili niya?

Ipaskil ang sinulatang piraso ng papel na *d*: "Palalakasin tayo ng Ama sa Langit kung mananalangin tayo para sa kanyang tulong."

- Ano ang nadama ng kabataang lalaki matapos niyang mapagtagumpayan ang suliranin niya?
- Paano nakatulong na magdulot ng kapayapaan ang pagbibigay niya ng patotoo?

Ipaskil ang sinulatang piraso ng papel na *e*: "Ang disiplina sa sarili ay naghahatid sa atin sa pakikipagkaisa sa ating Ama sa Langit at sa ating sarili."

Hilingan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng isang karanasan na naranasan nila sa pagdisiplina sa kanilang mga sarili, na binibigyang-diin kung ano ang nalaman nila na nakatutulong. (Paalala: Huwag suriing mabuti ang mga pansariling bagay na maaaring makapagpahiya sa isa sa mga kabataang lalaki.)

---

**Sa Pamamagitan ng Pagdisiplina sa Ating Mga Sarili ay Makapamumuhay Tayo ng Walang-bahid-dungis na Buhay**

Ipaliwanag na nag-aaral man tayo na tumugtog ng isang instrumento sa musika, sinisikap na supilin ang ating galit, o pinipilit ang ating sarili na bumangon kung kailan higit na nanaisin nating matulog pa, ang disiplina natin sa sarili ay makatutulong sa atin na mamuhay ng walang-bahid-dungis na buhay.

Kuwento at talakayan

Isalaysay ang sumusunod na kuwento:

"Isang misyonero na naglilingkod sa silangang Estados Unidos ang hinarap ng isang mag-aaral sa kolehiyo na hindi gaanong interesado sa mensahe ng ebanghelyo kaysa sa mahigpit na pamantayang moral ng mga misyonero. May pangungutyang tinanong ng mag-aaral ang misyonero kung paano niya sinusupil ang kanyang pagnanasa gayong napakaraming magagandang babae sa paligid, na ipinahihiwatig na malamang ay hindi karaniwan ang misyonero. Inilarawan ng elder na: 'Hindi dahil sa ako ay di-karaniwan . . . ito ay dahil sa alam kong may pananagutan ako at ako ang namamahala sa aking katawan. Iniisip mong wala kang magagawa sa harap ng iyong mga pagnanasa. Iniisip mong biktima ka ng mga ito. Napatunayan ko sa aking sarili na ako ang panginoon ng mga damdaming iyon' " (Terence D. Olson, "Teaching Morality to Your Children," *Ensign,* Mar. 1981, p. 14).

- Ano ang kaibhan sa pananaw ng mag-aaral sa kolehiyo at ng elder? (Sa pakiramdam ng mag-aaral ay wala siyang kakayahang supilin ang kanyang mga likas na pagnanasa. Alam ng elder na ang mga ito ay karaniwang pagnanasa ngunit kailangang supilin ang mga ito.)
- Ano ang natutuhan ng elder na gawin sa kanyang mga nararamdaman at damdamin?
- Bakit mahalaga na matuto tayo ng disiplina sa sarili ngayon sa halip na maghintay?

Mga banal na kasulatan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Mga Awit 24:3–5; Alma 5:16–19.

Ipaliwanag na ang pagiging malinis sa moralidad at walang-bahid-dungis ay nangangailangan ng disiplina sa sarili at pagsupil sa sarili. Halimbawa, si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsalita nang malinaw tungkol sa mga makasalanang seksuwal na pagnanasa at gawain. Ipaliwanag na babasahin mo ang ilan sa mga pangungusap ni Pangulong Kimball tungkol sa moralidad at disiplina sa sarili.

Paalala: Kung inaakala mong hindi nauunawaan ng mga kabataang lalaki ang mga ginamit na salita, basahin ang mga pakakahulugan sa ibaba sa ibaba upang linawin ang mga kahulugan. Pagkatapos ay basahin ang mga sipi na kasunod ng bawat kahulugan. Ilahad lamang ang mga pangungusap ng propeta. Bigyang-diin ang *disiplina sa sarili,* at takdaan ang talakayan, kung kailangan ang anuman, sa pagbibigay ng kahulugan sa mga salitang ginamit sa mga sipi.

*1. Ang Asal Natin sa Ating Sariling Katawan*

Pakahulugan

*Pagpaparaos*: seksuwal na pagpapasigla sa sarili.

Sipi

"Ang pagpaparaos . . . ay hindi pinahihintulutan ng Panginoon ni ng simbahan niya, anuman ang sabihin ng iba na may higit na mababang 'mga pamantayan" (*President Kimball Speaks Out* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1981], p. 10).

*2. Ang Asal Natin sa isang Taong Kauri Natin*

Pakahulugan

*Pagkabinabae o pagkatomboy*: " 'pagnanasang seksuwal sa ka-uri o mga seksuwal na ugnayan sa pagitan ng mga tao na magka-uri,' maging sa mga lalaki o babae" (*The Miracle of Forgiveness* [Salt Lake City: Bookcraft, 1969], p. 78).

Sipi

"Ang napakasamang kasalanan ng pagkabinabae o pagkatomboy ay mabilis na dumarami o hindi kaya ay ang pagpapahintulot nito ay nagbibigay ng higit na malawak na katanyagan. . . . Isinusumpa at ipinagbabawal ng Panginoon ang gawaing ito.

" 'Ginawa ako na ganoon ng Diyos,' ang sabi ng ilan, habang ipinangangatwiran nila at pinahihintulutan ang sarili nila. . . . 'Wala akong magawa,' ang idinaragdag nila. Ito ay kalapastanganan. Hindi ba ginawa ang tao sa larawan ng Diyos, at iniisip ba niya na ang Diyos ay 'ganoon din'?" (*President Kimball Speaks Out,* p. 10, 12).

*3. Ang Asal Natin sa Hindi Natin Kauri*

Mga pakahulugan

*Pakikiapid:* seksuwal na pakikipagtalik sa iba na hindi niya asawa sa batas.

*Pangangalunya:* "seksuwal na pagtatalik ng mga hindi kasal" (*President Kimball Speaks Out*, p. 6).

*Labis na pakikipaghalikan:* mapusok na pakikipaghalikan at mahigpit na pagdadaitan (*tingnan sa President Kimball Speaks Out*, p. 8).

*Paghihipuan:* "paghipo sa mga maselang bahagi ng katawan para sa pagpasiglang seksuwal" (*President Kimball Speaks Out*, p. 8).

Sipi

"Kabilang sa mga pinakakaraniwang kasalanang seksuwal na nagagawa ng mga kabataan natin ay ang labis na paghahalikan at paghihipiuan. Hindi lamang kadalasang humahantong ang mga hindi wastong uganayang ito sa pangangalunya, [di-naaayon sa batas] na pagbubuntis, at pagpapalaglag—ang lahat na pangit na kasalanan—ngunit sa kanila ang mga ito mismo ay mga mapaminsalang kasamaan" (*The Miracle of Forgiveness,* p. 65).

Bilang bahagi ng talakayang ito, maaari mong naisin na pagbalik-aralan ang payo tungkol sa seksuwal na kadalisayan sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan*.

Sipi at talakayan

Marami ang nagsisikap na ipangatwiran ang sarili nila sa kanilang kakulangan ng disiplina sa sarili sa tatlong bahaging ito. Ibinigay ni Pangulong Kimball ang sumusunod na puna sa kanilang mga pangangatwiran:

"*Ang tao ang mananagot sa kanyang sariling mga kasalanan. . . . Maaari siyang lumaban, maaari siyang magbago*. Ang tukso ay dumarating sa lahat ng tao. Ang kaibhan ng napakasama at ng karapat-dapat na tao ay karaniwan na ang isa ay sumusuko at ang isa pa ay lumalaban" (*President Kimball Speaks Out,* p. 12; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

Talakayan

- Sino ang may pananagutan sa inyong mga kilos?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na unawain na habang isinasagawa natin ang pagdisiplina sa sarili, pinalalakas natin ang pagpigil ng espiritu sa ating katawan. Bigyang-diin na ang kakayahan nating pigilin ang ating sarili ay nadaragdagan tuwing gumagawa tayo ng tamang pagpili at ang naragdagang pagsupil sa sarili na iyan ay tumutulong sa atin na gumawa ng mga higit na mabuting pagpili at maging higit na maligaya.

Mga pinag-aaralang kalagayan at talakayan

Basahin ang mga sumusunod na pinag-aaralang kalagayan, o gumawa ng ilang sarili mo. Matapos basahin ang bawat kalagayan, magtanong ng mga kagaya nito: Paano magagamit ng tao ang disiplina sa sarili sa kalagayang ito? Ano ang maaaring mangyari kung hindi ginamit ito ng tao?

1. Ilan sa aking mga kaibigan sa paaralan ang nag-anyaya sa akin sa isang kasayahan. Sabik na sabik akong magtungo dahil isa sa mga batang babae na tanging nagugustuhan ko ay nagsabi sa akin na dadalo siya at gusto niyang dumalo ako. Inaasam kong makasama siya. Nang kami ng aking mga kaibigan ay dumating, nalaman namin na wala ang mga magulang at ang kasayahan ay walang bantay. Lubhang malamlam ang mga ilaw. Ang ilan sa mga kabataan ay nagsasayaw at ang ilan pa ay nagpapare-pareha, naghahalikan at naghihipuan. Nakita akong dumating ng babaeng gusto ko.

- Ano ang dapat gawin ng kabataang lalaking ito? Bakit?

2. Alam kong hindi kami dapat makipagtipanan hanggang wala pa kaming labing anim, ngunit masayang-masaya ako sa paaralan kapag nakikipag-usap at nakikipagbiruan sa mga batang babae. Ang isa sa mga ito ay si Barbara, isang kaakit-akit na batang babae na tila may gusto sa akin. Isang araw sa tanghalian, nag-usap kami na magkita sa isang malaking gusali ng mga tindahan at manood ng sine. May pampurok na gawain na binalak sa oras ding iyon, ngunit sumang-ayon ako. Magiging madali na sabihin sa aking mga magulang na magtutungo ako sa gawain at sa halip ay sasakay ng bus patungo sa malaking gusali ng mga tindahan. Makauuwi ako sa mga ganoon ding oras sa pagtatapos ng gawain. Nang dumating ang oras na aalis na ako ng bahay, talagang kinabahan ako. Tinanong ako ng nanay ko upang tiyakin na dala ko ang pangginaw ko at sinabing, "Magsaya ka!" Pagkatapos ay bumalik siya sa bahay.

- Ano ang dapat gawin ng kabataang lalaking ito? Bakit?

Pagbalik-aralan ang mga sinulatang piraso ng papel tungkol sa mga ideya tungkol sa disiplina sa sarili.

---

**Katapusan**

Sipi

Ituro sa mga kabataang lalaki na ang bawat isa sa atin sa ilang pagkakataon ay kailangang magsikap upang gamitin ang disiplina sa sarili ngunit kaya nating gawin ito. Sa tuwing dinidisiplina natin ang ating mga sarili, pinalalakas natin ang ating kakayahan na mamuhay ng isang walang-bahid-dungis ng buhay. Tapusin ang aralin sa pamamagitan ng sumusunod na pangungusap. Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig sa pangako na ibinibigay sa atin kung tayo ay gagamit ng pagsupil sa sarili.

"Kapag naunahan kayo ng kamalian, o nakagawa ng kalabisan ng hindi nag-iisip; kapag puspos kayo ng masamang pagnanasa, at nagnanais na sumuko dito, kung gayon ay tumigil at hayaan ang espiritu, na inilagay ng Diyos sa inyong mga tabernakulo, manguna. Kung gagawin mo iyon, ipinangangako ko sa inyo na mapagtatagumpayan ninyo ang lahat ng masama, at matatamo ang buhay na walang hanggan" (Brigham Young, sa *Journal of Discourses,* 2:256).

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki ng gumamit ng pagpigil sa sarili at panatiliin ang kanilang mga sarili na malinis sa kasalanan. Bigyang-diin na may malaki kang tiwala sa kanilang kakayahan na labanan ang tukso at palagi mong ipinanalangin ang kanilang kapakanan at pagpigil sa sarili. Himukin sila na pagbalik-aralan ang mga pamantayan na ibinigay sa *Para sa Lakas ng Kabataan*.

# Mga Karapat-dapat na Kaisipan

# 26

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na ang mabubuting kaisipan ay maghahatid sa isang walang-bahid-dungis na buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. *Filmstrip* at *cassette* na *Worthy Music, Worhty Thoughts* (aklatan ng bahay-pulungan, 51129).
   c. *Filmstrip projector, cassette,* at telon (iayos ang mga ito bago magklase).
2. Bago ituro ang araling ito, panoorin mo muna ang *filmstrip* na *Worthy Music, Worthy Thoughts*. Ang isang kopya ng iskrip ay kasama upang tulungan ka sa paghahanda ng aralin. Kung walang makuhang *filmstrip,* gamitin ang iskrip bilang batayan ng talakayan.
3. Maghanda ng bigay-sipi ng banal na kasulatang: "Puspusin ng kabanalan ang iyong mga isipan nang walang humpay" (Doktrina at Mga Tipan 121:45) para sa bawat kabataang lalaki.
4. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa tugtugin sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan*.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Pagpipigil sa Ating Mga Kaisipan ay Nagbibigay sa Atin ng Lakas Upang Mamuhay ng Isang Walang-bahid-dungis na Buhay**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mosias 4:30.

• Anong mga bagay ang ipinapayo sa atin ng banal na kasulatan na ito na bantayan natin sa ating sarili? (Mga kaisipan, salita, at gawa.)

• Ano ang kaugnayan ng mga kaisipan, salita at gawa?

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 121:45.

• Ano ang ibig sabihin ng puspusin? (Lagyan, palamutian o bigyang sandata.)

• Paano natin mapupuspos ng kabanalan ang ating mga kaisipan?

*Filmstrip*

Ipaliwanag na sa *filmstrip* na *Worthy Music, Worthy Thoughts,* ipinaliliwanag ni Elder Boyd K. Packer kung paano mapupuspos ng kabanalan ang ating mga kaisipan at kung paanong sa pamamagitan ng pag-aaral na pigilin ang ating mga kaisipan, ay makapamumuhay tayo ng isang walang-bahid-dungis na buhay. Hilingan ang mga kabataang lalaki na magmasid na mga tiyak na paraan upang mapaunlad nila ang kakayahang pigilin ang kanilang mga kaisipan.

Ipalabas ang *filmstrip*. (Kung walang makuhang *filmstrip,* gamitin ang iskrip at ang payo sa *Para sa Lakas ng Kabataan* bilang batayan ng talakayan.) Sa katapusan ng *filmstrip,* talakayin kung paano mapauunlad ng mga kabataang lalaki ang kanilang kakayahang pigilin ang kanilang mga kaisipan.

Talakayan

Maaari mong naisin na gamitin ang mga sumusunod na tanong sa talakayan:

1. Ano ang sinasabi ni Elder Packer na maaaring pinakamahirap na pagsubok na haharapin ninyo sa buhay na ito? (Ang matutuhang pigilin ang inyong mga kaisipan.)
2. Ano ang ilan sa mga kapakinabangan ng pagpipigil ng mga kaisipan? (Pagtatagumpay sa mga ugali, pagkakaroon ng tapang, pag-aalis ng takot, at pagkakaroon ng maligayang buhay.)

3. Sino ang nagpapasiya kung ano ang inyong mga kaisipan? (Kayo.)
4. May iniisip ba kayong mga halimbawa ng paraan na ipinadarama sa atin na ang mga hindi karapat-dapat na kaisipan ay tunay na hindi masama at hindi nakapipinsala?
5. Anong mga uri ng mga gawain ang malamang na makahimok ng mga maruming kaisipan?
6. Ano ang magagawa ninyo upang maalis sa inyong isipan ang maruruming kaisipan?
7. Ano ang iminumungkahi ni Elder Packer na gamitin upang tulungan kayong pigilin ang inyong mga kaisipan? (Karapat-dapat na tugtugin.)
8. Ano ang panganib ng hindi karapat-dapat na tugtugin? (Nag-aanyaya ito ng mga hindi karapat-dapat na kaisipan at kadalasang nagmumungkahi o may kasamang hindi nararapat, kawalang-pitagan, imoralidad, mga pagkagumon.)
9. Anong uri ng tugtugin ang dapat ninyong hanapin? (Nagpapasaya, nagpapasiglang tugtugin na nagpapasulong ng espirituwalidad, pamimitagan, kaligayahan, at kabatiran ng kagandahan.)
10. Ano ang isa sa mga pagpapalang ipinangako kapag pinanatili nating puno ng umaapaw na kabutihan, maganda, at pampasigla ang ating mga kaisipan? (Ang palagiang pamamatnubay at inspirasyon ng Espiritu Santo.)
11. Anong tiyak na gawain ang iminungkahi ni Elder Packer na dapat nating gawin upang matulungan tayong pigilin ang ating mga kaisipan? (Pumili ng isang himno, pag-aralan ito, at gamitin ito bilang daluyan ng ating mga kaisipan.)

Hilingan ang bawat kabataang lalaki na pumili ng isang himno na magagamit niya tulad ng iminungkahi ni Elder Packer. Himukin ang mga kabataang lalaki na isaulo ang mga salita ng himno at gamitin ito bilang daluyan na susundan ng kanilang mga kaisipan.

Bigay-sipi

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng bigay-sipi ng sumusunod na talata sa banal na kasulatan: “Puspusin ng kabanalan ang iyong mga isipan nang walang humpay” ( Doktrina at Mga Tipan 121:45). Imungkahi na isulat ng mga kabataang lalaki ang pamagat ng himno na pinili nila sa likod ng bigay-sipi.

Banal na kasulatan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 121:45.

---

**Katapusan**

Patotoo at hamon

Magbigay ng patotoo tungkol sa mga pagpapala na nagmumula sa pagpipigil ng ating mga kaisipan. Hamunin ang mga kabataang lalaki na basahin ang payo na ibinigay sa *Para sa Lakas ng Kabataan* upang tulungan silang panatilihing karapat-dapat ang kanilang mga kaisipan. Himukin ang mga kabataang lalaki na suriin ang tugtugin na mayroon sila sa tahanan at itapon ang mga tugtugin na hindi makatutulong sa kanila na magkaroon ng mga karapat-dapat na kaisipan.

---

**Karapat-dapat na Tugtugin, Mga Karapat-dapat na Kaisipan**

Salita ni Elder Boyd K. Packer sa *filmstrip.*

“Nang ako ay bata pa, nakatira kami sa tahanang napaliligiran ng taniman ng mga punong namumunga. Tila ba kailanman ay hindi nagkakaroon ng sapat na tubig para sa mga puno. Ang mga kanal, na palaging bagong araro sa tagsibol, ay agad napupuno ng mga damo. Isang araw, habang namamahala ng patubig, nalagay ako sa alanganin. Habang dumadaloy ang tubig sa mga hanay na puno ng mga damo, bumabaha ito sa lahat ng dako. Gumawa ako sa mga pitak upang magtayo ng mga pilapil. Pagkatapos na pagkatapos kong magawa ang isa ay may guguhong isa pa. Isang kapitbahay ang dumating sa taniman. Saglit siyang nanood, at matapos ang ilang bagsak ng pala ay nilinis niya ang ilalim ng kanal at binayaang dumaloy ang tubig sa kanal na ginawa niya. Sinabi niya, ‘Kung gusto mong manatili ang tubig sa daluyan nito, dapat kang gumawa ng lugar para patunguhan nito.’

"Nalaman ko na ang mga kaisipan, tulad ng tubig, ay mananatili sa daraanan kung gagawa tayo ng lugar na patutunguhan nila. Kung hindi, ang ating mga kaisipan ay susunod sa daraanang may bahagyang harang, na palagiang naghahanap ng higit na mababang lugar. *Maaaring ang pinakamalaking hamon at pinakamahirap na bagay na haharapin ninyo sa buhay dito sa lupa ay ang matutuhang pigilin ang inyong mga kaisipan.* Sinasabi sa Bibliya na, 'kung ano ang iniisip [ng tao] sa loob niya, ay gayon siya' (Mga Kawikaan 23:7). *Ang taong nakapipigil sa kanyang mga kaisipan ay nakalupig na sa kanyang sarili.*

"Habang natututuhan ninyong pigilin ang inyong mga kaisipan, mapagtatagumpayan ninyo ang mga ugali, kahit na ang mga nakapagpapasamang pansariling ugali. Magtatamo kayo ng tapang, lulupig ng takot, at magkakaroon ng maligayang buhay. Maka-isang daang ulit na akong sinabihan na ang mga kaisipan ay kailangang pigilin, ngunit walang nagsabi sa akin kung paano. Pinag-isipan ko ito sa mga nagdaang taon at nagpasiya akong ang isipan ay tulad ng isang tanghalan. Sa bawat sandali ng paggising, ang telon ay nakataas. Palagiang may dulang nagaganap sa tanghalang iyon. Maaaring ito ay isang katatawanan, isang trahedya, kawili-wili o nakababagot, mabuti o masama; ngunit palaging may ilang dula na nagaganap sa tanghalan ng inyong isipan.

"Napansin ba ninyo na ang mga mumunting manlilinlang na kaisipan ay maaaring pumasok sa alinmang panig at akitin ang inyong pansin sa gitna ng halos anumang pagtatanghal sa tanghalang iyon at walang anumang tunay na hangarin mula sa sarili ninyo? Ang mga masasamang kaisipang ito ay magsisikap na sapawan ang lahat. Kung pahihintulutan ninyong magpatuloy ang mga ito, ang lahat ng mabubuting kaisipan ay lilisan sa tanghalan. Maiiwanan kayo, dahil pinayagan ninyo ito, sa bisa ng mga di-matuwid na kaisipan. Kung susuko kayo sa mga ito, gaganapin nila para sa inyo sa tanghalan ng inyong isipan, sa hangganan ng inyong pagpaparaya. Maaari silang magsadula ng mga paksa ng kapaitan, paninibugho, o galit. Maaari silang maging malaswa, mahalay, o napakasama. Kapag nasa kanila na ang tanghalan, kung pahihintulutan ninyo sila, gagawin nila ang mga pinakatusong panghihikayat upang makuha ang inyong pansin. Talagang magagawa nilang kawili-wili ito, at papapaniwalain kayo na sila ay walang-kinalaman, sapagkat sila ay mga kaisipan lamang. Ano ang gagawin ninyo sa ganoong oras, kapag ang tanghalan ng inyong kaisipan ay pinatatakbo ng mga kapilyuhan ng maruming pag-iisip, kahit na sila iyong mga kulay abo na tila halos malinis, o ang marurumi na walang puwang para sa pag-aalinlangan? Kung mapupuno ninyo ang inyong isipan ng malilinis at nakabubuting kaisipan, kung gayon, ay walang magiging puwang para sa mapipilit na kapilyuhang ito, at aalis sila.

"Napag-isip-isip ko na sa mundo ngayon, kadalasan ay mahirap na panatilihin ng karapat-dapat na mga kaisipan ang inyong isipan na puno. Nangangailangan ito ng maingat na pagpipigil. Gayunman, magagawa ito kung maglalagay kayo ng isang ligtas na lugar na patutunguhan ng inyong mga kaisipan. Nakakita na ako ng paraan upang gumawa ng isang ganoong lugar, at nais kong ibahagi ito sa inyo. May kinalaman ito sa tugtugin—karapat-dapat na tugtugin. Isang pantas ang minsan ay nagsabi, 'Ang tugtugin ay isa sa mga pinakamalakas na instrumento upang pamahalaan ang isipan.' Kung ito ay namamahala sa maganda o masamang paraan ay nalalaman sa kung ano ang inihahatid nito sa tanghalan ng inyong isipan. Kung masasabi ninyo na ang isang awit ay nakapagpapasigla ng espirituwalidad o na hinihimok kayo nito na makita ang inyong sarili sa isang higit na mataas na pananaw, ang tugtugin ay karapat-dapat. Kung ito ay umaaliw o nagpapasigla lamang ng inyong espiritu, kung gayon ay mayroon din itong kapakinabangan. Ngunit kung ginagawa nitong tumugon kayo sa isang mahalay, pangkatawang paraan o isaalang-alang ang mga di-matuwid na pagnanasa, kung gayon ang tugtuging iyon ay dapat iwasan. Hindi ito karapat-dapat.'

"Palaging mayroong mga kumukuha ng magagandang bagay at pinasasama ang mga ito. Nangyari na ito sa kalikasan; nangyari na ito sa panitikan, dula, sining; at tunay na nangyari na ito sa tugtugin. Sa loob ng daan-daang taon, kitang-kita na kapag ang maling uri ng mga salita ang inilapat sa nakaiigayang tugtugin, nailiiligaw ng mga awit ang mga tao. At ang tugtuin mismo, sa paraan ng pagkatugtog nito, sa kumpas nito, sa lakas nito, ay nagpapahina sa pandamdam na espirituwal.

“Nabubuhay tayo sa panahong ang lipunan ay dumaranas ng tukso, ngunit makapangyarihang pagbabago. Nagiging higit at higit na mapagpaubaya ito sa kung ano ang tatanggapin nito sa kasayahan nito. Bilang bunga, ang karamihan sa mga itinatanghal na tugtugin ng mga sikat na mang-aawit ngayon ay tila ba higit na naglalayon na bumabagabag kaysa pumayapa, higit na pumupukaw kaysa nagpapatahimik. Ang ilang mga manunugtog ay lantarang nagtataguyod ng mga di-matuwid na mga kaisipan at gawa.

“Mga kabataan, hindi ninyo dapat punuin ang inyong mga isipan ng mga hindi karapat-dapat na tugtugin ng ating panahon. Ito ay nakapipinsala. Maaari nitong masayang tanggapin sa tanghalan ng inyong isipan ang mga hindi karapat-dapat na kaisipan at magtakda ng tugtog na sasayawan nila at gaganapan ninyo. Pinabababa ninyo ang inyong mga sarili kapag nabibilang kayo sa mga bagay na kung magkaminsan ay napaliligiran ng mga kasukdulan ng tugtugin—ang pagkahamak, ang kawalang-pitagan, ang imoralidad, ang mga pagkagumon. Ang mga ganitong tugtugin ay hindi karapat-dapat sa inyo.

“Maging mapili sa pinakikinggan ninyo at ginagawa. Nagiging bahagi ninyo ito. Pinipigil nito ang inyong mga kaisipan at iniimpluwensiyahan din ang mga buhay ng iba. Iminumungkahi ko na tingnan ninyong muli ang inyong mga tugtugin at itapon ang mga nagtataguyod ng mga nagpapababang kaisipan. Ang mga ganitong tugtugin ay hindi kailangang maging bahagi ng mga kabataang nagmamalasakit sa pag-unlad na espirituwal.

“Hindi ko ibig sabihin nito na ang lahat ng tugtugin ngayon ay nagbibigay ng mga hindi karapat-dapat na kaisipan. May tugtugin ngayon na gumagawa ng pagkakaunawaan ng mga tao; tugtugin na nagpapasigla ng tapang; tugtugin na gumigising ng mga damdaming espirituwal, pamimitagan, kaligayahan, at kabatiran sa kagandahan.

“Sinabi ng Panginoon na, ‘Sapagkat ang aking kaluluwa ay labis na nagagalak sa awitin ng puso; oo, ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa akin, at ito ay tutugunin ng isang pagpapala sa kanilang mga ulo’ (Doktrina at Mga Tipan 25:12). Ang Unang Panguluhan ng Simbahan, sa pagpansin sa bisa ng tugtugin sa ating mga buhay, ay nagsabi:

“ ‘Sa pamamagitan ng tugtugin, ang kakayahan ng tao na ipahayag ang kanyang sarili ay lumalampas sa mga hangganan ng sinasabing salita sa kapwa kahusayan at kapangyarihan. Maaaring gamitin ang tugtugin upang magpadakila at magpasigla o upang maghatid ng mga mensahe ng kawalang-dangal at kapahamakan. Samakatuwid ay mahalaga sa atin bilang mga Banal sa Huling-araw na isagawa ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa lahat ng oras at hilingin ang patnubay ng Espiritu sa pagpili ng tugtugin na ipinalilibot natin sa ating sarili’ (*Priesthood Bulletin,* Dis. 1970, p. 10).

“Mayroon kaming malaking tiwala sa inyo, mga kabataan ng ating Simbahan. Kumilos kami tungo sa huwaran ng paggawa ng palatuntunan kung saan ang inyong mga pagnanasa at mga pagnanais ay higit na matimbang sa ating mga gawain. Naglalagay ito ng malaking pananagutan sa inyo, lalo na sa inyo na tinawag sa mga tungkulin ng pamumuno. Bayaan ninyong sabihin ko sa inyo mga kabataang namumuno, maging lubhang maingat sa tugtuging gagamitin ninyo sa inyong mga gawain. Sumangguni sa inyong mga tagapayo sa sandaling pumipili ng mga tugtugin. Kailangan ninyo ang kapakinabangan ng kanilang katalinuhan, sapagkat ang pagitan ng Simbahan at ng mundo, kasama ng kasukdulan ng kanyang tugtugin, ay higit na malawak sa ating panahon kaysa sa alinmang mga nagdaang salinlahi.

“Ipinaliwanag ito ni Pangulong J. Reuben Clark, isa sa ating mga dakilang pinuno sa Simbahan, sa ganitong paraan:

“ ‘Maaaring hindi tayo, sa ilalim ng ating katungkulan, magbigay o magpahintulot ng isang di-kapaki-pakinabang na libangan sa hakahakang kung hindi natin ibibigay ito, ang mga kabataan ay magtutungo saanman upang kunin ito. Hindi tayo makapaglalagay ng mesa ng beto-beto sa bulwagan ng libangan ng simbahan para sa mga layuning pagsusugal, sa katuwirang kung hindi natin ibibigay ito, ang kabataan ay magtutungo sa isang pasugalan upang magsugal. Hindi natin tunay na mahahawakan kailanman ang ating mga kabataan sa gayon.’

"Ni hindi angkop na magbigay ng uri ng tugtugin at kapaligiran na umaakit sa mga kabataan sa mundo. Kailangan ninyong maging matatag at huwag ilagay sa kompromiso ang alam ninyong tama at mabuti; kailangan ninyong magkaroon ng tapang na buksan ang mga ilaw at hinaan ang tugtugin kapag hindi tumutulong ang mga ito sa uri ng kapaligiran na nagbibigay ng mga karapat-dapat na kaisipan; at kailangan ninyong igiit ang mataas na pamantayan ng pananamit at paggawa mula roon sa umiistima gayon din doon sa mga dumadalo. Pinaaalalahanan ko kayo na hindi namin tanging karapatan, ni tanging karapatan ninumang tinawag bilang mga namumuno, kahit kabataan o may gulang, na pabayaan ang Simbahan sa daloy, umaasang madadala ito sa daang tila tinatahak ng mga kabataan. Ang Simbahan ay matatag at nakakawil, matibay na nakapugal sa katotohanan, at lahat ay magiging ligtas sa loob nito. Ang ating gawain ay ang magbigay ng uri ng pamumuno na lilikha ng isang malinaw na daanan upang sundan ng mga kabataan, isang daanan na tutulong sa kanilang itaas ang kanilang mga pamantayan at panatilihin silang ligtas mula sa mga hindi karapat-dapat na impluwensiya at kung mayroon kayong talino sa tugtugin, isipin ninyo ito: May tugtugin pangkailangang malikha, marami pang dapat maitanghal. Ang inyong tugtugin ay maaaring ang maging karapat-dapat na tugtugin na magbibigay-sigla, na magpapalaganap ng ebanghelyo, aantig sa mga puso, magbibigay ng kaaliwan at kalakasan sa mga naguguluhang isipan.

"Maraming halimbawa, kapwa sinauna at makabago, na nagpapatotoo sa bisa ng matuwid na tugtugin. Ang kawalang-pag-asa ay nawala at ang mga isipan ay napuno ng kapayapaan habang binibigyan ng tapang ng mga salita ng 'Mga Banal, Halina' ang mga tagabunsod na harapin ang kanilang mga pagsubok. Ang awit ding ito ang nagbigay ng sigla sa marami sa loob ng maraming taon. Minsan ay nakikipag-usap ako sa isang piloto na kagagaling lamang sa isang mapanganib na paglipad. Nag-usap kami ng tungkol sa tapang at takot at tinanong ko kung paano niya pinapanatag ang kanyang sariling kalooban sa panganib na pinagdaanan niya. Sinabi niya, 'May gustung-gusto akong himno, at kapag wala nang pag-asa, kapag kaunti na lamang ang pag-asa na makababalik kami, iniisip ko iyon at tila ba inaawitan ako ng mga makina ng sasakyang panghimpapawid.'

" 'Mga banal halina't gumawa,
Maglakbay sa tuwa.
Mahirap man ang 'yong kalagayan,
Biyaya'y kakamtam.'

"Mula rito ay kumapit siya sa pananampalataya, ang isang mahalagang sangkap ng tapang.

"Ang Panginoon mismo ay handa para sa kanyang pinakadakilang pagsubok sa pamamagitan ng bisa ng tugtugin, sapagkat itinatala ng banal na kasulatan, 'At pagka-awit nila ng isang himno, ay nagsiparoon sila sa bundok ng mga Olivo' (Marcos 14:26).

"Alalahanin, mga kabataan, gusto kong tandaan ng bawat isa sa inyo na ito ang inyong Simbahan, at siya ang inyong Panginoon at inyong Tagapagligtas na siyang umuugit ng pamahalaan. Ang kanyang palagiang patnubay at inspirasyon ay makukuha ninyo kapag pinananatili ninyong puspos ang inyong isipan ng mabuti, ng maganda, ng nagpapasigla. At isa itong paraan sa paggawa niyon. Pumili ng gustung-gusto ninyong himno o awit, katulad ng ginawa ng kaibigan kong piloto, isa na may mga salitang nagpapasigla at tugtuging may pagpipitagan, isa na nagbibigay sa inyo ng damdaming katulad ng inspirasyon. Maraming magagandang awit ang mapagpipilian. Hilingin ang patnubay ng Espiritu sa paggawa ng inyong pagpili. Masusi ninyong pakaisipin ang awit. Isaulo ito. Kahit na wala kayong kasanayan sa tugtugin, maaari kayong mag-isip sa pamamagitan ng isang karaniwang awit. Ngayon ay gamitin ito bilang isang daanang susundan. Gawin ninyo itong daanan sa panahon ng biglaang pangangailangan.

"Sa anumang oras na makatagpo kayo ng masasamang tagaganap na pumapasok mula sa hangganan ng inyong pag-iisip hanggang sa tanghalan ng inyong isipan, ilagay ninyo ang plakang ito, tulad ng dati. Babaguhin nito ang inyong buong kalooban.

"Sapagkat ang tugtugin ay nagpapasigla at malinis, ang higit na masasamang kaisipan ay may kahihiyang lilisan nang dahan-dahan. Sapagkat habang ang mabuti, sa pamamagitan ng pagpili, ay hindi makikisama sa marumi, ang masama ay hindi makatatagal sa kinaroroonan ng liwanag. Sa tamang panahon ay matatagpuan ninyo ang inyong sarili na hinihimig ang tugtugin sa inyong kalooban, nang halos kusa, upang paalisin ang mga hindi karapat-dapat na kaisipan. Habang ibinibilang ninyo ang inyong sarili sa matutuwid at kapaki-pakinabang na mga bagay, panatilihin ninyong puspos ng karapat-dapat na kaisipan ang inyong isipan, mga kabataan, sapagkat kung ano ang iniisip ng isang tao ay ganoon siya at magkakaroon kayo ng kakayahan na magawa ang mga bagay na maghahatid ng katuparan sa inyong mga buhay.

"Kayo ay anak na lalaki o anak na babae ng Makapangyarihang Diyos. Pinatototohanan ko na ang Diyos ay ang ating Ama, na tayo ay kanyang mga anak, na mahal niya tayo at pinaglaanan ng mga dakila at maluwalhating bagay sa buhay na ito. Alam ko ito, at pinasasalamatan ko siya sa nagpapasiglang bisa ng mabuting tugtugin sa aking buhay na nakaimpluwensiya sa aking mga kaisipan at nagpasigla sa aking kaluluwa.' (Tingnan sa Boyd K. Packer, sa Conference Report, Okt. 1973, p. 21–25; o *Ensign,* Ene. 1974, p. 25–28.)

# Ang Batas ng Panginoon sa Kalusugan

# 27

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makakikita kung paano makapagpapalakas ang wastong pagsunod sa batas ng Panginoon sa kalusugan ng kanyang katawan at isipan at makapagbibigay-daan sa kapwa temporal at espirituwal na mga gantimpala.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis at piraso ng papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Kung ang *Family Home Evening Video Supplement* (53276) ay makukuha sa inyong pook, ipakita ang bahagi 19, "*True to the Faith.*"
3. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa pangkaisipan at pisikal na kalusugan na ibinigay sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**PAALALA**

Nadarama ng karamihan sa mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na maunawaan nila ang Salita ng Karunungan. Gayunman, ang ilan ay maaring makadama na ito ay mahirap at labis na mahigpit. Ang araling ito ay dapat makatulong sa kanila na maunawaan na ang Salita ng Karunungan ay maaaring maging isang mabuting gabay sa pang-araw-araw na pamumuhay at ito ay nagpapakita ng pagmamalasakit ng Panginoon sa bawat bahagi ng kanilang buhay.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Maikling pagsusulit

• Ano ang karaniwang tawag sa batas ng Panginoon sa kalusugan? (Ang Salita ng Karunungan.)

Ipaliwanag na upang malaman kung gaano karami talaga ang nalalaman ng mga kabataang lalaki tungkol sa Salita ng Karunungan, ikaw ay magbibigay sa kanila ng isang maikling pagsusulit. Mamigay ng papel at mga lapis, at ibigay ang sumusunod na maikling pagsusulit.

1. Saan matatagpuan sa mga banal na kasulatan ang Salita ng Karunungan? (Bahagi 89 ng Doktrina at Mga Tipan.)
2. Sumusuway ba sa Salita ng Karunungan ang pag-inom ng kape? (Oo.)
3. Higit na nakararami ba ang "mga dapat gawin" o ang "mga bawal" sa Salita ng Karunungan? (Higit ang "mga dapat gawin.")
4. Sinusuway ba ng hindi kinakailangang pag-inom ng gamot ang Salita ng Karunungan? (Oo.)
5. Nagtatala ba ang Salita ng Karunungan ng mga pagkain na mabuti para sa atin na kainin? (Oo.)
6. Maaari ka bang kumain nang labis at panatilihin pa rin ang diwa ng Salita ng Karunungan? (Hindi.)

Ipaliwanag na ang aralin ay naglalaman ng mga sagot sa maikling pagsusulit na ito. Hamunin ang mga kabataang lalaki na masusing makinig nang sa aralin upang matuklasan ang mga sagot.

## Binigyan Tayo ng Batas ng Kalusugan ng Panginoon

Pisara at talakayan

Ipaliwanag na ang batas ng Panginoon sa kalusugan ay matatagpuan sa Doktrina at Mga Tipan 89. Buuin ang sumusunod na paglalarawan sa pisara habang nagpapatuloy ang aralin.

> Ang Salita ng Karunungan (Doktrina at Mga Tipan 89)
>
> Bahagi I: Mga layunin (Doktrina at Mga Tipan 89:1–4)
> 1. Upang makinabang ang mga Banal
> 2. Upang maging isang pinakamaliit na batas
> 3. Upang magbabala laban sa mga hangarin ng mga nagsasabwatang tao
>
> Bahagi II: Ang "Mga Bawal" (Doktrina at Mga Tipan 89:5–9)
> Iwasan ang mga nakasasamang sangkap
>
> Bahagi III: Ang "Mga Dapat Gawin" (Doktrina at Mga Tipan 89:10–17)
> Kumain ng mga masustansiyang pagkain
>
> Bahagi IV: Ang Mga Pangako (Doktrina at Mga Tipan 89:18–21)
> 1. Kalusugan
> 2. Karunungan at kaalaman
> 3. Ang mapangwasak na anghel ay lalagpas sa atin

Ipaliwanag na may apat na mahalagang bahagi ang Salita ng Karunungan.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 89:1–4. Ipaliwanag na ito ang unang bahagi ng paghahayag. Talakayin ang kahulugan ng mga talatang ito, na isinusulat ang mga sumusunod na paksa sa pisara.

1. *Ang Salita ng Karunungan ay ibinigay sa kapakinabangan ng mga Banal.*
2. *Ito ay isang pinakamaliit na batas na dapat ipamuhay.*
3. *Ito ay nagbababala sa mga kasamaan at hangarin ng mga nagsasabwatang tao.*

- Ano ang pinakatanyag na bahagi ng Salita ng Karunungan? (Ang kautusan na huwag gumamit ng alkohol, tabako, at maiinit na inumin [nangangahulugang tsaa at kape].)

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 89:5–9.

Ipaliwanag na ito ang ikalawang bahagi ng Salita ng Karunungan. Talakayin ang kahulugan ng mga talatang ito, at hilingan ang mga kabataang lalaki na pangalanan ang mga nakasasamang pagkain at gamot na binanggit. Isulat ang mga ito sa pisara habang ang mga ito ay binabanggit. Kung may katanungan tungkol sa kahulugan ng "maiinit na inumin," ipaliwanag na ang mga ito ay tsaa at kape. Bagama't walang tiyak na binabanggit tungkol sa mga gamot, ang mga makabagong propeta ay nagsalita tungkol sa paksang ito.

Sipi

" 'Patuloy na sinasalungat ng Simbahan ang hindi wasto at nakasasamang paggamit ng mga gamot o mga katulad ng sangkap sa ilalim ng mga kalagayang magbubunga sa pagkagumon, pisikal o pangkaisipan na kapinsalaan, o pagpapababa ng mga pamantayang moralidad.' Muli naming pinagtitibay ang mabuting pangungusap na ito" (Spencer W. Kimall, sa Conference Report, Abr. 1974, p. 8; o *Ensign,* Mayo 1974, p. 7).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ang Panginoon ay nagbigay ng higit na maraming tagubilin tungkol sa kung ano ang mabuti sa tao kaysa sa masama. Basahin o ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 89:10–17. Talakayin ang mga talatang ito, at ituro kung ano ang ipinayo ng Panginoon sa tao upang kainin. Isulat sa pisara ang *Kumain ng mga masustansiyang pagkain.*

- Ano ang kahulugan sa talata 11 ng dapat gamitin ang mabubuting bagay ng mundo nang may "mabuting pagpapasiya at pasasalamat'?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 88:124.

- Anong payo ang ibinigay rito tungkol sa ating kalusugan?

---

## Ang Pagsunod sa Batas ng Panginoon sa Kalusugan ay Nagdudulot ng Mga Pagpapala

Banal na kasulatan at talakayan

- Anong mga pangako ng pisikal na kabutihan ang ginawa ng ating Ama sa Langit sa mga namumuhay ng mga batas na ito?

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 89:18, 20. Talakayin ang mga talatang ito sa mga kabataang lalaki, na tinutulungan silang matukoy ang mga pangako. Isulat sa pisara:

1. *Kalusugan*

Ipaliwanag na ang agham ay patuloy na nagtitipon ng katibayan na ang Salita ng Karunungan ay nagpapabuti ng kalusugan. Magbahagi ng alinmang bagong balita na nagtataguyod sa Salita ng Karunungan. Ituro na walang matalinong tagasanay sa palakasan ang magmumungkahi na huwag pansinin ng kanyang mga manlalaro ang mga alituntuning ito. Ang pagsunod sa mga alituntuning ito ay makatutulong sa atin na maging higit na malakas at malusog sa pisikal.

- Anong mga espirituwal na pagpapala ang naipagkakait sa isang sumusuway sa Salita ng Karunungan? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagsama ng Espiritu Santo, pagsulong sa pagkasaserdote, misyon, at pagpasok sa templo.)

Bigyang-diin na upang maging malinis sa espirituwal, kailangan na panatilihin ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang kanyang sarili na malinis sa pisikal. Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na bago mabigyan ng rekomendasyon sa templo ang isang tao o mapahintulutan para sa misyon, pagbibinyag, o pagsulong sa pagkasaserdote, kailangan siyang makapanayam ng obispo. Ang isang bagay na itatanong ng obispo sa panayam ay kung sinusunod niya ang Salita ng Karunungan.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 89:19, 21.

- Anong mga karagdagang pagpapala ang binanggit sa mga talatang ito?

Idagdag ang mga sumusunod sa pisara:

2. *Karunungan at kaalaman*

3. *Ang nangwawasak na anghel ay lalagpas sa atin*

Sipi

Ipaliwanag na si Pangulong N. Eldon Tanner ay nagbibigay ng isa pang susi sa pagtanggap ng mga pagpapalang ito:

“Palagi kong nadarama na ang pangako na ibinigay sa huling apat na talata ng paghahayag na ito . . . ay isa sa mga pinakamaluwalhating pangako na ipinahayag ng Panginoon para sa ating kapakanan. . . .

“Tunay na madalas nating iniisip na ang pangako ay tungkol lamang sa Salita ng Karunungan, ngunit kung inyong papansinin ang parirala sa unang pangungusap, ito ay nagsasaad ng, ‘lumalakad sa pagsunod sa mga kautusan,’ na nangangahulugan na hindi lamang ang payo sa paghahayag na ito ang sinusunod natin, kundi ang iba pang mga kautusan upang matamo ang pangako” (“Trusting the Lord’s Promise,” *Ensign,* Agosto 1981, p. 2).

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga pagpapala ng kaalaman, kalusugan, at pangangalaga ng Panginoon sa mga huling araw ay nababatay sa pagsunod sa lahat ng kanyang mga kautusan, hindi lamang sa Salita ng Karunungan.

- Paano kayo nabiyayaan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan?

Kuwento

Banggitin na maraming tao ang nabiyayaan na ng moral at pisikal na tapang at lakas na nagmumula sa karapat-dapat na pamumuhay sa mga biyaya na ipinangako ng ating Ama sa Langit. Basahin ang sumusunod na kuwento mula sa isang kabataang lalaki sa Munting Isla ng Man (Isle of Man) na nabiyayaan sa ganitong paraan.

“Nag-eehersisyo ako nang kaunti, ngunit hindi ako naniniwala na ang lakas na taglay ko noong gabing iyon sa bangin ay akin. Naramdaman ko na ang pangako na ginawa sa lahat ng sumusunod sa Salita ng Karunungan ay natupad sa akin.

“Pauwi ako mula sa isang pampook na [samahan] sa Bradda Glen . . . nang makita ko ang ilang mga kaibigan. Ang ilan sa kanila ay nag-inuman, at sila ay wala sa kanilang mga sarili. Ang dalawa sa kanila ay nagpasiya na tumahak ng ibang daan pauwi.

“May dalawang daanan pauwi. Maaari mong tahakin ang karaniwang daan, sa kalsada, na higit na ligtas. O maaari mong tahakin ang daan sa baybayin, na mahangin ngunit may magandang tanawin. Iyan ang daan na pinagpasiyahan ng mga kaibigan ko. Karaniwan,

sa kalsada na lamang ako maglalakad, ngunit napagpasiyahan ko na ang mga kaibigan ko ay wala sa wastong kalagayan upang pangalagaan ang kanilang mga sarili, kaya naglakad ako na kasama nila.

"Ang isa sa kanila ay nagsimulang sumuray-suray at biglang nahulog, sa gilid ng bangin. Ang isa pang lalaki ay pumunta upang tulungan siya, ngunit siya man ay nahulog. Hindi naman ganap na napakatarik ito, ngunit ito ay matarik, at sila ay nakabitin sa pamamagitan ng isang kamay. Madali sana silang dumausdos pababa, at hindi ko alam kung makakaahon pa sila.

"Malinaw na naaalala ko na tunay na sinusunggaban ang kanilang mga kamay, isa-isa, at itinataas sila. Hindi ko lamang sila hinila paitaas; totoong inangat ko sila mula sa lupa, sa itaas at pabalik sa daanan. Ang mga salita mula sa pangako ng Salita ng Karunungan, sa bahagi 89 ng Doktrina at Mga Tipan ay dumating sa akin, 'At tatakbo at hindi mapapagod, at lalakad at hindi mahihilo' (talata 20).

"Sila ay nagulat. Ako ay nagulat. Sinabi nila, 'alam mo, mabuti na lang at hindi ka uminom ngayong gabi.' At sinabi ko, 'Alam ninyo, iyang ang tunay na relihiyon ko para sa inyo.'

"Sa buong buhay ko ay sinikap kong sundin ang Salita ng Karunungan. Nadadalian akong sundin ito, kahit na ang paninigarilyo, pag-inom, at mga droga ay tila isang lumalalang suliranin dito sa Munting Isla. Noong ako ay bata pa, narinig ko na sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball na kung ipinasiya kong magpanatili ng mga pamantayan noon, noong ako ay bata pa, magiging higit na madali sa akin kapag ang tukso ay dumating, dahil nakagawa na ako ng pasiya na umiwas.

"Tunay na sinikap kong isagawa iyon sa aking buhay, at noong gabing iyon sa daan sa baybayin, nagalak ako na ginawa ko iyon. Sa pamamagitan ng pagsunod sa Salita ng Karunungan, naniniwala ako na pinagkalooban ako ng karagdagang lakas sa pagkakataong iyon" (Daniel Johnson, "Cliff Hanger," *New Era,* Nob. 1992, p. 14–15).

- Ayon sa kabataang lalaking ito, bakit siya nakatanggap ng lakas noong gabing iyon?
- Ano sa palagay ninyo ang maaaring nangyari kung hindi niya sinunod ang Salita ng Karunungan?

---

**Katapusan**

Pagbalik-aralan ang pambungad na maikling pagsusulit, at tiyakin na nauunawaan ng bawat kabataang lalaki ang mga tamang sagot. Maaari mong naisin na ipabasa sa isang kabataang lalaki ang payo tungkol sa pangkaisipan at pisikal na kalusugan na ibinigay sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magpasiya ngayon na sundin ang Salita ng Karunungan. Tiyakin sa kanila na ang kanilang pagsunod ay magdudulot sa kanila ng mga dakilang pagpapala. Himukin ang mga kabataang lalaki na pagbalik-aralan ang payo tungkol sa pangkaisipan at pisikal na kalusugan na ibinigay sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

Patotoo

Magbigay ng iyong patotoo tungkol sa kahalagahan at bisa ng pagsunod sa Salita ng Karunungan at sa wastong pangangalaga sa pisikal na katawan ng isang tao.

# Ang Araw ng Pangilin

# 28

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makaaalam kung paano pumili ng mga angkop na gawain sa Araw ng Pangilin.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang piraso ng papel at lapis para sa bawat kabataang lalaki.
2. Atasan ang isang kabataang lalaki na basahin o isalaysay ang kuwento na isinalaysay ni Elder Gene R. Cook.
3. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa asal kapag Linggo sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**PAALALA**

Nabubuhay tayo sa isang daigdig na kung saan ang kabanalan at kahalagahan ng araw ng Pangilin bilang isang banal na araw ay mabilis na nadadaig ng ideya na ang Araw ng Pangilin ay isang araw ng paggawa at paglilibang. Ang mga kabataan ay natutukso sa maraming paraan upang suwayin ang Araw ng Pangilin. Maaaring higit silang makadama ng katiyakan kung mayroon silang talaan ng mga tuntunin sa pagpapanatiling banal sa Araw ng Pangilin, ngunit walang talaan ng “mga dapat gawin” at “mga bawal” ang makasasaklaw sa bawat maaaring mangyaring kalagayan. Natutuhan ng taong ganap sa espirituwalidad na husgahan ang pagiging angkop ng mga gawain sa Araw ng Pangilin sa pamamagitan ng pagsasagawa ng mga patnubay sa banal na kasulatan at pakikinig sa mga pag-uudyok ng Espiritu. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan kung ano ang mga patnubay na ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pinag-aralang kalagayan

Si Sam ay nalilito tungkol sa pagpapanatiling banal sa Araw ng Pangilin. Mahal niya ang Panginoon at nais na paglingkuran siya nang wasto sa araw na itinalaga upang sumamba, ngunit hindi niya alam ang gagawin sa lahat ng oras bago at pagkatapos ng mga pagpupulong niya sa Simbahan. Ang ilan sa mga kaibigan niya ay hindi man lamang lumalabas sa Araw ng Pangilin; ang iba ay gumugol ng maraming oras sa labas. Ang ilan sa mga kaibigan niya ay nag-aral ng kanilang mga aralin kapag Linggo; ang iba ay hindi. Si Sam ay nalilito kung ano ang dapat niyang gawin upang mapanatiling banal ang araw ng Pangilin.

- Nadama na ba ninyo ang katulad ng nadama ni Sam?
- Paano natin masasabi kung angkop na gawin ang isang bagay sa Araw ng Pangilin?

**Ang Mga Banal na Kasulatan ay Nagbibigay sa Atin ng Mga Patnubay Para sa Mga Angkop na Gawain sa Araw ng Pangilin**

Banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang mga bagay na karaniwan ninyong ginagawa kapag Linggo?

Maikling talakayin ang tanong na ito, pagkatapos ay ipaliwanag na babalikan ninyo ang tanong na ito maya-maya sa aralin.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Exodo 20:8.

- Ano ang kautusan ng Panginoon tungkol sa Araw ng Pangilin? (Panatilihin itong banal.)

- Binabanggit natin ang *banal na templo* at *banal na pagkasaserdote.* Ano ang kahulugan ng salitang *banal*? (Itinalaga o pinabanal para sa paglilingkod sa Diyos.)

Paglalahad sa pisara

- Anong mga tanong ang maaari nating itanong upang makapagpasiya kung ang isang bagay ay angkop na gawain kapag Linggo?

Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara:

*Paghusga sa Mga Gawain sa Araw ng Pangilin*

*Ang kilos ko ba ay banal, o sa paglilingkod sa Diyos?*

Maaari mong naisin na ipabasa sa isang kabataang lalaki ang payo tungkol sa pagsamba kapag Linggo sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na sa halip na magbigay ng mga mahihigpit na tuntunin para sa wastong pagsunod sa Araw ng Pangilin, si Jesus ay nagturo ng mga alituntunin na dapat gumabay sa atin sa pagpili ng mga wastong gawain sa Araw ng Pangilin.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Marcos 3:1–5.

- Paano ninyo sasagutin ang tanong ng Tagapagligtas sa talata 4?
- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "gumawa ng mabuti sa mga araw ng pangilin"? (Ituro na masasabi natin kung tayo ay gumagawa ng mabuti sa pamamagitan ng pakikinig sa mga pag-uudyok ng Espiritu.)

Idagdag ang sumusunod na tanong sa pisara: *Ito ba ay nakabubuti?*

Ipabasa at pasalungguhitan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 59:9–13.

- Saan tayo inuutusan na magtungo kapag Linggo? (Sa "bahay panalanginan," iyan ay sa simbahan.)
- Ano ang gagawin natin doon? (tumanggap ng sakramento at sumamba sa Diyos.)
- Bakit ibinigay sa atin ng Panginoon ang utos na ito? (Upang tulungan tayo na panatilihin ang ating mga sarili na "walang bahid-dungis mula sa daigdig.")
- Pinananatili ba natin ang ating sarili na "walang bahid-dungis sa daigdig" kapag namimili o naggagala tayo sa mga lugar ng kasayahan kung Linggo?
- Paano nakatutulong sa atin ang tamang pangingilin sa araw ng Pangilin na maging "walang bahid-dungis sa daigdig"? (Nakatutulong itong ituon natin ang ating mga kaisipan sa Diyos at sa mga bagay na may walang hanggang kabuluhan.)

Pisara, Banal na Kasulatan at talakayan

Idagdag ang sumusunod na tanong sa pisara: *Pinananatili ba ako nitong "walang-bahid-dungis sa daigdig"?*

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang Isaias 58:13–14.

- Anong mga patnubay ang ibinibigay sa atin ni Isaias sa pagpapanatiling banal sa Araw ng Pangilin?

Ipaliwanag na ang paa ay sagisag ng pagsunod, kaya ang "iurong ang iyong paa . . . sa paggawa ng iyong kalayawan" ay nangangahulugan ng hindi pagsunod sa iyong sariling mga nais sa Araw ng Pangilin.

Idagdag ang sumusunod na tanong sa mga nasa pisara: *Ito ba ay nagpaparangal sa Panginoon, o makasarili kong sinusunod ang mga sarili kong nais*?

Ipaliwanag na ang mga patnubay sa pisara ay nagbibigay ng sukatan sa pagpapasiya kung ang isang gawain ay angkop para sa Araw ng Pangilin. Ang ganitong paraan ay nangangailangan ng higit na kahustuhan ng isip kaysa sa pagkakaroon ng tuntunin para sa bawat kalagayan. Hindi kayo mahihirapan sa pagpapanatiling banal sa araw ng Pangilin kung kayo ay maghahanap ng mabubuting bagay na gagawin sa araw ng Pangilin, makikinig sa mga pag-uudyok ng Espiritu Santo, at, kapag nag-aalinlangan, itanong ninyo sa inyong sarili ang mga katanungang ito?

1. Ang kilos ko ba ay banal, o sa paglilingkod sa Diyos?
2. Ito ba ay nakabubuti?
3. Pinananatili ba ako nitong "walang-bahid-dungis sa daigdig"?

4. Ito ba ay nagpaparangal sa Panginoon, o makasarili kong sinusunod ang mga sarili kong nais?

Maaari mong naisin na bigyan ng talaan ng mga tanong na ito ang bawat kabataang lalaki.

Talakayan

- Anong mga bagay ang karaniwan ninyong ginagawa kapag Linggo?
- Alin sa mga gawaing ito ang naaayon sa mga patnubay sa pisara? (Isulat ang mga sagot nila sa pisara. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagdalo sa simbahan, pagdalaw sa isang kaibigan o kamag-anak, pagtalakay ng ebanghelyo sa ibang mga miyembro ng pamilya, pagsusulat sa isang talaarawan, pagsasagawa ng pagtuturo sa tahanan, pag-aaral ng mga banal na kasulatan at ibang maiinam na aklat na may kaugnayan sa ebanghelyo, at pagtatakda ng mga layunin para sa darating na linggo.)
- Ano ang iba pang mga bagay na magagawa ninyo kapag Linggo na magiging sang-ayon sa mga patnubay na ito?

Idagdag ang mga mungkahi sa talaan sa pisara.

Gawain

Mamigay ng isang piraso ng papel at lapis sa bawat kabataang lalaki. Pasulatin ang bawat isa ng mga gawain na nais niyang gawin kapag Linggo mula sa mga gawain na nakasulat sa pisara.

---

**Ang Pagpapanatiling Banal sa Araw ng Pangilin ay Nakatutulong sa Espirituwal na Pag-unlad**

Mga palaisipang tanong

- Paano nakatutulong ang wastong pagsunod sa Araw ng Pangilin sa ating espirituwal na pag-unlad? Paano nakababawas ang hindi wastong asal sa ating espirituwal na pag-unlad?

Kuwento

Isinalaysay ni Elder Gene R. Cook ng Unang Korum ng Pitumpu kung paano niya natutuhan ang kahalagahan ng pagpapanatiling banal sa araw ng Pangilin noong siya ay isang kabataang lalaki na nagtatrabaho para sa isang pahayagan. Ipalahad sa paunang inatasang kabataang lalaki ang sumusunod na ulat:

“Isang Sabado ng hapon pagkatapos ng trabaho, sinabi sa akin ng Tagapamahala na simula sa isang linggo mula sa susunod na araw, sa Linggo, kailangan na akong magtrabaho tuwing Linggo ng umaga. . . . Pagkatapos ay sinikap niyang hikayatin ako sa pamamagitan ng pagsasabi sa akin na ang aking suweldo ay tataas ng 30 porsiyento, na iniisip na ito ay maaaring makapagpabago sa aking isipan tungkol sa alituntunin ng hindi pagtatrabaho kapag Linggo.

“Naaalala ko kung gaano kalakas na tumimo sa aking puso ang mga salitang iyon, ngunit naaalala ko rin ang tugon ko: ‘Natitiyak ko po na hindi ako maaaring magtrabaho kapag Linggo.’

“ ‘Kung gayon,’ ang sabi niya, ‘kailangan mong magtrabaho kapag Linggo o maghahanap ako ng ibang pangalawang tagapamahala.’

“Nilisan ko ang opisina na medyo nangingilid ang luha noong araw na iyon. Naaalala ko na tinatanong ang Panginoon kung bakit kailangang mawala ang trabaho ko dahil sa Simbahan. Buong sigasig akong nagtratrabaho upang makapag-ipon ng sapat na pera upang tustusan ang aking sarili sa misyon, at ngayon ay mawawala ang trabaho ko maliban kung pumayag akong magtrabaho kapag Linggo.

“Kinausap ko ang tatay ko upang hingin ang kanyang payo, at ang tanging sinasabi niya sa akin ay, ‘natitiyak ko na gagawin mo kung ano ang tama, anuman iyon.’ . . .

“Noong sumunod na Sabado, pumasok ako at sinabi sa tagapamahala na hindi ako magtatrabaho kapag Linggo. Sinabi niya sa akin na dahil sa iyon ang aking pinili, may isang linggo na lamang ako at hindi na lalampas pa bilang pangalawang tagapamahala, at pagkatapos ay papalitan na ako ng isang kabataang lalaki na ‘tunay na pumapayag na magtrabaho.’

“Umalis ako sa trabaho nang araw na iyon nang may napakabigat na puso, na nalalaman na sa loob ng lima o anim na araw ay mawawalan na ako ng trabaho. Isa pang taon ay magtutungo na ako sa aking misyon, at wala pa akong sapat na laang-salapi upang tustusan ang aking sarili. Nanalangin ako nang labis noong linggong iyon.

"Ang mga sumunod na araw sa trabaho ay tila napakahaba, at lubhang kakaunting mga salita ang namagitan sa pagitan ng aking tagapamahala at ako. Hinintay ko ang sumunod na Sabado, na magiging huling araw ko.

Dumating sa wakas ang Biyernes. Habang tinatapos ko ang trabaho nang gabing iyon, nilapitan ako ng tagapamahala at sinabi, na tila madamdamin, 'Gene, tama ka sa ginagawa mo, at mali ako sa paghiling sa iyo na magtrabaho kapag Linggo. May nakita akong isang kabataang lalaki na miyembro sa ibang relihiyon na pumapayag na magtrabaho kapag Linggo, ngunit nais pa rin kitang maging pangalawang tagapamahala ko. At siya nga pala, iyong 30 porsiyento na dagdag ay ibibigay pa rin sa iyo, kahit na hindi ka magtatrabaho sa ikapitong araw. Isa kang napakabuting kabataang lalaki' " ("At Any Cost, Keep the Commandments," *New Era,* Mayo 1977, p. 5).

• Paano nakatulong sa espirituwal niyang pag-unlad ang pasiya ni Elder Cook na panatilihing banal ang araw ng Pangilin? (Pinalakas nito ang kanyang pananampalataya at patotoo.)

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang ilang mga tao, katulad ng mga manggagamot at nars ay maaaring magtrabaho kapag Linggo. Dapat na gawin ng bawat isa sa atin ang pasiyang iyon para sa ating mga sarili, sa tulong ng Panginoon. Pagpapalain tayo ng Panginoon kung sinisikap natin na panatilihing banal ang araw ng Pangilin. Kapag nabigo tayong panatilihing banal ang Araw ng Pangilin, maraming pagpapala ang mawawala sa atin at mapapababagal ang ating espirituwal na pag-unlad.

• Paano kayo pinagpala dahil sa pagsunod sa Araw ng Pangilin?

Talakayan

Ipaliwanag na ang pagsunod sa Araw ng Pangilin ay makatutulong sa ating espirituwal na pag-unlad sa ibang paraan. Ang Araw ng Pangilin ay nagbibigay sa atin ng natatanging pagkakataon upang paglingkuran ang iba.

• Ano ang mga naging karanasan na ninyo sa pagbibigay ng paglilingkod sa Araw ng Pangilin?

• Ano ang ilan sa mga paraan na makapaglilingkod tayo sa iba sa Araw ng Pangilin? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng pagdalaw sa mga maysakit, pagsusulat ng mga liham sa mga misyonero o sundalo, pagtitipon ng mga handog-ayuno, at pagsasagawa ng pagtuturo sa tahanan. Imungkahi na isama ng mga kabataang lalaki ang ilan sa mga gawaing ito sa kanilang mga talaan ng mga wastong gawain sa Araw ng Pangilin.

---

**Katapusan**

Sipi

Basahin ang sumusunod na sipi mula kay Pangulong George Albert Smith:

"Itinalaga [ng Panginoon] ang isang araw sa pito, hindi upang gawin itong pabigat, kundi upang magdulot ng kagalakan sa ating buhay" ("Obey the Commandments," *Improvement Era,* Ene. 1949, p. 9).

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na patunayan ang pangungusap ni Pangulong Smith sa pamamagitan ng pagpili ng kanilang mga gawain sa Linggo na ginagamit ang mga patnubay sa banal na kasulatan at talaan na ginawa nila sa aralin. Pagkatapos, sa katapusan ng bawat Araw ng Pangilin, maitatala nila ang kanilang mga nadarama tungkol sa araw sa kanilang mga talaarawan.

Ipasulat sa bawat kabataang lalaki ang mga tiyak na bagay na gagawin niya upang mapanatiling banal ang Araw ng Pangilin, na iniisip ang mga patnubay na ibinigay sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

# Ang Layunin ng Buhay

# 29

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay higit na makauunawa sa layunin ng buhay niya na may-kamatayan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maaari mong naisin na ibigay bago pa man ang ilan sa mga sipi at ang tula sa iba't ibang kabataang lalaki.
3. Maaaring mangailangan ka ng dalawang linggo upang ituro ang araling ito.

**PAALALA**

Sa araling ito, pagbabalik-aralan mo ang layunin ng buhay sa mga kabataang lalaki. Ito ay magiging isang pagkakataon sa kanila upang ibahagi ang kanilang kaalaman at mga nadarama tungkol sa sampung iba't ibang bahagi ng buhay na tulad sa binabanghay. Himukin ang mga kabataang lalaki na malayang ipahayag ang kanilang sarili tungkol sa bawat bahagi ng buhay. Ito ay isang pangkahalatang pananaw na aralin. Panatilihing umuusad ang talakayan sa halip na tumutuon sa isang bahagi, upang maunawaan nang buo ng mga kabataang lalaki ang plano ng kaligtasan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Isang Pangkalahatang Pananaw sa Plano**

Pisara at talakayan

Isulat ang *Ang Layunin ng Buhay* sa itaas ng pisara. Hilingan ang mga kabataang lalaki na ipaliwanag ang layunin ng buhay sa kanilang sariling mga salita.

Sabihin sa mga kabataang lalaki na tatalakayin ninyo ang sampung mahahalagang bahagi ng buhay nang isa-isa.

Upang tulungan kayo sa inyong talakayan, ang bawat paglalahad ng tagapayo ay nagbibigay ng (1) isang maikling paglalarawan kung ano ang mahalaga tungkol sa bahaging iyon ng buhay, (2) mga mahalagang banal na kasulatan o sipi, at (3) mga tanong upang bumuhay ng karagdagang talakayan.

Isulat ang bawat paksa sa pisara habang tinatalakay ito sa aralin. Pagkatapos ay hilingan ang iba't ibang kabataang lalaki na basahin ang isa o dalawa sa mga banal na kasulatan o sipi na kasunod. Talakayin nang sama-sama ang mga ito. Sa huli, isaalang-alang ang mga iminungkahing tanong at ibang inihanda mo na makatutulong sa mga kabataang lalaki na mapalawak ang pang-unawa nila sa bahaging iyon ng buhay.

Paglalahad ng tagapayo

1. *Buhay bago ang Pagsilang*

Ipinahayag ng Diyos: "Ako ang Diyos; ako ang lumikha ng daigdig, at ng mga tao bago pa sila napasalaman" (Moises 6:51). Ipaliwanag na ang mga espiritu natin ay nabuhay sa piling ng ating Ama sa Langit bago tayo isilang sa laman. Ang mga bagay na ginawa natin doon ay nakaimpluwensiya sa buhay natin dito, na katulad ng ang mga bagay na ginagawa natin dito ay magbibigay gantimpala o magpapabagal sa atin sa buhay pagkatapos ng buhay na ito. Ang dakilang katotohanang ito ay nagbibigay layunin sa buhay na ito.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Jeremias 1:4–5; Doktrina at Mga Tipan 93:21–23; Abraham 3:22–27.

- Ano ang unang kalagayan?
- Ano ang ikalawang kalagayan?
- Anong pagpapala ang natanggap ninyo sa pagpapanatili ng inyong unang kalagayan?

• Ano sa palagay ninyo ang nadama ninyo nang malaman ninyo na kayo ay pupunta sa lupa?

Paglalahad ng tagapayo

2. *Pagsilang*

Ipaliwanag na ang pagsilang ay isang hakbang sa punong-plano ng Diyos para sa mga anak niya.

Tula, sipi, at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na sipi mula sa *"Ode: Intimations of Immortality, from Recollections of Early Childhood"* ni William Wordsworth. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan ang kahulugan ng tulang ito.

"Ang ating pagsilang ay isang pagtulog
at pagkalimot lamang;
Ang Kaluluwa na bumabangong kasama
natin, ang Bituin ng ating buhay,
Ay may pinangyarihan sa ibang dako,
At nagmula sa malayo;
Hindi sa isang ganap na pagkalimot,
At hindi sa lubos na kawalang-saplot,
Ngunit may bakas ng ulap ng kaluwalhatian
tayong dumating
Mula sa Diyos, na siyang ating tahanan."

Ipinahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Hindi aksidente na ang mga bata ay isisilang. Ito ay isang programa na maingat na binalak. Maaaring nagbigay ng ibang paraan sana ang Panginoon, ngunit paano mamahalin at aalagaan ng mga magulang ang kanilang mga anak sa gayong paraan? . . .

"Ito ay karaniwan, wastong paraan upang mapanatili ang buong programa, na magdala ng mga kaluluwa sa daigdig at upang bigyan sila ng mga pagkakataon para sa pag-unlad" ("The Lord's Plan For Men and Women," *Ensign,* Okt. 1975, p. 4).

• Bakit nadarama ng maraming magulang ang ganitong pagiging malapit sa ating Ama sa Langit sa pagsilang ng isang bata?

• Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Wordsworth nang sabihin niyang dumating tayo na "may bakas na ulap ng kaluwalhatian"?

Paglalahad ng tagapayo

3. *Pananampalataya*

Ipaliwanag na may pananagutan ang mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na magkaroon ng pananampalataya sa Panginoong Jesucristo at lumakad nang matuwid sa harap ng Panginoon. Dapat magsimula nang maaga ang pagtuturong ito at magpatuloy sa buhay ng bawat anak. Habang lumalaki ang isang bata, natututo siya ng maraming alituntunin ng ebanghelyo, nagkakaroon ng pananampalataya, natututo at nagsasagawa ng pagsisisi, at natututo ng dakilang batas ng pagsunod.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng dalawa o higit sa mga sumusunod na banal na kasulatan upang basahin at talakayin ng mga kabataang lalaki: Mateo 17:19–20; Mga Taga Roma 10:17; Mga Hebreo 4:2; 11:6; Doktrina at Mga Tipan 68:25.

• Paano nauukol ang ika-apat na saligan ng pananampalataya sa bahaging ito?

• Ano ang pananampalataya sa Panginoong Jesucristo (tingnan sa Alma 32:21; Eter 12:6)?

• Paano mapauunlad ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang kanyang pananampalataya?

Paglalahad ng tagapayo

4. *Pag-aaral*

Basahin ang mga sumusunod na sipi:

"Ang kaluwalhatian ng Diyos ay katalinuhan" (Doktrina at Mga Tipan 93:36).

"Anumang alituntunin ng katalinuhan ang matamo natin sa buhay na ito, babangon itong kasama natin sa pagkabuhay na mag-uli" (Doktrina at Mga Tipan 130:18).

Ipaliwanag na dapat tayong maghangad ng kaalaman at karunungan habang tayo ay nabubuhay.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng dalawa o higit pa sa mga sumusunod na banal na kasulatan upang basahin at talakayin ng mga kabataang lalaki: Juan 17:3; Doktrina at Mga Tipan 88:78–80, 118; 90:24; 130:18–21; 136:32–33.

- Paano nakaaapekto ngayon ang natututuhan ninyo o hindi natututuhan sa inyong walang-hanggang hinaharap?
- Ano ang magagawa ng isang tao upang matiyak ang patuloy na pagkatuto sa buong buhay?
- Kung lilisanin ninyo ngayon ang buhay na ito sa lupa, anong paghatol ang gagawin ninyo sa kung paano ninyo ginamit ang mga pagkakataon ninyo para sa pag-aaral?
- Anong kaalaman ang pinakamahalagang matutuhan ng bawat isa sa atin? Bakit?

Paglalahad ng tagapayo

5. *Kasal para sa Kawalang-hanggan*

Ipaliwanag na dahil sa walang-hanggan ang ating mga espiritu at katawan, gayon din maaaring maging walang-hanggan ang pangkat ng pamilya sa pamamagitan ng pagsunod sa mga batas at alituntunin ng ebanghelyo. Ang isa sa mga pinakamaganda sa lahat ng alituntuning ito ay ang kasal para sa panahon at kawalang-hanggan. Sa pamamagitan ng sagradong seremonya at alituntuning ito, ang mga karapat-dapat na mag-asawa ay maaaring pagsamahin hindi lamang hanggang sa kamatayan, kundi magpakailanman.

Banal na kasulatan, sipi, at talakayan

Basahin at talakayin ang 1 Mga Taga Corinto 11:11; Doktrina at Mga Tipan 131:1–4.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang sumusunod na pangungusap mula kay Elder Bruce R. McConkie:

"Ang mga pinakamahalagang bagay na ginagawa ng alinmang kasapi ng Ang Simbahan ng Mga Banal sa Huling-araw sa daigdig na ito ay: 1. Pakasalan ang tamang tao, sa tamang lugar, sa pamamagitan ng tamang awtoridad; at 2. Tuparin ang tipan na ginawa na may kinalaman sa banal at ganap na kaayusan ng kasal na ito—sa gayon ay tinitiyak sa mga masunuring tao ang mana ng kadakilaan sa kahariang selestiyal" (*Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 118; tinanggal ang mga nakahilig na titik).

- Bakit pinahahalagahan nang ganito ng Panginoon ang alituntuning ito?
- Paano kayo makapaghahanda para sa mahalagang bahaging ito ng inyong buhay?
- Paano ninyo matatanggap ang tulong ng Panginoon sa paghahanda para sa kasal sa templo?

Paglalahad ng tagapayo

6. *Paggawa at paglilingkod*

Basahin ang sumusunod:

"Kayo'y magpalaanakin, at magpakarami, at kalatan ninyo ang lupa, at inyong supilin" (Genesis 1:28). Ito ang unang kautusan ng Diyos sa mga anak niya sa lupa. At ang payong ito ay para sa lahat—ang masikap na paggawa ay kagalang-galang at mabuti sa sangkatauhan.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng dalawa o higit pa sa mga sumusunod na banal na kasulatan upang basahin at talakayin: Genesis 3:19; Juan 9:4; Mga Taga Filipos 2:12; Mosias 2:16–17; Doktrina at Mga Tipan 68:30–31; 75:29; 88:124; Moises 1:39.

- Paano itinatakda ng ginagawa ninyo ngayon ang gawain na isasagawa ninyo sa hinaharap?
- Ano ang pagkakaiba ng katamaran at pahinga?
- Paano pinalalaki ng paglilingkod ang isang tao?
- Paano pinauunlad ng pagmamahal ang paglilingkod?

Paglalahad ng tagapayo

7. *Pagkakaisa ng pamilya*

Ipaliwanag na kapag sinusunod ng mag-asawa at kanilang mga anak ang banal na batas, ang pagkakaisa ng pamilya at kaligayahan nila ay magpapatuloy maging sa kabilang buhay.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin at talakayin ang mga sumusunod na banal na kasulatan: Exodo 20:12; Mga Taga Efeso 6:1–4; Doktrina at Mga Tipan 121:41–42.

- Ano ang magagawa ninyo upang magkaroon ng pagkakaisa ng pamilya sa inyong tahanan?

Paglalahad ng tagapayo

8. *Kahirapan*

Ipaliwanag na ang buhay ay hindi sinadya na walang mga suliranin. Tayo ay pinalalakas sa pamamagitan ng pagdaig sa mga hadlang at paglaban sa kasamaan. Sinabi ni Apostol Pablo "Pinarurusahan ng Panginoon ang kanyang iniibig" (Mga Hebreo 12:6).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod na banal na kasulatan upang basahin at talakayin 2 Nefias 2:11; Doktrina at Mga Tipan 29:39; 31: 9.

- Bakit pinahihintulutan ng Panginoon ang pagsubok na maging bahagi ng buhay?
- Paano kayo pinagpala sa kahirapan?
- Sa anong mga paraan nagiging napakadali ng buhay?

Banal na kasulatan

Basahing muli ang Abraham 3:25–26, at hilingan ang mga kabataang lalaki na magmungkahi kung paano makaaapekto sa kanilang buhay ang pagsunod sa mga kautusan. Sa katotohanan, ang pagsunod sa mga kautusan ang tanging paraan upang matagpuan ang kaligayahan.

Paglalahad ng tagapayo

9. *Kamatayan*

Ipaliwanag na ang kamatayan, katulad ng pagsilang, ay bahagi ng buhay na walang-hanggan. Maaga man o huli, kailangang harapin nating lahat ito. Ang pananampalataya na maaari tayong mabuhay muli na kasama ang ating mga mahal sa buhay at kaibigan ay makapagdudulot ng malaking kaginhawahan sa atin.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng dalawa o higit pa sa mga sumusunod na banal na kasulatan upang basahin at talakayin ng mga kabataang lalaki: Alma 11:42; 12:24; Doktrina at Mga Tipan 29:42–43; 42:46–47.

- Bakit kinatatakutan ng mga tao ang kamatayan?

Paglalahad ng tagapayo

10. *Buhay Pagkatapos ng Kamatayan*

Ipaliwanag na ang buhay ay walang-hanggan. Ang mga espiritu natin ay hindi kailanman namamatay, at ang pagsasamang muli ng espiritu at katawan ay ipinangako sa lahat: "Sapagkat kung paanong kay Adan ang lahat ay nangamamatay, gayon din naman kay Cristo ang lahat ay bubuhayin" (1 Mga Taga Corinto 15:22).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng isa o higit pa sa mga sumusunod na banal na kasulatan upang basahin at talakayin: Alma 11:42–44; 40:4; 41:13–15; Moises 1:39.

- Ano ang kahulugan sa inyo ng pangkalahatang pagkabuhay na mag-uli?
- Paano lumalago ang inyong pagmamahal sa Tagapagligtas sa pagkaalam ng kaloob na ito sa inyo?
- Ano ang magagawa ninyo ngayon upang ipakita ang inyong pasasalamat?

---

**Katapusan**

Sipi

Basahin ang sumusunod na sipi:

"Kaya narito kayo sa lupa, na walang alaala kung ano ang nangyari noon, at tanging pananampalataya ang bubulong kung ano ang mangyayari. Magkaroon ng katiyakan na narito kayo, hindi sa pamamagitan ng aksidente o pagkakataon, kundi bilang bahagi ng isang maluwalhati, walang-hanggang plano.

"Sa pamamagitan ng isang payapang maliit na tinig na nasa atin, at sa pamamagitan ng paghahayag sa mga hinirang niyang propeta, pinapatnubayan ng Diyos na ating Amang walang-hanggan ang mga gawain ng kanyang mga anak.

"Naririto kayo sa lupa upang matuto, upang matagpuan ang lubos na kagalakan na nagmumula sa paggawa ng kalooban ng inyong Ama sa Langit. Matapos kausapin ang labing-isang apostol tungkol sa pagsunod sa mga kautusan, sinabi ni Jesus, 'Ang mga bagay na ito ay sinalita ko sa inyo, upang ang aking kagalakan ay mapasainyo, at upang ang inyong kagalakan ay malubos.' (Juan 15:11.) . . .

"Ang pagkabuhay na mag-uli ay dumarating bilang kaloob sa bawat tao sa pamamagitan ni Jesucristo, ngunit ang gantimpala ng mga pinakamataas na walang-hanggang pagkakataon ay kailangan ninyong pagsikapan. Hindi sapat na maniwala lamang kay Jesucristo. Kailangan ninyong gumawa at mag-aral, magsaliksik at manalangin, magsisi at bumuti, alamin ang mga batas niya at ipamuhay ang mga ito.

"Ito ang daan tungo sa kapayapaan at kaligayahan at kaganapan ng buhay na walang-hanggan. Ito ang daan ng inyong Ama sa Langit. . . .

"Magkaroon ng katiyakan na ikaw ay isang espiritung anak ng Diyos. Ikaw ay mula sa kanyang angkan. Siya ay may plano ng pag-unlad para sa iyo at sa lahat ng kanyang mga anak.

"Saan galing ang tao? Nauunawaan na ninyo ngayon ang bahagi ng sagot sa malaking tanong na ito, na humamon sa mga mapagtanong na isipan sa mga nagdaang panahon. Ang higit na malalim na pang-unawa ay magbibigay ng higit na kahulugan, layunin, at kagalakan sa iyo sa buhay na ito at magpakailanman" (*Your Pre-Earth Life* [Salt Lake City: The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 1976], p. 9).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabuklat sa mga kabataang lalaki ang Mateo 25:31–34. Habang binabasa ng isang kabataang lalaki ang banal na kasulatan sa klase, hilingan ang ibang mga kabataang lalaki na isaalang-alang kung paano nauukol sa kanila ang banal na kasulatang iyon.

- Ano ang madarama ninyo kung isang araw sa hinaharap ay sinabi sa inyo ni Jesucristo na "Magsiparito kayo, mga pinagpala ng aking Ama, manahin ninyo ang kahariang nakahanda sa inyo buhat ng itatag ang sanlibutan"?
- Ano ang ginagawa ninyo ngayon upang maghanda ngayon para sa inyong walang-hanggang hinaharap?

Patotoo

Ituro sa mga kabataang lalaki na sila ay naging magigiting sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, at ibahagi sa kanila ang iyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagsunod sa mga kautusan sa buhay na ito upang makabalik sila upang mamuhay na kasamang muli ng kanilang Ama sa Langit.

# 30 Pag-ibig sa Kapwa-tao

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na ang pag-ibig sa kapwa-tao, o ang dalisay na pag-ibig ni Cristo, ang dapat na gumabay sa saloobin at mga gawain ng isang maytaglay ng pagkasaserdote.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**PAALALA**

Walang alituntunin sa buhay ni Cristo ang higit na malinaw na inilarawan kaysa sa pag-ibig niya sa kanyang kapwa-tao. Ang utos niya ay "kayo'y mangag-ibigan sa isa't isa, na gaya ng pag-ibig ko sa inyo" (Juan 15:12). Ang pag-ibig sa kapwa-tao, o ang dalisay na pag-ibig ni Cristo ay madalas na nananatiling isang dakilang alituntunin na inaasahan nating maipamuhay balang araw sa hinaharap. Ang araling ito ay dapat na makatulong sa mga kabataang lalaki na maunawaan na maaari nilang matamo ang pag-ibig sa kapwa-tao ngayon at gawin itong bahagi ng mga pang-araw-araw nilang gawain.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Banal na kasulatan at talakayan

- Ano ang naiisip ninyo kapag naririnig ninyo ang salitang *pag-ibig sa kapwa-tao?*

Magpahintulot ng ilang talakayan. Pagkatapos ay ipaliwanag na itinuro ng Tagapagligtas ang sagot sa isang talinghaga. Ipabasa nang malakas sa mga kabataang lalaki ang parabulang ito mula sa Lucas 10:30–37.

- Bakit sa palagay ninyo dumaan ang saserdote at Levita?
- Anong mga katwiran ang ibinibigay ng mga tao ngayon sa hindi pagtulong sa iba?
- Bakit sa palagay ninyo huminto ang Samaritano at tinulungan ang lalaki?

Ipaliwanag na ang kuwentong ito ay higit na makapangyarihan kung nalalaman ng isang tao na ang unang dalawa, na hindi pumansin sa paghihirap ng lalaki, ay tinawag sa pamamagitan ng pagsilang at katungkulan upang tulungang ang mga nangangailangan, at ang Samaritano, na tumulong sa lalaki, ay mula sa isang lahi na kinasusuklaman ng mga Judio (tingnan sa James E. Talmage, *Jesus the Christ* [Salt Lake City: The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints], p. 430–32).

- Anong alituntunin ang ipinakikita ng Samaritano sa kuwentong ito? Ito ang isa sa pinakamahalagang alituntunin na itinuro ng Tagapagligtas. (Pag-ibig sa kapwa-tao na nangangahulugang pagmamahal.)

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Elder Marion D. Hanks:

"Kamakailan lamang ay nagkaroon ako ng tanging karapatan na makilala ang isang batang lalaki na may sakit sa kanyang mga kalamnan at nerbiyos. . . . Palagi niyang ninanais na gawin ang mga bagay na ginagawa ng ibang mga bata. . . .

"Habang si Jay ay isang diyakono, ipinamahagi niya ang sakramento na kasama ang ibang mga diyakono sa kanyang purok. Hindi siya makalakad o makatayo sa sarili niyang mga paa, kaya ang tatay niya ay pumipila na kasama ang ibang mga batang lalaki, na

hinahawakan si Jay sa pamamagitan ng pagpupulupot ng kanyang mga bisig sa baywang ng batang lalaki at tinutulungan siyang hawakan ang lalagyan dahil sa hindi sapat ang lakas ng mga kamay niya upang alalayan ito. Sa gayon ay tinulungan si Jay ng tatay niya mula sa isang hanay tungo sa isang hanay habang ipinamamahagi niya ang sakramento. Ginampanan ni Jay ang tungkulin niya bilang isang diyakono sa pagtitipon din ng mga handog-ayuno. Binubuhat siya ng tatay niya sa pagbabahay-bahay. . . .

"Taglay ni Jay ang malakas niyang patotoo, at ang saloobin at pananaw niya ay kahanga-hanga. Nagbibigay siya ng mga talumpati at mahusay niyang nagagawa. Umawit na siya sa Simbahan, at palagi, kapag ginagawa niya ang mga bagay na ito, naroroon ang tatay niya upang hawakan siya sa kanyang mga bisig at nakatayo sa tabi niya at itinataguyod siya" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya sa Tahiti 1976, p. 10–11).

- Anong alituntunin ang ipinakikita ng amang ito sa anak niyang lalaki? (Pag-ibig.)

Ipaliwanag na ang pag-ibig na taglay ng amang ito para sa anak niyang lalaki ay ang taglay ng Tagapagligtas sa atin at ang inaasahan niyang tataglayin natin para sa iba. Ito ang pag-ibig sa kapwa-tao.

---

### Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Ang Dalisay na Pag-ibig ni Cristo

Banal na kasulatan, pisara at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang kahulugan ng pag-ibig sa kapwa-tao sa Moronias 7:47. Imungkahi na salungguhitan ng mga kabataang lalaki ang talatang ito.

- Ano ang sinasabi ni Moronias na pag-ibig sa kapwa-tao? (Ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.)

Isulat ang kahulugan na ito sa pisara: *Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay ang dalisay na pag-ibig ni Cristo.*

- Bakit sa palagay ninyo tinawag "dalisay na pag-ibig" ang pag-ibig sa kapwa-tao sa halip na "pag-ibig" lamang?

Ipaliwanag na ang pag-ibig sa kapwa-tao ay binibigyang kahulugan din sa Bagong Tipan. Ipabuklat sa mga kabataang lalaki ang 1 Mga Taga Corinto 13:4–6. Habang binabasa mo ang mga talatang ito, ipatukoy sa mga kabataang lalaki ang iba't ibang bahagi ng pag-ibig sa kapwa-tao. Ibuod ang mga natuklasan nila sa pisara.

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay mapagpahinuhod.*

- Ano ang kahulugan ng *mapagpahinuhod*? (Mapagtiis.)
- Paano tayo ginagawa na higit na katulad ng Tagapagligtas ng pagpapahinuhod? (Ang pag-ibig ni Cristo ay mapagtiis, maunawain, at walang-hanggan; ang atin ay dapat na maging katulad nito.)
- Kailan higit na pinakamahirap ang maging mapagtiis?
- Paano tayo magkakaroon ng higit na pagtitiis?

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay magandang-loob.*

- Kanino kayo lubos na pinakanadadaliang magmagandang-loob? Bakit?
- Paano natin matututuhang maging mabait sa lahat?

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi nananaghili.*

Si Bill ay napiling maging miyembro ng koponan ng basketbol ng paaralan. Si Allen, ang kapitbahay niya, na sumubok ding mapasali ay hindi napili.

- Ano ang maaaring maging karaniwang reaksiyon ni Allen? (Selos, pananaghili.)
- Paano siya kikilos kung mayroon siyang pag-ibig sa kapwa-tao? (Magiging masaya siya sa tagumpay ng kaibigan niya.)

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi nagmamapuri, hindi mapagpalalo.*

Nang kunin ni Robert ang kard niya, sinabi niya sa mga kaibigan niya, "Talagang hindi ko naman kailangang kunin ang kard ko. Palagi itong 95."

- Ano ang kahulugan ng *magmapuri*? (Magyabang.)
- Ano ang maaaring hindi kaibig-ibig sa pagyayabang? (Kapag nagmamalaki o nagyayabang tayo, sinasabi natin na higit na magaling tayo kaysa sa iba, o pinababa natin ang iba o sinasabi na hindi sila kasinggaling natin.)
- Paano kikilos ang isang tao na may pag-ibig sa kapwa sa ganitong kalagayan?

Ipaliwanag na ang pagyayabang ay kadalasang isang pagtatangka na gawing magmukhang higit na mahusay ang mga sarili natin kaysa sa ibang tao at kadalasang sumisira sa damdamin ng kapatiran at pagmamahal.

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi nag-uugaling mahalay.*

- Ano ang maaaring kahulugan ng "mahalay" na kilos? (Iyong bagay na bastos, mahalay o hindi tama o sumasalungat sa paggalang.)
- Bakit hindi nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa-tao ang asal na ito? (Kung tunay na mahal ng isang tao ang iba, hindi siya magiging bastos sa kanila.)

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi naghahanap ng kanyang sarili.*

Ang *hindi naghahanap ng kanyang sarili* ay nangangahulugan ng pagiging hindi makasarili.

- Anong mga paraan ang naiisip ninyo na maaaring magpakita ng pagiging hindi makasarili? (Magmungkahi ng mga paraan na makapaglilingkod sa iba ang mga kabataang lalaki sa tahanan, paaralan, simbahan, at pamayanan.)

Pagbigayin ng mga halimbawa mula sa tahanan o paaralan ang mga kabataang lalaki kung saan ang isang tao ay maaaring pumili na maging makasarili o hindi makasarili.

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi madaling galitin.*

Isang napakalamig na araw, nagmadali si Jeff upang hanapin ang amerikana niya. Nagmamadali siyang umalis hanggat maaari mula sa paaralan upang makapanood siya ng sine kasama ng kanyang mga kaibigan. Nang abutin ni Jeff ang amerikana niya, natagpuan niya na hindi ito nakasabit sa kanyang sabitan, at hindi niya makita ito saanman. Naghanap siya sa lahat ng dako at sa huli ay natagpuan ito matapos ang kalahating oras sa likod ng isang basurahan. Nang makauwi siya ay nakaalis na ang mga kaibigan niya. Habang malungkot siyang nakaupo sa harapan ng bahay nila, pinaikot-ikot ng kapit-bahay niyang si Danny ang ulo niya na may malaking ngiti at sinabing, "Jeff, nakita mo ba ang amerikana mo?" Si Danny ay palaging gumagawa ng kapilyuhan, ngunit hindi hanggang sa ngayon nalaman ni Jeff na maaaring hindi nakatatawa ang mga ito.

- Paano maaaring tumugon si Jeff sa kapilyuhan ni Danny?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kung si Jeff ay nagpapakita ng pag-ibig sa kapwa-tao kay Danny, hindi siya magagalit sa kanya, kahit na nasasaktan siya.

*Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay hindi nag-iisip ng masama.*

Ang mga halimbawa ng pag-iisip ng masama ay nasa paligid natin araw-araw.

- Ano ang maaaring kahulugan ng *pag-iisip ng masama*?

Hayaang magkaroon ng talakayan, at ituro na ang pag-iisip ng masama ay nangangahulugan ng dalawang bagay. Una, ito ay nangangahulugan ng pag-iisip ng mga marumi at hindi wastong kaisipan. Pangalawa, ito ay nangangahulugan ng pag-iisip na ang ibang tao ay palaging gumagawa at nagsasalita ng mga bagay para sa mga hindi matuwid na dahilan.

- Paano maaaring makaimpluwensiya sa inyong asal ang pag-iisip ng masama? ("Sapagkat kung ano ang iniisip niya sa loob niya, ay gayon siya" [Mga Kawikaan 23:7].)

*Ang pag-ibig ay hindi nagagalak sa kalikuan kundi nakikigalak sa katotohanan.*

- Ano ang kahulugan ng hindi magalak sa kalikuan?
- Bakit nagagalak sa kalikuan ang ilang tao?
- Bakit napakahalaga ng katotohanan sa ating buhay?

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na si Cristo ang dakilang halimbawa ng pag-ibig. Tinuruan niya tayo sa pamamagitan ng halimbawa kung paano mahalin ang ating kapwa. Ang pag-ibig sa kapwa-tao ay ang paraan ng pagmamahal niya sa atin. Ito ay ganap at dalisay. "Ito ay pag-ibig na lubhang naka-sentro sa katuwiran na ang may taglay ay walang hangarin o nais maliban sa walang-hanggang kapakanan ng sarili niyang kaluluwa at sa mga kaluluwa ng mga nakapaligid sa kanya" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 121). Ito ay mahalagang alituntunin na isagawa na tulad sa alinmang itinuro ni Cristo.

Banal na kasulatan at talakayan

Basahin ang 1 Mga Taga Corinto 13:1–3.

- Paano tayo magiging higit na mapagkawanggawa at mapagmahal?

Hayaan ang mga kabataang lalaki na sumagot, at pagkatapos ay tunghayan ang Moronias 7:48. Basahin, talakayin, at salungguhitan ang talatang ito.

---

**Ang Pag-ibig sa Kapwa-tao ay Paggawa at Pagdama**

Kuwento

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento ng pag-ibig sa kapwa-tao, na sinabi ni Kapatid na Les Goates tungkol sa sarili niyang ama at isinalaysay ni Obispo Vaughn Featherstone:

"Maagang dumating ang taglamig noong taong iyon [1918] at pinagyelo ang marami sa mga pananim na *sugar beet* sa lupa. Halos walang pag-asang sinisikap ng tatay ko at kapatid na lalaking si Francis na kunin mula sa mayelong lupa ang isang kargada ng mga *beet* bawat araw na binubungkal nila mula sa lupa, pinuputol ang mga talbos, at iniitsa ang mga *beet* nang isa-isa sa malaking pulang bagon ng beet at pagkatapos ay hinihila ang kargada patungo sa pagawaan ng asukal. Iyon ay mabagal at nakapapagod na gawain dahil sa hamog na nagyelo at sa kakulangan ng makakatulong sa bukid, dahil sa ang kapatid kong lalaki na si Floyd at ako ay nasa hukbo at si Francis, o Frans, kung tawagin siya ng lahat, ay napakabata para sa paglilingkod militar.

"Habang nasa gayong kaabalahan sila sa pag-aani ng tanging mapagkukunan ng salapi ng pamilya at naghahapunan isang araw, isang tawag sa telepono ang dumating mula sa pinakamatanda naming kapatid na lalaki, si George Albert, tagapamahala ng Paaralang Pang-industriya ng Estado sa Ogden [Utah, mga anim na milya ang layo] na nagdadala ng nakapanlulumong balita na si Kenneth, ang siyam na taong gulang na anak na lalaki ng kapatid naming si Charles, ang tagapamahala ng sakahan ng paaralan, ay dinapuan ng nakatatakot ng 'trangkaso', at pagkalipas lamang ng ilang oras ng matinding karamdaman, ay namatay sa kandungan ng ama niya; at pinakikiusapan si itay na magtungo sa Ogden at iuwi ang batang lalaki at ilibing siya sa lupa ng pamilya sa Himlayang Lehias [Utah].

"Pinaandar ng tatay ko ang luma niyang Chevrolet at nagtungo sa . . . Ogden upang iuwi ang maliit niyang apo at ilibing. Nang dumating siya sa tahanan, natagpuan niya si 'Charl' na nakahandusay sa tabi ng malamig na bangkay ng minamahal niya, na ang pangit na kulay tsokolateng inilalabas ng itim na salot ay dumadaloy mula sa mga tainga at ilong niya at talagang inaapoy ng lagnat.

" 'Iuwi na po ninyo ang anak ko,' ang ibinulong ng may sakit na batang ama, 'at ilibing siya sa lupa ng pamilya at balikan ninyo ako bukas.'

"Iniuwi ni tatay si Kenneth, ginawan ng kabaong sa kanyang gawaan, at si inay at ang mga kapatid naming babae na sina Jennie, Emma, at Hazel ay naglagay ng kutson at sapin sa loob nito, at pagkatapos ay umalis si itay na kasama si Franz at dalawang may magandang loob na kapitbahay upang maghukay ng libingan. Napakarami ang namamatay na ang mga pamilya ang kailangang magsagawa ng paghuhukay ng libingan. Isang maikling pagpupulong sa tabi ng libingan ang tanging pinahintulutan.

"Kababalik pa lamang ng mga tao mula sa sementeryo nang muling tumunog ang telepono at si George Albert (Bert) ang nasa linya na may isa pang nakatatakot na mensahe: Namatay si Charl at ang dalawa sa magaganda niyang anak na babae—si Vesta, 7, at si Elaine, 5—ay nasa malubhang kalagayan at ang dalawang sanggol—si Raeldon, 4 at Pauline, 3—ay may sakit.

“Ang mabubuti naming pinsan, ang mga Larkin na humingi ng tulong sa mga tao, ay nakakuha ng kabaong para kay Charl at ipinadala nila siyang pauwi sa isang bagon ng tren na sakayan ng mga bagahe. Kinuha ni itay at ng batang si Franz ang bangkay mula sa istasyon ng tren at inilagay sa harapan ng luma naming bahay sa bukid para sa isang biglaang pagdalaw ng mga kapitbahay, ngunit takot na lumapit ang mga tao sa bangkay ng isang biktima ng itim na salot. Samantala ay umalis si itay at si Francis na kasama ang mga kapitbahay upang ihanda ang libingan at iayos ang isang maikling pagpupulong kung saan ang dakila, maharlikang espiritu ni Chalres Hyrum Goates ay inihabilin sa pag-iingat ng Tagapaglikha niya.

“Nang sumunod na araw, ang matibay, hindi malulupig na matanda kong tatay ay tinawag sa isa pa sa mga malupit niyang misyon—sa pagkakataong ito ay upang iuwi si Vesta, ang palaging nakangiti na may makintab at maitim na buhok at malalaking kulay-asul na mata.

“Nang dumating siya sa tahanan, natagpuan niya si Juliett, ang puno ng kalungkutang ina, na nakaluhod sa tabi ng kuna ng ginigiliw na munting Elaine, ang sanggol na anghel na may mga kulay-asul na mata na may ginintuang kulot na buhok. Si Juliett ay pagod na pagod na humihikbi at nanalangin: ‘O, Ama sa Langit, huwag po sana ang isang ito, parang awa na po ninyo! Ipaubaya na po ninyo sa akin ang anak ko! Huwag na po ninyong kukunin ang alinman sa mga ginigiliw ko mula sa akin!’

“Bago makauwi si itay na kasama si Vesta ay muling dumating ang nakapanlulumong balita. Si Elaine ay pumanaw na upang samahan ang kanyang tatay, kapatid na lalaking si Kenneth, at kapatid na babaeng si Vesta. At dahil dito ay nagsagawa ulit ng isang nakapagdadalamhating paglalakbay si itay upang iuwi at ilibing ang pang-apat na miyembro ng pamilya niya na lahat sa loob ng buong linggo.

“Hindi tumunog ang telepono noong gabi ng araw na inilibing nila si Elaine ni wala nang mga malungkot na balita ng kamatayan kinaumagahan. Ipinalagay na nailigtas ni George A. at ang matapang niyang asawa na si Della, bagamat maysakit, ang mga sanggol na sina Raeldon at Pauline; at napakalaking ginhawa na si Pinsan Reba Munns, na isang nars, ay nakarating at nakatulong.

“Matapos ang agahan ay sinabi ni itay kay Frans, ‘Siya, anak, mabuti pa ay pumunta na tayo sa bukid at tingnan kung makakukuha pa tayo ng isa pang kargada ng mga beet mula sa lupa bago sila magyelo nang higit na mahigpit. Ihanda mo na ang sasakyan at humayo na tayo.’

“Si Francis ang nagpatakbo ng sasakyan na hila-hila ng apat ng kabayo pababa sa daanan ng garahe at sumakay si itay. Habang tinatahak nila ang Kalye Saratoga, nadaanan nila ang mga bagon-bagon na kargada ng mga *beet* na hinihila patungo sa pagawaan at pinatatakbo ng mga kapitbahay na magsasaka. Habang dumaraan sila, ang bawat nagpapatakbo ay kumakaway ng pagbati: ‘Kumusta, Tiyo George,’ ‘Talagang nalulungkot kami para sa iyo, George,’ ‘Talagang mahirap kung misan ang kapalaran, George,’ ‘Marami kang kaibigan, George.’

“Sakay ng huling bagon ang komedyante ng bayan, si Jasper Rolfe na may maraming pekas sa mukha. Kumaway siya ng masayang pagbati at sumigaw: ‘Iyon na ang lahat, Tiyo George!’

“Tumingin si itay kay Francis at sinabing: ‘Sana ay ating lahat iyon.’

“Nang dumating sila sa tarangkahan ng bukid, tumalon pababa ng malaking pulang bagon si Francis at binuksan ang tarangkahan habang papasok kami sa bukid. Pumarada siya, pinahinto ang mga kabayo, huminto nang saglit at pinagmasdang mabuti ang bukid, mula sa kaliwa patungo sa kanan at pabalik—at tingnan at masdan, wala ni isa mang *sugar beet* sa bukid. Pagkatapos ay luminaw sa kanya ang ibig sabihin ni Jasper Rolfe noong isinigaw niyang: ‘Iyon na ang lahat, Tiyo George!’

“Pagkatapos ay bumaba ng bagon si itay, kumuha ng sandakot ng mayaman, kulay tsokolateng lupa na labis niyang minahal, at pagkatapos sa walang hinlalaki niyang kaliwang kamay ay isang talbos ng *beet,* at saglit niyang tinitigan ang mga sagisag na ito ng kanyang paggawa, na tila hindi mapaniwalaan ng kanyang mga mata.

"Pagkatapos ay umupo si itay sa isang bunton ng mga talbos ng *beet*—ang lalaking ito na nag-uwi sa kanyang apat na minamahal sa buhay upang ilibing sa loob lamang ng anim na araw, gumawa ng mga kabaong, at tumulong pa sa damit pamburol—ang kahanga-hangang lalaking ito na hindi kailanman pinanghinaan ng loob, ni umurong, ni nag-alinlangan sa loob ng nakapagpapahirap na mahigpit na pagsubok na ito—ay umupo sa isang bunton ng mga talbos ng *beet* at humikbi na parang isang maliit na bata.

"Pagkatapos ay tumayo siya, pinunasan ang mga mata niya sa pamamagitan ng kanyang malaki, pulang bandanang panyo, tumingala sa langit, at sinabing, 'Salamat, Ama, sa mga elder ng aming purok' " (sa Conference Report, Abr. 1973, p. 46–48; o *Ensign,* Hulyo 1973, p. 36–37).

Talakayan

- Paano ipinakita ng amang ito ang pag-ibig niya sa kapwa-tao?
- Paano ipinakita ng mga kapitbahay niya ang kanilang pag-ibig sa kapwa-tao?
- Paano kayo pinagpala ng pag-ibig sa kapwa-tao ng iba?

---

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na sa pamamagitan ng paglilingkod sa iba na minamahal natin sila, at sa pamamagitan ng paggawa ay natututuhan nating tunay ang kahulugan ng pag-ibig sa kapwa-tao.

---

**MUNGKAHING GAWAIN**

Imungkahi ang sumusunod na gawain sa mga kabataang lalaki:

Tuwing umaga, maglagay ng ilang maliliit na bagay sa inyong kaliwang bulsa hanggang sa nakapagsagawa kayo ng isang gawain ng pag-ibig sa kapwa-tao (pagmamahal). Pagkatapos ay ilipat ito sa inyong kanang bulsa. Gawin ito sa loob ng buong linggo, at pagkatapos ay mag-ulat tungkol sa mga bunga ng inyong mga pagsisikap sa susunod ninyong pulong na pagkasaserdote.

# 31 Kapatawaran

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na sa pamamagitan ng pagpapatawad sa iba ay makapamumuhay siya nang may higit na lubos na pakikipagkaisa sa Ama sa Langit, sa kanyang sarili, at sa kanyang kapwa-tao.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Maaari mong naisin na paunang atasan ang ilang mga kabataang lalaki na isadula ang talinghaga sa Mateo 18:23–35 sa halip na basahin lamang ito.

**PAALALA**

Nagpapatawad ang Diyos. Marahil ay walang mensahe sa lahat ng banal na kasulatan ang higit na malakas. Nililinaw rin ng mga banal na kasulatan na kung tayo ay magiging tulad niya ay kailangan din nating magpatawad. Mangyari pa, ang kapatawaran ng Diyos ay dumarating bilang bunga ng ating pagsisisi, ngunit para sa atin "kinakailangang magpatawad sa lahat ng tao" (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 64:10). Sa pamamagitan ng araling ito, dapat na pagpasiyahan ng mga kabataang lalaki na isagawa ang alituntunin ng kapatawaran bawat araw. Sa panahong ito, maaaring kakaunti pa lamang ang kailangan nilang patawarin, ngunit dapat nilang madama na anuman ang pagkakasala, mapatatawad at patatawarin nila ang nagkasala.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Mga pinag-aaralang kalagayan at talakayan

Ilarawan ang isa o higit pa sa mga sumusunod na kalagayan. Pagkatapos ay tanungin ang mga kabataang lalaki kung ano ang gagawin nila kung sila ay nasa kalagayang iyon. Talakayin ang mga reaksiyon nila.

1. Naiwan ni Jon ang pitaka niya sa bulwagang pangkalinangan matapos ang isang laro sa basketbol. Nang bumalik siya upang kunin ito, wala na ito. Nang sumunod na araw, si Cris, na kalilipat lamang sa purok ay nagtungo sa tahanan nina Jon. Inamin niya ang pagkuha sa pitaka. Isinauli niya ito na sinasabing nagsisisi siya. Hiningi niya kay Jon na patawarin siya. Sinabi ni Jon, "Maaasahan mo, limot na iyon." Nang sumunod na araw si Jon ay nakikipag-usap sa ilang mga kaibigan. Isa sa kanila ang nagtanong kung may nakakikilala kay Cris.
2. Sinabi ni Jeff sa kaibigan niyang si Chad na talagang gusto niya si Kathy. Nagtiwala siya kay Chad na ililihim ito. Pagkaraan ay naulinigan ni Jeff si Chad na nagsasabi sa matalik na kaibigan ni Kathy. Hindi lamang iyon, sinabi rin ni Chad sa kanya ang ilang mga bagay tungkol kina Jeff at Kathy na hindi totoo.
3. Kailangang linisin ni Cameron at ng kapatid niyang lalaki ang silid nila bago magtungo kung saan-saan kapag Sabado. Noong Sabado ng umaga, inayos ni Cameron ang silid. Nang hapong iyon ay niyaya siya ng mga kaibigan niya na manood ng sine. Nang pumunta ang nanay niya upang tingnan ang silid, natagpuan niya itong magulo. Alam ni Cameron na tiyak na ang kapatid niyang lalaki ang nagkalat, ngunit nagkunwari ang kapatid niya na wala siyang alam tungkol dito. Dahil wala ni isa man sa mga batang lalaki ang umaamin sa pagkakalat, sinabi ng nanay nila na pareho silang kailangang manatili sa bahay nang araw na iyon.

### Upang Mapatawad, Kailangan Nating Patawarin ang Iba

Talinghaga at talakayan

Basahin (o isadula) at talakayin ang talinghaga ng hindi mapagpatawad ng alipin, na matatagpuan sa Mateo 18:23–35. Upang tulungan ang mga kabataang lalaki ng higit na maunawaan ang talinghaga, ituro ang pagkakaiba sa dalawang pagkakautang. Ito ay tila hindi mapapatawad ng alipin ang utang na isang dolyar matapos siyang patawarin ng hari sa anim na raang libong dolyar.

- Sino ang kinakatawan ng hari sa talinghaga? (Ang ating Ama sa Langit.)
- Sino ang kinakatawan ng walang habag na alipin? (Ang bawat isa sa atin. Tayong lahat ay nagkasala at may utang sa Panginoon.)
- Sino ang kinakatawan ng ibang alipin? (Sinuman na nagkasala sa atin.)
- Ano ang itinuturo sa atin ni Jesus sa talinghagang ito? (Na kailangan nating patawarin ang iba kung nais nating patawarin tayo ng Diyos.)
- Bakit mahalaga na magpatawad sa iba?
- Ano ang nadarama ninyo kapag pinatawad ninyo ang iba?

Sipi

"Siya na hindi magpapatawad sa iba ay pumuputol sa tulay na kailangan niya mismong tahakin" (Spencer W. Kimball, *The Miracle of Forgiveness* [Salt Lake City: Bookcraft, 1969], p. 269).

- Paano nakapipinsala sa ating espirituwal ang hindi pagpapatawad?

Basahing muli ang Mateo 18:34–35.

- Paano kung ang tao na nagkasala sa inyo ay hindi humingi ng inyong kapatawaran? Bakit dapat mo pa rin siyang patawarin kahit na ayaw niyang magsisi?

Sipi at talakayan

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang isang karaniwang pagkakamali ay ang ideya na kailangang humingi ng tawad ang nagkasala at ipagpakumbaba ang sarili niya sa alikabok bago hingin ang kapatawaran. Walang-alinlangan, ang nakasakit ang dapat na ganap na gumawa ng kanyang pagwawasto, ngunit para sa ginawan ng kasalanan, kailangan niyang patawarin ang nagkasala anuman ang saloobin ng isa. . . .

"Oo, upang maging tama, kailangan nating magpatawad, at kailangan nating gawin ito nang hindi isinasaalang-alang kung nagsisi o hindi ang ating [kaaway], o kung gaano katapat ang kanyang pagbabago, o kung hinihingi niya o hindi ang ating kapatawaran" (*The Miracle of Forgiveness*, p. 282–283).

- Ano ang kahulugan ng pangungusap na ito ni Pangulong Kimball sa inyo?

### Ang Kapatawaran ay Nagbibigay ng Daan Upang Makapamuhay Tayo Sa Pagkakaisa sa Diyos, sa Ating Sarili, at sa Iba

Mga pinag-aaralang kalagayan at talakayan

Maikling pagbalik-aralan ang mga pinag-aaralang kalagayan na inilahad mo sa simula ng aralin. Para sa bawat pinag-aaralang kalagayan, magtanong ng katulad ng mga sumusunod:

- Kung tunay na pinatawad ninyo ang ibang tao, ano ang gagawin ninyo?
- Ano ang madarama ninyo sa ibang tao?
- Ano ang madarama ninyo sa inyong sarili?
- Ano ang madarama ninyo kung hindi ninyo siya pinatawad?
- Kung hindi niyo siya pinatawad, matapat ba ninyong maaasahan na patatawarin kayo ng inyong Ama sa Langit sa inyong mga kasalanan?

Sipi

"Hindi lamang ang ating walang-hanggang kaligtasan ang nababatay sa ating pagiging handa at kakayahang magpatupad ng mga kamaliang ginawa laban sa atin. Ang kagalakan at kasiyahan natin sa buhay na ito, at ang tunay nating kalayaan, ay nababatay sa ating paggawa nito. . . .

"Kahit na tila ang isang tao ay maaaring karapat-dapat sa ating galit o pagkapoot, wala ni isa man sa atin ang makakakayang bayaran ang halaga ng pagkakaroon ng galit o poot, dahil sa ginagawa nito sa atin. . . .

"Tinutulungan tayo ng Diyos na alisin sa ating sarili ang galit at kakitiran ng isip at hangal na kapalaluan; upang magmahal, at magpatawad, upang tayo ay maging kaibigan ng ating mga sarili, ng iba, at ng Panginoon" (Marion D. Hanks, "Even as Christ Forgave,' " *New Era*, Hunyo 1974, p. 6).

- Ano ang nangyayari sa atin kapag hindi tayo nagpatawad, kapag tayo ay nagtatanim ng sama ng loob? (Pinupuno tayo nito ng galit at kapalaluan. Ginagawa nitong higit na mahirap ang magmahal sa iba. Sinisira nito ang ating kaugnayan sa ating Ama sa Langit.)

Kuwento at talakayan

Ipaliwanag na ang bawat isa sa atin ay minsan nang nasaktan o ginawan ng kasalanan.

Mapatatawad ba ninyo ang isang tao na may-kagagawan sa pagkamatay ng isang miyembro ng inyong pamilya? Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig nang mabuti sa sumusunod na kuwento upang matuklasan ang epekto ng kapatawaran sa ating pakikipag-ugnayan sa ating sarili, sa Diyos, at sa iba.

Si Corrie ten Boom at ang kapatid niyang babae na si Betsie ay hinuli dahil sa pagtatago ng mga Judio sa kanilang tahanan noong pananakop ng mga Nazi sa Olanda noong ikalawang Digmaang Pandaigdig. Ipinadala sila sa kampo ng mga bihag sa Ravensbrusk. Doon ay nakita ni Corrie na namatay ang kapatid niyang babae mula sa hindi makataong kalupitang pagtrato na tinanggap nila.

Pagkatapos ng digmaan, si Corrie ay bumalik sa Alemanya "na dala ang mensahe na nagpapatawad ang Diyos." Saanman siya nagtalumpati ay ipinaliwanag niya na, kapag ipinagtapat natin ang ating mga kasalanan at nagsisi, "Itinatapon ng Diyos ang mga ito sa pinakamalalim na karagatan, na naglalaho magpakailanman."

Pagkatapos ng isa sa mga talumpati niya, isang lalaki ang lumapit upang makipag-usap sa kanya. Nakilala niya siya bilang isa sa mga tanod sa kampo ng mga bihag. Tumayo siya sa harapan niya, iniabot ang kanyang kamay, at sinabing: "Napakagaling na mensahe, Frauline! Napakainam malaman, na katulad ng sinabi mo, na ang lahat ng mga kasalanan natin ay nasa kailaliman ng dagat!"

Inaalala niya ang kanyang reaksiyon:

"Ako, na nagsalita nang matamis tungkol sa kapatawaran, ay kumapa-kapa sa aking aklat na maliit sa halip na kunin ang kamay na iyon. Hindi niya ako matatandaan, tiyak—paano niya matatandaan ang isang bilanggo na kabilang sa libu-libong babaeng iyon?

"Ngunit natandaan ko siya at ang yari sa balat na hawakan ng latigo na umiindayog sa sinturon niya. Kaharap ko ang isa sa aking mga tagabihag at ang dugo ko ay tila huminto.

" 'Binanggit mo ang Ravensbruck sa iyong talumpati,' ang sinasabi niya, 'Ako ay naging isang tanod doon.' Hindi, hindi niya ako natatandaan.

" 'Ngunit mula noong panahon na iyon,' ipinagpatuloy niya, 'Ako ay naging Kristiyano. Alam ko na pinatawad ako ng Diyos sa mga malupit na bagay na ginawa ko roon, ngunit nais ko ring marinig sa iyong mga labi. Fraulein,'—muli ay iniabot niya ang kanyang kamay—'patatawarin mo ba ako?' "

- Ano ang madarama ninyo sa ganoong kalagayan? Ano ang gagawin ninyo? Makapagpapatawad ba kayo?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pasalungguhitan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 64:9–11.

- Sino ang sinasabi ng Panginoon na kailangan nating patawarin? (Lahat.)
- Kung hindi tayo magpapatawad, sino ang may higit na mabigat na kasalanan? (Tayo.)
- Ano ang mangyayari kung hindi pinatawad ni Corrie ten Boom ang nagpahirap sa kanya?

Karugtong ng kuwento

Ipinagpatuloy niya:

"Nakatayo ako roon—ako na ang mga kasalanan ay paulit-ulit na kailangang mapatawad—at hindi makapagpatawad. Si Betsie ay namatay sa pook na iyon—mapapawi ba niya ang kanyang mabagal, kakila-kilabot na kamatayan sa pamamagitan ng paghingi lamang ng kapatawaran?

"Marahil ay hindi maraming segundo ang lumipas na nakatayo siya roon—na iniaabot ang mga kamay—ngunit parang mga oras ang lumipas sa akin habang nakikipagtunggali ako sa pinakamahirap na bagay na gagawin ko kailanman.

"Sapagkat kailangan kong gawin ito—alam ko iyon. Ang mensahe na nagpapatawad ang Diyos ay may unang kondisyon: na patatawarin natin ang mga nakasakit sa atin. 'Kung hindi niyo patatawarin ang mga tao sa kanilang mga pagkakasala,' sinasabi ni Jesus, 'hindi rin patatawarin ng inyong Ama sa Langit ang inyong mga kasalanan.'

"Alam ko ito hindi lamang bilang isang kautusan ng Diyos, kundi bilang isang pang-araw-araw na karanasan. Mula nang matapos ang digmaan ay nagkaroon ako ng tahanan sa Olanda para sa mga biktima ng kalupitan ng mga Nazi. Ang mga nakapagpatawad sa mga dati nilang kaaway ay nakabalik din sa umiiral na daigdig at muling nakapagtayo ng kanilang mga buhay, anuman ang mga naging pisikal na pilat. Ang mga nagpanatili ng kanilang poot ay nanatiling mga walang-silbi. Ganoon kasimple at kakila-kilabot iyon.

"At nakatayo pa rin ako roon na saklaw ng kalamigan ang aking puso. Ngunit ang kapatawaran ay hindi isang damdamin. Ang kapatawaran ay isang pagkilos ng kalooban, at ang kalooban ay makagagawa anuman ang temperatura ng puso . . . 'Saklolo! Ang tahimik kong ipinalangin. 'Maiaabot ko po ang kamay ko. Gayon lamang ang magagawa ko. Kayo po ang magkaloob ng damdamin.'

"At kaya mala-kahoy, mala-makina, iniabot ko ang kamay ko sa nakaabot sa akin. At habang ginagawa ko, isang hindi kapani-paniwalang bagay ang nangyari. Ang kuryente ay nagsimula sa aking balikat, mabilis na bumaba sa aking bisig, dumaloy sa magkadikit naming mga kamay. At pagkatapos ang nakapaghihilom na init na ito ay tila bumabalot sa aking buong katawan, na nagdudulot ng mga luha sa aking mata.

" 'Pinatatawad kita, kapatid!' ang inihiyaw ko. 'Nang buong puso ko!'

"Sa loob ng mahabang saglit ay mahigpit naming hinawakan ang kamay ng isa't isa, ang dating tanod at ang dating bilanggo. Hindi ko kailanman nalaman nang labis ang pagmamahal ng Diyos, na katulad sa nadama ko noon" (hinalaw mula sa "I'm Still Learning to Forgive," ni Coorrie ten Boom; muling inilimbag sa pahintulot ng *Guideposts Magazine*; © karapatang-sipi 1972 ng Guideposts Associates, Inc., Carmel, New York 10512).

---

**Katapusan**

Hamon

Hilingan ang mga kabataang lalaki na mag-isip ng isang tao na nakasakit o nagkasala sa kanila o kung kanino sila may sama ng loob. Hamunin sila na manalangin at hangarin na patawarin ang taong ito sa loob ng darating na linggo.

# 32 Pagpapaunlad sa Mga Kaloob ng Espiritu

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magnanais na gamitin ang kanyang mga espirituwal na kaloob upang makatulong sa kanyang sarili, pamilya at iba.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Tatlong piraso ng papel at tatlong lapis
2. Maghanda ng isang saradong kahon, o maging handang maglarawan ng isa sa pisara.
3. Pag-aralan ang 1 Mga Taga Corinto 12; Moronias 10:8–18; at Doktrina at Mga Tipan 46:8–29.

**PAALALA**

Ang mga espirituwal na kaloob ay ipinagkakaloob sa mga miyembro ng Simbahan upang ang lahat ay makinabang. Maraming kabataang lalaki sa Simbahan ang maaaring nag-aalinlangan na taglay nila ang mga ganitong espirituwal na kaloob. Kailangang makadama ng katiyakan ang bawat kabataang lalaki na binigyan siya ng kaloob. Kailangan niyang madama na sa pamamagitan ng pagtitiis at pagsisikap ay makatutuklas at makapagpapaunlad siya ng mga kaloob upang pagpalain ang sarili niyang buhay at ang buhay ng mga nasa paligid niya.

Malayang magsalaysay ng mga karanasan mula sa iyong sariling buhay tungkol sa mga espirituwal na kaloob. Magtiwalang gagabayan ka ng Espiritu Santo habang ibinabahagi mo ang mga ganitong karanasan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento

Basahin ang sumusunod na kuwento ni Matthew Cowley, na sa huli ay naging isang apostol. Sa gulang na labimpito, si Elder Cowley ay tinawag sa isang misyon sa New Zealand, kung saan kinailangan niyang pag-aralan ang wikang Maori. Ito ang sinabi ni Elder Cowley tungkol sa karanasang iyon:

"Lubhang naaalala ko na bilang isang batang lalaki lamang—nag-iisa ako sa loob ng tatlong buwan na walang kasama, na hindi nakauunawa ng katutubong wika—kung paano ako nagtutungo sa kakahuyan tuwing ika-anim ng umaga at nag-aaral sa loob ng labing-isang oras at nag-aayuno at nananalangin. Sa huli, sa loob ng labing-isa o labindalawang linggo at nag-iisa na walang misyonero upang magpalakas ng loob ko, nagkaroon ako ng lakas ng loob na tumayo sa harap ng isang grupo ng katutubo at ipangaral ang ebanghelyo sa sarili nilang wika. Gumagamit ako ng mga salita na hindi ko kailanman nabasa o narinig, at may pag-iinit sa aking dibdib na ang katulad niyon ay hindi ko pa kailanman nadama noon ni mula sa tanang buhay ko. Ang isipan ko ay hindi tila isang bata. Ang kapangyarihan ng Diyos ay nangungusap sa pamamagitan ko bilang isang kabataan, na labimpitong taong gulang" (sa Henry A. Smith, *Matthew Cowley—Man of Faith* [Salt Lake City: Bookcraft, 1954], p. 48).

Ipaliwanag na ang kuwentong ito ay nagbibigay ng halimbawa ng isa sa mga kaloob ng Espiritu, o isang espirituwal na kaloob.

### Ang Bawat Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay Binigyan ng Espirituwal na Kaloob

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa o ipaulit mula sa alaala sa isang kabataang lalaki ang ikapitong saligan ng pananampalataya. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 46:11–12. Himukin ang lahat ng mga kabataang lalaki na salungguhitan ito.

- Sino ang binigyan ng kaloob sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos?
- Ano ang layunin ng kaloob?

Gawain sa banal na kasulatan

Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Ibigay sa bawat pangkat ang isa sa mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan:

Pangkat 1: 1 Mga Taga Corinto 12:4–11

Pangkat 2: Moronias 10:8–18

Pangkat 3: Doktrina at Mga Tipan 46:8–29

Magbigay ng isang piraso ng papel at lapis sa bawat pangkat, at hilingan ang mga kabataang lalaki ng gumawa ng talaan ng mga espirituwal na kaloob na matatagpuan sa kanilang sanggunian. Himukin ang mga kabataang lalaki na salungguhitan ang mga sanggunian sa kanilang mga banal na kasulatan. Pagkatapos gumawa ng kanilang mga talaan ang mga kabataang lalaki, isulat ang iba't ibang mga espirituwal na kaloob sa pisara habang binabasa nila ang mga ito mula sa kanilang mga talaan. Hindi kailangan na isulat ang bawat espirituwal na kaloob nang higit sa isang ulit. Gayunman, maaari mong naisin na ituro kung ilang ulit binanggit ang bawat kaloob.

Ang sumusunod na talaan ay maaaring makatulong habang tinatalakay ninyo ang mga espirituwal na kaloob:

| | |
|---|---|
| Paghahayag | Pananampalataya upang magpagaling |
| Patotoo | Pananampalataya upang gumaling |
| Paghuhusga | Mga himala |
| Kaalaman | Propesiya |
| Karunungan | Mga pangitain |
| Pagtuturo | Pagkilala sa mga espiritu |
| Masidhing panghihikayat | Pagsasalita ng mga wika |
| Pangangaral | Pagpapakahulugan ng mga wika |

### Maaaring Malaman ng Bawat Kabataang Lalaki Kung Ano ang Mga Espirituwal na Kaloob Niya

Pakay-aralin at talakayan

Ilagay ang kahon na dinala mo sa ibabaw ng isang lamesa o upuan sa harap ng silid-aralan, o gumuhit ng isang paglalarawan ng kahon sa pisara.

- Ano ang dalawang paraan upang malaman ninyo kung ano ang nasa loob ng kahon? (Mga maaaring sagot: buksan ang kahon, tanungin ang tao na naghanda ng kahon.)

Sa gayong paraan din ay matutuklasan natin ang ating mga espirituwal na kaloob.

- Paano ninyo matutuklasan kung aling mga espirituwal na kaloob ang nasa inyo na ngayon o ipagkakaloob sa inyo? (Sa pamamagitan ng karanasan—pagbukas ng kahon; o paghahayag—pagtatanong sa naghanda ng kaloob.)
- Ano ang ilan sa mga tiyak na paraan na matutuklasan natin ang ating mga kaloob? (Ang mga maaaring sagot ay kinabibilangan ng manalangin at mag-ayuno; kumuha at madalas na basahin ang ating basbas patriyarkal, na maaaring magpahiwatig ng mga espirituwal na kaloob; pansinin kung ano ang tila likas na dumarating sa atin; tanggapin ang mga tawag na nagmumula sa mga pinunong pagkasaserdote; punahin ang mga papuri na tinanggap natin mula sa iba; tanggapin ang pagbabasbas ng ama.)

Ituro na ang mga espirituwal na kaloob ng bawat kabataang lalaki ay maaaring hindi pa madaling mapansin sa panahong ito. Maaari rin silang mabigyan ng iba pang mga espirituwal na kaloob, habang dumarating ang pangangailangan. Kung ginamit mo ang kuwento ni Matthew Cowley, ituro na labimpitong taon siya bago binigyan ng kaloob ng mga wika. Ito ay dumating sa pamamagitan ng pananampalataya, pag-aayuno, at panalangin, at dahil kailangan ng Panginoon na taglayin ni Elder Cowley ang kaloob noong panahon na iyon.

---

### Ang Mga Espirituwal na Kaloob ay Ibinigay Para sa Ating Kapakinabangan at Gayon Din sa Iba

Mga kuwento at talakayan

Hindi magiging sapat ang oras upang talakayin nang husto ang bawat kaloob. Gumugol ng ilang minuto na pinag-uusapan ang mga kaloob sa mga sumusunod na kuwento. Pagkatapos ng bawat isa, talakayin ang mga sumusunod na tanong:

1. Anong kaloob ang ibinigay?
2. Paano nakinabang ang tao na maytaglay ng kaloob?
3. Anong kapakinabangan ang natanggap ng iba?

*Ang Kaloob ng Propesiya*

Si Reed Smoot, na isang senador ng Estados Unidos mula sa Utah mula 1903 hanggang 1933, ay isang maliit na bata nang marinig niya si Brigham Young na magpropesiya na tunay na natupad pagkaraan ng ilang mga taon.

"Si Brigham Young ay dumating sa Provo, at sinabi sa isang pulong sa komperensiya, na darating ang araw na ang tinig ng tao ay maririnig mula New York hanggang San Franciso. . . .

"Dinala siya ng nanay niya sa pagpupulong na ito, at habang pauwi ay sinabi niya (na tinutukoy ang sinabi ni Pangulong Brigham Young), 'malaking kasinungalingan iyon. Tiyak na hindi maaaring mangyari iyon. Hindi maaari iyon.' Sinabi ng nanay niya, na isang babae na may lubhang matinding pananampalataya, sa kanyang anak, 'Oo, mabubuhay ka upang makita ang katuparan ng sinabi ng Pangulo ngayon.' Hindi niya pinaniwalaan ito. Lumipas ang panahon at habang nasa Senado siya ng Estados Unidos, isang kagamitan para sa pagsasahimpapawid ang itinayo upang kayo ay makapagsalita mula New York hanggang San Francisco. Isa sa mga kasamahan niya sa Senado ang namahala sa proyektong ito at nang matapos ito at ipagdiriwang nila ang dakilang pangyayari, inanyayahan niya si Senador Smoot na dumating sa Lungsod ng New York at maging ang unang tao na magsasalita sa natapos na himpilan, na ginawa niya, at ang tinig niya ay narinig nang malinaw at natatangi sa kabilang bahagi ng kontinente.

"Sa gayon ay nabuhay siya upang tunay na isakatuparan ang pangako ng Pangulong Brigham Young sa Provo noong mga naunang taon" (Bryan S. Hinckley, *The Faith of Our Pioneer Fathers* [Salt Lake City: Deseret Book Co. 1956], p. 207).

*Ang Kaloob na Pananampalataya Upang Gumaling*

Ang sumusunod na kuwento ay nagsasalaysay tungkol sa pananampalataya ng isang kabataang lalaki ng Olandes na gumaling sa pagdalaw ni Pangulong Joseph F. Smith sa Olanda noong 1906:

Ikapitong araw ng Agosto, 1906, noong si Pangulong Smith, at ang kanyang mga kasama ay dumating sa Rotterdam, na sakay ng bangka mula sa Antwerp dalawang araw na ang nakararaan. May nakatira sa lungsod na isang batang lalaki na labing-isang taong gulang, na John Roothoff ang pangalan, na labis nang nagdusa ng mga ilang taon dahil sa kanyang mga mata. Ang nanay niya ay isang matapat na miyembro ng Simbahan at gayon din ang batang lalaki, na unti-unting nawawalan ng kanyang paningin at hindi nakadadalo sa paaralan. Sinabi ng batang lalaki sa kanyang ina: 'Ang Propeta ang pinakamakapangyarihan sa kaninumang misyonero sa ibabaw ng lupa. Kung isasama po ninyo ako sa pagpupulong at titingnan niya ang aking mga mata, naniniwala ako na gagaling ang mga ito.' Ayon sa nais

niya ay pinahintulutan siya na samahan ang kanyang ina sa pagpupulong. Sa pagtatapos ng pagpupulong, katulad ng nakaugalian, si Pangulong Smith ay lumakad patungo sa pintuan at nagsimulang makipagkamay at may panghihikayat na makipag-usap sa mga tao habang dumaraan sila sa pasilyo. Habang papalapit sa kanya si John Roothoff, na inaakay ng nanay niya at nakapiring ang kanyang mga mata, hinawakan siya sa kamay ni Pangulong Smith at magiliw siyang kinausap. Pagkatapos ay bahagya niyang iniangat ang piring at may pagdamay na tiningnan ang mga namamagang mata, at sa sandali ring iyon ay may sinasabi sa Ingles na hindi naunawaan ng bata. Gayunman ay nasiyahan siya. Si Pangulong Smith ay kumilos ayon sa pananampalataya ng batang lalaki; at ayon sa pananampalataya niya ay nangyari ito. Nang dumating siya ng bahay ay sumigaw siya nang may kagalakan: 'Inay maigi na ang mga mata ko; wala na akong nararamdamang sakit. Malinaw na akong nakakikita ngayon, at maging sa malayo.' Pagkatapos ng pangyayaring ito ay muling nakapasok sa paaralan ang batang lalaki" (Joseph Fielding Smith, tinipon, *Life of Joseph F. Smith* [Salt Lake City: Deseret News Press, 1938], p. 397).

*Ang Kaloob na Patotoo*

Ang sumunod na kuwento ay nagsasalaysay kung paano pinagpala ng patotoo tungkol sa ebanghelyo ang dalawang kabataang lalaki:

"Isang araw [ang kaibigan ko] na si Don ay tumawag upang sabihin na [ang aming pangulo na istaka] ay nakahandang magbayad sa amin sa buong tag-araw upang magtrabaho bilang mga minero sa kanyang minahan ng uranyum malapit sa Uravan, Colorado. Kaagad akong sumang-ayon. . . .

"Mahirap ang gawain, ngunit ikinasiya namin ito, at kapag Sabado ay . . . nagtutungo kami pabalik sa Grand Junction upang dumalo sa simbahan. Sa daan ay nagtanong si Don, 'Bob, may patotoo ka ba?'

"Umiling ako. 'Wala, sa palagay ko ay wala.'

"Nabasa mo na ba ang Aklat ni Mormon?'

" 'Hindi pa.'

" 'Ako man,' ang sabi niya. 'Bakit hindi natin basahin ito nang magkasama at tingnan kung magkakaroon tayo ng patotoo?'

"Magandang panukala iyon sa akin, at kaya nang bumalik kami sa Uravan noong Linggo ng gabi, kapwa kami kumuha ng isang kopya ng Aklat ni Mormon. Araw-araw pagkatapos ng trabaho ay gumugol kami ng isang oras o dalawa sa pagbabasa, pagtatalakay, at pananalangin tungkol sa nabasa namin.

"Isang gabi, habang lumalapit kami sa katapusan ng Aklat ni Mormon, si Don at ako ay nanalangin nang magkasama na katulad sa kinagawian, pagkatapos ay lumuhod ang bawat isa sa amin at tahimik na nanalangin. Nang gabing iyon ay higit akong nanalangin nang taimtim kaysa kailanman upang malaman kung ang Aklat ni Mormon ay totoo.

"Bigla, isang hindi maipaliwanag na damdamin ang napasa akin, isang nagpapadalisay na damdamin, tila ang espiritu ko ay hinuhugasan, nililinis, at dinadalisay. Ang damdamin ay napakalakas na iminulat ko ang aking mga mata at tumingala, na halos umaasa na makakikita ng mga makalangit na persona. Ngunit lumabo ang aking mga mata, at dumaloy ang mga luha sa aking mga pisngi.

"Nahihiya, pumihit ako upang tingnan kung nananalangin pa si Don. Nagulat ako nang makita na dumadaloy rin ang mga luha sa kanyang mga pisngi.

" 'Ano ang nangyayari sa iyo?' ang tanong ko.

" 'Katulad ng nangyayari sa iyo.'

"Nang gabing iyon . . . natuklasan ko na ang Simbahan ay totoo, na si Joseph Smith ay isang propeta, at na sinasagot ng Panginoon ang mga panalangin" (Robert M. Hogge, "A Friend in Christ," *Ensign*, Okt. 1992, p. 25–26).

Sipi

"Ang mga kaloob at pagkakataon natin ay magkakaiba; ang ilan ay higit na nakikita. . . . Tayong lahat ay may isa man lamang kaloob at isang malayang paanyaya na 'masigasig na hangarin ang pinakamaiinam na kaloob.' (Doktrina at Mga Tipan 46:8)" (Neal A. Maxwell, sa Conference Report, Okt. 1976, p. 15; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 14).

- Hinimok tayo na masigasig na hangarin ang pinakamaiinam na kaloob. Paano natin hahangarin ang mga ito?

Ang mga maaaring sagot ay kabibilangan ng—

1. Hilingin ang kaloob sa pamamagitan ng panalangin.
2. Mag-ayuno para sa kaloob.
3. Pag-aralan ang tungkol sa kaloob sa mga mensahe ng mga pinuno ng Simbahan.
4. Sanaying gamitin ang kaloob.
5. Pagmasdan ang mga maytaglay ng kaloob.
6. Sundin ang mga kautusan at gamitin ang mga kaloob na taglay na natin.
7. Magkaroon ng pananampalataya na ibibigay sa atin ng Panginoon ang kaloob.
8. Paglingkuran ang iba.

---

**Katapusan**

Sipi

"[Ang layunin ng mga espirituwal na kaloob] ay upang paliwanagin, palakasin ang loob, at pasiglahin ang mga nananampalataya upang mamana nila ang kapayapaan sa buhay na ito at mapatnubayan tungo sa buhay na walang-hanggan sa darating na buhay. Ang pagkakaroon ng mga ito ay katunayan ng kabanalan ng gawain ng Panginoon; kung saan sila hindi natatagpuan, wala roon ang Simbahan at kaharian ng Diyos. Ang pangako ay hindi sila kailanman mawawala hanggang sa ang daigdig, ay nagpapatuloy sa kasalukuyan niyang kalagayan, maliban sa kawalang paniniwala (Moro. 10:19)" (Bruce R. McConkie, *Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 314).

Patotoo at hamon

Magbigay ng iyong patotoo, at magbahagi ng iyong mga nadarama tungkol sa mga espirituwal na kaloob. Hamunin ang mga kabataang lalaki na—

1. Hangaring tuklasin kung anong mga espirituwal na kaloob ang ibinigay na sa kanila.
2. Talakayin ang mga nadarama nila tungkol sa mga espirituwal na kaloob sa Ama sa Langit.
3. Talakayin ang mga nadarama nila tungkol sa mga espirituwal na kaloob sa kanilang mga magulang.
4. Kilalanin at pahalagahan ang mga espirituwal na kaloob na ibinigay sa iba.

# Maghangad ng Karunungan

# 33

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makakikilala na ang pagpapaunlad at pagpapalawak na kanyang isipan ay nakadaragdag sa kanyang pang-unawa at kasiyahan sa mga tao, pook, at daigdig at tumutulong na ihanda siya upang makatulong sa sambayanan at sa Simbahan.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
3. Lapis at papel para sa bawat kabataang lalaki.

**PAALALA**

Ang isipan ay sinasariwa, pinalalawak, at pinasisigla ng pag-aaral. Gunitaing muli ang mga karanasan sa pag-aaral na natagpuan mong kapaki-pakinabang—noong una mong matutuhan ang tungkol sa kalawakan ng sansinukob, o naunawaan kung paano gumana ang elektrisidad, o tunay na nadama ang kagandahan ng isang tula, o nadama ang kapangyarihan ng isang dakilang likha ng sining. Sa araling ito, hangaring gisingin ang mga kabataang lalaki sa kagalakan ng pagkatuto sa pamamagitan ng pagtulong sa kanila na maunawaan na inutusan sila ng Diyos na mag-aral at ang kaligayahan ay napag-iibayo sa pamamagitan ng pag-aaral.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento at talakayan

Basahin ang sumusunod na kuwento, o isalaysay ito sa sarili mong salita:

Ang kahanga-hangang Amerikanong siyentipiko na si George Washington Carver (1864–1943) ay may masidhing paghahangad sa karunungan. Sa gulang na walo, ang maliit, payat na anak ng mga dating alipin ay may malaking halamanan ng mga hindi pangkaraniwang bulaklak at halaman, upang mabigyang-kasiyahan lamang ang kanyang pagkamausisa tungkol sa mga ito. Nakakita ang tatay niya ng isang aklat sa pagbabaybay para sa kanya upang matuto siyang bumasa at humanap ng mga sagot sa mga tanong niya tungkol sa mga bulaklak.

Sa gulang na sampu ay napag-alaman niya ang tungkol sa isang paaralan ng balarila na mga walong milya mula sa kanyang tahanan. Wala siya ni kusing at walang matutuluyan, ngunit nagtungo pa rin siya upang magkaroon ng edukasyon. Nang dumating siya sa bayan ay natagpuan niya ang paaralan, nagpatala, at kaagad na nagsimulang maghanap ng mga kakaibang trabaho (karaniwan ay pagsisibak ng kahoy) upang kumita ng pera na pangkain. Sa loob ng isang taon, natutuhan niya ang lahat nang maaaring ituro sa kanya ng guro. Pagkatapos ay tinulungan niya si George na maghanap ng mataas na paaralan mga animnapung milya mula sa kanyang tahanan. Muli, wala ni kusing, ang labing-isang taong gulang na batang lalaking ito ay pumasok sa isang bagong paaralan. Anim na taon ang ginugol niya bilang isang mag-aaral sa paaralang iyon, na nagtatapos ng may karangalan sa gulang na labimpito. Tinustusan niya ang sarili niya sa pamamagitan ng isang hanapbuhay sa paglalaba at naging matipid upang makaipon ng pera upang makapagkolehiyo.

Sa huli, naging isa siya sa mga pinakabantog na siyentipiko sa daigdig, na nakilala sa kanyang nagawang mga produkto mula sa mani, kamote, at *pecan*. Sa mani lamang ay nakagawa siya ng higit sa tatlong daang kakambal na produkto, kabilang ang tinta, mantikilya, sabon, at mga pang-almusal na butil.

Mga palaisipang tanong

- Ano ang labis ninyong hinahangan kay George Washington Carver?
- Gaano kahalaga sa inyo ang pagkatuto?
- Kayo ba ay nauuhaw sa kaalaman?
- Handa ba kayong magsarili sa gulang na sampu upang makakuha ng edukasyon?

---

## May Mga Pagkakataon Tayong Lahat na Matuto

Banal na kasulatan, pisara at talakayan

Isulat ang mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan sa pisara: *Doktrina at Mga Tipan 88:78–80, 118; 90:15.* Ipabasa at pasalungguhitan sa mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatang ito.

- Ano ang pangunahing mensahe ng mga banal na kasulatang ito?
- Anong uri ng mga bagay ang inaasahan ng Panginoon na matutuhan natin?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Sipi at talakayan

Sinabi ni Pangulong N. Eldon Tanner, "Palagi tayong hinihimok ng Simbahan bilang mga kasapi na kumuha ng mabuting edukasyon at mag-aral ng lahat ng maaaring pag-aralan tungkol sa ating sarili, kasaysayan at heograpiya, agham, sa Sansinukob, at lalo na ang ebanghelyo ni Jesucristo" (talumpati sa seminar ng mga Kinatawan ng Pook , Abr. 1971).

- Ano ang ilan sa mga paraan na matututuhan natin ang mga bagay na dapat nating matutuhan? (Pumasok sa paaralan, magbasa, manood ng mga nakapagtuturong programa sa telebisyon, makipag-usap sa mga tao na nakaaalam sa nais nating malaman.)
- Saan tayo maaaring magtungo upang matutuhan ang mga bagay na ito? (Simbahan, mga paaralan, aklatan, museo.)

Kuwento

Ipaliwanag na kung minsan ay maaaring iniisip natin na walang nakakawiling bagay na pag-aaralan, ngunit halos lahat ng bagay ay maaaring maging kahali-halina kung pag-aaralan natin at pag-iisipan nang husto ito. Ang pagkatuto sa pamamagitan ng paggawa ay isang bagay na magagawa nating lahat, gaano man kaliit ang ating pormal na pinag-aralan.

Basahin ang sumusunod na kuwento.

"Isang babae . . . ang minsang dumaing kay Dr. Louis Agassiz, isang kilalang siyentipiko, na hindi pa siya kailanman nagkaroon ng pagkakataong matuto. Sinabi niya sa kanya na siya at ang kanyang kapatid na babae ay namamahala ng isang bahay-tuluyan at na wala siyang panahon sa anumang bagay pa. Tinanong niya kung anong uri ng trabaho ang ginawa niya, at sumagot siya:

"Nagtatalop ako ng mga patatas at nagtatadtad ng mga sibuyas.'

"Itinanong niya, 'Saan ka umuupo habang ginagawa mo ito?'

" 'Sa ibabang baitang ng hagdanan ng kusina.'

" 'Saan nakatapak ang iyong mga paa?'

" 'Sa pinakintab na laryo?'

" 'Ano ang pinakintab na laryo?'

" 'Hindi ko po alam, ginoo.'

" 'Gaano ka na katagal na umuupo roon?'

" 'Labinlimang taon.'

" 'Ginang, heto ang tirahan ko,' ang sabi ni Dr. Agassiz. 'Maaari ka bang sumulat sa akin tungkol sa katangian ng isang pinakintab na laryo?'

"Taimtim niyang tinanggap ang sinabi niya. Hinanap niya ang 'laryo' sa diksiyunaryo subalit nadama na ang kahulugan ay napakasimple upang ipadala sa isang kilalang siyentipiko. Kaya naghanap siya sa ensiklopediya. Habang nagbabasa siya doon tungkol sa mga laryo, nakabasa siya ng mga salitang hindi niya nauunawaan. Kaya hinanap niya ang mga ito. At pagkatapos, dahilan sa naging lubha siyang interesado sa natututuhan

niya, dumalaw siya sa mga museo at mga gawaan ng laryo. Nang matapos siya sa mga pag-aaral niya, umupo siya at sumulat ng isang tatlumpu't anim na pahinang liham kay Dr. Agassiz sa paksang pinakintab na laryo.

"Bumalik ang isang liham mula kay Dr. Agassiz na ipinapaalam sa kanya na sa ilang mga maliit na pagbabago ay inilimbag niya ang liham niya at nagpapadala ng $250. Sa ibaba ng liham itinanong niya, 'Ano ang nasa ilalim ng mga laryong iyon?'

"Tiningnan niya. May mga langgam sa ilalim ng mga laryo. Dahil dito ay sinimulan niyang pag-aralan ang mga langgam. Nalaman niya na may mula labing walong daan hanggang dalawampu't limang daang magkakaibang uri. Nahalina siya sa maraming iba't ibang uri ng langgam at kung paano at saan sila nananahan. Pagkatapos ng malawak na pagbabasa at masusing pag-aaral, sumulat siya ng tatlong daan at animnapung pahina tungkol sa paksa kay Dr. Agassiz. Inilimbag niya ito bilang isang aklat at pinadalhan siya ng higit na maraming pera.

"Sa pamamagitan ng pera na tinanggap niya ay nadalaw niyang lahat ang mga lupain ng kanyang pangarap" (sa *Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi B;* hinango mula kay Marion D. Hanks, *The Gift of Self* [Salt Lake City: Bookcraft, 1974], p. 151–53).

- Maliban sa pera na tinanggap niya, paano napagyaman ang buhay ng babaeng ito? (Sa pamamagitan ng dagdag na kaalaman at bagong pagkawili sa daigdig na nasa paligid niya.)

Sipi

"Maaari rin tayong matuto ng marami sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagkawili sa daigdig at sa mga tao na nakapaligid sa atin. Maaari tayong matuto ng maraming bagay sa pamamagitan lamang ng pagbibigay pansin sa mga karanasan natin at pagsisikap na unawain ang mga ito sa pamamagitan ng pag-aaral at sa pamamagitan ng pagnininilay-nilay ng mga ito sa ating mga isipan at puso. Habang tayo ay nagmamasid, nag-aaral, gumagawa, at nag-iisip nang malalim, matututo tayo ng maraming bagay na mahalaga at matututo tayong gamitin ito sa ating pang-araw-araw na buhay" (*Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdtoe, Bahagi B*).

Gawain

Mamigay ng isang lapis at piraso ng papel sa bawat kabataang lalaki, at pasulatin siya ng dalawang bagay na ikalulugod niyang higit na pag-aralan. Ipabahagi sa bawat kabataang lalaki ang isa sa mga ito sa ibang mga kabataang lalaki at ipapaliwanag kung bakit siya interesado sa tiyak na paksang iyon.

---

### Makatutulong sa Atin ang Pagkatuto Upang Makapaglingkod Nang Higit

Mga sipi at talakayan

Ibahagi ang mga sumusunod na sipi:

"Kailangan nating ipagpatuloy ang ating edukasyon upang madagdagan ang ating kakayahan na maglingkod sa Diyos, sa iba, at sa mga nasa sarili nating tahanan" (Neal A. Maxwell, "Common Concerns and Commitments in Church Education," talumpati sa debosyonal na pagtitipon sa Linggo ng Edukasyon, Brigham Young University, Hunyo 1971, Provo, Utah).

"Kaya ang mga salita ng Panginoon, ang pag-aaral ng kasaysayan, matematika, Ingles, at iba pa, ay may karagdagang kahulugan sa mga kabataang Banal sa Huling-araw. Inaasahan kayo ng Panginoon na maging may magandang pinag-aralan upang magampanan ninyo nang mabuti ang inyong mga misyon at tawag sa pagtatatag ng kanyang kaharian" (John H. Vandenberg, "The Presiding Bishop Talks to Youth about Education," *Improvement Era,* Ene. 1968, p. 79).

- Ano ang ilang paraan na ang pagkuha ng mabuting edukasyon ay makatutulong sa atin na higit na mabuting mapaglingkuran ang Panginoon? (Maaaring isagot ng mga kabataang lalaki na makatutulong sa kanila ang pag-aaral ng isang wikang banyaga upang maghanda para sa misyon; makatutulong sa kanila ang pagpapaunlad ng mga talino sa musika na maglingkod sa purok; ang mga kasanayan sa pagsasalita at pagtuturo ay makapaghahanda sa kanila sa pagtatalumpati, mga gawaing pagtuturo, at misyonerong paglilingkod.)

Maaari mong naisin na isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang kaalaman tungkol sa mga tao at sa daigdig na nakapaligid sa atin ay makatutulong sa atin na itatag ang kaharian ng Diyos. Makatutulong sa atin ito na humanap ng mga higit na mabuting paraan upang ituro ang ebanghelyo. Bukod dito, habang ang mga Banal sa Huling-araw ay nakikilalang mabuti sa kanilang mga propesyon, anuman ang hanapbuhay nila, ay nagiging mga halimbawa sila na maaaring makaimpluwensiya sa iba na higit na matuto tungkol sa Simbahan.

Sipi

"Ang pagtatamo ng kaalaman ay makatutulong din sa atin na makapaglingkod sa ating kapwa. Sa pamamagitan ng ating kaalaman, matutulungan natin ang mga tao na malunasan ang mga karamdaman at pagdurusa, makahanap ng mga paraan na gawing higit na kapaki-pakinabang ang buhay, at maibigay ang kinakailangang pagkain, damit, at kanlungan para sa ating pamilya. Higit sa lahat, matututuhan at maibabahagi natin sa iba ang mga alituntunin at batas na kailangan nating malaman upang maging katulad ng ating Ama sa Langit" *(Mga Tungkulin at Pagpapala ng Pagkasaserdote, Bahagi B)*.

- Ayon sa siping ito, ano ang ilan sa mga paraan na matutulungan tayo ng mabuting edukasyon na paglingkuran ang iba?

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na—

1. Magtakda ng palatuntunan ng oras ng pag-aaral sa loob ng isang linggo at sundin ito.
2. Tumukoy ng isang paksa na nais nilang higit na matutuhan at pagkatapos ay magbasa ng aklat o kumausap ng isang dalubhasa tungkol sa paksa.
3. Gumawa ng isang maikling buod na ulat ng kanilang pag-aaral para sa kanilang mga magulang.

# Ang Kapangyarihan ng Halimbawa

# 34

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay matututo na sa pamamagitan ng pagbibigay ng mabuting halimbawa ay mapalalakas niya ang mga kapwa miyembro ng Simbahan at maaakit ang mga hindi pa kasapi.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Basahin ang Alma 17–20, na hinahanap ang epekto ng halimbawa ni Ammon sa mga Lamanita.
3. Kung makukuha sa inyong lugar ang *Family Home Evening Video Supplement* (53276), ipakita ang bahagi 16, “True Friendship.”

**PAALALA**

Tutulungan mo sa araling ito ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang halimbawa ay isang mabisang guro at na sila ay mga guro sa pamamagitan ng halimbawa sa kanilang mga kasinggulang. Himukin sila na maging mga buhay na patotoo ng katotohanan ng ebanghelyo.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Isang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay Dapat na Maging isang Halimbawa Magpakailanman**

Sipi

Ibahagi ang sumusunod na sipi:

“Bilang mga kasapi ng Simbahan ay kinakatawan nating lahat ang Simbahan sa pamamagitan ng ating mga kilos. Ano ang ipinaparating natin?” (O Leslie Stone, “The Importance of Reputation,” *New Era,* Peb. 1978, p. 43).

Banal na kasulatan at talakayan

Malinaw kung ano ang nais ng Panginoon na maging mensahe natin. Isulat ang *1 Timoteo 4:12* sa pisara. Hilingan ang mga kabataang lalaki na basahin at markahan ang 1 Timoteo 4:12.

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ni Pablo nang sabihin niya na, “Huwag hamakin ng sinuman ang iyong kabataan”? (Hindi dahil sa bata ang isang tao ay hindi siya matalino.)
- Sa anong paraan iminumungkahi ni Pablo na maging mga halimbawa tayo ng mga naniniwala? (Sa pamamagitan ng ating mga salita, pag-uusap, sa mga gawa nating pag-ibig sa kapwa-tao, sa ating espiritu, ating pananampalataya, ating kadalisayan.)
- Sa anong mga paraan tayo maaaring maging mga mabuting halimbawa sa iba?
- Ano sa palagay ninyo ang nadarama ng Panginoon sa mga nagpapakita ng mabuting halimbawa sa pamamagitan ng kanilang pamumuhay?

Kuwento at talakayan

Ipinakikita ng sumusunod na tunay na kasaysayan kung gaano kahalaga ang maging isang mabuting halimbawa.

“Ang doktor sa himpilan na malapit sa Taejon, Korea, ay tumingala sa akin at ngumiti. Binabati ko siya at ang mga kasama niya sa mahusay na paghawak nila sa isang pangyayari ng pagkalason sa *carbon monoxide*. . . .

"Pinag-usapan namin sa tolda niya ang pangyayari ng ganoong pagkalason sa mga sundalo. Ang mga tahanan ng Koreano ay pinaiinit sa pamamagitan ng mahinang baga, na tinatawag na *yantan*, na isiniksik sa mga malaking laryo at sinusunog sa isang pugon sa ilalim ng isang sulok ng bahay. Ang usok at singaw ay pinadadaan sa luad at baldosang sahig papunta sa isang pausukan sa kabilang tagiliran ng gusali, na nagpapainit sa gusali at sa mga nakatira rito. Kapag nagkakaroon ng butas, sumisingaw sa loob ng bahay ang *carbon monoxide*.

"Madalas ay iniiwan ng mga sundalong Amerikano ang pinagtalagahan sa kanilang himpilan, magtutungo sa isang malapit na nayon, maglalasing at makakatulog malapit sa isang pugon ng *yantan*. Paminsan-minsan ay dumaranas sila ng pagkalason sa *carbon monoxide* at ibinabalik sa himpilan na walang malay-tao. Sa paraan ng paggamot, kinaugalian nang tingnan ang dami ng alkohol sa kanilang dugo.

"Tinanong ko ang doktor kung ano ang naging dami ng alkohol sa dugo ng sundalong ito, at ang sagot niya ay kapwa kagulat-gulat at kapanipaniwala.

" 'Ah, hindi ko na kinunan ng dami ng alkohol sa dugo si Private Christian,' ang sinabi niya 'Mormon siya'. . . .

" 'Ano ang kinalaman noon?' ang tanong ko. 'Pumunta sa bayan ang taong ito at natagpuang walang malay-tao. Paano mo nalaman na ang kawalang-malay-tao niya ay hindi sanhi ng pagkalasing sa alak?'

"Sumagot ang doktor, 'Dahil ito ay si Christian. Hindi siya kailanman gumagawa ng anumang bagay na hindi wasto at uliran.'

"Ipinaliwanag ng doktor na alam ng halos lahat ng nasa himpilan na si Private Christian ay isang nagbalik na misyonero para sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw. Naglingkod siya ng kanyang misyon sa Korea, nakapagsasalita ng wika, at madalas sa mga oras na hindi siya nakatalaga ay nagpupunta sa nayon upang bumisita sa mga tao. Tinuruan niya ang ilan sa kanila tungkol sa kanyang simbahan, at naging kasapi sila. Nakatira sila sa isang maliit na nayon na katabi ng himpilan ngunit sumasama sila kay Christian sa mga pangrelihiyon na pagpupulong sa Taejon.

"Ang kawal ay kasama nilang umuwi noong Linggo ng gabi at inanyayahan na magpalipas ng gabi. Dahil sa siya ay isang natatanging panauhin, ibinigay sa kanya ang lugar na pinakamalapit sa nagbabagang *yantan*. Ngunit malamig na gabi iyon, at ang lahat ng bukasan ng gusali ay nakasara. Isang bitak sa sahig ang hindi napansin. Habang natutulog ang sundalong Amerikano, nahimatay siya dahil sa mga usok.

"Namangha ako na lubhang kilala [ng doktor] ang kawal na ito. Sumagot siya na hindi niya kilalang mabuti ang maraming sundalo, ngunit ang buhay ni Christian ay lubhang kakaiba na nagbubukod sa kanya sa ibang kalalakihan sa himpilan" (Archie M. Brugger, "Because This is Christian," *New Era*, Hunyo 1978, p. 7).

- Paano tinupad ng asal ni Private Christian ang payo ni Pablo na ibinigay sa 1 Timoteo 4:12?
- Ano sa palagay ninyo ang naging epekto ng halimbawa niya sa ibang mga kawal at sa mga tao sa Korea?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 17:11.

- Ano ang ipinangako ng Panginoon kay Ammon?

Isalaysay ang ilan sa mga pakikipagsapalaran ni Ammon sa mga Lamanita at kung paano humantong sa kanilang pagbabalik-loob ang kanyang halimbawa (tingnan sa Alma 17–20).

---

**Ang Mabuting Halimbawa ng Isang Maytaglay ng Pagkasaserdote ay Nakaiimpluwensiya sa Mga Opinyon ng Iba Tungkol sa Simbahan**

Mga sipi at talakayan

Ipinayo ni Elder Charles A. Didier, "Bilang mga kabataan ng Simbahan, ang inyong impluwensiya, ang inyong halimbawa ay maaaring maging sanhi sa pagbabalik-loob ng isang tao o sa kawalan ng pagkagusto sa mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo" ("The Power of Example," *New Era*, Okt. 1978, p. 5).

- Anong pananagutan ang inilalagay nito sa bawat isa sa atin?

Ipaliwanag na ang iba ay maaaring tumitingin sa atin bilang mga halimbawa. Ang ginagawa natin ay makapagbibigay sa kanila ng isang mabuti o masamang pagkakilala tungkol sa Simbahan. Ipinakita ng isang pagsusuri sa tatlumpu't walong kabataan na sumapi sa Simbahan na tatlumpu't isa sa kanila ang naging interesado dahil sa mabuting halimbawa ng mga kaibigang Banal sa Huling-araw (tingnan sa Ron Woods, "Young Converts Were 'Mormon Watchers,' " *Church News*, 27 Okt. 1979, p. 12).

- May mga naiisip ba kayong halimbawa ng mga kaibigan, miyembro ng pamilya, o iba na sumapi sa Simbahan dahil sa halimbawa ng ibang mga miyembro ng Simbahan?

Hilingan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng alinmang katulad na mga kuwento ng pagbabalik loob na alam nila. Maaari mo ring naisin na magbahagi ng katulad na karanasan.

Isinalaysay ni Pangulong N. Eldon Tanner ng Unang Panguluhan ang sumusunod na kuwento:

"Nakikipag-usap ako sa isang kabataang lalaki na bibinyagan sa susunod na buwan, ang tanging miyembro ng pamilya niya na bibinyagan, at sinabi kong, "Ano ang dahilan upang maging interesado ka sa Simbahan?'

"At sumagot siya, 'Ang kabataang lalaki na kasama ko sa paaralan ay miyembro ng inyong simbahan, at ang uri ng pamumuhay niya ang nagbigay ng interes sa akin. Iba siya sa karamihan ng mga batang lalaki. Masaya siya, at inanyayahan niya ako sa kanilang tahanan; at nang makita ko ang pagmamahalan sa tahanang iyon at kung paano namuhay ang pamilyang iyon, higit akong naging interesado. Isinama niya ako sa simbahan, at pagkatapos ay sumali ako sa koponan ng naglalaro ng bola, at natagpuan ko sa simbahang iyon ang isang kakaibang damdamin kaysa sa natagpuan ko sa alinmang ibang lugar. Pagkatapos, ang koponan ng mga manlalarong iyon, ang pagsunod ng lahat ng mabubuting taong iyon sa Salita ng Karunungan at pamumuhay ng mabubuti at malilinis na buhay, ay nagpahanga sa akin, at pinagpasiyahan ko na sumapi sa Simbahan' " (sa Conference Report, Abr. 1972, p. 114; o *Ensign*, Hulyo 1972, p. 100).

Kuwento

Isa pang batang "nagmamasid sa Mormon" ang sumulat ng liham na ito sa magasin na *Ensign* upang pasalamatan ang isang matapat na Mormon:

"Noong tag-araw ng 1953, ako ay isang labing-anim na taong gulang na baguhang aktres sa Teatro Barter, Abingdon, Virginia. Ang pangunahin naming aktres ay isang magandang babae na may pulang buhok na nanalo ng pangunahing bahaging gagampanan sa isang timpalak . . . sa New York. Ang pangalan niya ay June Moncur, kahit na maaaring pangalan lamang niya iyon sa entablado. Siya at ako ay nagkasama sa isang silid, at tuwing umaga kapag nagigising ako ay nakikita ko si June na nakaupo sa higaan niya na nagbabasa. Iyong tanawing iyon ang nagigisnan ko, anuman ang oras, sa loob ng apat na buwan.

"Mabilis na kumalat ang balita na siya ay isang Mormon, at sa isang kapaligiran na kung saan ang moralidad ay hindi talaga umiiral, siya ay kasing dalisay ng niyebe. Walang pag-inom, walang paninigarilyo, maging sa mga dula, at walang pinahihintulutang mga lalaki sa kanyang silid. Minahal niya ang lahat, at napakabait niya at palakaibigan kahit na siya ang 'bituin.' At palagi tuwing umaga ay basa siya nang basa, hindi ng mga iskrip niya, kundi ilang ibang mga aklat at magasin na dala niya.

"Hindi siya kailanman nakipag-usap sa akin tungkol sa relihiyon niya, at hindi ko siya tinanong kailanman. Subalit hindi ko siya nakalilimutan kailanman.

"Pagkalipas ng maraming taon, matapos akong mag-asawa at nagkaroon na ng dalawang anak, ang asawa ko at ako ay hindi nasiyahan sa aming mga espirituwal na buhay. Kumuha kami ng mga kurso tungkol sa relihiyon at dumalo sa lahat ng uri ng simbahan, ngunit hindi pa rin kami nasiyahan.

"Pagkatapos ay naalala ko si June. Sabi nila ay isa siyang Mormon. Wala kaming ideya kung ano ang isang Mormon, at hindi ko naaalala man lamang na pinag-usapan namin ang tungkol sa mga ito sa pag-aaral ng kasaysayan sa paaralan. Kaya nagtungo ako sa pambayang aklatan sa maliit na bayan ng Alabama, na Opelika, at tiningnan ang tanging bagay na maaari kong makita: 'Mormon, ang aklat ni.' Sa aklat ay isang talaan ng mga tahanan ng misyon at sumulat ako sa pinakamalapit, na nasa Georgia, at itinanong kung tumatanggap sila ng mga nagbabalik-loob. Ang iba ay bahagi na ng kasaysayan ng aming mag-anak.

"Hindi ko na kailanman natagpuan ang batang babaeng iyon upang sabihin sa kanya na, dahil ipinamuhay niya ang relihiyon niya sa paraan na hindi ko malilimutan, tatlumpu't pitong tao sa magkabilang partido ng aming pamilya ang mga miyembro ng Simbahan. Hindi mabilang na iba pa sa dagidig ng mga espiritu ang nabigyan ng pagkakataon.

"Hindi natin kailanman nalalaman, hindi lamang natin kailanman nalalaman, kung sino ang nagmamasid sa atin" (Ann Fowler Lehne, "Missionary Example," *Ensign,* Dis. 1977, p. 62).

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na inaasahan tayo ng Tagapagligtas na magningning nang may katulad na kaliwanagan sa batang babae na nasa liham sa pamamagitan ng pamumuhay ng mga pamantayan ng kanyang simbahan. Ipinahayag niya sa Mateo 5:14–16 ang pagnanais niya na akayin at turuan natin ang iba sa pamamagitan ng ating halimbawa. Hilingan ang isang kabataang lalaki na basahin ang talatang ito. Imungkahi na markahan ng mga kabatang lalaki ang mga talatang ito.

- Ano ang ibig sabihin ng Tagapagligtas kapag inilalarawan niya ang kanyang mga tagasunod bilang "ang ilaw ng sanlibutan"? (Maaakay natin ang iba kay Cristo sa pamamagitan ng ating halimbawa.)

Sipi

Ipaliwanag na ang kahulugan ng *panuntunan* ay *ideya*. Pagkatapos ay basahin ang sumusunod na sipi mula kay Pangulong N. Eldon Tanner:

"Pinakamahalaga, kung gayon, na lagi tayong nakahanda, na inaalala na ang isang tao ay nagtuturo nang higit na mabisa sa pamamagitan ng halimbawa sa halip na sa pamamagitan ng panuntunan. Huwag nating kailanman kalilimutan ang matandang kasabihan: 'Ang mga kilos mo ay napakalakas na nangungusap kaya hindi ko marinig ang sinasabi mo' " ("Teaching Children of God, "*Ensign*, Okt. 1980. p. 4).

---

**Katapusan**

Mga palaisipang tanong

Hilingan ang mga kabataang lalaki na itanong ang mga sumusunod na taong sa kanilang mga sarili at sagutin ang mga ito sa kanilang isipan:

- Ipinamumuhay ko ba ang buhay ko sa paraan na ang liwanag o halimbawa ko ay makaaakay sa iba na naising sumapi sa Simbahan?
- Nanaisin ko bang ipangaral ang ginagawa ko?
- Ano ang itinuturo ng aking halimbawa?
- Ano ang tingin ng iba sa akin?
- Anong uri ng halimbawa ako—

1. Sa paaralan?
2. Sa palakasan?
3. Sa tahanan?
4. Sa piling ng aking mga kaibigan?
5. Kapag may isang tao na nagsalita ng hindi maganda sa akin?
6. Kapag hindi nasunod ang gusto ko?
7. Kapag may malaya akong oras na gawin ang nais ko?
8. Kapag tinawag ako na gumawa ng dagdag na gawain sa aking tawag sa pagkasaserdote?

Hamon

Hilingan ang bawat kabataang lalaki na mag-isip ng isang paraan na kung saan ang halimbawa niya ay hindi ang nararapat at gawing higit na mabuti ang halimbawa niya. Imungkahing isulat ng mga kabataang lalaki ang mga layuning ito sa kanilang mga talaarawan.

# Pagsunod, Paggalang at Pagtataguyod ng Batas

# 35

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makaaalam kung paanong ang pagsunod, paggalang at pagtataguyod sa batas ay bahagi ng pamumuhay ng ebanghelyo at nakaapekto sa kapitbahayan at pamayanan na tinitirahan niya.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Larawan 4, Iba't ibang Pandaigdig na Palatandaan sa Pangangasiwa ng Trapiko.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Kung maaari, kumuha ng maliliit na kopyang kard ng mga Saligan ng Panampalataya para sa bawat kabataang lalaki.

**PAALALA**

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan at naisin na sundin ang mga batas ng bayan. Pagtuunang pansin ang pagkakaroon ng nakahandang saloobin na sumunod sa mga batas pambayan bilang bahagi ng pagsunod sa mga batas ng Diyos, ang maaaring kahinatnan kapag ang batas na pambayan ay hindi pinansin, at ang kahalagahan ng batas at kaayusan sa pamayanan.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Talakayan

Pumili ng laro na alam na alam ng mga kabataang lalaki, at itanong ang mga sumusunod tungkol dito:

- Bakit mahalaga ang mga tuntunin sa larong ito?
- Ano ang kalalabasan ng laro kung walang mga tuntunin?
- Ano ang maaaring madaling mangyari kung walang nakaaalam ng mga tuntunin?
- Paanong katulad ng mga batas ng ating bansa ang mga tuntunin sa isang laro sa palakasan?

Larawan at talakayan

Ipakita ang larawan na nagpapakita ng iba't ibang pandaigdig na palatandaan sa pangangasiwa ng trapiko. Talakayin kung saan ginagamit ang mga ito, ano ang ipinahahatid ng mga ito, bakit mahalaga ang mga ito, at kung paano nakatutulong ang mga ito.

- Ano ang maaaring mangyari sa isang malaking lungsod kapag hindi gumagana ang mga ilaw na panghudyat, mga kagamitan sa pangangasiwa ng trapiko, o mga tagapagpasunod ng trapiko?
- Anong mga ibang batas ang kailangan upang mapanatili ang kaayusan at kapayapaan sa isang pamayanan at bansa?
- Ano ang maaaring mangyari kung wala ang mga ganitong batas?

Banal na kasulatan at talakayan

Magpakita ng mga kopya ng mga banal na kasulatan.

- Ano ang pagkakatulad ng mga aklat na ito sa isang aklat ng batas? (Ang mga banal ng kasulatan ay naglalaman ng mga batas ng Panginoon; ang aklat ng batas ay naglalaman ng mga batas ng bayan.)

Ipaliwanag na pinapayuhan ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan tungkol sa dalawang uri ng batas na ito. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 58:21.

• Paano makatutulong sa atin ang pagsunod sa mga batas ng Diyos na sundin ang mga batas ng bayan?

• Bakit kailangan natin ng itinatag na pamahalaan—bakit hindi tayo maaaring mabuhay nang kanya-kanya?

---

**Dapat Sundin, Igalang at Itaguyod ng Isang Miyembro ng Simbahan ang Batas**

Paglalahad ng tagapayo

Pasanggunihin ang mga kabataang lalaki sa Mga Saligan ng Pananampalataya sa likod ng Mahalagang Perlas, o mamigay ng maliliit na kard na may mga saligan ng Pananampalataya na nakalimbag sa mga ito. Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang ikalabindalawang saligan ng pananampalataya.

• Ano ang tatlong salita na nagpapaliwanag kung paano tayo dapat kumilos tungkol sa batas? (Pagsunod, paggalang, at pagtataguyod.)

Pisara at talakayan

Isulat ang *sundin*, *igalang*, *itaguyod* sa pisara.

• Ano ang kahulugan ng tatlong salitang ito?

Talakayin at ipaliwanag ang bawat isa. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang pagsunod ay ang pagtupad sa mga batas ng inyong bansa. Ang paggalang sa batas ay ang pagdama na ang batas ay higit na mahalaga kaysa sa mga pansariling interes ng isang tao. Nagpapakita ito ng pang-unawa na kung walang batas ay magkakaroon ng kaguluhan. Itinataguyod natin ang batas kapag inaayunan natin ito, pinangangalagaan, at inilalayo ito sa kawalang-galang. Naniniwala tayo sa kahalagahan ng batas at hinihimok ang iba na sundin ang batas.

Sipi, pisara, at talakayan

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Pangulong David O. McKay:

"Ang pagtataguyod sa batas, kung gayon, ay ang pag-iwas sa pagsasalita o paggawa ng alinmang bagay na makapagpapahina o makapagpapawalang-saysay rito" (sa Conference Report, Abr. 1937, p. 28).

• Ano ang ilang mga batas na pinakamadalas na ipagwalang-bahala o suwayin ng mga kabataang lalaki na nasa gulang ninyo?

Isulat sa kaliwang bahagi ng pisara ang mga batas na pinakamadalas na ipagwalang-bahala o suwayin. Talakayin sa mga kabataang lalaki kung paano nila masusunod, maigagalang, at maitataguyod ang bawat isa sa mga batas na nakasulat.

Hilingan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng alinmang mga karanasan ng pagkakakita ng pagsuway sa mga ganitong batas o pagkatukso na suwayin ang mga batas. Ang mga sumusunod na tanong ay maaaring makatulong sa talakayan.

• Ano ang magagawa ninyo kapag pinilit kayo ng ilan sa mga kaibigan ninyo na suwayin ang alinman sa mga batas na ito?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na ipinahahayag ng Doktrina at Mga Tipan 134 ang paninindigan ng Simbahan sa pamahalaan at batas. Hilingan ang mga kabataang lalaki na basahin at markahan ang talata 1.

• Sino ang nagtatag ng mga pamahalaan?

• Bakit niya itinatag ang mga ito?

• Ano ang dapat nating maging saloobin tungkol sa mga batas sa ating pamayanan at bansa?

Basahin at talakayin ang mga talata 3 at 6.

• Paano natin dapat pakitunguhan ang mga tagapagpatupad ng batas?

• Paano natin sila matutulungan na maisagawa ang kanilang mga pananagutan?

• Paano natin maipakikita ang ating pasasalamat sa mga pagsisikap nila na gawin ang ating mga pamayanan na higit na maayos at ligtas na lugar upang tirahan?

Sipi at talakayan

Binigyang diin ni Pangulong N. Eldon Tanner ang kahalagahan ng pagsunod sa batas sa sumusunod na pangungusap:

"Ang lahat ng batas ng Diyos at batas ng kalikasan at batas ng bayan ay ginawa para sa kapakinabangan ng tao, para sa kanyang kaginhawahan, kasiyahan, kaligtasan, at kapakanan; at nasa isang tao na na pag-aralan ang mga batas na ito at alamin kung ikasisiya niya o hindi ang mga kapakinabangan na ito sa pamamagitan ng pagsunod sa batas at sa pagsunod sa mga kautusan. Ang buong layunin ko . . . ay ipakita na umiiral ang mga batas para sa ating kapakanan at upang maging maligaya at matagumpay ay kailangan nating sundin ang mga batas at pamamalakad na nauukol sa ating mga gawain; at ang mga batas na ito ay kikilos alinman sa ating kagalakan at kapakanan o sa ating kapinsalaan at kalungkutan, ayon sa mga kilos natin" (sa Conference Report, Abr. 1970, p. 62; o *Improvement Era,* Hunyo 1970 p. 31).

- Anong mga batas ang maiisip ninyo na ginawa para sa ating kapakinabangan, kaginhawaan, at kaligtasan?

Pinag-aaralang kalagayan

Isalaysay ang sumusunod na pinag-aaralang kalagayan

Gustung-gusto ni Kevin ang isang lanseta, ngunit wala siyang sapat na pera upang bilhin ito. Isang linggo na lamang bago ang isang gawaing pagkakampo ng mga Pagkasaserdoteng Aaron. Pumunta sa tindahan si Kevin at tiningnan ang mga panindang lanseta. Bakit hindi dapat na kumuha na lamang siya ng isa, ang naiisip niya. Tutal, lubhang mahal ang lahat, at kakaunti ang suweldo sa pansamantalang trabaho niya. Bukod dito, walang makakaalam. Alam ng pamilya niya na gusto niya iyon. Alam nila na halos sapat na ang naipon niyang pera. Kung iuuwi niya ito walang sisita. Kapag kilala ka sa pagiging matapat, hindi mo kailangang magpaliwanag. Pinulot ni Kevin ang lanseta at naramdaman ang bigat nito sa kanyang kamay. Pagkatapos ay ibinalik niya ang lanseta at pumihit at nilisan ang tindahan.

Kinagabihan habang siya ay nakahiga, inisip niya ang tungkol sa muntik nang mangyari. Natuwa siya na hindi niya ipinagpalit ang katapatan niya sa halaga ng isang lanseta. Alam niya na nais ni Satanas na sirain niya ang batas sa maliliit na bagay at iyon ay maaaring humantong sa pagsuway sa higit na malalaking bagay.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag sa mga kabataang lalaki na nahaharap tayong lahat sa "mga sandali ng pagpapasiya" na katulad ni Kevin at na higit tayong nakadarama ng mabuti sa buong buhay natin kung gagawin natin ang tamang pasiya.

- Paano nakatutulong sa atin ang pagsunod, paggalang at pagtataguyod sa mga batas ng bayan na sundin ang mga batas ng ebanghelyo?

---

### Sa pamamagitan ng Pagsunod sa Batas ng Bayan, Pinalalakas Natin ang Ating Kapitbahayan at Pamayanan

Talakayan

- Paano ginagawa ng pagsunod, paggalang, at pagtataguyod sa batas na higit na ligtas na tirahan ang ating mga kapitbahayan at pamayanan?
- Anong iba pang mga pananagutan ang mayroon tayo sa ating pamayanan?

Ipaliwanag na bilang mga kasapi ng Simbahan ni Jesucristo, dapat tayong makadama ng kapatiran at pagmamahal sa lahat ng tao sa lahat ng bansa ng daigdig, at lalo na sa mga nasa sarili nating kapitbahayan, pamayanan, at bayan. Dapat tayong maging tapat sa ating sariling bayan at mga tao at gumawa ng lahat ng ating magagawa na tulungan ang pamahalaan natin na matugunan ang mga pangangailangan ng mga pinamamahalaan nito. Mangyari pa, ang pinakamalaking pananagutan natin ay ang ipamuhay ang ebanghelyo. Sa pamamagitan ng paggawa nito, hindi lamang natin tinutulungan ang ating mga sarili kundi pati rin ang iba. Ang halimbawa ng mga buhay natin ay makaiimpluwensiya sa iba nang higit sa anumang sasabihin natin.

Inaasahan ng Panginoon na tayo ay magmamahal at maglilingkod sa ating kapwa at mga kaibigan. Hindi ito nangangailangan ng malalaking gawain ng pagsasakripisyo; ang pagkakaibigan ay pinakamadalas na nababatay sa maliliit na gawain ng kabutihan. Ang bahagi ng pagiging mabuting kapwa ay ang pagtingin sa mga pangangailangan ng iba,

kabilang na ang mga balo at ulila. Ang pinakadakilang paglilingkod na magagawa natin sa ating kapwa ay ang pagpapakilala ng ebanghelyo sa kanila. Ngunit tanggapin man nila ito o hindi, dapat natin silang mahalin at paglingkuran. Ang pamayanan natin ay may malaking pangangailangan sa mga maaasahan at tapat na mamamayan na nakahandang tumulong.

Talakayan

- Paano mapaglilingkuran ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ang kanyang nayon, lungsod, o bansa sa mga sumusunod na paraan (iangkop ang mga ito sa mga lokal na kalagayan)?

1. Mga batas sa trapiko
2. Mga gawain sa Krus na Pula
3. Panitikang pangampanya sa pulitika, mga halalan
4. Mga pulong ng kabataan

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na mangako na sundin, igalang, at itaguyod ang mga batas ng bayan at ang mga batas ng ebanghelyo.

# Sa Lahat ng Bagay ay Magbigay ng Pasasalamat

# 36

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa kahalagahan ng pagdama at pagpapahayag ng pasasalamat.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.

**PAALALA**

Ang diwa ng pasasalamat ay nagpapalaganap ng buhay na malapit sa Diyos. Kailangang madama ng mga kabataang lalaki na nasa iyong pananagutan ang kahalagahan ng palagiang pagbibigay ng pasasalamat, sa salita at sa gawa, sa kanilang Ama sa Langit at sa mga nakahahalubilo nila. Kailangan nilang malaman na ang pagdama at pagpapahayag ng pasasalamat ay isang kautusan at tanda ng isang dakilang kaluluwa. Palaging humanap ng mga pagkakataon upang ipahayag ang iyong pagpuri sa bawat kabataang lalaki at pasalamatan ang mga pagsisikap niya na paunlarain ang katangiang ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Pisara at talakayan

Isulat ang *ang pasasalamat ay* ______________ sa pisara. Hilingan ang mga kabataang lalaki na ibigay ang kanilang pinakamahusay na pakahulugan, nang isa-isa. Isulat sa pisara ang mahahalagang salita mula sa kanilang mga sagot.

- Kailan tao nakadarama ng pagtanaw ng utang na loob? (Kapag nalaman natin kung ano ang nagawa ng iba para sa atin.)
- Bakit dapat tayong makadama ng pagtanaw ng utang na loob?
- Bakit mahalaga na ipahayag natin ang ating pasasalamat?

Sipi

Sinabi ni Elder Howard W. Hunter, "Hindi kailanman lubos ang kaligayahan at kagalakan mula sa mga pagpapala hanggang sa may malalim na damdamin ng pasasalamat sa kalooban ng isang tao na nagtutulak ng pagpapahayag ng pasasalamat" (sa Conference Report, Denmark, Finland, Norway and Sweden Area Conference 1974, p. 27).

**Dapat Tayong Magpahayag ng Pasasalamat sa Iba**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na dapat na maghanap ng mga sagot ang mga kabataang lalaki sa aralin sa tanong na *Paano makapagpapasalamat ang isang tao*? Isulat ang tanong na ito sa pisara.

Kuwento at talakayan

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento na binanggit ni Elder Henry D. Taylor:

"Ang pulisya ng Distrito ng Columbia ay nagsubasta ng mga 100 na hindi tinubos na bisikleta noong Biyernes, 'Isang dolyar,' ang sabi ng isang labing-isang taong gulang na batang lalaki nang simulan ang pagsusubasta sa unang bisikleta. Gayunman, ang tawaran ay naging lubhang higit na mataas. 'Isang dolyar,' ang umaasang inulit ng batang lalaki sa tuwing may ibang bisikleta na isusubasta.

"Napansin ng tagasubasta, na nagsusubasta ng mga ninakaw o nawawalang bisikleta sa loob ng 43 taon, na ang pag-asa ng batang lalaki ay tila higit na lumalaki sa tuwing isang pangarera ang sinusubasta.

"May isang pangarera pang natira. Pagkatapos ay tumaas ang tawaran $8.00. 'Ipinagbili sa batang lalaki na naroroon sa halagang $9.00,' ang sabi ng tagasubasta. Kumuha siya ng $8.00 mula sa sarili niyang bulsa at hiningi sa batang lalaki ang isang dolyar niya. Ibinigay ito ng bata—na puro barya—kinuha ang bisikleta niya at nagsimulang umalis. Ngunit ilang talampakan lamang ang inilayo niya. Maingat na ipinaparada ang bago niyang

pag-aari, bumalik siya, buong pasasalamat na iniyakap ang kanyang mga bisig sa leeg ng tagasubasta at umiyak" (sa Conference Report, Abr. 1959, p. 56).

• Ano ang naging epekto ng pagpapasalamat kapwa sa batang lalaki at sa tagasubasta? (Nagdulot ito ng kagalakan sa kanila. Kapwa nila naramdaman ang nadama ng isa—higit silang pinaglapit nito.)

• Ano sa palagay ninyo ang maaaring nadama ng tagasubasta kung hindi bumalik ang batang lalaki? (Marahil ay nabigo at nalungkot.)

• Ano ang ilan sa mga dahilan kung bakit ang ilang tao ay nagpapahayag ng pasasalamat ngunit ang iba ay hindi? (Ang ilang tao ay maaaring mapagmalaki na iniisip na dapat lamang na ipagkaloob ng mga tao sa kanila iyon; ang ilan ay makasarili, walang pagpapahalaga, o malilimutin; kung minsan ay ipinagwawalang-bahala ng mga tao ang iba.)

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na tunay na kasaysayan:

Isang nakatatandang mag-asawa ang paalis patungo sa larangan ng misyon. Sa pulong-sakramento bago sila umalis, hinilingan sila ng obispo na magtalumpati. Habang ipinahahayag nila ang kanilang pasasalamat sa malalaki nilang anak, ang nanay ay nagsalita tungkol sa noong ang bunso ay nasa bahay pa nila. Sinabi niya na ang isa sa mga bagay na napakahalaga sa kanya tuwing matapos kumain, maging agahan, tanghalian, o hapunan, ay palaging sinasabi ng batang lalaking ito ang, "Salamat, Inay. Salamat sa masarap na pagkain."

• Ano ang nagawa ng ugaling pagsasabi ng "Salamat, Inay" sa inang ito?

• Paano sa palagay ninyo nakatulong ang pagsasabi ng "Salamat, Inay" sa batang lalaki?

• Ano ang ilan sa mga bagay na palaging ginagawa ng ibang tao sa atin na dapat nating alalahaning pasalamatan sa kanila?

Kuwento at talakayan

Basahin nang malakas ang sumusunod na tunay na kasaysayan:

"Kami ay nasa gabing pagtitipon para sa pagbabalik-paaralan upang makilala ang mga guro ng aming mga anak para sa bagong taon. Maraming guro ang nagtuturo sa aming mga anak sa loob ng mga nakalipas na taon, kaya medyo kilala na namin sila. Isang guro ang lumapit sa amin at, matapos makipagkamay, ay nagsabing: 'Nais kong sabihin sa inyo kung gaano ko pinasasalamatan ang anak ninyong lalaki at kung paano niya ako tinulungan na gumawa ng isang mahalagang pasiya. Alam ninyo, dalawang taon na ang nakalilipas sa unang taon ko sa pagtuturo sa mga pambayang paaralan. Nasa klase ko ang anak ninyo, at ako ay nahihirapan—naging mahirap na taon iyon. Pagkaraan ng ilang buwan ay napagpasiyahan ko na lubhang napakahirap ng pagtuturo—iiwan ko ang pagtuturo pagkaraan ng katapusan ng taon. Noong huling araw ng klase, nakatanggap ako ng magandang regalo mula sa anak ninyo at pati na rin ng isang natatanging liham. Ipinahayag niya rito ang pasasalamat niya sa akin at sinabi na isa ako sa mga pinakamahusay na naging guro niya kailanman. Nais kong ipaalam sa inyo kung gaano kahalaga sa akin ang liham na iyon. Ipinasiya kong manatili.' "

• Bakit nagpadala ng regalo at liham ang batang lalaking ito? (Nakadama siya ng pagpapasalamat sa gurong ito at alam marahil na kung siya ang nasa kalagayan ng guro, ikatutuwa niya ang isang regalo at isang liham.)

• Paano binago ng isang pagpapahayag ng pasasalamat na ito ang buhay ng isang tao? (Ipinasiya ng guro na manatili sa pagtuturo.)

Palaisipang tanong

• May isa bang guro, pinuno, kapitbahay, miyembro ng pamilya, o kaibigan na matutulungan ninyo sa pamamagitan ng pagpapahayag ng inyong pasasalamat?

Talakayan

Ipaliwanag na naririnig natin sa pulong pag-aayuno at patotoo ang maraming pagpapahayag ng pasasalamat na kasama ang mga patotoo.

• Ano ang ilan sa mga bagay na naririnig ninyo na sinasabi ng mga tao na pinasasalamatan nila?

• Ano ang pinasasalamatan ninyo?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na makita na kapag ang isang tao ay nakadarama ng pasasalamat, likas at tama na ipahayag ang kanyang mga damdamin. Magiging hindi siya marunong tumanaw ng utang na loob kung hindi niya ipahahayag ang kanyang pasasalamat.

Pisara at talakayan

- Ano ang ibang paraan na makapagpapasalamat tayo?

Ibuod sa pisara. Ang mga sagot ng mga kabataang lalaki ay maaaring kabilangan ng pagyakap, pagpapakita ng damdamin, pagsasabi sa isang miyembro ng pamilya nila kung gaano sila nagpapasalamat sa kanila, pagsasabi ng salamat sa sinumang tumutulong, pagsusulat ng liham ng pasasalamat, pagbibigay ng regalo, pagpapahayag sa pulong-patotoo, paggawa ng isang mabuting bagay sa sinumang tumulong sa kanila, pagtawag sa telepono, pagbibigay ng kaagad at nakahandang ngiti.

---

**Dapat Tayong Magpahayag ng Pasasalamat sa Panginoon**

Kuwento at talakayan

Ang sumusunod na kuwento ay mula sa isang lathalain sa magasin tungkol sa pag-akyat sa bundok:

Sa pagbaba sa bundok sa pamamagitan ng nakataling lubid sa isang bakal, ginagawa ng mang-aakyat na nasa itaas na humahawak ng lubid ang lahat ng magagawa niya upang mailigtas ang tao na ibinababa ng lubid—nalalaman niya na ang mga mang-aakyat sa ibaba ay lubos na umaasa sa kanya kung sakaling matanggal ang kagamitan. Sa isang natatanging pagbaba, ang kagamitan na nagpapanatili sa mang-aakyat ay nakalag. Ginagawa ng kasama niya sa itaas ang magagawa niya upang gawing matatag ang lubid at pigilin ang pagbaba. Sa wakas, nang may ilang talampakan na lamang bago bumagsak nang patiwarik sa lupa ang nahuhulog na tao, pinigil ng kasama niya sa itaas ang pagkahulog na tiyak na naging sanhi sana ng pagkamatay ng mang-aakyat. Ipinaliwanag ng mang-aakyat na nailigtas na: "Paano mo masusuklian ang isang taong ganoon? Bigyan siya ng isang gamit nang lubid na pang-akyat bilang Pamasko. Hindi, alalahanin mo siya. Palagi mo siyang alalahanin" (Eric G. Anderson, "The Vertical Wilderness," *Private Practice*, Nob. 1979, p. 21; na sinipi sa *The Growing Edge* [limbag ng Sistemang Pang-edukasyon ng Simbahan], Peb. 1982, p. 1)

- Ano sa palagay ninyo ang naiisip ng mang-aakyat habang naaalala niya ang kaibigan niya na nagligtas sa kanya? (Ang nadama niya noong huminto ang lubid; kung gaano maaaring naging kahirap ang kumapit sa lubid; ang kagalakan na nadama nila nang magkasama sila.)
- Paano nagiging palatandaan ng pasasalamat ang palaging pag-aalaala sa isang tao?
- Linggu-linggo, sino ang pinakikipagtipanan natin na palaging aalalahanin?

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na sumunod nang tahimik habang binabasa mo nang malakas ang Doktrina at Mga Tipan 20:77, 79.

- Ilang ulit ginamit ang mga salitang alalahanin o pag-alaala sa mga panalangin sa sakramento? (Apat na ulit.)
- Paano natin palaging maaalaala ang Tagapagligtas? (Sa pamamagitan ng palagiang pag-iisip tungkol sa kahalagahan niya sa atin. Sa pamamagitan ng paglilingkod sa kanya. Sa pamamagitan ng pamumuhay ayon sa kanyang inaasahan.)
- Ano ang dapat nating madama sa tuwing ipapasa ang sakramento? (Dapat tayong makadama ng taimtim na pasasalamat sa Panginoon at pangakong susundin ang kanyang mga utos.)

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 59:7.

- Bakit dapat nating pasalamatan ang Panginoon sa lahat ng bagay?

Sipi

Sinabi ni Pangulong Marion G. Romney ng Unang Panguluhan: "Ang pasasalamat ay ipinaliliwanag bilang isang damdamin ng pagtanaw ng utang na loob na pagpapahalaga sa mga kabutihang-loob o tulong na tinanggap. Ang pasasalamat ay tanda ng isang dakilang kaluluwa. Sinasabi na ang isang walang utang na loob na tao ay katulad ng isang baboy sa ilalim ng puno, na kumakain ng mga bunga ngunit hindi kailanman tumitingala upang tingnan kung saan nanggaling ang mga ito" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya sa Bogota Colombia 1977, p. 28).

Kuwento at talakayan

Isinalaysay ng isa sa mga unang misyonerong pambuong-panahon sa Espanya ang sumusunod na kuwento:

"Binigyan ako ng kasama na isang katutubong Espanyol. Tuwing umaga paggising namin, ang kasama ko ay mawawala tungo sa isang bahagi ng aming inuupahan at babalik

pagkaraan ng dalawampu o tatlumpung minuto. Yamang karaniwang gawain namin ang kumain nang magkasama at manalangin nang magkasama at mag-aral ng mga banal na kasulatan nang magkasama, tinanong ko ang kasama ko isang araw kung saan siya nagtutungo at bakit. Ipinaliwanag niya: 'Mula nang matagpuan ko ang Simbahan at nabigyan ako ng pagkakataon na maglingkod bilang isang misyonero, ang buong buhay ko ay napabuti. Ako ay labis na naliligayahan at nabigyan ng tanging karapatan na mapabilang sa Simbahan at ngayon ay maging isang misyonero para sa Panginoon. Alam ko na mahal niya ako, at nadarama ko na magiging hindi ako marunong tumanaw ng utang na loob kung hindi ako gumugugol ng panahon araw-araw na ginugunita lamang ang mga pagpapala ko na kasama ang Panginoon at pinasasalamatan siya sa panalangin sa lahat na ibinigay niya sa akin.' "

- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng Panginoon sa misyonerong ito?

Palaisipang tanong

- Nakapanalangin na ba kayo upang magpahayag ng pasasalamat lamang?

Kuwento at talakayan

Isalaysay ang sumusunod na tunay na kasaysayan:

Isang pangkat ng mga batang lalaki na papunta sa isang paglalakad nang mahaba ang inihahatid ng sasakyan patungo sa isang kampo na pagpapalipasan ng magdamag. Hindi gaanong alam ng tsuper ang lugar, at nagkamaling iniwan sila ng mga ilang milya mula sa pagdarausan. Ipinasiya ng mga batang lalaki na tumahak ng malapit na daan at mayamaya ay nawala. Habang lumilipas ang oras at dumilim, natakot sila at nalito. Iminungkahi ng isang batang lalaki na lumuhod sila at manalangin. Bumuo sila ng bilog, at ang batang lalaki na nagmungkahi na manalangin sila ang hiningan na mag-alay ng panalangin. Nang matapos sila, hindi natagalan ay natagpuan nila ang tamang daan, at sandali lamang ay ligtas na silang lahat na nasa kampo. Matapos ang ilang minutong pagsasaya, sinabi ng batang lalaki na nag-alay ng panalangin noong una na, "May nakalimutan tayo."

- Ano sa palagay ninyo ang nakalimutan nila? (Nakalimutan nilang mag-alay ng panalangin ng pasasalamat sa pagkakatagpo ng kampo at pagdating nang ligtas.)
- Bakit nakalilimutan natin kung minsan na mag-alay ng panalangin ng pasasalamat matapos tugunin ng Panginoon ang ating panalangin para sa tulong?

Banal na kasulatan at talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na sumunod nang tahimik habang binabasa mo ang Lucas 17:11–19.

- Bakit sa palagay ninyo na siyam sa sampung ketongin ang hindi bumalik upang pasalamatan ang Tagapagligtas? (Maaaring labis silang naligayahan sa sarili nilang magandang kapalaran na nakalimutan nila ang damdamin ng isang tao. Maaaring labis silang mapagpalalo o hindi marunong tumanaw ng utang na loob, o marahil ay natakot silang bumalik.)
- Ano sa palagay ninyo ang nadama ng Tagapagligtas sa isang ketongin na bumalik at nagpakita ng pasasalamat?
- Paano natin maipakikita ang pasasalamat sa Ama sa Langit at sa Tagapagligtas? (Sa pamamagitan ng pag-aalay ng mga panalangin ng pagtanaw ng utang na loob at pasasalamat, palaging pag-alaala sa Panginoon at sa ginawa niya para sa atin, pag-aaral ng mga banal na kasulatan, paglilingkod sa iba, pagdama ng pasasalamat tuwing nakikibahagi tayo ng sakramento, pagsusulat ng mga nadarama natin sa ating mga talaarawan, pag-awit ng mga awit at himno ng papuri sa Panginoon sa mga pagpupulong at sa ating sarili.)

Idagdag ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

---

## Katapusan

Paglalahad ng tagapayo

Maaari mong naising magpahayag ng pasasalamat sa mga kabataang lalaki sa kanilang pakikipagkaibigan at inspirasyon. Maaari mong naisin na magbigay ng iyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng pagdama at pagpapahayag ng pasasalamat. Maaari mo ring naisin na hilingan ang mga kabataang lalaki na sumulat ng maikling liham ng pasasalamat sa kanilang mga magulang o ilang ibang tao na pipiliin nila.

# Pag-unawa sa Mga Ginagampanan ng Kababaihan

# 37

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa mga tungkulin ng kababaihan sa Simbahan, pamayanan, at sa tahanan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga pamantayang banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Papel at lapis para sa bawat kabataang lalaki.
   c. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Sa pagsang-ayon ng inyong obispo o pangulo ng sangay, makipag-ayos sa tatlong kababaihan upang magsalita sa loob ng tatlo hanggang limang minuto tungkol sa isa sa mga sumusunod na paksa:
   a. Ang kahalagahan at mga pagpapala ng pagiging isang anak na babae ng Diyos.
   b. Ang kahalagahan at mga pagpapala ng pagiging asawa.
   c. Ang kahalagahan at mga pagpapala ng pagiging isang ina.
3. Pagbalik-aralan ang mga aklat nina Esther at Ruth sa Lumang Tipan, at maging handang isalaysay nang maikli ang mga buhay ng dalawang kababaihang ito bilang mga mainam na halimbawa ng pagiging babae.
4. Maghandang ipakita ang Larawan 5, Emma Smith (larawan 405 rin sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo [34730]).

**PAALALA**

Ang bawat kabataang lalaki ay naimpluwensiyahan nang labis ng kababaihan sa kanyang buhay. Ang buhay ng isang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron at ang kanyang kasalukuyang pisikal at pangkaisipan na kapakanan ay mga bunga, sa malaking antas, ng mga pagsisikap ng kanyang ina. Ang karamihan sa mga nalalaman niya at nadarama tungkol sa buhay na ito ay nagmumula sa mga banal na impluwensiya ng matuwid na kababaihan bilang mga guro at kaibigan. Ang araling ito ay makapagpapaalala sa isang kabataang lalaki sa mga pagpapala na dumating sa kanya dahil sa mga kababaihan na tumugon sa misyon ng Diyos sa buhay na para sa kanila. Maging madaling makadama sa mga pangangailangan ng sinumang kabataang lalaki na walang mga ina na naninirahang kasama nila.

Maaari mong naisin na gumugol ng dalawang linggo para sa araling ito. Ang unang linggo ay sasaklaw sa kagamitan para sa aralin; ang ikawalang linggo ay sasaklaw sa tatlong talumpati at mga pagtalakay sa mga paksa.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Pambungad

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Sabihin sa mga kabataang lalaki na ang mga banal na kasulatan ay puno ng mga halimbawa ng mga dakilang lalaki at babae. Pinagtutuunang pansin ng araling ito ang mga halimbawa ng mga dakilang babae.

Hilingan ang mga kabataang lalaki na tumukoy ng ilang kababaihan sa mga banal na kasulatan na mga halimbawa ng mga matapat na anak na babae ng Diyos. Isulat ang mga sagot nila sa pisara bilang *Mga Matapat na Anak na Babae ng Diyos*. Habang ibinibigay ang bawat pangalan, ipasalaysay sa mga kabataang lalaki kung bakit naging isang dakilang anak na babae ng Diyos ang bawat babae na binanggit. Ang mga sagot ay maaaring kabilangan nina Eba, Sara, Rebeca, Raquel, Esther, Lea, Ruth, Maria, Saria, Noemi, Ana, Emma Smith.

Ipakita ang larawan ni Emma Smith. Ipaliwanag na ang Doktrina at Mga Tipan 25 ay isang paghahayag na ibinigay kay Emma Smith, ang asawa ng Propetang si Joseph Smith. Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang mga talata 1–3.

- Paano natin nalaman na minabuti ng Panginoon si Emma Smith nang ibigay ang paghahayag na ito? (Pinatawad niya ang kanyang mga kasalanan at tinawag siyang isang piniling babae.)

---

**Ang Kababaihan ay May Mga Mahalagang Tungkulin sa Kaharian ng Diyos**

Mga sipi at pisara

Ipaliwanag na binigyang-diin ni Pangulong Spencer W. Kimball, sa isang talumpati sa mga kapatid na babae sa Simbahan, ang tatlong mahahalagang tungkulin ng kababaihan sa kaharian ng Diyos: "Walang hihigit na pagkilala ang maaaring dumating sa inyo sa daigdig na ito kaysa sa pagiging kilala bilang isang babaeng maka-Diyos. Walang hihigit na katayuan ang maaaring ipagkaloob sa iyo kaysa sa pagiging isang anak na babae ng Diyos na dumaranas ng tunay na pagiging kapatid, asawa, at ina o ibang mga gawain na umiipluwensiya sa mga buhay magpakailanman" ("The Role of Righteous Women," *Ensign*, Nob. 1979, p. 102).

Isulat ang *Anak na Babae ng Diyos, Asawa*, at *Ina* sa pisara.

Ipaliwanag na bagama't maraming trabaho sa lupa ang kapwa magagampanang mabuti ng mga lalaki at babae sa edukasyon, industriya, hanapbuhay, pamahalaan, at iba pang mga larangan ng tungkulin, may mga tiyak na pananagutan na inaasahan ng Diyos na gagampanan ng kababaihan at iba na inaasahan niyang gagampanan ng kalalakihan. Ang mga pananagutang ito ay lubhang mahalaga.

Ipinaliwanag ni Pangulong Kimball:

"Ang kababaihan ng Simbahang ito ay may gawaing gagawin na, bagama't iba, ay kasing halaga ng gawain na ginagawa [ng kalalakihan]. Sa katunayan, ang gawain nila ay ang mahalagang gawain din na hinihingi sa atin na gawin—kahit na ang mga ginagampanan at tungkulin natin ay magkakaiba' (sa Conference Report, Okt. 1979, p. 71–72; o *Ensign,* Nob. 1979, p. 49).

Ang kalalakihan din ay may ilang mahahalagang kaloob ng Diyos na pananagutan. Ang mga ito ay kinabibilangan ng pagiging isang matuwid na anak na lalaki ng Diyos, asawa, at ama. Isulat ang mga ito sa tabi ng mga pananagutan ng kababaihan sa pisara.

Ipaliwanag na kapag tiningnan natin ang mga gawaing ito na itinatalaga ng Diyos kapwa sa mga lalaki at babae, makikita natin na ang mga babae ay hindi higit na mahalaga kaysa sa mga lalaki, ni ang mga lalaki ay higit na mahalaga kaysa sa mga babae.

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Ipahanap, pamarkahan at ipabasa sa mga kabataang lalaki ang 1 Mga Taga Corinto 11:11.

- Ano ang natututuhan natin mula sa banal na kasulatang ito? (Kapwa mahalaga ang mga lalaki at babae sa kaharian ng Diyos. Sa paningin ng Diyos, kailangang gumawa nang magkasama ang mga lalaki at babae at maging magkatuwang sa pagtupad sa kanilang mga banal na tungkulin sa lupa.)

Mula sa talaan ng matatapat na kababaihan sa pisara, ipasalaysay sa mga kabataang lalaki ang mga tiyak na pangyayari nang ang mga babaeng ito ay kumilos bilang (1) mga matuwid na anak na babae ng Diyos; (2) mga mabuti, matapat na asawa; o (3) mga mapagmahal na ina.

Kuwento sa banal na kasulatan at talakayan

Isalaysay ang kuwento ni Esther na tulad sa pagkakasalaysay sa ibaba o sa iyong sariling mga salita.

Daan-daang taon bago isinilang si Jesus, may malaking bilang ng Judio ang nanirahan sa pook ng Babilonia. Ang isa sa kanila ay nagngangalang Esther. Dahil sa siya ay isang napakagandang kabataang babae, pinili siya ng hari na maging asawa niya.

Paglipas ng ilang panahon, isa sa mga tagapayo sa hari ang nasaktan dahil may isang Judio, na nagngangalang Mardocheo, ang tumangging magpatirapa sa kanya. Napaniwala ng tagapayo ang hari na hindi matapat ang mga Judio sa hari at hindi sumusunod sa mga batas ng lupain. Iminungkahi niya na patayin sila. Sumang-ayon ang hari.

Nang marinig ni Esther kung ano ang mangyayari sa mga Judio, kinailangan niyang gumawa ng mahirap na pasiya. Maaari siyang umasa alinman sa dalawa na hindi matutuklasan ng hari na siya mismo ay isang Judio, o maaari niyang subuking gumawa ng isang bagay upang iligtas ang mga kababayan niya, kahit na maaaring malagay sa panganib ang sarili niyang buhay.

Ipinasiya niyang sikaping tulungan ang mga kababayan niya.

Basahin ang Esther 4:16.

- Ano ang gusto ni Esther na gawin ng lahat ng Judio sa bansa? Bakit?
- Ano ang binalak niyang gawin?

Nangamba si Esther dahil, ayon sa batas, kung sinuman ang lumapit sa hari at hindi pinahintulutang magsalita, siya ay maaaring ipapatay. Ngunit handang ipagsapalaran ni Esther ang kanyang buhay para sa kanyang mga kababayan, at pinahintulutan siya ng hari na magsalita. Dahil sa kanyang katapangan, sa huli ay nailigtas ang mga Judio.

- Anong mga katangian ang taglay ni Esther na tumulong sa kanya na maging isang matapat na anak na babae ng Diyos?
- Ano ang ginawa ni Esther upang ipakita ang kanyang tapang at katuwiran?

Mga natatanging paglalahad

Ipabigay sa tatlong paunang inatasang kababaihan ang kanilang mga paglalahad.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Mga Kawikaan 31:10–13, 20, 26–28, 30.

- Ano ang ilang katangian ng pagiging babae na binanggit sa mga talatang ito?
- Bakit sa palagay ninyo papupurihan ng asawa at mga anak niya ang isang babae na tulad nito?
- Paano kayo pinagpala ng impluwensiya ng mga matuwid na babae sa inyong buhay?

---

**Tumutulong sa Ating Buhay ang Mga Babae Habang Ginagampanan Ang Kanilang Mga Kaloob ng Diyos na Tungkulin Bilang Mga Ina**

Sipi

Ang bawat isa sa atin ay natulungan na ng mga babae na gumagawa ng nais ng Diyos na gawin nila. Binabanggit ang mga babaeng ito, sinabi ni Pangulong Kimball: “Tayong lahat ay pinagpala ng mga natatanging babae sa ating buhay–-mga babae na nagkaroon ng malalim at walang hanggang impluwensiya sa atin. Ang tulong nila ay naging napakahalaga at napakahalaga [ngayon] sa atin at isang bagay na magkakaroon ng walang hanggang kahalagahan sa atin” (sa Conference Report, Okt. 1979, p. 71, o *Ensign*, Nob. 1979 p. 48).

Gawain

Mamigay ng isang piraso ng papel at lapis sa bawat kabataang lalaki. Hilingan ang bawat isa sa kanila na lagyan ng bilang mula 1 hanggang 4 ang papel. Sabihin sa mga kabataang lalaki na ilagay ang pangalan ng isang babae na tumulong o nag-ambag sa kanilang buhay sa tabi ng bawat bilang. Maaari nilang isulat ang pangalan ng isang babae na nasa pamilya nila, isang kapitbahay, isang guro o isang kaibigan. Dapat silang sumulat sa tabi ng bawat pangalan ng ilang maikling pangungusap na naglalarawan kung ano ang naitulong niya. Bigyan sila ng mga apat na minuto upang gawin ito, at tingnan sila upang mahimok sila na magsulat ng apat.

Pagkaraan na maisulat ng mga kabataang lalaki ang mga pangalan at paglalarawan, papiliin ng isa ang bawat isa at ipalarawan ang tulong na nagawa niya [ng babae] sa kanyang buhay. Hindi dapat ihayag ng mga kabataang lalaki ang pangalan ngunit dapat na himukin na ibahagi ang paglalarawan. Bilang tagapayo, maaari mong tulungan ang mga kabataang lalaki na mapalagay sa pamamagitan ng paggawa ng sarili mong talaan. Kung may oras pa, salit-salitan silang pagbahaginin ng mga naitulong ng mga babae sa kanila hanggang sa maaari nilang banggitin.

Hamon

Pasanggunihin ang mga kabataang lalaki sa mga talaan na ginawa nila. Hamunin sila na gumawa ng isang bagay ngayon na nagpapakita ng kanilang paggalang at pagpapahalaga sa isa o higit sa mga babaeng iyon. Ang bawat kabataang lalaki ay maaaring—

1. Magpahayag ng taos-pusong pasasalamat sa kanyang ina.
2. Makipag-usap at magpasalamat sa isang kapatid na babae sa Simbahan na nagturo sa kanya.
3. Sumulat ng liham ng pasasalamat sa isang babae na nagkaroon ng natatangi, mabuting epekto sa kanyang buhay.
4. Magpahayag ng pasasalamat sa kanyang kapatid na babae sa pagtulong sa kanya sa ilang paraan.

# Pamumuhay Nang Matuwid sa Isang Di-matuwid na Daigdig

# 38

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magnanais na sundin ang mga kautusan kahit na may pamimilit na gumawa ng iba.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Larawan 6, Tinatanggihan ni Daniel ang Karne at Alak ng Hari, at larawan 7, Si Daniel sa Lungga ng Mga Leon (larawan 114 at 117 rin sa Pakete ng Larawan ng Sining ng Ebanghelyo [34730]).
3. Isang himnaryo para sa bawat kabataang lalaki.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Makapamumuhay Tayo Nang Matuwid sa Isang Hindi Matuwid na Daigdig**

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento.

Si Propesor Evan Stephens, minsang naging tagakumpas ng Koro ng Tabernakulo, ay katatapos lamang na mamuno sa koro sa isang pulong ng pangkalahatang komperensiya. Matahimik siyang umupo at pagkatapos ay bahagyang humilig sa harapan, na may kasabikang naghihintay sa mensahe na ibibigay ni Pangulong Joseph F. Smith. Napukaw ang kanyang damdamin sa pangaral ng propeta tungkol sa paksa ng kabataan, sa mga pamimilit ng daigdig na nararanasan nila, at sa kahalagahan ng pagiging tapat sa mga turo ng ebanghelyo. Sa pagwawakas ng pulong, mag-isang naglakad si Propesor Stephens sa City Creen Canyon, na nagninilay-nilay sa mga pinasiglang salita ng Pangulo. Umupo siya sa ibabaw ng isang bato na matatag na nakatayo sa kabila ng matinding puwersa ng rumaragasang tubig. Ang bato para sa kanya ay tila naging sagisag ng narinig niya nang umagang iyon. Bigla na lamang dumating sa kanya ang mga salita at ang tugtugin sa magiging isa sa mga pinakagustong himno ng mga kabataan. Habang nakaupo sa batong iyon, isinulat niya ang mga salita at nilikha ang tugtugin ng “True to the Faith” (*Mga Himno*, blg. 254). Mahal niya, katulad ng propeta, ang mga kabataan at sinabi niyang ang awiting ito ay ang kanyang espirituwal na payo sa kanila. (Tingnan sa J. Spencer Cornwall, *Stories of Our Mormon Hymns* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1961], p. 172–74.)

Himno at talakayan

Bigyan ng himnaryo ang bawat kabataang lalaki, at pabuksan sa kanya sa “True to the Faith” (*Mga Himno*, blg. 254). Hilingan ang mga kabataang lalaki na magsalitan sa pagbasa ng apat na talata at koro.

- Anong mensahe ng propeta ang sinisikap na hulihin ni Kapatid na Stephens sa himnong ito?

Mga larawan at kuwento sa banal na kasulatan

Ipaliwanag na mula pa noong unang panahon, ang mga lalaki at babae ay nagpakita na ng pambihirang tapang sa pagpili na huwag “masiraan ng loob” kundi mamuhay nang matuwid sa gitna ng pamimilit mula sa hindi matuwid na daigdig sa paligid nila. Ang isang klasikong halimbawa nito mula sa banal na kasulatan ay si Daniel sa Lumang Tipan.

Hilingan ang mga kabataang lalaki na buksan ang aklat ni Daniel sa Lumang Tipan.

Ipaliwanag na si Daniel ay dinala sa isang banyagang lupain bilang isang kabataan—isang lupaing may kakatwang kaugalian, wika, kapaligiran, at relihiyon. Ang kanyang unang pagsubok ay dumating nang iutos ng hari na ang mga dinala sa Babilonia ay iinom ng kanyang napakasarap na alak at kakain ng kanyang masustansiyang pagkain. Alam ni

Daniel at naunawaan ang mga kautusan ng Panginoon. Naturuan siya na ang mga bagay na ito ay masamang kainin, at naturuan siya na sundin ang mga kautusan ng Diyos. (Ipakita ang larawan ni Daniel na tinatanggihan ang pagkain ng hari.) Pinakiusapan ni Daniel ang mga utusan ng hari na siya at ang kanyang mga kaibigan ay pahintulutang sumunod sa mga batas ng Panginoon sa kalusugan. Pumayag ang utusan sa isang sampung araw na pagsubok upang makita kung ano ang mangyayari.

- Ano ang mga bunga ng pagkain ni Daniel (tingnan sa Daniel 1:15)?

- Paano biniyayaan ng Diyos si Daniel at ang mga kaibigan niya dahil sa pagiging matapat at pagsunod sa kanyang batas ng kalusugan? (tingnan sa Daniel 1:17)?

Isa pang pagsubok ang dumating nang magkaroon ng panaginip si Haring Nabucodonosor at nagnais na mabigyang-kahulugan ito. Walang sinuman sa mga mahiko o astrologo sa kaharian ang makapagsabi sa hari kung ano ang kahulugan ng kanyang panaginip. Ito ay lubhang nagpagalit sa hari na iniutos niyang pataying lahat ang mga pantas ng Babilonia, kasama si Daniel.

- Ano ang ginawa ni Daniel nang marinig niya ang binabalak na gawin ng hari (tingnan sa Daniel 2:16)?

- Paano tinanggap ni Daniel ang mga sagot na kailangan niya tungkol sa panaginip ng hari (tingnan sa Daniel 2:7–20)?

- Matapos ibigay ni Daniel ang kahulugan ng panaginip sa hari, ano ang reaksiyon ng hari at gantimpala ni Daniel (tingnan sa Daniel 2:46–48)?

Nagkaroon ng isa pang pagsubok si Daniel. Siya ay binigyan ng mataas na katungkulan sa ilalim ng hari. Hinirang siya na puno ng lahat ng prinsipe, at sila ay nainggit kay Daniel. Inabangan nila na gumawa siya ng isang maling bagay upang maparatangan nila siya sa harap ng hari. Nang wala silang makita, gumawa sila ng panibagong masamang balak. Nagharap ng bagong batas sa hari ang masasamang prinsipe na nagsaad na sa loob ng tatlumpung araw ay walang sinumang pahihintulutang manalangin. Sinabi nito na dapat na ang hari lamang ang purihin ng mga tao. Tila naisip ng hari na iyon ay isang magandang ideya, kaya siya ay nag-utos ng parusa sa mga sumuway sa batas. Nang marinig ni Daniel ang bagong batas, labis siyang nabagabag, sapagkat ang pananalangin sa Diyos ay lubhang mahalaga sa kanya.

- Ano ang naging parusa sa pagsuway sa batas na ito (tingnan sa Daniel 6:7)?

- Ano ang ginawa ni Daniel, kahit na alam niya ang tungkol sa utos at kaparusahan nito (tingnan sa Daniel 6:10)?

Ang mga naiinggit kay Daniel ay nanubok sa kanya sa kanyang bahay, at nang makita nilang nananalangin siya, sinabi nila sa hari. Mahal ng hari si Daniel at nalaman niya na isang katakut-takot na panlilinlang ang ginawa sa kanya ng masasamang prinsipe. Sinikap niyang baguhin ang batas upang iligtas si Daniel mula sa mga leon, ngunit pinaalalahan siya ng mga prinsipe na walang batas ng hari ang maaaring baguhin.

- Ano ang sinabi ng hari nang itapon nila si Daniel sa yungib ng mga leon (tingnan sa Daniel 6:16)?

Ipakita ang larawan ni Daniel na nasa yungib ng mga leon.

Si Daniel ay nagpakita ng napakagandang halimbawa sa harapan ng hari. Nagtiwala ang hari na ililigtas si Daniel ng Diyos niya mula sa yungib ng mga leon. Magdamag na nag-ayuno ang hari para kay Daniel at kinaumagahan ay nagmamadaling nagtungo sa yungib at tinawag siya.

- Ano ang itinanong ng hari kay Daniel (tingnan sa Daniel 6:20)? Ano ang naging tugon ni Daniel (tingnan sa Daniel 6:22)?

- Pagkatapos masaksihan ang himalang ito at ang katapatan ni Daniel sa kanyang Diyos, anong utos ang ginawa ngayon ng hari (tingnan sa Daniel 6:26–27)?

- Ano ang maaaring ginawa ninyo kung kayo ang nasa ilalim ng pamimilit na naranasan ni Daniel?

- Ano ang matututuhan natin mula sa halimbawa ni Daniel?

- Paano maaaring mapilit ang isang kabataang lalaki ngayon na suwayin ang isa sa mga kautusan ng Diyos?

Ipahambing at ipasuri sa mga kabataang lalaki ang sarili nilang mga pangako sa kanilang mga paniniwala sa paghahambing roon sa kay Daniel? Ituro ang kamangha-manghang impluwensiya na ginawang mag-isa ni Daniel sa isang buong kaharian sa pamamagitan ng pagpiling mamuhay nang matuwid.

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na maaaring hindi tayo itapon ngayon sa isang yungib ng mga gutom na leon para sa paninindigan sa pinaniniwalaan natin, ngunit maaari tayong hamunin sa ibang mga paraan na may mga kasing halagang pasiya at kahihinatnan. Maraming kabataang lalaki noong nakalipas at sa kasalukuyan ang nakadaig at dumadaig sa mga pamimilit ng daigdig at kumikilos nang matuwid.

Kuwento at talakayan

Ang sumusunod na kuwento ay nagbibigay ng mga halimbawa ng pagdaig sa mga pamimilit ng daigdig.

"Ang isa sa mga nakapagpapalakas ng loob at nakapagpapasiglang karanasan ko ay ang makilala ang mga kabataang lalaki at babae na tunay nang natagpuan ang kanilang mga sarili—ang mga nagpapasiya sa kung anong uri ng tao ang kahihinatnan nila at pagkatapos ay nagpapakita ng tapang na tumindig sa mga pamimilit ng lipunan na maging ang uri ng anak ng Diyos na ikalulugod niya. Ang pagkakakilala sa mga ganitong kabataan ay nagpapalakas ng aking patotoo at nagpapalaki ng aking tiwala at pananampalataya sa hinaharap.

"Nakilala ko minsan ang isang batang marino na tripulante ng isang submarinong atomika na nakahimpil sa Scotland. Siya ang tanging miyembro ng Ang simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw sa mga tripulante. Ang submarino ay naglalakbay ng mga pinalalawig na paglalayag na bumubuo ng maraming linggo. Nang ang batang miyembro ng Simbahang ito ay itinalaga sa kanyang himpilan sa una niyang paglalakbay, natagpuan niya na ang ibang tripulante ay nagdikit sa mga dingding sa kanyang pook ng mga larawan na nagpapahiwatig ng kahalayan ng halos wala nang saplot na mga babae. Nagalit siya rito. Tinanggal niya ang lahat ng mga larawan at sinira ang mga ito. Alam niya ang maaaring maging reaksiyon ng ibang kalalakihan ngunit, gayunman, nagkaroon siya ng tapang ng gawin ang inaakala niyang dapat niyang gawin. Ni isang larawan ay wala nang ikinabit muli. Sa katunayan, sa unang paglalayag na iyon, nagsimula siyang magturo ng Panlinggong Paaralan na dinaluhan ng dalawa o tatlong ibang kalalakihan. Natuto siya ng isang mahalagang aral—karaniwan, magpapakita ng paggalang ang iba sa isang tao na may tapang sa kanyang mga matibay na paniniwala at hindi natatakot na gawin ang nadarama niyang tama.

"Sa isa pang pagkakataon, nakilala ko ang isang 14 na taong gulang na batang lalaki na isang napakahusay na manlalaro ng tenis. Napanalunan niya ang lahat ng paligsahan sa tenis sa kanyang klase sa pook na kinabibilangan ng maraming estado. Nakarating siya sa una sa pangwakas ng isang napakahalagang paligsahan na gaganapin sa isang may kalayuang lungsod. Nang siya ay dumating doon, nalaman niya na nakatakda siyang makilahok nang Linggo. Lumapit siya sa mga pinuno at sinabi sa kanila na hindi siya naglalaro ng tenis nang Linggo; pagkatapos ay ipinaalam sa kanya na kung gusto niyang maglaro sa paligsahang ito, kailangan niyang maglaro nang Linggo. Muli niyang ipinahiwatig na hindi siya maglalaro nang Linggo, na nalalaman na ang hindi paggawa nito ay nangangahulugan ng pagkatalo dahil sa paglabag sa alituntunin ng laro. Katulad ng nangyari, umulan nang Linggo. Naglaro siya nang Lunes at nanalo.

"Pagkatapos ay sakay siya ng bus na kasama ang ibang mga manlalaro patungo sa isa pang pangunahing lungsod upang makilahok sa mga pangkampeonatong laro na sumasakop sa buong baybayin ng Atlantiko sa Estados Unidos. Dumating sila nang Linggo. Inutusan ng tagasanay ang mga kalahok na magtungo sa palaruan ng tenis at magsanay kaagad pagkarating. Hindi nagtungo sa palaruan ng tenis ang batang lalaking ito. Tinanong ng tagasanay kung bakit hindi siya nagsasanay. Sinabi niya, 'Hindi po ako naglalaro ng tenis kapag Linggo.' Tinanong siya ng tagasanay kung bakit. Ang sagot niya ay, 'Mormon po ako.'

"Sa palagay ko ay gusto niyang mapanalunan ang kampeonato sa kanyang nasasaklawang gulang nang higit sa anupaman, at gayunman siya mismo ang nagpasiya na ang pagpapanatiling banal sa Araw ng Pangilin ay higit na mahalaga kaysa pagiging isang kampeon sa tenis. Alam ninyo, natagpuan niya ang kanyang sarili at nagkaroon ng tapang at katapatan upang ipamuhay ang kanyang buhay ayon sa mga alituntunin na itinuro sa kanya, at ginawa niya ang pasiya niya anuman ang mga pamimilit ng lipunan" (Victor L. Brown, "A Light on a Hill," *New Era*, Set 1980, p. 4)

- Bakit sa palagay ninyo napakalakas ng nadama ng marino at manlalaro ng tenis tungkol sa mga paniniwala nila?
- Gaano kahirap sa palagay ninyo na gawin ang kanilang ginawa?
- Paano kayo pinagpala sa paninindigan sa inyong mga paniniwala?

---

**Paghahangad ng Tulong na Mamuhay Nang Matuwid**

Pisara at talakayan

Ipaliwanag na katulad nina Daniel at ng dalawang kabataang lalaki sa mga kuwentong ito na hindi iniwang walang katulong nang pinili nilang mamuhay nang matuwid, gayon din tayo. Mahal tayong lahat ng Panginoon, nais niyang magtagumpay tayong lahat, at hindi niya tayo iniwan upang mangapa-ngapa at magkamali-mali nang walang magawa. Gayunman nais din niya tayong matuto mula sa ating mga karanasan upang magkaroon tayo ng kaalaman at tapang na mamuhay nang matuwid.

- Anong mga mapagkukunan ng tulong ang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit upang tulungan tayong mamuhay nang matuwid?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang ilang mga sagot ay maaaring kabilangan ng panalangin, mga magulang at iba pang mga miyembro ng pamilya, ng Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, pagkasaserdote at mga pinuno ng Simbahan, mabubuting kaibigan.

- Paano natin magagamit ang mga pinagkukunang ito sa iba't ibang kalagayan upang tulungan tayong mamuhay nang higit na matuwid?

Hilingan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng mga karanasan na naranasan nila sa mga pagsisikap nila na mamuhay nang matuwid sa gitna ng mga pamimilit ng daigdig.

---

**Katapusan**

Patotoo

Magpatotoo na sa kabila ng madilim na larawan na kadalasang inilalarawan ng daigdig, may mga makabagong Daniel sa ating piling. Tayo rin ay maaaring maging katulad ni Daniel at mamuhay nang matuwid sa gitna ng mga pamimilit sa paligid natin, na nalalaman na palaging naroroon ang ating Ama sa Langit upang itaguyod at pagpalain tayo. Maaari tayong maging matapat sa pananampalataya at hindi masiraan ng loob.

Himno

Basahing muli o awitin ang himno na "True to the Faith."

# Katapangang Moral

# 39

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magkakaroon ng katapangang moral.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Pag-aralan nang mabuti ang mga kuwento at pinag-aaralang kalagayan—higit na magiging epektibo ang mga ito kung isasalaysay mo ang mga ito sa halip na basahin sa mga kabataang lalaki.
3. Bukod sa kagamitan na nasa aralin, maaari mong naisin na gamitin ang isa o higit pa sa mga sumusunod na ulat sa banal na kasulatan tungkol sa katapangang moral: David (1 Samuel 17); Sadrac, Mesach, at Abed-nego (Daniel 3); Joseph Smith (Joseph Smith—Kasaysayan 1:1–25).
4. Maaari mong naising ipakita ang larawan 8, Pinapaslang ni David si Goliath (larawan 112 rin sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo [34730]), at Tatlong Lalaki sa Mainit na Pugon (larawan 116 sa Pakete ng Larawan sa Sining ng Ebanghelyo).

**PAALALA**

Sa araling ito, maikling pagbalik-aralan ang pagkakaiba ng katapangang pisikal at katapangang moral. Dapat na palakasin ng araling ito ang mga kabataang lalaki upang magtakda sila ng mga pansariling pamantayan na magkatulad sa mga pamantayan ng ebanghelyo at kumilos hinggil sa mga ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Sa Pamamagitan ng Pagkakaroon ng Katapangang Moral, Higit Nating Mahaharap ang Mga Pagsubok ng Buhay**

Kuwento

Isang araw ay may isang batang sundalo na nasa tungkuling pagbabantay. Ang kanyang masamang manalitang sarhento na kadalasan niyang iniiwasan ay lumapit sa kanya. Inihanda ng bagong kawal ang kanyang sarili sa karaniwang pagdagsa ng kalapastanganan na kailangan niyang tanggalin mula sa kanyang isipan pagkatapos. Sa halip sinabi ng sarhento niya, 'Mormon ka, di ba?' Tumango ang bagong kawal sa pagsang-ayon na may pagkabigla, upang magulat lamang sa sumunod na obserbasyon: . . . 'Alam mo ba kung ano ang hinahangaan ko sa inyo? Mabubuti kayo kapag hindi kailangang maging mabuti' " (Douglas D. Alder, "Swimming Upstream," *New Era*, Hulyo 1977, p. 19).

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng sarhento?

Pisara at talakayan

Isulat ang *katapangan* sa pisara

- Ano ang katapangan? (Ang katangian ng isip at puso na kusang kumilos sa harap ng panganib.)

Isulat ang *moral* pagkatapos ng *katapangan* sa pisara.

- Ano ang katapangang moral?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang katapangang moral ay isang natatanging uri ng katapangan na nagangahulugang palaging pagiging nakahandang gawin ang tama.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Mosias 18:9.

- Ano ang kahulugan ng tumayo bilang isang saksi ng Diyos sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar?

- Bakit nangangailangan kung minsan ito ng katapangang moral?

Ipaliwanag na ang paggawa ng katapangang pisikal ay kadalasang nagdudulot ng kabantugan o papuri. Ang mga kilos ng katapangang moral ay maaaring hindi palaging maghatid ng kabantugan o papuri.

- Sa anong mga pagkakataon maaaring makapagdulot ng pangungutya at pag-uusig ang katapangang moral?

Sipi

Ibahagi ang sumusunod na pangungusap:

"Ang isang batang lalaki sa loob ng paaralan ay makapagbibigay ng malakas na impluwensiya magpakailanman. Ang isang kabataang lalaki sa koponan ng putbol, o paaralan, o sa piling ng mga kapwa niya manggagawa ay makagagawa sa pamamagitan ng pamumuhay ng ebanghelyo, paggalang sa kanyang pagkasaserdote, at pagtayo para sa matuwid ng hindi masabing kabutihan. Madalas ay makararanas kayo ng maraming pagpuna at pangungutya maging sa mga naniniwala na katulad ninyo, kahit na iginagalang nila kayo sa paggawa ng matuwid. Ngunit alalahanin na ang Tagapagligtas mismo ay pinarusahan, kinutya, dinuraan, at sa huli ay ipinako sa krus dahil ayaw niyang mag-alinlangan sa matibay niyang paniniwala. Huminto na ba kayo upang isipin kung ano marahil ang nangyari kung nanghina siya at sinabing, 'Oh, ano ang kabuluhan nito?' at iniwan ang kanyang misyon? Nais ba nating maging mga masukuin, o nais ba nating maging mga magiting na tagapaglingkod sa kabila ng lahat ng pagsalungat at kasamaan sa daigdig? Magkaroon tayo ng tapang na tumayo at mapabilang bilang mga tunay, matapat na tagasunod ni Cristo" (N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1975, p. 113; o *Ensign*, Nob. 1975, p. 74–75.)

Mga Pinag-aaralang kalagayan

Basahin at talakayin ang mga sumusunod na pinag-aaralang kalagayan.

Pinag-aaralang kalagayan 1

Isang pangkat ng mga batang lalaki ang sama-samang nag-uusap sa pasilyo na hinihintay ang hudyat na magwawakas sa oras ng tanghalian. Isa pang batang lalaki ang sumali sa kanila. Nakangiti at palinga-linga, sinabi niya, "May malaswang biro ako. May mga babae bang nakikinig?"

- Paano ninyo pakikitunguhan ang kalagayang ito?

Pinag-aralang kalagayan 2

Ilang oras nang nag-aaral sa aklatan ng paaralan si Ken. Siya ay pagod at talagang nagmamalasakit. Talaga lamang hindi niya maunawaan ang materyal katulad ng nais niya, at ang panghuling pagsubok ay bukas.

Ilang mga batang lalaki ang dumating at umupo sa mesang iyon mismo. Nginitian ni Ray si Ken at sinabing, "Hoy kaibigan, magandang balita. Nasa akin ang tatlo sa limang tanong na nasa pagsusulit bukas. Kinuha ko ang mga ito sa pagsusulit mismo. Nakita ko ang mga ito sa mesa nang pumunta sa tanggapan ang guro. Heto, bibigyan kita ng kopya."

- Bakit mangangailangan ng katapangang moral ang ganitong kalagayan?
- Paano dapat pakitunguhan ni Ken ang kalagayang ito?

Pinag-aaralang kalagayan 3

Nakatayo sa pila si Paul para sa palabas na kasama ang dalawa sa kanyang mga kaibigan. Palaging nagpapalabas ng mga pampamilyang pelikula ang sinehan, kaya hindi gaanong nakapag-ingat si Paul. Habang papalapit sila sa bilihan ng tiket, napansin ni Paul mula sa pagsusuri na ang pelikula ay hindi angkop para sa isang maytaglay ng pagkasaserdote.

- Kailangang gumawa ng isang mahalagang pasiya si Paul. Ano ang dapat niyang gawin?

Sipi

Basahin ang sumusunod na sipi:

"Alam ninyong hindi mahirap makilala ang isang tunay na mandirigma para sa pagkasaserdote. Nakakasalubong ninyo siya sa bawat kanto. Siya ang taong tumatanggi kapag ang iba ay sumasang-ayon na manood ng sine kapag Linggo, sa mga [malaswang]

palabas at sa anumang oras (alam niya na hindi siya dapat magpadala sa tuksong ito). Siya ang taong tumatanggi sa mga malaswang aklat o magasin o larawan o kuwento sa anumang oras. Tumatanggi siya sa pamimingwit o paglangoy o pamamangka kapag Linggo. Siya ang taong tumatanggi kapag sinasabi ng ibang, 'Subukin mo lang,' ang isang beer o sigarilyo—kahit na isa lang. Ang matapang na mandirigmang ito ang siya ring sumasang-ayon kapag ang iba ay tumatanggi sa pagpupulong ng pagkasaserdote kapag Linggo ng umaga, sa pulong-sakramento, sa pagbabayad ng ikapu, sa panalangin araw-araw, sa mga klase sa seminaryo o surian. Ang walang-tinag na kabataang lalaking ito ang sumasang-ayon kapag ang iba ay tumatanggi na magtungo sa misyon" (H. Burke Peterson, sa Conference Report, Okt. 1974, p. 97; o *Ensign*, Nob. 1974, p. 68–69).

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na habang gumagawa sila ng mga wastong pasiya na nangangailangan ng katapangang moral, nakapamumuhay sila ng higit na maligaya at matagumpay na buhay.

---

**Ipamumuhay at Ipagtatanggol ng Mga May Katapangang Moral ang Ebanghelyo ni Jesucristo**

Paglalahad ng tagapayo

Ilahad ang sumusunod na kuwento:

Sa dulang *A Man for All Seasons* ang katapangang moral ni Ginoong Thomas Moore ay mabisang ginagampanan. Inutusan ni Haring Henry VIII ng Inglatera si More na sumumpa na sinasang-ayunan ang mga kilos ng hari. Ngunit naniwala si More na mali ang mga kilos ng hari. Dinagdagan ng Hari ang pamimilit kay More upang sumumpa. Ang mga lupain at ari-arian niya ay kinuha sa kanya. Pagkatapos ay nilitis siya at ikinulong. Sa huli ay hinatulan siyang mamatay, lahat ng ito ay dahil ayaw niyang salungatin ang kanyang konsensiya.

Alam ng hari na maraming tao ang humanga kay More at sa kanyang ginagawa. Talagang ayaw maging ng hari na ipapatay siya. Bilang panghuling pagsisikap upang magawang baguhin ni More ang kanyang isipan, ipinadala ni Haring Henry ang asawa ni More at ang kanyang anak na babae upang dalawin siya sa kulungan.

Hinimok nila siyang sumumpa upang mapanatili ang kanyang buhay. Ipinaalala ng anak na babae ni More sa kanya na palagi niyang itinuro sa kanya na isinasaalang-alang ng Diyos ang puso, hindi ang mga salita ng bibig. Pagkatapos ay nakiusap siya sa kanya na "bigkasin ang mga salita ng sumpa at mag-isip ng iba sa inyong puso."

Sumagot si More, "Ang isang sumpa ba ay mga salita lamang na binibigkas natin sa Diyos?" Pagkatapos, pinagdaop ang kanyang mga palad at nagpatuloy siya: "Kapag ang isang tao ay sumusumpa, Meg, hinahawakan niya ang kanyang sariling buhay sa kanyang sariling mga kamay. Katulad ng tubig. At kung bubuksan niya ang kanyang mga daliri sa sandaling iyon—hindi niya kailangang umasang makikita niyang muli ang kanyang sarili" (Robert Bolt, *A Man for All Seasons* [New York: Random House, 1960], p. 140).

Ipinapatay sa huli si More dahil ayaw niyang salungatin ang kanyang Konsensiya.

Sipi

Ipaliwanag na sa isang pagkakataon ay mga bilanggo sina Propetang Joseph Smith at ilan sa mga kapatid na lalaki sa isang bilangguan sa Richmond, Missouri. Matagal na silang nakakulong. Isang gabi, narinig ni Joseph Smith na nagyayabang ang mga tanod tungkol sa lahat ng malupit at karumal-dumal na pagtrato na ibinigay nila sa mga miyembro ng Simbahan.

Ipabasa sa isang kabataang lalaki na nakababasa nang mabuti ang karanasang ito na katulad sa pagkakatala ni Elder Parley P. Pratt:

"Bigla siyang tumayo, at nagsalita sa isang dumadagundong na tinig, o tulad ng umaatungal na leon, na sinasabi, ang mga sumusunod na salita na kasing lapit ng naaalala ko:

" '*TUMAHIMIK, kayong mga napakasamang tao ng maka-demonyong impiyerno. Sa pangalan ni Jesucristo ay kinagagalitan ko kayo, at inuutusang huminto; hindi ako mabubuhay ng isa pang minuto at pakikinggan ang ganyang pananalita. Ihinto ninyo ang ganyang salita o kayo o ako ay mamamatay NGAYON DIN.'*

"Huminto siyang magsalita. Tumayo siya nang matuwid na may nakasisindak na kamaharlikahan. Nakatanikala, at walang armas; mahinahon, hindi nababalisa at marangal na tulad ng isang anghel, tiningnan niya ang mga nanliliit sa takot na tanod, na ibinaba ang mga armas o binitiwan sa lupa; na magkasamang tumiklop ang mga tuhod, at nanliit sa isang sulok, o yumukyok sa kanyang paanan, ay humingi ng kanyang paumanhin, at nanatiling tahimik hanggang sa magpalit ng mga tanod" (*Autobiography of Parley P. Pratt* [Salt Lake City: Deseret Book Co, 1938], p. 211).

Sipi

Hilingan ang mga kabataang lalaki na makinig kung anong uri ng asal ang inaasahan mula sa mga maytaglay ng pagkasaserdote habang binabasa mo ang sumusunod na pangungusap ni Elder Dean L. Larsen, ng Pitumpu:

"Hindi sapat na malaman natin ang tama at paniwalaan na mabuti ito. Kailangan tayong maging handang tumayo at mapabilang. Kailangan tayong maging handang kumilos ayon sa pinaniniwalaan natin sa lahat ng kalagayan. Kakaunti ang halaga sa atin ng maniwala sa isang paraan kung umaasal tayo nang hindi ayon sa paniniwalang iyan sa mga pansarili nating kilos o sa ating hayagang paggawa" (sa Conference Report, Okt. 1978, p. 49; o *Ensign*, Nob. 1978, p. 34–35).

Bigyang-diin ang "sa lahat ng pagkakataon" bilang ang tunay na susi sa katapangang moral.

Ipagpatuloy ang sipi:

"Nangangailangan ngayon ng matinding tapang upang maging isang tapat na Banal sa Huling-araw. Sa karamihan, hindi ito madali, at ito marahil ay hindi magiging higit na madali. Ang mga pagsubok ng panahon natin ay mahirap. Ito ay lalo na para sa inyo mga kabataang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron. Hindi tayo palaging ginagawang mga bayani ng madla ng pagiging tapat sa paraan ng buhay na ibinigay sa atin ng Panginoon. Gayunman, ang pagkakaroon ng tapang para sa ating mga matibay na paniniwala ay may sariling mga biyaya. Natuklasan ito ni Armin Suckow, Jr., na isang labintatlong gulang na batang lalaki mula sa Alemanya. Isinasalaysay niya ang isang kawili-wiling karanasan sa isang liham na isinulat niya sa magasin na *New Era*. Sinabi ni Armin, 'Isang kapaskuhan ay pinag-usapan namin kasama ang isa sa mga guro namin ang tungkol kay Jesus. Sinabi niya na matapos mamatay si Jesus, pumanaw siya sa lupa at sa ngayon ay patay na. Habang nagsasalita ang guro, naisip ko ang tungkol sa ating simbahan at nalaman na pagkatapos ng tatlong araw ay nabuhay na mag-uli si Jesus at nakita ng maraming tao. Pagkaraan, sa panahong iyon, umakyat siya sa langit. Nadama ko na dapat kong sabihin sa guro at mga mag-aaral na ang katotohanan ay ibang-iba sa sinabi ng guro. Ayaw pakinggan ni kaunti ng guro ang opinyon ko, ngunit sa kabila nito, . . . sinabi ko sa kanila na nabuhay na mag-uli si Jesus. Hindi ikinalugod ni kaunti ng guro na dapat ko siyang iwasto, ngunit ipinagpatuloy ko. Pagkatapos ay sinabi niya na ito ay isang palagay lamang. Sinagot ko siya na mababasa ng lahat ang pangyayaring ito sa mga banal na kasulatan at napakalinaw na inilarawan na walang maaaring makakuha ng ibang opinyon tungkol sa kuwento kaysa sa ibinigay ko. Pagkatapos ng klase ay ninais ng guro na malaman kung anong simbahan ang kinasasapian ko. Sinabi ko sa kanya na kasapi ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw. Noong araw na iyon ay nagkaroon ako ng magandang damdamin sa loob ko' " ("The Savior Lives!" *New Era*, Dis. 1977, p. 18) (sa Conference Report, Okt. 1978. p. 49; o *Ensign*, Nob. 1978, p. 34–35).

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na pumili ng isang halimbawa ng katapangang moral mula sa mga kuwento o pinag-aaralang kalagayan sa araling ito at isagawa ang ganoong uri ng katapangang moral sa sarili nilang buhay.

# Pag-iwas at Pagdaig sa Tukso

# 40

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa kung paano niya maiiwasan at madadaig ang tukso.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangan kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Kung ang *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277) ay makukuha sa inyong lugar, ipalabas ang bahagi 10, "The Test."

**PAALALA**

Ang isang kabataang lalaki na nahaharap sa malalakas na tukso ay maaaring makadama ng kawalang lakas upang tumutol. Ngunit mapipili niya ang tama sa pamamagitan ng tulong ng Panginoon. Madadaig niya si Satanas. Madadaig niya ang tukso. Kaya nga ang pinakamainam na panahon upang gumawa ng mga pasiya ay ngayon, bago siya makaranas ng tukso. Tulungan ang mga kabataang lalaki na matutong umiwas at tumutol sa tukso.

**MUNGKAHIN PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Kuwento at talakayan

Ginugunita ni Elder Boyd K. Packer ang isang karanasan na naranasan niya sa isang inilaang kagubatan para sa mga hayop sa Aprika:

"Huminto kami sa isang inuman ng tubig upang masdan ang mga hayop na lumalapit upang uminom. Napakatuyo noong panahong iyon at walang maraming tubig, talagang mga maputik na lugar lamang. Kapag tumapak ang mga elepante sa malambot na putik ay tumatagas ang tubig sa mga lubak at ang mga hayop ay iinom mula sa mga yapak ng elepante.

"Ang mga *antelope* (hayop na may tila lagaring sungay), lalo na, ay lubhang natatakot. Lalapitan nila ang inuman ng tubig sa putik, upang pumihit at tumakbo lamang na takot na takot. Nakikita ko na walang mga leon sa paligid at tinanong ko ang giya kung bakit hindi sila umiinom. Ang sagot niya ay . . . 'mga Buwaya.'

"Alam ko na maaaring nagbibiro siya at tinanong siya nang taimtim, 'Ano ang problema?' 'Ang muling sagot: 'mga Buwaya.'

" 'Kalokohan,' ang sabi ko. 'Walang mga buwaya roon. Nakikita ng lahat iyan.' . . .

"Alam ng lahat na hindi mo maitatago ang isang buwaya sa yapak ng isang elepante.

"Masasabi niya na hindi ko siya pinaniwalaan at nagpasiya, sa palagay ko, na turuan ako ng isang aral. Naglakbay kami sa isa pang lugar kung saan ang sasakyan ay nasa dike sa itaas ng maputik na inuman kung saan kami makatitingin sa ibaba. 'Hayan,' ang sabi niya. 'Tingnan ninyo mismo.'

"Wala akong makitang anuman maliban sa putik, kaunting tubig, at mga natatakot na hayop sa kalayuan. Pagkatapos ay bigla kong nakita iyon!—isang malaking buwaya, na nakapirmi sa putikan, na naghihintay ng ilang walang kahina-hinalang hayop na mauhaw nang sapat upang lumapit para uminom.

"Bigla ay naging isa akong tagapaniwala! Nang makita niya na nakahanda akong makinig, ipinagpatuloy niya ang aralin. 'Nagkalat ang mga buwaya sa liwasan,' ang sabi niya, 'hindi lamang sa mga ilog. Wala tayong alinmang tubig na walang buwaya sa malapit nito, at dapat mong asahan ito' " (sa Conference Report, Abr. 1976, p. 45; o *Ensign,* Mayo 1976, p. 30–31).

- Sa anong mga paraan katulad ng mga buwaya ang mga tukso? (Kadalasan silang nagbabalatkayo upang magmukhang di-makapipinsala, mapang-akit, o maging hindi umiiral. Ngunit kapwa silang makasisira sa atin.)
- Ano ang saloobin ni Elder Packer noong unang sabihin sa kanya ng giya na may mga buwaya sa malapit? (Hindi makapaniwala. Akala niya ay higit ang nalalaman niya, na walang panganib.)
- Nagkaroon na ba kayo ng katulad na saloobin tungkol sa tukso?
- Bakit mapanganib ang ganoong saloobin? (Maaaring maging sanhi ito ng ating pagiging kampante at pagkabigong makinig sa mga babala.)
- Paano tayo makapag-iingat sa pagkakasakmal ng "mga espirituwal na buwaya"—mga tukso? (Maaari tayong mag-ingat sa mga tukso at umiwas sa mga lugar kung saan alam natin na matutukso tayo. Maaari rin tayong makinig sa mga patnubay na ibinigay sa atin ng Panginoon.)
- Sino ang mga ibinigay ng Panginoon bilang mga patnubay upang magbigay babala sa atin sa mga espirituwal na buwaya? (Ang ating mga magulang; mga guro; at mga pinunong pagkasaserdote, kabilang na ang propeta.)

---

### Ang Pinakamainam na Paraan Upang Labanan ang Tukso ay Ang Iwasan Ito

Mga sipi at talakayan

Ipaliwanag na sa lahat ng mga kagamitan at kasanayan ni Satanas, maaaring magtaka tayo kung paano natin malalabanan ang mga tukso ni Satanas. *May kapangyarihan tayo.* Ibahagi ang sumusunod na pangungusap ni Propetang Joseph Smith: "Ang lahat ng nilalang na may mga katawan ay may kapangyarihan sa mga wala nito. Ang diyablo ay walang kapangyarihan sa atin *maliban lamang kung pinahihintulutan natin siya"* (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* pinili ni Joseph Fielding Smith [Salt Lake City: Deseret Book Co, 1976], p. 181; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

- Paano natin pinahihintulutan si Satanas na magkaroon ng kapangyarihan sa atin? (Sa pakikinig sa kanyang mga tukso at sa paglalagay sa ating sarili sa mga nakatutuksong kalagayan.)

Si Elder Hartman Rector, Jr., ng Pitumpu ay nagturo ng isang mahalagang alituntunin sa pagdaig sa tukso:

"Sa aking karanasan, natuklasan ko na lubhang mapanganib ang magpalipad nang sapat lamang ang taas upang huwag tamaan ang mga tuktok ng puno. Gumugol ako ng dalawapu't anim na taon sa pagpapalipad ng mga eroplano ng hukbong-dagat. Lubhang nakatutuwa na makita kung gaano kalapit ako makapagpapalipad sa mga puno . . . ,at lubhang mapanganib ito. Kapag ikaw ay nagpapalipad na sapat lamang ang taas upang huwag tamaan ang mga puno at ang makina mo ay nagluko nang minsan, nasa mga puno ka na.

"Ngayon ay magkunwari tayo na may kautusan ang hukbong-dagat—'Huwag mong paliliparin ang eroplano mo sa mga puno.' Sa katunayan, nagkaroon sila ng ganoong kautusan. Upang tunay na maging malaya sa kautusan, nagiging kailangan para sa akin ang magdagdag ng sarili kong kautusan sa kautusan ng hukbong dagat, katulad ng 'Huwag mong paliliparin ang eroplano mo nang higit na malapit sa 5,000 talampakan sa mga puno.' Kapag ginawa ninyo ito, ginagawa ninyong madaling ipamuhay ang kautusan ng hukbong-dagat, at ang sanhi ng kaligtasan ay kamangha-manghang nadaragdagan" (sa Conference Report, Okt. 1972; o *Ensign*, Enero 1973, p. 131).

- Sa pagsunod sa payo ni Elder Rector, anong mga tuntunin ang maitatakda ninyo sa inyong mga sarili upang gawing higit na madali ang pamumuhay ng Salita ng Karunungan? (Ang mga maaaring sagot ay maaaring kabilangan ng pamimili ng mga mabubuting kaibigan; hindi pagpunta sa mga pagtitipon na kung saan ay alam ninyo na mag-iinuman o gagamit ng mga droga ang mga tao; at pagdaraos ng sarili ninyong pagtitipon, kung saan mapapamahalaan ninyo ang kapaligiran at ang mga pagkain o inumin.)

- Anong mga tuntunin ang maitatakda ninyo na makapagpapadali sa inyo na maging malinis? (Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng hindi panonood ng malalaswang pelikula, hindi kailanman pagtingin sa pornograpiya, at hindi pagpasok nang nag-iisa sa bahay na kasama ang mga kabaligtarang kasarian.)

---

**Ang Maagang Paggawa ng Mahahalagang Pasiya ay Nakatutulong sa Atin na Labanan ang Tukso**

Paglalahad ng Tagapayo

Ipaliwanag na hindi lamang natin dapat iwasan ang mga nakatutuksong kalagayan, kundi dapat tayong magpasiya nang maaga kung paano natin lalabanan ang mga tukso kung matatagpuan natin ang ating mga sarili na nasa mga mahirap na kalagayan. Dapat tayong magpasiya nang maaga habang malaya tayong magpasiya at hindi maghintay hanggang sa nasa harap na natin ang tukso.

Sipi at talakayan

Ibahagi ang sumusunod na paksa mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

"Noong ako ay isang batang lalaki . . . narinig ko ang mga guro ko na paulit-ulit na sinasabi sa akin: 'Hindi tayo umiinom; hindi tayo naninigarilyo; hindi tayo umiinom ng tsaa o kape; ipinagbawal ng Panginoon iyan.' . . .

"Pagkatapos, habang nag-iisa ako sa labas, na naggagatas ng mga baka, o nagtatayo ng dayami, nagkaroon ako ng panahon na mag-isip. Pinag-isip-isipan ko muli sa aking isipan at ginawa ang pasiyang ito: 'Ako, si Spencer Kimball, ay hindi kailanman titikim ng anumang anyo ng alak. Ako, si Spencer Kimball, ay hindi kailanman hahawak ng tabako. Hindi ako kailanman iinom ng kape, ni makikialam ng tsaa—hindi dahil sa maipaliliwanag ko kung bakit hindi ko dapat gawin, maliban sa sinabi ng Panginoon na huwag.' . . . ako ay nagpasiya.

"Iyan ang punto na sinisikap kong iparating. Nagpasiya ako noong panahong iyon, bilang isang maliit na batang lalaki: 'Hindi ko kailanman pakikialaman ang mga ganoong bagay.' 'At dahil ako ay nagpasiya, naging madaling sundin ito, at hindi ako nagpaubaya. Maraming tukso ang dumating, ngunit hindi ko man lamang sinuri ito; hindi ako huminto at tinimbang ito at sinabing, "Ano kaya, gagawin ko kaya o hindi? Palagi kong sinasabi sa aking sarili: 'Dahil ipinasiya ko na hindi ko gagawin. Samakatuwid, hindi ko gagawin' " (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya sa Stockholm Sweden 1974, p. 86).

- Kung inalok kayo ng mga kaibigan ng sigarilyo, ano ang gagawin ninyo? Kakailanganin ba ninyong magpasiya, o nakapagpasiya na ba kayo, na katulad ng ginawa ni Pangulong Kimball, na susundin ninyo ang salita ng Karunungan anuman ang mangyari?
- Anong mga ibang kautusan ang napagpasiyahan na ninyo anuman ang tukso?
- Kapag nakapagpasiya na kayong maging karapat-dapat na magtungo sa misyon, anong iba pang mga pasiya ang napagpasiyahan na ninyo? (Na hindi ninyo susuwayin ang Salita ng Karunungan, hindi magiging hindi malinis ang puri, at iba pa.)

---

**Mailalayo Tayo ng Diyos Mula sa Tukso**

Mga banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Ipaliwanag na sa kabila ng mga pinakamahusay na pagsisikap nating iwasan ang tukso, matutukso pa rin tayo kung minsan.

Ipabasa at pasalungguhitan sa mga kabataang lalaki ang Mga Taga Corinto 10:13.

- Ayon sa talatang ito, ano ang ipinangako sa atin? (Na palaging magbigigay ng paraan ang Diyos para sa atin upang makatakas sa tukso. Ang pagtakas na ito ay maaaring mangahulugang hindi sinasadyang pagkakasangkot ng ating sarili sa mga nakatutuksong kalagayan. Hindi tayo maaaring maghanap ng tukso at asahang pangangalagaan tayo ng Panginoon.)

Bigyang-diin na palaging magbibigay ng paraan sa atin ang Panginoon upang matakasan ang tukso, ngunit nasa atin na kunin ang paraan na ibinibigay niya. Kailangan nating piliing tumakas.

Basahin at salungguhitan ang Doktrina at Mga Tipan 31:12.

- Anong payo ang ibinibigay ng banal na kasulatang ito sa atin sa paglaban sa tukso? (Palagiang manalangin. Isulat ang *panalangin* sa pisara.

- Ano ang ibang bagay na magagawa natin upang madaig ang tukso? (Mapapalitan natin ang masasamang kaisipan ng mabubuti sa pamamagitan ng pag-iisip ng mga salita ng isang himno o pagbigkas ng isang paboritong banal na kasulatan. Maaari nating palitan ang ating kapaligiran kung ito ang pinagmumulan ng tukso. Halimbawa, maaari nating patayin ang telebisyon o lumabas ng sinehan. Kung minsan ay nakabubuting tumawag sa isang kaibigan o makipag-usap sa magulang upang hindi natin kailangang harapin ang tukso nang nag-iisa.)

- Ano ang nakatulong sa inyong labanan ang tukso?

Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki.

Pinag-aaralang kalagayan

Isalaysay ang sumusunod na pinag-aaralang kalagayan sa iyong sariling mga salita.

Inanyayahan ng mga kaibigan niya si Robert na manonood ng isang bagong pelikula. Alam ni Robert na may ilang masamang tagpo ito at nadamang hindi siya dapat pumunta. Ngunit nang tumanggi siya sa mga kaibigan niya, tinukso nila siya at kinantiyawan. “Napanood na ng lahat ang pelikulang iyon,” ang sabi nila. “Hindi makasasama sa iyo ito.”

- Ano ang dapat gawin ni Robert sa kalagayang ito?

Sa huli, nagpaunlak si Robert sa pamimilit nila at nagpasiyang pumunta. Sa sumunod na linggo sa simbahan at maraming ulit pagkatapos, ang masasamang salita at larawan mula sa pelikula ay biglang pumapasok sa ulo ni Robert kung kailan niya hindi inaasahan ang mga ito—ni ayaw niyang isipin ang mga ito—ngunit nahirapan siyang tanggalin ang mga ito mula sa kanyang isipan.

- Paano pinahintulutan ni Robert ang diyablo na magkaroon ng kapangyarihan sa kanya? (Sa paglalagay sa kanyang sarili sa isang alanganing kalagayan, sa pamamagitan ng pakikinig sa mga katuwiran ng mga kaibigan niya.)

- Ano ang naging bunga?

- Kapag nakita na niya ang pelikula, paano niya mapapawi sa kanyang isipan ang masasamang tagpo?

- Paano sana niya naiwasan ang tukso?

---

**Katapusan**

Sipi

Hindi natin kailangang magpatalo sa tukso. Sinabi ni Pangulong David O. McKay:

Ibinibigay ko ang babalang ito sa kalalakihan ng pagkasaserdote. Ang pinakamahina ninyong bahagi ang magiging bahagi na sisikaping tuksuhin kayo ni Satanas, at sisikaping makuha kayo, at kung pinahina mismo ninyo ito bago ninyo piniling paglingkuran ang Panginoon, daragdagan niya ang kahinaang iyan. Labanan ninyo siya at makatatamo kayo ng lakas. Tutuksuhin niya kayo sa ibang bahagi. Labanan ninyo siya at nagiging higit na mahina siya at nagiging higit na malakas kayo, hanggang sa masasabi ninyo, anuman ang maaaring maging kapaligiran ninyo, ‘Umalis ka sa likuran ko Satanas: sapagkat nasusulat, sa Panginoon mong Diyos sasamba ka, at siya lamang ang iyong paglilingkuran’ (Lucas 4:8)” (sa Conference Report, Abr. 1969, p. 94; o *Improvement Era*, Hunyo 1969, p. 28).

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na iwasan ang tukso, na gumawa ng mahahalagang pasiya nang maaga, at palagiang manalangin upang madaig nila si Satanas at ang kanyang mga tukso at matamo ang buhay na walang hanggan.

# Ang Sakramento: Bilang Pag-alaala sa Kanya

# 41

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay sasali nang may pagpapahalaga at karapat-dapat sa ordenansa ng sakramento.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**PAALALA**

Dahil tinatanggap natin ang sakramento tuwing Linggo, paminsan-minsan ay nalilimutan natin ang kabanalan nito. Sa pamamagitan ng araling ito, iukit sa isipan ng mga kabataang lalaki ang kahalagahan ng banal na ordenansang ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Juan 1:29. Ipaliwanag na ang panganay na tupa ay iniaalay bilang isang alay sa Panginoon noong panahon ng Lumang Tipan. Ituro na gaya ng tupa na sumasagisag sa Tagapagligtas bago ang kanyang huling sakripisyo, ang sakramento ay bilang pag-alaala sa hain na ginawa niya para sa atin.

Ipapaliwanag sa mga kabataang lalaki ang isinasagisag ng tinapay at tubig.

**Ipinaaalala sa Atin ng Sakramento ang Sakripisyo ni Jesus at ang Ating Mga Tipan**

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Basahin ang Lucas 22:19–20.

- Ano ang pagdiriwang nang pinasimulan ni Jesus ang sakramento? (Matapos ang Huling Hapunan, bago ang kanyang paghihirap sa Getsemani.)
- Bakit pinasimulan ni Jesus ang sakramento? (Upang iwanan tayo ng tiyak na paalaala niya.)

Ibuod ang talakayan sa pamamagitan ng pagsusulat ng mga sumusunod na salita sa pisara: *Ipinapaalala sa atin ng sakramento si Jesus at ang kanyang sakripisyo para sa atin.*

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na ang layunin ng sakramento ay dalawa: hindi lamang ito isang paalaala ng sakripisyo ni Jesus, kundi ito ay isang pagkakataon din upang makipagtipan sa Panginoon na gagawin natin ang iniutos niya sa atin. Ang mga panalangin sa sakramento ay nagbabanggit ng tatlong tiyak na pangako na ginagawa natin.

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

- Saan matatagpuan ang mga panalangin sa sakramento? (Sa Doktrina at Mga Tipan 20:77, 79 at Moronias 4:3, 5:2.)

Basahin at salungguhitan ang Doktrina at Mga Tipan 20:77 (o Moronias 4:3).

- Anong tatlong bagay ang “pinatutunayan” natin, o ipinangangako, na gagawin natin kapag tinatanggap natin ang sakramento?

Isulat ang tatlong pangako sa pisara.

*Ipinangangako natin na—*

*1. Taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo.*

*2. Lagi siyang alalahanin.*

*3. Sundin ang kanyang mga kautusan.*

| | |
|---|---|
| Palaisipang tanong | • Tunay bang sinisikap mo na sundin ang mga pangakong ito? |
| Talakayan | • Kailan mo unang ginawa ang mga pangakong ito? (Sa pagbibinyag.) |

Sandaling talakayin ang bawat isa sa mga pangako, na ginagamit ang mga tanong at mga kuwento na katulad ng mga ito:

- Ano ang ibig sabihin ng taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo? (Ang maging handang mamuhay ayon sa mga turo ni Cristo sa lahat ng panahon at sa lahat ng lugar. Tingnan sa Mosias 5:5–7; 18:8–9.)
- Kapag tinaglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo, ano ang maaasahan sa atin ng mga tao? (Na sisikapin nating mamuhay ayon sa mga turo ni Cristo at dudulutan siya ng karangalan.)
- Ano ang iisipin ng iba tungkol kay Cristo kung hinatulan nila siya sa pamamagitan ng ating pagkilos, bilang kanyang mga disipulo?

Pinag-aaralang kalagayan

Kalilipat mo pa lamang sa isang bagong kapitbahayan. Isang pangkat ng mga batang lalaki ang dumating bago ang pasukan upang makipagkilala sa iyo. Ipinakilala ng mga batang lalaki ang kanilang sarili at nagtanong tungkol sa iyo–-tungkol sa iyong mag-anak, sa iyong dating paaralan, sa iyong mga interes, sa iyong relihiyon.

- Ano ang gagawin mo? May pagmamalaki mo bang sasabihin sa kanila na ikaw ay kabilang sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng Mga Banal sa Huling-araw, o mananatili ka bang tahimik sa takot na baka hindi nila naisin na maging mga kaibigan mo kapag nalaman nila ang iyong relihiyon?
- Kung iginagalang mo ang iyong pangako na taglayin sa iyong sarili ang pangalan ni Jesus, ano ang iyong gagawin?
- Ano ang ibig sabihin ng laging alalahanin si Jesus? (Ang madalas siyang isipin at ang sundin ang kanyang mga turo sa ating mga pang-araw-araw na buhay.)
- Paano makapagpapalakas sa atin ang laging pag-aalaala kay Jesus upang madaig ang mga tukso ni Satanas?

| | |
|---|---|
| Palaisipang tanong | • Sa anong mga panahon at mga lugar mo naalala si Jesus noong nakaraang linggo? |
| Talakayan | • Ano ang ilang mga bagay na nakapipigil minsan sa atin na mag-isip tungkol sa Tagapagligtas sa panahon ng sakramento? |

- Ano ang maaari nating gawin habang tumatanggap tayo ng sakramento upang matulungan tayong ituon ang ating pansin sa pag-aalaala kay Jesus? (Maaari mong naisin na isulat ang mga sagot sa pisara. Kabilang sa mga maaaring sagot ang mga sumusunod: isipin ang buhay at misyon ni Jesus at ang kanyang dakilang pag-ibig sa atin, pag-isipang mabuti ang isinasagisag ng sakramento, isiping muli ang mga salita at mensahe ng himno ng sakramento.)
- Ano ang maaari nating gawin sa loob ng buong linggo upang sundin ang pangako natin na alalahanin si Jesus? (Pag-aralan ang mga banal na kasulatan, manalangin, dumalo sa seminaryo at iba pang mga pulong sa Simbahan, kumilos na parang kasama natin si Jesus, sundin ang kanyang mga kautusan, at magpakita ng pagmamahal sa ating pamilya at sa iba.)

Mga banal na kasulatan at talakayan

Basahin ang Juan 14:15. Talakayin sa mga kabataang lalaki kung bakit nagpapakita ng ating pagmamahal sa kanya ang pagsunod sa mga kautusan ni Jesus.

- Paano mas makapagpapadali sa ating sumunod sa kanyang mga kautusan ang laging pag-aalaala kay Jesus?

Basahin ang pagbabasbas sa tubig (Doktrina at Mga Tipan 20:79; Moronias 5:2). Ipaliwanag na alak ang dating ginagamit para sa ordenansang ito (tingnan sa Doktrina at Mga Tipan 27, pang-ulo ng bahagi at mga talata 1–2).

- Ano ang tanging pangako na binabanggit sa kapwa panalangin? (Ang laging alalahanin si Jesus.)
- Kung matapat nating susundin ang kapwa espiritu at titik ng pangakong ito, paano tayo kikilos? Dapat pa ba tayong paalalahanang sundin ang dalawa pang pangako?

### Ang Espiritu ng Panginoon ay Mapapasa Mga Karapat-dapat na Tumatanggap ng Sakramento

Pisara at Talakayan

- Ano ang ipinangangako ng Panginoon kung susundin natin ang mga tipan na ginagawa natin kapag tinatanggap natin ang sakramento? (Na lagi nating tatanggapin ang kanyang Espiritu sa atin.)

Idagdag ang mga sumusunod sa pisara: *Ipinangangako ng Diyos na ipagkakaloob niya sa atin ang kanyang Espiritu.*

- Ano ang kahalagahan sa iyong buhay ng pagtanggap ng Espiritu ng Panginoon sa iyong sarili? (Maaari nating matamasa ang mga bunga ng Espiritu na katulad ng kaalaman, kaginhawaan, at paggabay.)
- Paano makatutulong sa iyo ang pagkakaroon ng Espiritu na ipamuhay ang ebanghelyo?

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na upang tanggapin ang patuloy na paggabay ng Banal na Espiritu, hindi sapat na tumanggap lamang ng sakramento. Dapat nating gawin ito nang karapat-dapat.

Basahin ang 1 Mga Taga Corinto 11:27–30.

- Ano ang sinasabi ni Pablo tungkol sa mga tumatanggap ng sakramento nang hindi karapat-dapat? (Sinasabi niya na sila ay “maysala sa katawan at dugo” ni Cristo, na ginagawa nila ito tungo sa kanilang sariling kapahamakan o paghatol.)
- Nangangahulugan ba ito na kailangan nating maging ganap upang tanggapin ang sakramento? (Hindi, ngunit dapat tayong magsikap na ipamuhay ang ebanghelyo at dapat na magsisi sa anumang mga kasalanan.)
- Paano natin maihahanda ang ating sarili na tanggapin ang sakramento nang karapat-dapat? (Sa pamamagitan ng pagsisisi araw-araw, paghingi ng kapatawaran mula sa ating mga nasaktan, at pag-alaala nang madalas kay Cristo at sa kanyang sakripisyo. Sa panahon ng pulong sakramento, maaari nating pagbalik-aralan sa ating mga isipan ang mga panalangin sa sakramento at manalangin para sa lakas upang masunod ang ating mga tipan.)
- Sinasabi ng banal na kasulatan, “Siyasatin ng tao ang kanyang sarili.” Paano mas makapagpapadali ang madalas na pagsisiyasat ng ating buhay upang tanggapin ang sakramento sa tamang espiritu?
- Bakit magiging isang magandang panahon ang panahon ng sakramento upang siyasatin ang ating buhay?

Sipi

Ang isa sa mga biyaya ng pagtanggap ng sakramento ay ang maaari tayong magpanibago nito sa espirituwal at sa gayon ay palakasin tayo upang ipamuhay ang ebanghelyo nang higit na lubos. Sinabi ni Elder Melvin J. Ballard:

“Madalas kong tingnan ang natatanging biyayang ito bilang paraan ng espirituwal na pag-unlad, at walang iba pa na kasing bisa sa pagkamit ng pakay na iyon katulad ng pagtanggap, nang karapat-dapat, ng sakramento ng hapunan ng Panginoon. Kumakain tayo ng pagkain upang pasiglahin ang ating mga pisikal na katawan. Kung wala ang pagtanggap ng pagkain tayo ay magiging mahina at masasakitin, at mabibigo nang pisikal. Gayon din kahalaga ito, para sa ating espirituwal na katawan, na tayo ay dapat na tumanggap ng sakramentong ito at sa pamamagitan nito ay tumanggap ng espirituwal na pagkain para sa ating mga kaluluwa. . . .

“Sino sa atin ang hindi sumusugat sa kanyang espiritu sa pamamagitan ng salita, isip, o gawa, mula sa Araw ng Pangilin hanggang sa Araw ng Pangilin? Gumagawa tayo ng mga bagay na ikinalulungkot natin at nagnanais na mapatawad, o tayo ay nagkamali laban sa isang tao at nagbigay pinsala. . . . Ang paraan upang tumanggap ng kapatawaran ay hindi sa pamamagitan ng muling pagbibinyag; . . . ito ay ang magsisi sa ating mga kasalanan, ang lumapit sa mga pinagkasalahan o nilabag natin, at tanggapin ang kanilang kapatawaran at pagkatapos ay [pumunta] sa hapag ng sakramento kung saan, kung tayo ay matapat na nagsisi at naglagay sa ating sarili sa wastong kalagayan, tayo ay patatawarin, at ang espirituwal na pagpapagaling ay darating sa ating mga kaluluwa” (*Sermons and Missionary Services of Melvin J. Ballard,* tinipon ni Bryant S. Hinckley [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1949], p. 148–49).

### Katapusan

Hamon

Basahin ang sumusunod na hamon sa mga kabataang lalaki:

"Mga kabataang lalaki ng Pagkasaserdoteng Aaron, kayo na namamahala sa tungkulin ng sakramento, pag-aralan ang kahulugan nito, ang kabanalan nito, at ang banal na tungkulin na kasamang dumarating ng dakilang pagkakataong ito" (John H. Vandenberg, "The Presiding Bishop Speaks About the Sacrament," *Improvement Era*, Nob. 1967, p. 16).

Patotoo

Ibahagi ang iyong patotoo tungkol sa kabanalan ng sakramento, ang kahalagahan ng paghahanda upang tanggapin nang karapat-dapat ang sakramento, at ang mga biyaya na dumarating mula sa karapat-dapat na pagtanggap nito.

Himukin ang mga kabataang lalaki na isaulo ang kinaroroonan ng mga panalangin sa sakramento sa mga banal na kasulatan; sasabihin ito nang madalas ng mga saserdote.

# Sundin ang Mga Kapatid

# 42

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magpapasiya na sundin ang payo ng mga pinunong inordenan ng Diyos.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Kumuha mula sa aklatan ng bahay-pulungan o mula sa mga kasapi ng purok o sangay ng mga labas ng *Ensign* na naglalaman ng mga talumpati sa komperensiya ng mga pinuno ng Simbahan (isang labas para sa bawat kabataang lalaki).
3. Maghanda ng mga hango mula sa mga pinakahuling talumpati sa komperensiya sa papel o mga kard.
4. Ihanda nang maaga ang kuwento ni Elder Groberg (tingnan ang aralin) sa pamamagitan ng pagtatalaga ng isang kabataang lalaki na basahin ito sa panahon ng klase (kung nanaisin).

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Isipan at Kalooban ng Panginoon ay Ipinababatid sa Pamamagitan ng Kanyang Mga Inordenang Pinuno**

Kuwento at talakayan

Sa isang talumpati sa pangkalahatang komperensiya, sinabi ni Elder John Groberg ng Pitumpu ang kanyang karanasan bilang isang misyonero sa Timog Pasipiko.

"Ako ay itinalaga bilang isang pangulo ng distrito upang pangasiwaan ang mga gawain ng Simbahan at ipahayag ang ebanghelyo sa isang pangkat ng labinlimang maliliit, kalat-kalat na pulo. Kami ay naglalakbay halos sa pamamagitan lamang ng bangkang may layag. . . .

"Sa isang pagkakataon, nakatanggap kami ng balita na malubhang maysakit ang isang misyonero sa isang may kalayuang pulo. Nagbabanta ang panahon. . . . Ang lubos na may kabigatang dagat ay nagpabagal sa aming pagsulong, at may kahapunan na nang dumating kami. Ang misyonero nga ay malubhang maysakit. Ang taimtim na panalangin ay sinundan ng pangangasiwa, kung saan dumating ang napakalakas na pakiramdam na ibalik siya sa pagamutan sa pangunahing pulo, at gawin ito ngayon! . . .

"Marami ang naging . . . pag-uusap tungkol sa kadiliman, sa bagyo, sa nakatatakot na batuhan na may labis na makipot na bukana patungo sa look . . . ngunit di-nagtagal walong tao, kasama ang isang maysakit na misyonero, isang lubos na may karanasang kapitan, at isang tila nangangambang pangulo ng distrito, ay lumulan sa bangka. . . .

"Halos hindi pa namin nagagawa ang aming pangako sa kalawakan ng karagatan nang parang lumakas ang tindi ng bagyo nang pitong ulit. . . . Dinagdagan ng makakapal na ulap at rumaragasang ulan ang kaitiman ng aming madilim nang sansinukob—walang mga bituin, walang buwan, walang pahinga—tanging kaguluhan. . . .

"Habang kami ay naglalayag at sumiklut-siklot nang papalapit nang papalapit sa batuhan, ang lahat ng mata ay naghanap sa liwanag na tanda ng bukana—ang tanging lagusan tungo sa aming tahanan. Nasaan na ito? . . . Ang ulan ay bumuhos sa aming mga mukha at pumuwing sa aming mga mata—mga mata na walang saysay na naghahanap sa nagbibigay-buhay na liwanag na iyon.

"Pagkatapos ay narinig ko ang nakakikilabot na tunog ng mga alon na humahampas at lumalamon sa batuhan! Muntik na kami—muntik na muntik na. Nasaan na ang liwanag na iyon? Maliban na aming tamaan ang bukana nang wasto, kami ay hahampas sa batuhan at magkakagutay-gutay at masisira ng may libu-libong ngipin na dambuhalang iyon. . . .

"Ang ilan ay nagsimulang umungol, ang ilan ay tumaghoy at umiyak, at maging ang isa o dalawa ay sumigaw sa histerya. Sa kasukdulan ng pagkatakot na ito na marami ang nagsusumamong lumiko sa kaliwa o sa kanan, . . . tumingin ako sa kapitan—at doon nakita ko ang mukha ng kapanatagan, ang di-tumatandang mukha ng karunungan at karanasan, habang ang kanyang mga mata ay tumatagos sa kadiliman sa harap. Tahimik na bumuka ang kanyang mga labi na pinagaspang ng panahon, at hindi inaalis ang kanyang nakatuon na tingin at halos di-napapansin na iniikot ang timon, binigkas niya ang mga nagbibigay-buhay na salitang iyon, . . . 'Naroon ang liwanag!' . . .

"Hindi ko makita ang liwanag, ngunit nakikita ito ng kapitan. At alam ko na nakikita niya ito. . . . At kaya nga sa pamamagitan ng isang huling malaking daluyong inihagis kami sa bukasan at patungo sa mas mga payapang tubig. . . .

"Kami ay nasa kinakalingang look. Nakauwi kami. . . .

"At kaya nga ang dakilang aral: Mayroong mga, sa pamamagitan ng mga taon ng karanasan at pagsasanay, at sa pamamagitan ng bisa ng mga natatanging makalangit na tawag, ay nakakikita nang mas malayo at mas mabuti at mas malinaw—at maaari at tunay ngang magliligtas sa atin sa mga katayuang iyon kung saan ang malubhang sugat o kamatayan—kapwa espirituwal at pisikal—ay mapasasa atin bago natin mismo makita" (sa Conference Report, Okt. 1976, p. 61–63; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 44–45).

- Sino ang mga tinutukoy ni Elder Groberg sa huling parapo ng kuwento? (Ang mga pinuno ng Simbahan.)

Basahing muli ang huling parapo kung kinakailangan.

- Bakit nakakikita nang mas malayo at mas mabuti at mas malinaw ang mga piniling pinuno ng Diyos?
- Anong katiyakan mayroon tayo na alam ng ating mga pinunong pagkasaserdote ang daan ng Panginoon at ligtas na mapangunguluhan tayo upang malampasan ang mga mabagyong dagat ngayon?

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 1:38 at 68:2–4.

- Sino ang mga tagapaglingkod ng Panginoon na tinutukoy sa mga banal na kasulatang ito?

Hilingan ang mga kabataang lalaki na bumanggit ng ilang pinuno ng Simbahan na tumatanggap ng gabay at payo para sa kanilang kapakanan.

Mula sa mga sagot ng mga kabataang lalaki, ihanda ang sumusunod na tsart sa pisara:

| Mga Pinunong Pagkasaserdote | | |
|---|---|---|
| Mga Pinunong Pagkasaserdote | Panguluhan ng Istaka | Panguluhang Obispo o Panguluhan ng Sangay |
| Ang Pangulo ng Simbahan | | Pamunuan ng Pangkat ng Mataas na Saserdote |
| Ang Unang Panguluhan | | Panguluhan ng Korum ng Mga Elder |
| Ang Korum ng Labindalawa | | Mga panguluhan ng Korum ng Pagkasaserdoteng Aaron |
| Panguluhan ng Pook (mga kasapi ng Pitumpu) | | |
| Ang Namumunong Panguluhang Obispo | | |

Sabihin sa mga kabataang lalaki na sumangguni sa tsart habang sinasagutan nila ang mga sumusunod na tanong.

- Sa pamamagitan ng aling inordenang pinuno o mga pinuno maaaring ipaalam ng Panginoon ang sumusunod na kaalaman?

1. Isang bagong paghahayag para sa Simbahan. (Sa Unang Panguluhan.)
2. Pagsang-ayon sa tawag ng isang kabataang lalaki upang maglingkod bilang pangulo ng korum. (Sa obispo.)

3. Isang tawag upang maglingkod bilang isang obispo. (Sa pangulo ng istaka.)
4. Isang paghatol na ang isang kabataang lalaki o babae ay karapat-dapat na maglingkod sa isang misyon. (Sa obispo at pangulo ng istaka.)
5. Ang pagtawag sa isang misyonero sa isang natatanging lugar ng paglilingkod. (Sa Unang Panguluhan.)
6. Tagubilin at inspirasyon sa pangangasiwa ng isang panayam sa pansariling pagiging karapat-dapat. (Sa obispo.)
7. Patakaran ng Simbahan tungkol sa mga kasalukuyang kasamaan ng daigdig, tulad ng pagpapalaglag, malalaswang babasahin, at mga droga. (Sa Unang Panguluhan.)
8. Payo na maaari ninyong kailanganin sa inyong buhay. (Sa obispo.)

Sipi

Ipaliwanag na ang isipan at kalooban ng Panginoon ay ipinaaalam sa pamamagitan ng kanyang mga inordenang pinuno: "Ang tinig ng Unang Panguluhan at ang nagkakaisang tinig ng iba pang kasama nilang maytaglay ng mga susi ng kaharian ang palaging papatnubay sa mga Banal at sa sangkatauhan sa mga landas na nais ng Panginoon na tahakin nila" (Joseph Fielding Smith, sa Conference Report, Abr. 1972, p. 99; o *Ensign,* Hulyo 1972, p. 88).

---

### Ang Mga Pinuno ng Simbahan ay Nagbibigay ng Pamamatnubay Para sa Ating Kapakanan

Kuwento at talakayan

Isalaysay ang sumusunod na kuwento na sinabi ni Pangulong David O. McKay.

"Kamakailan lamang ay may nabasa akong isang lathala na kung saan ay isang bantay sa pangangaso ang nakapansin ng isang pisi na nakatali sa isang puno na patungo sa isang masukal na gubat. Ipinasiya niyang sundan ang pisi upang alamin ang kahalagahan nito. Sa ilalim ng mga puno, sa mga nakayungyong na sanga, sinikap niyang sundan ito sa abot ng kanyang makakaya, at sa huli ay natagpuan ang isang mangangaso na may natira pang bola ng pisi sa kanyang kamay. Nang tanungin kung para saan ang pisi, sumagot ang mangangaso, 'Nabalitaan ko ang tungkol sa mga tao na naligaw ng landas sa mga kagubatang ito, at ipinasiya ko na kung maliligaw ako, may isang paraan ako upang matagpuan ang landas ko pabalik' " (*Treasures of Life* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1962], p. 404).

- Paano natin maiiwasang maligaw ng landas sa daigdig na ito? (Maaari nating sundin ang pamamatnubay ng ating mga pinunong pagkasaserdote.)
- Paano kayo tinulungan ng inyong mga pinunong pagkasaserdote na manatili sa tamang landas?

Gawain at talakayan

- Saan natin matatagpuan ang mga pangkasalukuyang pahayag ng paninindigan ng Simbahan tungkol sa mga makabagong suliranin o paksa? (Sa *Ensign, Liahona* at *Church News*.)

Mamahagi sa bawat kabataang lalaki ng isang labas ng *Liahona* na naglalaman ng ulat tungkol sa pangkalahatang komperensiya. Hilingan ang bawat kabataang lalaki na basahin sa talatuntunan ang talaan ng mga paksang tinalakay sa isang kamakailan lamang na pulong komperensiya. Ipatukoy sa bawat kabataang lalaki ang mga talumpati na naglalaman ng payo na magiging lubhang makabuluhan sa kanya.

- Paano makatutulong sa atin ang kaalamang ito? (Sa pamamagitan ng pagsasabi sa atin kung paano maghanda, pagbibigay babala sa atin sa mga bagay na dapat iwasan, at pagtulong sa atin na palawakin ang ating pang-unawa.)
- Paano kayo pinagpala sa pamamagitan ng pagsunod sa payo ng mga propeta?

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Elder Marion G. Romney:

"Inihahayag ngayon ng Panginoon ang kanyang kalooban sa lahat ng naninirahan sa lupa, at lalo na sa mga miyembro ng Simbahan, ang tungkol sa mga paksa ng ating panahon sa pamamagitan ng mga buhay na propeta, na ang Unang Panguluhan ang namumuno. Ang sinasabi nila bilang panguluhan ay ang sasabihin ng Panginoon kung naririto siya, . . . at ito ay banal na kasulatan" (sa Conference Report, Abr. 1945, p. 90).

**Pinapayuhan Tayo ng Mga Pinuno ng Simbahan na Mamuhay Ayon sa Mga Pamantayan na Naiiba sa Mga Pamantayan ng Daigdig**

Sipi

Ipaliwanag na habang sinusunod natin ang payo ng mga Kapatid, matutuklasan natin na inuutusan tayo na ipamuhay ang mga pamantayan na maaaring hindi karaniwan sa daigdig, si Pangulong George Q. Cannon ay nagpanukala ng isang pagsubok sa mga matapat na Banal sa Huling-araw: "Kung ang puwang [agwat] ay araw-araw na lumalawak sa pagitan ng ating sarili at ng daigdig, . . . nakatitiyak tayo kung gayon na tiyak ang pag-unlad natin, gaanuman kabagal. Sa kabilang dako, kung ang ating mga damdamin at pagmamahal, mga hilig at nais, ay katugma ng daigdig na nasa paligid natin, . . . makabubuting suriin natin ang ating mga sarili" (sa *Millenial Star,* 5 Okt. 1861, p. 645).

Mga banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa nang malakas sa isang kabataang lalaki ang 1 Juan 2:15–17.

- Bakit dapat na naiiba ang ating mga hilig at nais sa ibang tao sa daigdig na nasa paligid natin?
- Sa anong mga paraan dapat naiiba ang mga Banal sa Huling-araw sa kalipunan ng sangkatauhan? (Dapat silang magkaroon ng mga dalisay na kaisipan; magmahal sa katotohanan; maging mayumi sa pananamit at pag-aayos; gumawa ng mga matuwid na gawain ng pag-ibig sa kapwa tao; sundin ang Salita ng Karunungan; at maging masunurin, mga mala-Cristong halimbawa.)

Hilingan ang mga kabataang lalaki na basahin ang 1 Pedro 2:9. Ipaliwanag na ang mga salitang *bayang pag-aaring sarili ng Diyos* sa banal na kasulatang ito ay nangangahulugang matuwid, banal, mapagkawanggawa, at mala-Cristo. Ang ibinigay na isang panghaliling pagsasalin sa edisyong Banal sa Huling-araw ng King *James Version* ng Bibliya ay "mga tinubos na tao." Tayo ay tinubos sa pamamagitan ng pagpapakasakit ng Tagapagligtas at samakatuwid ay dapat na magpakita ng wastong halimbawa ng matuwid na pamumuhay.

Gawain

Hatiin ang korum sa maliliit na pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng tala na kinuha ninyo mula sa mga kamakailan lamang na talumpati sa komperensiya, o gamitin ang mga isinama sa ibaba. Hilingan ang mga kabataang lalaki na basahin ang payo at sabihin ang mga paraan na sila ay magiging iba o namumukod-tangi sa daigdig habang sinusunod nila ang payo ng mga propeta.

1. "Natatagpuan natin ang ating mga sarili na nangangatwiran sa lahat ng uri ng pagiging hindi matapat, kabilang na ang pangungumit sa tindahan. . . .

   "Ang pagiging hindi matapat ay nangyayari sa maraming iba't ibang anyo: . . . sa pagnanakaw ng kahon ng pera o pagnanakaw ng mga kagamitan mula sa mga pinaglilingkuran; . . . sa pagnanakaw sa kalsada o sa pera ng tahanan at iba pang mga mahalagang ari-arian; . . . sa pagsakay sa mga pampublikong sasakyan nang hindi nagbabayad ng pamasahe; at lahat ng anyo ng pagiging hindi matapat sa lahat ng dako . . .

   "Sa lahat ng panloloob at mga gawaing hindi matapat, sinasabi ng Panginoon, 'Huwag kang magnakaw' " (Spencer W. Kimball, sa Conference Report, Okt, 1976, p. 7; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 6).

2. "Ang paghahangad ng makamundong kasiyahan ay umaakay sa marami nating kabataan sa mga ipinagbabawal na landas na kung saan sila nasisimulang sumubok ng alkohol, tabako, at mga droga, ang lahat ng ito ay nakagugumon; at sa huli ay sinasakmal sila sa maraming iba pang kasamaan na may kaugnayan sa mga bagay na ito. Ang impluwensiya ng telebisyon lalo na ay labis na nakapipinsala dahil sa ang alkohol, tabako, at seks ay inilalarawan bilang nakadaragdag sa pagiging bantog at nagpapabilang sa isa sa tinatawag na 'sikat' na pangkat" (N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1976, p. 113; p *Ensign,* Nob. 1976, p. 75).

3. "Ang pornograpiya ay laganap, at ang mga nakasasamang epekto nito ay maliwanag sa lahat ng dako. Alam ninyo kung ano ang mga ito. Sasabihin ko na lamang na ni ang mga nasa wastong gulang ni mga kabataan ay hindi maaaring tumingin o makinig o makipag-usap sa pamamagitan ng pornograpiya na hindi nahahawaan at isinasapanganig ang kalooban ng pamayanan" (N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1976, p. 113; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 75).
4. "Ang kahalayan at pagiging hindi malinis ay lubhang karaniwan ngayon kaya ang ating mga kabataan, na nakakikita ng maraming uri ng kasamaan sa telebisyon at sa mga pelikula, ay nakadarama na ang mga ito ay katanggap-tanggap na paraan ng pamumuhay. Hindi ko maiwasang bigyang-diin nang labis ang kahalagahan ng pagpapanatili sa ating sarili na malinis at dalisay at malinis sa puri" (N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1976, p. 113; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 76).

Sipi

Basahin ang sumusunod na sipi:

"Kailangan nating palaging alalahanin na bagama't tayo ay nasa daigdig, hindi tayo kailangang maging bahagi nito. Sadyang hindi natin maaaring sundin ang mga paraan ng daigdig. Kailangang mangahas tayo na maging iba. Kailangang huwag tayong maimpluwensiyahan ng mga tatawag sa ating katangi-tangi. Sinabi ng Panginoon sa mga anak ni Israel:

" 'Sapagkat ikaw ay isang banal na bayan sa Panginoon mong Diyos, at ikaw ay pinili ng Panginoon upang maging bayan sa kanyang sariling pag-aari, na higit sa lahat ng mga bayan na nasa ibabaw ng balat ng lupa.' (Deut. 14:2.)" (N. Eldon Tanner, sa Conference Report, Okt. 1976, p. 113; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 76).

---

**Katapusan**

Patotoo at hamon

Ipakita ang *Liahona* sa mga kabataang lalaki, at muling tukuyin ang paskil o pisara. Bigyang-diin na maaari nilang malaman ang kaisipan at kalooban ng Panginoon ngayon sa pamamagitan ng pagbabasa, pag-aaral, at pakikinig sa mga salita ng mga piniling pinuno ng Panginoon, kabilang na ang kanilang mga lokal na pinuno, na tumatanggap ng tagubilin mula sa mga Pangkalahatang Awtoridad. Ibigay ang inyong patotoo na ang pamamatnubay at payo para sa mga suliranin ngayon ay maaaring makuha, na ibinabahagi ang mga sariling karanasan kung naaangkop.

---

**MGA MUNGKAHING GAWAIN**

Imungkahi na gawin ng mga kabataang lalaki ang isa o higit pa sa mga sumusunod na gawain:

1. Dumalo sa pampook o pangkalahatang komperensiya.
2. Gumamit ng mga kasalukuyang tagubilin mula sa mga Pangkalahatang Awtoridad upang maghanda ng mga talumpati sa hinaharap na ibibigay sa mga pulong sa Simbahan.
3. Bago ang pangkalahatang komperensiya, sumulat ng alinmang mga tanong na mayroon sila, at pagkatapos ay makinig ng mga sagot sa mga talumpati ng mga Pangkalahatang Awtoridad.
4. Magbasa ng kamakailan lamang na edisyong pangkomperensiya ng *Liahona* upang pag-aralan ang doktrina ng Simbahan o patakaran tungkol sa mga bagay na mayroon silang katanungan.
5. Ibuod at iulat sa ibang kabataang lalaki ang mensahe ng Unang Panguluhan sa kasalukuyang magasin ng *Liahona.*
6. Magpadala ng tanong sa *Liahona.*

# 43 Espirituwal na Paghahanda Para sa Misyon

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makaaalam na upang makapaglingkod ng isang matagumpay na misyon ay dapat siyang maging handa sa espirituwal.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Gumawa ng isang kopya ng bigay-sipi na "Mga Paraan Upang Makapaghanda sa Espirituwal Para sa Misyon" para sa bawat kabataang lalaki.

**PAALALA**

Ang araling ito ay nagbibigay sa mga kabataang lalaki ng pagkakataon upang espirituwal na maghanda para sa kanilang mga misyon. Kailangang malaman ng mga kabataang lalaki na ang espirituwalidad na mapauunlad nila ngayon ay magtataguyod sa kanila sa dakong huli habang sila ay naglilingkod bilang mga misyonero para sa Panginoon. Ayon sa oras na mayroon, maaari mong naisin na gumamit ng dalawang linggo para sa araling ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pambungad**

Ipaisip sa mga kabataang lalaki na sa makabagong panahon na ito ng mga makina, mga *calculator*, mga kompyuter, at mga robot, ang Simbahan ay nakaimbento ng isang robot na misyonero at binigyan ito ng pangalan na Elder Cal Q. Later.

- Ano ang ilang bagay na maaaring gawin ni Elder Cal Q. Later na napakainam bilang isang misyonero?
- Ano ang mga maaaring maging kalamangan ng pagkakaroon ng libu-libong Elder Cal Q. Later na ipadadala sa buong mundo upang gumawa ng gawaing misyonero? (Mga maaaring sagot: madali nilang matitiis ang lahat ng pisikal na hamon ng isang misyon; maaari silang iprograma para sa lahat ng aralin na dapat ituro ng isang misyonero; maaari silang iprograma upang magsalita nang mahusay sa anumang wika; maaari silang iprograma upang tumugon nang mahusay sa mga karaniwang tanong na itinatanong sa mga misyonero; maaari silang bigyan ng mga tamang panlipunang pagtugon at mga kaugalian na makalulugod sa tao sa mga kultura na kung saan sila ipadadala; hindi sila kailangang magbayad para sa pagkain o sa isang lugar na tutulugan; maaari silang pumunta sa maraming sunud-sunod na misyon nang hindi napapagod.)
- Sa tingin ba ninyo ay magiging mabisa ang ganitong ideya? Bakit hindi?
- Anong mga katangian ng isang mabisang misyonero ang maaaring mapaunlad lamang ng mga tao? (Pagmamahal, espirituwalidad, patotoo, sigla, inspirasyon mula sa Espiritu Santo.)

Ipaliwanag na ang mga ito ay mga espirituwal na katangian at kinakailangan ang mga ito sa gawaing misyonero. Halimbawa, ang mga nag-sasaliksik tungkol sa Simbahan ay kailangang makarinig ng isang patotoo na pinasigla ng Espiritu Santo. Dahil sa ang gawaing misyonero ay magtatagumpay lamang kung ang misyonero ay may espirituwal na lakas gayon din ng pisikal, pangkaisipan, at mga panlipunang kakayahan, ang isang robot ay hinding-hindi magiging sapat na misyonero.

**Paano Makapaghahanda Para sa Isang Misyon ang Isang Maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron?**

Talakayan

Ipaliwanag na upang maging matagumpay, ang bawat misyonero ay kailangang magkaroon ng espirituwal na kapangyarihan. Magpahayag ng tiwala sa kakayahan ng bawat kabataang lalaki na magpaunlad ng espirituwal na kapangyarihan na kinakailangan upang maging isang matagumpay na misyonero.

- Ano ang ibig sabihin ng maging espirituwal? (Ang madaling makadama at magkaroon ng karapatan sa espirituwal na tulong na nagmumula sa Diyos sa anyo ng pagmamahal, kapatawaran, inspirasyon, patotoo, paghahayag, at pagkilala.)
- Bakit hindi kaagad na pinagpapala ng Diyos ng espirituwalidad ang mga misyonero kapag sila ay ibinubukod upang magtungo sa kanilang mga misyon? (Ang espirituwalidad ay isang katangian na kailangan nating paunlarin gaya rin ng anumang kakayahan na mayroon tayo.)
- Bakit hindi ka dapat na maghintay hanggang sa makarating ka sa larangan ng misyon upang espirituwal na maghanda? (Nakapag-aaksaya ng panahon na gumamit ng ilang buwan sa misyon nang wala ang mga espirituwal na kakayahan na kinakailangan upang makapaglingkod nang mabuti.)
- Kailan ang pinakamabuting panahon para sa iyo upang espirituwal na ihanda ang iyong sarili para sa misyon? (Kapag tinaglay mo ang Pagkasaserdoteng Aaron.)

Sipi

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Kapag ako ay humingi ng mga karagdagang misyonero, ako ay hindi humihingi ng mga misyonero na walang-patotoo o di-karapat-dapat. . . .

"Napakaraming kabataang lalaki ang dumarating sa gulang ng misyonero na lubhang di-handa upang magtungo sa misyon, at mangyari pa ay hindi sila dapat ipadala. Ngunit lahat sila ay dapat na maghanda" ("When the World Will Be Converted," *Ensign,* Okt. 1974, p. 7–8.)

Mga katayuan at talakayan

Ipaliwanag na ang pagiging espirituwal na handa ay nagbibigay sa isang misyonero ng mga katangian na hinding-hindi magkakaroon ang isang robot. Matapos basahin ang mga sumusunod na katayuan, talakayin ang dalawang tanong na ito: Bakit hindi makatutugon nang tama ang isang robot sa katayuang ito? Ano ang iyong magagawa kung ikaw ay isang misyonerong espirituwal na naghanda?

1. Ang isang anak ng mag-anak na tinuturuan ng mga misyonero ay nabundol ng isang kotse at itinakbo sa madaliang pag-oopera.
2. Ang isang ama ay nagsabi na hinding-hindi pa siya nanalangin at hindi nakatitiyak kung sinasagot ng Diyos ang mga panalangin.
3. Ang isang kabataang lalaki ay hindi nakakikita ng pangangailangan upang tumigil sa paninigarilyo at pag-inom.
4. Ang ina sa isang nagsasaliksik na mag-anak ay nagsabi na hinding-hindi siya nakaramdam ng pagtanggap sa anumang simbahan na napuntahan niya.

Palabasin ang mga sumusunod na ideya: ang mga robot ay hindi maaaring magmahal, magbasbas, tumanggap ng mga sagot sa mga panalangin, gumamit ng pananampalataya, o magpaunlad ng mga patotoo, ngunit maaari ang tao. Ang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron ay maaaring matuto ng mga bagay na ito nang mabuti at pagkatapos ay maging handa upang maglingkod nang may espirituwal na kapangyarihan habang nagtutungo sila sa isang misyon.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa, pamarkahan, at talakayin sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 42:14.

- Ano ang maaari nating matutuhan mula sa banal na kasulatang ito? (Dapat nasa atin ang Espiritu ng Panginoon upang magturo.)

- Anong uri ng mga paghahanda ang maaari nating gawin upang tulungan tayong mapasaatin ang Espiritu kapag tinuturuan natin ang iba?

Sipi at talakayan

Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball sa mga magiging misyonero:

"Ang isa ay dapat na mag-aral, mag-isip nang mabuti, matuto ng mga banal na kasulatan, at magpalakas ng kanyang patotoo upang siya ay maaaring maging handa upang magturo at magsanay. Sinabi ng Panginoon, 'Kung ikaw ay handa, ikaw ay hindi matatakot!' . . . Ang bawat taong papalapit sa isang misyon ay dapat na pag-aralin, sanayin, at turuan para sa madali at tamang pagsali sa pagtuturo. . . .

"Tunay nga na sa panahong marating ng isang kabataang lalaki ang kanyang ikalabingsiyam na kaarawan, siya ay dapat na maging handang humakbang mula sa kanyang karaniwang papel sa tahanan patungo sa mahalagang papel ng misyonero nang walang lubos na pagbabago sa kanyang buhay, kanyang mga pamantayan, o kanyang pagsasanay" ("Advice to Young Men: Now Is the Time to Prepare," *New Era*, Hunyo 1973, p. 9).

- Bakit napakahalaga para sa isang misyonero na magkaroon ng isang patotoo?
- Kailan dapat mangyari ang paghahanda na hinihingi ni Pangulong Kimball? (Ngayon na, habang taglay mo ang Pagkasaserdoteng Aaron.)

Ipaliwanag na ang Pagkasaserdoteng Aaron ay tinatawag na paghahandang pagkasaserdote. Inihahanda nito ang isang kabataang lalaki para sa Pagkasaserdoteng Melquisedec, na magbibigay sa kanya ng espirituwal na kapangyarihan upang pagpapalain at turuan ang iba.

---

**May Mga Dakilang Gantimpala para sa Mga Misyonerong Handa sa Espirituwal**

Mga kuwento at talakayan

Ibahagi ang mga sumusunod na totoong salaysay ng mga misyonero na handa sa espirituwal. Hilingin sa mga kabataang lalaki na makinig sa mga paraan kung saan ang mga misyonero ay handa sa espirituwal at kung paano sila ginantimpalaan para sa kanilang paghahanda.

Salaysay 1

"Ito ang una kong Linggo sa aking misyon, at ako ay itinalaga sa isang bagong sangay ng Simbahan na North Wales. Ang kasama ko at ako ay nakatira sa mga tanging kasapi sa pook. Ang kapilya ang tahanan nila. Ang aming maliit na silid-tulugan ay ang silid-aralan ng mga bata. Iyon ang magiging unang Linggo para sa mag-anak na Wilkins, isang nagsasaliksik na mag-anak, upang magtungo sa simbahan. Sila ay mga magulang ng apat na anak na wala pang walong taon, dalawang batang lalaki at dalawang batang babae. Sinabi ng aking kasama, 'Tuturuan ko ang pangmay sapat na gulang na Linggong Paaralan sa salas, at turuan mo ang mga bata sa ating silid-tulugan.' Hinding-hindi pa ako nakapagturo sa sinuman noon, ngunit may ilang kuwento na sinabi ni Jesus na naging mga paborito ko sa mga taon. Madali kong natagpuan ang mga ito sa mga banal na kasulatan at binasang muli ang tungkol sa mabuting pastol na nag-iwan sa ibang siyamnapu't siyam na tupa upang hanapin ang nawawala niyang tupa. Ako ay napukaw na maaaring mahalin ng mga batang iyon ang kuwento na gaya ko. Gumawa ako ng ilang pangpranelang karton na tauhan. At pagkatapos ay lumuhod ako sa aking maliit na silid-tulugan at nanalangin na ang unang aralin sa Simbahan para sa dalawang batang lalaki at batang babaeng ito ay magiging maganda. Nang dumating ang mag-anak, nagsimula ang simba, at di-naglaon ay pumapasok na ako sa aming pansamantalang silid-aralan para sa Linggong Paaralan. Inisip ng mga bata na masayang umupo sa kama ng aking kasama habang ako ay nakaupo sa akin upang turuan sila. Hinipo kaming lahat ng Espiritu ng Panginoon. Ngayon, labingwalong taon ang nakaraan, ang isa sa mga kabataang lalaki ay naglilingkod sa isang panguluhang obispo, matapos na magbalik mula sa kanyang misyon. Ang isa pang batang lalaki ay may asawa na, at ang kanyang asawa ay sumapi na sa Simbahan simula nang kanilang kasal. Ang dalawang batang babae ay kapwa ikinasal sa templo at pinalalaki ang kanilang mga anak sa Simbahan."

- Ano ang mga espirituwal na tungkulin na ginawa ng misyonerong ito sa unang linggo ng kanyang misyon? (Gamitin ang mga banal na kasulatan, manalangin, at magturo sa pamamagitan ng Espiritu.)
- Ano ang naging bunga ng espirituwal na paghahanda ng misyonerong ito? (Siya ay nakapagturo ng ebanghelyo sa mga bata, kahit na hindi pa niya ito nagagawa noon.)
- Ano ang maaari mong gawin ngayon upang ikaw ay maging espirituwal na handa gaya ng misyonerong ito?

Salaysay 2

"Ako ay nasa North Wales nang tatlo at kalahating linggo lamang. Apat na araw matapos na mabinyagan ko sina Kapatid na Wilkins sa Dagat Atlantiko, ako ay nalipat sa Chester, England. Ang aking bagong kasama at ako ay mabilis na gumawa upang magbukas ng bagong pook. Nakakilala kami ng maraming bagong tao at nadama na di-lalaon ay uunlad kami. Dahil sa ito ay isang bagong pook, walang ibang maytaglay ng pagkasaserdote, ni wala ring ibang misyonero sa loob ng labingdalawang milya mula sa amin. Mabuti ang lagay namin hanggang sa ang aking kasama ay nagising nang maaga isang araw na namimilipit sa sakit. Ang kanyang apendiks ay handa nang pumutok. Hiniling niya sa akin na mangasiwa sa kanya. Naramdaman ko na nais ng Panginoon na mabasbasan siya at nais na ako ang gumawa nito, kahit na hinding-hindi pa ako nakapangasiwa sa sinuman noon. Nanalangin ako para sa tulong, at binasbasan ko siya sa pangalan ni Jesucristo. Matapos iyon, ang lahat ay nangyari para sa ikabubuti ng aking kasama. Nadala ko siya sa pagamutan nang matiwasay, at siya ay inalagaang mabuti doon."

- Ano ang naging gantimpala sa espirituwal na paghahanda sa kasong ito? (Ang misyonero ay handang kumilos para kay Jesus sa paraang ikikilos ni Jesus kung naroroon siya.)
- Anong uri ng espirituwal na paghahanda ang maaari mong gawin ngayon upang magkaroon ng karanasan gaya ng napasa misyonerong ito? (Matuto tungkol sa Pagkasaserdoteng Melquisedec at kung paano gagampanan ng isa ang mga ordenansa ng Pagkasaserdoteng ito, at alamin kung anong mga espirituwal na katangian ang tumutulong gawin ang isang tao na maging karapat-dapat na gamitin ang banal na pagkasaserdote.)

Salaysay 2, ipinagpatuloy

"Dahil sa operasyon ng aking kasama sa apendisitis, ako ay inilipat sa layong isang daang milya sa Mansfield, England. Ang aking bagong kasama ay naroon na nang dalawang buwan at nakapagturo na sa ilang tao, ngunit sila ay hindi nagpakita ng gaanong interes sa Simbahan. Nagmungkahi siya na mag-ayuno at manalangin kami para sa mga bagong mag-anak na tuturuan. Sa panahong iyon, may mga dalawampu't limang kasapi na palagiang pumupunta sa Simbahan. Habang tinatapos namin ang aming pag-aayuno, kapwa kami nakadama ng katiyakan na nais ng Panginoon na magturo kami sa maraming tao. Sa loob ng tatlong linggo, may mga apatnapu't limang tao ang pumupunta sa Simbahan, halos kalahati sa kanila ay mga bago naming nagsasaliksik. Abala kami nang maraming buwan, kapwa nagtuturo at nagbibinyag."

- Ano ang mga gantimpala ng espirituwal na paghahanda sa kasong ito? (Ang Simbahan ay umunlad ng ilang panahon nang napakabilis sa pook na iyon.)
- Anong mga uri ng espirituwal na paghahanda ang gumawa ng pagkakaiba para sa dalawang misyonerong iyon? (Sila ay nakapag-ayuno at nanalangin para sa isang layunin, at mayroong pagkakaisa sa pagitan nila.)

---

**Katapusan**

Bigay-sipi at hamon

Ipaliwanag na ang mga tunay na bunga ng isang misyon ay ang matulungan ang mga tao sa kanilang daan patungo sa buhay na walang hanggan. Ang mga espirituwal na kakayahan na mapapaunlad ng mga kabataang lalaki ngayon ay makatutulong sa kanila na maging matagumpay na mga misyonero.

Ang bigay-siping “Mga Paraan Upang Makapaghanda sa Espirituwal Para sa Misyon” ay maaaring tapusin sa klase o sa tahanan.

Ipagawa sa bawat kabataang lalaki ang sumusunod.

1. Basahin ang banal na kasulatan sa ibaba ng pahina ng bigay-sipi at isulat ang sangguniang banal na kasulatan sa patlang na umaayon sa kategorya ng espirituwal na paghahanda. Sagutin ang tanong na kasama sa bawat kategorya. Ilagay ang papel kung saan magpapaalala ito sa kanya ng ilan sa mga bagay na gagawin upang maghanda sa espirituwal para sa kanyang misyon.
2. Magsimula ngayon ng paghiling sa kanyang Ama sa Langit bawat araw na tulungan siyang maging handa sa espirituwal para sa isang misyon.
3. Sa loob ng susunod na linggo humanap ng dalawang kuwento sa mga banal na kasulatan na maaari niyang ituro sa isang tao bilang isang misyonero.

# Mga Paraan Upang Makapaghanda sa Espirituwal Para sa Misyon

Hanapin at basahin ang bawat banal na kasulatan na nakasulat sa ibaba ng pahina. Itambal ito sa tamang kategorya ng paghahanda, at sagutin ang tanong tungkol sa uring iyon ng paghahanda sa espirituwal.

1. Sa pamamagitan ng Pansariling Pagiging Karapat-dapat
Banal na kasulatan ____________________________
Ano ang kinalaman ng pagiging karapat-dapat sa pagiging maaaring magturo sa iba ng ebanghelyo?

2. Sa Pamamagitan ng Pag-aayuno at Panalangin
Banal na kasulatan ____________________________
Paano makatutulong sa inyo ang pag-aaral na mag-ayuno at manalangin upang maging isang misyonerong kapaki-pakinabang sa espirituwal?

3. Sa pamamagitan ng Pagsunod at Paglalaan
Banal na kasulatan ____________________________
Paano kayo magiging higit na handa sa espirituwal kaysa sa isang robot kung kayo ay natuto ng pagsunod at paglalaan?

4. Sa Pamamagitan ng Pagbabasa ng Banal na Kasulatan
Banal na kasulatan 1 ____________________________
Banal na kasulatan 2 ____________________________
Paano kayo magiging higit na handa sa espirituwal sa pamamagitan ng pagbabasa at pag-aaral ng mga banal na kasulatan?

Mga banal na kasulatan:

Alma 17:2

Alma 17:3

Doktrina at Mga Tipan 4:2

Doktrina at Mga Tipan 42:12

Doktrina at Mga Tipan 105:35

# 44 Paghahanda Ngayon Para sa Kasal sa Templo

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na ang pagiging karapat-dapat at handa para sa mga pagpapala ng kasal sa templo ay nangangailangan ng pinag-iisipang pagpaplano sa buong kabataan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Kumuha ng kopya ng mga itinatanong sa panayam para sa rekomendasyon sa templo mula sa inyong obispo o pangulo ng sangay.
3. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa pakikipagtipanan sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Isang Pagpapala ang Kasal sa Templo**

Kuwento

Hilingan ang mga kabataang lalaki na tahimik na isipin kung ano ang pinakadakilang pagpapala na nila sa kanilang buhay hanggang sa sandaling ito habang isinasalaysay mo ang sumusunod na kuwento ni Elder Bruce R. McConkie:

"Ang aking asawa at ako ay masusing nagtatalakayan . . . kung saan ay binibilang namin ang aming maraming pagpapala. Bumanggit kami mg maraming bagay na dumating sa amin, dahil sa Simbahan, dahil sa aming pamilya, dahil sa maluwalhating pagpapanumbalik ng walang hanggang katotohanan na naganap sa panahong ito; at pagkatapos ay pinasukdol niya ang talakayan sa pagtatanong ng ganito: 'Ano ang pinakadakilang pagpapala na dumating na sa iyong buhay?'

"Wala ni saglit na pag-aatubili ay sinabi ko, 'Ang pinakadakilang pagpapala na dumating na sa akin ay noong ikalabintatlong araw ng Oktubre noong 1937 ng 11:20 N.U. nang ako ay . . . '"

Ihinto ang kuwento sa puntong ito, at itanong ang sumusunod na tanong:

- Ano sa palagay ninyo ang pinakadakilang pagpapala ni Elder McConkie?

Hayaan ang mga kabataang lalaki na sumagot, pagkatapos ay tapusin ang kuwento na katulad sa sumusunod.

" ' . . . nang ako ay nagkaroon ng tanging karapatan na lumuhod sa Templo ng Salt Lake sa altar ng Panginoon at tinanggap kita bilang walang hanggang kasama.'

"Sinabi niya, 'Kung gayon, naipasa mo ang pagsubok na iyon.'

"Naniniwala ako na ang pinakamahalagang isang bagay na ginagawa kailanman ng isang Banal sa Huling-araw sa daigdig na ito ay ang pakasalan ang tamang tao, sa tamang lugar, sa pamamagitan ng tamang karapatan; at na . . . ang pinakamahalagang natitirang bagay na magagawa kailanman ng sinumang Banal sa Huling-araw ay ang mamuhay upang ang mga takda at kondisyon ng tipan . . . ay magkakabisa . . . ngayon at magpakailanman" (Bruce R. McConkie, "Agency or Inspiration?" *New Era,* Enero 1975, p. 38).

Pisara, banal na kasulatan, at talakayan

- Bakit nais ng Ama sa Langit na makasal sa templo ang kanyang mga anak na lalaki at babae?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.

Upang makatulong sa pagsagot sa tanong na ito, hilingan ang mga kabataang lalaki na basahin at markahan ang Doktrina at Mga Tipan 131:1–4. Ituro na kailangan ang kasal sa templo upang makapasok sa pinakamataas na kaharian ng langit. Sa gayon, ang kasal sa templo ay isang natatanging pagpapala mula sa ating Ama sa Langit.

Sipi

Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimbal:

"Pinagsama ng Panginoon sina Adan at Eba . . . at nagsagawa ng isang banal na seremonya ng kasal upang gawin silang mag-asawa. . . .

"Karaniwan ang mag-asawa at karaniwan at tama ang magkaroon ng mga anak. . . .

"Dapat na naisin ng bawat tao ang mag-asawa at dapat na balakin ng bawat tao ang mag-asawa. . . .

"Ang kasal marahil ang pinakamahalaga sa lahat ng pasiya at ang may mga pinakamalawak na epekto, sapagkat ito ay may kinalaman hindi lamang sa dagliang kaligayahan, kundi sa mga walang hanggang kagalakan" (talumpating ibinigay sa Dalubhasaan ng Relihiyon sa Salt Lake, 22 Okt. 1976).

---

**Kailangang Maging Karapat-dapat Tayo Upang Tumanggap ng Mga Pagpapala ng Kasal sa Templo**

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na upang makabahagi sa dagliang kaligayahan at mga walang hanggang kagalakan ng kasal sa templo, kailangang maging karapat-dapat tayo na pumasok sa templo at tumanggap ng mga pagpapalang ito.

Kapag nais ng mga miyembro ng Simbahan na magtungo sa templo, kailangan silang makapanayam ng obispo o pangulo ng sangay at isang miyembro ng panguluhan ng istaka o misyon. Bawat taon pagkaraan nito, ang mga miyembro na nagnanais na patuloy na dumalo sa templo ay kinakapanayam ng mga pinunong pagkasaserdoteng ito upang alamin ang pagiging karapat-dapat ng isang tao. Kung nalaman ng mga kapatid na ito na karapat-dapat ang miyembro, siya ay binibigyan ng rekomendasyon sa templo.

- Ano ang mga itinatanong sa panayam para sa rekomendasyon sa templo?

Hayaan ang mga kabataang lalaki na sumagot, at pagkatapos ay sabihin sa mga kabataang lalaki na babasahin mong lahat ang mga mahalagang tanong na itinatanong sa panayam para sa rekomendasyon sa templo. Dapat na matapat na sagutin ng bawat kabataang lalaki ang mga tanong sa kanyang sarili. Linawin na ang mga tanong na ito ay *hindi* kailangang sagutin nang malakas. Sa katapusan ng mga tanong, dapat malaman ng mga kabataang lalaki ang mga bagay na kailangan nilang ipagpatuloy na gawin o ang mga bahagi na nangangailangan ng pagpapabuti.

Basahin ang mga tanong para sa rekomendasyon sa templo sa mga kabataang lalaki.

Ipaalala sa mga kabataang lalaki na ito ang mga pamantayan na itinakda ng Panginoon upang makapasok tayo sa kanyang tahanan. Ang pagtugon sa mga pangangailangang ito ay magdudulot sa atin ng kagalakan at kaligayahan.

Sipi

- Kailan kayo dapat maghanda para sa kasal sa templo?

Upang makatulong sa pagsagot sa tanong na ito, ibahagi ang sumusunod na pangungusap ni Elder Harold B. Lee:

"Dapat na simulan ngayon ng mga kabataan na iayos ang kanilang buhay upang matagpuan silang karapat-dapat sa wastong panahon na magtungo sa Tahanan ng Panginoon at mapasigla at mapabanal ng seremonya sa templo" ("Enter a Holy Temple," *Improvement Era,* Hunyo 1967, p. 144).

Bigyang-diin na ngayon ang panahon upang maghanda na maging karapat-dapat na pumasok sa templo. Alam natin kung ano ang hinihiling ng Panginoon sa atin, at kailangan nating gawin ito.

### Nangangailangan ng Sariling Pagsisikap ang Paghahanda Para sa Selestiyal na Kasal

Talakayan

Ituro na sinisikap nang husto ni Satanas na mahikayat niya tayong magkasala upang hindi natin matugunan ang mga hinihiling ng Panginoon para sa pagpasok sa templo. Dahil dito, ang paghahanda para sa selestiyal na kasal ay nangangailangan ng sariling pagsisikap.

- Ano ang ilang mga bagay na magagawa ninyo ngayon upang maghanda para sa selestiyal na kasal?


Ang mga sagot ay maaaring kabilangan ng sumusunod: mahalin ang Diyos at ang ating kapwa na katulad ng iniutos ng Panginoon, maging matapat, maging malinis, palagiang manalangin, igalang at itaguyod ang pagkasaserdote, magbayad ng buong ikapu, isagawa ang batas ng ayuno, sundin ang Salita ng Karungungan, magbigay ng magandang halimbawa, panatilihin ang malinis na pananalita, igalang ang ating mga magulang.

Muling tiyakin sa mga kabataang lalaki na tutulungan sila ng Panginoon na matupad ang kanilang pangako na magpakasal sa templo kung susundin nila ang kanyang mga kautusan.

Batay sa mga gulang at kalagayan ng mga kabataang lalaki, maaari mong naisin na talakayin ang payo tungkol sa pakikipagtipan na ibinigay sa *Para sa Lakas ng Kabataan*.

Pisara, sipi, at talakayan

Iguhit ang sumusunod na banghay sa pisara, at ituro na iminungkahi ni Pangulong Spencer W. Kimball ang sumusunod na payo bilang tulong sa sariling paghahanda para sa kasal sa templo. Iguhit ang banghay na katulad sa ipinakikita, at palagyan ng pangalan sa mga kabataang lalaki ang bawat bahagi habang binabasa mo ang sipi.



"Ginagamit ko ang pisara kapag nagtutungo ako sa mga estaka ng Zion upang ipakita ang ilan sa mga bagay na tila lubhang napakahalaga sa akin. . . . Gumuguhit ako sa pisara ng mga magkakahanay na bilog, at sa pinakamataas ay isinusulat ko ang 'Buhay na Walang hanggan o Kadakilaan'. . . .

"Habang binabagtas natin pababa—ang makipot at makitid na landas na patungo sa buhay na walang hanggan na kakaunti ang nakatatagpo—ang pangalawang bilog ay may nakasulat ditong 'Walang hanggang Kasal.' Iyon ang tarangkahan patungo sa kadakilaan. . . .

"Pagkatapos ay karaniwan akong gumuguhit ng pangatlong bilog sa pisara at nagtatanong . . . alin sa lahat ng ahensiya ng Simbahan ang [makagagawa] ng pinakadaglian at pinakamahalagang ambag sa walang hanggang kasal bilang isang panggitnang layunin sa buhay na walang hanggan—ang ating panghuling layunin—[at] pinakamainam na pupuno sa pangatlong bilog na ito. . . . Iminumungkahi ng mga ito ang halos lahat ng maaari mong isipin. . . . Sa huli, napagkakasunduan namin ang isang ahensiya na nagdadala sa atin sa sinasang-ayunan nilang lahat na may pinakamahalagang bisa sa walang hanggang kasal. Iyan, tiyak, ay ang misyon. . . .

"Saan man mula sa 80 porsiyento hanggang 90 porsiyento ng lahat ng kabataang lalaki at babae na naglilingkod ng mga kagalang-galang na misyon at bumabalik nang may karangalan ang sa huli ay ikinakasal sa templo. . . .

"Gumagawa tayo ng isa pang bilog sa ibaba ng makipot at makitid na landas na ito na patungo sa buhay na walang hanggan. Ang tanong pagkatapos nito ay, Ano ang ilalagay ninyo sa susunod na bilog? . . .

"Aba, may iisang bagay lamang na ilalagay roon . . . at iyan ang palatuntunang seminaryo at surian" ("Circles of Exaltation," talumpati sa debosyonal ng pangtag-araw na pag-aaral, Kagawaran ng Mga Seminaryo at Surian ng Relihiyon, Brigham Young University, 28 Hunyo 1968).

- Paano makatutulong sa inyo na maghanda para sa kasal ang paglilingkod sa misyon?
- Ano ang inaasahan ninyong matututuhan sa misyon na makatutulong sa inyo sa inyong pag-aasawa?
- Paano makatutulong sa inyo na maghanda para sa kasal sa templo ang seminaryo at dalubhasaan?
- Paano nakatutulong sa inyo ang pagdalo sa seminaryo?

Ituro na may kakayahan ang bawat kabataang lalaki na lumakad sa makipot at makitid na landas at may mga nagmamahal siyang magulang at pinuno ng Simbahan upang tulungan siya sa landas na ito.

---

**Katapusan**

Sipi

Sa katapusan, ibahagi ang sumusunod na kaisipan mula kay Pangulong Spencer W. Kimball:

"Ito ang paksa ng Mormonismo. . . . Kasal, pamilya, tahanan, mga anak, mga apo, at ang lahat ng maganda at maluwalhati. . . . Likas para sa isang batang babae na tumingin sa mga batang lalaki at para sa mga batang lalaki na tumingin sa mga batang babae at mag-alok ng kasal sa tamang panahon—na ikinakasal at ibinubuklod para sa kawalang hanggan. Ito ay likas. Ganoon ang paraan na ginawa ng Panginoon" (talumpati sa Young Women Seminar Banquet, Salt Lake City, 28 Abr. 1977).

Patotoo

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na dapat silang magpasalamat para sa dakilang pagpapala ng kasal sa templo. Itinatag ng Panginoon ang mga pamantayan niya sa pagiging karapat-dapat sa pagpasok sa kanyang tahanan, at ngayon ang panahon upang masigasig na magsimula sa paghahanda para sa selestiyal na kasal at sa kagalakan at kaligayahan na maidudulot nito.

Hamon

Hilingan ang mga kabataang lalaki na mag-isip ng isang bagay na magagawa nila sa darating na linggo upang maihanda ang sarili nila para sa kasal sa templo, at hamunin sila na gawing bahagi ng kanilang araw-araw na buhay ang paghahanda sa templo.

# 45 Mabisang Pagtuturo sa Tahanan

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa sa mga saligang alituntunin at pananagutan ng mabisang pagtuturo sa tahanan.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
   c. Isang lapis at papel para sa bawat kabataang lalaki.
2. Gumawa ng kopya ng bigay-sipi na "Pagsusuri sa Banal na Kasulatan" para sa bawat kabataang lalaki.
3. Kung ang *video cassette* na *Teach One Another* (53148) ay makukuha sa inyong lugar, ipalabas ang bahagi 3 ng bahaging "Teaching: A Renewed Dedication."

**PAALALA**

Ipaliliwanag ng araling ito kung ano ang isang mahusay na tagapagturo ng tahanan at kung paano magiging higit na mahusay na tagapagturo ng tahanan ang bawat kabataang lalaki.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

### Ano ang Bumubuo sa Isang Mahusay na Tagapagturo ng Tahanan?

Pisara at talakayan

• Anong mga katangian at ugali ang bumubuo sa isang mahusay na manlalaro ng *soccer* (o ibang uri ng tao na angkop sa inyong kultura)? Isulat sa pisara ang mga sagot ng mga kabataang lalaki.

Pagkatapos mong gawin ang talaan, ipaliwanang na may mga natatanging katangian at ugali na nagpapahusay sa isang tao sa alinmang mahalagang gawain.

• Anong mga katangian at ugali ang bumubuo sa isang mahusay na tagapagturo ng tahanan?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang talaan ay maaaring kabilangan ng mga bagay na katulad ng pagiging palakaibigan, handa, alisto, mapanalangin, hindi nagbabago, maagap, matulungin, interesado, nakatutulong, at isang mabuting halimbawa.

Talakayin ang mga ideya na nakasulat sa pisara, na idinaragdag ang alinmang inaakala mong dapat na isaalang-alang. Bilang isang halimbawa, ang talakayan ninyo tungkol sa pagiging *mapanalangin* ay maaaring patnubayan ng mga tanong na ito:

• Paano gagamitin ng isang mahusay na tagapagturo ng tahanan ang panalangin? (Manalangin nang sarilinan para sa mga pamilya na dinadalaw niya, manalanging kasama ng kasama niya bago siya magtungo sa pagtuturo sa tahanan, manalanging kasama ang pamilya sa katapusan ng pagdalaw [na may pahintulot ang ulo ng pamilya].)

• Paano matutulungan ng panalangin ang isang tao na maging higit na mahusay na tagapagturo ng tahanan?

Habang tinatalakay ninyo ang ideya na ang isang mahusay na tagapagturo ng tahanan ay nagmamalasakit sa bawat miyembro ng pamilya na dinadalaw niya, gumawa ng talaan sa pisara ng mga bagay na magagawa niya upang maipakita ang kanyang pagmamalasakit.

Ang talaan ay maaaring kabilangan ng katulad ng mga bagay na pagkilala sa mga kaarawan at iba pang natatanging pagdiriwang, katulad ng mga pagbibinyag, talumpati sa simbahan, ordenasyon, pagbabasbas, at kamatayan; pagkilala sa mga kahanga-hangang tagumpay sa paaralan, sa trabaho, sa simbahan, o sa pamayanan; at alinmang pagpapakita ng sariling interes sa kanila bilang mga tao.

Talakayan

- Bilang tagapagturo ng tahanan, ano ang dapat ninyong ituro?

Talakayin ang kahalagahan ng pagiging handa nang may makabuluhang mensahe para sa mga pamilya na dinadalaw ninyo. Ang mga mapagkukunan ng mga mensahe ay kinabibilangan ng mga banal na kasulatan, ng mensahe ng Unang Panguluhan sa Liahona o ibang mga talumpati ng mga Pangkalahatang Awtoridad, ng inyong pinunong pagkasaserdote, ng obispo ng inyong purok, at mga kahilingan mula sa mga namumuno ng mga pamilya na tinuturuan ninyo sa tahanan.

- Bakit mahalaga na ihanda sa inyong isipan ang mensahe sa bawat pamilya na tinuturuan ninyo sa tahanan? (Ang bawat pamilya ay nararapat na mabigyan ng mensahe na makatutulong at magiging makabuluhan at makatutugon sa mga natatangi nilang pangangailangan.)

---

## Ang Pagtuturo sa Tahanan ay Isang Pananagutang Pagkasaserdote

Banal na kasulatan at talakayan

Ipaliwanag na hindi lamang isang magandang paraan ng pagdalaw sa mga kapitbahay o pagtulong sa obispo ang pagtuturo sa tahanan, kundi ito ay isang inihayag na pananagutan na ibinigay ng Panginoon sa mga maytaglay ng pagkasaserdote. Ipabuklat sa mga kabataang lalaki ang kanilang Doktrina at Mga Tipan sa bahagi 20 at tingnan ang pambungad ng bahaging iyon.

- Kailan ibinigay ang paghahayag na ito? (Noong Abril 1830, noong itinatatag ang simbahan—sa simulang-simula.)
- Sino ang nagbigay ng paghahayag na ito kay Joseph Smith? (Si Jesucristo.)

Ipaalala sa mga kabataang lalaki na si Jesucristo ang ulo ng Simbahan.

Ipabasa sa mga kabataang lalaki ang talata 38 at pamarkahan ang mga salitang, “Ang tungkulin ng . . . mga saserdote, mga guro, mga diyakono.” Pagkatapos ay ipabasa sa kanila ang mga talata 53 hanggang 59 at pamarkahan ang mga mahahalagang salita na may kaugnayan sa pagtuturo ng tahanan: *magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat, at magtuturo, at mag-aanyaya.*

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng kopya ng bigay-siping “Pagsusuri sa Banal na Kasulatan,” at talakayin ang mga sinalungguhitang salita.

Gawain

Ilagay sa pisara ang limang mahalagang salita na sinalungguhitan ninyo sa talata 59. Pagkatapos ay papiliin ng isang pananalita ang bawat kabataang lalaki upang talakayin sa ibang kabataang lalaki. Ang bawat isa ay maaaring sumagot sa tanong na katulad ng “Paano ko higit na maihahanda ang aking sarili na (salita na pinili niya)?” o, “Mahalaga ba para sa akin bilang tagapagturo ng tahanan na (salita na pinili niya), dahil . . . ”

Bigyan ng dalawang minuto ang mga kabataang lalaki na isulat ang mga una nilang kaisipan sa isang piraso ng papel. Pagkatapos ay tawagin ang bawat isa sa kanila upang sumagot. Kung mayroon kayong kulang sa limang kabataang lalaki, kakailanganin mong magsalita tungkol sa mga salita na hindi nila pinili. Kung higit sa lima ang nasa klase ninyo, maaari mong naisin na ipatalakay sa higit sa isang kabataang lalaki ang ilan sa mga salita upang ang bawat isa ay magkaroon ng pagkakataon na makibahagi.

Kuwento

Maaari mong naising tapusin ang iyong aralin sa pamamagitan ng isang tunay na kasaysayan ng isang tagapagturo ng tahanan na ginagampanang mabuti ang mga pananagutang nakasulat sa mga talata 53 hanggang 55. Nagkaroon siya ng tanging karapatan na dalawin ang tahanan ng Propetang Joseph Smith at ng kanyang pamilya.

“Nadama ko ang aking kahinaan sa pagdalaw sa Propeta at sa kanyang pamilya bilang isang guro. Halos nanliliit ako sa [aking] tungkulin. Sa huli ay nagtungo ako sa kanyang pintuan at kumatok, at sa ilang sandali ay lumapit sa pintuan ang Propeta. Nakatayo ako roong nanginginig at nagsabi sa kanya:

“ ‘Kapatid na Joseph, dumadalaw ako sa inyo bilang isang guro, kung ito ay makaluluwag sa inyo.’

“Sinabi niya, ‘Kapatid na William, tuloy ka, nagagalak akong makita ka; maupo ka muna sa upuang iyon at tatawagin ko ang aking pamilya.’

“Mayamaya ay dumating sila at naupo. Pagkatapos ay sinabi niya, ‘Kapatid na William, ipinauubaya ko ang aking sarili at ang aking pamilya sa iyong mga kamay,’ at pagkatapos ay umupo siya, ‘Ngayon, Kapatid na William,’ ang sabi niya, ‘itanong mo ang lahat ng tanong na nadarama mong nais na itanong.’

“Sa oras na ito ay humumpay ang lahat ng aking takot at panginginig, at sinabi kong, ‘Kapatid na Joseph, sinisikap mo bang ipamuhay ang iyong relihiyon?’

“Sumagot siya ng ‘Oo.’

“Pagkatapos ay sinabi ko ‘Nananalangin ba kayo sa inyong pamilya?’

“Ang sabi niya ay ‘Oo.’

“Itinuturo mo ba sa iyong pamilya ang mga alituntunin ng ebanghelyo?

“Sumagot siya ng ‘Oo, sinisikap kong gawin ito.’

“ ‘Humihingi ba kayo ng pagpapala para sa inyong pagkain?’

“Sumagot siya ng ‘Oo.’

“ ‘Sinisikap mo bang mamuhay nang mapayapa at may pagkakaisa sa lahat ng miyembro ng iyong pamilya?’

“Sinabi niya na ginagawa niya ito.

“Pagkatapos ay bumaling ako kay kapatid na Emma, ang kanyang maybahay, at nagsabing, ‘Kapatid na Emma, sinisikap mo bang ipamuhay ang iyong relihiyon? Tinuturuan mo ba ang iyong mga anak na sundin ang kanilang mga magulang? Sinisikap mo bang turuan silang manalangin?’

“Sa lahat ng mga tanong na ito ay sumagot siya ng ‘Oo, sinisikap kong gawin ito.’

“Pagkatapos ay bumaling ako kay Joseph at nagsabing, ‘Tapos na po ako sa aking mga tanong bilang isang guro; at ngayon, kung mayroon po kayong mga tagubiling ibibigay, ikasisiya ko pong tanggapin ang mga ito.’

“Sinabi niya ‘Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na William; at kung ikaw ay mapagpakumbaba at matapat, magkakaroon ka ng kapangyarihan na lutasin ang lahat ng suliranin na maaaring dumating sa iyo bilang isang guro.’

“Pagkatapos ay iniwan ko bilang isang guro ang aking pamamaalam na pagbabasbas sa kanya at sa kanyang pamilya, at ako ay umalis” (William Farrington Cahoon, sa “Recollections of the Prophet Joseph Smith,” *Juvenile Instructor,* 15 Agosto 1892, p. 492–93).

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na humanap ng mga paraan upang maging higit na mabisang mga tagapagturo ng tahanan. Imungkahi na talakayin ng mga kabataang lalaki ang bigay-sipi na “Pagsusuri sa Banal na Kasulatan” sa kanilang mga magulang at kasama sa pagtuturo ng tahanan para sa mga ideya.

Paalala sa tagapayo

Ang mga banal na kasulatan sa bigay-sipi ay tiyak na tumutukoy sa mga tungkulin ng mga guro sa Pagkasaserdoteng Aaron. Gayunman, taglay ng mga saserdote ang lahat ng tungkulin ng mga guro at ilang ibang karagdagan, at ang mga diyakono ay tutulong sa mga guro kapag tinawag.

# Pagsusuri sa Banal na Kasulatan

**Doktrina at Mga Tipan 20**

53. "Ang *tungkulin* ng mga guro ay *pangalagaan* ang simbahan *tuwina,* at *makapiling* at *palakasin* sila;"

*Tungkulin ng guro:* Alalahanin na ito ay ibinigay mismo ng Panginoon.

*Mangalaga:* Ang pagtuturo sa tahanan ay isang paraan upang ang isang guro ay makapangalaga.

*Tuwina:* Tuwina ba ang minsang pagdalaw sa bawat buwan?

54. "At *tiyakin na walang kasamaan* sa simbahan, ni *samaan ng loob* sa bawat isa, ni *pagsisinungaling, paninirang puri,* ni *pagsasalita ng masama*;"

55. "At *tiyakin na* ang simbahan ay *madalas na nagtitipun-tipon ng sama-sama,* at tiyakin din na *lahat ng mga kasapi ay gumagawa ng kanilang mga tungkulin.*"

56. "At siya ay mamumuno sa mga pagpupulong kung walang elder o saserdote na naroroon—"

57. "At kinakailangang palaging tinutulungan, sa lahat ng kanyang tungkulin sa simbahan, ng mga diyakono, kung kinakailangan ng pagkakataon."

*Tiyakin na:* Ito ang bahaging "pangangalaga" ng pagtuturo sa tahanan. Salungguhitan at lagyan ng bilang ang pitong bagay na sinasabi ng Panginoon na pangangalagaan.

*Paninirang puri*, o *pagsasalita ng masama:* Paano tayo tinutulungan ng mga talatang ito at ng *Topical Guide* na maunawaan kung ano ang kahulugan ng *paninirang puri,* o *pagsasalita ng masama*?

58. "Subalit ni mga guro ni mga diyakono ay walang kapangyarihang magbinyag, mangasiwa ng sakramento, o magpatong ng mga kamay:"

59. "*Sila*, gayunman, *ay magbababala, magpapaliwanag, manghihikayat,* at *magtuturo,* at *mag-aanyaya sa lahat na lumapit kay Cristo.*

*Magpapaliwanag:* Ito ay nangangahulugang magtanggol o magpaliwanag nang mabuti.

*Manghihikayat:* Ito ay nangangahulugang humimok nang masidhi.

Salungguhitan at patuloy na lagyan ng bilang ang limang bagay na gagawin ng mga guro.

# 46 Pag-iwas sa Mga Nakapagpapasamang Impluwensiya ng Media

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makakikilala at magsisikap na iwasan ang mga nakapagpapasamang impluwensiya ng media sa kanyang buhay.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. (Kung nanaisin.) Maghanda ng isang nilagang itlog, puti kung maaari; isang lalagyan na puno ng sapat na tubig upang lumubog ang itlog; isang kutsara; at pangkulay sa pagkain para sa pagpapakita. Ang isang kutsaritang suka sa tubig ay makatutulong sa itlog na higit na masipsip ang kulay.
3. Maghanda ng tatlong paskil mula sa tatlong bahagi ng "Mga Patnubay Para sa Pagsusuri sa Mga Impluwensiya ng Media," na matatagpuan sa hulihan ng aralin. Maaaring isulat ang mga ito sa pisara kung maisasaayos mong ipakita ang isang bahagi lamang sa isang pagkakataon.
4. Maghanda ng kopya ng bigay-sipi na "Mga Patnubay Para sa Pagsusuri sa Mga Impluwensiya ng Media" para sa bawat kabataang lalaki.
5. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa media sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Ang Mga Nakapagpapasamang Impluwensiya ng Media ang Ilan sa Mga Pinakamalakas na Kagamitan ni Satanas**


Talakayan

- Anong mga produkto sa inyong tahanan ang mababanggit ninyo na kapwa nakatutulong at nakasasama? (Mga pamatay kulisap, pangbomba, kemikal, pantulong sa paglilinis, gasolina, gamot.)
- Paano nakatutulong ang mga produktong ito?
- Paano maaaring makasama ang mga ito?

Ipasiya na ang mga ito ay maaaring nakatutulong o nakasasama, ayon sa kung paano ginagamit ang mga ito.

Pisara at talakayan

Gumuhit ng markang bungo sa pisara.



- Ano ang naiisip ninyo kapag nakikita ninyo ang pandaigdig na sagisag na ito sa isang tatak ng produkto? (Ito ay isang maliwanag na babala kung ano ang mangyayari sa pisikal na katawan kapag hindi ginamit nang wasto ang nakalalasong sangkap.)

Ipaliwanag na may ibang mga bagay sa buhay natin na maaaring nakatutulong, nakapagpapasigla, at nakapagpapalakas o nakasasama at maging nakamamatay sa ating mga espiritu. Bagama't ang ilang mga impluwensiya ay walang markang bungo, alam natin na nakasasama ang mga ito dahil patuloy tayong binabalaan ng mga propeta na mag-ingat sa mga ito.

- Ano sa palagay ninyo ang mga impluwensiyang ito?

Maglaan ng oras para sa mga kabataang lalaki upang mag-isip o magpahayag ng kuru-kuro. Akayin sila na imungkahi ang mga impluwensiya ng pangkalahatang media, na katulad ng mga magasin, tugtugin, telebisyon, at pelikula. Isulat ang mga mungkahi ng mga kabataang lalaki sa pisara.

- Paano magagamit ang mga ito sa mabuti?
- Paano makasasama ang mga ito? (Ang mga ito ay ginagamit sa mga mahalay at masagwang layunin.)

Sipi at talakayan

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula sa Unang Panguluhan:

"Maraming katibayan sa nakapipinsalang epekto ng kalaswaan. . . .

"Kami . . . ay labis na nababahala tungkol sa lumalalang kalaswaang ito sa mga limbag, plaka at teyp, sa telebisyon, at sa mga pelikula. . . .

"Hinihimok . . . namin ang lahat ng mga Banal sa Huling-araw na . . . iwasan ang marumi sa alinmang marami nitong mapaglalang na anyo" (Pahayag ng Unang Panguluhan, *Church News,* 7 Okt. 1972, p. 5).

- Anong mga nakasasamang epekto sa palagay ninyo ang maaaring mangyari mula sa pagtangkilik sa mga nagpapahiwatig ng kahalayan na tugtugin, malalaswang babasahin, mahahalay na pelikula at palabas sa telebisyon, at mga patalastas tungkol sa tabako at alkohol?

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga kaisipan na itinatanim sa isipan ay nananatili roon magpakailanman. Nauuwi ang masasamang kaisipan sa pagiging manhid natin sa kung ano ang mabuti at masama. Pinaaalis ng mga ito ang mabubuting ideya, at hindi makapapamalagi sa atin ang Espiritu Santo.

Sipi

Binalaan tayo ni Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa mga panganib na bunga ng mga pagkakalantad na ito sa mga nakapagpapasamang impluwensiya ng media: "Tiyak na ang kapahamakan . . . ay madalas na nagsisimula sa pagtungo sa [isang nagpapalabas ng mahalay] na sinehan o pagbubuklat ng isang malaswang magasin. Ang daan tungo sa malalang kasalanan ng pangangalunya, pakikiapid, at pagiging bakla o tomboy ay maaaring magsimula rin sa panonood ng ilan sa mga palatuntunang may seks at karahasan na ipinalalabas ngayon sa telebisyon, kabilang na ang magkakasamang palatuntunan sa telebisyon" (sa Conference Report, Okt. 1976, p. 6; o *Ensign,* Nob. 1976, p. 6).

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga epekto ng mga nakapagpapasamang impluwensiya ay maaaring hindi mangyari kaagad. Mapapahintulutan natin ang ating sarili na unti-unting maagnas sa espirituwal, unti-unti, araw-araw, linggu-linggo, hanggang sa tayo ay mabulag sa katotohanan, mamanhid sa Espiritu ng Panginoon, at malamon ng masasamang impluwensiya na humahantong sa kasalanan.

Paskil

Ipakita ang paskil na pinamagatang "Mga Kagamitan ni Satanas," o buksan ang unang talaan na nasa pisara.

Inilarawan ni Pangulong Spencer W. Kimball kung paano nagaganap ang espirituwal na pagkaagnas na ito: "Nalilinlang ni Lucifer sa pamamagitan ng kanyang makadiyablong pagpaplano ang mga hindi maingat at ginagamit ang lahat ng kagamitan na magagamit niya. . . .

"Gagamitin niya ang kanyang [tukuyin ang mga paksa na nasa paskil] [1] katwiran upang manglito at ang kanyang [2] mga pangangatwiran upang sumira. [3] Palalabuin niya ang mga kahulugan, [4] bubuksan nang unti-unti ang mga pintuan, at [5] aakay mula sa pinakadalisay na puti tungo sa lahat ng kulay ng abo hanggang sa pinakamaitim na uri ng itim" (President Kimball Speaks Out on Morality," *Ensign,* Nob. 1980, p. 94; idinagdag ang mga bilang).

Talakayin ang "mga kagamitan" na nakasulat.

Kung nanaising pagpapakita at talakayan

Upang ipakita kung paano tayo talaga maaaring maimpluwensiyahan nang unti-unti ng mga kagamitan ni Lucifer, isagawa ang sumusunod na pagpapakita. Ilubog ang isang nilagang itlog nang minsan lamang sa pangkulay ng pagkain. (Maaaring sumasagisag ito sa pagtingin sa isang mahalay na larawan.) Ang itlog ay bahagyang nakulayan. Pagkatapos ay ibalik ang itlog sa pangkulay, na kinukutsarahan ito ng tubig na may kulay nang maraming ulit. (Ito ay maaaring mga mahalay na biro, isang mahalay na pelikula, isang awiting nagpapahiwatig ng kahalayan.) Ipakita sa mga kabataang lalaki na sa tuwing binubuhusan ng pangkulay ng pagkain ang itlog, ang balat ay nagiging higit na nagkakakulay.

- Saan maaaring humantong ang ganitong patuloy na pagkakalantad?

Ipaliwanag na maaaring iniisip ng mga kabataang lalaki na, "Ano ang kinalaman ng lahat ng ito sa akin? Hindi ko pahihintulutang baguhin ako ng mga bagay na iyan. Higit akong malakas kaysa sa mga iyan."

- Ano ang masama sa ganitong uri ng pag-iisip?

Ipaliwanag sa mga kabataang lalaki na maaaring isipin nila na hindi nakaaapekto mismo sa kanila ang mga bagay na ito katulad ng pag-apekto ng mga bagay na ito sa iba. Gayunman, maaaring ito ay batay sa antas, na katulad sa ipinahiwatig ni Pangulong Kimball. Ang masasamang epekto ng mga bagay na ito ay maaaring hindi mapansin hanggang sa tila hindi na maaaring alisin ang mga ito.

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang 2 Nefias 28:20–22 at Moronias 9:20.

- Ano ang kahulugan ng maging "walang simulain at manhid"?
- Paano tayo nagiging lubhang sanay sa pagkakaroon ng mga impluwensiyang ito sa paligid natin na nawawalan tayo ng paghatol sa kung ano ang nakapagpapasama at ano ang hindi?
- Paano tayo matutulungan ng mga matuwid na pamantayan na maiwasan ang mga patibong na ito?

---

**Dapat Nating Husgahan ang Mga Impluwensiya ng Media at Iwasan ang Nakapagpapasama**

Paskil at talakayan

- Anong mga pamantayan ang maaari nating gamitin upang mahusgahan kung ang isang bagay ay mabuti o masama?

Nagbigay si Pangulong Ezra Taft Benson ng ilang pamantayan upang gamiting mga gabay sa paghusga sa mga impluwensiya ng media. Bagama't tinutukoy lamang niya ang mga aklat na binabasa natin, ang katulad na mga pamantayan ay magagamit din sa ibang media.

Ipakita ang paskil na pinamagatang "Mga Pamantayan sa Paghusga sa Mga Impluwensiya ng Media," o buksan ang mga sumusunod na pamantayang nakasulat na sa pisara:

"Ngayon, sa dami ng mga aklat na makukuha, tatak ng isang tunay na may pinag-aralang tao ang malaman kung ano ang hindi dapat basahin. . . . Tulad ng payo ng Ina ni John Wesley sa kanya: 'Iwasan ang [1] anumang magpapahina sa iyong pangangatwiran, [2] makasisira sa kamusmusan ng iyong budhi, [3] magpapalabo sa iyong pandamdam sa Diyos, [4] mag-aalis ng pagkawili mo sa mga espirituwal na bagay. . . . [5] magdaragdag ng kapangyarihan ng katawan sa isipan."

"Ang katotohanan na ang isang aklat ay luma ay hindi kaagad nangangahulugan na ito ay mabuti. Ang katotohanan na ang isang manunulat ay sumulat ng isang mabuting akda ay hindi kaagad nangangahulugan na ang lahat ng aklat niya ay karapat-dapat para sa inyong panahon. Huwag ninyong gawing tambakan ng basura ng ibang tao ang inyong isipan. Higit na mahirap na linisin ang isipan mula sa mga bulok na babasahin kaysa sa linisin ang katawan mula sa bulok na pagkain, at iyon ay higit na kapipinsala sa kaluluwa" ("In His Steps," 1979 *Devotional Speeches of the Year* [Provo, Utah: Brigham Young University Press, 1980], p. 61).

Talakayin ang bawat isa sa limang epektong ito sa isipan, sa budhi, at sa espirituwalidad. Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na ang mga nakapagpapasamang impluwensiya ng media ay makapagpapaalis sa Espiritu Santo, na iniiwan tayong walang pananggalang.

- Paano ninyo magagamit ang limang pamantayang ito sa pagpapasiya kung ano ang babasahin o panonoorin?

Ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Moronias 7:15–17.

- Anong mga gabay ang ibinibigay sa atin ng banal na kasulatang ito sa paghusga sa mga pelikula o palabas sa telebisyon?
- Paano natin maiiwasan, unang-una, ang mga ganitong impluwensiya?

Paskil at sipi

Ipakita ang paskil na pinamagatang "Paano Iiwasan ang Mga Nakapagpapasamang Impluwensiya."

Ibinigay ni Obispo H. Burke Peterson ang sumusunod na payo:

"Dapat ay walang . . . *mga [mahalay] na pelikula ang pinakilalahukan nating pinanonood o pinag-uusapan. Dapat ay walang malalaswang magasin, larawan, o kuwento. . . .  May lakas ng loob ba kayong lisanin ang isang mahalay . . . na pelikula* o pinanonood at pinakikinggan ninyo, at sinasabi sa inyong mga sarili na, 'Lilipas din kaagad ito,' o 'Ginagawa ito ng lahat; maaaring ito ay isang katanggap-tanggap na uri ng kasiyahan'? May tapang ba kayong *ipagbawal sa inyong tahanan ang ilang palabas sa telebisyon* na puno ng nagmumungkahi ng malaswang usapang seksuwal—at maging mga karanasan? Naisip na ba ninyo kamakailan lamang kung gaano kabisa ang mga palabas na ito sa pagsira maging sa mga pinakamatatag na espiritu? . . .  Hindi natin dapat pakainin ng basura ang ating mga sarili!" (sa Conference Report, Okt. 1980, p. 56–57; o *Ensign,* Nob. 1980, p. 38–39; idinagdag ang mga nakahilig na titik).

Mga kalagayang pinag-aaralan at talakayan

Hilingan ang mga kabataang lalaki na isaalang-alang ang mga ideya na ito bilang mga gabay o maaaring kalutasan sa mga suliranin sa mga sumusunod na pinag-aaralang kalagayan.

Si David ay inanyayahan sa isang pagtitipon kung saan may ipalalabas na *videocassette tape*. Nalaman niya bago pa man na ang pelikula ay mahalay, at nahikayat niya ang mga kaibigan niya na palitan ito. Ngunit sa ikalawang katulad na pagdiriwang, hindi alam bago pa man ni David kung ano ang magiging libangan. Iyon ay isang pelikulang tumanggap ng mga napakahusay na pagsusuri sa pahayagan, at napanood na ito ng karamihan sa kanyang mga kaibigan. Nang simulan nilang panoorin ito, nakarinig si David ng mga pananalita at nakakita ng mga tagpo na nakapagpabalisa sa kanya.

- Ano ang dapat na gawin ni David sa ilalim ng mga ganitong kalagayan?

Tila palaging ginagamit ng isa sa mga pinakamalapit na kaibigan ni Kelly ang kanyang mga bagong *headphone* na kung saan siya nakikinig sa paborito niyang himpilan ng radyo. Isang araw, napag-usapan nila ni Kelly ang tungkol sa uri ng tugtugin na palaging pinapatugtog ng tiyak na himpilang iyon. Tinanong ni Kelly si Darin kung bakit siya nakikinig dito samantalang ang mga salita sa karamihan ng tugtugin ay nagmumungkahi ng iba't ibang uri ng kahalayan. Sumagot si Darin na gusto niya ang kumpas at mga tunog ng tugtugin at hindi naman gaanong pinapansin ang mga salita.

- Ano ang maaaring maging epekto ng mga salita kay Darin kahit na hindi niya sinasadyang pakinggan ang mga ito? Ano ang maaaring sinabi ni Kelly kay Darin?

Akayin ang mga kabataang lalaki sa mga sagot na hindi makasasakit sa iba. Kailangan nilang matutuhan kung paano magpanatili ang sarili nilang pamantayan nang hindi hinuhusgahan ang iba.

Tumawag ang ama ng isang pamilya sa sinehang pinagtatanghalan ng pelikulang binalak na panoorin ng pamilya nila. Sinabi sa kanya ng tagapangasiwa na iyon ay isang "katanggap-tanggap na libangang pampamilya." Nang dumating sila, ang pinaka-unang tagpo ay isang mahalay na tagpo sa silid tulugan. Ang buong pamilya ay lumabas ng sinehan.

- Ano ang itinuro ng amang ito sa kanyang mga anak?

- Aling kagamitan ang ginagamit ni Satanas?

Dinadalaw ni Ross si Paul, isang batang lalaki na kalilipat lamang sa kapitbahayan, kasama ang ilang mga kaibigan. Hinila ni Paul ang isang kahon ng tukador niya at inilabas ang ilang walang dudang malalaswang magasin. Sinabi niya, "Tingnan ninyo ito!"

- Ano ang dapat na sabihin at gawin ni Ross?
- Bakit maaaring maging mahirap ito?

Sipi at talakayan

Sinabi ni Pangulong Benson, "Dapat ninyong malaman na ang ilan sa mga pinakamatinding labanan na haharapin ninyo ay paglalabanan sa mga tahimik na silid ng sarili ninyong kaluluwa" ("In His Steps," p. 60).

Kung minsan ay tayo lamang ang nanonood ng isang palabas sa telebisyon o tumitingin sa isang lagayan ng magasin sa isang tindahan. Hilingin sa mga kabataang lalaki na alalahanin nang tahimik kung anong mga palabas sa telebisyon ang pinanood nila noong walang ibang tao sa bahay.

- Aling kagamitan ang gagamitin ni Lucifer upang himukin kayo na manood ng isang mahalay na bagay sa mga pagkakataong ito?

Kung may oras pa kayo, maaari mong naisin na talakayin ang payo tungkol sa media sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

---

**Katapusan**

Paglalahad ng tagapayo

Ang impluwensiya ng pangkalahatang media ay may malaking epekto dahil sa dumarating ito sa buhay ng milyun-milyong tao. Ito ay maaaring maging isang malakas na puwersa para sa kabutihan o kasamaan. Dapat nating hangarin at itaguyod kung ano ang mabuti sa media at iwasan kung ano ang nakapagpapasama. Maaari nating kailanganing maghanap at maghintay sa mga kanais-nais na produksiyon at aklat. Kakailanganin nating maging mapili kung ano ang binabasa, pinanonood, at pinakikinggan natin at gumamit ng pagpipigil at disiplina sa sarili sa mga pagpili na ginagawa natin araw-araw.

Hamon

Bigyan ang mga kabataang lalaki ng mga kopya ng bigay-sipi na "Mga Patnubay Para sa Pagsusuri sa Mga Impluwensiya ng Media." Hamunin sila na gamitin ang mga patnubay na ito upang maiwasan ang mga nakapagpapasamang impluwensiya ng media sa kanilang buhay. Imungkahi na ilagay nila ang bigay-sipi na ito sa kanilang mga talaarawan. Himukin ang mga kabataang lalaki na palaging pagbalik-aralan ang payo tungkol sa media sa *Para sa Lakas ng Kabataan* upang matulungan silang gumawa ng mga matuwid na pagpili.

# Mga Patnubay Para sa Pagsusuri sa Mga Impluwensiya ng Media

MGA KAGAMITAN NI SATANAS

Gumagamit ng katwiran upang manglito.

Gumagamit ng pangangatwiran upang sumira.

Palalabuin ang mga kahulugan.

Binubuksan nang unti-unti ang mga pintuan.

Umaakay mula sa pinakadalisay na puti tungo sa lahat ng kulay ng abo hanggang sa pinakamaitim na uri ng itim. (Tingnan sa Spencer W. Kimball, "President Kimball Speaks Out on Morality," *Ensign,* Nob. 1980, p. 94.)

MGA PAMANTAYAN SA PAGHUSGA SA MGA IMPLUWENSIYA NG MEDIA

Iwasan ang—

Anumang magpapahina sa inyong pangangatwiran.

Anumang makasisira sa kamusmusan ng inyong budhi.

Anumang magpapalabo sa inyong pandamdam sa Diyos.

Anumang mag-aalis sa pagkawili ninyo sa mga espirituwal na bagay.

Anumang magdaragdag ng kapangyarihan ng katawan sa isipan.

(Tingnan sa Ezra Taft Benson, "In His Steps," sa *1979 Devotional Speeches of the Year* [Provo, Utah: Brigham Young University Press, [1980], p. 61.)

PAANO IIWASAN ANG MGA NAKAPAGPAPASAMANG IMPLUWENSIYA

Dapat kayong—

Huwag manood o mag-usap tungkol sa mga di-kanais-nais na pelikula.

Umiwas sa malalaswang magasin, larawan, o kuwento.

Huwag makinig sa tugtugin na may mga salitang nagpapahiwatig ng kahalayan.

Magkaroon ng lakas ng loob na lisanin ang isang mahalay na pelikula.

Magbawal sa inyong tahanan ng mga palabas sa telebisyon na may mga usapan at karanasan na nagpapahiwatig ng kahalayan. (Tingnan sa H. Burke Peterson, sa Conference Report, Okt. 1980, p. 56–57; o *Ensign,* Nob. 1980, p. 38–39.)

# 47 Malinis at Wastong Pananalita

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay magnanais na gumamit ng malinis at wastong kaisipan sa lahat ng panahon.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan: mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maghanda mula sa bigay-sipi na pinamagatang "Apat na Kuwento" ng kopya ng bawat isa sa apat na kuwento na matatagpuan sa simula ng aralin. Magtalaga ng ibang kabataang lalaki na maghanda at magbasa ng bawat kuwento sa pulong pagkasaserdote.
3. Isulat ang bawat isa sa mga sumusunod na sangguniang banal na kasulatan sa hiwalay na piraso ng papel. Tiyakin na ang mga ito ay may bilang.

   (1) Exodo 20:7

   (2) Doktrina at Mga Tipan 63:61–62

   (3) Doktrina at Mga Tipan 63:64

   (4) Santiago 3:8–11

   (5) Mateo 12:36–37

   (6) Mateo 15:17–18
4. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa pananalita sa polyetong *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**PAALALA**

Itinuro ng Tagapagligtas na hindi ang kinakain ng isang tao ang nagbibigay dungis at nagpaparumi sa kanya kundi ang mga masamang kaisipan, salita, at gawa na nagmumula sa kanyang puso (tingnan sa Mateo 15:17–18).

Ang araling ito ay dapat na magpaalala sa bawat kabataang lalaki na mahalagang supilin ang kanyang sinasabi at na ang kalapastanganan, malaswang usapan, at mga mahalay na kuwento o biro ay walang puwang sa bokabularyo ng isang maytaglay ng pagkasaserdote.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Isang Sakit ang Kalapastanganan**

Kuwento

"Noong tag-araw ng 1939, dalawang kaibigan at ako, na lahat ay mga guro sa Pagkasaserdoteng Aaron, ay inupahan sa isang bastahan sa Mesa, Arizona. Habang gumagawa ay nag-uusap kami at nagtatawanan nang madalas; ngunit, malungkot sabihin, ang mga pananalita ay kadalasang malaswa at ang mga biro ay hindi maganda. Ngunit may pang-apat na kabataang lalaki sa aming pangkat ng manggagawa ang hindi sumali sa pagmumura at mga biruan, at nang masira ang makinang nagdadala ng mga produkto, tinanong ko siya kung bakit. Ang sagot niya ay tila isang sampal. Sinabi niya, 'Kasapi ako ng Simbahang Pentecostes. Hindi kami naniniwala na tamang gawin ang mga bagay na iyon.'

"Ang nalalabi sa umagang iyon ay may katahimikan, at nang tanghalian, tatlong nahihiyang batang lalaki na Mormon ang nagtungo sa isang tahimik na lugar na malayo sa iba. Ang pangkalahatang damdamin ay, 'Naririto kami, mga maytaglay ng pagkasaserdote ng Diyos, at nangangailangan ng isa pang tao upang magbigay ng magandang halimbawa sa amin. Ano ang gagawin namin tungkol dito?' Nagpasiya kami doon at noon din na kung sinuman sa amin ang gumamit ng masamang salita ay susuntukin sa braso ng dalawa.

"May tatlong batang guro ang may masasakit na braso nang ilang panahon, ngunit nagtagumpay kami sa pagtulong sa isa't isa sa pagtanggal ng masamang ugaling ito. Palagi akong nagpapasalamat tungkol doon" (Richard T. Harris, liham sa patnugot, *Ensign,* Hulyo 1981, p. 73).

Mga kuwento

Ipasalaysay sa mga naunang inatasang kabataang lalaki ang malulungkot na karanasan na isinalaysay ni Pangulong Spencer W. Kimball. Habang nakikinig ang mga kabataang lalaki, hilingan sila na alalahanin ang mga katulad na karanasan na maaaring naranasan nila.

Kuwento 1

"Kamakailan lamang ay nakakuha ako ng isang aklat, na malawak na inilalaganap, lubhang inirerekomenda, mabiling-mabili, at ang dugo ko ay nanlamig sa mga walang-galang at malaswang usapan na naroroon, at nanliit ako habang ginagamit ng mga tauhan sa pangit na paraan ang mga sagradong pangalan ng Maykapal" ("President Kimball Speaks Out on Profanity," *Ensign,* Peb. 1981, p. 4).

Kuwento 2

"Isang pangkat ng mga batang basketbolista ang sumakay sa bus na sinasakyan ko. Tila nagpapaligsahan sila sa isa't isa upang makita kung sino ang makapagmumura nang pinakamasama. Marahil ay natutuhan nila ito mula sa nakatatandang kalalakihan. Alam ko na hindi nila lubos na batid ang kalalaan ng kanilang mga salita" ("President Kimball," p. 4).

Kuwento 3

"Isang araw sa tabing dagat, isang pangkat ng kabataan ang nagdala ng kanilang sasakyan nang lubhang malayo sa buhanginan, at ito ay malalim na nabaon. Ang lahat ng kanilang pinagsama-samang lakas ay tila hindi sapat upang maiahon ito. Nagtangka akong tumulong, ngunit itinaboy ako ng mga mapapait na pananalita na ginagamit nila" ("President Kimball," p. 4).

Kuwento 4

"Mga ilang panahon na ang nakalilipas, nakapanood ako ng dula sa isang tanghalan sa San Francisco. Ang dula ay ipinalabas nang matagal at tuloy-tuloy sa New York. Ngunit ang mga nagsisiganap, na hindi karapat-dapat upang kalagin ang sintas ng sandalyas ng Panginoon, ay lumalapastangan sa sagradong pangalan niya sa kanilang karaniwan, malaswang usapan. Inulit nila ang mga salita ng isang manunulat ng isang dulang itinatanghal, mga salitang lumalapastangan sa banal na pangalan ng kanilang Tagapaglikha. Ang mga tao ay nagtawanan at nagpalakpakan, at habang iniisip ko ang manunulat, ang mga nagsisiganap, at ang mga manonood, napasaakin ang damdamin na ang lahat ay kasabwat sa krimen" ("Pangulong Kimball," p. 4).

Talakayan

Hayaan ang mga kabataang lalaki na magsalaysay ng alinmang mga katulad na karanasan na maaaring naranasan nila.

- Ano ang naidudulot na pakiramdam sa inyo ng mga ganitong kalagayan?

Maaaring ipahayag ng ilang kabataang lalaki na ito ay lubhang laganap na wala silang nararamdaman. Ang reaksiyong ito ay magpapatatag lamang sa susunod mong paksa.

Kuwento

Ipaliwanag na ang sumusunod na kuwento ay mula sa mga karanasan ni Elder Boyd K. Packer.

"Mga ilang taon na ang nakalilipas ay sumama ako sa kapatid kong lalaki upang hilahin ang isang nawasak na kotse. Isang kotse lamang ang sangkot sa sakuna, at ang kotse ay nawasak; ang nagmamaneho, bagama't hindi nasaktan, ay dinala sa pagamutan para malunasan ang pagkabigla at para sa pagsusuri.

"Kinaumagahan ay dumating siya na itinatanong ang kotse niya, sabik na makaalis. Nang ipakita sa kanya ang labi, ang kanyang nakukuyom na damdamin at pagkabigo, na pinatalas marahil ng kanyang sakuna, ay sumambulat sa isang mahabang daloy ng kalapastanganan. Lubhang malaswa at masakit ang mga salita niya na ipinakita ng mga ito ang mga taon ng paggamit ng kalapastanganan. Narinig ng ibang mga nagpapagawa ang kanyang mga salita, kabilang sa mga ito ay kababaihan, at maaaring dumapo sa kanilang mga tainga na parang asido.

"Gumapang ang isa sa mga kapatid kong lalaki mula sa ilalim ng kotse, na kung saan siya gumagawa na gamit ang isang malaking liyabe. Siya man ay nabalisa, at may mga pananakot na pag-amba ng liyabe (alam ng mga mekaniko na ang isang 16 na pulgada na gasuklay na liyabe ay isang nakatatakot na armas), pinalayas niya ang lalaki mula sa paggawaan. 'Hindi namin kailanggang makinig sa ganyang uri ng pananalita rito,' ang sabi niya. At umalis ang nagpapagawa, na higit na malaswang nagmumura kaysa noong una.

"Kinahapunan, muli siyang nagpakita, nasupil, nagsisisi, at iniiwasan ang lahat, natagpuan niya ang kapatid kong lalaki.

"'Maghapon akong nasa silid ng hotel,' ang sabi niya, 'na nakahiga sa kama na nahihirapan. Hindi ko masabi sa iyo kung gaano ako lubos na nahihiya sa nangyari kaninang umaga. Ang asal ko ay hindi maipagpapaumanhin. Sinisikap kong mag-isip ng ilang katwiran, at isang bagay lamang ang naiisip ko. Sa buong buhay ko, hindi kailanman, ni minsan, ako nasabihan na hindi katanggap-tanggap ang pananalita ko. Ganoon ako palagi kung magsalita. Ikaw pa lamang ang nakapagsabi sa akin na hindi maayos ang pananalita ko.'

"Hindi ba't nakapagtataka na maaaring lumaki sa wastong gulang ang isang tao, na biktima ng ganitong masagwang ugali, at hindi kailanman nakatatagpo ng pagtutol? Ano't naging mga mapagpaubaya tayo, at napakabilis na umuusad. Isang salinlahi pa lamang ang nakararaan, sinusuring mabuti ng mga manunulat sa mga pahayagan, ng mga patnugot ng mga magasin, at lalo na ng mga tagagawa ng pelikula ang mga walang-galang at malalaswang salita.

"Unti-unti (lagi tayong inaakay nang unti-unti), walang humpay na unti-unting ipinasok at ibinunggo at itinulak ng kalapastanganan ang sarili nito sa pelikula at magasin, at ngayon ay inililimbag maging ng mga pahayagan ang mga buung-buong puna, na ang katulad ng mga ito ay itinuturing na hindi matitiis sa nakaraang salinlahi.

"Katulad ng lalaki sa pagawaan, marami sa atin ang maaaring hindi pa kailanman nasabihan kung gaano kalalang kasalanan ang kalapastanganan. Bago natin malaman ito ay biktima na tayo ng isang masamang ugali—at alipin ng ating dila" (sa Conference Report, Okt. 1967, p. 126–27; o *Improvement Era,* Dis. 1967, p. 96).

Talakayan

- Paano sa palagay ninyo nakagagamit ng kalapastanganan at nakasasakit na pananalita ang mga tao nang hindi nalalaman na ito ay nakaaabala sa iba o mali?
- Bakit maraming tao na nasaktan nang dahil sa pagmumura o hindi wastong pananalita ang hindi nagsasalita ng anumang bagay sa nakasakit?

Ituro na kahit na madalas na nagmumura ang isang tao o gumagamit ng hindi wastong pananalita at hindi iniisip ito, ang mga nakapaligid sa kanya ay humuhusga sa kanya sa pamamagitan ng kanilang naririnig at nakikita. Maaaring hindi nila higit na malaman ang tungkol sa kanya at sa kanyang mga kaisipan kaysa sa pananalita na ginagamit niya, at ang tao na nagsasalita o nagsusulat nang hindi wasto ay hindi kailanman makapagpapasigla ng isang napakainam na pagkakilala.

Maaari mong naisin na basahin at talakayin ang payo tungkol sa pananalita sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

---

**Ipinakikita ng Ating Pagsasalita ang Nasa Puso Natin**

Mga banal na kasulatan, pisara, at talakayan

Ipaliwanag na malalaman na ngayong ng mga kabataang lalaki kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa kalapastanganan.

Bigyan ang bawat kabataang lalaki ng isa sa mga sangguniang banal na kasulatan na iyong inihanda. Ipahanap at pamarkahan sa kanila ang lugar hanggang sa sila ay tawaging magbasa nang malakas.

Humiling na basahin ang mga banal na kasulatan 1 at 2.

Isulat ang mga salitang *walang kabuluhan* sa pisara.

- Ano ang kahulugan ng gamitin sa walang kabuluhan ang pangalan ng Panginoon?

Ang *walang kabuluhan* ay nangangahulugang walang tunay na halaga o kahalagahan, walang-halaga, walang-saysay, walang-katuturan, walang-kuwenta, walang mabuting kahihinatnan. Isulat ang mga pakahulugang ito sa pisara.

- Nauukol ba ang alinman sa mga salitang ito sa Diyos, na ating Ama, o kay Jesucristo, na ating Tagapagligtas?

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ipinakikita ng paraan ng paggamit natin sa pangalan ng Panginoon kung ano ang nadarama natin sa kanya. Kung tunay na minamahal at iginagalang natin siya, hindi natin hahayaan ang ating mga sarili na lapastanganin ang kanyang pangalan.

• Kailan wastong gamitin ang pangalan ng Panginoon?

Humiling na basahin ang banal na kasulatan 3.

Talakayin ang talatang ito sa mga kabataang lalaki, na itinuturo na maaari nating gamitin nang wasto ang pangalan ng Panginoon nang may pagmamahal kung mayroon tayong karapatang magsalita sa kanyang pangalan, katulad sa mapitagang panalangin at kapag inuudyukan tayo ng Espiritu.

Sipi

Ibahagi ang sumusunod na pangungusap mula kay Pangulong Spencer W. Kimball: "Ang pagsasalita ng pangalan ng Panginoon nang may pagpipitagan ay dapat lamang na maging bahagi ng buhay natin bilang mga miyembro ng Simbahan. Halimbawa, tayo, bilang mga mabuting Banal sa Huling-araw, ay hindi naninigarilyo. Hindi tayo umiinom. Hindi tayo gumagamit ng tsaa at kape. Sa gayon ding palatandaan, hindi tayo gumagamit ng masamang pananalita. Hindi tayo nagmumura o naninirang puri. Hindi natin ginagamit ang pangalan ng Panginoon sa walang kabuluhan" ("Pangulong Kimball," p. 5).

Mga banal na kasulatan at talakayan

• Maaari ba para sa isang Banal sa Huling-araw na patuloy na gumamit ng maruming pananalita at magkaroon ng dalisay na puso? Bakit hindi?

Ipabasa at ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang mga banal na kasulatan 4, 5, at 6 upang makatulong sa pagsagot sa tanong na ito.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na inilalabas ng mga bibig natin kung ano ang nasa puso natin. Ang isang dalisay na puso ay hindi nagsasalita ng maruruming salita.

Sipi

Sabihin sa mga kabataang lalaki na isinulat ni Elder Bruce R. McConkie na "ang kalapastanganan ay palatandaan ng isang may-sakit na kaluluwa" (*Mormon Doctrine* [Salt Lake City: Bookcraft, 1966], p. 602).

---

**Ipinakikita ng Pananalita Natin ang Ating Mga Kahinaan**

Mga sipi at talakayan

• Anong mga pansariling kahinaan ang ipinakikita ng kahalayan?

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay Obispo H. Burke Peterson:

"Ang ilan ay nagpapakita o nagpapahayag ng pansariling kahinaan kapag nagsasalaysay ng mga biro o kuwento tungkol sa katawan at sa mga gamit nito, kapag sila ay nagbibiro o nagpapahiwatig ng mahahalay na puna tungkol sa kababaihan o mga batang babae, kapag hindi nila gaanong binibigyang halaga ang mga sagradong bagay. . . .

"Ang ilan ay nagdaragdag sa pansariling kahinaang ito kapag sila ay nagbabasa o nalalantad sa malalaswang magasin, mahahalay na pelikula o palabas sa telebisyon, o nananatili sa isang pangkat na may malalaswang talakayan. Ang bawat isa sa mga uri ng karanasang ito ay magpapahina sa alinmang espiritu, na gagawin itong higit na hindi makatatagal sa 'nangagniningas na suligi' ng kalaban" (sa Conference Report, Okt. 1980, p. 56; o *Ensign,* Nob. 1980, p. 38).

• Ano pa ang ipinakikita ng isang tao tungkol sa kanyang sarili kapag siya ay gumagamit ng maruming pananalita?

Ituro na ang pagmumura upang ipahayag ang ating sarili ay nagpapakita ng ating kakulangan ng pagpipigil sa sarili, ng ating kakulangan sa kasanayan sa paggamit ng mga wastong salita, at ng ating kakulangan ng paggalang sa iba.

Paalalahanan ang mga kabataang lalaki na ang ating masamang halimbawa na tila maliit na pagkakasala para sa atin ay maaaring humimok sa iba na magpaluwag sa kanilang mga pamantayan sa mga higit na mahahalagang bagay. Bilang mga Banal sa Huling-araw, dapat nating palaging sikaping mamuhay upang hindi maging kasiraan, upang itayo at pasiglahin ang ating mga kapatid sa lahat ng paraang maaari.

Sinabi ni Elder Charles Didier: "Ang mga salita ay isang uri ng pansariling pagpapahayag. Ikinakaiba tayo ng mga ito na katulad ng ginagawa ng mga bakas ng daliri. Inilalarawan ng mga ito kung anong uri tayo ng tao, at nagsasabi ng tungkol sa ating karanasan, at naglalarawan ng paraan ng pamumuhay natin. Inilalarawan ng mga ito ang ating pag-iisip, gayon din ang ating mga saloobin" (sa Conference Report, Okt. 1979, p. 35; o *Ensign,* Nob. 1979, p. 25).

**Maaari Nating Pamahalaan ang Ating Kapaligirang may Kinalaman sa Pananalita**

Pisara at talakayan

- Bakit gumagamit ng masamang pananalita ang ilang kabataang lalaki?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Ang mga ito ay maaaring kabilangan ng kinaugalian, hindi iniisip na ito ay masama, kakulangan sa pagpipigil sa sarili, naghahangad ng pansin, naghahangad ng pagtanggap, walang alam na higit na magandang paraan upang ipahayag ang mga damdamin.

Palagyan ng antas sa mga kabataang lalaki ang tatlong pangunahing dahilan kung bakit gumagamit ng masamang pananalita ang mga kabataang lalaki ayon sa pagkakasunud-sunod.

Maglaan ng panahon upang talakayin ang bawat dahilan na iminumungkahi ng mga kabataang lalaki, na nagtatanong sa bawat kalagayan ng, "Bakit hindi magandang dahilan ito?" Ang mga kabataang lalaki mismo ang maaaring magbigay ng mga sagot. Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.

- Ano ang ilan sa mga paraan upang mawala ang suliranin ng paggamit ng masamang pananalita? (Pansariling pangako, panalangin, pagsasaulo ng mga banal na kasulatan at himno, pag-aaral ng banal na kasulatan, pagbubuhos ng pag-iisip sa mga maganda at nakapagpapasiglang kaisipan, pagpipigil sa sarili, paghahanap ng higit na nakabubuting paraan ng pagkuha ng pansin.)

Ipaliwanag na kung ang suliranin ay isang masamang ugali lamang na nais alisin ng mga kabataang lalaki, si Elder Packer ay nagbigay ng mungkahi— na papayag silang magbayaran ng isang tiyak na halaga ng pera sa tuwing gagamit sila ng masamang pananalita (tingnan sa Conference Report, Okt. 1980, p. 57; o *Ensign,* Nob. 1980, p. 39).

Kuwento at hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na magbigay ng magandang halimbawa sa pamamagitan ng paggamit ng malinis at wastong pananalita sa lahat ng panahon at asahan ang ganito rin mula sa iba. Basahin ang sumusunod na kuwento na isinalaysay ni Elder Dallin H. Oaks:

"Itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon na kapag tayo ay dinala sa hukumang-luklukan ng Diyos 'ang ating mga salita ang hahatol sa atin . . . at ang ating mga pag-iisip ang hahatol din sa atin' (Alma 12:14). Kilalanin natin ang kalapastanganan at kahalayan sa kung ano ang mga ito. Ang mga ito ay mga kasalanan na naghihiwalay sa atin sa Diyos at pumipinsala sa ating mga espirituwal na pananggalang sa pamamagitan ng pagiging sanhi upang umalis sa atin ang Espiritu Santo.

"Dapat tayong umiwas . . . sa lahat ng ganitong uri ng pananalita.

"Maaari rin nating himukin ang mga kasama natin na gumawa ng gayon din. Kung saan mayroon tayong tapang na gumawa ng magiliw na pakikiusap . . . kadalasan tayong makatatanggap ng magalang at sumasang-ayong tugon. Ang anak naming babae na may asawa na nakatira sa Illinois ay nagkaroon ng ganitong karanasan. Nang dumating ang panahon niya upang isakay ang labindalawang taong gulang na bata pauwi mula sa isang laro ng *soccer,* pinuno ng mga maingay niyang pasahero ng kalapastanganan ang kapaligiran. Matatag, na may mahusay na pagpapatawa, sinabi niya sa mga batang lalaki, 'Sa pamilya namin, ginagamit lamang namin ang pangalang iyan sa pagsamba, kaya hinihiling namin sa inyo, maaari bang huwag ninyong banggitin ang pangalang iyan nang walang paggalang sa aming sasakyan.' Kaagad na sumunod ang mga batang lalaki, at, ang higit na nakabibigla ay, naaalala pa rin ito ng karamihan sa kanila nang sumunod na panahon na siya ang magmamaneho (sa Conference Report, Abr. 1986, p. 65; o *Ensign,* Mayo 1986, p. 52).

- Paano natin matuturuan ang mga kaibigan natin nang hindi sila sinasaktan?

Ipaliwanag na sa oras na magpasiya tayo kung ano ang pahihintulutan at hindi natin pahihintulutan, ang iba ay mahihimok na sumunod sa ating halimbawa. Maaari nating sabihin ang ating paninindigan sa mabait, magiliw na paraan, na nag-iingat na huwag hiyain o maliitin ang nagkasala.

Gawain

Isang grupo ng mga kabataan mula sa Istaka ng Heber Utah East ang nagpasiya na mayroon silang magagawa tungkol sa pagmumura sa kanilang pamayanan. Nagplano sila ng mga sunud-sunod na gawain upang mapansin ng mga mamamayan ang kanilang kampanya. Nagsuot sila ng mga butones at kamiseta na may mga unang titik na "T.U.P.," na nangangahulugang "Tutulan ang Ugaling Pagmumura." Nagtalumpati sila sa mga klase ng primarya, gumawa ng karosa sa parada, nagdaos ng mga paligsahan sa paggawa ng paskil, at nagdaos ng pagtitipun-tipon sa sinumang hindi nagmura sa buong panahon ng kampanya. Ang buong kampanya ay nagwakas sa isang pulong patotoo. Maraming tao ang naapektuhan, at nagbunga ng pagbaba ng kinaugaliang paglapastangan (tingnan sa "Concerned Youth Launch Campaign to Stop Profanity," *Church News,* 21 Okt. 1978, p. 11).

Hatiin ang korum sa maliliit na pangkat na may tatlo o apat na miyembro at bigyan sila ng ilang minuto para sa palitan ng kuru-kuro. Ang hamon sa kanila ay ang sagutin ang tanong na, "Ano ang magagawa ninyo upang matulungan ang inyong sarili at ang iba na gumamit ng malinis na pananalita?" na isinasaisip ang tanong sa itaas at ang payo sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

---

**Katapusan**

Hamon

Kung may panahon pa, hayaan ang mga kabataang lalaki na ibahagi ang mga ideya mula sa kanilang mga palitan ng kuru-kuro. Hamunin sila na pumili ng isa o dalawang ideya na susundin sa loob ng buong linggo.

# Apat na Kuwento

Kuwento 1

"Kamakailan lamang ay nakakuha ako ng isang aklat, na malawak na inilalaganap, lubhang inirerekomenda, mabiling-mabili, at ang dugo ko ay nanlamig sa mga walang-galang at malaswang usapan na naroroon, at nanliit ako habang ginagamit ng mga tauhan sa pangit na paraan ang mga sagradong pangalan ng Maykapal" ("President Kimball Speaks Out on Profanity," *Ensign,* Peb. 1981, p. 4).

Kuwento 2

"Isang pangkat ng mga batang basketbolista ang sumakay sa bus na sinasakyan ko. Tila nagpapaligsahan sila sa isa't isa upang makita kung sino ang makapagmumura nang pinakamasama. Marahil ay natutuhan nila ito mula sa nakatatandang kalalakihan. Alam ko na hindi nila lubos na batid ang kalalaan ng kanilang mga salita" ("President Kimball," p. 4).

Kuwento 3

"Isang araw sa tabing dagat, isang pangkat ng kabataan ang nagdala ng kanilang sasakyan nang lubhang malayo sa buhanginan, at ito ay malalim na nabaon. Ang lahat ng kanilang pinagsama-samang lakas ay tila hindi sapat upang maiahon ito. Nagtangka akong tumulong, ngunit itinaboy ako ng mga mapapait na pananalita na ginagamit nila" ("President Kimball," p. 4).

Kuwento 4

"Mga ilang panahon na ang nakalilipas, nakapanood ako ng dula sa tanghalan ng isang tanghalan sa San Francisco. Ang dula ay ipinalabas nang matagal at tuloy-tuloy sa New York. Ngunit ang mga nagsisiganap, na hindi karapat-dapat upang kalagin ang sintas ng sandalyas ng Panginoon, ay lumalapastangan sa sagradong pangalan niya sa kanilang karaniwan, malaswang usapan. Inulit nila ang mga salita ng isang manunulat ng isang dulang itinatanghal, mga salitang lumalapastangan sa banal na pangalan ng kanilang Tagapaglikha. Ang mga tao ay nagtawanan at nagpalakpakan, at habang iniisip ko ang manunulat, ang mga nagsisiganap, at ang mga manonood, napasaakin ang damdamin na ang lahat ay kasabwat sa krimen" ("Pangulong Kimball," p. 4).

# Pagpapanatili ng Mga Matuwid na Pamantayan

# 48

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa na dapat siyang mag-aral tungkol sa daigdig na nakapaligid sa kanya at makibahagi rito ngunit huwag makibahagi sa kamunduhan, kasamaan, at kasalanan nito.

**PAGHAHANDA**

Mga kailangang kagamitan:

1. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
2. Mga lapis na pangmarka sa mga banal na kasulatan.

**PAALALA**


Ang isa sa mga malaking hamon para sa mga Banal sa Huling-araw ay ang humawak nang mahigpit sa mga pamantayan ng ebanghelyo sa isang daigdig na pasama nang pasama. Ngunit ang sagot ay hindi ang ibukod ang ating mga sarili mula sa daigdig. Inutusan tayo na maging ilaw sa sangkatauhan, na maging abalang-abala sa mabubuting layunin, at hangaring tumulong na pairalin ang pagkamatuwid sa ating mga bansa at pamayanan. Ang araling ito ay tutulong sa mga kabataang lalaki na makita kung paano sila maaaring manatili sa daigdig at manatili pa ring malaya mula sa kasamaan nito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Dapat Tayong Nasa Daigdig Ngunit Hindi ng Daigdig**

Pisara at talakayan

Iguhit ang sumusunod na tsart sa pisara:




- Ano ang mensahe ng paglalarawang ito sa pisara? (Ang mga pamantayan ng daigdig ay palayo nang palayo sa mga pamantayan ng Simbahan. Ang mga pamantayan ng Simbahan ay nananatiling hindi nagbabago habang ang daigdig ay pasama nang pasama.)

Isulat sa pisara ang *Maging nasa daigdig ngunit hindi ng daigdig.*

- Ano ang kahulugan ng maging nasa daigdig ngunit hindi ng daigdig?

Banal na kasulatan at talakayan

Hayaan ang mga kabataang lalaki na magmungkahi ng mga sagot, at pagkatapos ay hilingan silang basahin at markahan ang Mateo 5:14–16.

- Sa anong mga paraan tayo maaaring maging ilaw ng daigdig?

Paglalahad ng tagapayo

Ipaliwanag na daan-daang taon na ang nakalilipas sa Europa, isang pangkat ng mga tao ang nagtayo ng sarili nilang relihiyon sa itaas ng mga bundok. Doon sila gumawa, nag-aral, at higit sa lahat ay doon nila ibinukod ang kanilang mga sarili sa iba. Wala silang pakialam sa daigdig sa labas. Ipinasiya nila na lubos nilang mapaglilingkuran ang Diyos sa pamamagitan ng pagbubukod sa kanilang sarili mula sa ibang kasapi ng lipunan at sa pag-aaral ng mga sinaunang banal na kasulatan na taglay nila. Nagtayo sila ng mga matatag na kanlungan, nagpanatili ng mga taniman at halamanan, at gumugol ng kanilang mga araw sa pagbabasa at pagsipi ng mga sinaunang teksto. Dito sila nabuhay, gumawa, at namatay, na nagsisikap na iwasan ang pakikipag-ugnayan sa iba.

Banal na kasulatan at talakayan

- Nang si Jesus ay nasa lupa, ibinukod ba niya ang kanyang sarili mula sa masasama?
- Ano ang itinuro ni Jesus sa kanyang mga Apostol tungkol sa pagiging nasa daigdig?

Upang masagot ang tanong na ito, basahin ang panalangin ni Jesus para sa mga Apostol sa Juan 17:15–18.

Tulungan ang mga kabataang lalaki na maunawaan na kailangan nilang mag-ingat sa kanilang pakikisalamuha. Hindi sila dapat magkaroon ng saloobin na higit silang mabuti kaysa sa iba, ngunit hindi sila dapat masangkot sa masasamang bagay. Dapat silang magbigay ng halimbawa sa lahat ng nakakikita sa kanila.

Kuwento at talakayan

Basahin o isalaysay ang sumusunod na kuwento, na isinalaysay ng isang ama tungkol sa kung paano naging nasa daigdig ang kanyang anak na lalaki ngunit hindi ng daigdig. Habang ang anak ay nasa mataas na paaralan, siya at ang kanyang pamilya ay lumipat mula sa Lungsod ng Salt Lake, na kung saan karamihan ng kanyang mga kaibigan at kasalamuha ay mga Banal sa Huling-araw, patungo sa Kentucky, kung saan kakaunti ang mga miyembro ng Simbahan. Pagkaraan ay ito ang isinulat ng kanyang ama tungkol sa karanasan:

“Dumating kami sa Kentucky na tamang tama lamang upang simulan niya ang kanyang ikalawang taon sa pinakamalaking paaralan sa estado. Ang tanging kakilala niya ay tatlo o apat na kabataang Mormon na nakilala niya ng isang linggo o higit pa ang nakalilipas sa simbahan. Nang lumipas ang mga unang linggo, pinagbuti niya kaagad ang kanyang pag-aaral, at ang mga marka niya ay lumabas na napakahusay. Ngunit nagdusa ang kanyang buhay panlipunan. Hindi niya nadama na kabilang siya roon. Wala siyang mga tunay na kaibigan. . . .  Gumugol siya ng napakaraming hindi mapalagay na araw na pinapangarap na makasama niyang muli ang kanyang mga dating kaibigan.

“Nalungkot siya. Ngunit nagkaroon siya ng pag-asa, dahil sa malapit na ang pagpili ng koponan ng basketbol. Tiyak niya na ito ang magiging daan tungo sa kaligayahan. Nakuha siya sa koponang pang-ikalawang taon ng pamantasan ngunit palaging nababangko. . . . Hindi naging masaya ang kanyang ikalawang taon sa mataas na paaralan.

“Pagkatapos ay dumating ang simula ng kanyang ikatlong taon. Malaki ang itinangkad niya at nagsanay siya ng basketbol nang buong tag-araw. Marami sa paaralan ang humanga sa kanya dahil sa kanyang matataas na marka, na hindi karaniwan sa tanging koponan ng basketbol na iyon. Medyo nasiyahan siya roon, ngunit nais niyang masiyahan sa iba’t ibang bagay. Nais niyang masiyahan sa lipunan at sa palakasan. Nadama niya na kailangan niyang patunayan ang kanyang sarili. Para sa kanya, ang lugar upang gawin iyon ay sa palaruan ng basketbol.

“Dumating ang panahon upang pumili ng koponan ng paaralan. Naging mahusay ang kanyang paglalaro at inaasahan niya na mapapabilang siya sa pangunahing lima. Masigasig na masigasig siyang pumasok ng dyim upang tingnan ang napakahalagang talaan na ipinaskil ng tagasanay. Tumayo siyang kasama ng iba na tinitingnan ang mga pangalan. Binasa niya mula sa itaas hanggang sa ibaba. Wala man lamang sa talaan ang kanyang pangalan. Hindi siya nakuha sa koponan. . . .

“Umuwi siya noong araw na iyon bago matapos ang klase, pumunta sa kanyang silid at nanatili roon. Batid ko ang matinding kalungkutan na nararanasan niya ngunit hindi ko alam kung paano tumulong. Noong ikalawang araw ng kanyang kalungkutan, gabing-gabi na ay nagtungo ako sa kanyang silid. Bukas pa ang kanyang ilaw at nakatingin siya sa

kisame mula sa kanyang pagkakahiga sa kama. Nag-usap kami. Nag-usap kami nang matagal. Sinabi niya sa akin ang tungkol sa kanyang matinding kalungkutan at nag-iisip kung makababalik pa siya sa paaralan. Sinabi niya sa akin na nanalangin siya at hiniling sa Panginoon na tulungan siya na maging miyembro ng koponan. At ngayon ay sinabi niya, 'Nanalangin ako para sa lakas.' Ngunit tila walang tulong at walang pag-asa. . . .

"Pagkaraan ng ilang saglit ay sinabi niya sa akin: 'Itay, magsisimula na lamang po uli ako. Kakailanganin kong magsimula sa pamamagitan ng ibang bagay. Alam ko na walang ibang makagagawa nito para sa akin. Kailangan kong gawin ito para sa aking sarili'. . . . Binanggit niya ang isa sa mga elder na naglilingkod sa misyon. Ipinagpatuloy niya: 'Magiging katulad niya ako. Matututo akong ngumiti na katulad niya, at magmamahal at magmamalasakit na katulad niya. . . .  Babalik ako sa paaralan at magsisimula muli ako.' Magkasama kaming lumuhod sa pananalangin, at pagkatapos ay sinabi ko sa kanya ang aking pagmamahal sa kanya at ang malaking pagkakapuri na mayroon ako sa kanya.

"Kinabukasan ay pumasok siya sa paaralan. Noong panahong iyon ay naglaro siya ng basketbol para sa koponan ng simbahan, kung saan siya ay isang pangunahing manlalaro. Nagsimula siyang magkaroon ng maraming kaibigan sa paaralan. Mukhang naging mahinahon siya, at bumalik siya at higit niyang pinaunlad ang kanyang masidhing ugaling mapagpatawa. Habang lumilipas ang mga panahon ay naririnig ko siyang nagsasabi ng mga bagay na katulad ng: 'Itay, napakahusay ng mga taong ito! Mahal ko ang paaralang ito. Mahal ko ang bayang ito at mahal ko ang Kentucky. . . . '

"Sumapit ang simula ng ikaapat na taon niya. . . .  Wala pa silang naihahalal na pangulo ng lupon ng mag-aaral para sa taon. Ipinasiya niyang tumakbo para sa pagkapangulo. Ngayon ay marami na siyang kaibigan. Nagsagawa siya ng matinding kampanya batay sa mga positibo, nakasisiyang bagay tungkol sa kung paano niya tutulungan ang paaralan upang maging isang higit na mabuting lugar. Inihalal siya sa pamamagitan ng napakalaking kalamangan. Mangyari pa, siya ay kinilig.

"Ngunit may isa pang huling pangarap. . . .  Gusto niyang mapabilang sa koponan ng basketbol. Ipinahayag ng tagasanay na hindi siya kukuha ng alinmang mga nasa ikaapat na taon na hindi naglaro noong nasa ikatlong taon. Sa halip ay gusto niya ng mga nasa ikatlong taon na makatutulong sa kanya sa hinaharap. Sa gayon ay tila walang pag-asa para kay Matt, na nasa ikaapat na taon. Gayunman ay nagsanay siya nang matagal at mabuti, at natutuhan siyang mahalin at igalang ng kalalakihan na mga pangunahing manlalaro sa koponan.

"Nang ipaskil ang koponan, muli ay hindi napabilang ang pangalan niya. Sa kabila ng pasisikap niya na ibangon ang sarili niya sa ibang tunguhin, muli ay nabigo siya. Umuwi siya at sinabi sa akin ang mga suliranin niya. Noong panahong iyon ay paalis ako para sa isang paglalakbay at hindi ako babalik sa loob ng limang araw. Ang tanging magagawa ko habang nasa malayo ay ang manalangin.

"Nang bumalik ako ay nalaman ko na wala sa bahay si Matt. Nasa pagsasanay siya ng basketbol. Nagtanong ako kung nagsasanay siya para sa simbahan at sinabi sa akin na nagsasanay siya para sa paaralan. Noong mga oras na iyon ay dumating siya sa bahay. 'Bakit nagsasanay ka na kasama ng koponan?' ang tanong ko. 'Sinabi mo sa akin na hindi ka natanggap.'

" 'Alam ninyo, Itay,' ang sagot niya, 'lumapit ang lahat ng miyembro ng koponan sa tagasanay at sinabi sa kanya na gusto nila akong makasama sa koponan. Ginawa ng tagasanay ang hindi pa niya kailanman nagagawa noon. Isinama niya ako sa koponan dahil sinabi ng mga manlalaro na , "Kailangan namin si Matt." Nahikayat nila ang tagasanay, kaya napabilang ako sa koponan. . . . '

"Masama pa rin ang loob ni Matt tungkol sa basketbol dahil madalas siyang nababangko. Isang gabi sa pulong ng koponan ay nasira ang *projector* at hindi maipalabas ang mga palabas tungkol sa laro na katulad sa binalak. Ang koponan at ang tagasanay ay naupo na lamang at nag-usap. Medyo nilibang ni Matt ang pangkat. Sa unang pagkakataon ay nalaman ng tagasanay kung sino talaga si Matt. Sa sumunod na laro ay naglaro siya nang higit sa kalahati ng laro. Mula noon ay naging mahalagang bahagi na siya sa maraming laro at nakatanggap ng pagkilala bilang isang napakahusay na manlalaro.

"Sa wakas ay panahon na ng pagtatapos. Napili siya na magbigay ng isa sa mga talumpati. Ang pagpapatawa sa talumpati ay nagdulot ng lubhang maraming katatawanan. Ngunit iyon ay isa ring seryosong talumpati. Sa pagtatapos ng kanyang talumpati, nagtalumpati siya tungkol sa kagalakan na nadama niya roon—ang init ng pagtanggap ng mga tao, ang pagmamahal na taglay niya para sa ibang mag-aaral. Nagtapos siya sa pamamagitan ng pagsasabing: 'Mga minamahal kong kaibigan, sa loob ng ilang araw ay babalik na ako at ang aking mga magulang sa Utah. Katulad ng pagkakaalam ninyo, ako ay isang Mormon. Winawakasan ko ang talumpati sa pamamagitan ng paggamit ng mga hindi malilimutang salita ng isang dakilang propetang Mormon, na si Brigham Young. Inilalarawan ng kanyang mga salita ang aking damdamin. Mahal ko ang bawat isa sa inyo dahil sa paraan ng pakikitungo ninyo sa akin at sa kaligayahan at kagalakan na naranasan ko rito. At kaya sinasabi ko sa inyo, na katulad sa sinabi niya noon, "Ito ang lugar." ' Ang mga mag-aaral at ang mga nanonood ay tumayo at binigyan siya ng masigabong palakpakan" (George D. Durrant, *Someone Special, Starring YOUth* [Salt Lake City: Bookcraft, 1976], p. 49–53).

- Paano kumilos ang kabataang lalaking ito ayon sa payo na, "Maging nasa daigdig ngunit hindi ng daigdig"?
- Ano sa palagay ninyo ang naging epekto sa kanya sa ibang mga mag-aaral ng kanyang paaralan?
- Ano marahil ang naging epekto sa kanya kung nakadama siya ng pagka-awa sa kanyang sarili at naging mapag-isa at malungkot?
- Kinailangan ba niyang ibaba ang kanyang mga pamantayan upang matamo ang tagumpay?
- Paano kayo maaaring maging impluwensiya para sa kabutihan sa inyong paaralan at pamayanan? Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara.
- Anong mga bagay ng daigdig na dapat nating iwasan? Isulat ang kanilang mga sagot sa pisara.

---

**Isuot ang Buong Baluti ng Diyos**

Banal na kasulatan, pisara, at talakayan

- Noong mga unang panahon, bakit nagsusuot ng baluti ang mga lalaking nakikipaglaban?
- Anong labanan ang kinasasangkutan natin ngayon? (Laban sa kasamaan.)
- Anong uri ng baluti ang dapat nating gamitin?

Upang makatulong sa pagsagot sa tanong na ito, ipabasa sa mga kabataang lalaki ang Doktrina at Mga Tipan 27:15–18.

Talakayin ang iba't ibang bahagi ng baluti ng Diyos at ang mga kapakinabangan na matatamo natin sa pagsusuot ng baluting ito. Habang binabanggit mo ang bawat bagong bahagi ng baluti, hayaan ang mga kabataang lalaki na magbigay ng kanilang mga ideya kung ano ang kahulugan nito at bakit mahalaga ito. Pagkatapos ay ibahagi ang mga kaalaman na ibinigay sa aralin. Habang tinatalakay ninyo ang bawat bahagi ng banal na kasulatang ito, isulat ang naaangkop na parirala sa pisara. Kapag tapos na, ang pisara ay dapat na magmukhang ganito:

Ang mga baywang ay may bigkis (nababalutan, pinangangalagaan) ng katotohanan

Baluti sa dibdib ng kabutihan

Ang mga paa ay may panyapak ng paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan

Kalasag ng pananampalataya

Turbante ng kaligtasan

Espada ng Espiritu

Sipi

Gamitin ang mga sumusunod na ideya upang matulungan kang ipaliwanag ang baluti ng Diyos.

"Ano ang mga baywang? Sa mga banal na kasulatan, ang baywang ay sumasagisag sa kapangyarihan na ibinigay ng Panginoon sa kanyang mga anak upang magpasimula ng bagong buhay. Ang baywang ang bahagi ng katawan sa pagitan ng mga maiikling tadyang at ng buto ng balakang. Sinasabi ng Panginoon na bigkisan ng katotohanan ang paggamit ng kapangyarihang ito upang magpasimula ng bagong buhay. 'At ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa' (Doktrina at Mga Tipan 93:24).

"Ngayon kung bibigkisan ninyo ang isang bagay, ano ang gagawin ninyo? Kung bibigkisan ko ang aking pulso, babalutan ko ito ng isang bagay upang palakasin ito. Halimbawa, bibigkisan ko ang aking pulso sa pamamagitan ng panyong ito. Kung ibabalot ko ito nang mahigpit sa aking pulso, palalakasin nito ang aking pulso. Sinasabi ng Panginoon na bigkisan ninyo ang inyong mga baywang ng katotohanan. Para sa akin ito ay nangangahulugan na unawain kung gaano kasagrado ang kapangayarihang ito, at ang mga kondisyon o patnubay kung paano ito gagamitin. . . .

"Nagpapatuloy na ipinaliwanag ng Panginoon ang susunod na bahagi ng baluti na dapat isuot: 'Na may baluti sa dibdib ng kabutihan' (Doktrina at Mga Tipan 27:16). Ngayon, ang baluti sa dibdib ay ang bahagi na tatakip sa inyong dibdib na magsasanggalang sa inyong puso, at baga. Hindi kayo maaaring mabuhay nang matagal nang walang puso. Kung tinamaan ng palaso ang inyong puso, kakailanganin ninyong huminto sa pakikipaglaban. . . .

"Inutusan tayo ng Panginoon na takpan ang mga mahahalagang bahaging ito upang hindi mapinsala ang mga ito. Paano isinusuot ng isang tao ang baluti [sa dibdib] ng kabutihan? Para sa akin, ang bahaging ito ng baluti ay nagmumula sa pagsunod sa mga kautusan. Ang pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon ay nagdudulot ng mga dakilang pagpapala. . . .

"Sinasabi [ng Panginoon], ' . . . ang inyong mga paa ay may panyapak ng paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan' (Doktrina at Mga Tipan 27:16). Paano ninyo gagawin iyon? Ang mga katawan natin ay kahanga-hanga. Binuo ang mga ito sa paraan na, kapag tayo ay gumawa ng isang gawain nang ilang ulit, ito ay nagiging isang ugali, at halos kahit hindi pinag-iisipan ay kusang gumagana ang mga ugali para sa atin. Tayo ang nagtatakda ng sarili nating mga huwaran sa pag-uugali.

"Halimbawa, kapag napamalagi natin ang kaugaliang manalangin, magiging higit na madali para sa atin ang manalangin kaysa sa hindi manalangin. Mapagagana natin nang kusa ang mga kaugalian para sa atin sa halip na laban sa atin. At ang mga ito ay nagiging malakas na mapagkukunan ng pananggalang. Kapag ang mga paa natin ay may panyapak ng paghahanda ng ebanghelyo ng kapayapaan, nangangahulugan iyon na sinusunod nating ang mga kautusan at ang mga kaugalian ay gumagana para sa atin.

"Dumako tayo sa susunod na bahagi ng baluti: 'Taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya na siyang ipangpapatay ninyo sa lahat ng nag-aapoy na sibat ng masasama' (Doktrina at Mga Tipan 27:17). Ang isang kalasag ay isang bagay na karaniwang nasa kaliwang bisig na magagamit ninyong pananggalang sa inyong sarili sa mga bagay na ipinupukol sa inyo ng kalaban. Noong panahon ng mga mandirigma, ito ay maaaring ginagamit na pananggalang laban sa mga bato, palaso, espada, o sibat.

"Ang bahaging ito ng espirituwal na baluti ay ang pananampalataya sa Panginoon. Ito ay isang katiyakan na nagmumula sa inyong kaalaman at pang-unawa sa salita ng Panginoon. Maririnig ninyo ang salita ng Panginoon kapag binabasa ninyo ang mga banal na kasulatan. Maririnig ninyo ang mga salita ng Panginoon kapag nakikinig kayo sa kanyang mga propeta. Madarama ninyo ang salita ng Panginoon kapag kayo ay nananalangin. Maaari kayong magpalago ng pananampalataya . . .

"Kasunod nito, sinasabi ng Panginoon na, 'At magsikuha kayo ng turbante ng kaligtasan' (Doktrina at Mga Tipan 27:18). Ang turbante ang magsasanggalang sa ulo. . . .

"Ang turbante ng kaligtasan para sa akin ay ang kilalanin kung sino tayo at kung bakit tayo naririto at kung saan tayo maaaring pumunta at kung ano ang magagawa natin at maaaring kahinatnan. . . .

"At ngayon, para sa panghuling bahagi ng baluti, sinasabi ng Panginoon na, 'Magsikuha . . . ng espada ng aking Espiritu'. . . .

"Nakikita ba ninyo kung gaano kahanga-hanga kung tayo ay handa, kung taglay natin ang Espiritu, kung tayo ay masunurin, kung ginagampanan natin ang ating bahagi? Mapapasan natin ang pasanin na iniutos ng Panginoon sa atin na pasanin. Hindi ito madali. Kung ito ay madali, hindi na sana niya kayo ipinadala na mga natatanging kabataang lalaki . . . dito upang gawin ito. Inihanda niya kayo at inilaan, sinanay kayo, pinangyari para sa inyo na pumarito sa panahong ito. Umaasa ako na wala ni isa man sa inyo ang bibigo sa Panginoon. Umaasa ako na magiging matapat kayo sa habiling ito na isusuot ninyo ang buong baluting ito upang makatagal kayo sa mga mapanghamong panahong ito" (Rex C. Reeve, Sr., "The Whole Armor of God," *Brigham Young University 1981–82 Fireside and Devotional Addresses* [Provo, Utah: Brigham Young University Press, 1983], p. 189–97).

- Bakit mahalagang isuot ang *buong* baluti ng Diyos at hindi lamang bahagi nito?
- Paano tayo matutulungan ng baluting ito na maging nasa daigdig ngunit hindi ng daigdig?

---

**Katapusan**

Hamon

Imungkahi na pagbalik-aralan ng bawat kabataang lalaki ang sarili niyang baluti at pagkatapos ay pumili ng isa sa mga sumusunod na paksa upang higit na pag-aralan sa loob ng susunod na linggo: katotohanan, pagkamatuwid, pananampalataya, kaligtasan, ang Espiritu.

Imungkahi na basahin ng bawat isa ang mga banal na kasulatan sa *Topical Guide* ng Banal sa Huling-araw na edisyon ng Bibliyang *King James* at pagkatapos ay talakayin sa iyo o sa kanyang mga magulang kung ano ang kanyang natutuhan.

# Katapatan at Karangalan

# 49

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makauunawa at maghahangad ng paggalang sa sarili at lakas na nagmumula sa pagiging matapat.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis para sa bawat kabataang lalaki na pangmarka sa mga banal na kasulatan.
2. Maghanda ng limang kard na may isa sa mga sumusunod na halimbawa sa bawat kard:
   a. Tumutunog ang telepono. Sinasabi ni John, "Kung si Bob iyan, sabihin mo sa kanya na wala ako!"
   b. Napasarap ang tulog ni Itay. Labinlimang minuto siyang huli sa trabaho. "Nahuli ang bus ko," ang ipinaliwanag niya sa kanyang amo.
   c. Si Todd ay maliit para sa kanyang gulang at nakapapasok sa sinehan na kalahati ang bayad. "Ayos lang iyon," ang sabi niya, "dahil maraming kinikita ang mga sinehan."
   d. Kailangan talagang makakuha ng magandang iskor si Robert sa pagsusulit, ngunit hindi siya naghanda. Maaari siyang kumopya sa katabi niyang si Jack. "Hindi naman makasasamang mandaya nang minsan lamang," ang sabi ni Robert.
   e. "Ayaw ko talagang marinig ng iba ang tungkol sa kanya," ang ipinagtapat ni Preston kay Steve. "Huwag kang mag-alala, hindi ko sasabihin kahit kanino," ang sabi ni Steve, na binabalak nang sabihin kay Phil.
3. Pagbalik-aralan ang payo tungkol sa katapatan sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

**PAALALA**

Alam na alam ng karamihan sa mga kabataang lalaki na dapat silang maging matapat, ngunit kailangan nilang mapaalalahanan sa iba't ibang kalagayan kung saan sinusubok ang katapatan at sa mga dakilang pagpapala na nagmumula sa matapat na buhay. Ang saloobin mo tungkol sa katapatan ay magiging malinaw sa paglalahad ng iyong aralin at gayon din sa iyong buhay. Hayaang madama ng mga kabataang lalaki ang pagnanais mo na maging matapat at sa pagpapahalaga na ibinibigay ng Panginoon sa mahalagang katangiang ito.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Dapat Tayong Maging Matapat sa Lahat ng Oras**

Gawain at talakayan

Ipamahagi ang mga kard, at ipabasa nang malakas ang mga halimbawa.

- Ano ang pagkakatulad ng lahat ng kalagayang ito?

Talakayin ang bawat kalagayan at ang mga kahihinatnan ng bawat isa.

Bigyang-diin na ang mga gawain ng pagiging hindi matapat sa mga halimbawang ito ay hindi magbibilanggo sa isang tao, magdudulot ng pisikal na kapinsalaan, o magpapataw ng multa. Gayunman, ang bawat kilos ay mali, at maaaring maging gawi o humantong sa iba pang gawain ng pagiging hindi matapat. Ang ganitong mga kilos ay nagtuturo sa iba na maging hindi matapat.

Mga banal na kasulatan at talakayan

Pumili ng dalawang kabataang lalaki na magbabasa at magpapaliwanag ng mga sumusunod na banal na kasulatan upang sabihin kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa katapatan: Exodo 20:15–16; Doktrina at Mga Tipan 136:25–26.

Sipi

Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagsalita tungkol sa iba't ibang paraan kung paano ipinangangatwiran ng mga tao ang hindi pagiging matapat:

"Sadyang utang ng lahat ng pagiging hindi matapat ang pag-iral at paglaki nito sa panloob na pagbaligtad na tinatawag nating *pagbibigay-katwiran sa sarili.* Ito ang una, ang pinakamalala, at ang pinakamapaglalang at pinakamapaminsalang uri ng pandaraya—ang dayain ang sarili.

"May tao na hindi iinom ng isang tasang kape ngunit gabi-gabi ay nagnanakaw ng karbon mula sa mga walang takip na sasakyang dumaraan sa riles. May batang babae na, habang dinadaluhan niya ang lahat ng mga tungkulin niya sa simbahan, ay nagnanakaw ng limang daang dolyar mula sa kanyang pinaglilingkuran. May kabataang lalaki na nangasiwa ng sakramento noong Linggo ngunit noong Sabado ng gabi bago ito ay nakibahagi sa makasalanang paghihipuan. Marami ang nanghihiram at hindi nagbabayad" (sa Conference Report, Pampook na Komperensiya sa Mexico at Gitnang Amerika 1972, p. 27).

Talakayan

Ipatalakay sa mga kabataang lalaki ang iba pang paraan na tinutukso tayong maging hindi matapat at ang mga dahilan. Maaari mong naisin na talakayin ang mga bagay na katulad ng pagsuway sa mga batas ng trapiko, paggamit ng pag-aari ng iba nang hindi nagpapaalam, hindi pagsasabi ng totoo, pagkakait ng kaalaman upang pangalagaan ang ating sarili o iba, at pandaraya.

- Paano ninyo dinadaig ang mga tukso upang maging hindi matapat?

Ipaliwanag na dapat tayong manalangin upang patnubayan tayo ng Espiritu Santo, maging matatag ngunit hindi mapagmagaling sa mga pagpapaliwanag natin sa iba, at magpakita ng paggalang sa iba.

Saligan ng pananampalataya

- Aling saligan ng pananampalataya ang nagsasaad ng ating paniniwala tungkol sa katapatan?

Ipabuklat at ipabasa sa mga kabataang lalaki ang ikalabing tatlong saligan ng pananampalataya. Pasalungguhitan ang parirala na *Naniniwala kami sa pagiging matapat.*

Pasagutin nang tahimik ang mga kabataang lalaki sa mga sumusunod na dahilan ng pagiging matapat.

Matapat ba kayo dahil sa—

1. Kayo ay bininyagan na?
2. Inaasahan kayo ng ina at ama ninyo na maging matapat?
3. Ito ay nasa Mga Saligan ng Pananampalataya?
4. Ang mga kaibigan at kahalubilo ninyo ay matapat?
5. May kaugalian ng katapatan at karangalan sa inyong pamilya?
6. Natatakot kayong mahuli?
7. Maparurusahan kayo kapag kayo ay hindi matapat?
8. Ito ay isang kautusan ng Diyos?
9. Iniisip ng mga taong nakapaligid sa inyo na kayo ay matapat, ayaw ninyong biguin sila?
10. Taglay ninyo ang pagkasaserdote?

Ngayon ay muling balikan ang talaan, at talakayin sa mga kabataang lalaki ang bawat dahilan ng pagiging matapat.

- Alin ang mga hindi magandang dahilan sa pagiging matapat?
- Alin ang mga mabuting dahilan sa pagiging matapat?
- Alin sa mga dahilan ang pinakamahalaga?

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento, at anyayahan ang mga kabataang lalaki na makinig kung paano sinubok ng isang guro ang katapatan ng kanyang klase.

"Binigyang-diin ko ang pangangailangan para sa katapatan, na ipinaliliwanag sa aking mga mag-aaral na maraming ulit na ni hindi natin nalalaman na sinusubukan ang ating karangalan. . . .

"Kaya dapat ay nakapaghanda sana ang aking klase para sa dagliang maikling pagsusulit na ibinigay ko sa kanila noong hapon ng Huwebes na iyon. May dalawampung katanungan iyon, na isang tama o maling pagsusulit na sumasaklaw sa mga bagay na tinalakay namin sa buong linggo. Natapos nila ang pagsusulit na tamang-tama lamang sa pagtunog ng timbre na hudyat ng uwian.

" 'Pakipasa ang inyong mga papel papunta sa gitna,' " ang utos ko.

"Noong gabi ring iyon ay buong ingat kong binigyan ng grado ang bawat papel, na itinatala ang iskor sa aking aklat na talaan ng grado ngunit hindi nilalagyan ng marka ang mga papel.

"Nang magtipun-tipon ang klase kinabukasan, ibinalik ko sa kanila ang papel at, katulad ng kinagawian, ay inutusan ko ang bawat mag-aaral na bigyan ng grado ang sarili niyang papel.

"Binasa ko nang malakas ang bawat tanong at may mga pagpapaliwanag na sinabi ang tamang sagot. Ang bawat sagot ay sinamahan ng karaniwang daing ng mag-aaral o buntong-hininga ng kaginhawahan sa pagkakabigay ng mali o tamang sagot.

" 'Pakilagyan ng limang puntos ang bawat mali at ibawas ang kabuuan sa isang daan,' ang iniutos ko.

" 'Pakibigay sa akin ang inyong mga iskor.

" 'John?'

" '85.'

" 'Susan?'

" '95.'

" 'Harold?'

" '80.'

" 'Arnold?'

" '90.'

" 'Mary?'

"Ang sagot ay hindi halos marinig: '45.'

"Nagpatuloy ako, na inilalagay ang mga grado sa aking aklat na talaan ng grado, na marahang itinatala ang bawat binibigkas na ulat sa tabi ng grado na itinala noong gabi. Ang paghahambing ay nakapagbubunyag.

"May katahimikang namayani sa klase nang ipaliwanag ko kung ano ang aking ginawa. Marami ang hindi nag-angat ng kanilang mga paningin mula sa kanilang mga mesa; ang iba ay nagpalitan ng mga panakaw na sulyap o biglang ngiti.

"Marahan akong nagsalita sa aking mga mag-aaral.

" 'Maaaring naisin ng ilan sa inyo na kausapin ako nang sarilinan tungkol sa ating karanasan ngayon dito. Nanaisin ko iyan.'

" 'Ito ay ibang uri ng pagsusulit. Ito ay pagsusulit ng katapatan. Naging matapat ba kayo o hindi? Napansin ko na marami sa inyo ang tumingin kay Mary nang sabihin niya ang kanyang iskor na 45. Mary, kung hindi mo mamasamain, maaari ka bang tumayo? Nais kong ipaalam sa bawat isa sa inyo na sa aking aklat ay natanggap ni Mary ang pinakamataas na iskor sa klase. Ikinararangal kita, Mary.'

"Tumingin si Mary na tila nahihiya noong una, pagkatapos ay kumislap ang kanyang mga mata habang siya ay napangiti at tumayo. Hindi ko pa kailanman nakita si Mary na tumayo nang ganoon katangkad" (Wayne B. Lynn, "True . . . or . . . False," *New Era,* Set. 1978, p. 11).

Palaisipang tanong

- Maipasa kaya ninyo ang pagsusulit?

Talakayan

Ipaliwanag na sa maraming tao, ang pagiging hindi matapat ay tila hindi gaanong mahalaga hanggat walang nakaaalam ng katotohanan.

- Sino ang palaging nakaaalam ng katotohanan? (Tayo at ang Ama sa Langit.)

Pagbabasa sa banal na kasulatan

- Maaari bang maging matapat sa lahat ng bagay?

Upang sagutin ang tanong na ito, ipabasa at pamarkahan sa mga kabataang lalaki ang Alma 27:27, na naglalarawan sa mga taong Anti-Nefias-Lehias, at Alma 53:20, na nagsasaad ng tungkol sa dalawang libong kabataang mandirigma.

---

**Ang Mga Pagpapala ng Katapatan**

Talakayan

- Ano ang ilan sa mga karagdagang pagpapala ng katapatan?

Hayaan ang mga kabataang lalaki na sumagot, at bigyang-diin ang mga sumusunod na kaisipan:

1. Nagkakaroon tayo ng mabuting damdamin tungkol sa ating sarili at sa iba.
2. Magtitiwala sa atin ang ibang tao, at magtitiwala tayo sa iba.
3. Karapat-dapat tayo upang patnubayan ng Espiritu Santo.
4. Higit tayong maaaring makipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit.

- Paano kayo pinagpala ng pagiging matapat?

Maaari mong naisin na basahin o talakayin ang payo tungkol sa katapatan sa *Para sa Lakas ng Kabataan*.

Sipi

Basahin ang sumusunod na pangungusap mula kay David M. Kennedy, isang dating kinatawan ng Simbahan at kalihim ng ingat-yaman ng Estados Unidos: "Ang karangalan ng isang tao ang sa huli ay nagiging sukatan ng iba upang husgahan ang kanyang pagkatao at asal."

Kuwento

Isalaysay ang sumusunod na kuwento upang ipakita ang mga epekto ng katapatan:

"Noong ako ay mga labing dalawang taong gulang, ang pamilya namin ay nakatira sa Kanab, Utah. Isang pangkat ng mga Indian na Piute ang nakakampo mga ilang milya ang layo, sa lupaing minsan ay dinadaluyan ng tubig. Sinabi sa akin ng tatay ko, na si Jacob Hamblin, ang misyonero na naglingkod sa mga Indian, 'Anak, nais kong pumunta ka sa kampo ng mga Indian mamayang hapon at ipagpalit ang burikong iyon para sa ilang kumot na kakailanganin natin sa taglamig na ito. . . . '

"Pagkatapos ng tanghalian ay sumakay na ako kay 'Billy,' inakay ang buriko, at naglakbay na walang upuan sa kapatagan patungo sa kampo ng mga Indian.

"Nang dumating ako, tinulungan ako ng pinuno na bumaba ng kabayo at tinanong, 'Ikaw, anak ni Jacob. Ano gusto mo?'

"Nang sabihin ko sa kanya ang ipinag-utos sa akin, pinagmasdan niya ang ipagpapalit na buriko at iniungol niya ang kanyang pagsang-ayon. Dinala niya ako sa kanyang kubol na kung saan ay may bunton ng mga habi sa kamay na kumot ng mga Indian. Ibinunton niya ang ilan sa mga ito. Ipinasiyang ipakita sa aking ama na ako ay isang mahusay na mangangalakal, humingi ako ng isa pang kumot. Sinulyapan ako ng pinuno at nagdagdag ng isa pang kumot sa aking bunton. Pagkatapos ay humingi ako ng isa pa at isa pa at isa pa uli. Ngayon ay nakangiti na nang husto ang pinuno ngunit nagdaragdag ng kumot na kasing dami ng hidihiling ko.

"Nasiyahan na nakagawa ako ng lubhang mahusay na pakikipagkalakalan, sumang-ayon ako sa palitan. Ibinunton ng pinuno ang mga kumot sa likod ni 'Billy' at iniangat ako.

"Sinalubong ako ni Itay sa bakuran at tiningnan ang mga kumot. Pagkatapos ay gumawa siya ng dalawang bunton na halos magkasing dami. Ang isang bunton ay inilagay niya sa kabayo at muli akong isinakay, na sinasabing, 'Bumalik ka at ibigay mo ang mga ito sa pinuno. Ang mga kumot na nakuha mo ay sapat para sa dalawang kabayo.'

"Habang papalapit ako ng kampo, natatanaw ko ang matandang pinuno. Nang dumating ako ay tumawa siya nang malakas at nagsabing, 'Alam ko pinabalik ka ni Jacob. Siya matapat na tao. Siya aking ama katulad iyong ama.'

"Mga ilang taon ang nakalipas, nang si Jacob ay nag-iisa sa piling ng mga galit at napopoot na mga Indian, ang katotohanan na palagi siyang naging matapat sa kanila ay nagligtas sa kanyang buhay" (Jacob Hamblin, Jr., isinalaysay ni Louise Lee Udall, "A Horse Trade Story," sa *A Story to Tell* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1946], p. 359–60).

Talakayan

Pasangguniin ang mga kabataang lalaki sa limang halimbawa na ibinigay sa simula ng aralin. Ipabasa sa isa ang bawat halimbawa, at pagkatapos ay hingin sa mga kabataang lalaki na palitan ang bawat kalagayan sa isang halimbawa ng katapatan.

Patotoo at hamon

Magpatotoo na ang pagiging matapat sa lahat ng bagay ay magdudulot sa mga kabataang lalaki ng mga dakilang pagpapala at magpapahintulot sa kanila na umunlad sa lahat ng bahagi ng kanilang buhay. Hamunin sila na pagbutihin ang pagiging lubos na matapat sa bawat araw sa darating na linggo at magtakda ng huwaran ng katapatan para sa kanilang buhay. Himukin sila na basahin ang payo tungkol sa katapatan sa *Para sa Lakas ng Kabataan.*

# 50 Pagpapahalaga at Paghimok sa Mga Taong May Kapansanan

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay tatanggap sa kanyang pananagutan na tulungan ang mga tao na may kapansanan na madama na sila ay tinatanggap, matututo ng ebanghelyo, matagumpay na makikibahagi, at maglilingkod sa iba.

**PAGHAHANDA**

1. Mga kailangang kagamitan:
   a. Mga banal na kasulatan para sa bawat kabataang lalaki.
   b. Isang lapis para sa bawat kabataang lalaki.
2. Maghanda ng isang kopya ng mga salitang MGA KAPANSANAN na nakasulat sa malalaki at kapansin-pansing titik para sa bawat kabataang lalaki.

**MUNGKAHING PAGBUBUO NG ARALIN**

**Pag-unawa sa Mga Kapansanan**

Gawain at talakayan

Mamahagi ng mga kopya ng mga salitang MGA KAPANSANAN.

Hamunin ang mga kabataang lalaki na sundan ang mga titik ng MGA KAPANSANAN sa pamamagitan ng kamay na hindi nila karaniwang ginagamit, na tumpak na tumpak ngunit sa bilis na hanggang sa abot ng kanilang makakaya. Dapat nilang matagpuan ang gawain na mabagal at mahirap. Bigyan sila ng takdang oras. Udyukan silang magmadali. Purihin ang mga gumagawa nang mabuti. Madaliin ang mga nahuhuli. Tapusin sa oras.

- Ano ang nadarama ninyo kapag kayo ay gumagawa sa ilalim ng pamimilit, ng isang gawain na higit kaysa sa abot ng inyong mga kakayahan?

Ganito ang kadalasang nadarama ng isang tao na may kapansanan sa pagkatuto sa mga silid-aralan sa simbahan at paaralan.

Ang lahat ng nasa paligid natin ay mga taong may kapansanan—ang ilan ay pisikal, ang ilan ay pangkaisipan, ang ilan ay pangdamdamin. Ang ilang kapansanan ay nangangailangan ng paggamit ng mga pangsuporta sa baling buto, upuang may gulong, o mga pantulong sa pandinig. Ang mga ganitong bagay ay mga nakikitang palatandaan ng kapansanan. Maraming iba pang palatandaan ng kapansanan ang hindi gaanong halata. Ang ating mga kilos at saloobin ay gumagawa ng kaibahan sa mga taong may kapansanan. Hindi natin karaniwang malulutas ang kanilang mga suliranin, ngunit ang pakikitungo natin sa kanila ay makatutulong o makasasakit sa kanila.

**Pagpapakita ng Mala-Cristong Pagkahabag**

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang 3 Nefias 17:7–10.

- Ano ang naging saloobin ni Jesus sa mga taong may kapansanan?
- Paano tayo magkakaroon ng ganito ring saloobin?

Gawain

Ipakita ang bahagi 13, “Appreciating the Handicapped,” sa *Family Home Evening Video Supplement 2* (53277).

Paglalahad ng guro

Dapat tayong magkaroon ng pagkahabag sa mga taong may kapansanan. Marami sa atin ang magkakasakit o maaaksidente o magkakaroon ng pangmatagalang kapansanan balang araw sa ating buhay. Maaaring madama natin ang katulad ng nadarama ni Ken, na isang mag-aaral sa biyolohiya na nawalan ng paningin. Sinabi niya: “Makagagawa ako ng

maraming bagay na nagagawa ng iba, ngunit kailangan ko ng iba't ibang uri ng kagamitan at iba't ibang pamamaraan. Tulungan ninyo akong hanapin ang mga kagamitan at pamamaraan. Huwag ninyong gawin ang mga bagay para sa akin, ngunit tulungan ninyo akong gamitin ang aking mga kakayahan."

Banal na kasulatan at talakayan

Ipabasa sa isang kabataang lalaki ang Juan 13:34–35.

- Ano ang kailangan nating gawin kung tunay tayong mga disipulo ni Cristo? (Mangag-ibigan sa isa't isa.)
- Paano natin maipakikita ang pag-ibig na ito sa ating pakikisalamuha sa mga tao na may kapansanan? (Matututuhan nating unawain at tanggapin ang mga tao na iba kaysa sa ating sarili at hanapin ang kanilang mga kakayahan.)
- Ano ang magagawa natin upang ipakita sa mga taong may kapansanan na tinatanggap natin sila at nagmamalasakit tayo sa kanila? (Titigan sila, ngumiti, at makipag-usap sa kanila na katulad sa pakikipag-usap natin sa iba.)

Mga halimbawa

Isang batang babae na naglalakad na may mga pangsuporta sa baling buto ang nagsabi na, "Kapag naglalakad ako sa pasilyo, dinadaanan ako ng mga tao na hindi tumitingin sa aking mga mata. Na tila sinasabi nilang, 'Hindi ko malulunasan ang kapansanan mo, kaya magkukunwari ako na ikaw at ang suliranin mo ay wala riyan.' "

- Ano ang magagawa natin sa halip na iwasan ang mga ganitong tao?

Sinabi ng isang batang lalaki na may mahinang pag-iisip na, "Ang lahat ay nagsasalita sa ulunan ko, na inaalam sa aking mga magulang o kaibigan kung ano ang nadarama at gusto ko. Bakit ayaw nila akong kausapin, kapag nakatayo ako roon, sa halip na magtanong ng, 'Gusto ba ni Jerry ito?' "

- Paano natin pakikitunguhan sa ibang paraan ang ganoong uri ng tao?

Sinabi ng isang kabataang lalaki na bingi na, "Binabati ako ng mga tao at pagkatapos ay nagmamadaling umaalis. Masisiyahan ako nang lubos kung may makikipag-usap sa akin. Kung haharap sa akin ang isang tao at magsasalita nang malinaw at hindi tatakpan ang kanyang bibig, mababasa kong mabuti ang mga galaw ng labi. At makapagbibigay ako ng sagot na mauunawaan ninyo. Ang pakikipag-usap sa isa't isa, ganyan nagsisimula ang pagkakaibigan."

- Paano tayo makikipag-usap nang mabuti sa ganoong uri ng tao?

Gumamit ng pananalita na pansarili at positibo dahil ito ay nagtutuon ng pansin sa tao bilang isang tao, hindi sa kapansanan o sa hindi niya kayang gawin.

Pisara at talakayan

Ipaliwanag na ang ilang tao ay gumagamit ng negatibo, nakasasakit na katawagan kapag sila ay nag-uusap tungkol sa mga kapansanan. Isulat ang mga sumusunod na salita sa pisara, at talakayin kung paano iniiwasan ng bawat parirala ang pagpapahiya o pagsugat sa damdamin ng tao na may kapansanan.

- *Taong gumagamit ng upuang may gulong*
- *Taong gumagamit ng mga saklay, pangsuporta sa baling buto, o pantulong sa paglalakad*
- *Taong may sakit sa utak o may kapansanan sa damdamin*
- *Taong mahina ang pag-iisip*
- *Taong bingi o mahina ang pandinig*
- *Taong may kapansanan sa pagsasalita*

Bilang karagdagan, hindi tayo dapat gumamit ng mga parirala na nagpapahiwatig na ang mga tao na walang kapansanan ay "karaniwan"; dapat na tawagin na lamang natin silang mga taong walang kapansanan.

Kapag madali tayong makadama sa damdamin ng mga taong may kapansanan, sinisimulan nating makita sila bilang mga anak ng ating Ama sa Langit na may mga pangangailangang katulad ng sa atin.

### Paglilingkod sa Mga Taong May Kapansanan

Kuwento at talakayan

Kapag naglilingkod tayo sa mga tao na may kapansanan, ipinakikita natin ang ating pagmamahal sa Tagapagligtas at ang ating pagnanais na maging katulad niya. Isinalaysay ni Elder J. Richard Clarke ang tungkol sa ilang maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron na sumunod sa halimbawa ng Tagapagligtas at natutong magmahal at maglingkod sa isang kabataang lalaki na may kapansanan:

"Si John . . . Anderson ay isang hindi pangkaraniwang kabataang lalaki na buong tapang na lumaban sa isang uri ng sakit sa kalamnan. . . . [Kinailangan] niyang gumamit ng upuang may gulong noong mga panahon ng kanyang Pagkasaserdoteng Aaron. . . .

"Napakalaki ang naging impluwensiya ni John sa kanyang korum ng [mga saserdote], bagama't hindi siya kailanman naglaro ng putbol, ni sumama sa kanila upang magkampo, ni sumayaw, ni gumawa ng karaniwang mga ginagawa ng kabataan. Ang pananampalataya at pangako niya sa Simbahan ang umantig sa mga kasama niya sa korum. At bukod pa rito—binigyan ng pagkakataon ni John ang kanyang korum na maglingkod nang may pagmamahal.

"Noong si John ay isang diyakono, ninais niyang magkaloob ng sakramento. Isang batang lalaki ang inatasang magtulak ng kanyang upuang may gulong habang hinahawakan ni John ang lalagyan sa kanyang kandungan. Noong una ay tila hindi akma, ngunit hindi naglaon ay naging sabik ang iba na tulungan siyang isagawa ang kanyang tungkuling pagkasaserdote.

"Noong panahon na maordena na saserdote si John, lubhang mahina siya at hindi makaluhod upang basbasan ang sakramento. Nakakita ng kalutasan ang korum niya. Inilagay nila ang kanyang upuang may gulong sa tabi ng mesa na pinagpapatungan ng sakramento. Isa ang magpipiraso ng tinapay, at luluhod para sa kanya, sa tabi ng upuang may gulong, at hahawak ng mikropono habang binibigkas ni John ang mga sagradong salitang iyon. Ang gawin ito para sa kanilang kapatid ay hindi naglaong naging isang karangalan para sa bawat isa sa korum.

"Buong sigasig nilang sinunod ang kanyang pamumuno bilang unang katulong sa korum ng mga saserdote. Dahil hindi naabot ni John ang pangarap niyang maging isang *Eagle Scout,* ang mga saserdote ay nangilak ng salapi upang bumili ng isang natatanging plake ng pagkilala sa nagawa na ibinigay sa kanya sa pulong-sakramento. Ito ay nagsasaad ng: 'Inihahandog kay John Anderson para sa katangi-tanging paglilingkod sa iyong korum at sa pagiging isang dakilang halimbawa sa aming lahat.'

"Sa loob ng mga taon, ikinalugod ng mga kabataang lalaki sa korum ni John ang mga masayang gawain, ngunit walang nagbigay ng higit na bisa o nakapagturo sa kanila nang higit tungkol sa pagganap nang mabuti sa kanilang mga tawag sa pagkasaserdote at pagmamahalan sa isa't isa kaysa sa natatanging karanasan na pinagsamahan nila ng kanilang kaibigan na si John" (sa Conference Report, Abr. 1991, p. 56–57; o *Ensign,* Mayo 1991, p. 42).

- Paano naglingkod sa kanya ang mga miyembro ng korum ng kabataang lalaking ito?
- Ano ang magagawa natin bilang mga maytaglay ng Pagkasaserdoteng Aaron upang paglingkuran ang mga taong may kapansanan?

Isulat ang mga sagot ng mga kabataang lalaki sa pisara. Bigyang-diin ang mga sumusunod na paksa:

1. Maging mga kaibigan nila. Tanggapin nang malugod ang mga taong may kapansanan bilang kapantay, tabihan sila sa pag-upo, makinig sa kanila, at pakitunguhan sila nang may paggalang.
2. Maging magandang halimbawa sa pulong-sakramento upang tulungan ang mga kabataang lalaking may suliranin sa asal na matutong makibahagi nang wasto sa pulong-sakramento.
3. Huwag pansinin ang mga hindi wastong kilos. Makinig sa aralin at tagapayo sa pagkasaserdote sa halip na sa di-pagkapalagay.

4. Purihin sila kapag sila ay nakatulong sa positibong paraan.

Dapat na turuan ng tagapayo ang mga kabataang lalaki kung paano paglingkuran ang bawat kasapi na may kapansanan. Upang magawa ito, ang mga kabataang lalaki ay kailangang magplano nang mabuti at maging handang magbahagi.

---

**Pagtulong sa Mga Taong May Kapansanan na Paglingkuran ang Iba**

Ang karamihan sa pamumuhay ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ang pag-aaral na paglingkuran ang isa't isa. Dapat nating tulungan ang mga tao na may kapansanan na paglingkuran ang iba hanggang sa saklaw ng kanilang kakayahan.

Kuwento

Basahin ang sumusunod na kuwento tungkol kay Elder Jo Folkett, na masigasig na naglingkod sa kabila ng pisikal na kapansanan:

"[Noong si Jo Folkett ay labing apat na taong gulang siya ay dumanas] ng namuong dugo sa kanyang gulugod. Tanging isa sa isang milyong tao ang nakararanas ng ganitong suliranin. Karaniwang mga nasa kalagitnaang gulang ang mga ito at humahantong sa pagkahuli ng kaisipan dahil sa pagkapinsala ng isipan o kaya ay namamatay.

"Si Jo ay nakaligtas, nang ganap [na malusog] maliban sa kanyang mga paa. . . .

"Pagkaraan, sa isang talakayan sa klase tungkol sa mga misyon . . . ang matindi niyang paghahangad na maglingkod ay lubhang naging tampulan. Ang guro, na ayaw siyang mapag-iwanan o mapahiya sa pagbibigay-diin sa paglilingkod sa misyon, ay nagpahayag na, 'Mangyari pa, pinahihintulutan si Jo. Hindi siya maaaring magtungo na nakaupo sa isang upuang may gulong.'

" 'Iyon ang nagpasigla sa akin,' ang isinambulat ni Elder Folkett. 'Ang kaagad kong tugon ay "Oo naman, pupunta ako!"' Hindi nagtagal pagkatapos, natanggap ni Jo ang kanyang basbas patriyarkal, na nagpatibay sa kanyang pasiya, na isinasaad na maglilingkod siya at mangangaral.

"[Sa gulang na labing siyam ay umalis si Jo] para sa Misyon ng Manchester sa Inglatera. . . .

"Nakatagpo [siya] ng mga kapakinabangan sa paglilingkod na nasa isang upuang may gulong. 'Marahil ay ako lamang ang tanging misyonero na nakatapos ng kanyang misyon sa loob ng dalawang taon na iisang pares ng sapatos ang nagamit,' ang pagbibiro niya. 'Binili ko ang mga ito sa halagang 13 *pounds* (pera sa Inglatera) (mga $25 sa Estados Unidos) sa tindahan ng Leicester at parang bago pa rin!' . . .

"Maraming ulit na nakakita ng mga [pagpapalang dumating] sa kanyang misyon si Jo. Katulad noong araw na makilala niya si Kevin Smith. . . .

"Si Kevin ay nagkaroon ng interes sa Simbahan dahil sa . . . isang kabataang babae na Banal sa Huling-araw . . . at humingi siya ng kopya ng Aklat ni Mormon . . . si Jo at ang kanyang kasama ay nagkusa na ihatid ang mga banal na kasulatan.

" 'Noong panahong iyon ay hindi ako gaanong interesado na magkaroon ng mga misyonero ng Simbahan sa aking tahanan,' ang sabi ni Kevin, na [kailangang gumamit] ng upuang may gulong sa loob ng 16 na taon. 'Iisa lamang ang pagkakilala ko sa mga elder na Mormon—matangkad, mga masiglang batang misyonero na kagagaling lamang ng kolehiyo, na nakasuot ng magarang terno, na may mga ngiting [pangpatalastas] ng pastang panlinis ng ngipin. Marahil ay hindi ko sana binuksan ang pinto kung ganoon ang itsura nila. Ngunit narito ang dalawang mukhang napakamapagpakumbabang tao, isang katulad kong nabigla sa pagkakakita sa isang upuang may gulong.'

" 'Napakasayang kasama ni Kevin,' ang bulalas ni Elder Folkett, na nabigla nang makita na ang tinuturuan nila ay nasa isang upuang may gulong. 'Kahit na bago pa man kami makarating sa bahay niya noong unang pagkakataon ay nadama kong may mga mabuting bagay na mangyayari.'

"Kaagad na nagkagaanan ng loob sina Elder Folkett at Kevin noong magkakilala sila, at bininyagan ni Jo si Kevin hindi nagtagal matapos ang unang talakayan na iyon. . . .

"May kinang sa patotoo ni [Elder Folkett] na walang kinikilalang kapansanan, na naglalakbay nang higit sa hangganan, na ginagawang mga pagpapala ang mga hadlang" (Anne C. Bradshaw, "A Mobile Work and a Wonder," *New Era,* Mar. 1991, p. 28–32).

- Paano pinagpala ni Elder Folkett ang buhay ng mga tao bilang isang misyonero? (Naglingkod siya nang may karangalan, na ipinahahayag ang ebanghelyo na katulad sa ginagawa ng alinmang ibang misyonero.)
- Ano ang nadarama natin kapag mayroon tayong pagkakataon na paglingkuran nang matagumpay ang Panginoon at ang iba?
- Paano natin matutulungan ang mga tao na may kapansanan na maglingkod at makadama ng katulad na kasiyahang nadarama natin? (Dapat natin silang tulungang maghanda katulad sa pagtulong natin sa iba.)

---

**Katapusan**

Hamon

Hamunin ang mga kabataang lalaki na unawain ang mga taong may kapansanan, tulungan sila sa pag-aaral ng ebanghelyo, tulungan sila na makibahagi sa mga aralin at gawain ng korum, himukin sila at tulungan sila na paglingkuran ang iba. Magbigay ng patotoo tungkol sa mga pagpapalang idudulot ng ganitong pagsisikap.

# Sa Tagapayo: Pagbubuo ng Mga Aralin Mula sa Mga Talumpati sa Mga Pangkalahatang Komperensiya

# 51

**LAYUNIN**

Ang bawat kabataang lalaki ay makaaalam sa sinabi ng Panginoon na papatnubay sa ating buhay sa pamamagitan ng Kanyang mga piniling pinuno.

**PAGHAHANDA**

Sundin ang gayon ding mga paraan sa paghahanda at paglalahad ng mga araling ito tulad ng sinusunod mo para sa mga aralin sa manwal. Bilang karagdagan, ang mga sumusunod na hakbang sa paghahanda ay makatutulong:

1. May pananalanging magpasiya kung anong alituntunin ng ebanghelyo o pangunahing ideya ang itinuturo sa mga piniling talumpati. Bumanghay ng dalawa o tatlong mga nagpapatunay na ideya na tumutulong sa pangunahing ideya.
2. Magpasiya kung ano ang nais mong makamit bilang bunga ng aralin. Halimbawa, nais mo bang tulungan ang mga miyembro ng klase na maunawaan ang isang alituntunin, lumago ang pananampalataya, magkaroon ng magandang saloobin, o maganyak na baguhin ang kanilang pag-uugali.
3. Ayusin ang mga kagamitan sa aralin. Maghanap ng mga karagdagang sangguniang banal na kasulatan. Tanungin ang tagapangasiwa ng aklatan ng bahay-pulungan para sa mga angkop na larawan.
4. Maghanda ng mga tanong tungkol sa mga piniling sipi at banal na kasulatan sa talumpati. Ano ang kahulugan ng mga sipi at banal na kasulatan? Ihalintulad ang mga ito sa mga kabataang lalaki (tingnan sa 1 Nefias 19:23).
5. Pumili ng mga paraan ng pagtuturo na magsasali sa mga kabataang lalaki, at atasan ang mga kabataang lalaki na makibahagi. Sumangguni sa *Pagtuturo—Walang Higit na Dakilang Tawag* (33043) para sa mga paliwanag sa paraan ng pagtuturo.

**PAALALA**

Ang mga salita ng mga buhay ng propeta ay napakabuting mga mapagkukunan ng mga karagdagang aralin. Pumili ng mga kasalukuyang talumpati sa komperensiya na nakalimbag sa *Ensign* at *Liahona*. Ang paghahanda at paglalahad ng mga araling ito ay magbibigay sa inyo ng pagkakataon na mapatnubayan ng Espiritu sa pagtalakay sa mga tiyak na pangangailangan ng mga kabataang lalaki. Dapat na maipagbigay-alam muna sa mga kabataang lalaki kung aling mga talumpati ang ituturo upang sila ay maging handa sa talakayan. Sa pagbubuo ng mga araling ito, gamitin ang mga turo ng mga Pangkalahatang Awtoridad, mga talumpati sa komperensiya, at ang mga banal na kasulatan.

**BANGHAY NG ARALIN**

Ang sumusunod na tsart ay maaaring maging kapaki-pakinabang kapag naghahanda ng aralin mula sa isang talumpati.

Pamagat ng talumpati: ______________________________

Alituntunin ng ebanghelyo o pangunahing ideya: ______________________________

Mga nagpapatunay na ideya: ______________________________

| | |
|---|---|
| 1. Ipaalam ang alituntunin ng ebanghelyo at mga nagpapatunay na ideya. | • Isulat ang alituntunin ng ebanghelyo at mga nagpapatunay na ideya sa pisara. Gumamit ng pakay-aralin, kuwento, larawan, o palaisipang tanong upang simulan ang aralin. |
| 2. Ilahad ang kabuuan ng aralin. | |
| • Ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa alituntunin ng ebanghelyo? | • Hanapin at talakayin ang mga banal na kasulatan na nasa talumpati at anumang mga karagdagang banal na kasulatan upang linawin ang alituntunin ng ebanghelyo. |
| • Ano ang sinabi ng mga propeta tungkol dito ngayon? | • Magtanong tungkol sa mga sipi mula sa talumpati. Maglahad ng mga kuwento at mga halimbawa mula sa talumpati upang ilarawan ang alituntunin ng ebanghelyo. |
| • Paano natin maisasagawa ang alituntunin ng ebanghelyo sa ating pang-araw-araw na buhay? Paano lalago ang ating pananampalataya at matutulungan tayong gumawa ng mga matuwid na pasiya at lumutas ng ating mga suliranin ng pamumuhay ng alituntuning ito? | • Magtanong at patnubayan ang mga talakayan na makatutulong sa mga kabataang lalaki na isagawa ang alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang buhay.<br>• Anyayahan ang mga kabataang lalaki na magbahagi ng kanilang mga karanasan, damdamin, at patotoo tungkol sa paksang tinatalakay ninyo. Idagdag ang inyong mga sariling damdamin. |
| 3. Tapusin sa pamamagitan ng pagbubuod ng kung ano ang itinuro. | • Magpatotoo sa katotohanan ng alituntunin ng ebanghelyong itinuro mo at sa kahalagahan nito sa iyong buhay. |


JAMES




R.T. BARRETT






















ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02348 21893 0
34821 893